

ANG DAKILANG DEBATE

ANG PAGTATALO HINGGIL SA PANGKALAHATANG LINYA NG
PANDAIGDIGANG KILUSANG KOMUNISTA

SARVAHARA PRAKASHAN

Inilathala ni:

S. N. Singh

para sa Sarvahara Prakashan

c/o C-4/237A, Sarai Gobardhan

Varanasi (U.P.)

Nilimbag sa:

K. S. Patel

Gayatri Mudranalaya

Bahai Centre, Shahpur, Ahmedabad

MULA SA MGA NAGLATHALA

Nilalaman ng kasalukuyang tomo ng “Ang mga Dokumentong Serye ng Kilusang Komunista sa Daigdig” ang mga sipi ng pangunahing mga dokumentong pagtatalo hinggil sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista na naganap noong 1962-64. Sa Dakilang Debateng ito, ang Partido Komunista ng Tsina (PKT) ay naglunsad at nanguna sa prinsipyado at komprehensibong pakikibaka laban sa pamunuan ng Partido Komunista ng Unyon Sobyet (PKUS). Gumanap rin ng mahalagang papel sa panahong iyon sa pakikibakang ito ang Partido sa Paggawa ng Albania. Ang mga dokumentong muling inilathala sa tomong ito ay kinabibilangan ng liham noong Marso 30, 1963 ng Komite Sentral ng PKUS) sa KS ng PKT; ng liham ng KS, PKT sa KS, PKUS at ang kasunod na panukala hinggil sa Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista; ang Bukas na Liham ng KS, PKUS at ang kasunod na masaklaw na mga komentaryo (kilala bilang Siyam na Komentaryo) sa susing mga suliranin ng pandaigdigang kilusang komunista na ginawa ng PKT bilang tugon sa Bukas na Liham. Nagbibigay ng humigit-kumulang na kumpletong salaysay ang mga dokumentong ito sa Dakilang Debate.

Bagamat naganap noong 1962-64 ang hayag na pagtatalo ng Dakilang Debate, higit na matagal pa rito ang kasaysayan ng mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista at sa pagitan ng PKT at PKUS. Lumitaw ang malulubhang di pagkakasundo sa Ikadalawampung Kongreso ng PKUS noong 1956 nang pakawalan ni Khrushchov ang ubos-lakas na atake kay Stalin. Sa paglalahad ng pagkakamali ng kulto sa personalidad, lubusang itinakwil niya si Stalin at sa katunayan ay inatake ang mismong diktadura ng proletaryado. Sa pagkukunwang pag-atake sa mga pagkakamali ni Stalin, sa katunaya'y inatake niya ang kanyang mga tagumpay. Iprinoklama niya ang rebisyunistang tesis ng “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kumpetisyon” at “mapayapang transisyon” at sa gayo'y ginawang target ng kanyang mga atake ang mismong Marxismo-Leninismo. Nagsimula ang pang-ideolohiyang tunggalian di naglaon matapos ang Ikadalawampung Kongreso. Habang palalim nang palalim na lumubog ang PKUS sa kumunoy ng rebisyunismo, higit na tumindi ang tunggalian, at ito'y humayag sa publiko sa pagtatalo ng Dakilang Debate.

Pinangunahan ni Mao Zedong ang PKT at ang tunay na mga Marxista-Leninista sa buong daigdig laban sa atake ng modernong mga rebisyunista. Higit na pinayaman at pinaunlad ng tunggaliang ito ang Marxismo-Leninismo at dinala ito sa bagong rurok. Isa itong tunggalian sa dakilang tradisyon ni Lenin at ng kanyang pakikitunggali laban sa taksil na si Kautsky at makalumang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal. Ang pang-ideolohiyang pakikitunggali ni Lenin laban sa makalumang mga rebisyunista sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig ay kinoronahan ng dakilang panlipunang eksperimento ng Rebolusyong Oktubre na sa praktika'y lumutas sa usapin ng diktadura ng proletaryado at nagbukas sa panahon ng proletaryong mga rebolusyon. Ang pang-ideolohiyang pakikitunggali ni Mao Zedong laban sa modernong mga rebisyunista ay humantong sa dakilang panlipunang eksperimento ng Dakilang Proletaryong Rbolusyon sa Kultura na nagtanggap sa mga batas ng tunggalian ng mga uri sa isang lipunang sosyalista at sa praktika'y lumutas sa usapin kung paano lalabanan ang pagtatangka sa pagpanumbalik ng kapitalismo at paanong mananatili sa sosyalistang landas.

Maikli nating babalikan rito ang pagdaloy ng mga pangyayari sa istorikong tunggaliang ito matapos ang Ikadalawampung Kongreso ng PKUS, upang matulungan ang mambabasa, kung hindi pamilyar sa kasaysayan ng yugtong ito ng pandaigdigang kilusang komunista, sa paglulugar ng mga dokumentong ito sa kanilang istorikong konteksto.

Di maiiwasang nakaugat ang mga pangyayari matapos ang Ikadalawampung Kongreso sa kasaysayan bago nito.

Ang PKUS (B) ay ang partido ng dakilang si Lenin, ang partido na namuno sa anakpawis ng Rusya sa dakilang Rebolusyong Oktubre, na namuno sa pandaigdigang proletaryado laban sa panloob na mga taksil ng Ikalawang Internasyunal at namuno sa rebolusyonaryong mga mamamayan sa buong daigdig sa pakikibaka laban sa imperyalismo. Ang Unyong Sobyet ang bayan ng unang sosyalistang estado. Sa mga taon ng Digmang Sibil matapos ang Rebolusyong Oktubre, pinamunuan ni Lenin ang mamamayang Sobyet sa pagtatanggol ng estadong Sobyet laban sa imperyalistang panghihimasok at puting reaksyon. Matapos ang tagumpay ng mamamayang Sobyet sa digmang sibil, hinarap ni Lenin ang usapin ng sosyalistang konstruksyon. Hanggang sa kanyang kamatayan, nanatili siyang abala sa pagsusuri sa mga bagong lumilitaw na kasalimuutan ng makauring tunggalian at rebolusyon sa sosyalistang lipunan. Paulit-ulit niyang tinukoy na “ang transisyon mula kapitalismo tungo sa Komunismo ay kumakatawan sa isang buong istorikong kapanahunan. Hanggang sa matapos ang kapanahunang ito, di maiiwasan na ang mga nagsasamantala’y nagkakandili ng pag-asa sa panunumbalik, at ang *pag-asang* ito’y nagiging *mga pagtatangka* sa panunumbalik.” Paulit-ulit niyang tinukoy na kahit na matapos ang pagbagsak ng kapangyarihan ng kapital at pagkawasak ng burges na estado, at, sa katunayan, sa buong yugto ng sosyalismo, magpapatuloy ang isang mahaba, mahirap at paulit-ulit na tunggalian ng mga uri. Samakatuwid, sa buong panahong ito, kinakailangan ang diktadura ng proletaryado upang makayanang iwasan ang panunumbalik ng kapitalismo at makayanang sumulong tungo sa pagpawi ng mga uri. Sa buong panahong ito, kinakailangan ang partido ng proletaryado upang pamunuan ang proletaryado sa matagalan at matinding tunggalian ng uri.

Sa pandaigdigang kilusang komunista, itinatag ni Lenin ang Komunistang Internasyunal, inilatag ang pangkalahatang linya ng kilusan at ginuhit ang rebolusyonaryong landas para sa pandaigdigang proletaryado sa panahon ng imperyalismo at proletaryong mga rebolusyon. Tinukoy niya na ang sosyalistang mga rebolusyon at ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya ng kolonyal at inaaping mga mamamayan ang dalawang sangkap ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Tinukoy niya na rebolusyonaryong tungkulin ng proletaryado sa maunlad na mga bansang kapitalista na suportahan ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya ng kolonyal at inaaping mga mamamayan. Tinukoy niya na dapat ibatay ang patakarang panlabas ng sosyalistang estado sa pundamental na prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo.

Pagkatapos ni Lenin, pinamunuan ni Stalin ang PKUS (B) sa sumunod na tatlumpung taon hanggang siya’y mamatay. Pinamunuan niya ang partido at ang Sosyalistang Estado sa panahon ng sosyalistang konstruksyon. Sa panahong ito, pinamunuan niya ang pakikitunggali sa kontra-partidong mga pangkatin ni Trotsky, Zinoviev, Kamenev at Bukharin. Pinamunuan niya ang partido at ang mamamayang Sobyet sa pagwasak sa pribadong pag-aaring kapitalista at sa paglikha ng pag-aaring sosyalista ng lahat ng mamamayan at ng kolektibong pag-aaring sosyalista sa pamamagitan ng nasyunalisasyon sa industriya at kolektibisasyon sa agrikultura. Sa panahong ito, umani na malalaking tagumpay ang PKUS at mamamayang Sobyet sa pagtatayo ng isang matatag na sosyalistang ekonomya at isang makapangyarihang sosyalistang estado.

Sa ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinamunuan ni Stalin ang mamamayang Sobyet at ang mamamayan sa buong daigdig sa paggapi sa Pasismo at Nazismo. Pinamunuan niya ang PKUS at mamamayang Sobyet sa panahon ng Dakilang Digmang Patriyotiko sa pagtatanggol sa sosyalistang estado laban sa pananalakay nila Hitler. Humantong ito sa kabiguan ni Hitler at sa ganap na pagkagapi ng Pasistang Axis.

Pagkatapos ni Lenin, si Stalin ang kinikilalang pinuno ng pandaigdigang proletaryado. Pinamunuan niya, hanggang sa kanyang kamatayan, ang pandaigdigang kilusang komunista at ginabayan niya ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa lahat ng sulok ng daigdig. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, nagbigay ang Unyon Sobyet ng suportang materyal at moral sa mga kilusan ng uring manggagawa at sa mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa lahat ng sulok ng daigdig.

Gayunman, nakagawa si Stalin ng ilang malulubhang pagkakamali sa larangan ng teorya gayundin sa organisasyon at estilo ng paggawa. Lumihis siya sa diyalektikang Marxista-Leninista sa kanyang pagkakaunawa sa mga batas ng tunggalian ng mga uri sa sosyalistang lipunan. Hindi niya nagagap ang esensya ng mga suliranin ng sosyalistang konstruksyon na binubuno ni Lenin hanggang sa kanyang kamatayan, at hinggil saan nagbigay si Lenin ng panimula subalit malilinaw na patnubay. Matapos ang pagkakumpleto ng kolektibisasyon ng agrikultura, ipinahayag ni Stalin na “wala nang mga antagonistikong uri” sa Unyong Sobyet at “wala nang makauring tunggalian”. Isa itong maling pagkakaunawa, at katunggali ng mga itinuturo ni Lenin hinggil sa pagpapatuloy ng magiit at matigas na makauring tunggalian sa buong panahon ng sosyalismo. Hindi niya natukoy ang panganib ng panunumbalik ng kapitalismo mula sa panloob na mga pagmumulan nito. Hindi niya nagagap ang katunayang ang naibagsak na mapagsamantalang mga uri ay hindi mapapawi sa isa o dalawang henerasyon. Hindi niya natukoy ang posibilidad ng paglitaw ng bagong mga mapagsamantalang uri sa panahon ng yugtong sosyalista. Tinukoy niya na ang panganib ng panunumbalik ng kapitalismo ay tanging nagmumula sa imperyalistang panghihimasok at pagkubkob at sa gayo’y hindi napagtuunan ng pansin ang mga kontradiksuyong umiiral sa sosyalistang lipunan mismo. Samakatuwid, kinilala niya ang mga hidwaan na nagmumula sa internal na tunggaliang panlipunan bilang mga suliraning nilikha ng imperyalistang panghihimasok at pananabotahe. Lahat ng mga suliraning ito’y hinarap bilang mga suliraning nilikha ng imperyalistang mga ahente at mga ahitador. Hindi siya sumalig sa uring manggagawa at sa masa sa tunggalian ng mga uri na sa katunaya’y rumaragasa sa lipunang Sobyet. Hindi niya napukaw ang rebolusyonaryong pagmamatyag ng masa laban sa internal na burgesya at laban sa kanilang pagtatangka sa panunumbalik ng kapitalismo. Sa gayon, napahina ang rebolusyonaryong linyang masa at ito’y nagamit ng internal na burgesya at mga naglalandas-kapitalista para sa sariling layunin.

Gayunpaman, nanatiling isang dakilang Marxista-Leninista si Stalin. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, pinalakas ang diktadura ng proletaryado, nilikha ang sosyalistang ekonomya, at nagapi ang imperyalistang mga balakin na biguin ang pagsulong ng pandaigdigang kilusang komunista at durugin ang unang sosyalistang estado. Sa ilalim ng kanyang pamumuno nalikha ang sosyalistang kampo at nanatili itong matatag at nagkakaisa habang siya’y nabubuhay. Dahil sa mga ito, nanatiling tinik si Stalin sa mata ng mga imperyalista at ng burgesya sa pangkalahatan. Lagi nilang ginagamit ang kanyang mga pagkakamali upang atakihin at siraan siya. Nakakonsentra ang buong atakeng burges sa Marxismo-Leninismo sa atake kay Stalin dahil naging kumbinyente para sa burgesya na atakihin ang relatibong mahinang panig sa kuta ng Marxismo-Leninismo.

Dapat tingnan mula sa ganitong istorikong perspektiba ang Ikaadalawampung Kongreso ng PKUS at ang mababangis na atake ni Khrushchov.

Yumao si Stalin noong 1953. Ang kolektibong pamunuan nila Malenkov, Beria at Khrushchov ang namuno sa Partido at Estado. Naging Premier ng Unyong Sobyet si Malenkov habang lumuklok si Khrushchov bilang kalihim ng PKUS. Sa pamamagitan ng pagsasamantala sa kawalan ng puspusang pakikibakang masa at pagmamatyag laban sa mga naglalandas-kapitalista sa panahon ng pamumuno ni Stalin, nakagapang pataas ang oportunistang mga elemento gaya ni Khrushchov hanggang sa namumunong sirkulo ng Partido na hindi napansin at nakilala. Sa loob ng tatlong taon mula 1953 hanggang 1956, nagsagawa ang pangkating Khrushchov, ayon sa kanilang katangiang burges, ng patalikod na mga pakana at intriga upang magbigay daan sa kudeta para agawin ang pamumuno sa Partido at Estado. Binitay si Beria noong 1953. Napilitang magbitiw si Malenkov sa pagiging Premier noong 1955. Nang sumapit ang Ikadalawampung Kongreso noong Pebrero 1956, naagaw na ni Khrushchov at ng kanyang pangkatin ang pamunuan ng Partido at ng Estado.

Nangampanya rin si Khrushchov sa hanay ng mga partidong Marxista-Leninista at ng mga manggagawa bago niya inilantad ang kanyang tunay na kulay sa kongreso. Dito, ginamit niya nang lubusan ang respetong karaniwang ibinibigay sa Partido ni Lenin at Stalin at sa bayan ng unang sosyalistang estado. Dumalaw si Khrushchov at Bulganin sa Tsina noong Setyembre 1954. Kagyat bago sa pagdalaw na ito, lumagda noong 1953 ang isang delegasyong Tsino sa Unyong Sobyet sa isang kasunduan sa Unyong Sobyet para sa 141 na malakihang proyektong industriyal. Noong panahong iyo'y ipinagbunyi sa latlahaing Sobyet si Mao Zedong bilang isang dakilang Marxista-Leninistang teoretisyan. Sa kanyang pagdalaw, nagbigay ng lubos na kapantay na katayuan si Khrushchov sa kapatid na partidong Tsino, at nagkasundo si Khrushchov at Mao na magdaos ng mutwal na konsultasyon “sa lahat ng bagay na may komun na interes kaugnay ng sosyalistang kampo”. Nangangahulugan ito na sa pakikipagharap sa mga imperyalista, at sa Estados Unidos sa partikular, dapat konsultahin ang partidong Tsino at iba pang kapatid na partido sa sosyalistang kampo. Malinaw na kumukuha ng malakas na posisyon sa pandaigdigang kilusang komunista si Khrushchov bago niya lantarang atakihin ang Marxismo-Leninismo.

Sa okasyon ng Ikadalawampung Kongreso ng PKUS, nagtipon ang mga delegado mula sa mga partidong Marxista-Leninista at ng mga manggagawa mula sa buong sosyalistang kampo at mula sa iba't ibang bansa sa buong mundo. Nagbigay ng dalawang talumpati si Khrushchov sa Kongreso, at lihim ang isa rito. Sa lihim na talumpati, pinakawalan niya ang ubos-lakas na atake na lubusang bumatikos kay Stalin. Ikinabigla at ikinabahala ito ng buong sosyalistang kampo at ng lahat ng Marxista-Leninistang partido. Sa inisyal na kalituhan, inakalang inaatake lamang niya ang mga pagkakamali sa panahon ni Stalin, at sinasabi sa pandaigdigang kilusang komunista na matuto mula sa gayong mga pagkakamali. Sa kanyang ikalawang talumpati, ipinaliwanag niya na naganap na ang isang pundamental na pagbabago sa kalagayan sa daigdig pangunahin dahil sa pag-unlad ng makapangyarihang sosyalistang kampo, at sa ngayo'y posible na para sa mga bansa na napapailalim sa kapitalismo na magsagawa ng “mapayapang transisyon” tungo sa sosyalismo sa pamamagitan ng “parlamentaryong landas”. Iprinoklama rin niya ang tesis ng “mapayapang pakikipamuhay” at “mapayapang kumpetisyon” sa pagitan ng mga bansa na may magkakaibang sistemang panlipunan at pampulitika bilang pangkalahatang linya sa patakarang panlabas ng buong sosyalistang kampo.

Nagsimula ang pakikibaka laban sa modernong rebisyonismo ng pangkating Khrushchov di naglaon matapos ng Kongreso. Noong Abril 1956, inilathala ng PKT ang dokumentong pinamagatang “Hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado”, na kung saan tinukoy na naging namumukod-tanging Marxista-Leninista si Stalin, na namuno sa PKUS at mamamayang Sobyet sa sosyalistang konstruksyon at namuno sa uring manggagawa ng daigdig at lahat ng progresibong sangkatauhan sa digma laban kay Hitler. Ipinagdiinan ni Mao Zedong sa kanyang pakikipag-usap noong Abril 1956 sa mga namumunong kagawad ng Komite Sentral ng PKUS na ang “mga merito ni Stalin ay mas matimbang kaysa kanyang kahinaan”. Noong Oktubre 1956, sa kanyang pakikipagtalakayan sa Sobyet na embahador sa Tsina, inilahad ni Mao Zedong na bukod sa di pagsang-ayon sa pamamaraan at saklaw ng puna ni Khrushchov kay Stalin, may iba pang mga bagay na hindi rin sumasang-ayon ang PKT sa pamunuan ng PKUS.

Malinaw at masigid na idiniin sa pamamagitan ng kontra-rebolusyonaryong rebelyon noong 1956 sa Hungary ang punto na ang atake ni Khrushchov kay Stalin ay nagpahina sa diktadura ng proletaryado at sa sosyalistang kampo at naglingkod sa mga imperyalista. Naganap rin ang nakababahalang pangyayari sa Poland. Bilang paglalagom sa mga pangyayari sa pandaigdigang saklaw hanggang sa panahong inilathala ng PKT noong Disyembre 1956 ang isa pang dokumentong pinamagatang “Karagdagan Hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado” kung saan malinaw na tinukoy ang usapin, “Nababahala kami sa sunud-sunod na pangyayari... Sino ang ating kaaway, sino ang ating kaibigan?” Malinaw na tinuturan ni Mao Zedong ang katunayang ang pananalita ni Khrushchov sa isang banda kaugnay ni Eisenhower bilang interesado sa pagpapanatili sa kapayapaan, at sa kabilang banda, ang kanyang lubusang pagtatakwil kay Stalin, sa katunaya’y tumutulong sa tunay na mga kaaway at nananakit sa mga kaibigan.

Habang nakikibaka ang PKT sa pamumuno ni Mao Zedong laban sa linya ni Khrushchov sa pandaigdigang kilusang komunista, hindi rin nalibre sa panloob na tunggalian ang partidong Tsino. Mula sa panahon ng paglaya noong 1949, dalawang linya ang umiral sa PKT kaugnay ng landas ng sosyalistang konstruksyon. Tinatangkilik ng isang linya, na kinakatawan ni Liu Xiaoqi, ang paggaya sa karanasang Sobyet. Ibinatay nito ang sarili sa pananaw na matapos maagaw ang kapangyarihang estado, ang pakikibaka para sa sosyalismo ay una sa lahat isang pakikibaka para sa produksyon. Naniniwala ito na sa panahon ng sosyalistang transpormasyon ng lipunan, nagiging sekundaryo ang tunggalian ng mga uri at ang pag-oorganisa ng mabilis na pag-unlad ng pwersa sa produksyon ang nagiging pangunahing layon ng Partido at ng Estado.

Mariin ang di pagsang-ayon ni Mao Zedong sa linyang ito at walang tigil niyang tinunggali ito. Noong 1956, nakapagsagawa na siya ng masinsing pagsusuri sa karanasang Sobyet. Naunawaan niya na ang makaisang panig na diin sa pagpapaunlad ng pwersa sa produksyon at ang pagwawalang-bahala sa tunggalian ng mga uri ay mali sa saligan at nakalikha ng sitwasyon kung saan makaiiral ang bagong mga elementong burges at makapagtatangka ang mga ito sa panunumbalik ng kapitalismo. Nagagap ni Mao ang turo ni Lenin hinggil sa tunggalian ng mga uri bilang mapagpasyang salik sa buong yugto ng sosyalismo. Nagagap niya ang katotohanan na kahit na sa sosyalistang yugto, ang superistruktura, sa mga lumang pamamaraan ng pag-iisip, kostumbre, pagkilos at aktitud na nanunuot dito, ang bumabalakid sa pag-unlad ng baseng pang-ekonomya, at sa gayon, ang patuloy na pagrerebolusyonisa sa superistruktura ang susing elemento sa pakikibaka para sa sosyalismo.

Nagpatuloy ang tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa PKT sa isang baku-bako at liku-likong landas sa mga taong makalipas ang 1949 at sa huli'y nagwakas sa Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura. Ito mismo'y isang istorikong istorya na hindi mapapalawig rito. Dito, nais lang naming tukuyin na ang pakikitunggali laban sa pangkating Khrushchov at ang pakikitunggali laban sa linya ni Liu Xiaoqi sa PKT ay bahagi ng pangkabuuang pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo sa pandaigdigang kilusang komunista. Nakita ni Mao ang panganib na ang nangyayari sa Unyong Sobyet ay maaaring mangyari rin sa Tsina. Mula noon, magpapatuloy ang tunggalian sa pandaigdigang kilusang komunista at ang tunggalian sa loob ng PKT sa magkasalikop na landas. Habang ang modernong rebisyunismo ay magagapi sa teorya sa Dakilang Debate, malulutas ang usapin sa praktika sa pamamagitan ng panlipunang eksperimento ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura.

Muli nating balikan ang 1956. Naganap ang Ikawalong Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina noong Setyembre 1956. Sa Kongresong ito, nangibabaw ang linya ni Liu Xiaoqi. Ipinahayag na ang batayang kontradiksiyon sa Tsina ay sa “pagitan ng mga pwersa sa produksyon na atrasado at ng maunlad na sistemang sosyalista”. Nagbabanggit si Liu Xiaoqi ng “mapagpasyang tagumpay ng sosyalismo”. Sinabi niya na sa Tsina, ang usapin kung mananaig ba ang sosyalistang landas o kung mangingibabaw ang kapitalistang landas ay nalutas na. Bilang malinaw na pagturan sa tesis ni Khrushchov at sa Ikadalawampung Kongreso, nangusap rin si Liu Xiaoqi sa wika ng pag-aasam ng “kapanahunan ng kapayapaan” at ng “paghupa ng tensyon”.

Lahat ng ito'y malinaw na kasalungat ng rebolusyonaryong linya ni Mao Zedong. Nasasalamin ang pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo sa tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa loob ng PKT. Sinimulan ni Mao ang pakikitunggali laban sa mga makakanan sa partido sa pamamagitan ng kilusang pagwawasto at sosyalistang edukasyon. Nakilala ang kampanyang ito bilang Kampanyang Sandaang Bulaklak dahil binigyang buhay nito ang islogang, “Hayaang bumukadkad ang sandaang bulaklak, hayaang magtunggali ang sandaang kaisipan”. Sa pamamagitan ng kanyang pag-aaral sa karanasang Sobyet at sa tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa loob ng PKT, natukoy ni Mao na ang makaisangpanig na diin sa produksyon at ang pagwawalang-bahala sa tunggalian ng mga uri sa isang banda, at ang di pagsalig sa masa at paggamit ng burukratikong pamamaraan sa paggawa sa kabilang banda ay mahigpit na magkaugnay.

Sa kampanyang Sandaang Bulaklak, hinikayat niya ang masa na punahin ang mga depekto ng Partido. Pumanig sila Liu Xiaoqi at iba pang makakanang lider sa paglilimita sa saklaw ng pangmasang pagpuna. Hinamon ni Mao ang mga kasapi ng partido, “Hayaang magsalita ang mga mamamayan. Hindi babagsak ang langit ... Kung hindi ninyo pasasalitain ang mamamayan, matatalo kayo ...” Dagdag sa pagtulong sa partido sa pagpapanday sa init ng pangmasang pagpuna, inilantad ng kampanyang ito ang makakanang mga elemento sa hanay ng mamamayan at sa Partido. Naglabas sila ng malalaking titik na poster na umaatake sa maka-kanang mga elemento. Pinatunayan ni Mao sa kanyang natatanging paraan ang kanyang punto. May mga uri at matinding tunggalian ng mga uri sa sosyalistang lipunan. Sa pamamagitan ng kilusang sosyalistang edukasyon at pagwawasto ng kampanyang Sandaang Bulaklak bahagya siyang nagtagumpay na gawing positibo ang negatibo ng Ikawalong Kongreso ng PKT.

Nasasandatahan sa karanasan sa pakikitunggali laban sa mga makakanan sa sariling bayan, nagtungo si Mao Zedong sa Moscow noong Nobyembre 1957, kung saan magaganap ang tuwirang pakikitunggali laban sa rebisyunistang linya ng pangkating Khrushchov.

Sa okasyon ng ikaapatnapung anibersaryo ng Dakilang Rebolusyong Oktubre, nagtipon sa Moscow ang animnapu't apat na delegasyon ng mga partidong komunista at ng mga manggagawa. Inorganisa ang pulong ng magkakapatid na partidong ito kung saan nagtangka ang pamunuan ng PKUS na ipataw ang linya ng Ikdalawampung Kongreso ng PKUS sa pandaigdigang kilusang komunista. Ang orihinal na borador ng Deklarasyon na ilalabas ng pulong ng praternal na mga partido ay inihanda ng pamunuan ng PKUS kung saan naipuslit ang tesis ng “mapayapang transisyon” mula sa kapitalismo tungo sa sosyalismo sa pamamagitan ng “parlamentaryong landas”.

Inilunsad ni Mao Zedong ang isang determinado at prinsipyadong pakikitunggali sa pulong upang ipagsanggalang ang pandaigdigang kilusang komunista sa atakeng rebisyunista at panatilihin ito sa rebolusyonyong landas. Nakabatay ang kanyang kaparaanan sa siyentipikong pagraron at prinsipyadong argumento. Nakipagtunggali siya sa diwa ng “pagkakaisa-pagpuna-pagkakaisa”. Kinakandili pa niya ang pag-asa na iiwanan ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang maling mga tesis at babalik sa rebolusyonyong hanay.

Kasalungat sa di presisong mga pahayag at mga silakbo ni Khrushchov sa Ikdalawampung Kongreso, nilatag ni Mao Zedong ang mga katotohanan sa kalagayan ng daigdig sa isang presiso at makatotohanang paraan. Kasalungat sa pag-uatal-utal ni Khrushchov hinggil sa kapayapaan at pagpapalaki sa panganib ng kasalantaang nukleyar, ipinunto ni Mao Zedong na matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, papahina na ang imperyalismo at ang sitwasyon ay nagiging pabor sa sosyalismo at pandaigdigang rebolusyon. Tinukoy niya ang pagkatalo ni Hitler at ng Japan, ang tagumpay ng rebolusyon sa Tsina, ang pagkontra sa imperyalismong Amerikano sa Korea, ang tagumpay ng mga Byetnames laban sa kolonyalismong Pranses, ang paglisan ng mga kapangyarihang kolonyal sa Timog at Timog-silangang Asya at Africa, ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa Algeria at iba pa bilang malinaw na mga halimbawa sa paghina ng imperyalismo at paglakas ng pwersa ng sosyalismo at pandaigdigang rebolusyon. Nilagom niya ang sitwasyon sa matulaing pananalitang, “Nangingibabaw ang hanging silangan sa hanging kanluran.”

Tinukoy rin ni Mao na ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa mga bayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina sa ngayon ang nasa unahan ng pakikibaka laban sa imperyalismo. Tungkulin ng sosyalistang kampo na magbigay ng lahat ng suportang posible sa mga pakikibakang ito. Tanging ang tagumpay ng mga pakikibaka para sa pagpapalaya, ang pagpapalakas sa sosyalistang kampo at ang pagpanaw sa kalaunan ng imperyalistang sistema ang tatayong garantiya para sa kapayapaan. Malinaw na tinuturan ni Mao ang katotohanan na ang pagpapalubay sa imperyalismo sa pamamagitan ng mga pahayag ng “mapayapang pakikipamuhay” sa kanya at sa pamamagitan ng pagkakait ng suporta sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya dahil sa inaakalang dala-dala ng mga ito ang panganib ng pandaigdigang kasalantaang nukleyar ay hindi makapagdudulot ng kapayapaan. Ang tanging paraan sa pagpapatatag sa kapayapaan ay sa pamamagitan ng pagpapahina sa imperyalismo. Samakatuwid, tinukoy ni Mao na ang pagbibigay ng lahat ng suportang posible sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya ang nararapat na susing elemento ng pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista.

Ang mga pakana ni Khrushchov sa pagpapatampok sa Unyong Sobyet bilang tanging malakas na kapangyarihan bukod sa US, sa pagpapakita na siya ang di mapag-aalinlanganang lider ng sosyalistang kampo, at sa gayo'y makakapagnegosasyon sa mga imperyalistang Amerikano mula sa isang paborableng posisyon, ay nailagay sa kwestyon ng prinsipyadong pakikitungali ni Mao Tsetung at ng delegasyong Tsino. Tumindi ang galit ni Khrushchov sa mga Tsino mula noon. Matapos nito, babaluktutin niya ang pagsusuri ni Mao bilang pambubuyo sa digma, ilalarawan si Mao bilang “mahilig sa digma... naglalayong itulak ang digma... nangangailangan magpatingin sa doktor sa utak”.

Gayunpaman, nakarating sa kasunduan ang prateral na mga partido sa pulong sa Moscow. Inihanda ng PKT at PKUS ang isang magkasanib na borador ng Deklarasyon kung saan ang di mapayapang mga landas para sa transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo ang idiniin. Di kasiya-siya ang dokumento sa kabuuan, ngunit nakipagkompromiso ang mga Tsino upang panatilihin ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista, at sa pag-asang ang pamunuang Sobyet ay babalik sa wastong landas. Ipinagtibay ang Deklarasyon ng kapulungan ng magkakapatid na partido.

Matapos ang gayong tuwirang karanasan sa kaayusang umiiral sa Moscow, nagbalik si Mao Zedong na higit na nag-aalala sa posibilidad ng pagbabalik ng pamunuang Sobyet sa rebolusyonyong hanay. Malinaw niyang nabatid na kinakailangang umasa sa sarili ang Tsina sa kanyang pakikibaka sa pagtatatag ng sosyalismo. Binuo, inilatag ang plano at pinasimulan niya ang Malaking Igpaw Pasulong sa sariling bayan. Ang pangkalahatang linya ng Malaking Igpaw Pasulong ay naiguhit di naglaon matapos ang kanyang pagbalik mula sa Moscow. Itinakda nito ang mga tungkulin ng Partido at ng Estado “na ilunsad ang rebolusyong teknolohikal at pangkultura kasabay ng sosyalistang rebolusyon sa larangan ng pulitika at ideolohiya; na paunlarin ang industriya at agrikultura kasabay ng prayoridad sa pagpapaunlad sa mabigat na industriya; na sabayang paunlarin ang sentral at lokal na industriya sa ilalim ng sentral na pamumuno, ng kabuuang plano, at magkakoordinasyon; at na sabayang paunlarin ang malakihan, panggitna at maliitang empresa. Itatag ang sosyalismo nang higit na mabilis, mahusay at matipid sa pamamagitan ng ubos-kayang pagsisikap at tuluy-tuloy na pagsulong.” Naglalagat si Mao ng balangkas para sa umaasa-sa-sariling konstruksyon ng sosyalismo sa Tsina. Mayroon siyang seryosong pag-aalala hinggil sa magiging pakikitungo ng pamunuan ng PKUS sa Tsina at iba pang tunay na Marxista-Leninistang partido sa umiiral na tunggaliang pang-ideolohiya. Ang pinakamasasahol niyang alinlangan ay magaganap sa di nalalayong kinabukasan.

Naging pangunahing preokupasyon ni Khrushchov ang pag-oorganisa ng matataas-na-antas na kapulungan at pakikipagkasundo sa mga imperyalistang Amerikano. Sa ganito, patuloy siyang umiinit at lumalamig. Iilarawan niya si Eisenhower bilang isang taong “lubusang pinagkakatiwalaan ng kanyang sambayanan” at pupurihin na nag-aalala “hinggil sa pagtitiyak sa kapayapaan gaya natin”. Pupurihin niya si Kennedy na may komitment sa kapayapaan. Matapos nito, susuungin niya ang pakikipagsapalaran sa missile sa Cuba, at nang harapin at hamunin ng mga imperyalistang Amerikano’y walang kahihiyang isusuko at ikokompromiso ang soberanya ng Cuba nang lingid sa kaalaman nito. Ang kanyang pakikitungo sa mga bayan ng sosyalistang kampo ay maihahalintulad sa isang panganay na kapatid na dapat magtamasa ng natatanging karapatang magsalita para sa kanilang lahat habang nakikipag-usap sa mga imperyalista. Lalagdaan niya ang tratado sa pagbabawal sa pagsubok nukleyar ng mga Amerikano upang mabigyan ng monopolyo sa mga sandatang nukleyar ang dalawang “malalaking kapangyarihan”. Ipapangako niya sa mga Amerikano na ang kaalamang nukleyar ay hindi ilalagay sa mga kamay ng “baliw”, isang bulgar na parunggit kay Mao Zedong at sa pamunuan ng PKT.

Sa kanyang pagdalaw sa Tsina noong Agosto 1958, tinangka ni Khrushchov na likhain ang takot sa agresibong intensyon ng US at tinangkang pilitin ang mga lider Tsino na tanggapin ang mga panukalang payagan ang mga base nabal ng mga submarino at barkong Ruso at maglagay ng mga eksperto at istap militar na Ruso sa kalupaan ng Tsina na maglalagay sa Tsina sa ilalim ng kontrol militar ng Rusya. Mariing tinanggihan ang mga panukalang ito. Gumamit naman ng pwersa si Khrushchov. “Noong Hunyo 1959, unilateral na pinunit ng Pamahalaang Sobyet ang kasunduan sa bagong teknolohiya para sa pambansang depensa na nilagdaan sa pagitan ng Tsina at Unyong Sobyet noong Oktubre 1957, at tumangging bigyan ang Tsino ng sampol ng bomba atomika at teknikal na datos hinggil sa paglikha nito.”

Noong Ikadalawampu’t Isang Kongreso ng PKUS na ginanap noong Enero-Pebrero 1959, binanggit ni Khrushchov na lubos ang pagkakasundo ng PKT at PKUS, at tinukoy ang “ilang tao” sa PKT na dogmatista. Ang pagtatangkang ilarawan na may pagtatalo sa loob ng PKT at ihiwalay ang rebolusyonaryong pamumuno ni Mao Zedong ay hindi simpleng pagtatangka sa panig ni Khrushchov na lumikha ng kastilyo sa hangin.

Sa katunaya’y isang napakaseryosong tunggalian ang umuusbong sa PKT sa panahong iyon.

Sa kabuuan, isang tagumpay ang Malaking Igpaw Pasulong. Napukaw ang kasigasigan at inisyatiba ng masa. Makikita ang pagkapukaw na ito sa kilusang komuna at sa pakikibaka para sa produksyon sa inspirasyon ng programa ng Igpaw. Gayunman, may ilang mga pagkukulang. May ilang labis na pinalaking ulat at dislokasyon bunga nito sa pagpapalano. Ginamit ng mga maka-kanan sa loob ng partido ang mga kakulangang ito upang atakihin ang Igpaw at ang rebolusyonaryong linya ni Mao Zedong. Pinangunahan ni Peng Dehuai, ang ministro sa depensa sa panahong iyon, ang maka-kanang atakeng ito. Tuluy-tuloy na tagapagtaguyod si Peng ng pagsunod sa modelong Sobyet sa sosyalistang konstruksyon sa Tsina. Iginiit rin niya ang pagbubuo ng isang pulang hukbong propesyunal na katulad ng pulang hukbong Sobyet at sinalungat ang konsepto ni Mao sa hukbong bayan. Higit siyang umaasa sa modernong sistemang pansandata kaysa sa rebolusyonaryong katangian ng hukbong bayan. Itinataguyod niya ang pang-ideolohiyang pakikipagsundo sa mga lider Sobyet upang makamit ang lahat ng ito' sa tulong ng mga Sobyet. Malinaw na nakita ni Mao na mangangahulugan ito ng oportunistang kompromiso sa mga usapin sa prinsipyo at tiyak na magdadala sa Tsina sa landas ng kapitalismo. Muli, isa itong tunggalian sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang landas. Ginawa ni Mao ang lahat sa gayong pakikibaka. Itinaas niya ang buong tunggalian sa antas ng ideolohiya at kinondena ang kakulangan ng tiwala sa rebolusyon ng mga maka-kanan; "Tumututol ang mga Khrushchov sa tatlong bagay— sa pamumukadkad ng Sandaang Bulaklak, sa mga komunang bayan at sa Malaking Igpaw Pasulong... dapat nating makita ang mga bagay na ito para hamunin ang buong daigdig, kabilang ang mga katunggali at nag-aalinlangan sa loob ng ating partido." Muli, nagtagumpay siyang pabaligtarin ang agos. Nagapi ang maka-kanang salakay. Pinuna ng Partido si Peng Dehuai at tinanggal sa pagiging ministro ng depensa kahit na nanatili siya sa Komite Sentral.

Sa simula ng 1960, nagiging maigting na ang tunggalian sa pagitan ng PKT at PKUS. Malinaw na nakikipagsabwatan si Khrushchov sa mga imperyalistang US laban sa Tsina, at unilateral na pinunit ang mga tratado sa Tsina, at binabansagan si Mao Zedong at mga pinunong Tsino na "nasisiraan ng bait", "paladigma", "mambubuyo ng digma", atbp. Binatikos niya ang pamunuan ng PKT dahil sa kilusang komuna at binansagan itong "Trotskyismo". Kasabay ng lahat ng mga ito, panay-panay na inilalako ang rebisyunistang linya ng Ikdalawampung Kongreso ng PKUS bilang pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista. Sa gayong kalagayan, inilathala ng PKT ang tanyag na artikulong "Mabuhay ang Leninismo" noong Abril 1960 sa okasyon ng ika-siyamnapung anibersaryo ng kapanganakan ni Lenin. Sa artikulong ito hinamon at pinatunayang mali ang rebisyunistang linya ng Ikdalawampung Kongreso kahit na ang pamunuan ng PKUS ay hindi pa pinupuna sa ngalan.

Matapos nito, nagsimula ang hayag na antagonismo ng pamunuan ng PKUS sa PKT at Tsina. Pinalawak ang saklaw ng pang-ideolohiyang tunggalian hanggang maapektuhan ang relasyong estado sa estado. Noong Hulyo 1960, pinauwi ng Unyong Sobyet mula sa Tsina ang 1930 ekspertong Sobyet at "sinuspindi" ang 343 na kontrata at 257 proyekto. Sa pulong ng praternal na mga partido sa Bucharest, na idinaos sa panahon ng Ikatlong Kongreso ng Partido ng Manggagawa na Rumania, pinakawalan ni Khrushchov ang isang hayag na antagonistiko at mabangis na kampanyang kontra-Tsina. Inatake rin niya ang partido ng Albanya sa pulong na ito nang may hayag na antagonismo.

Idinaos ang pulong ng 81 praternal na partido sa Moscow noong Nobyembre 1960. Matalas na tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa pandaigdigang kilusang komunista ang naganap sa pulong na ito. Nilabanang buong pwersa ng PKT at iba pang Marxista-Leninistang partido sa komiteng tagapaghanda ng borador na binubuo ng 26 praternal na partido ang pagtatangka ng mga pinuno ng PKUS na ikarga sa borador na Pahayag ang kanilang rebisyunistang linya. Ang inilabas na Pahayag ng pulong ay isang dokumentong may kompromiso subalit nakamit ng PKT at iba pang Marxista-Leninistang partido ang isang mahalagang tagumpay sa paglalantad sa rebisyunistang linya ng PKUS.

Hindi gaanong nakatulong ang pulong noong 1960 sa pagpigil sa hayag na pagkakawatak-watak na pinatutunguhan ng pandaigdigang kilusang komunista. Idinaos ang Ikadalawampu't Dalawang Kongreso ng PKUS noong Oktubre 1961. Sa Kongresong ito, iniladlad ng pangkating Khrushchov ang tahasang rebisyunistang Programa na magaspang na nagbago sa "esensya ng Marxismo-Leninismo", sa mga aralin sa proletaryong rebolusyon, sa diktadura ng proletaryado at sa partido ng proletaryado; idineklara nito na ang diktadura ng proletaryado ay hindi na kinakailangan sa Unyong Sobyet at ang katangian ng PKUS bilang taliba ng proletaryado ay nabago na, at naglabas ng maling konsepto ng "estado ng buong sambayanan" at "partido ng lahat ng mamamayan". Gaya nang isinasaad ng mga dokumento ng Tsina, naging sistematiko na ang rebisyon ng pamunuan ng PKUS sa Ikadalawampu't Dalawang Kongreso.

Sa Ikadalawampu't Dalawang Kongreso, pinangalanan at pinuna ang Partido ng Albanya. Hindi inanyayahan ang Partido ng Albanya sa Kongreso. Tulad sa kaso ng Tsina, binawian rin ang Albanya ng lahat ng tulong Sobyet mula sa kalagitnaan ng 1961. At ngayon, sa Kongreso, "humantong na si Khrushchov hanggang sa hayagang panawagan sa pagpapabagsak sa pamunuan ng Albanya.." Mariing tinutulan ni Zhou Enlai, ang namumuno sa delegasyon ng Tsina, ang pamamaraang ito ng pamunuan ng PKUS at agad na bumalik sa Beijing.

Noong 1962, nag-udyok ng kaguluhan sa hangganan ng Tsina at Unyong Sobyet ang pangkating Khrushchov at nagsagawa ng subersibong mga aktibidad sa Sinkiang. Nabanat na sa kasukdulan ang relasyon sa pagitan ng dalawang partido at dalawang estado. Sa mga Kongreso ng mga Partido sa mga bansa sa Silangang Europa, naglunsad ng pinakamabangis na pagbatikos si Khrushchov laban sa PKT at Tsina. Napilitang tumugon nang hayagan ang PKT sa mga tiradang ito.

Gayunman, muling sumang-ayon ang PKT sa isang pulong kasama ang PKUS upang lutasin ang mga pagkakaiba at nagbigay ng isang panukala hinggil sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista (ang liham ng ika-14 ng Hunyo) upang gawing sistematiko ang palitan ng pananaw. Sa kabila nito, muling naging antagonistiko ang pamunuan ng PKUS at habang idinaraos ang pulong sa pagitan ng dalawang partido, inilathala nito ang kanyang Bukas na Liham noong ika-14 ng Hulyo, 1963. Dahil unilateral na ihinayag ang debate sa publiko, napilitan ang PKT na ipagpatuloy ang pampublikong mga tugon sa mga atake ng pangkating Khrushchov. Sa Siyam na Komentaryo, naglahad ito ng sistematiko at komprehensibong tugon sa lahat ng susing usapin na ihinarap sa Bukas na Liham ng PKUS. Gayon ang liku-likong mga landas na pinagdaanan ng dakilang pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo.

Gaya ng nabanggit na natin, higit na pinayaman ni Mao Zedong ang Marxismo-Leninismo at dinala ito sa bagong rurok sa pamamagitan ng tunggaliang ito. Malinaw mula sa mga dokumentong ito, laluna pagdating sa Ikasiyam na Komentaryo, “Hinggil sa Huwad na Komunismo ni Khrushchov at ang Istorikong mga Aral Nito para sa Daigdig”, na malinaw na natukoy ni Mao Zedong sa panahong iyon ang ugat ng panunumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet at sa isang sosyalistang lipunan sa kabuuan; natuklasan na niya ang mga batas ng tunggalian ng mga uri sa isang sosyalistang lipunan, nailinaw ang dialektikong interelasyon sa pagitan ng superistruktura at baseng pang-ekonomya sa yugto ng sosyalismo, at pinaunlad ang mga teorya at mga patakaran para sa partido ng proletaryado sa yugtong ito. Nagsilbing pinto ang Dakilang Debate sa dakilang eksperimentong panlipunan ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura. Sa dakilang eksperimentong panlipunan na ito, lalahok ang proletaryado at daang milyong rebolusyonaryong anakpawis ng Tsina sa dakilang rebolusyonaryong pakikibaka upang gapiin ang mga rebisyunista at mga naglalandas kapitalismo sa Partido at sa Estado, ipagsanggalang ang katangiang proletaryo ng Partido, ipagtanggol ang diktadura ng proletaryado at patuloy na irebolusyonisa ang superistruktura upang manatili sa landas ng sosyalismo. Ipinaalala ni Mao na marami pang katulad na Rebolusyon sa Kultura ang kakailanganin para sa mapagpasyang tagumpay ng landas ng sosyalismo sa landas ng kapitalismo, na mangangailangan pa ng maraming henerasyon, maaaring lima o sampu, upang lubusang mapawi ang panganib ng panunumbalik ng kapitalismo.

Sa kasalukuyan, muli na namang dumaraan sa panahon ng krisis ang pandaigdigang kilusang komunista. Sa katunayan, nagdaraan ito sa pinakamalalang krisis sa kanyang buong kasaysayan. Matapos ang kamatayan ni Mao Zedong, naagaw ng pangkatin ng Tsinong Khrushchov, ni Deng Xiaoping, ang pamumuno sa Partido ng Tsina at sa Estado sa pamamagitan ng kontra-rebolusyonaryong kudeta noong 1976. Magmula noon, pinakawalan ng pangkating Deng ang pinakamapanganib na atake sa ideolohiya ng proletaryado. Napakabilis nilang napanumbalik ang kapitalismo sa Tsina. Sa nakalulungkot na mga pangyayaring ito, nalusaw ang sosyalistang kampo. Isang walang katulad na katayuan ang nalikha para sa pandaigdigang proletaryado dahil wala itong lider na may malawak na karanasan gaya ni Lenin o ni Mao na magtatanggol sa ideolohiya nito laban sa pinakamapanganib na atake.

Sa panahon ng kahirapang ito, tiyak na tungkulin ng lahat ng tunay na Marxista-Leninista sa buong daigdig na matatag na ipagtanggol at ipagsanggalang ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at pagtibayin ang Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura. Ang ma dokumento ng Dakilang Debate ay napakabisa at makapangyarihang sandata sa gayong tunggalian.

Oktubre 1986

PATNUGUTAN

SARVAHARA

PRAKASHAN

MGA NILALAMAN

1. **ISANG PANUKALA KAUGNAY NG PANGKALAHATANG LINYA NG PANDAIGDIGANG KILUSANG KOMUNISTA**

Ang Liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina
Bilang Tugon sa Liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng
Unyong Sobyet ng Marso 30, 1963
(Hunyo 14, 1963)

2. **ANG PINAGBUHATAN AT PAG-UNLAD NG MGA DI PAGKAKASUNDO SA PAGITAN NATIN AT NG PAMUNUAN NG PKUS**

Komentaryo sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS
(Setyembre 6, 1963)
Nagsimula ang mga Di pagkakasundo sa Ika-20 Kongreso ng PKUS
Ang Malulubhang Ibinunga ng Ika-20 Kongreso ng PKUS
Ang Pulong sa Moscow noong 1957 ng mga Partidong Prateral
Ang Pag-unlad ng Rebisyunismo ng Pamunuan ng PKUS
Ang Sorpresang Salakay sa PKT ng Pamunuan ng PKUS
Ang Tunggalian sa Pagitan ng Dalawang Linya sa Pulong ng mga Partidong Prateral
noong 1960
Ang Rebisyunismo ng Pamunuan ng PKUS Ay Naging Sistematisado
Isang Pasalungat na Agos na Laban sa Marxismo-Leninismo at Humahati sa
Pandaigdigang Kilusang Komunista
Ano ang Pinatutunayan ng mga Pangyayari sa Nakaraang Pitong Taon?

APENDIKS I

Balangkas ng mga Pananaw hinggil sa Usapin sa Mapayapang Transisyon
(Nobyembre 10, 1957)

APENDIKS II

Pahayag ng Delegasyon ng Partido Komunista ng Tsina
sa Pulong sa Bucharest ng mga Partidong prateral
(Hunyo 26, 1960)

APENDIKS III

Ang Limang Panukala para sa Kalutasan ng mga Di pagkakasundo at para sa Pagtatamo ng Pagkakaisa na Nilalaman sa Liham ng Komite Sentral ng PKT bilang Tugon sa Liham para sa Impormasyon ng Komite Sentral ng PKUS (Setyembre 10, 1960)

3. HINGGIL SA USAPIN KAY STALIN

Ikalawang Komentaryo hinggil sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS (Setyembre 13, 1963)

4. ISA BANG SOSYALISTANG BAYAN ANG YUGOSLAVIA?

Ikatlong Komentaryo sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS (Setyembre 26, 1963)

Ang Pag-unlad ng Pribadong Kapital sa Kalunsurang Yugoslav

Ang Kanayunang Yugoslav ay Binaha ng Kapitalismo

Ang Pag-atras ng Sosyalistang Ekonomyang Pag-aari ng Buong Bayan tungo sa Kapitalistang Ekonomya

Isang Dependensya ng Imperyalismong US

Isang Kontra-rebolusyonaryong Ispesyal na Destakamento ng Imperyalismong US

Ang Pag-atras ng Diktadura ng Proletaryado tungo sa Diktadura ng Burgesyia
Ang Prinsipyadong Paninindigan ng PKT sa Usapin ng Yugoslavia

“Iniwan na ba” ni Tito “ang Kanyang mga Pagkakamali”? O Itinuturing ba ni Khrushchov si Tito bilang Kanyang Guro?

Maikling Kongklusyon

5. MGA TAGAPANGATWIRAN NG MALAKOLONYALISMO

Ikaapat na Komentaryo Hinggil sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS (Oktubre 22, 1963)

Ang Pagpawi sa Tungkulin sa Pagbaka sa Imperyalismo at Kolonyalismo

Mga Preskripsyon para sa Pagpawi ng Rebolusyon ng Aping mga Bayan

Oposisyon sa mga Digma para sa Pambansang Pagpapalaya

Ang mga Lugar kung saan Nakakonsentra ang Kontemporaryong mga Kontradiksyong Pandaigdig

Distorsyon ng Leninistang Pananaw sa Pamumuno sa Rebolusyon

Ang Landas ng Nasyunalismo at Pagkabulok

Isang Halimbawa ng Sosyal-Sobinismo

Laban sa “Teorya ng Rasismo” at sa “Teorya ng Dilaw na Panganib”

Muling Pagbuhay sa Lumang Rebisyunismo sa Bagong Balatkayo

6. DALAWANG MAGKAIBANG LINYA SA USAPIN NG DIGMA AT KAPAYAPAN

Ikalimang Komentaryo hinggil sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS

(Nobyembre 19, 1963)

Ang mga Aral ng Kasaysayan

Ang Pinakamalaking Panloloko

Ang Usapin ng Posibilidad ng Pagpigil sa isang Bagong Digmaang Pandaigdig

Ang Pananangang Agimat ang Sandatang Nukleyar at Blakmeyl na Nukleyar ang Batayang Teoretikal at Gabay na Patakaran ng Modernong Rebisyunismo

Lumaban o Sumuko?

Ang Landas sa Pagtatanggol ng Kapayapaan at ang Landas Patungong Digma

7. MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY — DALAWANG TUWIRANG MAGKASALUNGAT NA PATAKARAN

Ika-anim na Komentaryo sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS

(Disyembre 12, 1963)

Ang Patakarang Mapayapang Pakikipamuhay nina Lenin at Stalin

Itinataguyod ng Partido Komunista ng Tsina ang Patakarang Mapayapang Pakikipamuhay ni Lenin

Ang Pangkalahatang Linyang “Mapayapang Pakikipamuhay” ng mga Pinuno ng PKUS

Tatlong Di pagkakasundo sa Prinsipyo

Ang Pangkalahatang Linyang “Mapayapang Pakikipamuhay” ng mga Pinuno ng PKUS ay Nagsisilbi sa Imperyalismong US

Ang Kolaborasyong Sobyet-US ang Puso at Kaluluwa ng Pangkalahatang Linya sa “Mapayapang Pakikipamuhay” ng mga Pinuno ng PKUS

Ilang Payo para sa mga Pinuno ng PKUS

8. ANG MGA PINUNO NG PKUS ANG PINAKAMALALAKING ISPLITER NG ATING KAPANAHUNAN

Ikapitong Komentaryo sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS

(Pebrero 4, 1964)

Balik-aral sa Kasaysayan

Ang Karanasan at mga Aral

Ang Pinakamalalaking Ispliter ng Ating Kapanahunan

Pagpapatunay na Mali ang Akusasyong Pagiging Anti-Sobyet

Pagpapatunay na Mali ang Akusasyong Pang-aagaw sa Pamununo

Pagpapatunay na Mali ang Akusasyong Pagbigong Kapasyahan ng Mayorya at Paglabag sa Disiplinang Internasyunal

Pagpapatunay na Mali ang Akusasyong Pagsuporta sa mga Grupong Anti-Partido ng mga Partidong Prateral

Ang Kasalukuyang Debateng Pampubliko

Ang Paraan sa Pagtatanggol at Pagpapatatag sa Pagkakaisa

9. ANG PROLETARYONG REBOLUSYON AT ANG REBISYUNISMO NI KHRUSHCHOV

Ikawalong Komentaryo sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS

(Marso 31, 1964)

Isang Disipulo nina Bernstein at Kautsky

Ang Marahas na Rebolusyon ay Unibersal na Batas ng Proletaryong Rebolusyon

Ang Ating Pakikibaka Laban sa Rebisyunismo ni Khrushchov

Hindi Mababago ng Tusong Palsong Pangangatwiran ang Kasaysayan

Hindi Maikukubli ng mga Kasinungalingan ang Katotohanan

Pagpapatunay na Mali ang “Parlamentaryong Landas”

Pagpapatunay na Mali ang “Oposisyon sa Kaliwang Oportunismo”

Dalawang Magkakaibang Linya, Dalawang Magkakaibang Resulta

Mula kay Browder at Tito hanggang kay Khrushchov

Ang Aming Inaasahan

10. HINGGIL SA HUWAD NA KOMUNISMO NI KHRUSHCHOV AT ANG ISTORIKONG MGA ARAL NITO PARA SA DAIGDIG

Ikasiyam na Komentaryo sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS

(Hulyo 14, 1964)

Ang Sosyalistang Lipunan at ang Diktadura ng Proletaryado

May Antagonistikong mga Uri at Tunggalian ng mga uri sa Unyong Sobyet

Ang Sobyet na Pribilehiyadong Saray at ang Rebisyunistang Pangkating Khrushchov

Pagpapatunay na Mali ang Tinaguriang Estado ng Buong Sambayanan

Pagpapatunay na Mali ang Tinaguriang Partido ng Lahat ng Mamamayan

Ang Huwad na Komunismo ni Khrushchov

Istorikong mga Aral ng Diktadura ng Proletaryado

11. BAKIT BUMAGSAK SI KHRUSHCHOV

(Nobyembre 21, 1964)

12. MGA APENDIKS

ANG LIHAM NG KOMITE SENTRAL NG PKUS SA KOMITE SENTRAL NG PKT

Marso 30, 1963

BUKAS NA LIHAM NG KOMITE SENTRAL NG PARTIDO KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET PARA SA LAHAT NG MGA ORGANISASYON NG PARTIDO, PARA SA LAHAT NG MGA KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET

Hulyo 14, 1963

KARAGDAGANG ARTIKULO

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG BAGONG MGA PINUNO NG PKUS HINGGIL SA “NAGKAKAISANG PAGKILOS”

Nobyembre 11, 1965

ISANG PANUKALA KAUGNAY NG PANGKALAHATANG LINYA NG PANDAIGDIGANG KILUSANG KOMUNISTA

ANG LIHAM NG KOMITE SENTRAL
NG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA
BILANG TUGON SA LIHAM NG KOMITE SENTRAL
NG PARTIDO KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET
NG MARSO 30, 1963

Hunyo 14, 1963

Komite Sentral
ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet

Mahal na mga Kasama,

Pinag-aralan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina ang liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ng Marso 30, 1963.

Labis na nag-aalala ang lahat na nagsasapuso sa pagkakaisa ng sosyalistang kampo at pandaigdigang kilusang komunista hinggil sa mga usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet, at naghahangad na makakatulong ang ating mga usapan sa pagpawi sa mga di pagkakasundo, pagpapatatag sa pagkakaisa at paglikha sa paborableng mga kondisyon para sa pagdaraos ng isang pulong ng mga kinatawan ng lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa.

Komun at banal na tungkulin ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng lahat ng bayan na itaguyod at patatagin ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista. Pasan-pasan ng mga Partidong Tsino at Sobyet ang mas mabigat na responsibilidad para sa pagkakaisa ng buong sosyalistang kampo at pandaigdigang kilusang komunista at mangyari pa'y dapat gumawa ng kinauukulang higit na malalaking pagsisikap.

Umiiral ngayon ang ilang mayor na di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista. Subalit gaanuman kalubha ng mga di pagkakasundong ito, dapat tayong magpakita ng sapat na tiyaga at maghanap ng mga paraan para pawiin ang mga ito nang sa gayon mabuo natin ang pagkakaisa ng ating mga pwersa at mapatatag ang pakikibaka laban sa ating kaaway na komun.

Sa tapat na hangaring ito hinaharap ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina ang nalalapit na mga usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet.

Sa liham nito ng Marso 30, sistematikong inilahad ng Komite Sentral ng PKUS ang mga pananaw nito sa mga usapin na kailangang talakayin sa mga usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet, at sa partikular ay ihinaharap ang mga usapin sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista. Sa liham na ito, nais din naming ilahad ang aming mga pananaw, na bumubuo sa aming panukala kaugnay ng pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista at sa iba pang kaugnay na usapin sa prinsipyo.

Umaasa kami na ang paglalahad na ito ng mga pananaw ay makatutulong sa mutwal na unawaan ng ating dalawang Partido at sa isang detalyado, punto-por-puntong talakayan sa mga usapang ito.

Umaasa rin kami na makatutulong ito sa pag-unawa sa aming mga pananaw ng mga Partidong praternal at sa lubos na palitan ng mga ideya sa isang internasyunal na pulong ng mga Partidong praternal.

1. Dapat gamitin bilang gabay na prinsipyo ng pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista ang Marxista-Leninistang rebolusyonaryong teorya kaugnay ng istorikong misyon ng proletaryado at hindi dapat lumihis dito.

Pinagtibay ng Mga Pulong sa Moscow ng 1957 at 1960 ang Deklarasyon at ang Pahayag, sa gayong pagkakasunud-sunod, matapos ang ganap na palitan ng mga pananaw at alinsunod sa prinsipyo ng pagtatamo ng pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultasyon. Ipinapakita ng dalawang dokumento ang mga katangian ng ating kapanahunan at ang mga batas na komun ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon, at naglalagat ng linyang komun ng lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa. Ang mga ito ang programang komun ng pandaigdigang kilusang komunista.

Totoo ngang sa loob ng ilang mga taon, may mga di pagkakasundo sa hanay ng pandaigdigang kilusang komunista sa pag-unawa sa, at sa aktitud tungo sa, Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960. Ang sentral na usapin dito ay kung tatanggapin o hindi ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag. Sa huling pagsusuri, usapin ito kung tatanggapin o hindi ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo, kung kikilanlin o hindi ang unibersal na kabuluhan ng landas ng Rebolusyong Oktubre, kung tatanggapin o hindi ang katotohanang ang mga mamamayan na patuloy na nabubuhay sa ilalim ng mga sistemang imperyalista at kapitalista, na bumubuo sa dalawang-katlo ng populasyon ng daigdig, ay kailangang magrebolusyon, at kung tatanggapin o hindi ang katotohanang kailangang isulong ng mamamayang tumatahak na sa sosyalistang landas, na bumubuo sa sangkatlo ng populasyon ng daigdig, ang kanilang mga rebolusyon hanggang sawakas.

Isa nang mahigpit at napakahalagang tungkulin ng pandaigdigang kilusang komunista na puspusang ipagtanggol ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at ng Pahayag ng 1960.

Tanging sa mahigpit na pagtalima sa mga rebolusyonaryong mga turo ng Marxismo-Leninismo at sa pangkalahatang landas ng Rebolusyong Oktubre maaaring matamo ang wastong pag-unawa sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at Pahayag at ang wastong aktitud tungo sa mga ito.

2. Ano ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag? Maaaring lagumin ang mga ito sa sumusunod:

Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa; mga manggagawa ng daigdig, makipagkaisa sa aping mga mamamayan at aping mga bansa; labanan ang imperyalismo at reaksyon sa lahat ng bayan; pagsumikapan ang kapayapaan sa daigdig, pambansang pagpapalaya, demokrasyang bayan at sosyalismo; konsolidahin at palawakin ang sosyalistang kampo; dalhin pahakbang-hakbang ang proletaryong pandaigdigang rebolusyon tungo sa ganap na tagumpay; at itatag ang isang bagong daigdig na walang imperyalismo, walang kapitalismo, at walang pagsasamantala ng tao sa tao.

Ito, sa aming pananaw, ang pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista sa kasalukuyang yugto.

3. Nagsisimula ang pangkalahatang linyang ito sa aktwal na sitwasyon sa daigdig sa kabuuan at sa makauring pagsusuri sa pundamental na mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig, at nakatuon laban sa kontra-rebolusyonaryong estratehiyang pandaigdig ng imperyalismong US.

Ang pangkalahatang linyang ito ay linya ng pagbubuo ng malapad na nagkakaisang prente, kung saan ang sosyalistang kampo at ang pandaigdigang proletaryado ang bag-as, para labanan ang mga imperyalista at mga reaksyunaryo na pinamumunuan ng United States; isa itong linya sa mapangahas na pagpukaw sa masa, pagpapalawak sa rebolusyonaryong mga pwersa, paghimok sa panggitnang mga pwersa at paghiwalay sa mga reaksyunaryong pwersa.

Ang pangkalahatang linyang ito ay linya ng puspusang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ng lahat ng bayan at sa pagsusulong sa proletaryong pandaigdigang rebolusyon hanggang sa dulo; isa itong linya na pinakamabisang bumabaka sa imperyalismo at nagtatanggol sa kapayapaan sa daigdig.

Kung makaisang panig na ibababa ang pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista tungo sa “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kumpetisyon”, “mapayapang transisyon”, lalabagin ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at ng Pahayag ng 1960, isasaisantabi ang istorikong misyon ng proletaryong pandaigdigang rebolusyon, at lilihis sa rebolusyonaryong mga turo ng Marxismo-Leninismo.

Dapat salaminin ng pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista ang pangkalahatang batas ng pag-unlad ng kasaysayang pandaigdig. Nagdaraan ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng proletaryado at ng mamamayan sa iba’t ibang mga bayan sa iba’t ibang mga yugto at nagtataglay lahat sila ng kani-kanilang mga katangian, pero hindi sila nakalalampas sa pangkalahatang batas ng pag-unlad ng kasaysayang pandaigdig. Dapat ipakita ng pangkalahatang linya ang saligang direksyon para sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng proletaryado at mamamayan ng lahat ng bayan.

Habang binabalangkas ang partikular nitong linya at mga patakaran, napakahalaga para sa bawat Partido Komunista o Partido ng mga Manggagawa na tumalima sa prinsipyo ng paglalapat sa unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika ng rebolusyon at konstruksyon sa sarili nitong bayan.

4. Sa pagtatakda sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista, ang puntong pinagsisimulan ay ang kongkretong pagsusuri sa uri sa pulitika at ekonomya sa daigdig sa kabuuan at sa aktwal na mga kalagayan sa daigdig, o sa ibang salita, sa pundamental na mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig.

Kung iiwas sa kongkretong pagsusuri sa uri, kung basta-basta na lamang susunggan ang ilang superpisyal na mga pangyayari, at hahalaw ng suhetibo at walang batayang mga kongklusyon, hindi maaaring makarating sa wastong mga kongklusyon, kaugnay sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista kundi’y tiyak na dadausdos tungo sa isang landas na ganap na naiiba sa landas ng Marxismo-Leninismo.

Ano ang pundamental na mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig? Tuluy-tuloy na pinaninindigan ng mga Marxista-Leninista na ang mga ito ay:

- ang kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang kampo at imperyalistang kampo;
- ang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa mga bayang kapitalista;
- ang kontradiksyon sa pagitan ng aping mga bansa at imperyalismo; at
- ang kontradiksyon sa hanay ng mga bayang imperyalista at sa hanay ng monopolyong kapitalistang mga grupo.

Ang kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang kampo at imperyalistang kampo ay isang kontradiksyon sa pagitan ng dalawang sistemang panlipunang pundamental na magkaiba, ang sosyalismo at kapitalismo. Walang dudang napakatalas nito. Pero hindi dapat ituring ng Marxismo-Leninismo ang mga kontradiksyon sa daigdig na tanging binubuo lamang ng mga kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang kampo at imperyalistang kampo.

Nagbago na ang pandaigdigang balanse sa mga pwersa at lalong nagiging paborable sa sosyalismo at sa lahat ng aping mga mamamayan at mga bansa ng daigdig, at napakadi paborable para sa imperyalismo at mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan. Gayunpaman, patuloy na obhetibong umiiral ang mga kontradiksyong ihinanay sa itaas.

May interelasyon at nag-iimpluwensya sa isa't isa ang mga kontradiksyong ito at ang mga pakikibakang ibinubunga ng mga ito. Walang sinumang makabubura sa alinman sa pundamental na mga kontradiksyong ito o suhetibong ihalili ang isa para sa lahat ng iba pa.

Di maiiwasan na ang mga kontradiksyong ito'y magbibigay daan sa mga rebolusyong popular, na tanging makalulutas sa mga ito.

5. Dapat itakwil ang sumusunod na maling mga pananaw hinggil sa usapin sa pundamental na mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig:

- (a) ang pananaw na bumubura sa makauring nilalaman ng kontradiksyon sa pagitan ng sosyalista at imperyalistang mga kampo at hindi kumikilala na ang kontradiksyong ito ay kontradiksyon sa pagitan ng mga estado sa ilalim ng diktadura ng proletaryado at mga estado sa ilalim ng diktadura ng mga monopolyong kapitalista;
- (b) ang pananaw na kumikilala lamang sa kontradiksyon sa pagitan ng sosyalista at imperyalistang mga kampo, habang kinakaligtaan o minamaliit ang mga kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa kapitalistang daigdig, sa pagitan ng aping mga bayan at imperyalismo, sa hanay ng imperyalistang mga bayan at sa hanay ng monopolyong kapitalistang mga grupo, at ang mga pakikibakang pinalilitaw ng mga kontradiksyong ito.
- (k) ang pananaw na naggigiit kaugnay ng kapitalistang daigdig na ang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at ng burgesya ay malulutas nang walang proletaryong rebolusyon sa bawat bayan at ang kontradiksyon sa pagitan ng aping mga bansa at imperyalismo ay malulutas nang walang rebolusyon ng aping mga bansa;
- (d) ang pananaw na nagtatatwa na ang pag-unlad ng likas na mga kontradiksyon sa kontemporaryong kapitalistang daigdig ay di maiiwasang hahantong sa isang bagong sitwasyon kung saan nahaharap ang imperyalistang mga bayan sa matinding tunggalian at naggigiit na ang kontradiksyon sa hanay ng imperyalistang mga bayan ay mapagkakasundo, o mapapawi pa nga, sa pamamagitan ng “internasyunal na mga kasunduan sa hanay ng malalaking monopolyo”; at
- (e) ang pananaw na naggigiit na ang kontradiksyon sa pagitan ng dalawang sistema sa daigdig, ang sosyalismo at ang kapitalismo, ay awtomatikong maglalaho sa proseso ng “kumpetisyon sa ekonomya”, na awtomatikong maglalaho ang iba pang pundamental na mga kontradiksyon sa daigdig sa paglaho ng kontradiksyon sa pagitan ng dalawang sistema, at lilitaw ang isang “daigdig na walang mga digma”, isang bagong daigdig na may “lahatang-panig na kooperasyon”.

Malinaw na ang mga maling pananaw na ito'y tiyak na hahantong sa mali at mapaminsalang mga patakaran at sa gayo'y sa iba't ibang tipo ng mga pagkatalo at pagkabigo sa adhikain ng mamamayan at ng sosyalismo.

6. Pundamental na nagbago ang balanse ng mga pwersa sa pagitan ng imperyalismo at sosyalismo magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang pangunahing indikasyon ng pagbabagong ito ay mayroon na sa daigdig, hindi lamang ng isang sosyalistang bayan, kundi ilang mga bayang sosyalista na bumubuo sa makapangyarihang sosyalistang kampo, at bumibilang na ang mga mamamayang tumatahak sa sosyalistang landas, hindi ng dalawandaang milyon, kundi sanlibong milyon, o sangkatlo ng populasyon ng daigdig.

Ang sosyalistang kampo ay bunga ng mga pakikibaka ng pandaigdigang proletaryado at anakpawis. Ito ay sa pandaigdigang proletaryado at anakpawis, gayundin sa mamamayan ng mga bayang sosyalista.

Ang pangunahing mga hinihinging komun ng mamamayan ng mga bayan sa sosyalistang kampo at ng pandaigdigang proletaryado at anakpawis, ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa sa sosyalistang kampo ay dapat:

- tumalima sa Marxista-Leninistang linya at magtaguyod ng wastong Marxista-Leninistang mga patakarang panloob at panlabas;
- konsolidahin ang diktadura ng proletaryado at alyansang manggagawa at magsasaka na pinamumunuan ng proletaryado at isulong ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa wakas sa larangan ng ekonomya, pulitika at ideolohiya;
- itaguyod ang inisyatiba at pagkamapanlikha ng malawak na masa, ipatupad ang sosyalistang konstruksyon sa planadong paraan, paunlarin ang produksyon, pahasayin ang kabuhayan ng mamamayan at patatagin ang pambansang pagtatanggol;
- patatagin ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo sa batayan ng Marxismo-Leninismo, at suportahan ang ibang mga bayang sosyalista sa batayan ng proletaryong internasyunalismo;
- labanan ang mga imperyalistang patakarang agresyon at digma, at ipagtanggol ang kapayapaan sa daigdig;
- labanan ang anti-Komunista, anti-popular at kontra-rebolusyonaryong mga patakaran ng mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan; at
- tulungan ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng aping mga uri at mga bansa sa daigdig.

Pananagutan ng lahat ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa sa sosyalistang kampo sa kani-kanilang mamamayan at sa pandaigdigang proletaryado at anakpawis na tupdin ang mga hinihinging ito.

Sa pamamagitan ng pagtupad sa mga hinihiging ito, makapagbibigay ang sosyalistang kampo ng mapagpasyang impluwensya sa landas ng kasaysayan ng tao.

Dahil mismo dito, tuluy-tuloy na tinatangka ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo na impluwensyahan ang mga patakarang panloob at panlabas ng mga bayan sa sosyalistang kampo, pahinain ang kampo at wasakin ang pagkakaisa ng mga bayang sosyalista, at partikular ang pagkakaisa ng Tsina at Unyong Sobyet. Tuluy-tuloy na tinatangka nilang impiltrahin at wasakin ang mga bayang sosyalista at nagdadala ng labis na pag-asang wasakin ang sosyalistang kampo.

Isang napakahalagang usapin sa prinsipyong kinakaharap ng lahat ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa ang usapin kung ano ang wastong akitud tungo sa sosyalistang kampo.

Sa ilalim ng bagong istorikong kalagayan ngayon, isinasagawa ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ang tungkulin sa proletaryong internasyunalistang pagkakaisa at tunggalian. Sa panahong iisa lamang ang umiiral na sosyalistang bayan at nahaharap pa ang bayang ito sa hostilidad at pinipinsala ng lahat ng imperyalista at reaksyunaryo dahil matatag nitong itinataguyod ang wastong Marxista-Leninistang linya at mga patakaran, ang sukatan ng proletaryong internasyunalismo para sa bawat Partido Komunista ay kung puspusan nitong ipinagtanggol o hindi ang tanging sosyalistang bayang ito. Sa ngayon, mayroong sosyalistang kampong binubuo ng labintatlong bayan— Albanya, Bulgaria, Tsina, Cuba, Czechoslovakia, Demokratikong Republika ng Germany, Hungary, Demokratikong Republikang Bayan ng Korea, Mongolia, Poland, Rumania, Unyong Sobyet at Demokratikong Republika ng Byetnam. Sa mga kalagayang ito, ang sukatan ng proletaryong internasyunalismo para sa bawat Partido Komunista ay kung puspusan nitong ipinagtanggol o hindi ang buong sosyalistang kampo, kung ipinagtanggol nito o hindi ang pagkakaisa ng lahat ng bayan sa kampo sa batayan ng Marxismo-Leninismo at kung ipinagtanggol nito o hindi ang Marxista-Leninistang linya at mga patakaran na dapat itaguyod ng sosyalistang mga bayan.

Kung, sa pagsunod sa mga bakas ng iba, may sinumang nagtatanggol sa maling oportunistang linya at mga patakaran itinataguyod ng isang sosyalistang bayan sa halip na itaguyod ang wastong Marxista-Leninistang linya at mga patakaran na dapat itaguyod ng sosyalistang mga bayan, nagtatanggol sa patakaran ng isplit sa halip na itaguyod ang patakaran pagkakaisa, lumilihis siya sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

7. Sinamantala ng mga imperyalistang US ang sitwasyon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at humalili sa mga pasistang Aleman, Italyan at Hapon, at nagtatangkang magtayo ng napakalaking emperyo sa daigdig na wala pang kapantay. Ang estratehikong mga layunin ng imperyalismong US ay sunggaban at dominahin ang intermedyang sona sa pagitan ng United States at sosyalistang kampo, sugpuin ang mga rebolusyon ng aping mga mamamayan at bansa, tumuloy sa pagwasak sa mga bayang sosyalista, at sa gayo'y ipailalim ang lahat ng mga mamamayan at mga bayan ng daigdig, kabilang ang mga alyado nito, sa dominasyon at pang-aalipin ng monopolyong kapital US.

Magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagpopropaganda ang mga imperyalistang US para sa isang digma laban sa Unyong Sobyet at sa sosyalistang kampo. May dalawang aspeto ang propagandang ito. Habang aktwal na naghahanda para sa gayong digma ang mga imperyalistang US, ginagamit rin nila ang propagandang ito bilang kublihan para sa kanilang pang-aapi sa mamamayang Amerikano at para sa pagpapasaklaw ng kanilang agresyon laban sa iba pang bahagi ng kapitalistang daigdig. Ipinapakita ng Pahayag ng 1960:

“Ang imperyalismong US na ang pinakamalaking mapagsamantala sa daigdig.”

“Ang United States ang sandigan ng kolonyalismo ngayon.”

“Ang imperyalismong US ang pangunahing pwersa sa agresyon at digma.”

Nakapagbibigay ng maraming bagong patunay ang mga pangyayari sa daigdig sa nakaraang mga taon sa katotohanang ang imperyalismong US ang pangunahing balwarte ng reaksyon sa daigdig at siyang pandaigdigang pulis, na ito'y naging kaaway ng mga mamamayan ng buong daigdig.

Ipinipilit ng imperyalismong US ang kanyang mga patakarang agresyon at digma sa lahat ng dako ng daigdig, pero ang tiyak na kalalabasan ay ang kabaligtaran ng nilalayo — pabibilisin lamang nito ang pagbangon ng mamamayan sa lahat ng bayan at pabibilisin ang kanilang mga rebolusyon.

Sa gayon, inilagay ng gubyernong US ang sarili kasalungat ng mamamayan ng buong daigdig at nakukubkob nila. Dapat at kakayaning pagkaisahin ng internasyunal na proletaryado ang lahat ng pwersang mapagkakaisa, gamitin ang internal na mga kontradiksyon sa kampo ng kaaway, at itatag ang pinakamalapad na nagkakaisang prente laban sa mga imperyalistang US at mga alipures nito.

Ang makatotohanan at wastong landas ay ipagkatiwala ang kinabukasan ng mamamayan at ng sangkatauhan sa pagkakaisa at pakikibaka ng pandaigdigang proletaryado at sa pagkakaisa at pakikibaka ng mga mamamayan sa lahat ng bayan.

Kabaligtaran nito, ang hindi pag-iiba ng mga kaaway sa mga kaibiganat sarili natin, at ang ipagkatiwala ang kinabukasan ng mamamayan at ng sangkatauhan sa kolaborasyon sa imperyalismong US ay pagliligaw sa mamamayan. Pinasabog ang ilusyong ito ng mga pangyayari sa nakaraang ilang mga taon.

8. Nakakonsentra ang iba't ibang tipo ng mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig sa malawak na erya ng Asya, Aprika, at Amerika Latina; ito ang pinakabulnerableng mga erya sa ilalim ng paghaharing imperyalista at mga sentro sa sigwa ng pandaigdigang rebolusyon na nagbibigay ng tuwirang mga hambalos sa imperyalismo.

Ang pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan sa mga eryang ito at ang pandaigdigang rebolusyonaryong kilusang sosyalista ang dalawang dakilang istorikong agos ng ating kapanahunan.

Pinupukpok at pinapanghihina ng mga anti-imperyalistang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina ang mga pundasyon ng imperyalismo at kolonyalismo, luma at bago, at ngayo'y isang makapangyarihang pwersa sa pagtatanggol sa kapayapaan sa daigdig.

Samakatuwid, sa isang pakahulugan, ang buong landas ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon ay nakasalalay sa kalalabasan ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa mga eryang ito, na bumubuo sa napakalaking mayorya ng populasyon ng daigdig.

Samakatuwid, tiyakang hindi simpleng usapin na may panrehiyong kabuluhan ang anti-imperyalistang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina, kundi isang usapin na may pangkalahatang kahalagahan para sa buong adhikain ng proletaryong pandaigdigang rebolusyon.

Umaabot ang ilang mga tao sa ngayon hanggang sa pagtatatwa sa dakilang pandaigdigang kabuluhan ng mga pakikibakang anti-imperyalista ng mga mamamayang Asyano, Aprikano, at Amerikanong Latino at, sa pagkukunwang pagwasak sa mga sagka ng nasyunalidad, kulay at lokasyong heograpikal, ginagawa ang lahat para burahin ang linya ng pagkakaiba sa pagitan ng api at nang-aaping mga bansa at sa pagitan ng api at nang-aaping mga bayan at pigilin ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayan sa mga lugar na ito. Sa katunayan, nagsisilbi sila sa mga pangangailangan ng imperyalismo at lumikha ng isang bagong “teorya” para ipagmatwid ang paghahari ng imperyalismo sa mga eryang ito at itaguyod ang kanyang mga patakarang bago at lumang kolonyalismo. Katunayan, ang tinatangka ng “teoryang” ito ay hindi ang wasakin ang mga sagka ng nasyunalidad, kulay at lokasyong heograpikal kundi ang panatilihin ang paghahari ng “superyor na mga bayan” sa aping mga bansa. Natural lamang na ang mapanlinlang na “teoryang” ito ay tanggihan ng mga mamamayan sa mga eryang ito.

Dapat tunay na isabuhay ng uring manggagawa sa bawat sosyalistang bayan at sa bawat kapitalisang bayan ang palabang mga islogang “Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!” at “Mga manggagawa at aping mga bansa ng daigdig, magkaisa!”; dapat pag-aralan nito ang rebolusyonaryong karanasan ng mga mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina, matatag na sumuporta sa kanilang rebolusyonaryong mga aksyon at ituring ang adhikain ng kanilang pagpapalaya bilang isang pinakamasasaligang suporta para sa sarili at bilang tuwirang naayon sa sariling mga interes. Ito ang tanging mabisang paraan para wasakin ang mga sagka ng nasyunalidad, kulay at lokasyong heograpikal at ito lamang ang tanging tunay na proletaryong internasyunalismo.

Imposible para sa uring manggagawa sa mga kapitalistang bayang Europeo at Amerikano na palayain ang sarili kung hindi ito makikipagkaisa sa aping mga bansa at kung hindi mapapalaya ang mga bansang ito. Matwid na sinabi ni Lenin:

Sa aktwal, magiging ganap na panloloko ang rebolusyonaryong kilusan sa mauunlad na mga bayan, kung, sa kanilang pakikibaka laban sa kapital, ang mga manggagawa ng Europa at Amerika ay hindi mahigpit at ganap na nakikipagkaisa sa daan-daang milyong mga aliping “kolonyal” na inaapi ng kapital.¹

May pasibo, o namumuhi, o kaya’y negatibong aktitud ang ilang mga tao sa pandaigdigang kilusang komunista sa mga pakikibaka ng aping mga bansa para sa pagpapalaya. Sa katunayan, ipinagtatanggol nila ang mga interes ng monopolyo-kapital, pinagtataksilan ang mga interes ng proletaryado at nabubulok bilang mga sosyal-demokrata.

Isang mahalagang pamantayan ang aktitud tungo sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa mga bayang Asyano, Aprikano at Amerika Latina para sa pag-iiba sa mga naghahangad ng rebolusyon sa mga hindi na, at sa tunay na mga nagtatanggol sa kapayapaan sa daigdig sa mga tumutulong sa mga pwersa ng agresyon at digma.

9. Nahaharap ang aping mga bansa at mga mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina sa mahigpit na tungkuling paglaban sa imperyalismo at mga alipures nito.

¹ V. I. Lenin, “Ang Ikalawang Kongreso ng Komunistang Internasyunal”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, Foreign Languages Publishing House, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, pp. 472-73.

Ipinagkatiwala ng kasaysayan sa mga proletaryong partido sa mga eryang ito ang dakilang misyon ng pagwawagayway ng bandila ng pakikibaka laban sa imperyalismo, laban sa luma at bagong kolonyalismo at para sa pambansang kasarinlan at demokrasyang bayan, ng pagtindig sa unahan ng pambansa demokratikong rebolusyonaryong kilusan at sa pagsisikap para sa sosyalistang kinabukasan.

Sa mga eryang ito, tumatanggi ang labis na malalapad na mga seksyon ng populasyon na maging mga alipin ng imperyalismo. Kabilang dito hindi lamang ang mga manggagawa, mga magsasaka, mga intelektwal at petiburgesya, kundi maging ang patriyotikong pambansang burgesya at pati na mga hari, prinsipe at aristokrata na patriyotiko.

Dapat magtiwala ang proletaryado at partido nito sa lakas ng masa at, higit sa lahat, makipagkaisa sa mga magsasaka, at magtatag ng solidong alyansa ng manggagawa at magsasaka. May pangunahing kahalagahan para sa abanteng mga myembro ng proletaryado na kumilos sa kanayunan, tulungan ang mga magsasaka na organisahin ang sarili, at itaas ang kanilang makauring kamulatan at ang kanilang pambansang paggalang –sa sarili at tiwala sa sarili.

Batay sa alyansa ng manggagawa at magsasaka, dapat pagkaisahin ng proletaryado at partido nito ang lahat ng saray na maaaring pagkaisahin, at organisahin ang isang malapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo at mga alipures nito. Upang konsolidahin at palawakin ang nagkakaisang prenteng ito, kailangang panatilihin ng proletaryong partido ang kasarinlan nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at igiit ang pamumuno sa rebolusyon.

Dapat matutong magpakadalubhasa ang proletaryong partido at rebolusyonaryong mamamayan sa lahat ng anyo ng pakikibaka, kabilang ang armadong pakikibaka. Dapat gapiin nila ang kontra-rebolusyonaryong armadong pwersa sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pwersa kailanman gamitin ng imperyalismo at mga alipures nito ang armadong panunupil.

Patuloy na nahaharap ang patriyotikong mga bayan na kamakaila'y naipagtagumpay ang kasarinlan sa pulitika sa mabibigat na tungkulin ng pagkokonsolida nito, pagpawi sa mga pwersa ng imperyalismo at panloob na reaksiyon, pagpapatupad sa repormang agraryo at iba pang panlipunang mga reporma at pagpapaunlad sa kanilang pambansang ekonomya at kultura. May praktikal at napakahalagang importansya para sa mga bayang ito na magmatyag at makibaka laban sa mga patakarang neokolonyalista na ginagamit ng mga lumang kolonyalista para panatilihin ang kanilang mga interes, at laluna laban sa neokolonyalismo ng imperyalismong US.

Sa ilan sa mga bayang ito, patuloy na tumitindig ang patriyotikong pambansang burgesya kasama ng masa sa pakikibaka laban sa imperyalismo at kolonyalismo at nagpapasimula ng ilang mga hakbangin sa panlipunang kaunlaran. Inoobliga nito ang proletaryong partido na gumawa ng isang ganap na pagtatasa sa progresibong papel ng patriyotikong pambansang burgesya at patatagin ang pakikipagkaisa sa kanila.

Habang tumatalas ang panloob na mga kontradiksyong panlipunan at ang pandaigdigang tunggalian ng mga uri, may tendensya ang burgesya, at laluna ang malaking burgesya, sa ilang bagong nagsasariling mga bayan na maging mga alagad ng imperyalismo at magtaguyod ng anti-popular, anti-Komunista at kontra-rebolusyonaryong mga patakarang. Kailangang matatag na labanan ng proletaryong partido ang mga reaksiyunaryong patakarang ito.

Sa pangkalahatan, may dalawahang katangian ang burgesya sa mga bayang ito. Kung magbubuo ng nagkakaisang prente sa burgesya, dapat ang patakaran ng proletaryong partido ay patakaran kapwa ng pagkakaisa at tunggalian. Ang patakaran ay dapat makipagkaisa sa burgesya, hanggang sa antas na may tendensya silang maging progresibo, anti-imperyalista at antipyudal, pero makibaka laban sa kanilang reaksyunaryong mga tendensya na makipagkompromiso at makipagkolaboreyt sa imperyalismo at mga pwersa ng pyudalismo.

Sa pambansang usapin, ang pananaw sa daigdig ng proletaryong partido ay internasyunalismo, at hindi nasyunalismo. Sa rebolusyonaryong pakikibaka, sumusuporta ito sa progresibong nasyunalismo at nakikibaka laban sa reaksyunaryong nasyunalismo. Dapat lagi itong gumuguhit ng malinaw na linya ng pagkakaiba sa pagitan ng sarili at ng burges nasyunalismo, kung saan hindi ito magpapabihag kailanman.

Sinasabi ng Pahayag ng 1960:

Inilalantad ng mga Komunista ang mga pagtatangka ng reaksyunaryong seksyon ng burgesya na palabasin ang makasarili at makitid na mga interes sa uri nito ay mga interes ng buong bansa; inilalantad nila ang demagohikong paggamit ng mga politikong burges sa mga islogang sosyalista para sa katulad na layunin...

Kung bubuntot ang proletaryado sa mga panginoong maylupa at burgesya sa rebolusyon, hindi maaari ang tunay o puspulang tagumpay sa pambansa-demokratikong rebolusyon, at kahit na makamit ang isang tipo ng tagumpay, magiging imposibleng konsolidahin ito.

Sa proseso ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga bansa at mga mamamayan, dapat magharap ang proletaryong partido ng sarili nitong programa na puspulang laban sa imperyalismo at panloob na reaksyon at para sa pambansang kasarinlan at demokrasyang bayan, at dapat nagsasarili itong kumilos sa hanay ng masa, laging palawakin ang progresibong mga pwersa, himukin ang panggitnang mga pwersa at ihiwalay ang reaksyunaryong mga pwersa; sa gayon lamang nito maisusulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa wakas at magagabayan ang pambansa-demokratikong rebolusyon patuloy sa landas ng sosyalismo.

10. Sa mga bayang imperyalista at kapitalista, esensyal ang proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado para sa puspulang resolusyon ng mga kontradiksyon ng lipunang kapitalista.

Sa pagsisikap na maipatupad ang tungkuling ito, anuman ang mangyari, dapat aktibong pamunuan ng proletaryong partido ang uring manggagawa at anakpawis sa pakikibaka para labanan ang monopolyong kapital, ipagtanggol ang demokratikong mga karapatan, labanan ang banta ng pasismo, pahasayin ang mga kalagayan sa pamumuhay, ipagtanggol ang kapayapaan sa daigdig at aktibong sumuporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga bansa.

Sa kapitalistang mga bayan na nasa kontrol o tinatangkang kontrolin ng imperyalismong US, dapat ituon ng uring manggagawa at ng mamamayan ang kanilang mga atake pangunahin laban sa imperyalismong US, gayundin laban sa sarili nilang mga monopolyong kapitalista at ibang reaksyunaryong mga pwersa na nagtataksil sa pambansang mga interes.

Ipinakita ng malawakang pakikibakang masa sa mga bayang kapitalista sa nakaraang mga taon na muling nagbabangon ang uring manggagawa at anakpawis. Nagbukas ng maniningning na prospek para sa rebolusyonaryong adhikain sa kanilang sariling mga bayan ang mga pakikibaka nila, na humahambalos sa monopolyong kapital at reaksyon, at gayundin ay isang makapangyarihang suporta para sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayang Asyano, Aprikano at Amerikanong Latino at para sa mga bayan ng sosyalistang kampo.

Dapat panatilihin ng proletaryong mga partido sa mga bayang imperyalista o kapitalista ang sarili nilang kasarinlan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa pamumuno sa rebolusyonaryong mga pakikibaka. Kasabay nito, dapat pagkaisahin nila lahat ng pwersa na mapagkakaisa at buuin ang malapad na nagkakaisang prente laban sa monopolyong kapital at laban sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma.

Habang aktibong pinumunuan ang kagyat na mga pakikibaka, dapat iugnay ang mga ito ng mga Komunista sa mga bayang kapitalista sa pakikibaka para sa matagalan at pangkalahatang mga interes, edukahin ang masa sa isang Marxista-Leninistang rebolusyonaryong diwa, walang patid na iangat ang kanilang pampulitikang kamulatan at isagawa ang istorikong tungkulin ng proletaryong rebolusyon. Kung hindi nila ito gagawin, kung ituturing nila bilang lahat-lahat ang kagyat na kilusan, itatakda ang kanilang kondukta kaso-por-kaso, iaangkop ang sarili sa pang-araw-araw na mga pangyayari at isasakripisyo ang batayang mga interes ng proletaryado, iyon ay tahasang sosyal-demokrasya.

Isang burges na tunguhin sa ideolohiya ang sosyal-demokrasya. Matagal nang ipinakita ni Lenin na ang sosyal-demokratikong mga partido ay mga pampulitikang destakamento ng burgesya, mga ahente nito sa kilusan ng uring manggagawa, at pangunahing panlipunang suhay nito. Dapat gumuhit ng malinaw na linya ng pagkakaiba ang mga Komunista sa pagitan natin at ng mga partidong sosyal-demokratiko sa batayang usapin ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado at pawiin ang impluwensya sa ideolohiya ng sosyal-demokrasya sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa at sa hanay ng anakpawis. Nang wala ni anino ng duda, dapat himukin ng mga Komunista ang masa sa impluwensya ng mga partidong sosyal-demokratiko at dapat himukin iyong kaliwa at panggitnang mga elemento sa mga partidong sosyal-demokratiko na nakahandang lumaban sa panloob na monopolyong kapital at sa dominasyon ng dayuhang imperyalismo, at dapat makipagkaisa sa kanila sa masaklaw na sama-samang pagkilos sa pang-araw-araw na pakikibaka ng kilusan ng uring manggagawa at sa pakikibaka sa pagtatanggol sa kapayapaan sa daigdig.

Upang mapamunuan ang proletaryado at anakpawis sa rebolusyon, dapat magpakadalubhasa ang Marxista-Leninistang mga Partido sa lahat ng anyo ng mga pakikibaka at matutong ipalit ang isang anyo sa isa pa nang kasimbilis ng pagbabago ng mga kondisyon sa pakikibaka. Mananatiling di magagapi ang taliba ng proletaryado sa lahat ng pagkakataon kung magpapakahusay lamang ito sa lahat ng anyo ng pakikibaka — mapayapa at armado, hayag at lihim, ligal at iligal, parlamentaryong pakikibaka at pangmasang pakikibaka, atbp. Maling tumanggi sa paggamit sa parlamentaryo at iba pang ligal na anyo ng pakikibaka kailanman maaari at dapat gamitin ang mga ito. Gayunman, kung mabibitag ang isang Marxista-Leninistang Partido sa ligalismo o parlamentaryong kretinismo o pagkakabansot, at ililimita ang pakikibaka sa loob ng balangkas na pinahihintulutan ng burgesya, di maiiwasang hahantong ito sa pagtatakwil sa proletaryong rebolusyon at sa diktadura ng proletaryado.

11. Kaugnay ng usapin sa transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, dapat magsimula ang proletaryong partido mula sa paninindigan ng tunggalian ng mga uri at rebolusyon at ibatay ang sarili sa Marxista-Leninistang mga turo kaugnay ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado.

Laging minamabuti ng mga Komunista na matamo ang transisyon tungo sa sosyalismo sa pamamagitan ng mapayapang paraan. Pero maaari bang gawin ang mapayapang transisyon bilang isang bagong estratehikong prinsipyong pandaigdig para sa pandaigdigang kilusang komunista? Hinding-hindi.

Tuluy-tuloy na pinaninindigan ng Marxismo-Leninismo na ang pundamental na usapin sa lahat ng rebolusyon ay ang usapin ng kapangyarihang pang-estado. Malinaw na ipinupunto kapwa ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960, “Itinuturo ng Leninismo, at kinukumpirma ng karanasan, na hindi kailanman boluntaryong bibitiwan ng naghaharing mga uri ang kapangyarihan.” Hindi bumabagsak ang lumang gubyerno kahit na sa panahon ng krisis, kung hindi ito itutulak. Isa itong unibersal na batas ng tunggalian ng mga uri.

Sa ilang partikular na istorikong kalagayan, ihinarap nga nina Marx at Lenin ang posibilidad na maaaring umunlad nang mapayapa ang rebolusyon. Ngunit, gaya ng ipinakita ni Lenin, ang mapayapang pag-unlad ng rebolusyon ay isang oportunidad “na napakadalang na matatagpuan sa kasaysayan ng rebolusyon.”

Sa katunayan, hindi pa nangyayari sa kasaysayan ang mapayapang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo.

May ilang taong nagsasabi na walapang gayong nangyayari nang sabihin ni Marx na di maiiwasang hahalinhan ng sosyalismo ang kapitalismo. Kung gayon, bakit hindi natin pwedeng tukuyin ang mapayapang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo sa kabila nang wala pang gayong nangyayari?

Katawa-tawa ang paghahalintulad na ito. Ginagamit ang dialektiko at istorikong materyalismo, sinuri ni Marx ang mga kontradiksyon ng kapitalismo, natuklasan ang obhetibong mga batas ng pag-unlad ng lipunang pantao at nakarating sa siyentipikong kongklusyon, habang ang mga propeta naman na nagsasalalay ng lahat ng kanilang pag-asa sa “mapayapang transisyon” ay nagsisimula sa istorikong idealismo, binabale-wala ang pinakapundamental na mga kontradiksyon ng kapitalismo, itinatakwil ang Marxista-Leninistang mga turo hinggil sa tunggalian ng mga uri, at nakarating sa isang suhetibo at walang bayatang kongklusyon. Paanong makakakuha ng anumang tulong mula kay Marx ang mga nagtatakwil sa Marxismo?

Malinaw sa lahat na pinatatag ng mga bayang kapitalista ang kanilang makinarya sa estado at laluna ang kanilang aparatong militar — at ang pangunahing layunin nito ay para supilin ang mamamayan sa kani-kanilang mga bayan.

Hindi kailanman dapat ibatay ng proletaryong partido ang pag-iisip nito, ang mga patakaran nito para sa rebolusyon at ang buong gawain nito sa palagay na tatanggapin ng mga imperyalista at reaksyunaryo ang mapayapang transpormasyon.

Dapat ihanda ng proletaryong partido ang sarili para sa dalawang posibleng mangyari — habang naghahanda sa mapayapang pag-unlad ng rebolusyon, dapat ganap na maghanda rin ito sa di mapayapang pag-unlad. Dapat magkonsentra ito sa puspulang gawain sa pagtitipon ng rebolusyonaryong lakas, nang sa gayon magiging handa ito sa pag-agaw sa tagumpay kung hinog ang mga kondisyon para sa rebolusyon o magbigay ng makapangyarihang mga hambalos sa mga imperyalista at reaksyunaryo kung maglulunsad sila ng sorpresang mga atake at armadong mga salakay.

Kung hindi ito makagagawa ng gayong paghahanda, paparalisahin ng proletaryong partido ang rebolusyonaryong kapasyahan ng proletaryado, didisarmahan ang sarili sa ideolohiya, at dadausdos sa isang ganap na pasibong katayuan ng kawalang-kahandaan kapwa sa pulitika at sa organisasyon, at ang resulta ay ang paglilibing sa proletaryong rebolusyonaryong adhikain.

12. Lahat ng rebolusyon sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng sangkatauhan ay di maiiwasang pangyayaring pangkasaysayan at nasasaklaw ng obhetibong mga batas na independyente sa kapasyahan ng tao. Gayundin, ipinapakita ng kasaysayan na hindi kailanman nagkaroon ng rebolusyon na nakatamo ng tagumpay nang walang mga paliku-liko at mga sakripisyo.

Ang tungkulin ng proletaryong partido, sa pamamagitan ng Marxista-Leninistang teorya bilang batayan, ay suriin ang kongkretong istorikong kalagayan, iharap ang wastong estratehiya at mga taktika, at gabayan ang masa sa pag-iwas sa natatagong mga bahura, pag-iwas sa di kinakailangang mga sakripisyo at pagtamo sa layunin nang hakbang-hakbang. Maaari bang ganap na maiwasan ang mga sakripisyo? Hindi gayon ang nangyari sa mga rebolusyong alipin, mga rebolusyong timawa, mga rebolusyong burges, o mga rebolusyong pambansa; hindi rin ito ang kaso sa mga proletaryong rebolusyon. Kahit na wasto ang gumagabay na linya ng rebolusyon, imposibleng makamit ang tiyak na garantiya laban sa mga pagkabigo at sakripisyo sa proseso ng rebolusyon. Hangga't tumatalima sa wastong linya, tiyak na magwawagi sa wakas ang rebolusyon. Ang pagtalikod sa rebolusyon sa pagkukunwang pag-iwas sa mga sakripisyo sa katunayan ay paghingi na manatiling alipin ang mamamayan magpakailanman at magtiis sa walang-hanggang pasakit at sakripisyo.

Sinasabi sa atin ng elementaryong kaalaman sa Marxismo-Leninismo na ang kirot sa pagluluwal ng isang rebolusyon ay malayong hindi kasinsakit ng matinding tuluy-tuloy na paghihirap sa lumang lipunan. Matwid na sinabi ni Lenin na “kahit na sa pinakamapayapang takbo ng mga pangyayari, lagi at di maiiwasang nagpapataw ng di mabilang na sakripisyo mula sa uring manggagawa ang kasalukuyang [kapitalistang] sistema”².

Sinumang nagtuturing na makapagrerebolusyon lamang kung maganda ang takbo ng mga bagay, kung may paunang garantiya lamang laban sa mga sakripisyo at kabiguan ay tiyak na tiyak na hindi isang rebolusyonaryo.

Gaanuman kahirap ang kalagayan, at anumang mga sakripisyo at kabiguan ang danasin ng rebolusyon, dapat edukahin ang masa ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa diwa ng rebolusyon, itaas ang bandila ng rebolusyon at huwag talikdan ito.

² V. I. Lenin, “Isa Pang Masaker”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1961, Vol. V, p. 25.

“Kaliwang” adbenturismo kung padalus-dalos na maglulunsad ang proletaryong partido ng rebolusyon bago mahinog ang obhetibong mga kalagayan. Kanang oportunismo naman kung hindi mangangahas ang proletaryong partido na pamunuan ang rebolusyon at agawin ang kapangyarihang pang-estado kapag hinog ang obhetibong mga kalagayan.

Kahit na sa karaniwang mga panahon, na pinamumunuan nito ang masa sa pang-araw-araw na pakikibaka, dapat ihanda ng proletaryong partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang sarili nitong hanay at ang masa para sa rebolusyon at magtaguyod ng rebolusyonaryong mga pakikibaka, nang sa gayon ay hindi nito mapapakawalan ang oportunidad na ibagsak ang reaksyunaryong rehimen at itatag ang isang bagong kapangyarihang pang-estado kung hinog na ang mga kalagayan para sa rebolusyon. Kung hindi, kapag hinog na ang obhetibong mga kalagayan, maitatapon lamang ng proletaryong partido ang oportunidad para sa pagkakamit ng tagumpay.

Dapat maging pleksible ang proletaryong partido, gayundin napakaprinsipyado, at sa ilang pagkakataon, dapat gumawa ito ng mga kompromisong kinakailangan sa kapakanan ng rebolusyon. Pero kailanma’y hindi nito dapat talikdan ang mga patakaran at layunin ng rebolusyon sa pagdadahilan ng pleksibilidad at kinakailangang kompromiso.

Dapat pamunuan ng proletaryong partido ang masa sa paglulunsad ng mga pakikibaka laban sa mga kaaway, at dapat batid nito kung paano gamitin ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga kaaway na ito. Pero ang layunin sa paggamit sa mga kontradiksyong ito ay para padulasin ang pagkakamit sa layunin ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan at hindi ang pawiin ang mga pakikibakang ito.

Pinatunayan ng di mabilang na mga pangyayari na, saanman umiiral ang madilim na paghahari ng imperyalismo at reaksyon, sa malao’t madali’y magbabangon sa rebolusyon ang mamamayan na bumubuo sa higit sa 90 porsyento ng populasyon.

Kung ihihiwalay ng mga Komunista ang sarili sa mga rebolusyonaryong hinihingi ng masa, tiyak na mawawala sa kanila ang tiwala ng masa at maitatapon sila sa likuran ng rebolusyonaryong agos.

Kung pagtitibayin ng namumunong grupo sa anumang Partido ang isang di rebolusyonaryong linya at gawin itong isang repormistang partido, papalitan sila ng mga Marxista-Leninista sa loob at labas ng Partido at pamumunuan ng mga ito ang mamamayan sa pagrerebolusyon. Sa iba pang sitwasyon, lilitaw ang burges na mga rebolusyonaryo para pamunuan ang rebolusyon, at mawawala sa partido ng proletaryado ang pamumuno nito sa rebolusyon. Kung pagtataksilan ng reaksyunaryong burgesya ang rebolusyon at susupilin ang mamamayan, magdudulot ng nakapanlulumo at di kinakailangang mga pagkatalo sa mga Komunista at rebolusyonaryong masa ang isang oportunistang linya.

Kung dadausdos ang mga Komunista sa landas ng oportunismo, mabubulok sila bilang burges na mga nasyunalista at magiging mga galamay ng mga imperyalista at reaksyunaryong burgesya.

May ilang taong naggigiit na nakagawa sila ng pinakamalaking mapanlikhang mga kontribusyon sa rebolusyonaryong teorya magmula kay Lenin at sila lamang ang wasto. Pero labis na kaduda-duda kung tunay ngang isinaalang-alang nila ang masaklaw na karanasan ng buong pandaigdigang kilusang komunista, kung tunay ngang isinaalang-alang ang mga interes, mga layunin at mga tungkulin ng pandaigdigang proletaryong kilusan sa kabuuan, at kung tunay ngang may pangkalahatang linya sila para sa pandaigdigang kilusang komunista na naaayon sa Marxismo-Leninismo.

Sa nakaraang ilang mga taon, maraming karanasan at maraming mga aral ang nakuha ng pandaigdigang kilusang komunista at kilusan sa pambansang pagpapalaya. May mga karanasan na dapat purihin ng mamamayan, at may mga karanasang dapat ikalungkot ng mamamayan. Dapat pag-isipan at masusing pag-aralan ng mga Komunista at mga rebolusyonaryo sa lahat ng bayan ang mga karanasang ito sa tagumpay at kabiguan, nang sa gayon ay makahalaw ng wastong mga kongklusyon at kapaki-pakinabang na mga aral mula sa mga ito.

13. Sumusuporta at tumutulong sa isa't isa ang mga bayang sosyalista at mga rebolusyonaryong pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa.

Malakas na suporta sa mga bayang sosyalista ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya ng Asya, Aprika at Amerika Latina at ang mga kilusang rebolusyonaryo ng mamamayan sa mga bayang kapitalista. Maling-mali na itatwa ito.

Ang tanging aktitud tungo sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa para sa sosyalistang mga bayan ay isang aktitud ng mainit na simpatiya at aktibong suporta; hindi dapat mekanikal ang kanilang aktitud o kaya'y aktitud ng pambansang pagkamakasarihan o ng sobinismong malaking-kapangyarihan.

Sabi ni Lenin, “Ang patakarang panlabas ng proletaryado ay alyansa sa mga rebolusyonaryo ng mauunlad na bayan at sa lahat ng aping mga bansa laban sa lahat at alinmang mga imperyalista.”³ Sinumang hindi makauunawa sa puntong ito at nagtuturing na ang suporta at tulong na ibinibigay ng sosyalistang mga bayan sa aping mga mamamayan at mga bansa ay isang pasanin o kawanggawa ay sumasalungat sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Gumaganap ng huwarang papel ang superyoridad ng sosyalistang sistema at ang mga tagumpay ng sosyalistang mga bayan sa konstruksyon, at nagsisilbing mga inspirasyon sa aping mga mamamayan at aping mga bansa.

Pero kailanma'y hindi mahahalinhin ng huwarang papel at inspirasyong ito ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa. Hindi maipagwawagi ng anumang aping mamamayan o bansa ang pagpapalaya liban sa pamamagitan ng sarili nitong matatag na rebolusyonaryong pakikibaka.

³ V. I. Lenin, “Ang Patakarang Panlabas ng Rebolusyong Ruso”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publications, Moscow, 1954, Vol. XXV, p. 87.

Makaisang-panig na pinalalaki ng ilang mga tao ang papel ng mapayapang kumpetisyon sa pagitan ng mga bayang sosyalista at imperyalista sa kanilang tangkang ihalili ang mapayapang kumpetisyon sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at mga bansa. Ayon sa kanilang mga ipinangangaral, waring awtomatikong guguhu ang imperyalismo sa proseso ng mapayapang kumpetisyong ito, at ang dapat lamang gawin ng aping mga mamamayan at mga bansa ay mahinahong maghintay sa pagsapit ng araw na ito. Ano ang pagkakatulad nito sa Marxista-Leninistang mga pananaw?

Bukod doon, lumikha ng kataka-takang kwento ang ilang tao na gusto ng Tsina at iba pang sosyalistang mga bayan na “magpakawala ng mga digma” at ipalaganap ang sosyalismo sa pamamagitan ng “mga digma sa pagitan ng mga estado”. Gaya ng ipinapakita ng Pahayag ng 1960, ang gayong mga kwento ay walang iba kundi mga paninirang imperyalista at reaksyunaryo. Sa tuwirang salita, ang layunin ng mga nag-uulit sa mga paninirang iyon ay itago ang katotohanang salungat sila sa mga rebolusyon ng aping mga mamamayan at mga bansa ng daigdig at salungat sa ibang mga sumusuporta sa gayong mga rebolusyon.

14. Sa nakaraang ilang mga taon, marami na—sa katunaya’y napakarami na—ang nasabi hinggil sa usapin ng digma at kapayapaan. Batid ng daigdig ang aming mga pananaw at mga patakaran sa usaping ito, at walang sinumang makababaluktot sa mga ito.

Sayang at bagamat nagbabanggit ang ilang mga tao sa pandaigdigang kilusang komunista kung gaano nila kamahal ang kapayapaan at namumuhi sa digma, hindi naman sila nakahanda na makakuha ng kahit kaunting pag-unawa sa simpleng katotohanan hinggil sa digma na ipinakita ni Lenin.

Sabi ni Lenin:

Sa wari ko’y ang pangunahing bagay na madalas makaligtaan sa usapin ng digma, na nakakatanggap ng di sapat na atensyon, ang pangunahing dahilan kung bakit napakaraming kontrobersya, ay dahil kinakaligtaan ng mga tao ang pundamental na usapin ng makauring katangian ng digma, kung bakit sumiklab ang digma, ang mga uri na naglulunsad nito, ang istoriko at istoriko-ekonomikong mga kondisyon na nagbigay-daan dito.⁴

Gaya ng pagtingin ng mga Marxista-Leninista, ang digma ay pagpapatuloy ng pulitika sa ibang pamamaraan, ang bawat digma ay di maihihiwalay sa sistemang pampulitika at sa pampulitikang mga pakikibaka na nagbigay-daan dito. Kung lilihis sa siyentipikong Marxista-Leninistang panukala na kinumpirma ng buong kasaysayan ng tunggalian ng mga uri, hindi kailanman mauunawaan ang usapin man ng digma o ang usapinng kapayapaan.

May iba’t ibang tipo ng kapayapaan at iba’t ibang tipo ng digma. Dapat ilinaw ng mga Marxista-Leninista kung anong tipo ng kapayapaan o kung anong tipo ng digma ang pinag-uusapan. Ang sama-samang pagkukulumpun ng makatarungang mga digma at di makatarungang mga digma at pagsalungat sa lahat ng ito nang walang pagtatangi ay isang pasipistang burges at hindi isang Marxista-Leninistang kaparaanan.

⁴ V. I. Lenin, “Ang Digma at Rebolusyon”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, State Publishing House for Political Literature, Moscow, 1949, Vol. XXIV, p. 362.

Sinasabi ng ilang tao na ganap na posible ang mga rebolusyon nang walang digma. Ano namang tipo ng digma ang tinutukoy nila — isang digma sa pambansang pagpapalaya o isang rebolusyonaryong digmang sibil, o isang digmaang pandaigdig?

Kung ang tinutukoy nila ay isang digma sa pambansang pagpapalaya o isang rebolusyonaryong digmang sibil, ang pormulasyong iyon, sa katunayan, ay salungat sa rebolusyonaryong mga digma at sa rebolusyon.

Kung ang tinutukoy nila ay isang digmaang pandaigdig, tumutudla sila sa di naman umiiral na target. Bagamat ipinakita na ng mga Marxista-Leninista, batay sa kasaysayan ng dalawang digmaang pandaigdig, na di maiiwasang tumungo sa rebolusyon ang mga digmaang pandaigdig, walang sinumang Marxista-Leninista ang nanindigan, o maninindigan kaya, na dapat gawin ang rebolusyon sa pamamagitan ng digmaang pandaigdig.

Ang pagpawi sa digma ang simulain ng mga Marxista-Leninista, at naniniwala silang mapapawi ang digma.

Paano naman mapapawi ang digma?

Ganito ang pagtingin ni Lenin:

... ang ating layon ay makamit ang sosyalistang sistema ng lipunan, na, sa pamamagitan ng pagpawi sa dibisyon ng sangkatauhan sa mga uri, sa pamamagitan ng pagpawi ng pagsasamantala ng tao sa tao, at ng isang bansa sa ibang mga bansa, ay di maiiwasang papawi sa lahat ng posibilidad ng digma.⁵

Napakalinaw rin itong isinaad ng Pahayag ng 1960, “Ganap na aalisin ng tagumpay ng sosyalismo sa lahat ng dako ng daigdig ang panlipunan at pambansang sanhi ng lahat ng digma.”

Gayunman, aktwal na pinaninindigan ng ilang tao ngayon na maaaring makamit ang “isang daigdig na walang mga sandata, walang armadong mga pwersa at walang mga digma” sa pamamagitan ng “pangkalahatan at ganap na disarmamento” habang umiiral pa ang sistema ng imperyalismo at ng pagsasamantala ng tao sa tao. Ito’y ilusyon lamang.

Sinasabi sa atin ng elementaryong kaalaman sa Marxismo-Leninismo na ang armadong mga pwersa ang prinsipal na bahagi ng makinarya sa estado at ang tinaguriang isang daigdig na walang mga sandata at na walang armadong mga pwersa ay maaari lamang maging isang daigdig na walang mga estado. Sabi ni Lenin:

*Matapos lamang madisarmahan ng proletaryado ang burgesya, saka lamang nito maitatapon ang lahat ng armamento sa basurahan nang hindi nito pinagtataksilan ang istorikong misyong pandaigdig; at walang dudang gagawin ito ng proletaryado, pero matapos lamang na matupad ang kondisyong ito, at tiyak na hindi bago nito.*⁶

Ano ang mga katotohanan sa daigdig ngayon? May anino man lamang ba ng katibayan na nakahanda ang imperyalistang mga bayan na pinamumunuan ng United States na ipatupad ang pangkalahatan at ganap na disarmamento? Hindi ba’t bawat isa at lahat sa kanila’y nagsasagawa ng pangkalahatan at ganap na pagpapalawak sa armas?

⁵ *Ibid.*, p. 363.

⁶ V. I. Lenin, “Ang Programang Pandigma ng Proletaryong Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. I, Ikalawang Bahagi, p. 574.

Lagi't laging pinaninindigan namin na, upang mailantad at mabaka ang pagpapalawak sa armas at mga paghahanda sa digma, kailangang iharap ang panukala para sa pangkalahatang disarmamento. Gayundin, posible na pilitin ang imperyalismo na tanggapin ang isang tipo ng kasunduan sa disarmamento, sa pamamagitan ng pinagsamang pakikibaka ng sosyalistang mga bayan at ng mamamayan ng buong daigdig.

Kung ituturing ang pangkalahatan at ganap na disarmamento bilang pundamental na landas sa kapayapaan sa daigdig, ipapalaganap ang ilusyon na awtomatikong magsasalong ng armas ang imperyalismo, at tatangkaing pawiin ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at mga bansa sa pagdadahilan sa disarmamento. Kung gayon, sadyang panlilinlang ito sa mamamayan ng daigdig at pagtulong sa mga imperyalista sa kanilang mga patakarang agresyon at digma.

Upang mapangibabawan ang kasalukuyang kalituhan sa ideolohiya sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa sa usapin ng digma at kapayapaan, itinuturing namin na dapat ibalik ang tesis ni Lenin, na isinasantabi ng modernong mga rebisyunista, sa interes ng pagbaka sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma at pagtatanggol sa kapayapaan sa daigdig.

Unibersal na hinihingi ng mamamayan ng daigdig ang paghadlang sa isang bagong digmaang pandaigdig. At maaaring pigilan ang isang bagong digmaang pandaigdig.

Kung gayon, ang tanong ay paano matatamo ang kapayapaan sa daigdig? Ayon sa Leninistang punto de bista, maipagwawagi lamang ang kapayapaan sa daigdig ng mga pakikibaka ng mamamayan sa lahat ng bayan at hindi ng pakikiusap sa mga imperyalista para dito. Mabisa lamang na maipagtatanggol ang kapayapaan sa daigdig sa pamamagitan ng pagsalig sa pag-unlad ng mga pwersa ng sosyalistang kampo, sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng proletaryado at anakpawis ng lahat ng bayan, sa mga pakikibaka sa pagpapalaya ng aping mga bansa at sa mga pakikibaka ng lahat ng mamamayan at mga bayang nagmamahal sa kapayapaan.

Ganito ang patakarang Leninista. Anumang patakaran na taliwas rito ay hindi papatungo sa kapayapaan sa daigdig kundi mang-uudyok lamang sa mga ambisyon ng mga imperyalista at magpapalaki sa panganib ng digmaang pandaigdig.

Nitong mga taong nagdaan, ipinapalaganap ng ilang mga tao ang argumento na ang isang diklap mula sa digma sa pambansang pagpapalaya o mula sa rebolusyonaryong digmang bayan ay tutungo sa isang pandaigdigang malaking sunog na wawasak sa buong sangkatauhan. Ano ang mga datos? Taliwas sa sinasabi ng mga taong ito, ang mga digma sa pambansang pagpapalaya at ang rebolusyonaryong mga digmang bayan na nangyari magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay hindi tumungo sa digmaang pandaigdig. Tuwirang pinahina ng mga rebolusyonaryong digmang ito ang mga pwersa ng imperyalismo at pinatatag nang husto ang mga pwersa na pumipigil sa mga imperyalista sa paglulunsad ng digmaang pandaigdig at nagtatanggol sa digmaang pandaigdig. Hindi ba't ipinapakita ng mga pangyayari ang kawalang katinuan ng mga argumentong ito?

15. Isang mahalagang tungkulin sa pakikibaka para ipagtanggol ang kapayapaan sa daigdig ang ganap na pagbawal at pagwasak sa mga sandatang nukleyar. Dapat gawin natin ang ating makakaya para sa layuning ito.

Walang kapantay sa pagiging mapangwasak ang mga sandatang nukleyar, na siyang dahilan kung bakit, may higit sa isang dekada na ngayon, itinataguyod ng mga imperyalistang US ang kanilang patakarang blakmeyl nukleyar para matamo ang kanilang ambisyon na alipinin ang mamamayan ng lahat ng bayan at dominahin ang daigdig.

Pero kung binabantaan ng mga imperyalista ang ibang mga bayan sa pamamagitan ng sandatang nukleyar, ihinaharap rin nila ang mamamayan sa sarili nilang bayan sa ganoon ding banta, at sa gayo'y pinupukaw sila laban sa mga sandatang nukleyar at laban sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma. Kasabay nito, sa kanilang bigong pag-asa na mawasak ang kanilang mga kalaban sa pamamagitan ng mga sandatang nukleyar, ihinaharap nila, sa katunayan, ang sarili sa panganib ng pagkawasak.

Totoo ngang naririyang ang posibilidad ng pagbabawal sa mga sandatang nukleyar. Gayunman, kung mapupwersa ang mga imperyalista na tanggapin ang isang kasunduan na ipagbawal ang mga sandatang nukleyar, walang alinlangang ito'y hindi dahil sa kanilang "paggamamahala sa sangkatauhan" kundi dahil sa presyur ng mamamayan ng lahat ng bayan at para sa kapakanan ng sarili nilang napakahahalagang interes.

Kabaligtaran ng mga imperyalista, sumasalig ang sosyalistang mga bayan sa makatarungang lakas ng mamamayan at sa sarili nilang wastong mga patakaran, at walang anumang pangangailangan na makipagsugal sa mga sandatang nukleyar sa pandaigdigang arena. May mga sandatang nukleyar ang sosyalistang mga bayan para lamang ipagtanggol ang sarili at pigilan ang imperyalismo sa paglulunsad ng isang digmang nukleyar.

Sa pananaw ng mga Marxista-Leninista, ang mamamayan ang mga tagapaglikha ng kasaysayan. Sa kasalukuyan, gaya nang sa nakaraan, ang tao ang mapagpasyang salik. Nagbibigay ng pagpapahalaga ang mga Marxista-Leninista sa papel ng pagbabagong teknolohikal, pero mali namang maliitin ang papel ng tao at palabisin ang papel ng teknolohiya.

Hindi mapipigil ng paglitaw ng mga sandatang nukleyar ang pagsulong ng kasaysayan ng tao o kaya'y mailigtas ang sistemang imperyalista sa wakas nito, gaya nang hindi nailigtas sa nakaraan ng paglitaw ng bagong mga teknika ang lumang mga sistema sa wakas ng mga ito.

Hindi nilulutas at hindi malulutas ng paglitaw ng mga sandatang nukleyar ang pundamental na mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig, hindi nito binabago at hindi nito mababago ang batas ng tunggalian ng mga uri; hindi nito binabago at hindi nito mababago ang kalikasan ng imperyalismo at reaksiyon.

Kung gayon, hindi maaaring sabihin na, sa paglitaw ng mga sandatang nukleyar, naglaho na ang posibilidad at pangangailangan ng mga rebolusyong panlipunan at pambansa, o kaya'y naging lipas na at naging bilasang mga "dogma" ang batayang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo, at laluna ang mga teorya ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado at ng digma at kapayapaan.

16. Si Lenin ang nagharap ng tesis na posible para sa sosyalistang mga bayan na isapraktika ang mapayapang pakikipamuhay sa mga bayang kapitalista. Batid ng lahat na matapos mabigo ng dakilang mamamayang Sobyet ang dayuhang armadong panghihimasok, tuluy-tuloy na itinaguyod ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ng Gubyernong Sobyet, sa pamumuno, una ni Lenin, at matapos, ni Stalin, ang patakarang mapayapang pakikipamuhay, at napwersa lamang silang maglunsad ng digma sa pagtatanggol sa sarili nang sinalakay ng mga imperyalistang Aleman.

Magmula sa pagkatatag nito, tuluy-tuloy ring itinaguyod ng Republikang Bayan ng Tsina ang patakarang mapayapang pakikipamuhay sa mga bayan na may ibang sistemang panlipunan, at ang Tsina ang nagpasimula sa Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay.

Gayunman, may ilang taon na ang nakalipas, biglang inako ng ilang mga tao ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin bilang sarili nilang “dakilang tuklas”. Pinaninindigan nilang sila ang may monopolyo sa interpretasyon sa patakarang ito. Itinatrato nila ang “mapayapang pakikipamuhay” na parang kasali-ang-lahat at mahiwagang aklat mula sa langit, at iniuukol rito ang bawat tagumpay na nakakamit sa pamamagitan ng pakikibaka ng mamamayan ng daigdig. Dagdag pa rito, binabansagan nila ang lahat na di sumasang-ayon sa kanilang mga pambabaluktot sa mga pananaw ni Lenin bilang mga kaaway ng mapayapang pakikipamuhay, bilang mga taong ganap na walang-kamuwangan kay Lenin at sa Leninismo, at bilang mga erehe na karapat-dapat na sunugin sa tulos.

Paano makakasang-ayon ang mga Komunistang Tsino sa pananaw at praktikang ito?

Hindi nila ito magagawa; imposible.

Napakalinaw at madaling maunawaan ng karaniwang tao ang prinsipyo sa mapayapang pakikipamuhay ni Lenin. Tinutukoy ng mapayapang pakikipamuhay ang ugnayan sa pagitan ng mga bayan na may magkakaibang sistemang panlipunan, at hindi dapat bigyang-kahulugan sa paraang gugustuhin ninuman. Hindi ito dapat pasaklawin para ilapat sa mga ugnayan sa pagitan ng api at nang-aaping mga bansa, sa pagitan ng api at nang-aaping mga bayan o sa pagitan ng api at nang-aaping mga uri, at hindi dapat ilarawan bilang pangunahing nilalaman ng transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, at lalong hindi dapat igiit na ang mapayapang pakikipamuhay ang landas ng sangkatauhan tungo sa sosyalismo. Ito’y dahil isang bagay ang magsapraktika ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayan na may magkakaibang sistemang panlipunan. Ganap na di mapapayagan at imposible para sa mga bayang nagsasapraktika ng mapayapang pakikipamuhay na galawin maging isang hibla ng buhok ng sistemang panlipunan ng isa’t isa. Ibang-ibang bagay ang tunggalian ng mga uri, ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at ang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo sa iba’t ibang bayan. Lahat ng ito’y mapapait, buhay-at-kamatayang mga rebolusyonaryong pakikibaka na naglalayong baguhin ang sistemang panlipunan. Hindi maaaring halinhan ng mapayapang pakikipamuhay ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Makakamit lamang ang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo sa alinmang bayan sa pamamagitan ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado sa bayang iyon.

Sa paglalapat ng patakarang mapayapang pakikipamuhay, di maiiwasan ang mga tunggalian sa pagitan ng sosyalista at imperyalistang mga bayan sa mga larangan ng pulitika, ekonomya at ideolohiya, at ganap na imposibleng magkaroon ng “lahatang-panig na kooperasyon”.

Kailangang pumasok sa iba’t ibang klase ng negosasyon ang sosyalistang mga bayan sa imperyalistang mga bayan. Maaaring makamit ang ilang kasunduan sa pamamagitan ng negosasyon sa pamamagitan ng pagsalig sa wastong mga patakarang ng sosyalistang mga bayan at sa presyur ng mamamayan ng lahat ng bayan. Pero hindi inoobliga ng mga kinakailangang kompromiso sa pagitan ng sosyalistang mga bayan at imperyalistang mga bayan ang aping mga mamamayan at mga bansa na sumunod at makipagkompromiso sa imperyalismo at mga alipures nito. Walang sinuman ang dapat humingi kailanman sa ngalan ng mapayapang pakikipamuhay na bitiwang ng aping mga mamamayan at mga bansa ang kanilang rebolusyong mga pakikibaka.

Ang pagpapairal sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ng sosyalistang mga bayan ay kapaki-pakinabang para sa pagtatamo ng mapayapang pandaigdigang embayroment para sa sosyalistang konstruksyon, para sa paglalantad ng imperyalistang mga patakarang agresyon at digma at para ihiwalay ang imperyalistang mga pwersa sa agresyon at digma. Pero kung ililimita ang pangkalahatang linya sa patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan sa mapayapang pakikipamuhay, imposible kung gayon na wastong mapanghawakan ang mga ugnayan sa pagitan ng sosyalistang mga bayan o sa pagitan ng sosyalistang mga bayan at aping mga mamamayan at mga bansa. Samakatwid, maling gawing pangkalahatang linya sa patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan ang mapayapang pakikipamuhay.

Sa aming pananaw, ang pangkalahatang linya sa patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

- Paunlarin ang mga ugnayan sa pakikipagkaibigan, mutwal na tulungan at kooperasyon sa hanay ng mga bayan ng sosyalistang kampo alinsunod sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo;
- Pagsumikapan ang mapayapang pakikipamuhay sa batayan ng Limang Prinsipyo sa mga bayan na may ibang sistemang panlipunan at tumututol sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma; at
- Sumuporta at tumulong sa rebolusyong mga pakikibaka ng lahat ng aping mga mamamayan at mga bansa.

Ang tatlong aspetong ito ay nag-uugnayan at di mapaghihiwalay, at di maaaring alisin ang alinman.

17. Sa loob ng napakahabang istorikong panahon matapos maagaw ng proletaryado ang kapangyarihan, nagpapatuloy ang tunggalian ng mga uri bilang obhetibong batas na independyente sa kapasyahan ng tao, at naiiba lamang sa anyo mula sa dati nitong anyo bago maagaw ang kapangyarihan.

Matapos ang Rebolusyong Oktubre, ilang ulit na ipinakita ni Lenin na:

- a. Laging tinatangka ng mga ibinagsak na mapagsamantala sa sanlibo’t isang paraan na bawiin ang “paraisong” inalis sa kanila.

- b. Lagi at ispontanyong nalilikha sa kapaligirang petiburges ang bagong mga elemento ng kapitalismo.
- k. Maaaring lumitaw sa a hanay ng uring manggagawa at sa hanay ng mga alagad ng gubyrno ang mga taong nabulok sa pulitika at bagong mga elementong burges bilang resulta ng impluwensyang burges at ng mapanuot at mapambulok na kapaligiran ng petiburgesya.
- d. Ang panlabas na mga kalagayan para sa pagpapatuloy ng tunggalian ng mga uri sa loob ng isang sosyalistang bayan ay ang pagkubkob ng pandaigdigang kapitalismo, ang banta sa armadong panghihimasok ng mga imperyalista, at ang kanilang subersibong mga aktibidad para matamo ang mapayapang paglusaw.

Pinatunayan ng takbo ng buhay ang mga kongklusyong ito ni Lenin.

Sa loob ng ilang dekada, o maging mas mahaba pang mga panahon matapos ang sosyalistang industriyalisasyon at kolektibisasyon sa agrikultura, hindi maaaring sabihin na magiging malaya ang anumang sosyalistang bayan mula sa gayong mga elemento na paulit-ulit na binatikos ni Lenin, gaya ng mga nalalabing burges, mga parasitiko, mga ispekulador, mga manunuba, mga walang magawa, mga hudlum at mga mangungurakot sa pondo ng estado; o kaya'y sabihin na hindi na kailangang isagawa o makakayanang bitiwang ang tungkuling inilatag ni Lenin na paggapi sa “pagkalat ng sakit na ito, ang salot na ito, ang ulser na ito na minana ng sosyalismo mula sa kapitalismo”.

Sa isang sosyalistang bayan, magdaraan sa napakahabang istorikong panahon para unti-unting malutas ang usapin kung sino ang magwawagi — sosyalismo o kapitalismo. Dumadaloy ang tunggalian sa pagitan ng landas ng sosyalismo at landas ng kapitalismo sa buong istorikong panahong ito. Tumataas at bumababa ang tunggaliang ito tulad ng alon, minsa'y napakabangis, at marami at iba't iba ang mga anyo ng tunggalian.

Wastong isinasaad ng Deklarasyong 1957 na “ang pagkapanalo ng uring manggagawa sa kapangyarihan ay simula lamang ng rebolusyon, hindi ang wakas nito”.

Mali ang pagtatatwa sa pag-iral ng tunggalian ng mga uri sa panahon ng diktadura ng proletaryado at sa pangangailangan ng pagkumpleto sa sosyalistang rebolusyon sa mga larangan ng ekonomya, pulitika at ideolohiya, at hindi umaayon sa obhetibong realidad at lumalabag sa Marxismo-Leninismo.

18. Pinanindigan kapwa nina Marx at Lenin na ang buong panahon bago dumating ang mas mataas na yugto ng lipunang komunista ay ang panahon ng transisyon mula kapitalismo tungo sa komunismo, ang panahon ng diktadura ng proletaryado. Sa panahon ng transisyong ito, ang diktadura ng proletaryado, ibig sabihi'y ang proletaryong estado, ay nagdaraan sa dialektikong proseso ng pagtatatag, konsolidasyon, pagpapalakas at paglusaw.

Sa “Kritikal na Pagsusuri sa Programang Gotha”, ihinarap ni Marx ang usapin sa ganitong paraan:

Sa pagitan ng lipunang kapitalista at komunista, naririyang ang yugto ng rebolusyonaryong transpormasyon ng una tungo sa huli. Umaakma rito ang isa ring yugto ng pampulitikang transisyon kung saan ang estado ay walang iba kundi ng pampulitikang transisyon kung saan ang estado ay walang iba kundi *ang rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado*.⁷

Madalas na idinidiin ni Lenin ang dakilang teorya ni Marx hinggil sa diktadura ng proletaryado at sinuri ang pag-unlad ng teoryang ito, partikular sa kanyang namumukod na akda, “Ang Estado at Rebolusyon” kung saan kanyang isinulat:

... ang transisyon mula kapitalistang lipunan — na umuunlad tungo sa komunismo — tungo sa isang komunistang lipunan ay imposible kung walang “yugto ng pampulitikang transisyon”, at ang estado sa yugtong ito ay maaari lamang maging rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado.⁸

Sinulat rin niya:

Ang esensya ng itinuro ni Marx hinggil sa estado ay naisaulo lamang ng mga nakakaunawa na ang diktadura ng *iisang* uri ay kailangan hindi para sa bawat lipunang may uri sa pangkalahatan, hindi lamang para sa *proletaryado* na nagbagsak sa burgesya, kundi maging para sa buong *istorikong panahon* na naghihiwalay ng kapitalismo mula sa “lipunang walang uri”, mula sa komunismo.⁹

Gaya nang isinaad sa itaas, pundamental na tesis ni Marx at Lenin na ang diktadura ng proletaryado ay di maiiwasang magpapatuloy sa buong istorikong yugto ng transisyon mula kapitalismo tungo sa komunismo, ’ibig sabihin, ang buong yugto hanggang sa abolisyon ng lahat ng pagkakaiba sa uri at ang pagpasok sa isang lipunang walang uri, ang mas mataas na yugto ng komunistang lipunan.

Ano ang mangyayari kung ipapahayag, sa kalagitnaan pa lang, na ang diktadura ng proletaryado ay di na kailangan pa?

Hindi ba’t pundamental itong salungat sa mga itinuturo nina Marx at Lenin hinggil sa estado ng diktadura ng proletaryado?

Hindi ba’t pinahihintulutan nito ang pag-unlad ng “pagkalat ng sakit na ito, ng salot na ito, ng ulser na minana ng sosyalismo mula sa kapitalismo”?

Sa ibang salilta, papatungo ito sa labis na malubhang mga ibubungang mga pinsala at ginagawang imposible ang anumang transisyon tungo sa komunismo.

Maaari bang magkaroon ng isang “estado ng buong sambayanan”? Maaari bang halinhan ang estado ng diktadura ng proletaryado ng isang “estado ng buong sambayanan”?

Hindi ito isang usapin ng panloob na mga usapin ng alinmang partikular na bayan kundi isang pundamental na usapin na nagsasangkot sa unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo.

⁷ Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1955, Vol. II, pp. 32-33.

⁸ V. I. Lenin, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 289.

⁹ *Ibid.*, p. 234.

Sa pananaw ng mga Marxista-Leninista, walang gayong bagay tulad ng isang estadong di makauri o nakapangigibabaw sa uri. Hanggang nananatiling isang estado ang estado, dapat taglay nito ang katangian sa uri; hanggang umiiral ang estado, hindi ito maaaring maging isang estado ng “buong sambayanan”. Sa sandaling mawala na ang uri sa lipunan, mawawala na rin ang estado.

Magiging anong klase ng bagay kung gayon ang “estado ng buong bayan”? Mauunawaan ng sinumang may elementaryong kaalaman sa Marxismo-Leninismo na ang tinaguriang “estado ng buong sambayanan” ay hindi isang bagong bagay. Laging tinatagurian ng kumakatawang mga personaheng burges ang burges na estado bilang isang “estado ng lahat ng mamamayan”, o isang “estado kung saan sa lahat ng mamamayan ang kapangyarihan”.

Maaaring sabihin ng ilang tao na ang kanilang lipunan ay isa nang lipunan na walang mga uri. Ang sagot namin: Hindi; may mga uri at mga tunggalian ng mga uri sa lahat ng sosyalistang bayan nang walang eksepsyon.

Dahil nananatili pa roon ang mga labi ng lumang mapagsamantalang mga uri na nagtatangkang makapanumbalik, dahil laging nalilikha ang bagong mga elementong kapitalista doon, at dahil mayroon pang mga parasitiko, ispekulador, mga walang magawa, mga hudlum, mga mangungurakot ng mga pondo ng estado, atbp., paanong masasabi na hindi na umiiral ang mga uri o mga tunggalian ng mga uri? Paanong masasabi na hindi na kailangan pa ang diktadura ng proletaryado?

Sinasabi ng Marxismo-Leninismo na dagdag sa panunupil sa kalabang mga uri, kailangang kabilang sa mga istorikong tungkulin ng diktadura ng proletaryado sa proseso ng pagbubuo ng sosyalismo ang wastong paghawak sa mga ugnayan sa pagitan ng uring manggagawa at magsasaka, ang konsolidasyon ng kanilang alyansa sa pulitika at ekonomya, at ang paglikha ng mga kondisyon para sa unti-unting pagpawi sa mga pagkakaiba sa uri sa pagitan ng manggagawa at magsasaka.

Kung pagmamasdan natin ang base sa ekonomya ng alinmang sosyalistang lipunan, makikita natin na ang pagkakaiba sa pagitan ng pag-aari ng buong sambayanan at kolektibong pag-aari ay umiiral sa lahat ng sosyalistang bayan nang walang eksepsyon, at mayroon ring indibidwal na pag-aari. Ang pag-aari ng buong sambayanan at kolektibong pag-aari ay dalawang tipo ng pag-aari at dalawang tipo ng relasyon sa produksyon sa lipunang sosyalista. Kabilang ang mga manggagawa sa mga empresang pag-aari ng buong sambayanan at ang mga magsasaka sa mga sakahang kolektibong inaari sa dalawang magkakaibang kategorya ng mga trabahador sa sosyalistang lipunan. Samakatuwid, ang pagkakaiba sa uri sa pagitan ng manggagawa at magsasaka ay umiiral sa lahat ng sosyalistang bayan nang walang eksepsyon. Hindi maglalaho ang pagkakaibang ito hanggang hindi makamit ang transisyon sa mas mataas na yugto ng komunismo. Sa kanilang kasalukuyang antas ng kaunlaran sa ekonomya, lahat ng sosyalistang bayan ay napakalayo pa mula sa mas mataas na yugto ng komunismo kung saan isinasapraktika ang “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan”. Samakatuwid, mangangailangan ng napakahabang panahon para pawiin ang pagkakaiba sa uri sa pagitan ng manggagawa at magsasaka. At hanggang sa panahong mapawi ang pagkakaibang ito, imposibleng sabihin na hindi na makauri ang lipunan o wala nang anumang pangangailangan pa sa diktadura ng proletaryado.

Sa pagtataguri sa sosyalistang estado bilang “estado ng buong sambayanan”, tinatangka bang halinhan ang Marxista-Leninistang teorya sa estado ng burges na teorya sa estado? Tinatangka ba na ihalili sa estado ng diktadura ng proletaryado ang isang estadong may ibang katangian?

Kung gayon nga, ito’y walang iba kundi isang malaking istorikong retrogresyon. Ang pagkabulok ng sistemang panlipunan sa Yugoslavia ay isang mabigat na aral.

19. Pinaninindigan ng Leninismo na dapat kasabay na umiral ang proletaryong partido sa diktadura ng proletaryado sa mga bayang sosyalista. Ang partido ng proletaryado ay di maisasantabi para sa buong istorikong yugto ng diktadura ng proletaryado. Ang dahila’y dapat makibaka ang diktadura ng proletaryado laban sa mga kaaway ng proletaryado, at ng mamamayan, panibagong-hubugin ang mga magsasaka at ibang maliliit na prodyuser, laging konsolidahin ang mga hanay ng proletaryado, buuin ang sosyalismo at ipatupad ang transisyon tungo sa komunismo; wala sa alinman sa mga bagay na ito ang magagawa kung wala ang pamumuno ng partido ng proletaryado.

Maaari bang magkaroon ng “partido ng lahat ng mamamayan”? Posible bang halinhan ang partido na siyang taliba ng proletaryado ng isang “partido ng lahat ng mamamayan”?

Hindi rin ito isang panloob na usapin ng alinmang partikular na Partido, kundi isang pundamental na suliranin na nagsasangkot sa unibersal na usapin ng Marxismo-Leninismo.

Sa pananaw ng Marxismo-Leninismo, walang gayong bagay tulad ng isang di makauri o nangingibabaw-sa-uring partidong pampulitika. Lahat ng pampulitikang mga partido ay may katangian sa uri. Ang diwa sa partido ang konsentradong ekspresyon ng katangian sa uri.

Ang partido ng proletaryado ang tanging partido na kayang kumatawan sa mga interes ng buong sambayanan. Magagawa niya ito dahil kinakatawan niya mismo ang mga interes ng proletaryado, kung kaninong mga ideya at kapasyahan ang kinokonsentra nito. Mapamumunuan nito ang buong sambayanan dahil mapapalaya ng proletaryado sa wakas ang sarili sa pagpapalaya lamang sa lahat ng sangkatauhan, dahil ang kalikasan mismo ng proletaryado ang nagbibigay kakayahan sa partido nito na harapin ang mga suliranin batay sa interes nito sa kasalukuyan at sa hinaharap, dahil walang hanggan ang katapatan ng partido sa mamamayan at taglay nito ang diwa ng pagsasakripisyo-sa-sarili; kaya, ang demokratikong sentralismo at disiplinang bakal nito. Kung walang ganoong partido, imposibleng mapanatili ang diktadura ng proletaryado at katawanin ang mga interes ng buong sambayanan.

Ano ang mangyayari kung sa kalagitnaan bago pumasok sa mas mataas na yugto ng komunistang lipunan iaanunsyo na ang partido ng proletaryado ay naging isang “partido ng lahat ng mamamayan” at kung ang makauring proletaryong katangian ay itatakwil?

Hindi ba’t pundamental na salungat ito sa mga itinuturo nina Marx at Lenin hinggil sa partido ng proletaryado?

Hindi ba’t dinidisarmahan nito ang proletaryado at lahat ng anakpawis, sa organisasyon at sa ideolohiya, at hindi ba’t mangangahulugan ito ng pagtulong sa pagpapanumbalik sa kapitalismo?

Hindi ba’t “pagtungo sa timog sa pamamagitan ng pagtakbo pahilaga” ang pag-uusap hinggil sa anumang transisyon tungo sa komunistang lipunan sa gayong mga kalagayan?

20. Sa loob ng nakaraang ilang mga taon, nilabag ng ilang mga tao ang mga integral na turo ni Lenin tungkol sa interalasyon ng mga pinuno, partido, uri at masa, at ihinarap ang usapin ng “pagbaka sa kulto ng indibidwal”; mali at mapaminsala ang gayon.

Ang teoryang ipinaliwanag ni Lenin ay ang sumusunod:

- a. Ang masa ay nahahati sa mga uri.
- b. Karaniwang pinamumunuan ang mga uri ng mga partidong pampulitika.
- k. Sa pangkalahatan, dinidirihe ang pampulitikang mga partido ng humigit-kumulang estableng mga grupo na binubuo ng pinakaawtoritatibo, impluwensyal at makaranasang mga myembro, na ihinalal sa pinakaresponsableng mga posisyon at tinatawag na mga pinuno.

Ani Lenin, “Lahat ng ito’y elementaryo.”

Ang partido ng proletaryado ang punong himpilan ng proletaryado sa rebolusyon at pakikibaka. Dapat isapraktika ng bawat proletaryong partido ang sentralismong nakabatay sa demokrasya at magtatag ng isang malakas na Marxista-Leninistang pamunuan bago ito maging isang organisado at handa-sa-labang taliba. Ang paghaharap ng usapin ng “pagbaka sa kulto sa personalidad” sa aktwal ay pagkontrapwesto ng mga pinuno sa masa, pagpapahina sa nagkakaisang pamumuno ng partido na nakabatay sa demokratikong sentralismo, pagpawi sa panlabang lakas nito at paglusaw sa mga hanay nito.

Pinuna ni Lenin ang maling mga pananaw na ito na nagkokontrapwesto ng mga pinuno sa masa. Tinawag niya ang mga itong “katawa-tawang kawalang rason at mangmang”.

Lagi nang minamasama ng Partido Komunista ng Tsina ang pagpapalabis sa papel ng indibidwal, itinataguyod at mapagpunyaging isinasabuhay ang demokratikong sentralismo sa loob ng Partido at itinataguyod ang pag-uugnay ng pamumunan sa masa, at pinaninindigan na dapat alam ng wastong pamumuno kung paano ikonsentra ang mga pananaw ng masa.

Habang maingay na binabaka ang tinaguriang “kulto ng indibidwal”, sa katotohana’y ginagawa ng ilang tao ang lahat para siraan ang proletaryong partido at diktadura ng proletaryado. Kasabay nito, labis nilang pinalalaki ang papel ng ilang mga indibidwal, ibinubunton ang lahat ng pagkakamali sa iba at inaako ang lahat ng kredito para sa sarili.

Higit pang malala, sa pagkukunwang “pagbaka sa kulto ng indibidwal”, magaspang na nanghihimasok ang ilang tao sa panloob na mga usapin ng ibang mga Partidong prternal at mga bayang prternal at pinipilit ang ibang mga Prternal na Partido na baguhin ang kanilang pamunuan upang maipataw ang kanilang sariling maling linya sa mga Partidong ito. Ano ito kung hindi sobinismong malaking-kapangyarihan, sektarismo at isplitismo? Ano ang lahat ng ito kung hindi subersyon?

Panahon na para seryoso at komprehensibong ipalaganap ang integral na mga turo ni Lenin hinggil sa interalasyon ng mga pinuno, partido, uri at masa.

21. Ang ugnayan sa pagitan ng sosyalistang mga bayan ay mga ugnayang internasyunal na bagong tipo. Dapat nakabatay ang ugnayan sa pagitan ng sosyalistang mga bayan, malaki man o maliit, higit mang maunlad o mas di maunlad sa ekonomya, sa mga prinsipyo ng ganap na pagkakapantay-pantay, respeto para sa teritoryal na integridad, soberanya at kasarinlan, at di panghihimasok sa panloob na mga usapin ng isa't isa, at dapat nakabatay rin sa mga prinsipyo ng mutwal na suporta at mutwal na tulungan alinsunod sa proletaryong internasyunalismo.

Dapat sumalig ang bawat sosyalistang bayan pangunahin sa sarili para sa konstruksyon nito.

Alinsunod sa sariling kongkretong mga kalagayan, dapat sumalig ang bawat sosyalistang bayan una sa lahat sa masikhay na paggawa at mga talino ng sarili nitong mamamayan, ganap na gamitin ang lahat ng naririyang rekurso sa planadong paraan, at paunlarin ang lahat ng potensyal nito sa sosyalistang konstruksyon. Sa gayon lamang nito mabisang mabubuo ang sosyalismo at mabilis na mapapaunlad ang ekonomya nito.

Ito ang tanging paraan para palakasin ng bawat sosyalistang bayan ang kapangyarihan ng buong sosyalistang kampo at paunlarin ang kapasidad nito na tumulong sa rebolusyonyong adhikain ng pandaigdigang proletaryado. Samakatwid, ang pagtalima sa prinsipyo ng pangunahing pagsalig sa sarili ay paglalapat sa kongkreto ng proletaryong internasyunalismo.

Kung, nagsisimula lamang sa sarili nitong parsyal na mga interes, unilateral na hihingiin ng alinmang sosyalistang bayan na pumailalim ang ibang mga bayang praternal sa mga pangangailangan nito, at ginagamit ang pagkukunwang paglaban sa tinagurian nilang “pagsosolo-byahe” at “nasyunalismo” para pigilan ang ibang mga bayang praternal sa paglalapat sa prinsipyong pangunahing pagsalig sa sarili nilang mga pagsisikap para sa kanilang konstruksyon, at sa pagpapaunlad sa kanilang mga ekonomya batay sa kasarinlan, o umaabot pa nga sa antas ng pagpresyur sa ekonomya sa ibang mga bayang praternal — kung gayon, ang mga ito’y tahasang mga manipestasyon ng pambansang pagpapahalaga sa sarili.

Kailangang-kailangang isapraktika ng sosyalistang mga bayan ang mutwal na tulungan at kooperasyon at palitan sa ekonomya. Dapat nakabatay ang gayong kooperasyon sa ekonomya sa mga prinsipyo ng ganap na pagkakapantay-pantay, mutwal na benepisyo at mapagkasamang mutwal na tulungan.

Magiging sobinismong malaking-kapangyarihan na itatwa ang mga batayang prinsipyo at, sa ngalan ng “internasyunal na hatian sa paggawa” o “ispesyalisasyon”, ipataw ang sariling kapasyahan sa iba, manghihimasok sa kasarinlan at soberanya ng mga bayang praternal o pinsalain ang mga interes ng mamamayan ng mga ito.

Sa mga ugnayan sa hanay ng sosyalistang mga bayan, magiging kahibangan na tumalima sa gawi ng pagkuha ng ganansya para sa sarili sa kapinsalaan ng iba, isang gawi na katangian ng mga ugnayan sa hanay ng kapitalistang mga bayan, o humantong sa paggamit ng “integrasyon sa ekonomya” at ng “pamilihang komun”, na itinatag ng monopoliyong kapitalistang mga grupo sa layuning mang-agaw ng mga pamilihan at sumunggab ng mga ganansya, bilang mga halimbawa na dapat sundan ng sosyalistang mga bayan sa kanilang kooperasyon sa ekonomya at mutwal na tulungan.

22. Inilalatag ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960 ang mga prinsipyong gumagabay sa mga pakikipag-ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal. Ang mga ito ay ang prinsipyo sa solidaridad, ang prinsipyo sa mutwal na suporta at mutwal na tulungan, ang prinsipyo sa kasarinlan at pagkakapantay-pantay at ang prinsipyo ng pagtatamo sa pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultahan — na lahat nakabatay sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Napansin namin na sa liham ng ika-30 ng Marso, sinasabi ng Komite Sentral ng PKUS na walang “mas mataas” o “nakabababang” mga Partido sa kilusang komunista, na lahat ng mga Partido Komunista ay nagsasarili at pantay-pantay, at buuin nilang lahat dapat ang kanilang mga pakikipag-ugnayan sa batayan ng proletaryong internasyunalismo at mutwal na tulungan.

Mahusay na katangian ng mga Komunista na umaayon ang kanilang mga gawain sa kanilang mga salita. Ang tanging wastong paraan sa pagsasanggalang at pagpapatatag sa pagkakaisa sa hanay ng mga Partidong praternal ay tunay na tumalima, at hindi lumabag sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at tunay na ipatupad, at hindi pahinain, ang mga prinsipyo na gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal — at gawin ito hindi lamang sa salita kundi, higit na mahalaga, sa gawa.

Kung tinatanggap nga ang prinsipyo ng kasarinlan at pagkakapantay-pantay sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal, di mapapahintulutan na ilagay ng alinmang Partido ang sarili sa ibabaw ng iba, na manghimasok sa kanilang panloob na mga usapin, at gumamit ng mga paraang patriyarkal sa pakikipag-ugnayan sa kanila.

Kung tinatanggap na walang mga “nakatataas” at “nakabababa” sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal, di mapapahintulutan na ipataw ang programa, mga resolusyon at linya ng sariling Partido sa ibang mga Partidong praternal bilang “programang komun” ng pandaigdigang kilusang komunista.

Kung tinatanggap ang prinsipyo sa pagkakamit sa pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultahan sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal, hindi dapat idiin kung gayon “kung sino ang nasa mayorya” o “kung sino ang nasa minoritya” at sumalalay sa tinaguriang mayorya para ipwersa ang sariling maling linya at magsagawa ng sektaryan at mapanghating mga aktibidad.

Kung sinasang-ayunan na dapat lutasin ang mga di pagkakasundo sa pagitan ng mga Partidong praternal sa pamamagitan ng inter-Partidong konsultasyon, hindi dapat atakihin kung gayon sa publiko at pangalanan ang ibang mga Partidong praternal sa sariling kongreso o sa mga kongreso ng ibang mga Partido, sa mga talumpati ng mga pinuno ng Partido, mga resolusyon, mga pahayag, atbp.; at lalong hindi dapat pasaklawin ang mga di pagkakasundo sa ideolohiya sa hanay ng mga Partidong praternal sa larangan ng pakikipag-ugnayang estado.

Naninindigan kami na sa kasalukuyang mga kalagayan, kung kailan may mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista, mahalagang-mahalaga na idiin ang mahigpit na pagtalima sa mga prinsipyong gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal gaya ng inilatag sa Deklarasyon at sa Pahayag.

Sa larangan ng ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang prternal, sa kasalukuyan, ang usapin sa mga ugnayang Sobyet-Albanyan ay namumukod. Dito, ang usapin ay kung ano ang wastong paraan sa pagtrato sa Partido at bayang prternal at kung tatalima sa mga prinsipyong gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang prternal na nakasaad sa Deklarasyon at sa Pahayag. Ang wastong solusyon sa usaping ito ay isang mahalagang usapin sa prinsipyo sa pagtatanggol sa pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista.

Isang usapin kung paano itatrato ang Marxista-Leninistang prternal na Partido sa Paggawa ng Albanya. Ibang-ibang usapin naman kung paano itatrato ang Yugoslav na rebisyunistang pangkatin ng mga taksil sa Marxismo-Leninismo. Hindi kailanman dapat pagparehohin ang dalawang usaping nagkakaiba sa esensya.

Sinasabi ng inyong liham na “hindi ninyo binibitiwan ang pag-asa na mapapahusay ang ugnayan sa pagitan ng PKUS at Partido sa Paggawa ng Albanya”, pero patuloy naman ninyong inaatake ang mga kasamang Albanyan dahil sa sinasabi ninyong “mapanghating mga aktibidad”. Malinaw na salungat-sa-sarili ito at hindi nakakaambag sa anumang paraan sa paglulutas sa problema ng pakikipag-ugnayang Sobyet-Albanyan.

Sino ba ang nagsagawa ng mapanghating mga aksyon sa ugnayang Sobyet-Albanyan?

Sino ba ang nagpasaklaw sa mga di pagkakasundo sa ideolohiya sa pagitan ng mga Partidong Sobyet at Albanyan sa pakikipag-ugnayang estado?

Sino ba ang nagdala sa hayag sa harap ng kaaway ng mga di pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Partidong Sobyet at Albanyan?

Sino ba ang hayag na nanawagan para sa pagbabago sa pamunuan sa Partido at estadong Albanyan?

Lahat ng ito’y malinaw na malinaw sa buong daigdig.

Maaari kayang hindi talaga nararamdaman ng namumunong mga kasama sa PKUS ang kanilang pananagutan sa pangyayaring labis na dumausdos ang ugnayang Sobyet-Albanyan?

Muli naming inilalahad ang aming tapat na pag-asa na tatalima ang namumunong mga kasama ng PKUS sa mga prinsipyong pumapatnubay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang prternal at mag-inisyatiba sa paghahanap ng mabisang paraan sa pagpapahusay ng ugnayang Sobyet-Albanyan.

Sa maikling salita, dapat seryosohin ang usapin kung paano panghahawakan ang ugnayan ng mga Partido at mga bayang prternal. Ang mahigpit na pagtatalima sa mga prinsipyong pumapatnubay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang prternal ang tanging paraan para matatag na biguin ang mga paninira gaya ng mga inilalako ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo hinggil sa “kamay ng Moscow”.

Hinihingi sa lahat ng Partido nang walang eksepsyon ang proletaryong internasyunalismo, malaki man o maliit, o nasa kapangyarihan man o hindi. Gayunman, nagpapasan ng higit na napakalaking pananagutan ang mas malalaking Partido at mga Partidong nasa kapangyarihan sa bagay na ito. Ang serye ng nakababahalang mga pangyayari na naganap sa sosyalistang kampo sa nakaraang panahon ay nakapinsala sa mga interes hindi lamang ng mga Partidong praternal na sangkot kundi ng masa rin ng mamamayan sa kanilang mga bayan. Kapani-paniwalang ipinapakita nito na kailangang isaisip ng higit na malalaking bayan at Partido ang bilin ni Lenin na kailanma'y huwag gawin ang pagkakamali ng sobinismong malaking-kapangyarihan.

Isinasaad ng mga kasama sa PKUS sa kanilang liham na “hindi kailanman gumawa at hindi kailanman gagawa ng isa mang hakbang ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet na makapaghahasik ng hostilidad sa hanay ng mga mamamayan ng aming bayan tungo sa praternal na mamamayang Tsino o iba pang mga mamamayan”. Hindi namin dito nais na balikan at ihanay-hanay ang maraming di kanais-nais na pangyayari sa nakaraan, at nais lamang namin na mahigpit na tumalima ang mga kasama sa PKUS sa pahayag na ito sa kanilang mga aksyon sa hinaharap.

Sa ilang mga taon sa nakaraan, labis na nagpigil ang mga kasapi ng aming Partido at ang aming mamamayan sa harap ng serye ng malulubhang insidente na lumalabag sa mga prinsipyong pumapatnubay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal at sa kabila ng maraming kagipitan at pagkabigo na ipinataw sa amin. Dumaan sa matinding pagsubok ang diwa sa proletaryong internasyunalismo ng mga Komunistang Tsino at mamamayang Tsino.

Walang paglihis ang katapatan ng Partido Komunista ng Tsina sa proletaryong internasyunalismo, itinataguyod at ipinagtatanggol nito ang mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960 na gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal, at nagsasanggalang at nagpapatatag sa pagkakaisa ng sosyalistang kampo at pandaigdigang kilusang komunista.

23. Upang maipatupad ang programang komun ng pandaigdigang kilusang komunista na ganap na pinagkaisahan ng mga Partidong praternal, dapat maglunsad ng di mapagkompromisong pakikibaka laban sa lahat ng anyo ng oportunismo, na paglihis sa Marxismo-Leninismo.

Tinutukoy ng Deklarasyon at ng Pahayag na ang rebisyunismo, o sa ibang salita, Kanang oportunismo, ang pangunahing panganib sa pandaigdigang kilusang komunista. Kumakatawan ang rebisyunismong Yugoslav sa modernong rebisyunismo.

Tinutukoy sa partikular ng Pahayag na:

Ganap na nagkakaisang kinondena ng mga Partido Komunista ang tipong Yugoslav na oportunismong internasyunal, isang tipo ng modernong rebisyunistang “teorya” sa konsentradong anyo.

Sinasabi pa nito:

Matapos magtaksil sa Marxismo-Leninismo, na sinabi nilang lipas na, isinalungat ng mga pinuno ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia ang kanilang anti-Leninistang rebisyunistang programa sa Deklarasyong 1957; itinapat ang Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia laban sa pandaigdigang kilusang komunista sa kabuuan, ihiniwalay ang kanilang bayan sa sosyalistang kampo, at ginawa itong palaasa sa tinaguriang “ayuda” mula sa US at iba pang imperyalista.

Sinasabi pa ng Pahayag:

Nagsasagawa ng subersibong gawain ang mga rebisyunistang Yugoslav laban sa sosyalistang kampo at sa pandaigdigang kilusang komunista. Sa likod ng pagkukunwa sa patakarang ekstra-bloke, lumalahok sila sa mga aktibidad na nakakapinsala sa pagkakaisa ng lahat ng mga pwersa at mga bayang nagmamahal sa kapayapaan.

Samakatuwid, hinahalaw nito ang sumusunod na kongklusyon:

Nananatiling esensyal na tungkulin ng mga Partidong Marxista-Leninista ang higit pang paglalantad sa mga pinuno ng mga rebisyunistang Yugoslav at ang aktibong pakikibaka para ipagsanggalang ang kilusang komunista at kilusan ng uring manggagawa mula sa anti-Leninistang mga ideya ng mga rebisyunistang Yugoslav.

Ang usaping ihinaharap rito ay isang mahalagang usapin sa prinsipyo para sa pandaigdigang kilusang komunista.

Kamakailan lamang, ipinahayag sa publiko ng pangkating Tito na nagpupunyagi sila sa kanilang rebisyunistang programa at anti-Marxista-Leninistang paninindigang kasalungat ng Deklarasyon at sa Pahayag.

Gumugol ang imperyalismong US at mga kasosyo nito sa NATO ng ilang libong milyong dolyares na US sa pag-aalaga sa pangkating Tito sa mahabang panahon. Nakademit bilang “Marxista-Leninista” at nagwawasiwas sa bandila ng “sosyalistang bayan”, pinahina ng pangkating Tito ang pandaigdigang kilusang komunista at rebolusyonaryong adhikain ng mamamayan ng daigdig, at nagsisilbi bilang isang ispesyal na destakamento ng imperyalismong US.

Ganap na walang batayan at hindi umaayon sa mga pangyayari na igiit na nagpapakita ang Yugoslavia ng “tiyak na positibong mga tendensya”, na isang “sosyalistang bayan” ito, at “anti-imperyalistang pwersa” ang pangkating Tito.

Tinatangka ngayon ng ilang mga tao na papasukin ang rebisyunistang pangkating Yugoslav sa sosyalistang komunidad at sa pandaigdigang komunistang mga hanay. Ito’y hayagang pagpunit sa kasunduang ganap na nagkakaisang narating sa pulong ng 1960 ng mga Partidong praternal at ganap na di mapapahintulutan.

Sa ilang taon sa nakaraan, ganap na pinatunayan ng rebisyunistang tunguhing bumabaha sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa at ng maraming karanasan at mga aral ng pandaigdigang kilusang komunista ang kawastuan ng kongklusyon sa Deklarasyon at sa Pahayag na rebisyunismo ang pangunahing panganib sa pandaigdigang kilusang komunista sa kasalukuyan.

Gayunman, hayag na sinasabi ng ilang tao na dogmatismo at hindi rebisyunismo ang pangunahing panganib, o kaya’y kasimpanganib ng rebisyunismo ang dogmatismo, atbp. Anong klase ng prinsipyo ang nasa likod ng lahat ng ito?

Dapat ilagay sa unahan ang matatatag na mga Marxista-Leninista at tunay na Marxista-Leninistang mga Partido. Dapat hindi sila makipagtawaran sa prinsipyo, na nagpapatibay ng isang bagay sa araw na ito at ibang bagay kinabukasan, nagtataguyod ng isang bagay sa araw na ito, at ibang bagay kinabukasan.

Kasama ang lahat ng mga Marxista-Leninista, patuloy na maglulunsad ang mga Komunistang Tsino ng di mapagkompromisong pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo para ipagtanggol ang kadalisan ng Marxismo-Leninismo at prinsipyadong paninindigan ng Deklarasyon at ng Pahayag.

Habang binabaka ang rebisyunismo, na siyang pangunahing panganib sa pandaigdigang kilusang komunista, dapat ring bakahin ng mga Komunista ang dogmatismo.

Gaya ng isinaad sa Deklarasyong 1957, “dapat mahigpit na tumalima” ang proletaryong mga partido “sa prinsipyo sa pagkokombina ... ng unibersal na Marxista-Leninistang katotohanan sa pamamagitan ng partikular na praktika ng rebolusyon at konstruksyon sa kanilang mga bayan”.

Ang ibig sabihin nito ay:

Sa isang banda, laging kailangang magsimula sa realidad, magpanatili ng mahigpit na ugnay sa masa, laging maglagom ng karanasan sa pakikibakang masa, at nagsasariling magbalangkas at maglapat ng mga patakaran at mga taktika na angkop sa mga kalagayan ng sariling bayan. Makagagawa ng mga pagkakamaling dogmatista kung hindi gagawin ang gayon, kung mekanikal na kokopyahin ang mga patakaran at mga taktika ng ibang Partido Komunista, bulag na papailalim sa kapasyahan ng iba o tatanggap nang walang pagsusuri sa programa at mga resolusyon ng iba pang Partido Komunista bilang sariling linya nito.

Nilalabag ngayon ng ilang tao ang batayang prinsipyong ito, na matagal nang pinagtibay sa Deklarasyon. Sa pagkukunwang “mapanlikhang pagpapaunlad sa Marxismo-Leninismo”, isinasantabi nila ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo. Gayundin, inilalarawan nila ang “unibersal na Marxista-Leninistang mga katotohanan” bilang sarili nilang preskripsyon na nakabatay sa walang iba kundi suhetibong haka-haka at nakahiwalay sa realidad at sa masa, at pinupwersa nila ang iba na tanggapin ang mga preskripsyong ito nang walang pasubali.

Ito ang dahilan kung bakit maraming malulubhang penomenon ang nangyari sa pandaigdigang kilusang komunista.

24. Isang napakahalagang aral mula sa mga karanasan ng pandaigdigang kilusang komunista na nakasalalay ang pag-unlad at tagumpay ng isang rebolusyon sa pag-iral ng isang rebolusyonaryong proletaryong partido.

Dapat may isang rebolusyonaryong partido.

Dapat may isang rebolusyonaryong partido na itinatag alinsunod sa rebolusyonaryong teorya at rebolusyonaryong estilo ng Marxismo-Leninismo.

Dapat may isang rebolusyonaryong partido na kayang isanib ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika ng rebolusyon sa sarili nitong bayan.

Dapat may isang rebolusyonaryong partido na kayang mahigpit na iugnay ang pamunuan sa malawak na masa ng mamamayan.

Dapat may isang rebolusyonaryong partido na nagpupunyagi sa katotohanan, nagwawasto sa mga pagkakamali nito at nalalaman kung paano magsagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili.

Ang gayong rebolusyonaryong partido lamang ang makakapamuno sa proletaryado at sa malawak na masa ng mamamayan sa paggapi sa imperyalismo at mga alipures nito, at sa pagwawagi sa lubos na tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon at sa pagwawagi sa sosyalistang rebolusyon.

Kung ang isang partido ay hindi proletaryong rebolusyonaryong partido kundi isang burges-repormistang partido;

Kung hindi ito isang Marxista-Leninistang partido kundi isang rebisyunistang partido;

Kung hindi ito isang talibang partido ng proletaryado kundi isang partidong bumubuntot sa burgesya;

Kung hindi ito isang partidong kumakatawan sa mga interes ng proletaryado at lahat ng anakpawis kundi isang partido na kumakatawan sa mga interes ng aristokrasya sa paggawa;

Kung hindi ito isang internasyunalistang partido kundi isang nasyunalistang partido;

Kung hindi ito isang partido na gumagamit sa utak nito para mag-isip para sa sarili at magtamo ng wastong kaalaman sa mga tunguhin ng iba't ibang mga uri sa sariling bayan nito sa pamamagitan ng seryosong pagsisiyasat at pag-aaral, at nalalaman kung paano ilapat ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo at isanib ito sa kongkretong praktika ng sarili nitong bayan, sa halip ay isang partido na nag-uulit sa mga salita ng iba, nangongopya ng dayuhang karanasan nang walang pagsusuri, paroo't parito bilang tugon sa baton ng ilang mga tao sa ibayong dagat, at naging isang haluan ng rebisyunismo, dogmatismo at lahat liban sa Marxista-Leninistang prinsipyo;

Kung gayon, ang partidong iyon ay ganap na walang kakayahang pamunuan ang proletaryado at ang masa sa pagtupad sa dakilang istorikong misyon ng proletaryado.

Isa itong usaping dapat malalim na pag-isipan ng lahat ng mga Marxista-Leninista, lahat ng mulat-sa-uring mga manggagawa at lahat ng progresibong mamamayan sa lahat ng dako.

25. Tungkulin ng mga Marxista-Leninista na pag-ibahin ang katotohanan at kasinungalingan kaugnay ng mga di pagkakasundong lumitaw sa pandaigdigang kilusang komunista. Sa kapakanang komun ng pagkakaisa para sa pakikibaka laban sa kaaway, lagi't lagi naming itinataguyod ang paglutas sa mga suliranin sa pamamagitan ng konsultahang inter-Partido at sinalungat ang paghahayag ng mga di pagkakasundo sa harap ng kaaway.

Gaya ng batid ng mga kasama sa PKUS, ang pampublikong pagtatalo sa pandaigdigang kilusang komunista ay inupatan ng ilang mga pinuno ng praternal na Partido at ipinilit sa amin.

Dahil inupatan na ang pampublikong pagtatalo, dapat gawin ito sa batayan ng pagkakapantay-pantay sa hanay ng mga Partido praternal at ng demokrasya, at sa pamamagitan ng paghaharap ng mga datos at pangangatwiran.

Dahil inatake sa publiko ng ilang mga pinunong pampartido ang ibang mga Partidong praternal at nang-upat ng pampublikong debate, sa palagay namin, wala silang katwiran ni karapatang ipagbawal sa inatakeng mga Partidong praternal na gumawa ng pampublikong mga tugon.

Dahil naglathala ang ilang mga pinunong pampartido ng di mabilang na mga artikulo na umaatake sa ibang mga Partidong praternal, bakit hindi nila ilathala sa sarili nilang pahayagan ang mga artikulong isinulat bilang tugon ng mga Partidong ito?

Nitong huli, ipinailalim ang Partido Komunista ng Tsina sa hibang na mga atake. Nagpalahaw nang husto ang mga nang-aatake, at sa pagwawalang-bahala sa mga datos, naghabi ng maraming mga paratang laban sa amin. Inilathala namin ang mga artikulo at mga talumpating umaatake sa amin sa aming sariling pahayagan.

Buong-buo rin naming inilathala sa aming pahayagan ang ulat ng pinunong Sobyet sa pulong ng Kataas-taasang Sobyet noong Disyembre 12, 1962, ang artikulo ng Lupong Editorial ng PRAVDA ng Enero 7, 1963, ang talumpati ng pinuno ng delegasyong PKUS sa Ikaanim na Kongreso ng Sosyalistang Partido sa Pagkakaisa ng Alemanya noong Enero 14, 1963 at ang artikulo ng Lupong Editorial ng PRAVDA ng Pebrero 10, 1963.

Inilathala rin namin ang buong teksto ng dalawang liham ng Komite Sentral ng PKUS na may petsang Pebrero 21 at Marso 30, 1963.

Tinugon namin ang ilan sa mga artikulo at mga talumpati kung saan inatake kami ng mga Partidong praternal, pero hindi pa nakatutugon sa iba pa. Halimbawa, hindi pa kami tuwirang nakatutugon sa maraming mga artikulo at mga talumpati ng mga kasama ng PKUS.

Sa pagitan ng Disyembre 15, 1962 at Marso 8, 1963, sumulat kami ng pitong artikulo bilang tugon sa nang-aatake sa amin. Ang mga artikulong ito'y pinamagatang:

“Mga Manggagawa ng Lahat ng Bayan, Magkaisa, Labanan ang Ating Kaaway na Komun!”

“Ang mga Di pagkakasundo sa Pagitan ni Kasamang Togliatti at Namin”

“Leninismo at Modernong Rebisyunismo”

“Magkaisa Tayo sa Batayan ng Deklarasyong Moscow at Pahayag Moscow”

“Saan Nagbubuhay ang mga Di pagkakasundo? — Isang Tugon kay Thorez at Ibang mga Kasama”

“Karagdagan hinggil sa mga Di pagkakasundo sa Pagitan ni Kasamang Togliatti at Namin — Ilang Mahahalagang Suliranin ng Leninismo sa Kontemporaryong Daigdig”

“Isang Komentaryo hinggil sa Pahayag ng Partido Komunista ng USA”.

Marahil tinutukoy ninyo ang mga artikulong ito nang, sa bandang dulo ng inyong liham ng Marso 30, pinaratangan ninyo ang pahayagang Tsino ng paggawa ng “walang batayang mga atake” sa PKUS. Pagbaligtad sa mga bagay-bagay ang paglalarawan sa mga artikulong tugon sa umaatake sa amin bilang “mga atake”.

Dahil inilalarawan ninyong “walang batayan” ang aming mga artikulo at napakasama, bakit hindi ninyo ilathala ang lahat ng pitong “walang batayang mga atakeng” ito, sa paraan ring inilathala namin ang inyong mga artikulo, at hayaan ang lahat ng mga kasamang Sobyet at mamamayang Sobyet na mag-isip para sa kanilang sarili at magpasya kung sino ang tama at sino ang mali? Mangyari pa’y may karapatan kayong gumawa ng punto-por-puntong pagpapatunay na mali ang mga artikulong ito na itinuturing ninyong “walang batayang mga atake”.

Bagamat binabansagan ninyong “walang batayan” ang aming mga artikulo at mali ang aming argumento, ayaw ninyong sabihin sa mamamayang Sobyet kung ano talaga ang aming mga argumento. Mahirap ilarawan ang gayong praktika bilang pagpapakita ng seryosong aktitud sa pagtalakay sa mga usapin ng mga Partidong praternal, tungo sa katotohanan o tungo sa masa.

Umaasa kaming maihihinto ang pampublikong debate sa hanay ng mga Partidong praternal. Isang suliranin ito na dapat harapin alinsunod sa mga prinsipyo ng kasarinlan, ng pagkakapantay-pantay at ng pagkakamit sa ganap na kaisahan sa pamamagitan ng konsultahan sa hanay ng mga Partidong praternal. Sa pandaigdigang kilusang komunista, walang sinumang may karapatang maglunsad ng mga atake kailanman niya naisin, o iutos ang “pagwawakas sa hayag na pagtatalo” kailanman niya naisin para pigilan ang kabilang panig sa pagtugon.

Batid ng mga kasama sa PKUS na, upang malikha ang paborableng kapaligiran para sa pagdaraos sa pulong ng mga Partidong praternal, nagpasya kaming pansamantalang isuspindi, mula Marso 8, 1963, ang pampublikong mga tugon sa pampublikong mga atake na nagngangalang itinuon laban sa amin ng mga kasama ng mga Partidong praternal. Inirereserba namin ang karapatan sa pampublikong pagtugon.

Sa aming liham ng Marso 9, sinabi namin na sa usapin ng pagsususpindi sa pampublikong debate, “kailangang may talakayan ang ating dalawang Partido at mga Partidong praternal na sangkot at makarating sa isang kasunduan na makatwiran at katanggap-tanggap sa lahat”.

* * *

Ang nakasaad sa itaas ang aming mga pananaw kaugnay ng pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista at ilang kaugnay na mga usapin sa prinsipyo. Umaasa kami, gaya nang ipinahiwatig namin sa simula ng liham na ito, na ang tuwirang paglalahad ng aming mga pananaw ay makatutulong sa mutwal na unawaan. Mangyari pa, maaaring sumang-ayon o di sumang-ayon ang mga kasama sa mga pananaw na ito. Pero sa aming pagkukuro, ang tinatalakay naming mga usapin dito ang krusyal na mga usapin na tumatawag sa pansin at solusyon ng pandaigdigang kilusang komunista. Umaasa kami na lahat ng mga usaping ito, at ang mga usaping ihinarap sa inyong liham, ay lubos na matatalakay sa mga usapan sa pagitan ng ating dalawang Partido at sa pulong ng mga kinatawan ng lahat ng mga Partidong praternal.

Dagdag pa, may iba pang mga usapin na may kahalagahang komun, gaya ng pagpuna kay Stalin at iba pang mahalagang usapin sa prinsipyo kaugnay ng pandaigdigang kilusang komunista na ihinarap sa Ika-20 at Ika-22 mga Kongreso ng PKUS at umaasa kami na sa mga usaping ito rin, magkakaroon ng tuwirang palitan ng pagkukuro sa mga usapan.

Kaugnay ng mga usapan sa pagitan ng ating dalawang Partido, sa aming liham ng ika-9 ng Marso, ipinanukala namin na dumalaw si Kasamang Khrushchov sa Beijing, at kung hindi ito kumbinyente, ipinanukala namin na mamuno ang iba pang responsableng kasama ng Komite Sentral ng PKUS sa isang delegasyon sa Beijing o kaya'y magpadala kami ng delegasyon sa Moscow.

Dahil isinaad ninyo sa inyong liham ng Marso 30 na hindi makadadalaw si Kasamang Khrushchov sa Tsina, at dahil hindi kayo naglahad ng hangaring magpadala ng delegasyon sa Tsina, nagpasya ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina na magpadala ng delegasyon sa Moscow.

Sa inyong liham ng Marso 30, inanyayahan ninyo si Kasamang Mao Zedong na dumalaw sa Unyong Sobyet. Sing-aga ng Pebrero 23, malinaw na isinaad ni Kasamang Mao Zedong sa kanyang pakikipag-usap sa Sobyet Embahador sa Tsina ang dahilan kung bakit hindi siya nakahandang dumalaw sa Unyong Sobyet sa kasalukuyan. Alam na alam ninyo ang bagay na ito.

Nang tanggapin ng isang responsableng kasama ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina ang Sobyet Embahador sa Tsina noong Mayo 9, ipinaalam niya sa inyo na magpapadala kami ng delegasyon sa Moscow sa kalagitnaan ng Hunyo. Di naglaon, bilang pagtalima sa kahilingan ng Komite Sentral ng PKUS, sumang-ayon kami na ipagpaliban ang mga usapan sa pagitan ng ating dalawang Partido sa Hulyo 5.

Tapat naming inaasahan na ang mga usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet ay magdudulot ng positibong mga resulta at aambag sa mga paghahanda para sa pagdaraos ng pulong ng lahat ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa.

Ngayon, higit kailanman, kailangang magkaisa ang lahat ng mga Komunista sa batayan ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo at ng Deklarasyon at Pahayag na ganap na pinagkaisahan ng mga Partidong praternal.

Kasama ang Marxista-Leninistang mga partido at rebolusyonyong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig, ipagpapatuloy ng Partido Komunista ng Tsina ang walang patid na mga pagsisikap nito na itaguyod ang mga interes ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista, ang adhikain ng pagpapalaya sa aping mga mamamayan at mga bansa, at ang pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa kapayapaan sa daigdig.

Umaasa kaming ang mga pangyayaring ikinalulungkot ng mga malalapit at mahal sa atin, at ikinagagalak lamang ng kaaway ay hindi na mauulit sa pandaigdigang kilusang komunista sa hinaharap.

Matatag na nananalig ang mga Komunistang Tsino na ang mga Marxista-Leninista, ang proletaryado at ang rebolusyonyong mamamayan sa lahat ng dako ay higit na mahigpit na magkakaisa, mangingibabaw sa lahat ng mga kagipitan at mga hadlang, at magtatamo ng higit pang dakilang mga tagumpay sa pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa kapayapaan sa daigdig, at sa pakikibaka para sa rebolusyonyong adhikain ng mamamayan ng daigdig at adhikain ng pandaigdigang komunismo.

Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa! Mga manggagawa at aping mga mamamayan at mga bansa ng daigdig, magkaisa! Labanan ang ating kaaway na komun!

Kalakip ang komunistang pagbati.

KOMITE SENTRAL
NG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA

**ANG PINAGBUHATAN AT PAG-UNLAD NG MGA DI
PAGKAKASUNDO SA PAGITAN NATIN AT NG PAMUNUAN NG
PKUS (PARTIDO KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET)**

KOMENTARYO SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng Kagawarang Editorial ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI (PULANG BANDILA)**

(Setyembre 6, 1963)

Mahigit nang isang buwan magmula nang ilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang Bukas na Liham ng ika-14 ng Hulyo sa mga organisasyon ng Partido at lahat ng mga Komunista sa Unyong Sobyet. Itinulak ng Bukas na Liham na ito, at ng mga hakbang ng pamunuan ng PKUS mula nang mailathala ito, ang ugnayang Tsino-Sobyet sa bingit ng isang isplit at dinala ang di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista sa isang bagong yugto ng walang kapantay na kalubhaan.

Ngayo'y nagsasama-sama ang Moscow, Washington, New Delhi at Belgrade sa isang pista ng pagmamahalan at naglalabas ang pahayagang Sobyet ng walang katapusang mga tipo ng di kapani-paniwalang mga kwento at teoryang umaatake sa Tsina. Ipinanig ng pamunuan ng PKUS ang sarili sa imperyalismong US, sa mga reaksyunaryong Indian at sa taksil na pangkating Tito laban sa sosyalistang Tsina at laban sa lahat ng Marxista-Leninistang mga Partido, bilang hayag na pagtataksil sa Marxismo-Leninismo at sa proletaryong internasyunalismo, bilang walang kahihiyang pagtatakwil sa Deklarasyong 1957 at sa Pahayag ng 1960 at sa lantarang paglabag sa Tratado sa Pakikipagkaibigan, Alyansa at Mutwal na Tulungang Tsino-Sobyet.

Ang kasalukuyang mga di pagkakasundo sa loob ng pandaigdigang kilusang komunista at sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet ay nagsasangkot sa isang buong serye ng mahahalagang usapin sa prinsipyo. Sa liham nito ng ika-14 ng Hunyo sa Komite Sentral ng PKUS, sistematiko at komprehensibong tinalakay ng Komite Sentral ng PKT ang esensya ng mga di pagkakasundong ito. Ipinakita nito na, sa huling pagsusuri, ang kasalukuyang mga di pagkakasundo sa loob ng pandaigdigang kilusang komunista at sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet ay nagsasangkot sa mga usaping kung tatanggapin o hindi ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960, kung tatanggapin o hindi ang Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo, kung kailangan o hindi ng rebolusyon, kung lalabanan o hindi ang imperyalismo, at kung kanais-nais o hindi ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista.

Paano lumitaw ang mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista at sa pagitan ng pamunuan ng PKUS at natin? At paanong lumaki ang mga ito sa kasalukuyan nitong malulubhang dimensyon? Nababahala ang lahat sa mga usaping ito.

Sa aming artikulong “Saan Nagbuhat ang mga Di pagkakasundo?”,¹⁰ tinalakay namin ang pinagbuhatan at pag-unlad ng mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista sa pangkalahatang balangkas. Sadya kaming umiwas sa paglalahad ng ilang mga datos kaugnay ng usapin, at ilang mahahalagang datos kaugnay ng pamunuan ng PKUS sa partikular, at nagbigay ng kaunting luwag sa pamunuan ng PKUS, bagamat handa kaming maglahad ng mas buong larawan at pag-usapang maigi ang mga tama at mga mali kung kailangan. Ngayong nagsabi ng maraming mga kasinungalingan ang Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS hinggil sa pinagbuhatan at pag-unlad ng mga di pagkakasundo at ganap na binaluktot ang mga pangyayari, kinailangan nang ilahad namin ang ilang mga pangyayari para ipaliwanag ang bagay-bagay nang higit na detalyado.

¹⁰ Editoriyal ng Renmin Ribao, ika-27 ng Pebrero, 1963.

Sa Bukas na Liham nito, hindi naglakas-loob ang Komite Sentral ng PKUS na ilahad ang katotohanan sa kasapian ng Partido nito at sa masa ng mamamayan. Sa halip na maging hayag at tuwiran at respetuhin ang mga katotohanan gaya ng dapat gawin ng mga Marxista-Leninista, gumagamit ang pamunuan ng PKUS ng kinaugaliang praktika ng mga pulitikong burges, at binaluktot ang mga datos at nilitu-lito ang katotohanan sa kasinungalingan sa desididong pagtatangka nitong ibunton ang sisi sa paglitaw at pag-unlad ng mga di pagkakasundo sa Partido Komunistang Tsino.

Minsa'y sinabi ni Lenin, "Ang katapatan sa pulitika ay bunga ng kalakasan; ang pagkukunwari ay bunga ng kahinaan"¹¹, at ang respeto para sa katotohanan ang palatandaan ng aktitud ng mga Marxista-Leninista. Ang mga nangabulok sa pulitika lamang ang sumasalig sa pagsisinungaling para mabuhay.

Napakalinaw ng mga datos. Pinakamahusay na patunay ang mgaito. Tunghayan natin ang mga datos.

NAGSIMULA ANG MGA DI PAGKAKASUNDO SA IKA-20 KONGRESO NG PKUS

May kasabihang, "Kailangan ng isang buong araw na malamig para magyelo nang tatlong talampakan lalim ang ilog." Ang kasalukuyang mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista, mangyari pa'y hindi ngayon lamang nagsimula.

Ipinapalaganap ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang haka-haka na ang mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista ay sinimulan ng "Mabuhay ang Leninismo!" at dalawa pang mga artikulong inilathala natin noong Abril 1963. Malaking kasinungalingan ito.

Ano ang katotohanan?

Ang katotohana'y nagsimula ang buong serye ng mga di pagkakasundo sa prinsipyo sa pandaigdigang kilusang komunista mahigit nang pitong taon ang nakakaraan.

Para maging partikular, nagsimula ito sa Ika-20 Kongreso ng PKUS noong 1956.

Ang Ika-20 Kongreso ng PKUS ang unang hakbang sa landas ng rebisyunismo na ginawa ng pamunuan ng PKUS. Magmula ng Ika-20 Kongreso hanggang sa kasalukuyan, nagdaan sa isang proseso ng paglitaw, pagkabuo, pag-unlad at sistematisasyon ang rebisyunistang linya ng pamunuan ng PKUS. At sa isang banayad na proseso rin, unti-unting malalim na naunawaan ng mga tao ang rebisyunistang linya ng pamumuang PKUS.

Mula't sapul, nanindigan kami na mali ang ilan sa mga pananaw na itinaguyod sa Ika-20 Kongreso kaugnay ng kontemporaryong pandaigdigang pakikibaka at ng pandaigdigang kilusang komuista, atlabag sa Marxismo-Leninismo. Sa partikular, ang ganap na negasyon kay Stalin sa pagkukunwang "pagbaka sa kulto sa personalidad" at ang tesis sa mapayapang transisyon tungo sa sosyalismo sa pamamagitan ng "parlamentaryong" landas ay tahasang mga pagkakamali sa prinsipyo.

¹¹ V. I. Lenin, "Polemical Notes," Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1963, Vol. XVII, p. 166.

Mali kapwa sa prinsipyo at sa pamamaraan ang pagpuna kay Stalin sa Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Ang buhay ni Stalin ay buhay ng isang dakilang Marxista-Leninista, isang dakilang proletaryong rebolusyonaryo. Sa loob ng tatlumpong taon matapos mamatay si Lenin, si Stalin ang nangungunang pinuno ng PKUS at Gubyernong Sobyet, gayundin ang kinikilalang pinuno ng pandaigdigang kilusang komunista at tagapagdala sa bandila ng pandaigdigang rebolusyon. Habang siya'y nabubuhay, nakagawa ng ilang malulubhang pagkakamali si Stalin, ngunit kumpara sa kanyang dakila at mahahalagang mga nagawa, ang kanyang mga pagkakamali ay segundaryo lamang.

Nakapagbigay ng dakilang mga serbisyo si Stalin sa pagpapaunlad ng Unyong Sobyet at pandaigdigang kilusang komunista. Sa artikulong “Hinggil sa Istorikong Karanasan sa Diktadura ng Proletaryado” na inilathala noong Abril 1956, sinabi namin:

Matapos mamatay si Lenin, mapanlikhang inilapat at pinaunlad ni Stalin ang Marxismo-Leninismo bilang pangunahing pinuno ng Partido at ng estado. Kinatawan ni Stalin ang kapasyahan at mga aspirasyon ng mamamayan, at pinatunayan na namumukod na mandirigmang Marxista-Leninista ang sarili, sa pakikibaka para ipagtanggol ang pamana ng Leninismo laban sa mga kaaway — ang mga maka-Trotsky, ang mga maka-Zinoviev, at iba pang mga ahenteng burges. Natamo ni Stalin ang suporta ng mamamayang Sobyet at gumanap ng mahalagang papel sa kasaysayan pangunahin dahil, kasama ang iba pang mga pinuno ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet, ipinagtanggol niya ang linya ni Lenin sa internasyunalismo ng Unyong Sobyet at sa kolektibisasyon sa agrikultura. Sa pamamagitan ng pagtataguyod sa linyang ito, nakamit ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang tagumpay ng sosyalismo sa Unyong Sobyet at nilikha ang kondisyon para sa tagumpay ng Unyong Sobyet sa digmaan laban kay Hitler; ang mga tagumpay na ito ng mamamayang Sobyet ay umaayon sa mga interes ng uring manggagawa ng daigdig at lahat ng progresibong sangkatauhan. Natural lamang na lubos na parangalan ang pangalan ni Stalin sa lahat ng dako ng daigdig.¹²

Kailangang punahin ang mga pagkakamali ni Stalin. Pero sa kanyang lihim na ulat sa Ika-20 Kongreso, ganap na itinakwil ni Kasamang Khrushchov si Stalin, at sa paggawa nito'y siniraang-puri ang diktadura ng proletaryado, siniraang-puri ang sosyalistang sistema, ang dakilang PKUS, ang dakilang Unyong Sobyet at ang pandaigdigang kilusang komunista. Malayo sa pamamaraan ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili ng isang rebolusyonaryong proletaryong partido para sa paggawa ng tapat at seryosong pagsusuri at paglalagom sa istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado, trinato niya si Stalin bilang isang kaaway at ibinunton ang sisi sa lahat ng pagkakamali kay Stalin lamang.

¹² “Ang Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado”, edisyong Ingles, Foreign Languages Press, Beijing, 1964, p. 7.

Bisyoso at demagohikong naglubid ng napakaraming kasinungalingan si Khrushchov sa kanyang lihim na ulat, at nagpalipad ng mga paratang na may “mania sa persekyusyon” si Stalin, na siya’y nagpakasasa sa “brutal na pagka-arbitraryo”, na tinahak niya ang landas ng “maramihang panunupil atpananakot”, na “kanyang nauunawaan ang bayan at ang agrikultura mula lamang sa pelikula” at “nagpaplano ng mga operasyon sa isang globo”, na “naging seryosong balakid” ang pamumuno ni Stalin “sa landas ng panlipunang pagpapaunlad Sobyet”, at kung anu-ano pa. “Ganap niyang binura ang mahahalagang nagawa ni Stalin sa pamumuno sa mamamayang Sobyet sa paglulunsad ng matatag na pakikibaka laban sa lahat ng panloob at panlabas na mga kaaway at nagkamit ng dakilang mga resulta sa sosyalistang transpormasyon at sosyalistang konstruksyon, sa pamumuno sa mamamayang Sobyet sa pagtatanggol at pagkokonsolida sa unang sosyalistang bayan sa daigdig at sa pagwawagi sa dakilang tagumpay sa digmang antipasista, at sa pagtatanggol at pagpapaunlad sa Marxismo-Leninismo.

Sa ganap na pagtatakwil kay Stalin sa Ika-20 Kongreso ng PKUS, sa katunaya’y itinakwil ni Khrushchov ang diktadura ng proletaryado at ang pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo na ipinagtanggol at pinaunlad ni Stalin. Sa Kongresong iyon sinimulan ni Khrushchov, sa kanyang ulat, ang pagwawaksi sa Marxismo-Leninismo sa ilang mga usapin sa prinsipyo.

Sa kanyang ulat sa Ika-20 Kongreso, sa pagkukunwang may nangyari nang “radikal na mga pagbabago” sa pandaigdigang sitwasyon, ihiinang ni Khrushchov ang tesis sa “mapayapang transisyon”. Sinabi niya na ang landas ng Rebolusyong Oktubre ang “tanging wastong landas sa istorikong mga kondisyong iyon”, subalit dahil nagbago na ang sitwasyon, naging posible na, na makamit ang transisyon mula sa kapitalismo tungo sa sosyalismo “sa pamamagitan ng parlamentaryong landas”. Sa esensya, ang pagkalaki-laking tesis na ito ay malinaw na rebisyon ng mga Marxista-Leninistang aral hinggil sa estado at rebolusyon at isang malinaw na pagtatatwa sa unibersal na kabuluhan ng landas ng Rebolusyong Oktubre.

Sa kanyang ulat, sa ilalim ng katulad na pagkukunwa na nangyari na ang “radikal na mga pagbabago” sa sitwasyon sa daigdig, kinuwestiyon din ni Khrushchov ang patuloy na katumpakan ng mga itinuturo ni Lenin hinggil sa imperyalismo at hinggil sa digma at kapayapaan; at sa katunaya’y pinakialaman ang mga itinuturo ni Lenin.

Inilarawan ni Khrushchov ang Gubernong US at ang pinuno nito bilang taong lumalaban sa mga pwersa sa digma, at hindi bilang kinatawan ng imperyalistang mga pwersa sa digma. Aniya, “...malakas pa ang pusisyon doon [sa United States] ng mga tagapagtaguyod ng paglutas sa mahahalagang isyu sa pamamagitan ng digma, at ... patuloy silang gumagamit ng mabigat na presyur sa Presidente at sa Administrasyon.” Ipinagpatuloy pa niya sa pagsasabing nagsisimula na ang mga imperyalista na amining nabigo na ang patakarang malakas na pagpusisyon at “lumilitaw na ang sintoma ng kaunting paghinahon” sa kanilang hanay. Parang sinabi na rin na posibleng hindi katawanin ng Gubernong US at pinuno nito ang mga interes ng monopolyong kapital ng US, at posibleng talikdan nila ang kanilang patakarang digma at agresyon, at naging mga pwersa na sila na nagtataguyod sa kapayapaan.

Ipinahayag ni Khrushchov: “Nais naming maging mapagkaibigan sa United States at makipagkooperasyon dito para sa kapayapaan at pandaigdigang seguridad at gayundin sa mga aspetong pang-ekonomya at pangkultura.” Ang maling pananaw na ito, di naglaon, ay umunlad bilang linya ng “kooperasyong Sobyet-US para sa kalutasan ng mga suliraning pandaigdig”.

Sa pambabaluktot sa wastong prinsipyo ni Lenin sa mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayan na may magkakaibang sistemang panlipunan, ipinahayag ni Khrushchov na ang mapayapang pakikipamuhay ay ang “pangkalahatang linya sa patakarang panlabas” ng USSR. Nangangahulugan ito na babawasin sa pangkalahatang linya sa patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan ang kanilang mutwal na tulungan at kooperasyon, gayundin ang pagtulong nila sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa, o sa pagpapailalim ng lahat ng ito sa patakaran ng tinaguriang “mapayapang pakikipamuhay”.

Ang mga usaping ihinarap ng pamunuan ng PKUS sa Ika-20 Kongreso, at laluna ang usapin kay Stalin at sa “mapayapang transisyon”, ay hindi simpleng panloob na usapin ng PKUS; ’ang mga ito’y napakahalagang mga isyu na may kahalagahang komun para sa lahat ng Partidong praternal. Nang walang naunang konsultahan sa mga Partidong praternal, humango ng arbitraryong mga kongklusyon ang pamunuan ng PKUS; pinilit nito ang mga Partidong praternal na tanggapin ang isang *fait accompli* [sinadyang pangyayari para pangunahan ang isang tao, kapulungan, atbp] at, sa pagkukunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad”, krudong nanghimasok sa mga usaping panloob ng mga Partido at bayang praternal, at tinangkang ibagsak ang mga pamunuan nito, at sa gayo’y itinulak ang patakaran ng sektarismo at isplitismo sa pandaigdigang kilusang komunista.

Pinatutunayan ng mga sumunod na pangyayari na unti-unting lumilina na ang rebisyon at pagtataksil sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo ng mga pinuno ng PKUS ay umusbong mula sa nabanggit na mga pagkakamali.

Mula’t sapul, di kasundo sa prinsipyo ng PKT ang pananaw ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, at alam na alam ito ng namumunong mga kasama ng PKUS. Pero iginigiit ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na noong una’y binigyan ng ganap na suporta ng Partido Komunista ng Tsina ang Ika-20 Kongreso, at ang ating posisyon ay batbat ng “pag-uurong-sulong at pag-aatubili” at “hindi totoo”.

Imposible para sa pamunuan ng PKUS na takpan ang kalangitan sa pamamagitan ng isang palad. Hayaang magsalita para sa sarili ang mga pangyayari.

Sa maraming pagkakataon sa panloob na mga talakayan matapos ang Ika-20 Kongreso ng PKUS, taimtim na pinuna ng namumunong mga kasama ng Komite Sentral ng PKT ang mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS.

Noong Abril 1956, wala pang dalawang buwan matapos ang Ika-20 Kongreso, sa mga pag-uusap kapwa kay Kasamang Mikoyan, isang kagawad ng Presidium ng Komite Sentral ng PKUS, at sa Embahador ng Sobyet sa Tsina, inilahad ni Kasamang Mao Zedong ang ating mga pananaw sa usapin kay Stalin. Idiniin niya na “higit na matimbang ang mga merito kaysa mga pagkukulang” ni Stalin at kailangang “gumawa ng kongkretong pagsusuri” at “lahatang-panig na ebalwasyon” kay Stalin.

Noong Oktubre 23, 1956, sa pagtatanggap sa Embahador ng Sobyet sa Tsina, sinabi ni Kasamang Mao Zedong, “Dapat punahin si Stalin, pero hindi kami sumasang-ayon sa pamamaraan ng pagpuna, at may ilan pang mga bagay na hindi kami sumasang-ayon”.

Noong Nobyembre 30, 1956, sa pagtanggap sa Embahador ng Sobyet sa Tsina, muling sinabi ni Kasamang Mao Zedong na ang batayang patakaran at linya sa panahong nasa kapangyarihan si Stalin ay wasto at ang mga pamamaraang ginagamit laban sa mga kaaway ay di dapat gamitin laban sa inyong mga kasama.

Inilahad rin ang aming mga pananaw sa usapin kay Stalin kapwa ni Kasamang Liu Xiaoqi sa kanyang pakikipag-usap sa mga pinuno ng PKUS noong Oktubre 1956, at ni Kasamang Zhou Enlai sa kanyang mga pakikipag-usap noong Oktubre 1, 1956 sa delegasyon ng PKUS sa Ikawalang Kongreso ng PKT at noong Enero 18, 1957 sa mga pinuno ng PKUS, at pinuna nila kapwa na ang mga pagkakamali ng mga pinuno ng PKUS ay binubuo pangunahin ng “ganap na kawalan ng pangkalahatang pagsusuri” kay Stalin, ng “kawalan ng pagpuna-sa-sarili”, at “pagkabigo na maunang konsultahin ang mga Partidong praternal”.

Sa mga panloob na talakayan sa mga kasama ng PKUS, inilahad rin ng namumunong mga kasama ng Komite Sentral ng PKT kung paano tayo di nagkakasundo sa usapin ng mapayapang transisyon. Gayundin, noong Nobyembre 1957, ihinarap ng Komite Sentral ng PKT sa Komite Sentral ng PKUS ang isang nakasulat na “Balangkas ng mga Pananaw sa Usapin ng Mapayapang Transisyon”, na komprehensibo at malinaw na nagpapaliwanag sa punto de bista ng PKT.

Sa marami nilang panloob na mga talakayan sa mga kasama ng PKUS, sistematikong inilahad ng namumunong mga kasama ng Komite Sentral ng PKT ang aming mga pananaw hinggil sa pandaigdigang sitwasyon at sa estratehiya ng pandaigdigang kilusang komunista, nang may tuwirang pagtukoy sa mga pagkakamali ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Ito ang malinaw na mga datos. Paano mabubura ang mga ito ng pamunuan ng PKUS sa pamamagitan ng makapal-ang-mukhang pagsisinungaling?

Sa pagtatangkang ikubli ang mahahalagang katotohanan na ito, sinisipi ng Komite Sentral ng PKUS sa Bukas na Liham nito nang wala sa konteksto ang pampublikong mga pahayag nina Kasamang Mao Zedong, Liu Xiaoqi at Deng Xiaoping para ipakita na sa isang panahon, ganap na pinagtibay ng Partido Komunistang Tsino ang Ika-20 Kongreso ng PKUS. Ito’y walang saysay.

Ang totoo’y hindi kailanman at saanman ganap na pinagtibay ng Partido Komunistang Tsino ang Ika-20 Kongreso ng PKUS, ni sumang-ayon sa ganap na negasyon kay Stalin o inendorso ang pananaw sa mapayapang transisyon tungo sa sosyalismo sa pamamagitan ng “parlamentaryong landas”.

Di nagtagal matapos ang Ika-20 Kongreso ng PKUS, noong Abril 5, 1956, inilathala namin ang “Hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura sa Proletaryado”; pagkatapos, noong Disyembre 29, 1956, inilathala namin ang “Karagdagan Hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado”. Habang pinatutunayang mali ang anti-Komunistang mga paninira ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo, gumawa ang dalawang artikulong ito ng lahatang-panig na pagsusuri sa buhay ni Stalin, pinagtibay ang unibersal na kabuluhan ng landas ng Rebolusyong Oktubre, nilagom ang istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado, at sa diplomatiko pero malinaw na paraan, pinuna ang maling mga panukala ng Ika-20 Kongreso. Hindi ba’t ito’y isang pangyayaring batid ng lahat?

Magmula ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, patuloy na itinatanghal ng Partido Komunista ng Tsina ang larawan ni Stalin kasama ng iba pang dakilang rebolusyonaryong mga pinunong sina Marx, Engels at Lenin. Hindi ba't isa ring itong pangyayaring batid ng lahat?

Mangyari pa'y kailangang sabihin na para sa kapakanan ng pagkakaisa laban sa kaaway at bilang pagsasaalang-alang sa gipit na posisyon ng mga pinuno ng PKUS, umiwas kami sa mga araw na iyon sa hayag na pagpuna sa mga pagkakamali ng Ika-20 Kongreso, dahil sinasamantala ng mga imperyalista at ng mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan ang mga pagkakamaling ito at todo-todong kumikilos laban sa Unyong Sobyet, laban sa komunismo at laban sa mamamayan, at dahil hindi pa rin lumilihis nang malayo mula sa Marxismo-Leninismo gaya nang ginawa nila di naglaon. Taimtim naming inasahan sa panahong iyon na hanapin ang positibong mga aspeto at sa publikong mga okasyon, nagbigay sa kanila ng anumang suportang angkop at kailangan.

Magkagayunman, sa pamamagitan ng pagdidiin sa positibong mga aral at mga prinsipyo sa kanilang pampublikong mga talumpati, ipinaliwanag ng namumunong mga kasama ng Komite Sentral ng PKT ang ating posisyon kaugnay ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Iginigiit ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na sa kanyang pampulitikang ulat sa Ikalawang Kongreso ng PKT, ganap na pinagtibay ni Kasamang Liu Xiaoyi ang Ika-20 Kongreso ng PKUS. Pero sa ulat na ito mismo tinalakay ni Kasamang Liu Xiaoyi ang mga aral ng rebolusyong Tsino at ipinaliwanag na ang landas ng "mapayapang transisyon" ay mali at di maipapatupad.

Iginigiit ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na sa kanyang ulat sa Ikalawang Kongreso ng PKT hinggil sa rebisyon ng Konstitusyon ng Partido, ganap na pinagtibay ni Kasamang Deng Xiaoping ang "pakikibaka laban sa kulto sa personalidad" na ginawa sa Ika-20 Kongreso. Pero sa ulat na ito mismo mahabang tinalakay ni Kasamang Deng Xiaoping ang demokratikong sentralismo sa Partido at ang interalasyon sa pagitan ng mga pinuno at masa, at ipinaliwanag ang hindi nagbabago at wastong estilo sa paggawa ng ating Partido, at sa gayo'y pinuna sa katunayan ang pagkakamali ng Ika-20 Kongreso kaugnay ng "pakikibaka sa kulto sa personalidad".

May mali ba sa paraan ng ating pagkilos? Hindi ba't ginawa natin kung ano ang dapat gawin ng isang Marxista-Leninistang Partido sa pamamagitan ng pagpupunyagi sa prinsipyo at pagtataguyod sa pagkakaisa?

Paanong mailalawaran ang di pabagu-bagong wastong aktitud na ito ng Partido Komunistang Tsino tungo sa Ika-20 Kongreso bilang batbat ng "pag-uurong-sulong at pag-aatubili", bilang "hindi totoo" at bilang kumakatawan sa "ganap na pagpihit"?

Sa gayong mga pagpapatang laban sa atin sa Bukas na Liham, marahil akala ng Komite Sentral ng PKUS na maitatatwa nito ang mga puna na aming ginawa dahil alam lamang ito ng ilang mga pinuno ng PKUS, at makagagamit ito ng mga kasinungalingan para linlangin ang malawak na masa ng kasapian ng PKUS at ng mamamayang Sobyet. Hindi ba't pinatutunayan naman nito ang sariling kasinungalingan?

ANG MALULUBHANG IBINUNGA NG IKA-20 KONGRESO NG PKUS

Maingay na ipinapahayag ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang “maningning” at “dakilang mga resulta” ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Pero hindi mababago ang kasaysayan. Matatandaan ng mga taong hindi maikli ang memorya na, sa pamamagitan ng mga pagkakamali nito, nakalikha ang Ika-20 Kongreso hindi ng “maningning” o “dakilang mga resulta” kundi siniraan nito ang Unyong Sobyet, ang diktadura ng proletaryado at ang sosyalismo at komunismo, at nagbigay ng pagkakataon sa mga imperyalista, reaksyunaryo at lahat ng iba pang mga kaaway ng komunismo, na may labis na malulubhang dulot na kapariwaraan para sa pandaigdigang kilusang komunista.

Matapos ang Kongreso, pinapintog ng kapalaluan, nang-upat ang mga imperyalista at mga reaksyunaryo sa lahat ng dako ng pandaigdigang paninira laban sa Unyong Sobyet, laban sa komunismo at laban sa mamamayan. Nakita ng mga imperyalistang US ang lubos na atake kay Stalin ng pamunuan ng PKUS bilang isang bagay na “sukat na sukat sa ating mga layunin”¹³, hayag na nag-usap-usap tungkol sa pagsamantala sa lihim na ulat ni Khrushchov bilang isang “sandata para wasakin ang prestihiyo at impluwensya ng kilusang Komunista”¹⁴. Ginamit nila ang pagkakataon para itaguyod ang “mapayapang transpormasyon” sa Unyong Sobyet.¹⁵

Naging napakaagresibo ng mga maka-Tito. Habang iwinawasiwas ang kanilang reaksyunaryong islogang “anti-Stalinismo”, walang taros nilang inatake ang diktadura ng proletaryado at ang sistemang sosyalista. Ipinahayag nila na “lumikha ng sapat na mga elemento” ang Ika-20 Kongreso ng PKUS para sa “bagong landas” na pinasimulan ng Yugoslavia at “ang usapin ngayon ay kung magwawagi ang landas na ito o magwawagi muli ang landas ng Stalinismo.”¹⁶

Di mapakaling muling pinasimulan ang pagkilos ng mga maka-Trotsky, mga kaaway ng komunismo na nasa desperadong kalagayan. Sa Manipesto sa mga Manggagawa at mga Mamamayan ng Buong Daigdig nito, sinabi ng umano’y Ikaapat na Internasyunal:

Ngayon, sa mismong pag-amin ng mga pinuno ng Kremlin sa mga krimen ni Stalin, sa pahiwatig ay kinikilala nila na ang walang pagod na pakikibakang isinasagawa ... ng pandaigdigang kilusang maka-Trotsky laban sa pagkabulok ng estado ng mga manggagawa ay ganap na makatwiran.

Nagdulot ng malaking kalituhan sa ideolohiya ang mga pagkakamali ng Ika-20 Kongreso sa pandaigdigang kilusang komunista at naging dahilan para daluyungin ito ng rebisyunistang mga ideya. Kasama ang mga imperyalista, ang mga reaksyunaryo at ang pangkating Tito, inatake ng mga taksil sa komunismo ng maraming mga bayan ang Marxismo-Leninismo at pandaigdigang kilusang komunista.

¹³ Pananalita sa Radyo ni T. C. Streibert, Direktor ng US Informative Agency, ika-11 ng Hunyo, 1956.

¹⁴ “Ang Krisis Komunista”, editoryal ng New York Times, ika-23 ng Hunyo, 1956.

¹⁵ F. Dulles, Pahayag sa Kumperensyang Pampahayagan, ika-3 ng Abril, 1956.

¹⁶ J. B. Tito, Talumpating Binigkas sa Pula, ika-11 ng Nobyembre, 1956.

Pinakakapuna-puna sa mga pangyayaring naganap sa panahong ito ay ang insidente sa ugnayang Sobyet-Polish at ang kontra-rebolusyong rebelyon sa Hungary. Magkaiba sa katangian ang dalawang pangyayaring ito. Pero nakagawa ng malulubhang pagkakamali ang pamunuan ng PKUS sa dalawang ito. Sa pamamagitan ng pagdadala ng mga tropa sa tangkang sugpuin ang mga kasamang Polish sa pamamagitan ng armadong pwersa, nagawa nito ang pagkakamaling sobinismong malaking-kapangyarihan. At sa kritikal na sandali nang sakupin ng mga kontra-rebolusyong Hungarian ang Budapest, sa isang panahon, binalak nitong itaguyod ang patakarang kapitulasyon sa kontra-rebolusyon at talikdan ang sosyalistang Hungary.

Pinalaki ng mga pagkakamaling ito ng pamunuan ng PKUS ang kapalaluan ng lahat ng mga kaaway ng komunismo, lumikha ng malulubhang kagipitan para sa maraming mga Partidong praternal at nagdulot ng napakalaking pinsala sa pandaigdigang kilusang komunista.

Sa harap ng ganitong sitwasyon, matatag na hiningi ng Partido Komunistang Tsino at ibang mga Partido praternal na nagpupunyagi sa Marxismo-Leninismo na biguin ang mga atake ng imperyalismo at reaksyon at ipagsanggalang ang sosyalistang kampo at ang pandaigdigang kilusang komunista. Iginiiit natin ang paggawa ng lahat ng kailangang mga hakbangin para durugin ang kontra-rebolusyong rebelyon sa Hungary at matatag na nilabanan ang pag-abandona sa sosyalistang Hungary. Iginiiit natin na sa paghawak sa mga suliranin sa pagitan ng mga Partido at mga bayang praternal, dapat tumalima sa wastong mga prinsipyo nang sa gayon ay mapatatag ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo, at matatag naming sinalungat ang maling mga pamamaraan ng sobinismong malaking-kapangyarihan. Kasabay nito, sinikap namin nang husto na ipagsanggalang ang prestihiyo ng PKUS.

Sa panahong iyon, tinanggap ng mga pinuno ng PKUS ang aming mungkahi at noong Oktubre 30, 1956, inilabas ang “Deklarasyon Hinggil sa mga Pundasyon ng Kaunlaran at Higit na Pagpapatatag sa Pakikipagkaibigan at Kooperasyon sa Pagitan ng Unyong Sobyet at Iba pang Sosyalitang mga Bayan” ng Gubyernong Sobyet, kung saan sinuri nila ang ilan sa kanilang sariling mga pagkakamali sa nakaraan sa pagtangan sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga bayang praternal. Noong ika-1 ng Nobyembre, naglabas ang Gubyernong Tsino ng pahayag na naglalahad ng suporta para sa deklarasyon ng Gubyernong Sobyet.

Ginawa namin ang lahat ng ito sa kapakanan ng pandaigdigang kilusang komunista, at gayundin para mahimok ang mga pinuno ng PKUS na halawin ang wastong mga aral at agad na iwasto ang kanilang mga pagkakamali at hindi dumausdos papalayo sa Marxismo-Leninismo. Pero ipinakita ng mga sumunod na pangyayari na nagkimkim ng galit ang mga pinuno ng PKUS laban sa atin at itinuring ang PKT na nagpupunyagi sa proletaryong internasyunalismo bilang pinakamalaking balakid sa kanilang maling linya.

ANG PULONG SA MOSCOW NOONG 1957 NG MGA PARTIDONG PRATERAL

Naganap sa Moscow ang Pulong ng mga Kinatawan ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng 1957 matapos mabigo ang mabibigat na atake ng mga imperyalista at ng mga reaksyunaryo ng iba't ibang mga bayan laban sa pandaigdigang kilusang komunista.

Sinasabi ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na gumanap ang Ika-20 Kongreso ng PKUS ng “napakalaking papel” sa pagtatakda sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista. Ipinapakita ng mga pangyayari na ang kabaligtaran ang totoo. Tinanggihan at iwinasto ang maling mga pananaw ng Ika-20 Kongreso sa maraming mahahalagang usapin sa prinsipyo ng pulong ng mga Partidong praternal ng 1957.

Nilagom ng tanyag na Deklarasyong 1957, na pinagtibay ng Pulong sa Moscow, ang karanasan ng pandaigdigang kilusang komunista, itinakda ang palabang mga tungkuling komun ng lahat ng mga Partido Komunista, pinagtibay ang unibersal na kabuluhan ng landas ng Rebolusyong Oktubre, binalangkas ang komun na mga batas na sumasaklaw sa sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon at inilatag ang mga prinsipyo na pumapatnubay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal. Ang linyang komun ng pandaigdigang kilusang komunista na nabalangkas sa pulong samakatwid ay kumakatawan sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at salungat sa maling mga pananaw na lumilihis sa Marxismo-Leninismo na ihinarap ng Ika-20 Kongreso. Ang mga prinsipyong gumagabay sa mga ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal na inilatag sa Deklarasyon ay kongkretong mga ekspresyon ng prinsipyong proletaryong internasyunalismo at kasalungat ng sobinismong malaking-kapangyarihan at sektarismo ng pamunuan ng PKUS.

Napakaraming gawain ang isinagawa ng delegasyon ng PKT, na pinamunuan ni Kasamang Mao Zedong, sa pulong na iyon. Sa isang banda, nagsagawa ito ng ganap na pakikipagkonsultahan sa mga pinuno ng PKUS, at saanman kailangan at angkop, naglunsad ng pakikipagtunggali sa kanila, para matulungan silang iwasto ang kanilang mga pagkakamali; sa kabilang banda, nagsagawa ito ng paulit-ulit na palitan ng mga pananaw sa mga pinuno ng ibang mga Partidong praternal para makabalangkas ng isang dokumentong komun na katanggap-tanggap sa lahat.

Sa pulong na ito, ang pangunahing paksa ng kontrobersya sa pagitan natin at ng delegasyon ng PKUS ay ang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo. Sa kanilang orihinal na borador na Deklarasyon, iginiit ng pamunuan ng PKUS na isali ang maling mga pananaw sa mapayapang transisyon ng Ika-20 Kongreso. Walang banggit kahit isa mang salita ang orihinal na borador tungkol sa di mapayapang transisyon, at bumabanggit lamang ng mapayapang transisyon; gayundin, inilarawan nito ang mapayapang transisyon bilang “pagkakamit ng mayorya sa parlamento at pagtatransporma sa parlamento mula sa instrumento ng diktadurang burges tungo sa instrumento ng tunay na kapangyarihang pang-estado ng mamamayan”. Sa katunayan, ihinalili nito ang “parlamentaryong landas” na itinaguyod ng mga oportunistang Ikalawang Internasyunal sa landas ng Rebolusyong Oktubre at nirebisa ang batayang Marxista-Leninistang teorya hinggil sa estado at rebolusyon.

Matatag na sinalungat ng Partido Komunistang Tsino ang maling mga pananaw na nilaman ng borador na deklarasyong isinumite ng pamunuan ng PKUS. Inilahad natin ang ating mga pananaw sa dalawang magkakasunod na borador na ihinarap ng Komite Sentral ng PKUS at gumawa ng malaking bilang ng mayor na pagbabagong makapinsipyo na inilahad natin bilang sarili nating nirebisang borador. Nagdaos ng paulit-ulit na talakayan sa pagitan ng mga delegasyon ng mga Partidong Tsino at Sobyet batay sa ating nirebisang borador bago isinumite ang Sama-samang Borador ng Deklarasyon ng PKUS at PKT sa mga delegasyon ng ibang mga Partidong praternal para sa kanilang mga pagkukuro.

Bilang resulta ng mga pagsisikap na komun ng mga delegasyon ng PKT at ibang mga Partidong prateral, sa wakas ay pinagtibay ng pulong ang kasalukuyang bersyon ng Deklarasyon, na naglalaman ng dalawang mayor na pagbabago sa usapin ng transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo kung ikukumpara sa unang borador na ihinarap ng pamunuan ng PKUS. Una, habang ipinapahiwatig ang posibilidad ng mapayapang transisyon, itinuturo ng Deklarasyon ang landas ng di mapayapang transisyon at idinidiin na “itinuturo ng Leninismo, at pinatutunayan ng karanasan, na di kailanman boluntaryong binibitiwan ng naghaharing mga uri ang kapangyarihan”. Ikalawa, habang nagbabanggit ng pagkamit ng “matatag na mayorya sa parlamento”, idinidiin ng Deklarasyon ang pangangailangan na “maglunsad ng ekstra-parlamentaryong pakikibakang masa, durugin ang paglaban ng reaksyunaryong mga pwersa at likhain ang kailangang mga kondisyon para sa mapayapang pagkamit ng sosyalistang rebolusyon”.

Sa kabila ng mga pagbabagong ito, hindi pa kasiya-siya ang pormulasyon sa Deklarasyon sa usapin ng transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo. Pumayag kami sa huli dahil lamang sa konsiderasyon sa paulit-ulit na ipinahayag na pagnanasa ng mga pinuno ng PKUS na magpakita ng koneksyon ang pormulasyon sa pormulasyon ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Gayunman, inilahad ng Komite Sentral ng PKUS ang balangkas ng ating mga pananaw hinggil sa usapin ng mapayapang transisyon kung saan ang mga pananaw ng PKT ay komprehensibo at malinaw na ipinaliwanag. Idiniin ng balangkas ang sumusunod:

“Sa kasalukuyang kalagayan ng pandaigdigang kilusang komunista, kapaki-pakinabang mula sa punto de bista ng mga taktika na tukuyin ang pagnanasa para sa mapayapang transisyon. Pero hindi naaangkop na ipagdiinan ang posibilidad sa mapayapang transisyon.”

“Dapat laging handa sila [ang proletaryado at Partido Komunista] sa lahat ng oras na biguin ang kontra-rebolusyonaryong mga atake at, sa sandali ng rebolusyon kung saan inaagaw ng uring manggagawa ang kapangyarihang pang-estado, ibagsak ang burgesya sa pamamagitan ng armadong pwersa kung gagamit ito ng armadong pwersa para sugpuin ang rebolusyong bayan (sa pangkalahatan, tiyak na gagawin iyon ng burgesya).”

“Ang pagkuha ng mayorya sa parlamento ay hindi pagdurog sa lumang makinarya sa estado (pangunahin ang armadong mga pwersa) at pagtatatag ng bagong makinarya sa estado (pangunahin ang armadong mga pwersa). Kung hindi madudurog ang militar-burukratikong makinarya sa estado ng burgesya, imposible ang parlamentaryong mayorya para sa proletaryado at mga masasaligang alyado nito... o kaya’y di masasaligan...” (*Tingnan ang Apendiks I.*)

Bilang bunga ng mga pagsisikap na komun ng mga delegasyon ng PKT at ibang mga Partidong praternal, iwinasto rin ng Deklarasyong 1957 ang maling mga pananaw na ihinarap ng pamunuan ng PKUS sa Ika-20 Kongreso sa mga iyon tulad ng imperyalismo at digma at kapayapaan, at nagdagdag ng maraming mahahalagang punto sa ilang usapin sa prinsipyo. Ang pangunahing mga karagdagan ay ang tesis na ang imperyalismong US ang sentro ng pandaigdigang reaksyon at ang sumpang kaaway ng mamamayan, ang tesis na kung maglulunsad ng digmaang pandaigdig ang imperyalismo, titiyakin lamang nito ang sariling pagkawasak, ang mga batas na komun na sumasaklaw sa sosyalistang rebolusyon at sa pagbubuo ng sosyalismo; ang prinsipyo ng pagkukumbina ng unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika ng rebolusyon at konstruksyon sa iba't ibang mga bayan, ang pormulasyon sa kahalagahan ng paglalapat ng dialektikong materyalismo sa praktikal na gawain, ang tesis na ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika ng uring manggagawa ang simula ng rebolusyon at hindi ang wakas nito; ang tesis na mangangailangan ng mahaba-habang panahon para lutasin ang usapin kung sino ang magwawagi — ang kapitalismo o ang sosyalismo, ang tesis na ang pag-iral ng impluwensyang burges ang panloob na bukal ng rebisyunismo, habang ang pagsuko sa imperyalistang presyur ang panlabas na bukal nito; at iba pa.

Kasabay nito, gumawa ng ilang kinakailangang kompromiso ang delegasyon ng PKT. Dagdag sa pormulasyon sa usapin ng mapayapang transisyon, hindi namin sinang-ayunan ang pagtukoy sa Ika-20 Kongreso ng PKUS at nagmungkahi ng mga pagbabago. Pero bilang konsiderasyon sa gipit na posisyon ng pamunuan ng PKUS sa panahong iyon, hindi kami naggiit sa mga pagbabago.

Sino ang mag-aakalang ang mga konsesyong ito na aming ginawa bilang konsiderasyon sa mas malaking interes ay gagamitin sa kalaunan ng pamunuan ng PKUS bilang dahilan sa pagpapalala sa mga di pagkakasundo at sa paglikha ng isplit sa pandaigdigang kilusang komunista?

Laging ipinapareho ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang resolusyon ng Ika-20 Kongreso ng PKUS sa Deklarasyong 1957 sa pagtatangka nitong ihalili ang maling linya ng Ika-20 Kongreso para sa linyang komun ng pandaigdigang kilusang komunista. Matagal na naming ipinakita at ngayo'y minamabuting dapat muling ipakita, na alinsunod sa prinsipyong lahat ng mga Partidong praternal ay nagsasarili at pantay-pantay, walang sinumang may karapatang hingiin sa mga Partidong praternal na tanggapin ang mga resolusyon ng Kongreso ng isang Partido, at hindi maaaring ituring ang mga resolusyon ng isang Kongreso ng Partido, alinmang Partido ito, bilang linyang komun ng pandaigdigang kilusang komunista, at walang bisa sa ibang mga Partidong praternal. Marxismo-Leninismo lamang at ang mga dokumentong ganap na pinagkaisahan ang bumubuo sa kodigong komun na may-bisa sa atin at sa lahat ng Partidong praternal.

ANG PAG-UNLAD NG REBISYUNISMO NG PAMUNUAN NG PKUS

Matapos ang Pulong sa Moscow noong 1957 sa ganap na pinagkaisahan nitong Deklarasyon, umasa kami na tatalima ang pamunuan ng PKUS sa linyang inilatag sa Deklarasyon at iwawasto ang mga pagkakamali nito. Ikinalulungkot naming sabihin na taliwas sa mga inaasahan namin at ng lahat ng ibang Marxista-Leninistang Partidong praternal, nagsagawa ang pamunuan ng PKUS ng lalong malulubhang paglabag sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at sa mga prinsipyong gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal, at palayo nang palayong lumihis sa landas ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo. Lumago ang rebisyunismo ng pamunuan ng PKUS. Pinalala ng pag-unlad na ito ang mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista at dinala ang mga ito sa isang bagong yugto.

Sa ganap na pagbabale-wala sa kongklusyong komun ng Deklarasyong 1957 na ang imperyalismong US ay kaaway ng lahat ng mamamayan ng daigdig, marubdob na hinangad ng pamunuan ng PKUS ang kolaborasyon sa imperyalismong US at ang paglutas sa mga suliranin ng daigdig ng mga pinuno ng Unyong Sobyet at ng United States. Laluna sa panahon ng mga Usapan sa Camp David noong Setyembre 1959, pinuri ni Khrushchov si Eisenhower hanggang langit, at sinabing isa siyang tao na “nagtatamasa ng absolutong tiwala ng kanyang mamamayan”¹⁷ na “nababahala rin sa pagtitiyak sa kapayapaan tulad natin”¹⁸.

Gayundin, buong sigasig na inianunsyo ng mga kasama sa PKUS ang diumano’y “diwa ng Camp David”, na itinatwa mismo ni Eisenhower, at sinasabi na tanda ito ng “isang bagong kapanahunan sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan”¹⁹ at “isang punto ng pagpihit sa kasaysayan”²⁰.

Ganap na binale-wala ang rebolusyonaryong linya ng Deklarasyong 1957, sa mga pahayag ni Khrushchov at sa pahayagang Sobyet, masiglang itinaguyod ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang rebisyunistang linyang “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kumpetisyon” at “mapayapang transisyon”, at pinuri ang “katalinuhan” at “mabuting kalooban” ng mga imperyalista, ipinangaral na makakamit ang “isang daigdig na walang mga sandata, nang walang armadong mga pwersa at nang walang mga digma” habang ang higit na malaking bahagi ng globo ay pinaghaharian pa at kontrolado ng imperyalismo,²¹ na “literal na makapagbubukas ng isang bagong kapanahunan sa kaunlarang pang-ekonomya ng Asya, Aprika at Amerika Latina”²² ang unibersal at ganap na disarmamento, at marami pang iba.

¹⁷ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pulong Masa sa Moscow, ika-28 ng Setyembre, 1959.

¹⁸ N. S. Khrushchov, Kumperensyang Pampahayagan sa Washington, ika-27 ng Setyembre, 1959.

¹⁹ A. A. Gromyko, Talumpati sa Sesyong ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, ika-31 ng Oktubre, 1959.

²⁰ Bagong Taong mensahe ng pagbati mula kay N. S. Khrushchov at K. Y. Voroshilov to D. D. Eisenhower, ika-1 ng Enero, 1960.

²¹ N. S. Khrushchov, Mga Tugon sa mga Tanong ni Roberto J. Noble, Direktor ng pahayagang Argentine na *Clarín*, ika-30 ng Disyembre, 1959.

²² N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-18 ng Setyembre, 1959.

Naglathala ang PKUS ng maraming aklat at artikulo kung saan binago nito ang pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo, inalisan ang mga ito ng rebolusyonaryong diwa, at ipinalaganap ang rebisyunistang mga pananaw nito sa isang buong serye ng mahahalagang usapin sa prinsipyo sa mga larangan ng pilosopiya, ekonomyang pampulitika, teoryang sosyalista at komunista, kasaysayan, literatura at sining.

Aktibong sinikap ng pamunuan ng PKUS na ipataw ang maling mga pananaw nito sa pandaigdigang demokratikong mga organisasyon at baguhin ang wastong mga linya ng mga ito. Isang namumukod na kaso halimbawa ang pagkilos ng mga kasamang Sobyet sa sesyong Beijing ng Pangkalahatang Konseho ng Pandaigdigang Pederasyon ng mga Unyon sa Paggawa noong Hunyo 1960.

Bilang ganap na pagbabale-wala sa mga prinsipyo na gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal na inilatag sa Deklarasyong 1957, nagsagawa ng walang rendang mga aktibidad laban sa Tsina ang mga pinuno ng PKUS na sabik na maglangis sa imperyalismong US. Itinuring nila ang Partidong Komunistang Tsino, na tumatalima sa Marxismo-Leninismo, bilang hadlang sa kanilang rebisyunistang linya. Akala nila'y nalutas na nila ang kanilang panloob na mga suliranin at "naistabilisa" ang sarili nilang pusisyon at sa gayo'y mapapaigting ang kanilang patakarang "pagiging mapagkaibigan sa mga kaaway at matigas sa mga kaibigan".

Noong 1958, nagharap ang pamunuan ng PKUS ng di rasonableng mga hinihingi na nakadisenyong ilagay ang Tsina sa kontrol militar Sobyet. Ang di rasonableng mga hinihinging ito ay makatwiran at matatag na tinanggihan ng Gubernong Tsino. Di nagtagal matapos nito, noong Hunyo 1959, unilateral na pinunit ng Gubernong Sobyet ang kasunduan sa bagong teknolohiya para sa pambansang pagtatanggol na nabuo sa pagitan ng Tsina at Unyong Sobyet noong Oktubre 1957, at tumangging magbigay sa Tsina ng sampol ng bomba atomika at teknikal na datos kaugnay ng manupaktura nito.

Pagkatapos, sa bisperas ng pagdalaw ni Khrushchov sa United States, di inalintana ang paulit-ulit na mga pagtutol ng Tsina, dali-daling inilabas ng pamunuan ng PKUS ang pahayag TASS ng ika-9 ng Setyembre hinggil sa insidente sa hangganang Tsino-Indian na pumapanig sa mga reaksyunaryong Indian. Sa paraang ito, dinala ng pamunuan ng PKUS ang mga di pagkakasundo sa pagitan ng Tsina at Unyong Sobyet sa hayag sa harap ng buong daigdig.

Pasalubong na alay kay Eisenhower ang pagpunit sa kasunduan sa bagong teknolohiya para sa pambansang pagtatanggol ng pamunuan ng PKUS at ang paglalabas nito ng pahayag sa tunggalian sa hangganang Tsino-Indian sa bisperas ng pagdalaw ni Khrushchov sa United States nang sa gayo'y maglangis sa mga imperyalistang US at likhain ang diumano'y "diwa ng Camp David".

Nagparatang rin ang mga pinuno ng PKUS at mga publikasyong Sobyet ng maraming mababagsik na atake sa panloob at panlabas na patakaran ng Partido Komunistang Tsino. Halos di nagbabagong pinamumunuan ni Khrushchov mismo ang mga atakeng ito. Ipinahiwatig niya na ang sosyalistang konstruksyon ng Tsina ay “lumalaktaw sa isang yugto” at isang “komunismong egalitaryan”²³ at “sa esensya nito’y reaksyunaryo”²⁴ ang mga Komunang Bayan ng Tsina. Pasaring na siniraan niya ang Tsina bilang paladigma, “adbenturista”²⁵ at marami pang iba. Galing sa Mga Usapan sa Camp David, umabot siya hanggang sa pagtatangkang ibenta sa Tsina ang pakanang US sa “dalawang Tsina” at, sa piging sa estado na nagdiriwang sa ikasampung anibersaryo ng pagtatatag ng Republikang Bayan ng Tsina, pinangaralan niya ang Tsina laban sa “pagsubok sa estabilidad ng sistemang kapitalista sa pamamagitan ng pwersa”.

Nakalikha ang linya ng rebisyunismo at isplitismo na itinataguyod ng pamunuan ng PKUS ng malubhang kalituhan sa hanay ng pandaigdigang kilusang komunista. Nagmistulang huminto na ang imperyalismong US sa pagiging sumpang kaaway ng mamamayan ng daigdig. Malugod na tinanggap ng ilang mga Komunista si Eisenhower bilang “sugo ng kapayapaan”. Nagmistulang lipas na ang Marxismo-Leninismo at ang Deklarasyong 1957.

Sa mga kalagayang ito, para ipagtanggol ang Marxismo-Leninismo at Deklarasyong 1957 at magbigay linaw sa kalituhan sa ideolohiya sa pandaigdigang kilusang komunista, inilathala ng Partido Komunista ng Tsina ang “Mabuhay ang Leninismo!” at dalawang iba pang artikulo noong Abril 1960. Sa pagtalima sa di nagbabagong paninindigan sa pagpupunyagi sa prinsipyo at pagtataguyod sa pagkakaisa, nagkonsentra tayo sa pagpapaliwanag sa rebolusyonaryong mga tesis ng Deklarasyong 1957 at sa pundamental na Marxista-Leninistang mga teorya hinggil sa imperyalismo, digma at kapayapaan, proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado. Ganap na naiiba ang mga pananaw sa tatlong artikulong ito sa serye ng maling mga pananaw na ipinapalaganap ng mga pinuno ng PKUS. Gayunman, para sa kapakanan ng mas malaking interes, umiwas tayo sa pampublikong pagpuna sa mga kasama sa PKUS at itinuon ang talim ng pakikitunggali laban sa mga imperyalista at mga rebisyunistang Yugoslav.

Labis na sigla ang inubos ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS sa pagbaluktot at pag-atake sa “Mabuhay ang Leninismo!” at dalawa pang ibang artikulo, pero hindi masuportahan ang mga atake nito ng anumang nakakukumbinsing argumento. Nais naming iharap ang tanong na ito: Sa gayong mga kalagayan, dapat ba kaming tumahimik sa lumaganap na maling mga pananaw at katawa-tawang mga argumento? Wala ba kaming karapatan, at sa katunayan nga’y tungkulin, na humarap para ipagtanggol ang Marxismo-Leninismo at ang Deklarasyong 1957?

ANG SORPRESANG SALAKAY SA PKT NG PAMUNUAN NG PKUS

²³ N. S. Khrushchov, Ulat sa Ika-21 Kongreso ng PKUS, Enero 1959.

²⁴ N. S. Khrushchov, Pakikipag-usap kay US Senador H. H. Humphrey, ika-1 ng Disyembre, 1958.

²⁵ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Oktubre, 1959.

Isang linggo matapos ang publikasyon ng “Mabuhay ang Leninismo!” at mailabas namin ang dalawa pang artikulo, nanghimasok sa himpapawid ng Unyong Sobyet ang isang Amerikanong U-2 na eroplano at di itinuloy ng United States ang mataas na antas na kumperensya ng apat na kapangyarihan. Ganap na naglaho ang “diwa ng Camp David”. Sa gayon, ganap na pinatunayan ng mga pangyayari ang aming mga pananaw.

Sa harap ng pusakal na kaaway, nararapat para sa mga Partido Komunista ng Tsina at sa Unyong Sobyet at sa mga Partidong praternal ng buong daigdig na pawiin ang kanilang mga di pagkakasundo, patatagin ang kanilang pagkakaisa at maglunsad ng pakikibakang komun laban sa kaaway. Pero hindi ganoon ang nangyari. Noong tag-init ng 1960, lumawak ang mga di pagkakasundo sa pandaigdigang kilusang komunista, naglunsad ng malawakang kampanya laban sa Partido Komunista ng Tsina, at pinasaklaw ng pamunuan ng PKUS ang mga di pagkakasundo sa ideolohiya sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa estado.

Noong maagang bahagi ng Hunyo 1960, ipinanukala ng Komite Sentral ng PKUS na gamitin ang Ikatlong Kongreso ng Partido ng mga Manggagawang Rumanian sa Bucharest na idadaos sa huling bahagi ng Hunyo bilang oportunidad para sa mga kinatawan ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa ng lahat ng mga bayang sosyalista na magpulong at magpalitan ng mga pananaw hinggil sa pandaigdigang sitwasyon matapos ang di pagkakatuloy ng mataas na antas na kumperensya ng apat na kapangyarihan dahil sa United States. Hindi sinang-ayunan ng Partido Komunista ng Tsina ang ideyang ito na dali-daling pagpupulong, o ang ideya ng representatibong pulong ng mga Partido ng sosyalistang mga bayan lamang. Nagbigay kami ng positibong panukala na magdaos ng pulong ng mga kinatawan ng lahat ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa sa daigdig at pinanindigang kailangan ang sapat na mga paghahanda para magtagumpay ang gayong pulong. Sinang-ayunan ng PKUS ang aming panukala. Noon din, nagkasundo ang dalawang Partido, bilang paghahanda para sa pandaigdigang pulong, na probisyunal na makakapagpalitan ng mga pananaw ang mga kinatawan ng mga Partidong praternal na dadalo sa Ikatlong Kongreso ng Partido ng mga Manggagawang Rumanian hinggil sa petsa at lugar ng pulong pero hindi gagawa ng anumang desisyon.

Sa Bucharest, nagulat kami nang tinalikdan ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang salita at nagpakawala ng sorpresang salakay laban sa Partido Komunista ng Tsina, at ibinaling ang talim ng pakikibaka laban sa amin at hindi laban sa imperyalismong US.

Naganap ang pulong sa Bucharest ng mga kinatawan ng mga Partidong praternal mula ika-24 ng Hunyo hanggang ika-26 ng Hunyo. Buong kasinungalingang inilarawan ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang pulong na iyon bilang “mapagkasamang tulong” sa Partido Komunista ng Tsina.

Ang totoo’y sa bisperas ng pulong, namudmod ang delegasyon ng PKUS na pinamumunuan ni Khrushchov sa mga kinatawan ng ilang mga Partidong praternal, at binasa sa mga kinatawan ng iba pa, ng isang Liham para sa Impormasyon na may petsang ika-21 ng Hunyo mula sa Komite Sentral ng PKUS para sa Komite Sentral ng PKT. Walang batayang siniraan at lahatang-panig na inatake ng Liham para sa Impormasyong ito ang PKT; isa itong programa para sa kampanyang anti-Tsina na inilunsad ng pamunuan ng PKUS.

Sa pulong, nanguna si Khrushchov sa pag-oorganisa ng malaking nagsasalubong na salakay laban sa Partido Komunista ng Tsina. Sa kanyang talumpati, walang taros niyang siniraan ang Partido Komunistang Tsino bilang “mga baliw”, “naghahangad maglunsad ng digma”, “pagdadala sa bandila ng mga monopolyong kapitalistang imperyalista”, pagiging “lantay na nasyunalista” sa mga usapin sa hangganang Tsino-Indian at gumagamit ng “mga paraang maka-Trotsky” laban sa PKUS. Ilan sa mga kinatawan ng mga Partidong praternal na tumatalima kay Khrushchov at sumusunod sa kanyang pangunguna ay walang taros ring nagparatang sa PKT ng pagiging “dogmatiko”, “Kaliwang adbenturista”, “huwad na rebolusyonaryo”, “sektaryan”, “masahol pa sa Yugoslavia”, at marami pang iba.

Sorpresa rin para sa maraming Partidong praternal ang kampanyang anti-Tsina na inilunsad ni Khrushchov sa pulong na ito. Tumutol ang mga kinatawan ng ilang Marxista-Leninistang Partidong praternal sa maling aksyon ng pamunuan ng PKUS.

Sa pulong na ito, tumangging sumunod ang delegasyon ng Partido sa Paggawa ng Albanya sa baton ng mga pinuno ng PKUS at matatag na tumutol sa kanilang sektaryong mga aktibidad. Bunga nito, itinuring ng mga pinuno ng PKUS ang Partido sa Paggawa ng Albanya bilang tinik sa kanilang lalamunan. Pagkatapos noon, gumawa sila ng papahigpit na mga hakbang laban sa Partidong Albanyan.

Matatawag bang “mapagkasamang tulong” ang duwag na atakeng ito laban sa PKT na inilunsad ng pamunuan ng PKUS? Mangyari pa’y hindi. Isa itong preparadong anti-Tsinong pagtatanghal ng pamunuan ng PKUS; isa itong malubha at krudong paglabag sa mga prinsipyong pumapatnubay sa pakikipag-ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal gaya nang inilatag sa Deklarasyong 1957; isa itong malawakang atake sa isang Marxista-Leninistang Partido ng mga rebisyunistang kinakatawan ng mga pinuno ng PKUS.

Sa mga kalagayang iyon, naglunsad ang Partido Komunista ng Tsina ng ngipin-sa-ngiping pakikitunggali laban sa pamunuan ng PKUS bilang pagtatanggol sa mga posisyon ng Marxismo-Leninismo at sa mga prinsipyong pumapatnubay sa pagkikipag-ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal gaya nang inilatag sa Deklarasyon. Para sa kapakanan ng mas malawak na interes, lumagda ang delegasyong PKT sa Komunike (Pabatid sa Madla) hinggil sa pulong sa Bucharest, at kasabay nito, noong ika-26 ng Hunyo, 1960, namudmod ng isang nakasulat na pahayag sa instruksyon ng Komite Sentral ng PKT. Sa pahayag na ito, ipinakita ng delegasyong PKT na ang pagkilos ni Khrushchov sa pulong sa Bucharest ay lumikha ng labis na masamang naunang pamarisan sa pandaigdigang kilusang komunista. Taimtim nitong ipinahayag:

“May mga di pagkakasundo sa pagitan namin at ni Kasamang Khrushchov sa isang serye ng pundamental na mga usapin sa Marxismo-Leninismo.”

“Nakasalalay ang kinabukasan ng pandaigdigang kilusang komunista sa mga pangangailangan at pakikibaka ng mamamayan ng lahat ng mga bayan at sa patnubay ng Marxismo-Leninismo, at di kailanman mapagpapasyahan ng baton ng sinumang indibidwal.”

“... naniniwala ang aming Partido at tumatalima sa katotohanan ng Marxismo-Leninismo at Marxismo-Leninismo lamang, at di kailanman magpapailalim sa maling mga pananaw na sumasalungat sa Marxismo-Leninismo.” (*Tingnan ang Apendiks II.*)

Hindi matanggap ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang kabiguan na gapiin ang Partido Komunistang Tsino sa Bucharest. Matapos na matapos ang pulong sa Bucharest, higit nilang pinresyur ang Tsina sa pamamagitan ng pagsagawa ng serye ng mga hakbang para pasaklawin ang mga di pagkakasundo sa ideolohiya sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet hanggang sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa estado.

Noong Hulyo, biglang gumawa ng unilateral na desisyon ang Gubernong Sobyet na pauwiin ang lahat ng ekspertong Sobyet sa Tsina sa loob ng isang buwan, at sa gayo'y pinunit ang daan-daang kasunduan at kontrata. Unilateral na ibinasura ng panig ng Sobyet ang kasunduan sa publikasyon ng magasing *Druzhba* (*Pakikipagkaibigan*) ng Tsina para sa mga mambabasang Sobyet at *Su Chung You Hao* (*Pakikipagkaibigang Sobyet-Tsino*) ng Unyong Sobyet para sa mga mambabasang Tsino at sa distribusyon ng mga ito sa magkatugong mga kondisyon; ginawa nito ang walang matwid na paghingi sa pagpapauwi ng Gubernong Tsino ng isang tauhan ng Embahadang Tsino sa Unyong Sobyet; at nang-upat ito ng kaguluhan sa hangganang Tsino-Sobyet.

Malinaw na inakala ng mga pinuno ng PKUS na nang iwinasiwas nila ang kanilang baton, nagtipon ng isang grupo ng mga mapag-uutusan na gumawa ng nagsasalubong na salakay, at nagbigay ng napakalaking mga presyur sa pulitika at ekonomya, mapupwersa nila ang Partido Komunistang Tsino na talikdan ang Marxista-Leninista at proletaryong internasyunalistang paninindigan nito at magpapailalim sa kanilang mga kautusang rebisyunista at sobinistang malaking-kapangyarihan. Pero hindi magagapi ni masusupil ang pinanday at matagal nang subok na Partido Komunista ng Tsina at mamamayang Tsino. Lubos na nagmisntis ang mga nagtatangkang lupigin tayo sa pamamagitan ng pamamatnugot sa nagsasalubong na salakay at pagbibigay ng presyur.

Iwan namin ang mga detalye kung paano sinabotahe ng pamunuan ng PKUS ang ugnayang Tsino-Sobyet para sa ibang mga artikulo. Dito'y sapat nang ipakita na sa paksa ng ugnayang Tsino-Sobyet, maling pinaparatangan ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang Tsina ng pagpapasaklaw ng mga di pagkakasundo sa ideolohiya sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa estado at sa pagbabawas sa kalakalan sa pagitan ng dalawang bayan, habang sadyang ikinukubli ang katotohanang pinauwi ng Gubernong Sobyet ang lahat ng mga eksperto nito mula sa Tsina at unilateral na pinunit ang daan-daang kasunduan at kontrata, at ang unilateral na mga aksyong Sobyet na ito ang nagpaliit sa kalakalang Tsino-Sobyet. Talagang nakalulungkot na nilinlang ng pamunuan ng PKUS ang kasapian nito at ang mamamayang Sobyet sa ganoong makapal-ang-mukhang paraan.

ANG TUNGGALIAN SA PAGITAN NG DALAWANG LINYA SA PULONG NG MGA PARTIDONG PRATERAL NOONG 1960

Sa huling bahagi ng 1960, umunlad ang matalas na tunggalian sa pandaigdigang kilusang komunista sa Pulong ng mga Kinatawan ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa. Isa itong tunggalian sa pagitan ng linya ng Marxismo-Leninismo at ng linya ng rebisyunismo, at sa pagitan ng patakaran sa pagpupunyagi sa prinsipyo at pagtataguyod sa pagkakaisa at ng patakaran sa pagtalikod sa prinsipyo at paglikha ng mga isplit.

Bago ng pulong, naging malinaw na matigas-ang-ulong nagpupunyagi ang pamunuan ng PKUS sa maling paninindigan nito at nagtatangkang ipataw ang maling linya nito sa pandaigdigang kilusang komunista.

Matalas na batid ng Partido Komunistang Tsino ang kalubhaan ng mga di pagkakasundo. Sa interes ng pandaigdigang kilusang komunista, marami kaming pagsisikap na ginawa, sa pag-asang hindi papalaot ang pamunuan ng PKUS sa maling landas.

Noong Setyembre 10, 1960, tinugon ng Komite Sentral ng PKT ang Liham para sa Impormasyon ng ika-21 ng Hunyo ng Komite Sentral ng PKUS. Sa tugon nito na naglahad sa mga pangyayari at nangatwiran, sistematikong ipinaliwanag ng Komite Sentral ng PKT ang mga pananaw nito sa serye ng mahahalagang usapin sa prinsipyo kaugnay ng sitwasyon sa daigdig at ng pandaigdigang kilusang komunista, pinatunayang mali ang mga atake ng pamunuan ng PKUS laban sa atin, pinuna ang maling mga pananaw nito at ihinarap sa Komite Sentral ng PKUS ang limang positibong mga panukala para sa paglutas sa mga di pagkakasundo at pagkakamit ng pagkakaisa. (*Para sa Limang mga Panukala, tingnan ang Apendiks III.*)

Matapos nito'y nagpadala ng delegasyon ang Komite Sentral ng PKT sa Moscow noong Setyembre para sa pakikipag-usap sa delegasyon ng PKUS. Sa mga usapang ito, ipinakita ng delegasyon ng PKT na, habang ginagayakan ang imperyalismong US, aktibong nilalabanan ng pamunuan ng PKUS ang Tsina at pinasasaklaw ang mga di pagkakasundo sa ideolohiya sa pagitan ng dalawang Partido hanggang sa pakikipag-ugnayan sa estado, at sa gayo'y itinatrato bilang mga kapatid ang mga kaaway at bilang mga kaaway ang mga kapatid. Muli't muli'y hinikayat ng delegasyon ng PKT ang mga pinuno ng PKUS na baguhin ang kanilang maling paninindigan, bumalik sa mga prinsipyong pumapatnubay sa ugnayan ng mga Partido at mga bayang praternal, at patatagin ang pagkakaisa sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet at sa pagitan ng dalawang bayan para bakahin ang kaaway na komun. Gayunman, hindi nagpakita ng munti mang intensyon sa pagwawasto ng kanilang mga pagkakamali ang mga pinuno ng PKUS.

Sa gayon, hindi maiiwasan ang matalas na tunggalian. Unang bumukadkad ang tunggaliang ito sa Komite sa Pagbabalankas, na dinaluhan ng mga kinatawan ng 26 na Partidong praternal, at naghanda sa mga dokumento para sa pulong ng mga Partidong praternal, at kalauna'y umabot sa walang kapantay na katindihan sa pulong ng mga kinatawan ng 81 Partidong praternal.

Sa mga pulong ng Komite sa Pagbabalankas sa Moscow noong Oktubre, tinangka ng mga pinuno ng PKUS na ipwersa ang kanilang sariling borador pahayag, na naglalaman ng isang hilerang maling mga pananaw. Bilang resulta ng prinsipyadong tunggalian ng delegasyon ng PKT at ilang iba pang mga Partidong praternal, matapos ang maunit na debate, gumawa ang Komite sa Pagbabalankas ng maraming mahahalagang prinsipyadong pagbabago sa borador ng pahayag na ihinarap ng PKUS. Umabot ang komite sa kasunduan sa kalakhan ng borador. Gayunman, sa kanilang determinasyon na ipagpatuloy ang debate, tumanggi ang pamunuan ng PKUS na maabot ang kasunduan sa ilang mahahalagang puntong pinagtatalunan sa borador, at gayundin, sa pagbalik ni Khrushchov mula sa New York, ibinasura pa ang ilang kasunduang narating na sa ilang usapin.

Ang pulong ng mga kinatawan ng 81 Partidong praternal ay ginanap sa Moscow noong Nobyembre 1960. Binale-wala ang pagnanasa ng Tsino at marami pang ibang delegasyon na pawiin ang mga di pagkakasundo at patatagin ang pagkakaisa, at sa bisperas ng pulong, namudmod ang pamunuan ng PKUS sa mga kinatawan ng mga Partidong praternal na nakatipon sa Moscow ng isang liham na may 127 mga pahina, na higit na mabangis na umaatake sa Partido Komunista ng Tsina kaysa dati, at sa gayo'y nang-upat ng higit pang matalas na kontrobersya.

Gayon ang labis na di karaniwang kapaligiran nang magpulong ang mga kinatawan ng 81 Partidong praternal. Sa pamamagitan ng kanilang imbing kondukta, dinala ng mga pinuno ng PKUS ang pulong sa bingit ng pagkasira. Pero narating ng pulong ang kasunduan sa huli at nakamit ang positibong mga resulta, dahil nanindigan sa prinsipyo ang mga delegasyon ng Partido Komunista ng Tsina at ilang iba pang Partidong praternal, nagpunyagi sa pakikibaka at itinaguyod ang pagkakaisa, at dahil hiningi ng mayorya sa mga delegasyon ng mga Partidong praternal ang pagkakaisa at sumalungat sa isplit.

Sa kanyang Bukas na Liham, ihinahayag ng Komite Sentral ng PKUS na sa pulong na ito na “lumagda lamang sa Pahayag” ang delegasyon ng PKT “nang luminaw ang panganib sa ganap na pagkakahiwalay nito.” Isa pa itong kasinungalingan.

Ano ang aktwal na nangyari?

Totoo ngang kapwa bago at sa panahon ng pulong, namatnugot ang pamunuan ng PKUS ng nagsasalubong na mga atake sa Partido Komunista ng Tsina ng ilang mga kinatawan ng mga Partidong praternal, at sa pagsalig sa diumano'y mayorya, ay nagtangkang papanikluhurin ang delegasyon ng Tsino at iba pang Marxista-Leninistang mga Partido at pilitin silang tanggapin ang kanyang rebisyunistang linya at mga pananaw. Gayunman, nabigo ang mga pagtatangka ng mga pinuno ng PKUS na ipataw ang kanilang kagustuhan sa iba, kapwa sa Komite sa Pagbabalangkang ng 26 na Partidong praternal at sa pulong ng mga kinatawan ng 81 Partidong praternal.

Naririyang ang katotohanang tinanggihan ang marami sa maling mga tesis na ihinarap sa kanilang borador pahayag. Naririto ang ilang mga halimbawa:

Tinanggihan ang maling tesis ng pamunuan ng PKUS na ang mapayapang pakikipamuhay at kumpetisyon sa ekonomya ang bumubuo sa pangkalahatang linya sa patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan.

Tinanggihan ang maling tesis nito na ang paglitaw ng isang bagong yugto sa pangkalahatang krisis ng kapitalismo ay resulta ng mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kumpetisyon.

Tinanggihan ang maling tesis nito na may papalaking posibilidad sa mapayapang transisyon.

Tinanggihan ang maling tesis nito tungkol sa pagsalungat sa patakarang “pagsosolobyaha” sa bahagi ng sosyalistang mga bayan, na sa katunaya'y nangangahulugan ng pagsalungat sa patakarang pagsalig pangunahin sa sarili sa konstruksyon.

Tinanggihan ang maling tesis nito kaugnay ng oposisyon sa diumano'y "mga aktibidad pampangkatin" at "paksyunal na mga aktibidad" sa pandaigdigang kilusang komunista. Sa katunayan, nangangahulugan ang tesis na ito ng paghingi na dapat sumunod sa kanyang baton ang mga Partidong praternal, pagpawi sa mga prinsipyo sa kasarinlan at pagkakapantay-pantay sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal, at ipinalit sa prinsipyo ng pagtatamo sa pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultasyon ang praktika ng paglupig sa minorya ng mayorya.

Tinanggihan ang maling tesis nito sa pagmamaliit sa malubhang panganib ng modernong rebisyunismo.

Nananatili ang katotohanang marami sa wastong mga pananaw sa mahahalagang prinsipyo na ihinarap ng mga delegasyon ng Tsino at ibang pang mga Partido ay isinulat sa Pahayag. Ang mga tesis hinggil sa di nagbagong kalikasan ng imperyalismo; hinggil sa imperyalismong US bilang kaaway ng mamamayan ng buong daigdig; hinggil sa pagbubuo ng pinakamasaklaw na nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US; hinggil sa kilusan sa pambansang pagpapalaya bilang isang mahalagang pwersa sa pagpipigil sa digmaang pandaigdig; hinggil sa puspasang pagkumpleto ng bagong-nagsasariling mga bayan sa kanilang pambansa-demokratikong mga rebolusyon; hinggil sa suporta ng sosyalistang mga bayan at pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa sa pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya; hinggil sa pangangailangang ituon ng uring manggagawa at masa sa mauunlad na kapitalistang mga bayan sa ilalim ng pampulitika, pang-ekonomya at pangmilitar na dominasyon ng imperyalistang US ang mga pangunahing hambalos sa dominasyong imperyalistang US at gayundin sa monopolyong kapital at sa ibang reaksyunaryong pwersang panloob na nagtataksil sa kanilang mga pambansang interes; hinggil sa prinsipyo ng pagkakamit sa pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultasyon sa hanay ng mga Partidong praternal; laban sa rebisyunistang pagpawi sa rebolusyonaryong diwa ng Marxismo-Leninismo: hinggil sa pagtataksil sa Marxismo-Leninismo ng mga pinuno ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia; at iba pa — lahat ng mga tesis na ito ay nasa Pahayag bilang resulta ng pagtanggap sa mga pananaw ng delegasyong Tsino at iba pang mga delegasyon.

Mangyari pa'y kailangang idagdag na matapos sumang-ayon ang mga pinuno ng PKUS na bitiwang ang kanilang maling mga panukala at tanggapin ang wastong mga panukala ng ibang mga Partido, gumawa rin ng ilang mga konsesyon ang delegasyon ng PKT at ilan pang Partidong praternal. Halimbawa, may di pagkakasundo tayo sa mga usapin ng Ika-20 Kongreso ng PKUS at iba pang mga anyo ng transisyon mula sa kapitalismo tungo sa sosyalismo, pero dahil sa konsiderasyon para sa mga pangangailangan ng PKUS at ilang iba pang mga Partidong praternal, sumang-ayon kami sa pagsama sa ganoon ding pananalita sa dalawang usaping ito na ginamit sa Deklarasyong 1957. Pero ginawa naming malinaw sa panahong iyon sa mga pinuno ng PKUS na ito na ang huling pagkakataong papayag kami sa gayong pormulasyon hinggil sa Ika-20 Kongreso; hindi na namin ito gagawing muli.

Mula sa mga nabanggit sa itaas, makikita na dinomina ng tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa pandaigdigang kilusang komunista ang Pulong sa Moscow noong 1960 mula simula hanggang wakas. Higit na umunlad ang mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS gaya ng nabunyag sa pulong na ito. Mula sa borador ng pahayag ng mga pinuno ng PKUS at sa kanilang mga talumpati sa panahon ng pulong, malinaw na makikita na ang pangunahing pampulitikang nilalaman ng maling linyang kanilang tinatangkang ipataw sa mga Partidong praternal ay binubuo ng maling mga teoryang “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kumpetisyon” at “mapayapang transisyon”, samantala, ang pang-organisasyong nilalaman nito ay binubuo ng maling mga patakarang sektaryan at isplitista. Isang rebisyunistang linya ito na pundamental na salungat sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo. Matatag na sinalungat ito ng mga delegasyon ng Tsino at ibang Marxista-Leninistang Partidong praternal at matatag na itinaguyod ang linya ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Ang kinalabasan ng tunggalian sa pulong na ito ay itinakwil sa pangunahin ang rebisyunistang linya at mga pananaw ng pamunuan ng PKUS at natamo ng Marxista-Leninistang linya ang isang dakilang tagumpay. Ang rebolusyonaryong mga prinsipyong nakapaloob sa Pahayag na pinagtibay sa pulong ay makapangyarihang mga sandata sa mga kamay ng lahat ng Partidong praternal sa mga pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa pandaigdigang kapayapan, pambansang pagpapalaya, demokrasyang bayan at sosyalismo; makapangyarihang mga sandata rin sila sa mga kamay ng mga Marxista-Leninista sa lahat ng dako ng daigdig sa pagbaka ng modernong rebisyunismo.

Sa pulong, tapat na pinuna ng mga Partidong praternal na nagtaguyod sa Marxismo-Leninismo ang maling mga pananaw ng pamunuan ng PKUS at pinilit itong tanggapin ang marami sa kanilang wastong mga pananaw; sa paggawa ng gayon, binago nila ang dating napakaabnormal na sitwasyon, kung saan hindi man lamang pinahintulutan ang pinakamunting pagpuna sa mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS at ang salita ng huli ay pinal. Ang pangyayaring ito’y may dakilang istorikong kabuluhan sa pandaigdigang kilusang komunista.

Iginigiit ng Komite Sentral ng PKUS sa Bukas na Liham nito na “ganap na nahiwalay” ang delegasyon ng PKT sa pulong. Isa lamang itong pangahas na pagtatangka sa bahagi ng pamunuan ng PKUS na ilarawan ang pagkabigo nito bilang tagumpay.

Sinunod ang mga prinsipyo sa mutwal na solidaridad gayundin ang kasarinlan at pagkakapantay-pantay sa hanay ng mga Partidong praternal at pagkakamit sa pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultasyon, at binigo ang maling pagtatangka ng mga pinuno ng PKUS na gamitin ang mayorya para manaig ang mayorya sa minority at ipataw ang kanilang mga pananaw sa ibang mga Partidong praternal. Ipinakita muli ng pulong na sa paglutas sa mga di pagkakasundo sa hanay ng mga Partidong praternal, kailangang-kailangan na tumalima ang Marxista-Leninistang mga Partido sa prinsipyo, magpunyagi sa pakikibaka at itaguyod ang pagkakaisa.

ANG REBISYUNISMO NG PAMUNUAN NG PKUS AY NAGING SISTEMATISADO

Iginigiit ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na “sa pagdaragdag sa kanilang mga lagda sa Pahayag ng 1960, nagmamaniobra lamang ang mga pinuno ng PKI”. Totoo nga ba ito? Hindi. Taliwas rito, ang mga pinuno ng PKUS at hindi kami ang nagmamaniobra.

Ipinakikita ng mga datos na sa pulong ng mga Partidong praternal ng 1960, sumang-ayon ang mga pinuno ng PKUS na alisin o baguhin ang maling mga panukala sa kanilang borador ng pahayag nang labag sa kanilang kalooban at hindi sila naging tapat sa kanilang pagtanggap sa wastong mga panukala ng mga Partidong praternal. Wala silang pakialam sa dokumentong sama-samang pinagkaisahan ng mga Partidong praternal. Hindi pa man natutuyo ang tinta sa kanilang mga lagda sa Pahayag ng 1960 nang kanilang simulang wasakin ito. Noong Disyembre 1, nilagdaan ni Khrushchov ang Pahayag sa ngalan ng Komite Sentral ng PKUS, at matapos ang dalawampu’t apat na oras, sa paglabag sa pinagkasunduan ng mga Partidong praternal, walang kahihiyang inilarawan ni Khrushchov ang Yugoslavia bilang sosyalistang bayan sa isang piging para sa delegasyon ng mga Partidong praternal.

Matapos ang pulong ng 81 Partidong praternal, naging lalong lantaran ang pagwasak ng mga pinuno ng PKUS sa Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960. Sa isang banda, kinuha nilang kaibigan ang imperyalismong US, na idinedeklara ng Pahayag na kaaway ng mamamayan ng daigdig, at itinaguyod ang “kooperasyong US-Sobyet”, at ipinahayag ang pagnanasang makipagtulungan kay Kennedy “para sa pagtatayo ng matitibay na tulay ng tiwalaan, pag-uunawaan at pakikipagkaibigan”²⁶. Sa kabilang banda, kinaaway nila ang ilang Partido at mga bayang praternal at pinalala nang husto ang pakikipag-ugnayan ng Unyong Sobyet sa Albanya.

Tanda ang Ika-22 Kongreso ng PKUS noong Oktubre 1961 ng bagong kasukdulan sa mga pagtatangka ng pamunuan ng PKUS na salungatin ang Marxismo-Leninismo at hatiin ang sosyalistang kampo at ang pandaigdigang kilusang komunista. Naging tanda ito ng sistematisasyon ng rebisyunismo na hakbang-hakbang na pinaunlad ng pamunuan ng PKUS mula Ika-20 Kongreso at matapos nito.

Pinakawalan ng pamunuan ng PKUS ang malaking pampublikong atake sa Partido sa Paggawa ng Albanya sa Ika-22 Kongreso. Sa kanyang talumpati, umabot pa si Khrushchov hanggang sa hayag na pananawagan para sa pagbabagsak sa pamunuang Albanyan sa ilalim nina Kasamang Enver Hoxha at Mehmet Shehu. Sa gayon, pinasimulan ng pamunuan ng PKUS ang napakasamang pagmarisan ng paggamit sa isang kongreso ng Partido sa pampublikong mga atake ng ibang mga Partidong praternal.

Isa pang malaking bagay na ginawa ng pamunuan ng PKUS sa Kongreso ay ang panibagong konsentradong atake kay Stalin limang taon matapos ang ganap na negasyon sa kanya sa Ika-20 Kongreso at walong taon matapos ang kanyang kamatayan.

Sa huling pagsusuri, ginawa ito para maisantabi ng mga pinuno ng PKUS ang Deklarasyon at ang Pahayag, at ipatupad ang isang sistematikong rebisyunistang linya.

Ang kanilang rebisyunismo ay nakalahad sa konsentradong paraan sa bagong Programa ng PKUS na pinagtibay ng Kongresong iyon.

²⁶ Mensahe ng pagbati mula kay N. S. Khrushchov at L. I. Brezhnev kay J. F. Kennedy sa Ika-185 Anibersaryo ng Kasarinlan ng United States, ika-4 ng Hulyo, 1961.

Sinasabi ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na “pinagtibay” ang linya ng Ika-22 Kongreso “sa mga pulong ng mga kinatawan ng mga Partido Komunista na nakalahad sa Deklarasyon at Pahayag”. Hindi ba’t walang kaingat-ingat ang mga pinuno ng PKUS sa paggawa ng gayong pahayag? Paano nila ilalarawan na ang nangyari noong 1961 ay “pinagtibay” o “isinulat” sa pulong ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa noong 1960, o kasintagal na noong 1957?

Pero isantabi muna natin ang katawa-tawang papuri-sa-sarili sa ngayon, at tunghayan kung ano nga ang nilalaman ng Programang pinagtibay sa Ika-22 Kongreso.

Kahit isang pahapyaw na pag-aaral sa Programa at sa ulat tungkol rito na ginawa ni Khrushchov ay magpapakitang ito’y lantarang rebisyunistang programa na ganap na lumalabag sa pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo, sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag.

Salungat ito sa Deklarasyon 1957 at sa Pahayag ng 1960 sa maraming mahahalagang usapin sa prinsipyo. Muling lumilitaw ang marami sa maling mga pananaw ng pamunuan ng PKUS na tinanggihan sa pulong ng mga Partidong praternal ng 1960. Halimbawa, inilalarawan nito ang mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang prinsipyo ng patakarang panlabas, makaisang-panig na idinidiin ang posibilidad ng mapayapang transisyon at sinisiraan ang patakarang pagsalig ng isang sosyalistang bayan pangunahin sa sarili nitong mga pagsisikap sa konstruksyon bilang “pagsosolo-biyahe”.

Sumulong pa ng isang hakbang ang Programa sa pagsisistematisa sa maling linyang itinataguyod ng pamunuan ng PKUS mula ng Ika-20 Kongreso, kung saan ang pangunahing nilalaman ay “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kumpetisyon” at “mapayapang transisyon”.

Krudong nirerebisa ng Programa ang esensya ng Marxismo-Leninismo, ibig sabih’y ang mga itinataguyod ng proletaryong rebolusyon, hinggil sa diktadura sa proletaryado at hinggil sa partido ng proletaryado, at ipinapahayag na hindi na kailangan ang diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet, at nagbago na ang kalikasan ng PKUS bilang taliba ng proletaryado, at naghaharap ng maling mga ideya ng isang “estado ng buong sambayanan” at isang “partido ng lahat ng mamamayan”.

Ihinahalili nito ang humanismo para sa Marxista-Leninistang teorya ng tunggalian ng mga uri at ihinahalili ang burges na islogang Kalayaan, Pagkakapantay-pantay, Pagkakapatiran para sa mga simulain ng komunismo.

Isa itong programa na sumasalungat sa rebolusyon sa bahagi ng mamamayang patuloy na nabubuhay sa ilalim ng sistemang imperyalista at kapitalista na bumubuo sa dalawang katlo ng populasyon ng daigdig, at sinasalungat ang pagsusulong sa rebolusyon hanggang sa makumpleto ito sa bahagi ng mga mamamayang nasa sosyalistang landas na, na bumubuo sa sangkatlo ng populasyon ng daigdig. Isa itong rebisyunistang programa para sa preserbasyon o pagpapanumbalik sa kapitalismo.

Matatag na nilabanan ng Partido Komunista ng Tsina ang mga pagkakamali ng Ika-22 Kongreso ng PKUS. Inilahad ni Kasamang Zhou Enlai, na namuno sa delegasyon ng PKT sa Kongreso, ang posisyon ng ating Partido sa kanyang talumpati doon, at tuwiran rin niyang pinuna ang mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS sa mga sumunod na pakikipag-usap kay Khrushchov at iba pang mga pinuno ng PKUS.

Sa kanyang pakikipag-usap sa mga delegado ng PKT, tahasang tinanggihan ni Khrushchov ang ating mga puna at payo, at naglahad pa nga ng di maitatagong suporta para sa anti-Partidong mga elemento sa Partido Komunistang Tsino. Hayag niyang isinaad na matapos ang Ika-20 Kongreso ng PKUS, nang nagsisimulang tumahak ang mga pinuno ng PKUS ng “landas na iba sa landas ni Stalin” (walang iba kundi ang landas ng rebisyunismo), kailangan pa nila ang suporta ng mga Partidong praternal. Sabi niya, “Noo’y napakalaki ng kabuluhan sa amin ng tinig ng Partido Komunista ng Tsina,” pero “iba na ang kalagayan ngayon”, at “mabuti naman ang aming kalagayan” at “magpapatuloy kami sa sarili naming landas”.

Ipinapakita ng mga pakli ni Khrushchov na buo na ang isip ng mga pinuno ng PKUS na magtuluy-tuloy pababa sa landas ng rebisyunismo at pang-iisplit. Bagamat madalas silang bigyan ng mapagkasamang payo ng Partido Komunistang Tsino, ipinagwalang-bahala lamang nila ito at hindi nagpakita ng munti mang intensyon ng pagwawasto ng kanilang gawa.

ISANG PASALUNGAT NA AGOS NA LABAN SA MARXISMO-LENINISMO AT HUMAHATI SA PANDAIGDIGANG KILUSANG KOMUNISTA

Sa Bukas na Liham, nagsisikap nang husto ang mga pinuno ng PKUS na papaniwalain ang mga tao na matapos ang Ika-22 Kongreso, “gumawa sila ng panibagong mga pagsisikap” na pahusayin ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet at patatagin ang pagkakaisa sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal.

Isa pa itong kasinungalingan.

Ano ang mga datos?

Ipinapakita ng mga ito na magmula ng Ika-22 Kongreso naging mas walang pakundangan ang pamunuan ng PKUS sa paglabag sa mga prinsipyong pumapatnubay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal at sa pagpapatupad sa mga patakarang sobinismong malaking-kapangyarihan, sektarismo, at isplitismo para itaguyod ang sarili nitong linyang sistematikong rebisyunismo, na ganap na paglabag sa Marxismo-Leninismo. Nagdulot ito ng patuloy na pagsama ng mga ugnayang Tsino-Sobyet at malubhang pinsala sa pagkakaisa ng mga Partido at mga bayang praternal.

Ang mga sumusunod ang pangunahing mga datos kung paano sinabotahe ng mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisang Tsino-Sobyet at pagkakaisa ng mga Partido at mga bayang praternal mula ng Ika-22 ng Kongreso:

1. Tinangka nang husto ng mga pinuno ng PKUS na ipataw ang kanilang maling linya sa pandaigdigang kilusang komunista at palitan ang Deklarasyon at ang Pahayag ng kanilang sariling rebisyunistang programa. Inilalarawan nila ang kanilang maling linya bilang “buong kalipunan ng Leninistang mga patakaran ng pandaigdigang kilusang komunista sa kararaang mga taon”²⁷, at tinawag ang kanilang rebisyunistang programa na “tunay na Manipestong Komunista ng ating panahon”²⁸ at ang “programang komun” ng “mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa at ng mamamayan ng mga bayan ng sosyalistang komunidad”²⁹.

Alinmang Partidong praternal na tumatangi sa maling linya at programa ng PKUS at nagpupunyagi sa pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo at ng rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag ay itinuturing bilang kaaway ng mga pinuno ng PKUS, na sumasalungat, umaatake at pumipinsala rito at tinatangkang ibagsak ang pamunuan nito sa anumang posibleng paraan.

2. Nang winawalambahala ang lahat ng ibubunga nito, pinutol ng pamunuan ng PKUS ang diplomatikong ugnayan sa sosyalistang Albanya, isang hakbang na di pa nangyayari sa kasaysayan ng ugnayan sa pagitan ng mga Partido at mga bayang praternal.
3. Patuloy na pinepresyur ng pamunuan ng PKUS ang Tsina at gumagawa ng napakasamang mga atake sa Partido Komunistang Tsino. Sa liham nito ng Pebrero 22, 1962 sa Komite Sentral ng PKT, pinaratangan ng Komite Sentral ng PKUS ang PKT ng paggawa ng isang “ispesyal na sariling paninindigan” at pagtataguyod ng isang linyang salungat sa landas na komun ng mga Partidong praternal, at ginawa pa ngang krimen ang aming suporta para sa Marxista-Leninistang Partido sa Paggawa ng Albanya. Bilang mga prekondisyon para sa pagpapahusay sa mga relasyong Tsino-Sobyet, tinangka ng mga pinuno ng PKUS na pilitin ang PKT na talikdan ang Marxista-Leninista at proletaryong internasyunalistang paninindigan, talikdan ang pirmingham linya nito, na ganap na umaayon sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag, tanggapin ang kanilang maling linya, at tanggapin rin bilang *fait accompli* ang kanilang paglabag sa mga prinsipyo na pumapatnubay sa ugnayan sa hanay ng mga Partido at mga bayang praternal. Sa Bukas na Liham nito, ipinagmalaki ng Komite Sentral ng PKUS ang mga liham nito sa Komite Sentral sa PKT, sa panahong ito ng mga pagsasalita ni Khrushchov hinggil sa kanyang pagnanasa para sa pagkakaisa noong Oktubre 1962 sa ating Embahador sa Unyong Sobyet at iba pa, pero sa katunayan, ang mga ito’y mga pagkilos para matamo ang kanilang buktot na pagtatangka.

²⁷ V. Andropov, “Ang Ika-22 na Kongreso ng PKUS at ang Pag-unlad ng Pandaigdigang Sistemang Sosyalista”, Pravda, ika-2 ng Disyembre, 1961.

²⁸ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Kumperensya ng mga Manggagawang Pang-agrikultura ng Uzbek at Iba pang mga Republika, ika-16 ng Nobyembre, 1961.

²⁹ “Sampung Ulit na Pinalalaki ng Pagkakaisa ang mga Pwersa ng Komunismo”, editoryal ng Pravda, ika-25 ng Agosto, 1961.

4. Tinanggihan ng Komite Sentral ng PKUS ang mga panukalang ginawa ng mga Partidong praternal ng Indonesia, Byetnam, New Zealand, atbp., na magdaos ng pulong ng mga kinatawan ng mga Partidong praternal, gayundin ang limang positibong panukala na ginawa ng Komite Sentral ng PKT sa liham nito ng Abril 7, 1962 sa Komite Sentral ng PKUS para sa paghahanda para sa pulong ng mga Partidong praternal. Sa tugon nito ng Mayo 31, 1962 sa Komite Sentral ng PKT, umabot pa ang Komite Sentral ng PKUS sa paghingi na talikdan ng mga kasamang Albanyan ang kanilang sariling paninindigan bilang prekondisyon sa pagpapahusay sa ugnayang Sobyet-Albanyan at sa pagdaraos din ng isang pulong ng mga Partidong praternal.
5. Noong Abril at Mayo 1962, nagsagawa ang mga pinuno ng PKUS at ang kanilang mga organo at tauhan sa Sinkiang, Tsina, ng malawakang subersibong mga aktibidad sa rehiyong Ili, at inakit at pinuwersa ang ilang sampu-sampung libo ng mga mamamayang Tsino na magtungo sa Unyong Sobyet. Nagharap ang Gubyernong Tsino ng paulit-ulit na mga protesta at paulit-ulit na pagtutol, ngunit tumanggi ang Gubyernong Sobyet na ibalik sa bayan ang mga mamamayang Tsinong ito sa pagdadahilan sa “diwa ng legalidad Sobyet”³⁰ at “humanitarianismo”³¹. Hanggang sa araw na ito, di pa nalulutas ang insidente. Talagang kagulat-gulat na pangyayari ito, na wala pang katulad sa mga ugnayan sa pagitan ng mga bayang sosyalista.
6. Noong Agosto 1962 pormal na tinalastasan ng Gubyernong Sobyet ang Tsina na lalagda sa kasunduan ang Unyong Sobyet sa United States hinggil sa pagpigil sa paglaganap ng armas nukleyar. Isa itong pinagsamang Sobyet-US na pakana para monopolisahin ang mga sandatang nukleyar at isang pagtatangka na alisan ang Tsina ng karapatang magkaroon ng mga sandatang nukleyar para magtanggol sa bantang nukleyar ng US. Paulit-ulit na nagpaabot ng protesta laban dito ang Gubyernong Tsino.
7. Lalong nagpapakita ng pananabik ang pamunuan ng PKUS na makakuha ng mga unawaang pampulitika sa imperyalismong US at determinadong magbuo ng reaksyunaryong alyansa kay Kennedy, kahit na sa kapinsalaan ng mga interes ng sosyalistang kampo at pandaigdigang kilusang komunista. Isang namumukod na halimbawa ang pangyayari, sa panahon ng krisis Caribbean, na nagawa ng pamunuan ng PKUS ang pagkakamali ng kapitulasyunismo sa pamamagitan ng pagsuko sa blakmeyl nukleyar ng mga imperyalistang US at pagtanggap sa hinihingin ng Gubyernong US para sa “internasyunal na inspeksyon” na labag sa soberanyang Cubano.

³⁰ Memorandum na ihinapag sa Ministro ng Patakarang Panlabas ng Tsina ng Embahadang Sobyet sa Tsina noon ika-9 ng Agosto, 1962.

³¹ Memorandum na ihinapag sa Ministro ng Patakarang Panlabas ng Tsina ng Embahadang Sobyet sa Tsina noon ika-29 ng Abril, 1962.

8. Lalong nagpakita ng pananabik ang pamunuan ng PKUS na makipagsabwatan sa mga reaksyunaryong Indian at determinadong mabuo ang reaksyunaryong alyansa kay Nehru laban sa sosyalistang Tsina. Hayag na pumanig ang pamunuan ng PKUS at pahayagan nito sa reaksyunaryong Indian, kinondena ang Tsina para sa makatarungang paninindigan nito sa tunggalian sa hangganang Tsino-Indian, at ipinagtanggol ang gubyernong Nehru. Naibigay ng Unyong Sobyet ang dalawang-katlo ng ayuda sa ekonomya sa India mula nang mang-upat ang mga reaksyunaryong Indian ng tunggalian sa hangganang Tsino-Indian. Kahit na matapos magsimula ang malawakang armadong labanan sa hangganang Tsino-Indian noong taglagas ng 1962, patuloy na nagbigay ng ayudang militar ang pamunuan ng PKUS sa mga reaksyunaryong Indian.
9. Lalong nagpakita ng pananabik ang pamunuan ng PKUS na makipagsabwatan sa pangkating Tito ng Yugoslavia at determinadong magbuo ng reaksyunaryong alyansa sa taksil na si Tito para labanan ang lahat ng Marxista-Leninistang mga Partido. Matapos ang Ika-22 Kongreso, gumawa ito ng isang serye ng mga hakbang para baligtarin ang hatol sa pangkating Tito at sa gayo'y hayag na pinunit ang Pahayag ng 1960.
10. Mula Nobyembre 1962, naglunsad ang pamunuan ng PKUS ng higit pang mababangis na atake sa pandaigdigang saklaw, laban sa Partido Komunistang Tsino at ibang Marxista-Leninistang mga Partido, at nagpakulo ng isang bagong pasalungat na agos para hatiin ang sosyalistang kampo at ang pandaigdigang kilusang komunista. Gumawa ng sunud-sunod na pahayag si Khrushchov at nagpalabas ang pahayagang Sobyet ng daan-daang mga artikulo na umaatake sa Partido Komunistang Tsina sa isang buong bungkos ng mga isyu. Sa ilalim ng direksyon ng mga pinuno ng PKUS, naging mga entablado ang mga Kongreso ng praternal na mga Partido ng Bulgaria, Hungary, Czechoslovakia, Italy at Demokratikong Republika ng Germany para sa anti-Tsinang mga pagtatanghal, at higit sa apatnapung Partidong praternal ang naglathala ng mga kongklusyon, mga pahayag o mga artikulo na umaatake sa Partido Komunistang Tsino at ibang Marxista-Leninistang mga Partido.

Hindi maaaring maitatwa ng mga pinuno ng PKUS ang mga katotohanang nabanggit sa itaas. Pinatutunayan ng di maitatwang mga katotohanang ito na ang “panibagong mga pagsisikap” na ginawa nila matapos ang Ika-22 Kongreso ng PKUS ay naglalayon, hindi para pahusayin ang ugnayang Tsino-Sobyet at patatagin ang pagkakaisa sa pagitan ng mga Partido at mga bayang praternal, kundi kabaligtaran nito, para sa higit na panunugal kasama ng mga imperyalistang US, mga reaksyunaryong Indian at taksil na pangkating Tito at malikha ang higit na malaking isplit sa sosyalistang kampo sa pandaigdigang kilusang komunista.

Sa malulubhang kalagayang ito, walang alternatibo ang Partido Komunista ng Tsina kundi gumawa ng hayag na mga tugon sa mga atake ng ilang mga Partidong Praternal. Sa pagitan ng Disyembre 15, 1962, at Marso 8, 1963, naglathala kami ng pitong gayong mga tugon. Sa mga artikulong ito, patuloy kaming nagbigay ng kaluwagan at hindi pinangalanang pinuna ang pamunuan ng PKUS.

Sa kabila ng malubhang pagsama ng ugnayang Tsino-Sobyet na ibinunga ng mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS, sumang-ayon ang Partido Komunistang Tsino na ipadala ang delegasyon nito sa Moscow para sa “mga usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet, at, para magkaroon ng sistematikong palitan ng mga pananaw sa mga usapan, nagh harap ng panukala kaugnay ng pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista sa liham-tugon nito sa Komite Sentral ng PKUS na may petsang Hunyo 14.

Gaya ng ipinakita ng mga sumunod na pangyayari, hindi lamang di naging tapat ang mga pinuno ng PKUS tungkol sa pagpapawi ng mga di pagkakasundo at pagpapatatag ng pagkakaisa, kundi ginamit pa ang mga usapan bilang tabing para ikubli ang kanilang mga aktibidad sa higit na pagpapalala sa ugnayang Tsino-Sobyet.

Sa bisperas ng mga usapan, inatake sa publiko ng mga pinuno ng PKUS ang Partido Komunista ng Tsina sa ngalan, sa pamamagitan ng mga pahayag at mga resolusyon. Kasabay nito, walang matwid na pinatalsik nila mula sa Unyong Sobyet ang ilang mga tauhan ng Embahadang Tsino at mga estudyanteng nagsasaliksik.

Noong Hulyo 14, na siyang bisperas ng mga usapang US-British-Sobyet, habang gumugulong pa ang mga usapang Tsino-Sobyet, dali-daling inilathala ng pamunuan ng PKUS ang Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS sa mga organisasyon ng Partido at lahat ng mga Komunista sa Unyong Sobyet at naglunsad ng walang pakundangang mga atake sa Partido Komunistang Tsino. Isa pa itong mahalagang pasalubong na alay na ihinandog ng PKUS sa mga imperyalistang US para maglangis sa kanila.

Matapos na matapos ito, sa Moscow, nilagdaan ng pamunuan ng PKUS ang tratado hinggil sa parsyal na paghinto ng mga pagsubok nukleyar kasama ang United States at Britain sa hayag na pagtataksil sa mga interes ng mamamayang Sobyet, ng mamamayan sa sosyalistang kampo kabilang ang mamamayang Tsino, at sa mamamayan ng daigdig na nagmamahal sa kapayapaan; may biglang dagsa ng mga kontrata sa pagitan ng Unyong Sobyet at India; nagtungo si Khrushchov sa Yugoslavia para sa isang “bakasyon”; naglunsadang pahayagang Sobyet ng matinding kampanyang anti-Tsino, at marami pang iba. Matingkad na pinapatunayan ng sunud-sunod na mga pangyayari na, sa pagwawalang bahala sa lahat, nakikipag-alyado ang pamunuan ng PKUS sa mga imperyalista, mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan, at sa taksil na pangkating Tito para labanan ang mga bayang sosyalistang praternal at Marxista-Leninistang mga Partidong praternal. Ganap na inilalantad ng lahat ng ito ang rebisyunista at mapanghating linya na tinatahak ng pamunuan ng PKUS.

Sa kasalukuyan, ang “anti-Tsinong koro” ng mga imperyalista, mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan at mga rebisyunista ay labis na maingay. At ipinapatupad ang kampanyang pinamumunuan ni Khrushchov para labanan ang Marxismo-Leninismo at hatiin ang sosyalistang kampo at pandaigdigang komunistang mga hanay nang lalong papatindi.

ANO ANG PINATUTUNAYAN NG MGA PANGYAYARI SA NAKARAANG PITONG TAON?

Sa naunang nabanggit, binalik-aralan natin nang mahaba-haba ang pinagbuhatan at ang pag-unlad ng mga di pagkakasundo. Layunin nating ilinaw ang mga pangyayaring binaluktot sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS at tulungan ang mga kasapi ng ating Partido at ang ating mamamayan at gayundin ang mga Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan na daigdig na makita ang katotohahan.

Talagang pinatunayan ng mga pangyayari sa nakaraang pitong taon na lumitaw ang mga di pagkakasundo sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet at sa loob ng pandaigdigang kilusang komunista dahil lamang sa lumihis ang pamunuan ng PKUS sa Marxismo-Leninismo at sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at ng Pahayag ng 1960 at nagtaguyod ng isang rebisyunista at isplitistang linya sa pandaigdigang kilusang komunista. Ang proseso kung saan dumausdos papalalim sa landas ng rebisyunismo at isplitismo ang pamunuan ng PKUS ang siya mismong proseso na nagpalawak at nagpalala sa mga di pagkakasundo.

Talagang pinatunayan ng mga pangyayari sa nakaraang pitong taon na ang kasalukuyang di pagkakasundo sa loob ng pandaigdigang kilusang komunista ay mga di pagkakasundo sa pagitan ng linya ng pagtatalima sa Marxismo-Leninismo at ng linya ng pagtungo sa rebisyunismo, sa pagitan ng rebolusyonaryong linya at ng di rebolusyonaryo at anti-rebolusyonaryong linya, sa pagitan ng anti-imperyalistang linya at ng linya ng kapitulasyon sa imperyalismo. Mga di pagkakasundo ang mga ito sa pagitan ng proletaryong internasyunalismo at sobinismong malaking-kapangyarihan, sektarismo at isplitismo.

Talagang pinatunayan ng mga pangyayari sa nakaraang pitong taon na ang landas na tinahak ng pamunuan ng PKUS ay “ang landas ng pakikipag-alyansa sa imperyalismo laban sa sosyalismo, pakikipag-alyansa sa United States laban sa Tsina, pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan laban sa mamamayan ng daigdig, at pakikipag-alyansa sa taksil na pangkating Tito laban sa Marxista-Leninistang mga Partidong praternal.” Nagdulot ang maling linyang ito ng pamunuan ng PKUS ng rebisyunistang pagbaha sa pandaigdigang saklaw, at mukha-sa-mukhang ihinang ang pandaigdigang kilusang komunista sa panganib ng isplit na walang kapantay ang kalubhaan, at nagdulot ng malubhang pinsala sa adhikain ng mamamayan para sa kapayapaan sa daigdig, pambansang pagpapalaya, demokrasyang bayan at rebolusyon.

Talagang pinatunayan rin ng mga pangyayari sa nakaraang pitong taon na tuluy-tuloy na sinikap ng Partido Komunista ng Tsina na pigilin ang paglala ng sitwasyon at itaguyod ang prinsipyo, pawiin ang mga di pagkakasundo, patatagin ang pagkakaisa at maglunsad ng isang pakikibakang komun laban sa kaaway. Mahigpit tayong nagpigil at ginawa ang lahat ng ating makakaya.

Lagi nang idinidiin ng Partido Komunista ng Tsina ang kahalagahan ng pagkakaisa ng mga Partidong Tsino at Sobyet at ng dalawang bayan. Lagi nang nirerespeto ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet na nilikha ng dakilang si Lenin. Lagi nang itinatangi natin ang malalim na proletaryong pagmamahal para sa dakilang PKUS at sa dakilang mamamayang Sobyet. Ikinatuwa natin ang bawat tagumpay ng PKUS at ng mamamayang Sobyet, at ikinalungkot natin ang bawat pagkakamali ng pamunuan ng PKUS na nakapinsala sa sosyalistang kampo at sa pandaigdigang kilusang komunista.

Hindi sa araw na ito lamang nagsimulang matuklasan ng mga Komunistang Tsino ang mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS. Magmula pa ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, nababahalang nagmasid tayo habang tinatahak ng pamunuan ng PKUS ang landas ng rebisyunismo.

Kaharap ng malubhang kalagayang ito, pinag-aralan ng ating Partido nang maraming ulit at sa mahabang panahon: ano ang dapat nating gawin?

Itinanong natin sa ating sarili, dapat ba tayong sumunod sa pamunuan ng PKUS at iakma ang lahat ng mga aksyon natin sa mga kagustuhan nito? Kung gayon, 'syempre'y matutuwa ang pamunuan ng PKUS, pero hindi ba't tayo mismo nama'y magiging mga rebisyunista?

Itinanong rin natin sa ating sarili, dapat ba tayong manahimik tungkol sa mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS? Naniwala tayong hindi lamang aksidental, indibidwal at minor na mga pagkakamali ang mga pagkakamali ng pamunuan ng PKUS, kundi manapa'y isang buong serye ng mga pagkakamali sa prinsipyo, na naglalagay sa panganib sa mga interes ng buong sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista. Bilang kasapi sa mga hanay ng pandaigdigang kilusang komunista, paano tayo magwawalang-bahala at mananahimik tungkol sa mga pagkakamaling ito? Kung gagawin natin iyon, hindi ba't tatalikdan natin ang ating tungkulin na ipagtanggol ang Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo?

Nakikini-kinita namin na kung pupunahin namin ang mga pagkakamali ng mga pinuno ng PKUS, tiyak na babanatan nila tayo bilang ganti at sa gayo'y di maiiwasang makapagdulot ng malubhang pinsala sa sosyalistang konstruksyon ng Tsina. Pero ang dapat bang paninindigan ng mga Komunista ay pambansang pagpapahalaga sa sarili at hindi mangahas na itaguyod ang katotohanan, sa pangamba ng ganting mga hambalos? Dapat bang makipagtawaran sa prinsipyo ang mga Komunista?

Isinaalang-alang natin ang katotohanang itinatag ni Lenin ang PKUS, na ito ang Partido ng unang sosyalistang estado, na tinatamasa nito ang mataas na prestihiyo sa pandaigdigang kilusang komunista at sa hanay ng mga mamamayan ng buong daigdig. Samakatwid, sa loob ng napakahabang panahon, nagpakaingat tayo nang husto at naging matiyaga sa pagpuna sa mga pinuno ng PKUS, at ginawa ang ating magagawa para ilimita ang gayong puna sa panloob na mga usapang pampartido sa pagitan ng mga pinuno ng mga Partidong Tsino at Sobyet, at lutasin ang mga di pagkakasundo sa pamamagitan ng pribadong mga talakayan nang hindi gumagamit ng pampublikong pagtatalo.

Pero nabigo ang lahat ng mapagkasamang puna at payo na ibinigay sa mga pinuno ng PKUS ng mga responsableng mga kasama ng Komite Sentral ng PKT sa napakaraming panloob na mga usapang pampartido sa magtutulak sa kanilang magbalik sa wastong landas. Lalo pang dumausdos ang mga pinuno ng PKUS sa landas ng rebisyunismo at isplitismo. Kapalit ng payong ibinigay natin nang may mabuting kalooban, naglapat sila ng sunud-sunod na presyur sa pulitika, ekonomya at militar laban sa atin at naglunsad ng mga atake na lalong nagiging bisyoso.

May masamang ugali ang mga pinuno ng PKUS: walang pagtatanging nagbabansag sila sa sinumang pumupuna sa kanila.

Sinasabi nila, "Ikaw ay anti-Sobyet!" Hindi, mga kaibigan! Hindi kami mababansagang "anti-Sobyet". Ang aming pagpuna sa inyong mga pagkakamali ay para mismo sa kapakanan ng pagtatanggol sa dakilang PKUS at sa dakilang Unyong Sobyet, at pag-iwas na ang prestihiyo ng PKUS at Unyong Sobyet ay labis na mapinsala ninyo. Sa simpleng salita, kayo at hindi kami, ang siyang tunay na anti-Sobyet at siyang naninira at nagpapasama sa PKUS at sa Unyong Sobyet. Simula sa ganap na negasyon kay Stalin sa Ika-20 Kongreso ng PKUS, gumawa kayo ng di mabilang na masasamang gawain. Hindi mahuhugasan ng lahat ng tubig sa Volga ang malaking kahihyan na idinulot ninyo sa PKUS at sa Unyong Sobyet.

Sinasabi nila, “Nais ninyong agawin ang pamumuno!” Hindi, mga kaibigan! Hindi katalasan ng ulo ang paninirang ito. Sang-ayon sa inyo, para bang may ibang taong nakikitunggali sa inyo para sa isang bagay gaya ng “pamumuno”. Hindi ba’t nangangahulugan ito ng walang-kahihiyang pag-ako na kahit paano’y may “pamumunong” umiiral sa pandaigdigang kilusang komunista at nasa inyo ang “pamumunong” ito? Napakasamang ugali ninyo ang sa gayo’y pag-aastang patriyarkal na partido. Lubos itong di lehitimo. Malinaw na isinasaad ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960 na lahat ng mga Partido Komunista ay nagsasarili at magkakapantay. Alinsunod sa prinsipyong ito, ang ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal sa anumang kalagayan ay hindi dapat maging tulad ng ugnayan sa pagitan ng isang namumunong Partido at ng pinamumunuan, at lalo’t higit di tulad ng patriyarkal na ama at kanyang anak. Lagi nating nilalaban ang pagkomand ng alinmang Partido sa ibang mga Partidong praternal, at hindi kailanman sumagi sa ating isipan na magkomand sa ibang mga Partidong praternal, kaya’t ang usapin ng agawan sa pamumuno ay talagang hindi susulpot. Ang kinakaharap ngayon ng pandaigdigang kilusang komunista ay hindi kung aling Partido ang hahawak sa pamumuno, kung hindi kung tutugon sa baton ng rebisyunismo o kung itataguyod ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag at magpupunyagi sa rebolusyonaryong linya ng Marxismo-Leninsimo. Ang ating pagpuna sa pamunuan ng PKUS ay tungkol sa pagtatangka nitong mangibabaw sa mga Partidong praternal at ipataw ang linya nito ng rebisyunismo at isplitismo sa kanila. Ang nais natin ay ang nagsasarili at pantay na katayuan lamang ng mga Partidong praternal na itinakda sa Deklarasyon at sa Pahayag at sa kanilang pagkakaisa batay sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Ang mga pinuno ng PKUS ang siyang nang-upat at nagpasaklaw sa kasalukuyang malaking debate sa pandaigdigang kilusang komunista at ipunwersa ito sa atin. Dahil nagtuon sila ng malawakang atake at lahat ng tipo ng walang pakundangang mga paninira laban sa atin, at dahil hayag nilang pinagtaksilan ang Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo at pinunit ang Deklarasyon at Pahayag, hindi nila dapat asahan na tayo’y magpipigil sa pagtugon, sa pagpapatunay na mali ang kanilang mga paninira, sa pagsasanggalang sa Deklarasyon at sa Pahayag at sa pagtatanggol sa Marxismo-Leninismo. Naririyon na ang debate, at dapat puspulang ilinaw kung ano ang tama at mali.

Nagpupunyagi kaming mga Komunistang Tsino sa prinsipyo at nagtataguyod sa pagkakaisa; ginawa namin ito sa nakaraan, ginagawa namin ito ngayon at patuloy na gagawin sa hinaharap. Habang nagsasagawa ng debate sa mga pinuno ng PKUS, umaasa pa rin kami na mauunawaan nila na tumahak sila sa napakamapanganib na landas tungo sa pagtalikod sa rebolusyon, sa pagtalikod sa rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig, sa pagtalikod sa pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista at sabik na nakikipagsabwatan sa mga imperyalistang US, mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan at sa taksil na pangkating Tito.

Hinihingi ng mga interes ng mga mamamayang Tsino at Sobyet, ng sosyalistang kampo, ng pandaigdigang kilusang komunista, at ng mga mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig na dapat magkaisa ang lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa at labanan ang kaaway na komun.

Sa pamamagitan nito, nananawagan muli kami sa pamunuan ng PKUS na iwasto ang mga pagkakamali nito at magbalik sa landas ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo, ang landas ng Deklarasyong 1957 at ng Pahayag ng 1960.

Nagdaraan ang pandaigdigang kilusang komunista sa isang mahalagang panahon. Ang kasalukuyang debate ay may napakahalagang kabuluhan sa kinabukasan ng proletaryong pandaigdigang rebolusyon at sa kapalaran ng sangkatauhan. Gaya ng patutunayan ng kasaysayan, matapos ang dakilang debate, higit na maliwanag na magniningning ang Marxismo-Leninismo at magtatamo ng higit pang malalaking tagumpay ang rebolusyonyong adhikain ng pandaigdigang proletaryado at ng mamamayan ng daigdig.

Apendiks 1

BALANGKAS NG MGA PANANAW HINGGIL SA USAPIN SA MAPAYAPANG TRANSISYON

(Nobyembre 10, 1957)

1. Hinggil sa usapin sa transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, magiging higit na pleksible kung tutukuyin ang dalawang posibilidad, ang mapayapang transisyon at di mapayapang transisyon, kaysa sa isa lamang, at mailalagay tayo nito sa isang posisyon para makuha ang inisyatiba sa pulitika sa anumang panahon.
 - (a) Ipinahihiwatig ng pagtukoy sa posibilidad ng mapayapang transisyon na para sa atin ang paggamit sa karahasan ay usapin pangunahin ng pagtatanggol-sa-sarili. Pinahihintulutan nito ang mga Partido Komunista sa mga bayang kapitalista na makaiwas sa mga atake laban sa kanila sa usaping ito, at may bentahe sa pulitika — may bentahe sa paghimok sa masa at sa paglalantad sa burgesya sa mga pagkukunwa nito para sa gayong mga atake at paghihiwalay rito.
 - (b) Kung lilitaw ang praktikal na mga posibilidad para sa mapayapang transisyon sa indibidwal na mga bayan sa hinaharap sa panahong nagbabago nang husto ang pandaigdigang o panloob na sitwasyon, kung gayon, maaari nating napapanahong gamitin ang pagkakataon para himukin ang suporta ng masa at lutasin ang usapin ng kapangyarihang pang-estado sa mapayapang paraan.

- (k) Gayunpaman, hindi natin dapat itali ang ating mga kamay hangad na ito. Hindi kusang-loob na bababa ang burgesya mula sa entablado ng kasaysayan. Isa itong unibersal na batas ng tunggalian ng mga uri. Sa alinmang bayan, hindi dapat bawasan ng proletaryado at Partido Komunista ang kanilang mga paghahanda para sa rebolusyon sa anumang paraan. Dapat handa sila sa lahat ng panahon para biguin ang kontra-rebolusyonaryong mga atake at, sa kritikal na sandali ng rebolusyon kung saan inaagaw ng uring manggagawa ang kapangyarihang pang-estado, ibinabagsak ang burgesya sa pamamagitan ng armadong pwera kung gumamit ito ng armadong pwera para sugpuin ang rebolusyong bayan (sa pangkalahatan, di maiiwasang gayon ang gawin ng burgesya).
2. Sa kasalukuyang sitwasyon ng pandaigdigang kilusang komunista, makabubuti mula sa punto de bista ng mga taktika na tukuyin ang paghahangad para sa mapayapang transisyon. Pero hindi naman angkop na labis na idiin ang posibilidad ng mapayapang transisyon. Ang mga dahilan ay ang sumusunod:
- (a) Dalawang magkakaibang bagay ang posibilidad at realidad, ang hangarin, at kung magaganap ito o hindi. Dapat nating tukuyin ang paghahangad para sa mapayapang transisyon, pero hindi naman natin dapat pangunahing isalalay ang ating pag-asa dito, at kung gayon, hindi dapat labis na idiin ang aspetong ito.
 - (b) Kung labis na diin ang ibibigay sa posibilidad ng mapayapang transisyon, at laluna sa posibilidad ng pag-agaw sa kapangyarihang pang-estado sa pamamagitan ng pagpapanalo ng mayorya sa parlamento, malamang na pahinain nito ang rebolusyonaryong kapasyahan ng proletaryado, ng anakpawis at ng Partido Komunista, at disarmahan ang mga ito sa ideolohiya.
 - (k) Sa abot ng aming kaalaman, wala pa ni isang bayan kung saan may anumang praktikal na kabuluhan ang gayong posibilidad. Kahit na parang mas nawawari nang kaunti ang gayon sa isang partikular na bayan, ang labis na pagdidiin sa posibilidad na ito ay di naaangkop dahil hindi ito naayon sa realidad sa napakalaking mayorya ng mga bayan. Kung aktwal na mangyari man ang gayong posibilidad sa isang bayan, sa isang banda, dapat sikapin ng Partido Komunista roon na kamtin ito, at sa kabilang banda, laging maging handa na biguin ang armadong mga atake ng burgesya.
 - (d) Ang resulta ng pagdidiin sa posibilidad ay hindi makakapagpahina sa reaksyonaryong kalikasan ng burgesya ni makapaghehele sa kanila.
 - (e) Hindi rin magagawang higit na rebolusyonaryo ng gayong pagdidiin ang mga sosyal-demokratikong partido.
 - (g) Hindi rin mapapalakas ng gayong pagdidiin ang mga Partido Komunista. Taliwas rito, mapapahina lamang sila nito kung bunga nito'y mapapalabnaw ng ilang mga Partido Komunista ang kanilang mga rebolusyonaryong katangian at sa gayo'y maipagkamaling sosyal-demokratikong mga partido sa mga mata ng mamamayan.
 - (h) Napakahirap na magtipon ng lakas at maghanda para sa rebolusyon, at mas madali nga naman ang parlamentaryong pakikibaka. Dapat ganap nating gamitin ang parlamentaryong anyo ng pakikibaka, pero limitado ang papel nito. Ang pinakamahalaga'y ipagpatuloy ang puspusang gawain ng pagtitipon ng rebolusyonaryong lakas.

3. Ang pagkuha ng mayorya sa parlamento ay hindi kapareho ng pagwasak sa lumang makinarya ng estado (pangunahin ang armadong pwersa) at pagtatag sa bagong makinarya ng estado (pangunahin ang armadong pwersa). Kung hindi mawawasak ang militar-burukratikong makinarya sa estado ng burgesya, hindi magiging posible ang parlamentaryong mayorya para sa proletaryado at mga maaasahang alyado nito (dahil aamyendahan ng burgesya ang konstitusyon kailanman kailanganin para padulasin ang konsolidasyon ng diktadura nito) o kaya’y di masasaligan (halimbawa, maaaring pawalambisa ang eleksyon, ipagbawal ang Partido Komunista, lusawin ang mga publikasyon, atbp.).
4. Hindi dapat ipakahulugan ang mapayapang transisyon tungo sa sosyalismo sa paraang ang ipapakahulugan lamang dito ay transisyon sa pamamagitan ng parlamentaryong mayorya. Noong dekadang 1870, kinuro ni Marx na may posibilidad sa pagkakamit ng sosyalismo sa Britanya sa mapayapang paraan, dahil “sa panahong iyon, ang England ay isang bayang di kasinlitaw ang militarismo at burukrasya kaysa iba pa.” Sa isang panahon matapos ang Rebolusyong Pebrero, umasa si Lenin na sa pamamagitan ng “lahat ng kapangyarihan para sa mga Sobyet”, maaaring umunlad ang rebolusyon nang mapayapa at magtagumpay, dahil sa panahong iyon, “ang armas ay nasa mga kamay ng mamamayan”. Hindi ipinakahulugan ni Marx man o ni Lenin na maaaring matamo ang mapayapang transisyon sa pamamagitan ng paggamit sa lumang makinarya sa estado. Paulit-ulit na pinalawig ni Lenin ang tanyag na sinabi nina Marx at Engels, “Hindi maaaring tanganan lamang ng uring manggagawa ang yari nang makinarya ng estado at gamitin ito para sa sarili nitong mga layunin”.
5. Ang mga partidong sosyal-demokratiko ay hindi mga partido ng sosyalismo. Sa eksepsyon ng ilang Kaliwang panig, mga partido silang naglilingkod sa burgesya at kapitalismo. Isa silang tipo ng burges na mga partido sa pulitika. Sa usapin ng sosyalistang rebolusyon, pundamental na naiiba ang ating posisyon sa posisyon ng sosyal-demokratikong mga partido. Hindi dapat palabuin ang pagkakaibang ito. Tutulungan lamang ng pagpapalabo sa pagkakaibang ito ang mga pinuno ng sosyal-demokratikong mga partido na linlangin ang masa at hadlangan tayo sa paghimok sa masa palayo sa impluwensya ng sosyal-demokratikong mga partido. Gayunman, di mapapasubaliang napakahalaga na patatagin ang ating gawain kaugnay ng sosyal-demokratikong mga partido at magsikap na magtatag ng nagkakaisang prente sa kanilang kaliwa at panggitnang mga grupo.
6. Ganoon ang aming pagkakaunawa sa usaping ito. Magkaiba ang aming pananaw sa usaping ito, ngunit dahil sa iba’t ibang mga konsiderasyon, hindi namin inilahad ang aming mga pananaw matapos ang Ika-20 Kongreso ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet. Dahil maglalabas ng isang sama-samang Deklarasyon, dapat naming ipaliwanag ngayon ang aming mga pananaw. Gayunman, hindi kami napipigilan nito sa pagkakamit ng lenggwaheng komun sa borador na Deklarasyon. Para makapagpakita ng koneksyon sa pagitan ng pormulasyon ng usaping ito sa borador na Deklarasyon at ng pormulasyon ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, sumasang-ayon kaming gamitin ang borador na ihinaharap ngayon ng Komite Sentral ng PKUS bilang isang batayan, habang nagpapanukala ng mga susog sa ilang mga bahagi.

Apendiks II

PAHAYAG NG DELEGASYON NG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA SA PULONG SA BUCHAREST NG MGA PARTIDONG PRATERAL

(Hunyo 26, 1960)

1. Pinaninindigan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina na sa pulong na ito, ganap na nilabag ni Kasamang Khrushchov ng Delegasyon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang matagal nang umiiral na prinsipyo sa pandaigdigang kilusang komunista na ang mga usapin na may kahalagahang komun ay dapat lutasin sa pamamagitan ng konsultasyon sa hanay ng mga Partidong prateral, at ganap na sinira ang kasunduan na narating bago ng pulong na ilimita ito sa isang palitan ng mga pananaw at hindi gumawa ng anumang desisyon; ginawa niya ito sa pamamagitan ng sorpresang atake sa paghaharap ng isang borador ng komunike ng pulong nang hindi muna nakokonsulta ang mga Partidong prateral hinggil sa nilalaman nito at nang hindi pinahintulutan ang ganap at normal na talakayan sa pulong. Isa itong pang-aabuso sa prestihiyong tinatamasa ng PKUS sa pandaigdigang kilusang komunista, isang prestihiyong nabuo sa mahabang panahon magmula ng panahon ni Lenin, at gayundin, isa itong labis na krudong pagkilos ng pagpapataw ng sariling kapasyahan sa ibang tao. Walang kinalaman ang ganitong aktitud sa estilo ng paggawa ni Lenin, at nakakalikha ang ganitong paraan ng paggawa ng labis na masamang naunang pamarisan sa pandaigdigang kilusang komunista. Itinuturing ng Komite Sentral ng PKT na magkakaroon ng di pangkaraniwang malulubhang bunga para sa pandaigdigang kilusang komunista ang ganitong aktitud at ang ganitong paraan ng paggawa sa bahagi ni Kasamang Khrushchov.

2. Laging naging tapat ang Partido Komunista ng Tsina sa Marxismo-Leninismo at laging matatag na tumatalima sa teoretikal na mga posisyon ng Marxismo-Leninismo. Sa nakaraang dalawang taon at higit pa, naging ganap na tapat ito sa Deklarasyong Moscow ng 1957, at matatag na itinaguyod ang lahat ng Marxista-Leninistang mga tesis ng Deklarasyon. May mga di pagkakasundo sa pagitan namin at ni Kasamang Khrushchov sa isang serye ng pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo. May napakalaking kabuluhan ang mga di pagkakasundong ito sa kapakanan ng buong sosyalistang kampo, sa mga interes ng proletaryado at ng anakpawis ng buong daigdig, sa usapin kung makakayanan ng lahat ng bayan na mapanatili ang pandaigdigang kapayapaan at mapigil ang mga imperyalista sa paglulunsad ng isang digmaang pandaigdig, at sa usapin kung magpapatuloy ang sosyalismo na magtamo ng mga tagumpay sa kapitalistang daigdig, na bumubuo sa dalawang-katlo ng populasyon ng daigdig at tatlong-kapat ng kalupaan nito. Dapat lahat ng Marxista-Leninista ay magtaglay ng seryosong aktitud sa mga di pagkakasundong ito, para makarating sa ganap na pinagkaisahang mga kongklusyon. Gayunman, ang aktitud ni Kasamang Khrushchov ay patriyarkal, arbitraryo at tiranikal. Sa katunayan, trinato niya ang ugnayan sa pagitan ng dakilang Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ng aming Partido di bilang ugnayansa pagitan ng magkakapatid, kundi ugnayan sa pagitan ng patriyarkal na ama at anak. Sa pulong na ito, gumamit siya ng presyur sa pagtatangkang pasunurin ang aming Partido sa kanyang di Marxista-Leninistang mga pananaw. Buong pagpipitagan naming ipinapahayag sa pamamagitan nito na naniniwala ang aming Partido at tumatalima sa katotohanan ng Marxismo-Leninismo at tanging Marxismo-Leninismo lamang, at di kailanman susunod sa maling mga pananaw na sumasalungat sa Marxismo-Leninismo. Itinuturing namin na mali at salungat sa Deklarasyong Moscow ang ilan sa mga pananaw na inilahad ni Kasamang Khrushchov sa kanyang talumpati sa Ikatlong Kongreso ng Partidong Rumanian. Malugod na tatanggapin ng mga imperyalista at ng pangkating Tito ang kanyang talumpati, at malugod na ngang tinanggap ng mga ito. Kung sumulpot man ang okasyon, nakahanda kaming seryosong makipagtalakayan sa PKUS at ibang mga Partidong praternal hinggil sa aming di pagkakasundo kay Kasamang Khrushchov. Kaugnay ng Liham para sa Impormasyon ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa Partido Komunista ng Tsina, na ipinamudmod ni Kasamang Khrushchov sa Bucharest, detalyadong tutugon rito ang Komite Sentral ng PKT matapos masusing pag-aralan ito; ipapaliwanag ng katugunan ang mga di pagkakasundo sa prinsipyo sa pagitan ng dalawang Partido, at ihaharap ang makabuluhang mga datos, at magdaraos ng seryoso, masikap at mapagkasamang mga talakayan sa mga Partidong praternal ang Komite Sentral ng PKT. Kumbinsido kami na sa anu't anuman, magtatagumpay sa huli ang katotohanan ng Marxismo-Leninismo. Hindi nangangamba ang katotohanan sa tunggalian. Sa kahuli-hulihan, imposibleng ilarawan ang katotohanan bilang pagkakamali, at ang pagkakamali bilang katotohanan. Nakasalalay ang kinabukasan ng pandaigdigang kilusang komunista sa mga pangangailangan at mga pakikibaka ng mamamayan ng lahat ng bayan at sa patnubay ng Marxismo-Leninismo, at hindi kailanman pagpapasyahan ng baton ng sinumang indibidwal.

3. Laging sinisikap namin, ng Partido Komunista ng Tsina, na ipagsanggalang ang pagkakaisa ng lahat ng mga Partido Komunista at ang pagkakaisa ng lahat ng sosyalistang mga bayan. Para sa kapakanan ng tunay na pagkakaisa sa pandaigdigang hanay ng mga komunista at para sa kapakanan ng pakikibakang komun laban sa imperyalismo at reaksyon, naninindigan kami na kailangang magdaos ng normal na mga talakayan hinggil sa mga di pagkakasundo at hindi dapat nagmamadaling lutasin ang seryosong mga usapin sa prinsipyo sa pamamagitan ng abnormal na pamamaraan o sa pamamagitan lamang ng pagboto. Hindi rin dapat ipataw sa iba ang arbitraryong mga pananaw na hindi pa nasusubukan sa praktika o napatunayan nang mali sa gayong mga pagsubok. Ganap na mapaminsala ang paraan sa paggawa ni Kasamang Khrushchov sa pulong na ito sa pagkakaisa ng pandaigdigang komunismo. Pero paano man kumilos si Kasamang Khrushchov, tiyak na lalo pang mapapatatag at mapapaunlad ang pagkakaisa ng mga Partidong Tsino at Sobyet at ang pagkakaisa ng lahat ng mga Partidong Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa. Kumbinsidong-kumbinsido kami na, habang umuunlad ang pandaigdigang kilusang komunista at ang Marxismo-Leninismo, patuloy na lalakas ang pagkakaisa ng ating mga hanay.

4. Kung titingnan sa kabuuan ang ugnayan sa pagitan ng aming dalawang Partido, ang nabanggit na mga di pagkakasundo sa pagitan ni Kasamang Khrushchov at namin ay may katangiang parsyal lamang. Pinanghahawakan namin na ang pangunahing bagay sa ugnayan sa pagitan ng aming dalawang Partido ay ang pagkakaisa ng mga ito sa pakikibaka para sa adhikaing komun; ito'y dahil kapwa sosyalistang mga bayan ang aming mga bayan at kapwa naitatag sa mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo ang aming mga Partido, at nakikibaka para isulong ang adhikain ng buong sosyalistang kampo, para labanan ang imperyalistang agresyon at para makamit ang pandaigdigang kapayapaan. Naniniwala kami na makakahanap ng mga pagkakataon si Kasamang Khrushchov at ang Komite Sentral ng PKUS at kami mismo para makapagdaos ng mahinahon at mapagkasamang mga talakayan at malutas ang aming mga di pagkakasundo, nang sa gayon maging higit na nagkakaisa ang mga Partidong Tsino at Sobyet at higit na mapatatag ang kanilang ugnayan. Magiging labis na kapaki-pakinabang ito sa sosyalistang kampo at sa pakikibaka ng mamamayan ng daigdig laban sa imperyalistang agresyon at para sa pandaigdigang kapayapaan.

5. Nagagalak kaming makita na pinagtitibay ng borador na Komunike ng Pulong na ihinaharap dito ang kawastuan ng Deklarasyong Moscow. Pero di hustong-husto at makaisang-panig ang presentasyon ng Marxista-Leninistang mga tesis ng Deklarasyong Moscow sa borador na ito. At mali ring iwasan ng borador ang maliwanag na paninindigan sa mga mayor na suliranin sa kasalukuyang pandaigdigang sitwasyon at walang anumang banggit sa modernong rebisyonismo, ang pangunahing panganib sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa. Samakatwid, di katanggap-tanggap sa amin ang borador na ito. Para sa pagkakaisa sa pakikibakang komun laban sa kaaway, nagsumite kami ng binagong borador at ipinapanukalang talakayin ito. Kung hindi posibleng makarating sa kasunduan sa panahong ito, ipinapanukala naming magtatag ng isang ispesyal na komite sa pagsusulat para balangkasin, matapos ang ganap na talakayan, ang isang dokumentong katanggap-tanggap sa lahat.

Apendiks III

ANG LIMANG PANUKALA PARA SA KALUTASAN NG MGA DI PAGKAKASUNDO AT PARA SA PAGTATAMO NG PAGKAKAISA NA NILALAMAN SA LIHAM NG KOMITE SENTRAL NG PKT BILANG TUGON SA LIHAM PARA SA IMPORMASYON NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

(Setyembre 10, 1960)

Sa pagsisikap na matagumpay na malutas ang mga di pagkakasundo at para matamo ang pagkakaisa, ihinaharap namin ang sumusunod na mga panukala nang buong katapatan:

1. Ang pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo at ang mga prinsipyo ng Deklarasyon at ang Manipesto ng Pulong Moscow noong 1957 ang pundasyon sa ideolohiya para sa pagkakaisa sa pagitan ng ating dalawang Partido at sa hanay ng lahat ng mga Partidong praternal. Dapat maging lubos na tapat lahat ng ating mga pahayag at mga aksyon sa pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at ng mga prinsipyo ng Deklarasyong Moscow, na dapat nating gamitin bilang pamantayan sa paghusga kung alin ang katotohanan at alin ang kasinungalingan.
2. Dapat mahigpit na umayon ang mga ugnayan sa hanay ng mga bayang sosyalista at sa hanay ng mga Partidong praternal sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pagiging kasama at internasyunalismo gaya ng isinasaad sa Deklarasyong Moscow.
3. Dapat lutasin ang lahat ng mga pagtatalo sa hanay ng mga bayang sosyalista at sa hanay ng mga Partidong praternal alinsunod sa mga itinadhana ng Deklarasyong Moscow, sa pamamagitan ng mapagkasama at di minadaling talakayan. Pasan kapwa ng Unyong Sobyet at Tsina, at kapwa ng mga Partidong Sobyet at Tsino, ang malaking pananagutan kaugnay ng pandaigdigang sitwasyon at sa pandaigdigang kilusang komunista. Dapat magdaos ang mga ito ng lubos na konsultahan at di minadaling talakayan sa lahat ng mahahalagang usapin na may kahalagahang komun para magkaroon ng pagkakaisa sa aksyon. Kung ang mga pagtatalo sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet ay di malulutas sa konsultahan sa pagitan ng dalawang Partido, dapat lamang na kung gayon na ipagpatuloy ang di minadaling mga talakayan. Kung kailangan, dapat buo at obhetibong ilahad ang mga pananaw ng dalawang panig sa mga Partido Komunista at sa mga Partido ng mga Manggagawa ng lahat ng bayan nang sa gayo'y makagawa ng wastong paghusga ang mga Partidong ito matapos ang seryosong mga deliberasyon at alinsunod sa Marxismo-Leninismo at sa mga prinsipyo ng Deklarasyong Moscow.

4. May napakalaking kahalagahan para sa mga Komunista na gumuhit ng malinaw na linya ng pagkakaiba sa pagitan natin at ng kaaway, sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan. Dapat pakaingat-ingatan at mahalagahin ng dalawa nating Partido ang ating pagkakaibigan at magkapit-bisig para labanan ang kaaway, at dapat hindi maglabas ng mga pahayag o kumilos na malamang na makapagpahina sa pagkakaisa ng dalawang Partido at sa gayo'y mabigyan ng oportunidad ang kaaway na lagyan ng guwang ang pagitan natin.
5. Batay sa nabanggit na mga prinsipyo, dapat magsikap ang ating dalawang Partido, kasama ang iba pang mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa, sa pamamagitan ng ganap na paghahanda at konsultahan, na gawing matagumpay ang Pulong ng mga Kinatawan ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng lahat ng mga bayan na gaganapin sa Moscow sa Nobyembre ng taong ito, at, sa pulong na ito, dapat magbalangkas ng isang dokumento na umaayon sa pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at sa mga prinsipyo ng Deklarasyong Moscow ng 1957 na maglilingkod bilang programa na susundin nating lahat, isang programa para sa nagkakaisang pakikibaka laban sa kaaway.

HINGGIL SA USAPIN KAY STALIN

IKALAWANG KOMENTARYO HINGGIL SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng Kagawarang Editoryal ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)
(Setyembre 13, 1963)

Ang usapin kay Stalin ay isang usaping may pandaigdigang kahalagahan na may matagal na epektosa hanay ng lahat ng mga uri sa bawat bayan, at paksa pa rin ng matinding talakayan sa ngayon, kung saan may magkakaibang pananaw ang iba't ibang mga uri at pampulitikang mga partido nito. Malamang na hindi makakamit ang pinal na hatol sa usaping ito sa loob ng kasalukuyang siglo. Pero sa katunaya'y may kasunduan sa hanay ng mayorya ng pandaigdigang uring manggagawa at ng rebolusyonaryong mamamayan, na di sumasang-ayon sa ganap na negasyon kay Stalin at lalo pang nagtatangi sa kanyang alaala. Totoo rin ito sa Unyong Sobyet. Ang aming kontrobersya sa mga pinuno ng PKUS ay kontrobersya sa isang seksyon ng mamamayan. Hangad naming makumbinsi sila para maisulong ang rebolusyonaryong adhikain. Ito ang aming layunin sa pagsulat sa kasalukuyang artikulo.

Mula't sapul ay pinaninindigan ng Partido Komunista ng Tsina na, nang ganap na itakwil ni Kasamang Khrushchov si Stalin sa kunwang "pagbaka sa kulto sa personalidad", maling-mali siya, at may masamang mga motibo.

Ipinakita ng Komite Sentral ng PKT sa liham nito ng Hunyo 14 na lumalabag ang "pakikibaka sa kulto sa personalidad" sa integral na mga turo ni Lenin hinggil sa interalasyon ng mga pinuno, partido, uri at masa, at pinapahina ang Komunistang prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Iniiwasan ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang anumang pagtugon at ang aming prinsipyadong mga argumento, bagkus ay binabansagan lamang ang mga Komunistang Tsino na "tagapagtanggol ng kulto sa personalidad at tagapaglako ng maling mga ideya ni Stalin".

Nang binabaka niya ang mga Menshevik, sinabi ni Lenin na, "Ang hindi pagtugon sa isang argumento ng kasalungat sa isang usapin sa prinsipyo at ang pag-uukol lamang ng 'pagdadalamhati' sa kanya ay nangangahulugan ng hindi pakikipagtalo manapa'y pagbaling sa pang-aalimura"³². Ang aktitud na ipinakikita ng Komite Sentral ng PKUS sa Bukas na Liham na ito ay siya rin aktitud ng mga Menshevik.

Bagamat gumagamit ang Bukas na Liham ng pang-aalimura sa halip na debate, sa aming bahagi, nais naming tugunan ito ng prinsipyadong mga argumento at napakaraming mga datos.

Ang dakilang Unyong Sobyet ang unang estado ng diktadura ng proletaryado. Sa simula, si Lenin ang nangungunang pinuno ng Partido at ng Gubyerno sa estadong ito. Matapos mamatay si Lenin, ito'y si Stalin.

Matapos mamatay si Lenin, si Stalin ay hindi lamang naging pinuno ng Partido at Gubyerno ng Unyong Sobyet kundi gayundin ang kinikilalang pinuno ng pandaigdigang kilusang komunista.

Apatnapu't anim na taon pa lamang mula nang pinasinayaan ng Rebolusyong Oktubre ang unang sosyalistang estado. Sa loob ng halos tatlumpu sa mga taong ito, si Stalin ang nangungunang pinuno ng estadong ito. Sa kasaysayan man ng diktadura ng proletaryado o ng pandaigdigang kilusang komunista, umookupa ang mga aktibidad ni Stalin ng labis na mahalagang pwesto.

Pirring pinaninindigan ng Partido Komunistang Tsino na ang usapin kung paano tatasahin si Stalin at kung ano ang aktitud sa kanya ay hindi usapin lamang ng pagtatasa kay Stalin mismo; higit na mahalaga, usapin ito kung paano lalagumin ang istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado at ng pandaigdigang kilusang komunista magmula nang mamatay si Lenin.

³² V. I. Lenin, "Ilang mga Pakli Hinggil sa 'Tugon' ni P. Maslov", Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1963, Vol. XV, , p. 255.

Ganap na itinakwil ni Kasamang Khrushchov si Stalin sa Ika-20 Kongreso ng PKUS. Hindi niya muna kinonsulta ang mga Partidong praternal sa usaping ito sa prinsipyo na sumasangkot sa buong pandaigdigang kilusang komunista, at matapos nito'y pinilit ipataw ang isang *fait accompli* sa kanila. Ang sinumang may pagtatasa kay Stalin na iba sa pagtatasa ng pamunuan ng PKUS ay pinararatan ng “pagtatanggol sa kulto sa personalidad” at gayundin ng “pakikialam” sa panloob na mga usapin ng PKUS. Gayunman, walang sinumang makapagtatwa sa pandaigdigang kabuluhan ng istorikong karanasan ng unang estado ng diktadura ng proletaryado o ng istorikong katotohanan na si Stalin ang pinuno ng pandaigdigang kilusang komunista; bunga nito, walang makapagtatwa na ang pagtatasa kay Stalin ay isang mahalagang usapin sa prinsipyo na sumasangkot sa buong pandaigdigang kilusang komunista. Sa anong batayan, kung gayon, ipinagbabawal ng mga pinuno ng PKUS na gumawa ang ibang mga Partidong praternal ng makatotohanang pagsusuri at pagtatasa kay Stalin?

Di nagbabagong iginigiit ng Partido Komunista ng Tsina ang isang pangkalahatan, obhetibo at siyentipikong pagsusuri sa mga merito at mga demerito ni Stalin sa pamamagitan ng pamamaraan ng istorikong materyalismo at ng presentasyon ng kasaysayan kung paano ito aktwal na nangyari, at sinasalungat ang suhetibong krudo at ganap na negasyon kay Stalin sa pamamagitan ng pamamaraan ng istorikong idealismo at sadyang pambabaluktot at pagbabago sa kasaysayan.

Piriming pinaninindigan ng Partido Komunista ng Tsina na nakagawa ng mga pagkakamali si Stalin, na may pang-ideolohiya, gayundin panlipunan at istorikong mga ugat. Kailangang punahin ang mga pagkakamaling aktwal na nagawa ni Stalin, at hindi iyong mga walang-batayang ibinibintang sa kanya, at gawin ang gayon mula sa wastong paninindigan at sa pamamagitan ng wastong mga pamamaraan. Palagi naman naming sinasalungat ang di angkop na pagpuna kay Stalin, na ginawa mula sa maling paninindigan at sa pamamagitan ng maling mga pamamaraan.

Nakibaka si Stalin laban sa tsarismo at ipinalaganap ang Marxismo sa panahong nabubuhay pa si Lenin; nang maging kagawad siya ng Komite Sentral ng Partidong Bolshevik sa pamumuno ni Lenin, lumahok siya sa pakikibaka para hawanin ang landas para sa Rebolusyong 1917; matapos ang Rebolusyong Oktubre, nakibaka siya para ipagtanggol ang mga bunga ng proletaryong rebolusyon.

Pinamunuan ni Stalin ang PKUS at mamamayang Sobyet, matapos mamatay si Lenin, sa puspusang pakikibaka laban kapwa sa panloob at panlabas na mga kaaway, at sa pagsasanggalang at pagkokonsolida sa unang sosyalistang estado sa daigdig.

Pinamunuan ni Stalin ang PKUS at mamamayang Sobyet sa pagtataguyod sa linya ng sosyalistang industriyalisasyon at kolektibisasyon sa agrikultura at sa pagkakamit ng dakilang mga tagumpay sa sosyalistang transpormasyon at sosyalistang konstruksyon.

Pinamunuan ni Stalin ang PKUS, ang mamamayang Sobyet at ang hukbong Sobyet sa mahirap at mapait na pakikibaka tungo sa dakilang tagumpay sa digmang antipasisista.

Ipinagtanggol ni Stalin at pinaunlad ang Marxismo-Leninismo sa pakikibaka laban sa iba't ibang tipo ng oportunismo, laban sa mga kaaway ng Leninismo — ang mga maka-Trotsky, mga maka-Zinoviev, mga maka-Bukharin at iba pang mga ahenteng burges.

Nagbigay ng di mabuburang kontribusyon si Stalin sa pandaigdigang kilusang komunista sa ilang mga sulating teoretikal na imortal na mga akdang Marxista-Leninista.

Pinamunuan ni Stalin ang Partido at Gubernong Sobyet sa pagtataguyod ng isang patakarang panlabas sa pangkalahata'y umaalinsod sa proletaryong internasyunalismo at sa pagbibigay ng napakalaking tulong sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng lahat ng mga mamamayan, kabilang ang mamamayang Tsino.

Tumindig si Stalin sa unahan ng agos ng kasaysayan, gumagabay sa pakikibaka, at nagsilbing di mapayuyukod na kaaway ng mga imperyalista at lahat ng mga reaksyunaryo.

Mahigpit na nakatali ang mga aktibidad ni Stalin sa mga pakikibaka ng dakilang PKUS at ng dakilang mamamayang Sobyet at di maihihiwalay sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan ng buong daigdig.

Ang buhay ni Stalin ay buhay ng isang dakilang Marxista-Leninista, isang dakilang proletaryong rebolusyonaryo.

Totoo, habang gumanap siya ng mahahalagang gawain para sa mamamayang Sobyet at para sa pandaigdigang kilusang komunista, nakagawa rin si Stalin, isang dakilang Marxista-Leninista at proletaryong rebolusyonaryo, ng ilang mga pagkakamali. Ilan dito'y mga pagkakamali sa prinsipyo at ilan nama'y mga pagkakamaling nagawa sa daloy ng gawaing praktikal; maiiwasan sana ang ilan at ang ilan nama'y halos di maiiwasan sa panahong walang naunang pamamarisan ang diktadura ng proletaryado.

Sa kanyang paraan ng pag-iisip, lumihis si Stalin sa dialektikong materyalismo at nahulog sa metapisika at suhetibismo sa ilang mga usapin at bunga nito'y nahihwalay minsan sa realidad at sa masa. Sa mga tunggalian sa loob, gayundin sa labas ng Partido, sa ilang okasyon at sa ilang usapin, napagpalit niya ang dalawang tipo ng kontradiksyon na magkaiba sa kalikasan — ang kontradiksyon sa pagitan natin at ng kaaway, at ang mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan, at nalito rin sa magkaibang pamamaraan sa paghawak sa mga ito. Sa gawaing pinamunuan ni Stalin sa pagsugpo sa kontra-rebolusyon, wastong naparusahan ang maraming kontra-rebolusyonaryo na karapat-dapat parusahan, ngunit kasabay nito, may inosenteng mga tao na maling hinatulan; at noong 1937 at 1938, nangyari ang pagkakamali sa pagpapalawak sa saklaw ng pagsupil sa mga kontra-rebolusyonaryo. Sa usapin ng organisasyon sa Partido at guberno, hindi niya ganap na inilapat ang proletaryong demokratikong sentralismo, at, nilabag ito hanggang sa isang antas. Sa pagtangan sa pakikipag-ugnayan sa mga Partido at mga bayang praternal, nakagawa siya ng ilang pagkakamali. Nagbigay rin siya ng ilang maling payo sa pandaigdigang kilusang komunista. Nagbunga ng ilang pagkatalo ang mga pagkakamaling ito sa Unyong Sobyet at sa pandaigdigang kilusang komunista.

Ang mga merito at mga pagkakamali ni Stalin ay mga usapin ng istoriko at obhetikong realidad. Ipapakita ng paghahambing sa dalawa na higit na matimbang ang kanyang mga merito sa kanyang mga pagkukulang. Wasto siya sa pangunahin, at sekundaryo ang kanyang mga pagkukulang. Sa paglalagom sa kaisipan at gawain ni Stalin sa kabuuan nito, tiyak na unang makikita ng bawat tapat na Komunista na may respeto sa kasaysayan kung ano ang pangunahin kay Stalin. Samakatuwid, kung wastong tinatasa, pinupuna at pinapangibabawan ang mga pagkakamali ni Stalin, kailangang ipagtanggol kung ano ang pangunahin sa buhay ni Stalin, kailangang ipagsanggalang ang Marxismo-Leninismo na kanyang ipinagtanggol at pinaunlad.

Kapaki-pakinabang kung gagamiting istorikong mga aral ang mga pagkakamali ni Stalin, na sekundaryo lamang, para mabalaan ang mga Komunista ng Unyong Sobyet at iba pang mga bayan at maiwasang maulit ang gayong mga pagkakamali, o kaya'y makagawa ng mas kaunting mga pagkakamali. Kapaki-pakinabang kapwa ang positibo at negatibong istorikong mga aral sa lahat ng mga Komunista, sa kondisyong wasto silang hinalaw at umaayon at hindi bumabaluktot sa mga istorikong pangyayari.

Hindi miminsang ipinakita ni Lenin na ganap na naiiba ang mga Marxista sa mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal sa kanilang aktitud tungo sa mga taong tulad ni Bebel at Rosa Luxemburg, na sa kabila ng lahat ng kanilang mga pagkakamali, ay mga dakilang proletaryong mga rebolusyonaryo. Hindi ikinubli ng mga Marxista ang mga pagkakamali ng mga taong ito kundi sa pamamagitan ng gayong mga halimbawa'y natuto "kung paano maiiwasan ang mga ito at makakaharap sa mga rekisito ng rebolusyonaryong Marxismo".³³ Di tulad nito, "nagtitilaok" at "nagtatatawa" ang mga rebisyunista sa mga pagkakamali nina Bebel at Rosa Luxemburg. Bilang pangungutya sa mga rebisyunista, sinipi ni Lenin ang isang pabulang Ruso kaugnay nito. "Minsa'y mas mababa ang lipad ng mga agila sa mga inahing-manok, pero ang mga inahing-manok ni minsa'y di makalilipad nang sintayog ng mga agila."³⁴ "Dakilang mga Komunista" sina Bebel at Rosa Luxemburg at, sa kabila ng kanilang mga pagkakamali, ay nanatiling "mga agila", samantala, ang mga rebisyunista ay isang kawan ng "mga inahing-manok" "sa buntong ng tae sa bakuran ng kilusan ng uring manggagawa".³⁵

Di maihahambing sa anumang paraan ang istorikong papel nina Bebel at Rosa Luxemburg sa papel ni Stalin. Isang dakilang pinuno si Stalin ng diktadura ng proletaryado at ng pandaigdigang kilusang komunista sa loob ng isang buong istorikong kapanahunan, at dapat may higit na pag-iingat sa pagtatasa sa kanya.

Pinararatanan ng mga pinuno ng PKUS ang Partido Komunistang Tsino ng "pagtatanggol" kay Stalin. Oo, aming ipinagtatanggol si Stalin. Kung binabaluktot ni Khrushchov ang kasaysayan at ganap na itinatakwil si Stalin, mangyari pa, kami'y may di matatakasang tungkuling humarap at ipagtanggol siya sa kapakanan ng pandaigdigang kilusang komunista.

Sa pagtatanggol kay Stalin, ipinagtatanggol ng Partido Komunistang Tsino ang kanyang wastong panig, ipinagtatanggol ang dakilang kasaysayan ng pakikibaka ng unang estado ng diktadura ng proletaryado na nilikha ng Rebolusyong Oktubre; ipinagtatanggol nito ang dakilang kasaysayan ng pakikibaka ng PKUS; ipinagtatanggol nito ang prestihiyo ng pandaigdigang kilusang komunista sa mga hanay ng anakpawis sa lahat ng dako ng daigdig. Sa maikling salita, ipinagtatanggol nito ang teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo. Hindi lamang ang mga Komunistang Tsino ang gumagawa nito; ginagawa rin ito ng lahat ng mga Komunistang tapat sa Marxismo-Leninismo, ng lahat ng matatatag na rebolusyonaryo at ng lahat ng taong may kaisipang matwid.

³³ V. I. Lenin, "Paunang Salita sa Pamplet ni Voinov (A. V. Lunacharsky) Hinggil sa Aktitud ng Partido Tungo sa mga Unyon", Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1962, Vol. XIII, p. 165.

³⁴ V. I. Lenin, "Mga Tala ng Isang Publisista", Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. Z, p. 312.

³⁵ *Ibid.*, p. 313.

Habang ipinagtatangol si Stalin, hindi namin ipinagtatangol ang kanyang mga pagkakamali. Matagal nang panahon ang lumipas nang naranasan ng mga Komunistang Tsino ang ilan sa kanyang mga pagkakamali. Sa maling mga linyang “Kaliwa” at Kanang oportunistang Tsino sa isa o iba pang panahon, ang ilan ay sa ilalim ng impluwensya ng ilang pagkakamali ni Stalin, hanggang sa antas na kaugnay ng kanilang pinagmumulang internasyunal. Sa huling bahagi ng dekadang 1920, sa dekadang 1930 at sa maaga at kalagitnaang bahagi ng dekadang 1940, tinutulan ng mga Marxista-Leninistang Tsino na kinakatawan nina Kasamang Mao Zedong at Liu Xiaoshi ang impluwensya ng mga pagkakamali ni Stalin; unti-unti nilang napangibabawan ang maling mga linya ng “Kaliwa” at Kanang oportunismo at sa dulo’y napamunuan ang rebolusyong Tsino sa tagumpay.

Subalit dahil ang ilan sa maling mga ideya na ihinarap ni Stalin ay tinanggap at inilapat ng ilang mga kasamang Tsino, dapat kaming mga Tsino ang pumasan sa pananagutan. Samakatuwid, sa pakikibaka nito laban sa “Kaliwa” at Kanang oportunismo, pinuna ng aming Partido ang mga nagkamaling kasama at hindi kailanman ibinunton ang sisi kay Stalin. Ang layunin ng aming pagpuna ay pag-ibahin ang tama sa mali, matutuhan ang angkop na mga aral, at isulong ang rebolusyonaryong adhikain. Hiniling lamang namin sa nagkamaling mga kasama na iwasto ang kanilang mga pagkakamali. Kung hindi nila agad nagawa iyon, naghintay kami hanggang unti-unti silang napukaw ng sarili nilang praktikal na karanasan, sa kondisyong hindi sila nag-oorganisa ng lihim na mga pangkat para sa lihim at mapanghating mga aktibidad. Ang aming paraan ang wastong paraan ng panloob na pagpunang pampartido at pagpuna-sa-sarili; nagsimula kami mula sa paghahangad ng pagkakaisa at nakarating sa bagong pagkakaisa sa bagong batayan sa pamamagitan ng pagpuna at tunggalian, at sa gayo’y nakamit ang magandang mga resulta. Naninindigan kami na ang mga kontradiksuyong ito ay mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at hindi sa pagitan ng kaaway at ng ating sarili, at sa gayo’y dapat nating gamitin ang nabanggit na paraan.

Ano ang aktitud ni Kasamang Khrushchov at iba pang mga pinuno ng PKUS kay Stalin magmula nang Ika-20 Kongreso ng PKUS?

Hindi sila gumawa ng pangkalahatang istoriko at siyentipikong pagsusuri sa kanyang buhay at gawain kundi ganap na itinakwil siya nang walang pag-iiba sa pagitan ng tama at mali.

Trinato nila si Stalin hindi bilang isang kasama kundi bilang isang kaaway.

Hindi nila ginamit ang pamamaraan ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili para lagumin ang karanasan kundi ibinunton ang sisi kay Stalin para sa lahat ng pagkakamali, o kaya’y nag-ukol sa kanya ng “mga pagkakamali” na kanilang arbitraryong inimbento.

Hindi nila inilalahad ang mga pangyayari at nangatwiran kundi gumawa ng demagohikong personal na mga atake kay Stalin para lasunin ang isip ng mamamayan.

Inalimura ni Khrushchov si Stalin bilang isang “mamamatay-tao”, isang “kriminal”, isang “bandido”,³⁶ isang “tirano na katipo ni Ivan, ang Terible”, “ang pinakamalaking diktador sa kasaysayan ng Rusya”, isang “hangal”³⁷, “tanga”³⁸. Kung napilitan man kaming sipiin ang lahat ng madungis, bulgar at malisyosong lenggwaheng ito, nangangamba naman kaming madudumihan nito ang aming lapis at papel.

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang “pinakamalaking diktador sa kasaysayan ng Rusya”. Di ba’t nangangahulugan ito na nabuhay ang mamamayang Sobyet sa loob ng mahabang tatumpung taon sa ilalim ng “tiranya” ng “pinakamalaking diktador sa kasaysayan ng Rusya” at hindi sa ilalim ng sistemang sosyalista? Ganap na di sumasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet at rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig sa paninirang-puring ito!

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang isang “tirano na katipo ni Ivan, ang Terible”. Di ba’t nangangahulugan ito na ang halimbawang ibinigay ng dakilang PKUS at ng dakilang mamamayang Sobyet sa mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig ay hindi ang halimbawa ng diktadura ng proletaryado kundi ng buhay sa ilalim ng paghahari ng isang pyudal na “tirano”? Ganap na di sumasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet, ang mga Komunistang Sobyet at mga Marxista-Leninista ng buong daigdig sa paninirang-puring ito!

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang isang “bandido”. Di ba’t nangangahulugan ito na ang unang sosyalistang estado sa daigdig ay pinamunuan sa mahabang panahon ng isang “bandido”? Ganap na di sumasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet at rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig sa paninirang-puring ito!

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang isang “hangal”. Di ba’t nangangahulugan ito na ang pinuno ng PKUS na naglunsad ng magigiting na rebolusyonaryong pakikibaka sa nakaraang mga dekada ay isang “hangal”? Ganap na di sumasang-ayon ang mga Komunistang Sobyet at mga Marxista-Leninista ng buong daigdig sa paninirang-puring ito!

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang isang “tanga”. Di ba’t nangangahulugan ito na ang kataas-taasang komander ng dakilang hukbong Sobyet na nagtagumpay sa digmang anti-pasista ay isang “tanga”? Ganap na di sumasang-ayon ang dakilang mga kumander at mga mandirigmang Sobyet at lahat ng mga mandirigmang antipasista ng daigdig sa paninirang-puring ito!

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang isang “mamamatay-tao”. Di ba’t nangangahulugan ito na ang pandaigdigang kilusang komunista ay may isang “mamamatay-tao” bilang guro nito sa loob ng ilang dekada? Ganap na di sumasang-ayon ang mga Komunista ng buong daigdig, kabilang ang mga Komunistang Sobyet, sa paninirang-puring ito!

³⁶ N. S. Khrushchov, Pakikipag-usap sa Delegasyon ng Partido Komunistang Tsino, ika-22 ng Oktubre, 1961.

³⁷ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Resepsyon sa Mayo Uno 1962 na Tinanghal ng Gubyernong Sobyet.

³⁸ N. S. Khrushchov, Pakikipag-usap sa Delegasyon ng Partido Komunistang Tsino, ika-22 ng Oktubre, 1961.

Siniraang-puri ni Khrushchov si Stalin bilang isang “sugarol”. Di ba’t nangangahulugan ito na isang “sugarol” ang tagapamandila ng rebolusyonyong mga mamamayan sa mga pakikibaka laban sa imperyalismo at reaksiyon? Ganap na di sumasang-ayon ang lahat ng rebolusyonyong mamamayan ng daigdig, kabilang ang mamamayang Sobyet, sa paninirang-puring ito!

Ang gayong pag-alimura kay Stalin ni Khrushchov ay isang garapalang pang-aalipusta sa dakilang mamamayang Sobyet, isang garapalang pang-aalipusta sa PKUS, sa hukbong Sobyet, sa diktadura ng proletaryado at sa sistemang sosyalista, sa pandaigdigang kilusang komunista, sa rebolusyonyong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig at sa Marxismo-Leninismo.

Sa anong posisyon inilalagay ni Khrushchov ang sarili, na lumahok sa pamumuno ng Partido at ng estado sa kapanahunan ni Stalin, tuwing nagmamayabang, pumupukpok sa mesa at nagsisisigaw ng alimura kay Stalin nang ubos-lakas? Sa posisyon ng isang kasabwat ng isang “mamamatay-tao” o ng isang “bandido”? O sa posisyon rin ng isang “hangal” o ng isang “tanga”?

Ano ang kaibahan ng gayong pang-aalimura kay Stalin ni Khrushchov at ang pang-aalimura ng mga imperyalista, ng mga reaksiyunaryo sa iba’t ibang mga bayan, at ng mga taksil sa komunismo? Bakit gayon na lamang ang tindi ng pagkamuhi kay Stalin? Bakit higit na mabangis ang pag-atake sa kanya kaysa sa pag-atake sa kaaway?

Sa pag-aalimura kay Stalin, walang taros na itinatakwil ni Khrushchov sa katunayan ang sistema at estadong Sobyet. Kaugnay nito, hindi masasabing mas mahina ang kanyang lenggwahe, bagkus ay mas masahol pa nga kaysa sa katulad ng mga taksil na tulad ni Kautsky, Trotsky, Tito at Djilas.

Dapat sipiin ang sumusunod na pangungusap mula sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS at itanong kay Khrushchov: “Paano nilang masasabi ang mga bagay na ito tungkol sa partido ng dakilang si Lenin, tungkol sa inangbayan ng sosyalismo, tungkol sa mamamayan na una sa daigdig na nakapagsagawa ng sosyalistang rebolusyon, nagsanggalang sa dakilang mga tagumpay nito sa mababangis na pakikitunggali laban sa pandaigdigang imperyalismo at panloob na kontra-rebolusyon, nagpamalas ng mga himala ng kagitingan at dedikasyon sa pagsisikap na magbuo ng komunismo, at tapat na gumanap sa kanilang internasyunalistang tungkulin sa anakpawis ng daigdig”!

Sa kanyang artikulong “Ang Pampulitikang Kabuluhan ng Pang-aalimura”, sabi ni Lenin, “Madalas na pinagtatakpan ng pang-aalimura sa pulitika ang ganap na kawalan ng pang-ideolohiyang nilalaman, ang kahinaan at pagkabaog, at nakaiinis na pagkabaog ng nang-aalimura.” Di ba’t ito’y mailalapat sa mga pinuno ng PKUS na laging nakakaramdam ng pagdalaw ng multo ni Stalin at nagpipilit pagtakpan ang kanilang ganap na kawalan ng prinsipyo, ang kanilang kahinaan at nakaiinis na pagkabaog sa pamamagitan ng pang-aalimura kay Stalin?

Di sumasang-ayon ang napakalaking mayorya ng mamamayang Sobyet sa gayong pang-aalimura kay Stalin. Lalo pa nga nilang itinatangi ang alaala ni Stalin. Labis na ihiniwalay ng mga pinuno ng PKUS ang sarili mula sa masa. Lagi silang nakararamdam na sila'y pinagbabantaan ng dumadalaw na multo ni Stalin, na sa katunaya'y ang malaking kawalan ng kasiyahan ng malapad na masa sa ganap na negasyon kay Stalin. Hanggang sa ngayon, hindi pa nangangahas si Khrushchov na ipakita sa mamamayang Sobyet at sa iba pang mamamayan sa kampong sosyalista ang lihim na ulat na ganap na nagtatakwil kay Stalin na kanyang iginawa sa Ika-20 Kongreso ng PKUS, dahil isa itong ulat na hindi maihaharap sa liwanag ng araw, isang ulat na labis na maglalayo sa masa.

Lalupang kapansin-pansin ang pangyayari na habang inaalimura nila si Stalin sa lahat ng posibleng paraan, itinuturing ng mga pinuno ng PKUS si Eisenhower, si Kennedy at mga tulad nila “nang may respeto at tiwala”.³⁹ Inaalimura nila si Stalin bilang isang “tirano na katipo ni Ivan, ang Terible” at “ang pinakamalaking diktador sa kasaysayan ng Rusya”, pero pinapapurihan kapwa si Eisenhower at si Kennedy bilang “suportado ng absolutong mayorya ng mamamayang Amerikano”!⁴⁰ Inaalimura nila si Stalin bilang isang “tanga” pero pinupuri sina Eisenhower at Kennedy bilang “makatwiran”! Sa isang banda, bisyoso nilang binabanatan ang isang dakilang Marxista-Leninista, isang dakilang proletaryong rebolusyonaryo at isang dakilang pinuno ng pandaigdigang kilusang komunista, at sa kabilang banda, pinupuri nila ang mga hepe ng imperyalismo hanggang sa kalangitan. Posible ba na ang koneksyon sa pagitan ng mga pangyayaring ito ay aksidental lamang at hindi nagreresulta nang may di natitinag na lohika mula sa pagtataksil sa Marxismo-Leninismo?

Kung hindi napakaikli ng kanyang memorya, dapat maalaala ni Khrushchov na sa isang raling masa na ginanap sa Moscow noong Enero 1937, siya mismo'y makatwirang nagkondena sa mga umatake kay Stalin, at sinabing, “Sa pag-aangat nila ng kamay laban kay Kasamang Stalin, inangat nila ito laban sa ating lahat, laban sa uring manggagawa at sa anakpawis! Sa pag-aangat nila ng kamay laban kay Kasamang Stalin, inangat nila ito laban sa mga itinuro nina Marx, Engels at Lenin!” Paulit-ulit na pinapurihan ni Khrushchov mismo si Stalin bilang isang “matalik na kaibigan at kasama sa pakikidigma ng dakilang si Lenin”,⁴¹ bilang “pinakadakilang henyo, guro at pinuno ng sangkatauhan”⁴² at “dakila at laging matagumpay na heneral”,⁴³ bilang “tapat na kaibigan ng mamamayan”⁴⁴ at bilang “sariling ama”⁴⁵ niya.

Kung ihahambing ang mga pangungusap ni Khrushchov nang nabubuhay pa si Stalin sa mga ginawa niya matapos mamatay ang huli, tiyak na mapapansing ganap na bumaligtad si Khrushchov sa kanyang pagtatasa kay Stalin.

³⁹ N. S. Khrushchov, Liham na Tugon kay J. F. Kennedy, ika-28 ng Oktubre, 1962.

⁴⁰ N. S. Khrushchov, Mga Tugon sa mga Tanong ng mga Punong-Editor ng Pravda at Izvestia sa Pravda, ika-15 ng Hunyo, 1963.

⁴¹ N. S. Khrushchov, “Si Stalin at ang Dakilang Pakikipagkaibigan ng mga Mamamayan ng Unyong Sobyet”, Pravda, ika-21 ng Disyembre, 1939.

⁴² N. S. Khrushchov, Talumpati sa Ika-18 Kongreso ng PKUS (B), Pravda, ika-15 ng Marso, 1939.

⁴³ N. S. Khrushchov at iba pa, Liham sa Lahat ng Upisyal at Tauhan ng Pulang Hukbong Sobyet, Pravda, ika-13 ng Mayo, 1945.

⁴⁴ N. S. Khrushchov, “Si Stalin at ang Dakilang Pakikipagkaibigan ng mga Mamamayan ng Unyong Sobyet”, Pravda, ika-21 ng Disyembre, 1939.

⁴⁵ N. S. Khrushchov, “Pakikipagkaibigang Stalinista sa Hanay ng mga Mamamayan—Garantiya ng Pagkadi-magagapi ng Ating Inangbayan”, Pravda, ika-21 ng Disyembre, 1949.

Kung hindi napakaikli ng memorya niya, 'syempre'y dapat maalaala ni Khrushchov na sa panahon ng pamumuno ni Stalin, siya mismo'y naging napakaaktibo sa pagsuporta at pagpapatupad sa noo'y nangingibabaw na patakaran ng pagsugpo sa mga kontra-rebolusyonaryo.

Noong Hunyo 6, 1937, sa Ikalimang Kumperensya ng Partido ng Probinsya ng Moscow, ipinahayag ni Khrushchov:

Walang-awang dudurugin ng ating Partido ang pangkat ng mga taksil at mga nagkanulo, at lilipulin lahat ng maka-Trotsky na Kanang latak Ang garantiya nito ay ang di mayayanig na pamumuno ng ating Komite Sentral, ang di mayayanig na pamumuno ng ating pinunong si Kasamang Stalin.... Ganap nating pupuksain ang mga kaaway — hanggang sa kahuli-hulihang tao at ikakalat ang kanilang abo sa hangin.

Noong Hunyo 8, 1938, sa Ikaapat na Kumperensya ng Partido ng Probinsyang Kiev, ipinahayag ni Khrushchov:

Nais papasukin ng mga Yakyr, mga Balyitsky, mga Lyubchenky, mga Zatonsky at iba pang latak ang mga maylupang Polish sa Ukraine, nais papasukin ang mga pasistang Aleman, mga panginoong maylupa at mga kapitalista.... Nalipol na natin ang malaking bilang ng mga kaaway, pero hindi pa natin nalalahat. Samakatuwid, kailangang imulat natin ang ating mga mata. Dapat mahigpit nating pakatandaan ang mga salita ni Kasamang Stalin, na habang umiiral ang kapitalistang pagkubkob, ipupuslit sa ating bayan ang mga espiya at mga mananabotahe.

Bakit itinatakwil ni Khrushchov, na nasa pamunuan ng Partido at ng estado sa panahon ni Stalin, at aktibong sumuporta at matatag na nagpatupad sa patakaran sa pagsugpo sa mga kontra-rebolusyonaryo, ang lahat nang ginawa sa panahong ito at ibinubunton ang sisi sa lahat ng pagkakamali kay Stalin lamang habang ganap na pinagtatakpan ang sarili?

Kung nakagawa ng maling bagay si Stalin, kaya niyang punahin ang sarili. Halimbawa, nagbigay siya ng maling payo kaugnay ng rebolusyong Tsino. Matapos ang tagumpay ng rebolusyong Tsino, inamin niya ang kanyang pagkakamali. Inamin rin ni Stalin ang ilan sa kanyang mga pagkakamali sa gawain ng paglilinis sa hanay ng Partido sa kanyang ulat sa Ika-18 Kongreso ng PKUS (B) noong 1939. Paano naman kay Khrushchov? Wala siyang kaalam-alam kung ano ang pagpuna-sa-sarili; ang ginagawa lamang niya ay ibunton ang lahat ng sisi sa iba at akuin ang lahat ng kredito.

Hindi kagulat-gulat na nangyayari ang pangit na mga aksyong ito ni Khrushchov sa panahong nandadaluhong ang modernong rebisyunismo. Gaya ng sinabi ni Lenin noong 1915 nang punahin niya ang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal para sa kanilang pagtataksil sa Marxismo:

Talagang hindi iyon kagulat-gulat sa panahong ito ng paglimot sa mga sinabi, ng pagsasantabi sa mga prinsipyo, ng pagbabagsak sa mga pilosopiya, at pagsasantabi sa mga resolusyon at marangal na mga pangako.⁴⁶

⁴⁶ V. I. Lenin, "Paunang Salita sa Pamplet ni N. Bukharin, Ang Imperyalismo at ang Pandaigdigang Ekonomya", Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XXII, p. 194.

Gaya ng ganap na pinatunayan ng sunud-sunod na pangyayari mula ng Ika-20 Kongreso, ang ganap na negasyon kay Stalin ng pamunuan ng PKUS ay may lubos na malulubhang resulta.

Nagbigay ito sa mga imperyalista at mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan ng labis na kalugud-lugod na amunisyong anti-Sobyet at anti-Komunista. Matapos na matapos ang Ika-20 Kongreso ng PKUS, sinamantala ng mga imperyalista ang lihim na ulat na anti-Stalin ni Khrushchov para manulsol ng pandaigdigang daluyong laban sa Unyong Sobyet at laban sa komunismo. Sinunggaban ng lahat ng mga imperyalista, ng mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan, ng pangkating Tito at ng mga oportunistang iba't ibang deskripsyon ang pagkakataong atakehin ang Unyong Sobyet, ang sosyalistang kampo at ang mga Partido Komunista; sa gayon, nailagay ang maraming Partido at mga bayang prternal sa malulubhang kagipitan.

Pinahintulutan ng balisang kampanya laban kay Stalin ng pamunuan ng PKUS ang mga maka-Trotsky, na matagal nang mga bangkay sa pulitika, na muling mabuhay at manawagan para sa “rehabilitasyon” ni Trotsky. Noong Nobyembre 1961, sa pagwawakas ng Ika-22 Kongreso ng PKUS, sinabi ng Pandaigdigang Kalihiman ng diumano’y Ikaapat na Internasyunal sa isang Liham sa Ika-22 Kongreso ng PKUS at sa Bagong Komite Sentral Nito na noong 1937, sinabi ni Trotsky na magtatayo ng isang bantayog sa karangalan ng mga biktima ni Stalin. “Ngayon”, patuloy nito, “nagkatotoo na ang prediksyong ito. Sa harap ng Kongreso ninyo, ipinangako ng Unang Kalihim ng inyong Partido ang pagtatayo ng bantayog na ito.” Sa liham na ito, naglahad ng partikular na paghingi na ang ngalan ni Trotsky ay “iukit sa mga letrang ginto sa bantayog na itatayo sa karangalan ng mga biktima ni Stalin”. Hindi inilihim ng mga maka-Trotsky ang kanilang kasiyahan, at ipinahayag na ang kampanyang anti-Stalin na pinasimulan ng pamunuan ng PKUS ay “nagbukas ng pinto para sa Trotskyismo” at “makatutulong nang malaki sa pagsulong ng Trotskyismo at ng organisasyon nito — ang Ikaapat na Internasyunal”.

Sa ganap na pagtatakwil kay Stalin, may mga motibo ang mga pinuno ng PKUS na hindi makakaharap sa liwanag ng araw.

Namatay si Stalin noong 1953; makalipas ang tatlong taon, marahas na inatake siya ng mga pinuno ng PKUS sa Ika-20 Kongreso, at walong taon matapos ang kanyang kamatayan, muli nilang ginawa ito sa Ika-22 Kongreso, at inalis at sinunog ang kanyang bangkay. Sa pag-ulit ng kanilang mararahas na atake kay Stalin, nilayon ng mga pinuno ng PKUS na pawiin ang di mabuburang impluwensya ng dakilang proletaryong rebolusyonaryong ito sa hanay ng mamamayan ng Unyong Sobyet at sa lahat ng dako ng daigdig, at hawanin ang daan para sa negasyon ng Marxismo-Leninismo, na ipinagtanggol at pinaunlad ni Stalin, at para sa lubusang paglalapat ng isang rebisyunistang linya. Nagsimula ang kanilang rebisyunistang linya sa Ika-20 Kongreso mismo at naging ganap na sistematisado sa Ika-22 Kongreso. Napakalinaw na pinatutunayan ng mga pangyayari na ang kanilang rebisyon sa Marxista-Leninistang mga teorya hinggil sa imperyalismo, digma at kapayapaan, proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado, rebolusyon sa mga kolonya at malakolonya, proletaryong partido, atbp., ay di maihihiwalay na konektado sa kanilang ganap na negasyon kay Stalin.

Ipinagpipilitan ng pamunuan ng PKUS na ganap na itakwil si Stalin sa tabing ng “pagbaka sa kulto sa personalidad”.

Sa paglulunsad ng “pakikibaka sa kulto sa personalidad”, hindi nilalayon ng mga pinuno ng PKUS ang pagpapanumbalik sa tinatawag nilang “Leninistang mga istandard sa buhay pampartido at mga prinsipyo sa pamumuno”. Taliwas dito, nilalabag nila ang mga itinuturo ni Lenin kaugnay ng interalasyon ng mga pinuno, partido, uri at masa at nilalapastangan ang demokratikong sentralismo sa Partido.

Pinaninindigan ng mga Marxista-Leninista na kung tunay na maglilingkod ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado bilang punong-himpilan ng proletaryadong nakikibaka, dapat wasto nitong panghawakan ang interalasyon ng mga pinuno, partido, uri at masa na dapat organisado batay sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Dapat may sapat ang katatagang nukleyo ng pamumuno ang gayong Partido, na dapat buuin ng isang grupo ng matagal nang subok na mga pinuno na mahusay sa paglalapat sa unibersal na katotohan ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika ng rebolusyon.

Lumilitaw ang mga pinuno ng proletaryong partido, maging kagawad man ng Sentral o lokal na mga komite, mula sa masa sa daloy ng tunggalian ng mga uri at rebolusyonaryong mga kilusang masa. Walang-hanggan silang tapat sa masa, may mahigpit na ugnay sa kanila, at mahusay sa wastong pagkokonsentra sa mga ideya ng masa at matapos nito’y pagsasakaturapan ng mga ito. Mga tunay na kinatawan ng proletaryado ang gayong mga pinuno at kinikilala ng masa. Tanda ng hustong-gulang sa pulitika ng isang proletaryong partido ang pagkakaroon nito ng gayong mga pinuno, at dito nakasalalay ang pag-asa ng tagumpay para sa adhikain ng proletaryado.

Ganap na wasto si Lenin sa pagsasabing “wala ni isa mang uri sa kasaysayan ang nakakamit sa kapangyarihan nang hindi nakapagpapalitaw ng pampulitikang mga pinuno nito, ng tanyag ng mga kinatawan nito na may kakayahang mag-organisa ng isang kilusan at pamunuan ito”.⁴⁷ Sinabi pa niya:

Ang pagsasanay ng may karanasan at pinakaimpluwensyal na mga pinuno ng Partido ay isang matagalan at mahirap na tungkulin. Pero kung wala nito, ang diktadura ng proletaryado, ang “pagkakaisa nito sa kapasyahan”, ay mananatiling salita lamang.⁴⁸

Laging tumatalima ang Partido Komunista ng Tsina sa Marxista-Leninistang mga aral hinggil sa papel ng masa at ng indibidwal sa kasaysayan at sa interalasyon ng mga pinuno, partido, uri at masa, at nagtataguyod sa demokratikong sentralismo sa Partido. Lagi naming pinananatili ang kolektibong pamumuno; kasabay nito, laban kami sa pagmamaliit sa papel ng mga pinuno. Habang nagbibigay kami ng pagpapahalaga sa papel na ito, laban kami sa di tapat at labis na parangal sa mga indibidwal at eksaherasyon sa kanilang papel. Sing-aga ng 1949, nagpasya na ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina, sa mungkahi ni Kasamang Mao Zedong, na nagbabawal sa anumang tipo ng pampublikong pagdiriwang sa mga kaarawan ng mga pinuno ng Partido at sa pagpapangalan ng mga lugar, lansangan o empresa sa kanilang pangalan.

Ang palagian at wastong kaparaanang ito ay pundamental na naiiba sa “pakikibaka sa kulto sa personalidad” na itinataguyod ng pamunuan ng PKUS.

⁴⁷ V. I. Lenin, “Mahihigpit na Tungkulin ng Ating Kilusan”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. II, p. 13.

⁴⁸ V. I. Lenin, “Isang Liham sa mga Komunistang German”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1950, Vol. XXXII, p. 492.

Lalong lumilina sa pagtataguyod ng “pakikibaka laban sa kulto sa personalidad”, hindi nilalayan ng mga pinuno ng PKUS, gaya ng kanilang sinasabi, na paunlarin ang demokrasya, isabuhay ang kolektibong pamumuno at labanan ang eksaherasyon sa papel ng indibidwal kundi may masasamang motibo.

Ano nga ba ang ubod ng kanilang “pakikibaka sa kulto sa personalidad”?

Sa diretsahang salita, walang iba ito kundi ang sumusunod:

1. sa kukunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad”, ikontrapwesto si Stalin, ang pinuno ng Partido, sa organisasyon ng Partido, sa proletaryado at sa masa ng mamamayan;
2. sa kunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad”, dungisan ang proletaryong partido, ang diktadura ng proletaryado, at ang sistemang sosyalista;
3. sa kunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad”, pataasin ang sarili at atakehin ang mga rebolusyonaryong tapat sa Marxismo-Leninismo para hawanin ang landas para sa pagkamkam ng rebisyunistang mga mapagpakana sa pamumuno sa Partido at sa estado;
4. sa kunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad”, manghimasok sa mga panloob na usapin ng mga Partido at bayang prternal at tangkaing ibagsak ang kanilang pamumuno alinsunod sa kanilang kagustuhan; at
5. sa kunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad”, atakehin ang mga Partidong prternal na tumatalima sa Marxismo-Leninismo at hatiin ang pandaigdigang kilusang komunista.

Ang “pakikibaka sa kulto sa personalidad” na inilunsad ni Khrushchov ay isang kasuklam-suklam na intriga sa pulitika. Gaya ng isang taong inilarawan ni Marx, “Pinakamagaling siya bilang isang mang-iintriga, habang walang kahalaga-halaga bilang teoretisyan”⁴⁹.

Isinasaad ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na “habang iwinawaksi ang kulto sa personalidad at binabaka ang mga ibinubunga nito” mayroon silang “mataas na pagtingin para sa mga pinuno na ... nagtatamasa ng karapat-dapat na prestihiyo”. Ano ang kahulugan nito? Ibig nitong sabihin na, habang niyayapak-yapakan si Stalin, pinapupurihan ng mga pinuno ng PKUS si Khrushchov hanggang sa langit.

Inilalarawan nila si Khrushchov, na hindi pa isang Komunista sa panahon ng Rebolusyong Oktubre at isang mababang antas na aktibistang masa sa panahon ng Digmang Sibil, na isang “aktibong nagpundar ng Pulang Hukbo”⁵⁰.

Iniuukol nila ang dakilang tagumpay sa mapagpasyang labanan sa Digmang Patriyotikong Sobyet nang buong-buo kay Khrushchov, at sinasabi na sa Labanan sa Stalingrad, “madalas na marinig ang tinig ni Khrushchov”⁵¹ at na siya ang “kaluluwa ng mga taga-Stalingrad”⁵².

⁴⁹ “Marx para kay F. Bolte”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyon German, FLPH, Moscow, 1950, Vol. II. P. 438.

⁵⁰ “Buhay para sa Sambayanan”, Zarya Vostoka, ika-17 ng Disyembre, 1961.

⁵¹ “Nilikha at Pinaunlad ng Partido”, Agitator, No. 2, 1963.

⁵² V. I. Chulikov, Talumpati sa Rali sa Paggunita sa Ika-20 Anibersaryo sa Dakilang Patriyotikong Digma ng Unyong Sobyet, Pravda, ika-22 ng Hunyo, 1961.

Iniuukol nila ang dakilang mga tagumpay sa mga sandatang nukleyar at *rocketry* kay Khrushchov, at tinatawag siyang “amang kosmiko”⁵³. Gaya naman ng alam ng lahat, ang tagumpay ng Unyong Sobyet sa pagmamanupaktura ng mga bomba atomika at haydrogen ay dakilang gawa ng mga siyentista at teknisyang Sobyet at mamamayang Sobyet sa ilalim ng pamumuno ni Stalin. Ang mga pundasyon ng *rocketry* ay nailatag rin sa panahon ni Stalin. Paano mabubura ang mahahalagang istorikong pangyayaring ito? Paanong maibibigay ang lahat ng kredito kay Khrushchov?

Pinupuri nila si Khrushchov na siyang nagrebisa sa pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo at naninindigan na lipas na ang Leninismo bilang “maningning na modelo na mapanlikhang nagpaunlad at nagpayaman sa Marxista-Leninistang teorya”⁵⁴.

Ang ginagawa ng mga pinuno ng PKUS sa likod ng tabing ng “pagbaka sa kulto sa personalidad” ay eksakto sa sinabi ni Lenin:

... kapalit ng dating mga pinuno, na may pangkaraniwang mga pananaw pantao sa pangkaraniwang mga bagay, *bagong mga pinuno* ang ihinaharap... na nagbabanggit ng supernatural na kabulastugan at kalituhan.⁵⁵

Sinisiraan ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang ating paninindigan sa pagtalima sa Marxismo-Leninismo, at iginigiit na “ipinipilit nating ipataw sa ibang mga Partido ang kaayusan ng mga bagay-bagay, ang mga anyo at mga pamamaraan sa pamumuno na namukadkad sa panahon ng kulto sa personalidad”. Muli’y inilalantad ng pangungusap na ito ang kabalighuan ng “pakikibaka laban sa kulto sa personalidad”.

Ayon sa mga pinuno ng PKUS, matapos wakasan ng Rebolusyong Oktubre ang kapitalismo sa Rusya, sumunod ang “panahon ng kulto sa personalidad”. Para bang hindi sosyalista ang “sistemang panlipunan” at “ideolohiya sa moralidad” sa panahong iyon. Sa panahong iyon, pasan-pasan ng uring manggagawang Sobyet ang “mabigat na pasanin”, umiral ang “kapaligiran ng takot, suspetsa at kawalang-katiyakan na lumason sa buhay ng mamamayan”,⁵⁶ at nahadlangan sa pag-unlad nito ang lipunang Sobyet.

Sa kanyang talumpati sa rali para sa pagkakaibigang Sobyet-Hungarian noong ika-19 ng Hulyo, 1963, tinalakay ni Khrushchov ang tinatawag niyang paghaharing “teror” ni Stalin, at sinabing “pinanatili” ni Stalin “ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng palakol”. Inilarawan niya ang kaayusang panlipunan ng panahong iyon sa mga sumusunod na taguri: “... sa panahong iyon, hindi alam ng isang lalaking papasok sa trabaho kung makakauwi pa siya sa tahanan, kung makikita pa niyang muli ang kanyang asawa’t mga anak”.

“Ang kapanahunan ng kulto sa personalidad” gaya ng inilarawan ng pamunuan ng PKUS ay isang kapanahunan na higit na “kasuklam-suklam” at “barbaro” ang lipunan kaysa sa kapanahunan ng pyudalismo o kapitalismo.

⁵³ G. S. Titov, Talumpati sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, ika-26 ng Oktubre, 1961.

⁵⁴ A. N. Kosygin, Talumpati sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, ika-21 ng Oktubre, 1961.

⁵⁵ V. I. Lenin, “‘Kaliwang-Panig’ na Komunismo, Isang Sakit ng Kamusmusan”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. X, p. 82.

⁵⁶ Bukas na Liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet para sa lahat ng mga Organisasyon ng Partido, para sa Lahat ng Komunista ng Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

Ayon sa pamunuan ng PKUS, hindi napawi ng diktadura ng proletaryado at ng sosyalistang sistema ng lipunan, na itinatag bunga ng Rebolusyong Oktubre, ang pang-aapi sa anakpawis o pabilisin ang pag-unlad ng lipunang Sobyet sa loob ng ilang mga dekada; matapos lamang ipatupad ng Ika-20 Kongreso ng PKUS ang “pakikibaka laban sa kulto sa personalidad” naalis ang “mabigat na pasanin” mula sa anakpawis at biglang “napabilis” ang “pag-unlad ng lipunang Sobyet”⁵⁷.

Ani Khrushchov, “Ah! Kung namatay lamang si Stalin nang sampung taong mas maaga!”⁵⁸ Gaya ng alam ng lahat, namatay si Stalin noong 1953; ang sampung taong mas maaga ay 1943, ang pinakataon nang pasimulan ng Unyong Sobyet ang kontra-opensiba nito sa Dakilang Digmang Patriyotiko. Sa panahong ito, sino ang may gustong mamatay si Stalin? Si Hitler!

Hindi isang bagong pangyayari sa kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista na alimurain ng mga kaaway ng Marxismo-Leninismo ang mga pinuno ng proletaryado at piliting pahinain ang proletaryong adhikain sa pamamagitan ng gayong islogan tulad ng “pagbaka sa kulto sa personalidad”. Maruming panloloko ito na matagal nang kilala ng mga tao.

Sa panahon ng Unang Internasyunal, gumamit ng katulad na lenggwahe ang mapagpakanang si Bakunin para batikusin si Marx. Noong una, para ilapit ang sarili sa tiwala ni Marx, sumulat siya sa kanya na, “Ako’y disipulo mo, at ipinagmamalaki ko ito”⁵⁹. Di kalaunan, nang nabigo ang kanyang pakana na kamkamin ang pamumuno sa Unang Internasyunal, inalimura niya si Marx at sinabing, “Dahil Aleman at Hudyo, awtoritaryan siya mula ulo hanggang talampakan”⁶⁰ at isang “diktador”⁶¹.

Sa panahon ng Ikalawang Internasyunal, gumamit ng katulad na lenggwahe ang taksil na si Kautsky para batikusin si Lenin. Siniraang-puri niya si Lenin, at itinulad siya sa “Diyos ng mga naniniwalang iisa lamang ang diyos”⁶² na nagpababa sa Marxismo “sa katayuan hindi lamang ng isang pang-estadong relihiyon kundi pati na ng isang medyebal o oryental na pananampalataya”⁶³.

Sa panahon ng Ikatlong Internasyunal, gumamit ang taksil na si Trotsky ng ganoon ring lenggwahe para batikusin si Stalin. Sinabi niyang isang “tirano”⁶⁴ si Stalin at na “lumikha ang burukrasyang Stalinista ng isang buktot na kultong pinuno, na nagbibigay ng makadiyos na mga kalidad sa mga pinuno”⁶⁵.

⁵⁷ *Ibid.*

⁵⁸ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Rali para sa Pakikipagkaibigang Sobyet-Hungarian sa Moscow, ika-19 ng Hulyo, 1963.

⁵⁹ Liham ni M. A. Bakunin kay Karl Marx, ika-22 ng Disyembre, 1868, *Die Neue Zeit*, No. 1, 1900.

⁶⁰ Franz Mehring, *Si Karl Marx, ang Kwento ng Kanyang Buhay*, edisyong Ingles, Covici Friede Publishers, New York, 1935, p. 429.

⁶¹ “Si Engels para kay A. Bebel, ika-20 ng Hunyo, 1873”, *Piling mga Akda nina Karl Marx and Frederich Engels*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. II, p. 432.

⁶² Karl Kautsky, *Sosyal Demokrasya Laban sa Komunismo*, edisyong Ingles, Rand School Press, New York, 1946, p. 54.

⁶³ *Ibid.*, p. 29.

⁶⁴ Leon Trotsky, “Stalin, Isang Pagtatasa sa Katauhan at Kanyang Impluwensya”, edisyong Ingles, Harper and Brothers, New York at London, 1941, p. 420.

⁶⁵ Leon Trotsky, “Ang Burukrasyang Stalinista at ang Asasinasyon kay Kirov”, *Hinggil sa Asasinasyon kay Kirov*, edisyong Ingles, Pioneer Publishers, New York, 1956, p. 17.

Gumamit rin ng katulad na mga salita ang modernong rebisyunistang pangkating Tito para batikusin si Stalin, at sinasabing “diktador” si Stalin “sa isang sistema ng absolutong kapangyarihang personal”⁶⁶.

Malinaw kung gayon na ang usapin ng “pagbaka sa kulto sa personalidad” na ihinaharap ng pamunuan ng PKUS ay ipinasa-pasa mula kay Bakunin, Kautsky, Trotsky at Tito, na pawang gumamit rito para atakehin ang mga pinuno ng proletaryado at pahinain ang proletaryong rebolusyonyong kilusan.

Hindi nakayanang itakwil ng mga oportunistang sa kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista sina Marx, Engels, o Lenin sa pamamagitan ng pang-aalimura, at hindi rin kakayanin ni Khrushchov na itakwil si Stalin sa pamamagitan ng pang-aalimura.

Gaya nang ipinakita ni Lenin, di kayang tiyakin ng pribilehiyadong posisyon ang tagumpay ng pang-aalimura.

Magagamit ni Khrushchov ang kanyang pribilehiyadong posisyon para rebisahin ang Marxismo-Leninismo sa isa o iba pang paraan, pero gaanuman siya magpilit, hindi siya matatagumpay kailanman sa pagbabagsak sa Marxismo-Leninismo na ipinagtanggol ni Stalin at ipinagtatanggol ng mga Marxista-Leninista sa lahat ng dako ng daigdig.

Nais naming magbigay ng munting tapat na payo kay Kasamang Khrushchov. Umaasa kaming mababatid mo ang iyong mga pagkakamali at magbabalik mula sa iyong maling landas tungo sa landas ng Marxismo-Leninismo.

Mabuhay ang dakilang rebolusyonyong mga turo nina Marx, Engels, Lenin at Stalin!

ISA BANG SOSYALISTANG BAYAN ANG YUGOSLAVIA?⁶⁷

⁶⁶ Edward Kardelj, “Makaraan ang Limang Taon”, Borba, ika-28 ng Hunyo, 1953.

⁶⁷ Ang tunggalian sa pagitan ni Stalin at Tito noong 1948: nagsimula sa tunggalian tungkol sa kolektibisasyon ng agrikultura at linyang anti-imperyalista. Pagsapit ng 1948, hayag na pagpuna ng Cominform. Pinurga ni Tito ang mga pinuno at mga kadreng “maka-Sobyet”. 100,000 hanggang 200,000 ang inaresto. Ipinahayag ni Bebler, ang pangalawang-ministro sa usaping panlabas, noong Abril 1949: “Wala kaming mayayamang magsasaka katulad nang sa Unyong Sobyet. Lumahok ang aming mayayamang magsasaka sa digma para sa pagpapalaya ng mamamayan... Mali ba kung kakayanin namang pasulungin ang mayayamang magsasaka tungo sa sosyalismo nang walang tunggalian ng mga uri? (Klugmann, p. 129). At noong 1951, ipinahayag ng pangkating Tito na “sinasalaming ng Sobyet na mga kolektibo ang kapitalismo ng estado na, kahalo ng maraming labi mula sa pyudalismo, bumubuo sa sistemang panlipunan ng USSR.” Pinaunlad ng mga maka-Tito ang mga ideya ni Bukharin, at ihinalili ang pagpapalano sa malayang pamilihan: “Hindi itinatakda ninumang nasa labas ng kooperatiba ang pamantayan o ang mga kategorya ng kung ano ang dapat likhain.” Inorganisa nila ang “transisyon tungo sa isang sistemang nagbibigay ng higit na kalayaan sa pagkilos ng obhetibong mga batas pang-ekonomya. Nakakayanan ng sosyalistang sektor ng aming ekonomya na himukin ang mga tendensyang kapitalista sa pamamagitan ng mga kaparaanang pang-ekonomya lamang” (nasa Question Actuelles du Socialisme, p. 160, 161, 145). Noong 1953, muling papayagan ni Tito ang kalayaang bumili at magbenta ng lupa at umupa ng mga manggagawa. Noong 1951, pang-aaresto sa karagdagan 200,000 Komunista na tinaguriang

IKATLONG KOMENTARYO SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL
NG PARTIDO KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET (PKUS)
Akda ng Mga Kagawarang Editoryal ng **RENMIN RIBAO**
(**PAHAYAGANG BAYAN**) at **HONGQI (PULANG BANDILA)**
(Setyembre 26, 1963)

Isa bang sosyalistang bayan ang Yugoslavia?

Hindi lamang ito isang usapin ng paglilina sa katangian ng estadong Yugoslav, kundi sumasangkot rin sa usapin ng kung aling landas ang dapat sundin ng mga sosyalistang bayan: susundan ba nila ang landas ng Rebolusyong Oktubre at magpupunyagi ba sa rebolusyong sosyalista hanggang sa wakas o tatahakin ang landas ng Yugoslavia at papanumbalikin ang kapitalismo. Dagdag pa, sangkot dito ang usapin kung paano tatasahin ang pangkating Tito: isa ba itong kapatid na Partido at isang pwersa laban sa imperyalismo o isang taksil sa pandaigdigang kilusang komunista at isang tuta ng imperyalismo.

Sa usaping ito, may mga pundamental na pagkakaiba sa opinyon sa pagitan ng mga pinuno ng PKUS, sa isang banda, at natin at lahat ng iba pang mga Marxista-Leninista, sa kabilang banda.

Pinaninindigan ng lahat ng mga Marxista-Leninista na hindi isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia. Ang namumunong pangkatin ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia ay nagkanulo sa Marxismo-Leninismo at sa mamamayang Yugoslav at binubuo ng mga taksil sa pandaigdigang kilusang komunista at mga tuta ng imperyalismo.

Ang mga pinuno ng PKUS, sa kabilang banda, ay naninindigan na isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia at ibinabatay ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia ang sarili sa Marxismo-Leninismo at isa itong kapatid na Partido at isang pwersa laban sa imperyalismo.

Ikalimang Kolum ng kaaway... Sa simula ng dekada '50, sa kalakhan ang Yugoslavia ay isang pyudal na bayan ang Yugoslavia. Pero inatake ng mga maka-Tito ang prinsipyong dapat panatilihin ng Sosyalistang Estado ang diktadura ng proletaryado. Noong 1950, naglunsad ng talakayan ang mga rebisyunistang Yugoslav hinggil sa "usapin ng paglusaw ng estado at laluna sa papel ng estado sa ekonomya". Para ipagmatwid ang pagbabalik sa estadong burges, tinagurian ni Djilas ang estadong Sobyet na "isang malahalimaw ng konstruksyon ng kapitalismo ng estado" na "nang-aapi at nagsasamantala sa proletaryado". Ayon pa rin kay Djilas, pinipilit ni Stalin na "palawakin ang kanyang emperyong kapitalismo ng estado, at sa loob nito, patatagin ang burukrasya". "Naging di maisasantabi para sa kanya ang kurtinang bakal, ang hegemonya sa Silangang Europa." Nangungusap si Djilas ng "pagdarahop ng uring manggagawa na nasa pabor ng "superyor" na mga interes imperyalista at ng pribilehiyo ng burukrasya". "Sa kasalukuyan obhetigong ang USSR ang pinakareaksiyunaryong malaking kapangyarihan." "Isinasapraktika" ni Stalin "ang kapitalismo ng estado at siya ang ispiritwal at pampolitikang pinuno ng burukratikong diktadura." Bilang tunay na ahente ng imperyalismong Amerikano, ipinagpatuloy ni Djilas: "Nakakasalubong natin ang mga teorya sa hanay ng mga maka-Hitler kung saan sa kanilang nilalaman at praktikang panlipunan, ay mukhang lubos na katulad ng mga teorya ni Stalin." Idagdag natin na sumanguni sa tekstong ito si Djilas, na kalauna'y lumipat sa US, sa "kritika sa sistemang Stalinista" na ginawa ... ni Trotsky.

Sa kanyang Bukas na Liham ng ika-14 ng Hulyo, ipinapahayag ng Komite Sentral ng PKUS na isang “sosyalistang bayan” ang Yugoslavia at ang pangkating Tito ay isang “kapatid na Partido” na “humahawak sa timon ng bapor ng estado”.

Kamakailan, bumisita si Kasamang Khrushchov sa Yugoslavia, at ibinunyag niya nang higit pang malinaw sa ilang talumpati ang tunay na paninindigan ng mga pinuno ng PKUS, at ganap na inalis ang manipis na tabing na kanilang pinagkukublihan sa usaping ito.

Sa opinyon ni Khrushchov, hindi lamang isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia kundi isang “abanteng” sosyalistang bayan. Doon, makikita hindi “ang usap-usapan hinggil sa rebolusyon” kundi ang “aktwal na konstruksyon ng sosyalismo”, at ang pag-unlad ng Yugoslavia ay isang “kongkretong kontribusyon sa pangkalahatang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa daigdig”,⁶⁸ na sa isang antas ay kinaiingitan ni Khrushchov at ninanasang gayahin.

Sa opinyon ni Khrushchov, ang mga pinuno ng PKUS at ang mga Titoite ay “hindi lamang magkakapatid sa uri” kundi “magkakapatid na ibinibigkis . . . ng kaisahan ng mga layuning kinakaharap”. Ang liderato ng PKUS ay isang “maaasahan at tapat na alyado” ng pangkating Tito.⁶⁹

Nananalig si Khrushchov na natuklasan niya ang tunay na Marxismo-Leninismo sa pangkating Tito. Nagpapanggap lamang ang Komite Sentral ng PKUS nang iginiit nito sa kanyang Bukas na Liham na “nananatili pa ang mga di pagkakasundo sa ilang pundamental na usapin sa ideolohiya sa pagitan ng PKUS at Liga ng mga Komunistang Yugoslav”. Ngayo’y sinasabi ni Khrushchov sa pangkating Tito na “tayo’y magkasama sa iisang ideya at ginagabayan ng iisang teorya”, at kapwa ito nakatindig sa batayan ng Marxismo-Leninismo.⁷⁰

Itinapon sa hangin ni Khrushchov ang Pahayag ng 1960.

Isinasaad ng Pahayag na: Ganap na nagkakaisang kinondena ng mga Partido Komunista ang pandaigdigang oportunismo ng tipong Yugoslav, isang tipo ng modernong rebisyunistang mga “teorya” sa konsentradong porma.

Isinasaad nito na:

Matapos itakwil ang Marxismo-Leninismo, na binansagan nilang lipas na, isinalungat ng mga pinuno ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia [LKY] ang kanilang anti-Leninistang rebisyunistang programa laban sa Deklarasyon ng 1957; ihinarap nila ang LKY laban sa pandaigdigang kilusang komunista sa kabuuan . . .

Isinasaad nito na:

[Ang mga pinuno ng LKY ay] nakaasa sa tinaguriang “ayuda” mula sa US at iba pang mga imperyalista, at sa gayo’y inilantad ang mamamayang Yugoslav sa panganib ng pagkawala ng rebolusyonaryong mga tagumpay na nakamit sa pamamagitan ng dakilang pakikibaka.

Dagdag pa:

⁶⁸ N. S. Khrushchov, Talumpati sa isang Pangmasang Rali sa Velenje, Yugoslavia, ika-30 ng Agosto, 1963.

⁶⁹ N. S. Khrushchov, Talumpati sa isang Pulong sa isang Pabrika sa Rakovica, Yugoslavia, ika-21 ng Agosto, 1963.

⁷⁰ N. S. Khrushchov, Panayam sa Dayuhang mga Dyurnalista sa Brioni, Yugoslavia, ika-28 ng Agosto, 1963, ayon sa ulat ni Tanjug.

Nagsasagawa ng subersibong gawain ang mga rebisyunistang Yugoslav laban sa sosyalistang kampo at sa pandaigdigang kilusang komunista . . . nagsasagawa sila ng mga aktibidad na sumisira sa pagkakaisa ng lahat ng mga pwersa at mga bayang nagmamahal sa kapayapaan.

Lubos na malinaw ang Pahayag, pero malakas ang loob na sinasabi ng mga pinuno ng PKUS na “Sang-ayon sa Pahayag ng 1960, ikinokonsidera naming sosyalistang bayan ang Yugoslavia.”⁷¹ Maaari ba nila itong sabihin?

Nais naming itanong:

Maaari bang maging sosyalista ang isang bayan kung, gaya ng isinasaad sa Pahayag, ito’y ginagabayan ng isang tipo ng oportunistong internasyunal, isang tipo ng modernong rebisyunistang mga teorya?

Maaari bang maging sosyalista ang isang bayan kung, gaya nang isinasaad sa Pahayag, nagtaksil ito sa Marxismo-Leninismo at inilalaban ang sarili sa pandaigdigang kilusang komunista sa kabuuan? Maaari bang maging sosyalista ang isang bayan kung, gaya nang isinasaad sa Pahayag, nagsasagawa ito ng subersibong gawain laban sa sosyalistang kampo at pandaigdigang kilusang komunista?

Maaari bang maging sosyalista ang isang bayan kung, gaya nang isinasaad sa Pahayag, nagsasagawa ito ng mga aktibidad na nakasisira sa pagkakaisa ng lahat ng pwersa at bayang nagmamahal sa kapayapaan?

Maaari bang maging sosyalista ang isang bayan kung inaalagaan ito ng mga imperyalistang bayang pinamumunuan ng United States sa pamamagitan ng ilang bilyong U.S. dolares?

Talagang hindi ito karaniwan at kapani-paniwala! Tila mas malinaw magsalita si Kasamang Togliatti kaysa kay Kasamang Khrushchov. Tahasang sinabi ni Togliatti na ang posisyon ng Pahayag ng 1960 hinggil sa pangkating Tito ay “mali”.⁷² Desidido si Khrushchov na baligtarin ang husga sa pangkating Tito, at dapat mas tuwiran niyang sabihin ito; hindi na kailangang magkunwaring nagtataguyod sa Pahayag.

Mali ba ang husga ng Pahayag sa Yugoslavia at dapat ba itong baligtarin? Sinasabi ni Togliatti na mali ito at dapat baligtarin. Sa katotohanan, sinasabi rin ni Khrushchov na mali ito at dapat baligtarin. Sinasabi namin na hindi ito mali at hindi dapat baligtarin. Gayundin, lahat ng mga kapatid na Partido na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo at nagpatibay sa Pahayag ng 1960 ay nagsasabing hindi ito mali at dapat itaguyod.

⁷¹ “Para sa Tagumpay ng Mapanlikhang Marxismo-Leninism at Laban sa Rebisyon sa Landas ng Pandaigdigang Kilusang Komunista”, artikulo ng lupong editoryal sa Kommunist, Moscow, No. 11, 1963.

⁷² Palmiro Togliatti, “Pamunuan Natin ang Talakayan Patungo sa Tunay nitong Hangganan”, L’Unita, ika-10 ng Enero, 1963.

Kung gayon ang gagawin, sa opinyon ng mga pinuno ng PKUS, kumakapit tayo sa isang “pormulang dekahon” at sa “mga batas ng gubat” ng kapitalistang daigdig⁷³, “itiniwalag” natin ang Yugoslavia mula sa “sosyalismo”⁷⁴. Sinumang di magturing sa Yugoslavia bilang sosyalistang bayan ay tinataguriang tumataliwas sa katotohanan at nagkakamali ng suhetibismo.⁷⁵ Sa pagpikit ng kanilang mga mata sa katotohanan at paggigiit na isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia, sila ay “nagsisimula sa mga obhetibong batas, sa itinuturo ng Marxismo-Leninismo” at nakabuo ng kongklusyon mula sa “malalim na pagsusuri sa realidad”.⁷⁶

Ano ang realidad sa Yugoslavia? Anong kongklusyon ang dapat mabuo kung magsisimula sa mga obhetibong batas, mula sa mga itinuturo ng Marxismo-Leninismo, at magsasagawa ng malalimang pagsusuri sa realidad sa Yugoslavia?

Tingnan natin ngayon ang usaping ito.

ANG PAG-UNLAD NG PRIBADONG KAPITAL SA KALUNSURANG YUGOSLAV

Isa sa mga argumento ni Khrushchov para igiit na isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia ay walang pribadong kapital, pribadong empresa at mga kapitalista sa Yugoslavia.

Iyon ba’y totoo? Hindi, hindi ito totoo.

Ang katotohana’y umiiral ang pribadong kapital at pribadong empresa sa napakalawak na saklaw sa Yugoslavia at mabilis na umuunlad.

Batay sa rekord sa lahat ng sosyalistang bayan, hindi katak-takang makita ang iba’t ibang sektor, kabilang ang pribadong kapitalistang sektor, sa pambansang ekonomya ng isang sosyalistang bayan sa mahaba-habang panahon matapos maagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampolitika. Ang mahalaga ay ang tipo ng patakaran na itinataguyod ng guberno sa pribadong kapitalismo. . . ang patakaran ng paggamit, paglimita, pagtransporma at pagpawi nito, o ang patakaran ng pagpapahaya at pagtangkilik at pagpapasigla nito. Isa itong mahalagang pamantayan sa pagsukat kung ang isang bayan ay umuunlad patungong sosyalismo o patungong kapitalismo.

Sa usaping ito ang pangkating Tito ay papatungo sa kabilang direksyon mula sosyalismo. Una na, ang mga panlipunang pagbabago na pinasimulan ng Yugoslavia sa maagang panahon matapos ang digma ay hindi puspusan. Ang patakarang itinaguyod ng pangkating Tito mula nang hayagang pagtataksil nito ay hindi ang pagtransporma at pagpawi sa pribadong kapital at pribadong empresa kundi pagtangkilik at pagpapalawak sa mga ito.

⁷³ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Disyembre 1962.

⁷⁴ Bukas na Liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa Lahat ng mga Organisasyon ng Partido, sa Lahat ng Komunista sa Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

⁷⁵ *Ibid.*

⁷⁶ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Disyembre 1962.

Itinatakda ng mga regulasyong inilabas ng pangkating Tito noong 1953 na ang mga “pangkat ng mga mamamayan” ay may karapatang “magtatag ng mga empresa” at “umupa sa paggawa”. Sa taon ding iyon, naglabas ito ng dekreto ng nagsasaad na ang pribadong mga indibidwal ay may karapatang bumili ng mga pirming ari-arian mula sa mga establisimyentong pang-ekonomya ng estado.

Noong 1956 hinimok ng pangkating Tito ang lokal na mga administrasyon na itaguyod ang pribadong kapital sa pamamagitan ng pagbubuwis at iba pang mga patakaran.

Noong 1961 iniatas ng pangkating Tito na ang pribadong mga indibidwal ay may karapatang bumili ng dayuhang pananalapi.

Noong 1963 ipinaloob ng pangkating Tito ang patakaran ng pagpapaunlad sa pribadong kapitalismo sa kanyang konstitusyon. Ayon sa mga probisyon ng konstitusyon, maaaring magtatag ng mga empresa at umupa ng paggawa ang pribadong mga indibidwal sa Yugoslavia.

Sa tulong at panghihimok ng pangkating Tito, namutiktik ang pribadong mga empresa at pribadong kapital sa kalunsuran ng Yugoslavia.

Ayon sa opisyal na *LIBRETONG ISTATISTIKAL NG YUGOSLAVIA*, 1963 (Statistical Pocket-Book of Yugoslavia, 1963), na inilathala sa Belgrade, mayroong higit sa 115,000 na establisimyentong tekniko na pribadong pag-aari sa Yugoslavia. Ngunit sa katotohanan ang mga may-ari ng pribadong mga empresang ito ay hindi mga artisano kundi karaniwang pribadong mga kapitalista.

Inaamin ng pangkating Tito na bagamat pinapayagan ng batas ang pribadong mga may-ari na umupa ng limang manggagawa bawat isa sa maksimum, mayroong ilan na umuupa ng sampu hanggang dalawampung beses karami at may ilan pa ngang umuupa ng “lima hanggang anim na raang manggagawa.”⁷⁷ Ang taunang kita ng ilang pribadong empresa ay higit sa 100 milyong dinar.⁷⁸

Ibinunyag ng *POLITIKA* noong ika-7 ng Disyembre, 1961 na sa maraming kaso, ang pribadong mga mamumuhunan sa katunayan ay “malalaking mamumuhunan”. Sabi nito:

Mahirap tantyahin kung gaano lumalapad ang saklaw ng pribadong mga mamumuhunang ito at gaano karami ang kanilang mga manggagawa. Ayon sa batas, maaari silang umupa ng limang manggagawa na dapat tumulong sa kanila sa kanilang gawain. Pero sa mga nakakaalam ng pasikut-sikot ng bagay na ito, ang limang ito sa katunaya’y mga kontratista na mayroon namang sarili nilang “sub-kontratista”. . . Sa pangkalahatan, ang mga kontratistang ito’y hindi na lumalahok sa paggawa kundi nag-uutos lamang, nagpaplano at nagsasara ng mga kontrata, naglalakbay nang nakakotse mula sa isang empresa patungo sa iba pa.

⁷⁷ M. Todorovic, “Ang Tunggalian sa Dalawang Larangan,” *Nasha Stvaraost*, isyung Marso, 1954.

⁷⁸ *Vesnik u sredu*, ika-27 ng Disyembre, 1962.

Sa mga tubong kinakamal ng mga mamumuhunang ito, makikitang sila'y syento porsyentong mga kapitalista. Iniulat ng SVET noong ika-8 ng Disyembre, 1961 na "ang netong kita ng ilang pribadong tagayaring-kamay ay umaabot ng isang milyong dinar bawat buwan", at binanggit ng VECERNJE NOVOSTI ng Belgrade noong ika-20 ng Disyembre, 1961 na sa Belgrade "sa nakaraang taon 116 may-ari ng pribadong mga empresa ay kumita ng higit sa 10 milyong dinar bawat isa". Ang ilang mamumuhunan ay "kumita ng may 70 milyong dinar" sa isang taon, na halos US \$100,000 ayon sa opisyal tantos ng palitan.

Sa mga lunsod ng Yugoslavia, hindi lamang may umiiral na mga pribadong empresang industriyal, pribadong establisimyentong panserbisyo, pribadong komersyo, pribadong lupaing pananahanan at pribadong negosyo sa transportasyon; mayroon ding mga usurerong, na kilala bilang mga "pribadong mga bangkero". Ang mga usurerong ito ay hayagang kumikilos at nagpapatalastas pa ng kanilang negosyo sa mga pahayagan; isinasaad ng isang gayong patalastas na: "Nagpapautang ng 300,000 sa loob ng tatlong buwan, babayaran ng 400,000 dinar. Kailangan ng garantiya."⁷⁹

Lahat ng mga ito'y di maikakailang katotohanan.

Nais naming itanong sa mga desididong baligtarin ang husga sa pangkating Tito: Liban na lamang kung ang iyong tangka ay manlinlang, paano ninyo maigigiit na walang pribadong kapital, walang pribadong empresa at walang mga kapitalista ang Yugoslavia?

ANG KANAYUNANG YUGOSLAV AY BINAHA NG KAPITALISMO

Pag-aralan naman natin ang sitwasyon sa kanayunang Yugoslav. Wala na ba itong mga kapitalista, gaya ng iginigiit ni Khrushchov?

Hindi, ang mga datos ay ang kabaligtaran.

Ang pangyayaring binaha na ng kapitalismo ang Yugoslavia ay higit pang kapansin-pansin sa kanayunan.

Itinuturo sa atin ng Marxismo-Leninismo na nililikha ng ekonomyang indibidwal, ng ekonomya ng maliitang-prodyuser, ang kapitalismo araw-araw at oras-oras, at tanging kolektibisasyon ang makapagdadala sa agrikultura sa landas ng sosyalismo.

Tinukoy ni Stalin na:

Sinasabi ni Lenin na hangga't nangingibabaw sa bayan ang ekonomya ng indibidwal na magsasaka, na nag-aanak ng mga kapitalista at kapitalismo, iiral ang panganib ng panunumbalik ng kapitalismo. Malinaw na hangga't umiiral ang panganib na ito, hindi seryosong mapag-uusapan ang tagumpay ng sosyalistang konstruksyon sa ating bayan.⁸⁰

Sa usaping ito, tumatahak ang pangkating Tito ng linyang salungat sa sosyalismo.

⁷⁹ Vesnik u sredu, ika-6 ng Disyembre, 1961.

⁸⁰ J. V. Stalin, "Ang Paglilikom ng Butil at ang mga Prospek para sa Pagpapaunlad sa Agrikultura", Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. XI, p. 8.

Sa umpisa ng panahong matapos ang digmaan, ipinatupad ang reporma sa lupa sa Yugoslavia at may ilang kooperatiba sa paggawa ng magsasaka na naorganisa. Ngunit sa kalakhan hindi nagalaw ang ekonomya ng mayamang magsasaka.

Noong 1951, hayagang idineklara ng pangkating Tito ang pagtalikod sa landas ng kolektibisasyong pang-agrikultura at sinimulang lansagin ang mga kooperatiba sa paggawa ng mga magsasaka. Isa itong seryosong hakbang ng pangkating Tito sa pagtataksil sa sosyalistang adhikain. Lumiit ang bilang ng gayong mga kooperatiba mula higit sa 6,900 noong 1950 tungo sa higit lamang sa 1,200 sa katapusan ng 1953. Ang kanayunang Yugoslav ay nakalubog sa isang dagat ng ekonomyang indibidwal.

Ipinapahayag ng pangkating Tito na napatunayang walang halaga ang kolektibisasyon sa Yugoslavia. Gumagawa ito ng bisyosong paninira na “ang kolektibisasyon ay kapareho ng ekspropriasyon”⁸¹ at isang landas na “nagpapanatili sa pakikisama at karalitaan sa kanayunan sa pinakamahabang panahong posible”.⁸² Tinatangkilik nito ang katawa-tawang ideya na ang pag-unlad ng agrikultura ay dapat “ibatay sa malayang kompetisyon ng mga pwersang pang-ekonomya”.⁸³

Habang nilulusaw ang marami sa mga kooperatiba sa paggawa ng mga magsasaka, nagproklama ang pangkating Tito ng sunud-sunod na batas at dekreto mula 1953 upang pasiglahin ang pag-unlad ng kapitalismo sa kanayunan, ibinigay ang kalayaan sa pagbili, pagbenta at pag-upa sa lupa at sa pag-upa ng katuwang sa pagsaka, habang pinawi ang planadong pagbili sa mga produktong agrikultural at hinalinhan ito ng malayang kalakalan sa larangang ito.

Sa ilalim ng patakarang ito, mabilis na kumalat ang mga pwersa ng kapitalismo sa kanayunan at bumilis ang proseso ng polarisasyon. Naging mahalagang aspeto ito ng gawain ng pangkating Tito sa pagpapanumbalik sa kapitalismo.

Ang polarisasyon sa kanayunan ay unang nakikita sa mga pagbabago ng umiiral na pag-aari ng lupa. Inamin ni Slavko Komar, ang dating Kalihim sa Agrikultura at Panggugubat ng Yugoslavia, na noong 1959 ang mas mararalitang sambahayang magsasaka na may kulang sa limang ektarya ng lupa bawat isa, na bumubuo sa 70 porsyento ng lahat ng mga sambahayang magsasaka, ay nagmamay-ari lamang sa 43 porsyento ng lahat ng pribadong-pag-aaring lupa, habang ang nakaririwasang mga sambahayang magsasaka na may higit sa 8 ektarya ng lupa bawat isa, na bumubuo sa 13 porsyento lamang ng lahat ng mga sambahayang magsasaka, ay nagmamay-ari sa 33 porsyento ng lahat ng mga pribadong pag-aaring lupa. Inamin din ni Komar na bumibili o nagbebenta ng lupa ang humigit-kumulang 10 porsyento ng mga sambahayang magsasaka taun-taon.⁸⁴ Karamihan sa mga nagbebenta ay ang mas maralitang mga pamilya.

⁸¹ Edward Kardelj, Pambukas na Talumpati sa Ika-siyam na Plenum ng Ikapat na Komiteng Pederal ng Sosyalistang Alyansa ng Anakpawis ng Yugoslavia, ika-5 ng Mayo, 1959.

⁸² Vladimir Bakaric, Talumpati sa Ikanim na Kongreso ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia.

⁸³ Edward Kardelj, “Hinggil sa Ilang Usapin ng Ating Patakaran sa mga Baryo”, *Kommunist*, Belgrade, No. 4, 1953.

⁸⁴ Slavko Komar, “Ilang Usapin Kaugnay ng Kanayunan at mga Kabahayang Magsasaka”, *Socializam*, No. 5, 1962.

Sa katunayan higit na mas seryoso ang konsentrasyon ng lupa kaysa nakikita mula sa mga nabanggit na datos. Gaya ng ibinunyag sa isyu noong ika-19 ng Hulyo, 1963 ng BORBA, ang organo ng pangkating Tito, sa isang distrito lamang may “libu-libong mga sambahayang magsasaka na nag-aari ng higit na malaki kaysa sa ligal na maksimum na sampung ektarya ng lupa”. Sa Komuna sa Bijeljina, “natuklasan na limang daang sambahayang magsasaka ang nagmamay-ari sa lupaing mula 10 hanggang 30 ektarya”. Ang mga ito’y hindi pambihirang kaso.

Nakikita rin ang polarisasyon sa kanayunan sa malalaking di pagkakapantay sa pag-aari ng mga hayop pansaka at mga kasangkapang pansaka. Sa 308,000 sambahayang magsasaka sa probinsya ng Vojvodina, na isang pangunahing taniman ng butil, 55 porsyento ay walang hayop pansaka. Ang mga sambahayang magsasaka na may kulang sa dalawang ektaryang lupa bawat isa, na bumubuo sa 40.7 porsyento ng lahat ng mga sambahayang magsasaka, ay nag-aari sa 4.4 porsyento lamang ng lahat ng mga araro sa rehiyong ito, o humigit-kumulang isang araro sa dalawampung sambahayan. Sa kabilang banda, pag-aari ng mayayamang magsasaka ang higit sa 1,300 traktora at marami pang iba pang makinaryang pansaka, gayundin ang malaking bilang ng mga araro at karitong hila ng hayop.⁸⁵

Gayundin, nakikita ang polarisasyon sa paglago ng mga tipo ng kapitalistang pagsasamantala tulad ng pag-upa sa paggawa.

Ibinunyag ng isyu ng *Kommunist* noong ika-7 ng Pebrero, 1958 na 52 porsyento ng mga sambahayang magsasaka sa Serbia na nagmamay-ari ng higit sa 8 ektarya ng lupa ay umupa ng mga manggagawa noong 1956.

Noong 1962, sinabi ni Slavko Komar na ang mga pinuno ng ilang mga sambahayang magsasaka sa nakaraang mga taon ay “naging makapangyarihan” at “ang kanilang kita ay nagmumula hindi sa kanilang sariling paggawa kundi mula sa kalakalang labag sa batas, mula sa pagpoproseso kapwa ng sarili nilang produkto at iyong sa iba pa, mula sa bawal na pagdidistil ng alak, mula sa pag-aari sa higit sa takdang maksimum na sampung ektarya ng sakahan, na nakukuha sa pagbili, o mas madalas sa pag-arkila sa lupa, sa gawa-gawang paghahati ng lupa sa mga myembro ng pamilya, sa pagsakop o pagtatago ng lupang publiko, mula sa pagkakaroon ng mga traktor sa pamamagitan ng ispekulasyon at mula sa pagsasamantala sa mararalitang kapitbahay sa pamamagitan ng pagsasaka ng lupa nila para sa kanila.”⁸⁶

Sinabi ng *Borka* noong ika-20 ng Agosto, 1962 na “ang tinaguriang mabait na prodyuser . . . ay isang umaarkila ng lupa, umuupa ng paggawa at eksperyensadong komersyante . . . Ang gayong mga tao’y hindi prodyuser kundi mamumuhunan. Ang ilan sa kanila’y hindi nakakahawak ng asarol sa buong taon. Umuupa sila ng paggawa at nangangasiwa lamang ng gawain sa bukid at nangangalakal.”

Napakaaktibo rin ng mga usurero sa kanayunang Yugoslav. Madalas na umaabot ang tantos ng interes sa higit na 100 porsyento sa isang taon. Dagdag pa, may mga tao, sa pananamantala sa kahirapan ng mga walang hanapbuhay, ay nagmomonopolisa sa pamilihan sa paggawa at nagsasagawa ng pagsasamantala sa proseso.

⁸⁵ The Yugoslav Journal Index, No. 2, 1962.

⁸⁶ Slavko Komar, nabanggit na akda.

Ang malaking bilang ng naghihirap ng magsasakang binawian ng lupa at iba pang kagamitan sa produksyon ay mabubuhay lamang sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanilang lakas paggawa. Ayon sa estadistikang inilahad sa *Politika* noong ika-20 ng Agosto, 1962, humigit-kumulang sa 70 porsyento ng kitang salapi noong 1961 ng mga sambahayang magsasakang Yugoslav na may kulang sa dalawang ektarya ng lupa ay nagmula sa pagbebenta ng kanilang lakas paggawa. Pinipiga ang mga magsasakang ito kaliwa't kanan at namumuhay nang miserable.

Gaya ng ipinakikita ng datos, ang kanayunang Yugoslav ay dominado ng mapagsamantalang uri.

Sa pangangatwiran na isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia, isinasaad ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na ang “sosyalistang sektor” sa kanayunan ng Yugoslavia ay lumaki mula 6 hanggang 15 porsyento.

Sa kasawiang palad, maging ang kahabag-habag na porsyentaheng ito ay hindi sosyalista.

Sa 15 porsyentong sosyalistang sektor, maaari lamang tukuyin ng mga pinuno ng PKUS ang gayong mga organisasyon tulad ng mga “sakahang agrikultural” at “pangkalahatang mga kooperatibang agrikultural” na itinataguyod ng pangkating Tito. Subalit sa katunayan ang mga “sakahang agrikultural” ay kapitalistang mga sakahan at ang “pangkalahatang mga kooperatibang agrikultural” ay kapitalistang mga organisasyong pang-ekonomya na pangunahing nasa komersyo. Hindi apektado ng mga ito ang pribadong pag-aari ng lupa; higit pa, ang pangunahing tungkulin ng mga ito ay pagyamanin ang pag-unlad ng ekonomyang mayamang magsasaka.

Isinasaad ng *Mga Problema sa Agrikultura sa Yugoslavia*, isang adkang inilathala sa Belgrade, na “kung ibabatay sa paraan kung paano sila nakaorganisa ngayon at kung paano sila gumagana”, ang mga kooperatiba “ay di nangangahulugan katiting man ng sosyalistang rekonstruksyon ng agrikultura at ng kanayunan. Hindi sila kumikilos para sa paglikha ng mga kutang sosyalista kundi para sa pag-unlad at paglago ng mga kapitalistang elemento. May mga kasong ang mga kooperatibang ito ay mga asosasyon ng *kulak* [mayamang magsasaka].

Ibinigay ng pangkating Tito sa “pangkalahatang kooperatibang agrikultural” ang monopolyong karapatang bilhin ang mga produktong agrikultural sa mga magsasaka. Sinasamantala nila ang ispesyal na pribilehiyong ito at ang di mapigil na pagbagu-bago ng presyo ng mga produktong sakahan, at nag-iispekulasyon ang tinaguriang mga kooperatiba at pinagsasamantalahan nang husto ang mga magsasaka sa gayong mga aktibidad sa komersyo. Noong 1958, masama ang ani ng Yugoslavia. Sinamantala ng mga kooperatiba at iba pang organong pangkomersyo ang oportunidad upang itaas ang presyo sa bentahan ng produktong pansakahan. Nang mas maganda ang ani noong taong 1959, binalewala ng mga kooperatiba ang kanilang mga kontrata sa mga magsasaka at nagbawas ng pagbili, ni hindi nagdalawang-isip na hayaang mabulok ang pananim sa kabukiran.

Umuupa at nagsasamantala ang “pangkalahatang mga kooperatibang agrikultural” at ang “mga sakahang agrikultural” ng malaking bilang ng matagalan at pansamantalang mga manggagawa. Ayon sa mga datos sa *Taunang-Aklat Istatistikal ng Republikang Bayang Pederal ng Yugoslavia* ng 1962, umabot sa higit ng 100,000 noong 1961 ang matagalang mga manggagawa lamang na inupahan ng mga “kooperatiba”. Malaking bilang rin ng pansamantalang mga manggagawa ang inupahan. Gaya ng ibinunyag ng RAD noong ika-1 ng Disyembre, 1962, ang inupahang mga manggagawa “ay napakadalas na ipinapailalim sa pinakakrudong pagsasamantala (maaaring umabot sa 15 oras ang araw-paggawa), at kadalasang napakababa ng kanilang kita.”

Kung gayon, malinaw na ang mga organisasyong agrikultural na ito na tinaguriang sosyalistang sektor ay walang iba kundi kapitalistang mga organisasyong agrikultural.

Ang ekspropriasyon ng mas mararalitang magsasaka at ang promosyon ng kapitalistang mga sakahan ang bumubuo ng saligang patakaran sa larangan ng agrikultura ng pangkating Tito. Noong nakaraang 1955, sinabi ni Tito na:

Hindi namin tinatalikuran ang ideya na darating ang araw sa Yugoslavia kung saan ang maliliit na sakahan ay makokombina sa isa o iba pang paraan . . . Nagawa na ito sa Amerika. Dapat tayong maghanap ng solusyon sa problemang ito.

Upang tumahak sa kapitalistang landas, isinabatas noong 1959 ng pangkating Tito ang Batas sa Paggamit sa Sinasakang Lupa [*Law on the Utilization of Cultivated Land*], na nagtatadhana na ang lupa ng mga magsasakang nagtatratrabaho sa sarili, na hindi masaka ito ayon sa mga rekisito, ay mapapailalim sa “sapilitang pamamahala” ng “pangkalahatang mga kooperatibang agrikultural” at “mga sakahang agrikultural”. Sa katunayan, nangangahulugan ito ng ekspropriasyon ng mas mararalitang magsasaka at ng sapilitang aneksasyon ng kanilang lupa upang paunlarin ang kapitalistang mga sakahan. Ito’y dili’t iba kundi ang landas ng kapitalistang agrikultura.

Sa pagtukoy sa transisyon mula ekonomya ng maliit na magsasaka tungo sa ekonomya ng malawakang pagsasaka, sabi ni Stalin:

May dalawang landas, ang kapitalistang landas at ang sosyalistang landas: ang landas papasulong — patungong sosyalismo, at ang landas na paurong — patungong kapitalismo.

Mayroon bang ikatlong landas? Sabi ni Stalin: “Ang tinaguriang ikatlong landas sa katunayan ay ang ikalawang landas, ang landas pabalik sa kapitalismo.” “Ano sa gayon ang kahulugan ng pagbabalik sa indibidwal na pagsasaka at pagpapanumbalik sa mga *kulak*? Nangangahulugan ito ng pagpapanumbalik sa pang-aaliping *kulak*, pagpapanumbalik sa pagsasamantala sa magsasaka ng mga *kulak* at pagbibigay ng kapangyarihan sa mga *kulak*. Ngunit posible bang papanumbalikin ang mga kulak at kasabay nito ay panatilihin ang kapangyarihang Sobyet? Hindi, hindi ito posible. Ang pagpapanumbalik sa mga kulak ay nangangahulugan ng paglikha sa kapangyarihang *kulak* at sa paglusaw sa kapangyarihang Sobyet — kung gayon, mangangahulugan ito ng pagtungo sa pormasyon ng isang gubyernong burges. At ang pormasyon ng isang gubyernong burges ay mangangahulugan ng pagtungo pagkatapos sa pagpapanumbalik sa mga panginoong maylupa at mga kapitalista, sa pagpapanumbalik sa kapitalismo”.⁸⁷

⁸⁷ J. V. Stalin, “Talumpating Binigkas sa Unang Kongresong Pambuong-Unyon ng mga Shock Brigaders ng Kolektibong Sakahan”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1955, Vol. XIII, p. 248.

Ang landas na tinahak ng Yugoslavia sa agrikultura sa nakaraang mahigit na sampung taon ay ito mismong landas ng pagpapanumbalik sa kapitalismo.

Lahat ng mga ito’y di maitatanging katotohanan.

Nais naming itanong sa mga desididong baligtarin ang husga sa pangkating Tito: Liban na lamang kung ang inyong tangka ay manlinlang, paano ninyong maigigiit na walang mga kapitalista sa Yugoslavia?

ANG PAG-ATRAS NG SOSYALISTANG EKONOMYANG PAG-AARI NG BUONG BAYAN TUNGO SA KAPITALISTANG EKONOMYA

Ang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Yugoslavia ay nakikita hindi lamang sa katotohanang malayang lumalaganap ang pribadong kapitalismo kapwa sa kalunsuran at sa kanayunan. Ngunit higit na mahalaga, ang mga empresang “publiko”, na gumaganap ng mapagpasyang papel sa ekonomyang Yugoslav, ay umaatras.

Ang ekonomya ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” ng pangkating Tito ay kapitalismo ng estado na kakaibang tipo. Hindi ito kapitalismo ng estado sa ilalim ng mga kondisyon ng diktadura ng proletaryado kundi kapitalismo ng estado sa ilalim ng mga kondisyon kung saan binago ng pangkating Tito ang diktadura ng proletaryado tungo sa diktadura ng burgesyang burukrata-komprador. Ang kagamitan sa produksyon ng mga empresa sa ilalim ng “sariling pamamahala ng mga manggagawa” ay hindi pag-aari ng isa o higit pang pribadong kapitalista kundi ng bagong tipo ng burgesyang burukrata-komprador ng Yugoslavia, na kinabibilangan ng mga burukrata at mga manedyer, na kinakatawan ng pangkating Tito. Sa pangangamkam sa ngalan ng estado, sa pagsalig sa imperyalismong US at sa pagbabalatkayo ng sarili sa tabing ng sosyalismo, ninakawan ng burgesyang burukrata-komprador ang anakpawis ng pag-aaring sa mula’t mula’y sa kanila. Sa katunayan, ang “sariling pamamahala ng mga manggagawa” ay isang sistema ng walang habas na pagsasamantala sa ilalim ng dominasyon ng kapital na burukrata-komprador.

Mula 1950, naglabas ang pangkating Tito ng serye ng mga dekretong nagtatakda ng “sariling pamamahala ng mga manggagawa” sa lahat ng mga pabrika, minahan at ibang mga empresa sa komunikasyon, transportasyon, kalakalan, agrikultura, panggugubat at palingkurang publiko na pag-aari ng estado. Ang esensya ng “sariling pamamahala ng mga manggagawa” ay binubuo ng pagpapasa ng mga empresa sa mga “kolektiba sa paggawa”, kung saan ang bawat empresa ay kumikilos nang nagsasarili, bumibili ng sarili nitong mga hilaw na materyales, nagpapasya sa tipo, dami at presyo ng kanyang mga produkto at pagbebenta ng mga ito, at nagtatakda sa sariling pagpapasahod at hatian ng bahagi ng tubo nito. Dagdag pa, itinatakda ng mga dekretong Yugoslav na ang mga empresang pang-ekonomya ay may karapatang bumili, magbenta o magpaupa sa mga pirming ari-arian [*fixed assets*] nito.

Sa mga empresang nasa ilalim ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa”, inilalarawan ng pangkating Tito ang pag-aari bilang “higit na mataas na anyo ng sosyalistang pag-aari”. Iginigiit nila na tanging sa pamamagitan ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” “tunay na maitatag ang sosyalismo”.

Ito’y tahasang panlilinlang.

Sa teorya, gaya nang alam ng sinumang may kaunting kaalaman sa Marxismo, ang mga islogang tulad ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” at “ang mga pabrika para sa mga manggagawa” kailanman ay hindi Marxistang mga islogan kundi mga islogang ihinarap ng mga sindikalistang anarkista, mga sosyalistang burges, at makalumang mga oportunistang rebisyonista.

Ang teorya ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” at “ang mga pabrika para sa mga manggagawa” ay taliwas sa pundamental na Marxistang teorya ng sosyalismo. Matagal nang ganap na pinatunayang mali ito ng mga klasikal na Marxistang manunulat.

Gaya nang tinukoy nina Marx at Engels sa *Manifestong Komunista*, “Gagamitin ng proletaryado ang kanyang pampulitikang paghahari upang agawin, nang antas-antas, lahat ng kapital mula sa burgesya, upang isentralisa lahat ng instrumento ng produksyon sa mga kamay ng Estado. . . .”

Isinulat ni Engels sa *Anti-Dühring*, “Inaagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika at ginagawang pag-aari ng estado ang kagamitan sa produksyon.”

Matapos maagaw ang kapangyarihang pampulitika, dapat ikonsentra ng proletaryado ang kagamitan sa produksyon sa mga kamay ng estado ng diktadura ng proletaryado. Isa itong pundamental na prinsipyo ng sosyalismo.

Sa maagang panahon ng kapangyarihang Sobyet matapos ang Rebolusyong Oktubre nang itinaguyod ng ilang tao ang pagbibigay ng mga pabrika sa mga prodyuser upang tuwiran nilang “maorganisa ang produksyon”, mahigpit na pinuna ni Lenin ang pananaw na ito, at sinabing sa katunaya’y nangangahulugan ito ng oposisyon sa diktadura ng proletaryado.

Matalas niyang tinukoy na:

. . . Anumang tuwiran o di tuwirang ligalisasyon sa pag-aari sa sarili nilang produksyon ng mga manggagawa sa indibidwal na mga pabrika o indibidwal na propesyon o sa kanilang karapatan na pahinain o pigilan ang mga dekreto ng kapangyarihan ng estado ay ang pinakamalaking distorsyon ng mga batayang prinsipyo ng kapangyarihang Sobyet at ganap na pagtatakwil sa sosyalismo.⁸⁸

Kung gayon, malinaw na ang “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” ay walang kinalaman sa sosyalismo.

Sa katunayan, ang “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” ay nasa mga kuko ng bagong burukrata-komprador burgesya na kinakatawan ng pangkating Tito. Kontrolado nito ang pag-aari at tauhan ng mga empresa at kinukuha ang kalakhan ng kanilang kinikita.

Sa pamamagitan ng mga bangko, kinokontrol ng pangkating Tito ang pautang sa buong bayan at ang mga pondo sa pamumuhunan at ang makilos na kapital [*liquid capital*] ng lahat ng mga empresa at pinangangasiwaan ang kanilang pampinansyang mga gawain.

Dinadambong ng pangkating Tito ang kita ng mga empresang ito sa iba’t ibang paraan, gaya ng koleksyon ng mga buwis at interes. Ayon sa estadistika ng “Ulat sa Gawain ng 1961 ng Pederal na Konsehong Tagapagpaganap ng Yugoslavia”, kinuha nito ang humigit-kumulang tatlong-kapat ng netong kita ng mga empresa sa ganitong paraan.

⁸⁸ V. I. Lenin, “Hinggil sa Demokratiko at Sosyalistang Katangian ng Kapangyarihang Sobyet”.

Kinakamkam ng pangkating Tito ang mga bunga ng paggawa ng mga mamamayan na kinukuha nito pangunahin para matugunan ang maluhong gastusin ng pangkating ito ng mga burukrata, para mapanatili ang reaksyunaryong paghahari nito, para mapalakas ang mga aparato na nanunupil sa anakpawis, at para mabigyan ng tributo ang mga imperyalista sa anyo ng pagseserbisyo sa mga utang panlabas.

Higit pa, kinokontrol ng pangkating Tito ang mga empresang ito sa pamamagitan ng kanilang mga manedyer. Ang mga manedyer diumano'y pinipili sa pamamagitan ng kompetisyon ng mga empresa pero sa katunaya'y hinihirang ng pangkating Tito. Sila ang mga ahente ng burukrata-komprador burgesya sa mga empresang ito.

Sa mga empresa sa ilalim ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa”, ang relasyon sa pagitan ng mga manedyer at mga manggagawa sa katunayan ay relasyon sa pagitan ng mga employer at mga empleyado, sa pagitan ng mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan.

Sa ganitong kalagayan, maitatakda ng mga manedyer ang mga plano sa produksyon at ang direksyon ng pag-unlad ng mga empresang ito, maipagbibili ang kagamitan sa produksyon, makapagpapasya sa distribusyon ng kita ng mga empresa, makatatanggap o makapagpapatalisik sa mga manggagawa at mapapawalambisa ang mga resolusyon ng mga konseho ng mga manggagawa o mga lupon sa pangangasiwa.

Pinatutunayan ng maraming impormasyong inilathala sa mga pahayagang Yugoslav na ang konseho ng mga manggagawa ay pormal lamang, isang tipo ng makinarya sa pagboto, at ang lahat ng kapangyarihan ay nasa mga kamay ng manedyer.

Ang katunayan na kinokontrol ng manedyer ng isang empresa ang kanyang kagamitan sa produksyon at ang distribusyon ng kanyang kita ay nagpapahintulot kanyang kamkamin ang mga bunga ng paggawa ng mga manggagawa sa pamamagitan ng iba't ibang mga pribilehiyo.

Inaamin mismo ng pangkating Tito na sa mga empresang ito, may malaking gawak sa pagitan ng mga manedyer at mga manggagawa hindi lamang sa mga sahod kundi pati sa mga bonus. Sa ilang empresa, ang mga bonus ng mga manedyer at nakatataas na istap ay apatnapung ulit ng sa mga manggagawa. “Sa ilang empresa, ang kabuuang halaga ng bonus na natanggap ng grupo ng mga pinuno ay katumbas ng pondo sa sahod ng buong kolektiba.”⁸⁹

Higit pa, ginagamit ng mga manedyer ang kanilang mga pribilehiyo upang kumita nang malaki sa pamamagitan ng iba't ibang panloloko. Ang panunuhol, paglulustay at pagnanakaw ay higit pang malaking pinagkakakitan ng mga manedyer.

Nabubuhay sa karalitaan ang malawak na masa ng mga manggagawa. Walang garantiya ng empleyo. Malaking bilang ng mga manggagawa ang nawawalan ng hanapbuhay sa pagsasara ng mga empresa. Ayon sa opisyal na estadistika, noong Pebrero 1963 umabot ang bilang ng walang hanapbuhay sa 339,000, o humigit-kumulang sa 10 porsyento ng bilang ng may hanapbuhay. Dagdag pa, taun-taon maraming manggagawa ay nangingibang-bansa sa paghahanap ng trabaho.

Inamin ng *Politika* noong ika-25 ng Setyembre 1961 na “may malaking gawak sa pagitan ng ilang manggagawa at empleyado sa upisina; itinuturing ng una ang huli bilang “mga burukrata” na “lumululon” sa kanilang sahod”.

⁸⁹ Liham ng Komite Sentral ng L. K. Y. sa mga Organisasyon nito at Pamunuan sa Lahat ng Antas, ika-17 ng Pebrero, 1958.

Ipinakikita ng mga datos na ito na sa mga empresang Yugoslav sa ilalim ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa”, may sumulpot na bagong grupong panlipunan na binubuo ng ilan na kumakamal sa mga bunga ng paggawa ng marami. Isa itong mahalagang sangkap ng bagong burgesyang burukrata-komprador sa Yugoslavia.

Sa pamamagitan ng pagtataguyod sa “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa”, ganap na inilihis ng pangkating Tito ang mga empresang dating pag-aari ng buong bayan sa landas ng sosyalistang ekonomya.

Ang mga pangunahing manipestasyon nito ay ang mga sumusunod:

Una, ang pagtalikod sa nagkakaisang pagpaplanong pang-ekonomya ng estado.

Ikalawa, ang paggamit sa tubo bilang pangunahing insentibo sa operasyon ng mga empresa. Maaari silang gumamit ng sari-saring paraan sa pagpapalaki sa kanilang kita at tubo. Sa ibang salita, sa mga empresa sa ilalim ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” ang layunin ng produksyon ay hindi upang tugunan ang mga pangangailangan ng lipunan kundi upang tumubo, gaya ng alinmang kapitalistang empresa.

Ikatlo, ang pagpapatupad sa patakaran ng pagtataguyod sa kapitalistang malayang kompetisyon. Sinabi ni Tito sa mga manedyer ng mga empresa, “Kapaki-pakinabang ang kompetisyon sa bayan sa ating karaniwang mga mamamayan, sa mga konsyumer.” Hayagan ring ipinahayag ng pangkating Tito na pinapayagan nito ang “kompetisyon, ang paghahanap ng tubo, ispekulasyon at iba pang tulad nito” dahil “gumaganap ang mga ito ng positibong papel sa pagtataguyod sa inisyatiba ng mga prodyuser, ng kanilang kolektiba, ng mga komuna, atbp.”⁹⁰

Ikaapat, ang paggamit sa pautang at sa mga bangko bilang mahahalagang panikwas sa pagpapaunlad sa kapitalistang malayang kompetisyon. Sa pagpapautang, ang sistema sa pautang at pagbabangko ng rehimeng Tito ay naghihimok ng mga panukala para sa pamumuhunan. Sinumang may kakayahang magbayad ng utang sa pinakamaikling panahon at magbayad ng pinakamataas na tantos ng interes ang makakakuha ng pautang. Sa kanilang salita, ito ay “ang paggamit sa kompetisyon bilang karaniwang paraan sa alokasyon ng pautang sa pamumuhunan”.⁹¹

Ikalima, ang mga relasyon sa pagitan ng mga empresa ay hindi sosyalistang mga relasyon ng mutwal na suportahan at koordinasyon sa ilalim ng nagkakaisang plano ng gubyerno kundi kapitalistang relasyon ng kompetisyon at ribalan sa isang malayang pamilihan.

Pinahina ng lahat ng ito ang pinakapundasyon ng planadong ekonomyang sosyalista.

Sabi ni Lenin:

Ang sosyalismo . . . ay di mawawari kung walang planadong organisasyon ng estado na nagpapailalim ng sampu-sampung milyong mamamayan sa pinakamahigpit na pagtalima sa iisang istandard sa produksyon at distribusyon.⁹²

Sabi pa niya:

⁹⁰ Vladimir Bakaric, Ulat sa Ikatat na Kongreso ng Liga ng mga Komunista ng Croatia, ika-7 ng Abril, 1958.

⁹¹ Augustin Papic, “Pagpipinansya ng Pamumuhunan sa Yugoslavia”, *Annals of Collective Economy* (Kronikel ng Kolektibong Ekonomya), Belgrade, Abril-Nobyembre 1959.

⁹² V. I. Lenin, “‘Kaliwang-Panig’ na Komunismo at Petiburges na Mentalidad”, *Piling mga Akda*, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. VII, p. 365.

. . . kung walang lahatang-panig na akawnting at kontrol ng estado sa produksyon at distribusyon ng mga kalakal, ang kapangyarihan ng mga anakpawis, ang kalayaan ng mga anakpawis ay hindi mapapanatili, at . . . ang pagbabalik sa pang-aalipin ng kapitalismo ay *di maiwasan*.⁹³

Sa ilalim ng karatula ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa”, lahat ng mga kagawaran sa ekonomya at mga empresa sa Yugoslavia ay nabubulid sa mabangis na kapitalistang kompetisyon. Karaniwang-karaniwan na para sa mga empresa sa ilalim ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” na maglustay, mag-ispekulasyon at mag-hoarding, na pataasin ang mga presyo, manuhol, ilihim ang teknika, agawin ang mga tauhang tekniko at atakehin pa nga ang isa’t isa sa mga pahayagan o sa radyo sa ribalan para sa pamilihan at tubo.

Umiiral ang mabangis na kompetisyon sa pagitan ng mga empresang Yugoslav hindi lamang sa lokal na pamilihan kundi pati sa kalakalang panlabas. Sinasabi rin ng mga pahayagang Yugoslav na hindi pambihira para sa dalawampu o tatlumpong ahente ng mga establisimyentong Yugoslav sa kalakalang panlabas na bumisita sa parehong pamilihan sa labas ng bansa, magkumpitensyahan para sa negosyo, at agawin ang mga kostumer o suplayer ng isa’t isa. “Mula sa makasariling motibo,” tinatangka ng mga empresang ito sa kalakalang panlabas na “tumubo, anuman ang mangyari” at “huwag maging mapili sa kanilang pamamaraan”.

Isang resulta ng mabangis na kompetisyon ay ang kaguluhan sa pamilihing Yugoslav. Malaki ang pagkakaiba sa presyo hindi lamang sa magkakaibang lunsod o rehiyon kundi maging sa magkakaibang tindahan sa iisang lugar, at pati sa magkaparehong klase ng kalakal mula sa iisang prodyuser. Upang mapanatili ang mataas na presyo, hindi nagdadalawang-isip ang ilang empresa na wasakin ang malaking kantidad ng mga produktong pansakahan.

Isa pang resulta ng mabangis na kompetisyong ito ay ang pagsasara ng malaking bilang ng mga empresa sa Yugoslavia. Ayon sa impormasyong ibinigay ng *Opisyal na Taliba ng Pederal na Republikang Bayan ng Yugoslavia*, lima hanggang animnaraang empresa ang nagsasara taun-taon sa mga nakaraang taon.

Ipinapakita ng lahat ng ito na ang ekonomyang “publiko” ng Yugoslavia ay napapailalim hindi sa mga batas ng sosyalistang planadong ekonomya kundi sa mga batas ng kapitalistang kompetisyon at anarkiya sa produksyon. Ang mga empresa ng pangkating Tito sa ilalim ng “pamamahala-sa-sarili ng mga manggagawa” ay hindi sosyalista kundi kapitalista sa kalikasan.

Nais naming itanong sa mga desididong baligtarin ang husga sa pangkating Tito: Liban na lamang kung tangka ninyong manlinlang, paano ninyong mailalarawan ang kapitalistang ekonomya ng estado na kontrolado ng burgesyang burukrata-komprador bilang sosyalistang ekonomya?

ISANG DEPENDENSYA NG IMPERYALISMONG US

Ang proseso ng pagpapanumbalik sa kapitalismo sa Yugoslavia ay nakakawing sa proseso ng pagiging sunud-sunuran ng pangkating Tito sa imperyalismong US at ng pag-atras ng Yugoslavia bilang dependensya ng imperyalismong US.

⁹³ V. I. Lenin, “Ang Kagyat na mga Tungkulin ng Gubyernong Sobyet”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, 1943, Vol. VII, p. 327.

Sa kanyang pagtataksil sa Marxismo-Leninismo, pumalaot ang pangkating Tito sa kahiya-hiyang landas ng pagbebenta sa soberanya ng estado at ng pamumuhay sa limos ng imperyalismong US.

Ayon sa di kumpletong estadistika, mula nang matapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig hanggang sa Enero 1963, nagkaloob ang US at iba pang kapangyarihang imperyalista sa pangkating Tito ng “ayuda” na umaabot sa humigit-kumulang US \$5,460 milyon, at mula rito higit sa 60 porsyento, o humigit-kumulang \$3,500 milyon ay “ayudang” US. Ang pinakamalaking bahagi ng ayudang US na ito ay ipinagkaloob pagkatapos ng 1950.

Ang ayudang US ang sandigan ng pinansya at ekonomya ng Yugoslavia. Ipinakikita ng opisyal na estadistika na noong 1961 ang mga utang na nakuha ng pangkating Tito mula sa United States at internasyunal na mga organisasyon sa pinansya na kontrolado ng US ay umabot ng US \$346 milyon, o 47.4 porsyento ng pederal na kitang pambadyet ng Yugoslavia sa taong iyon. Kung isasali ang ayuda mula sa ibang Kanluraning mga bayan, ang tinanggap na halaga ng pangkating Tito mula sa Kanluraning mga bayan ay umabot ng US \$493 milyon, o 67.6 porsyento ng pederal na kitang pambadyet sa taong iyon.

Upang makamit ang ayudang US, pumasok ang pangkating Tito sa isang serye ng mapagkanulong tratado sa United States.

Ang mga palitan ng nota ng Yugoslavia at United States noong 1951 kaugnay ng Kasunduan Kaugnay sa Mutwal na Tulungan sa Depensa ay nagtatakda na ang mga opisyal ng Gubyernong US ay may “kalayaan. . . , nang walang restriskyon”, na obserbahan at pangasiwaan ang pagtanggap at distribusyon sa Yugoslavia ng ayudang kagamitang militar ng US at may “ganap na akses sa mga pasilidad sa komunikasyon at impormasyon”. Inobliga rin ng kasunduan ang Yugoslavia na magkaloob sa United States ng mga estratehikong hilaw na materyales.

Ang nilagdaang Kasunduan Kaugnay ng Tulong Militar sa pagitan ng Yugoslavia at United States noong 1951 ay nagtatakda na dapat “magbigay ng lubos na ambag . . . sa pagpapaunlad at pagpapanatili sa dependibong lakas ng malayang daigdig” ang Yugoslavia at dapat handang magpadala ng tropa para sa United Nations. Sa ilalim ng kasunduang ito, ang misyong militar na ipinadala ng United States ay tuwirang mangangasiwa sa pagsasanay sa mga tropang Yugoslav.

Itinatakda ng Kasunduan sa Pang-ekonomyang Kooperasyong Yugoslav-US ng 1952 na dapat gamitin ng Yugoslavia ang ayudang US para sa “pagsusulong sa pundamental na indibidwal na mga karapatang pantao, mga kalayaan at demokratikong mga institusyon”, ’ibig sabihin, para sa pagsusulong ng kapitalismo.

Noong 1954, nakipagsarahan ang Yugoslavia sa Greece at Turkey, kapwa miyembro ng NATO, ng isang Tratado sa Pakikipag-alyansa, Kooperasyong Pampulitika at Pakikipagtulungan. Itinatakda ng tratado ang koordinasyong militar at diplomatiko sa pagitan ng tatlong bayan, at sa gayo’y halos ginawa nang kasapi ang Yugoslavia ng blokeng militar na kontrolado ng US.

Simula 1954, isinara ng Yugoslavia ang isang serye ng mga kasunduan sa United States, na nagbebenta sa sariling soberanya. Higit sa limampung gayong kasunduan ang nilagdaan sa panahon sa pagitan ng 1951 at 1962.

Dahil sa pagsasara ng mga tratado at kasunduang ito at dahil ginawang palaasa ng pangkating Tito ang Yugoslavia sa imperyalismong US, tinatamasa ng United States ang sumusunod na mga karapatan sa Yugoslavia:

1. kontrolin ang mga gawaing militar nito;
2. kontrolin ang mga gawaing panlabas nito;
3. manghimasok sa gawaing panloob nito;
4. manipulahin at pangasiwaan ang pinansya nito;
5. kontrolin ang kalakalang panlabas nito;
6. dambungin ang estratehikong rekurso nito; at
7. mangalap ng intelihensyang militar at pang-ekonomya.

Sa gayon isinubasta ng pangkating Tito ang kasarinlan at soberanya ng Yugoslavia.

Dagdag sa pagbebenta ng mga karapatang soberano ng Yugoslavia sa isang serye ng di pantay na mga tratado sa United States, para makuha ang ayudang US, gumawa ng sunud-sunod na hakbang ang pangkating Tito kaugnay ng patakarang panloob at panlabas na tumatalima sa mga hinihingi ng Kanluraning monopolyong kapital na makapasok sa Yugoslavia.

Mula 1950 pinawi ng pangkating Tito ang monopolyo ng estado sa kalakalang panlabas.

Pinahihintulutan ng iprinoklamang Batas sa mga Aktibidad sa Kalakalang Panlabas ang mga empresa na independyenteng lumahok sa kalakalang panlabas at pumasok sa tuwirang mga transaksyon sa Kanluraning monopolyong kapitalistang mga empresa.

Noong 1961 pinasimulan ng rehimeng Tito ang mga reporma sa sistema ng dayuhang pananalapi at kalakalang panlabas. Pangunahing nilalaman ng mga ito ang higit pang pagpapaluwag sa mga restriksyon sa kalakalang import at eksport. Ipinatupad ang ganap na liberalisasyon sa import ng pangunahing mga materyales na *semi-processed* at ilang mga produktong pangkonsumo, at pinaluwag sa iba't ibang antas ang mga restriksyon sa import ng ibang kalakal. Inalis ang mga restriksyon sa suplay ng dayuhang pananalapi na kailangan para sa sinasabing walang restriksyong mga import.

Batid ng lahat na ang monopolyo ng estado sa kalakalang panlabas ay isang batayang prinsipyo ng sosyalismo.

Sinabi ni Lenin na ang proletaryadong industriyal “ay lubos na wala sa posisyon na muling ibangon ang industriya at gawing bayang industriyal ang Rusya kung walang proteksyon ang industriya, na di tumutukoy sa anumang paraan sa proteksyon nito sa patakaran sa adwana, kundi bukod-tanging tumutukoy sa proteksyon nito sa pamamagitan ng monopolyo sa kalakalang panlabas”.⁹⁴

⁹⁴ V. I. Lenin, “Hinggil sa Monopolyo ng Dayuhang Kalakalan”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, (Moscow, 1950, Vol. XXXIII, p. 420-36). Politika, ika-5 ng Mayo, 1963.

Sinabi ni Stalin na “ang monopolyo sa kalakalang panlabas ay isa sa di matitinag na mga pundasyon ng plataporma ng Gubyernong Sobyet” at ang pagpapawalambisa sa monopolyo sa kalakalang panlabas ay mangangahulugan ng “pagtalikod sa industriyalisasyon ng bayan”, “pagpabaha sa USSR ng mga produkto mula sa mga kapitalistang bayan”, at “pagtatransporma sa ating bayan mula independyente tungo sa malakolonyal na bayan”.⁹⁵

Ang pagpawi sa monopolyo ng estado sa kalakalang panlabas, gaya ng ginawa ng rehimeng Tito, ay pagbukas nang husto ng pinto sa imperyalistang monopolyong kapital.

Ano ang mga resulta sa ekonomya ng sitwasyong tumatanggap ang pangkating Tito ng malalaking halaga ng ayudang US at pinananatiling bukas na bukas ang pinto ng Yugoslavia sa imperyalismo?

Una, naging pamilihan ang Yugoslavia para sa imperyalistang pagtatambak.

Bumaha ang napakalaking kantidad ng mga produktong industriyal at produktong pansaka mula sa mga bayang imperyalista sa pamilihing Yugoslav. Sa paghahabol ng tubo, ang mga komprador kapitalistang Yugoslav na nagkakamal ng salapi sa pamamagitan ng paglilingkod sa dayuhang monopolyong kapital, ay patuloy na nag-iimport ng mga kalakal kahit na kaya itong likhain sa bayan at kahit na napakarami pa ng istak. Inamin ng *Politika* na noong ika-25 ng Hulyo, 1961, “kitang-kita kahit saan” na ang industriyang Yugoslav “ay hinahambalos ng tuluy-tuloy at napakakumplikadong kompetisyon mula sa dayuhang industriya”.

Ikalawa, naging daluyan ang Yugoslavia para sa pamumuhunang imperyalista.

Naitayo ang maraming industriyal na empresang Yugoslav sa pamamagitan ng “ayuda” mula sa United States at ibang imperyalistang mga bayan. Napakaraming dayuhang pribadong monopolyong kapital ang nakapasok sa Yugoslavia. Ayon kay Augustin Papić, ang pangkalahatang manedyer ng Bangko sa Pamumuhunan ng Yugoslavia, sa panahon sa pagitan ng 1952 at 1956, “umabot ang partisipasyon ng mga dayuhang pondo sa 32.5 porsyento ng kabuuang halaga ng mga pamumuhunang pang-ekonomya”. Sinabi ni Kalihim ng Estado ng US Dean Rusk noong Pebrero 5, 1962 na ang pinagkukunan ng kapital ng Yugoslavia ay “kalakhang nasa Kanluran”.

Ikatlo, ang Yugoslavia ay naging baseng pinagkukunan ng imperyalismo ng mga hilaw na materyales.

Alinsunod sa Kasunduan Kaugnay ng Tulong Militar, patuloy na nagsuplay ang pangkating Tito sa United States ng malalaking kantidad ng estratehikong hilaw na materyales. Ayon sa *Taunang-Aklat Istatistikal ng Pederal na Republikang Bayan ng Yugoslavia* ng 1961, humigit-kumulang kahalati ng mga eksport ng Yugoslavia na mahahalagang metal, gaya ng *magnesium*, *lead*, *zinc* at *antimony*, ay napunta sa United States mula noong 1957.

Ikaapat, ang mga empresang industriyal ng Yugoslavia ay naging taga-asebol para sa mga Kanluraning monopolyong kapitalistang kumpanya.

⁹⁵ J. V. Stalin, “Panayam sa Unang Delegasyongsa Paggawang Amerikano”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. X, pp. 115 at 116.

Maraming pangunahing industriyang Yugoslav ay nagpoprodyus sa ilalim ng lisensyang mula sa mga bayang Kanluranin at nakaasa sa mga import na materyales na *semi-processed*, mga bahagi, mga piyesa, at mga produktong *semi-manufactured*. Ang produksyon ng mga industriyang ito ay nasa ilalim ng kontrol ng Kanluraning monopolyong kapital.

Sa katunayan, marami sa mga produktong industriyal na ibinebenta bilang lokal na mga produkto sa Yugoslavia ay inasembol mula sa inimport na yaring mga parte at may tatak na Yugoslav na idinikit. Sinabi ng *Vesnik U Sredu* ng ika-25 ng Abril, 1962 na “ilan sa ating mga empresang industriyal ay nagiging isang ispesyal na tipo ng organisasyong pangkomersyo, na hindi lumilikha kundi nag-aasembol, at nagdidikit lamang ng sarili nitong tatak sa mga produkto ng mga iba”.

Sa kalagayang ito, naging integral na bahagi ang Yugoslavia ng pandaigdigang pamilihan ng Kanluraning monopolyong kapital. Sa larangan ng pinansya at ekonomya, mahigpit itong nakatali sa pandaigdigang kapitalistang pamilihan at umatras bilang dependensya ng imperyalismo at ng imperyalismong US sa partikular.

Kapag ibinebenta ng isang sosyalistang bayan ang kanyang kasarinlan at mga karapatang soberano at nagiging galamay ng imperyalista, ang pagpapanumbalik ng kapitalistang sistema ang di maiiwasang resulta.

Ang ispesyal na landas ng pagtatatag ng “sosyalismo” sa pamamagitan ng pagsalig sa ayudang US na ipinamamarali ng pangkating Tito ay walang iba kundi isang landas ng pagbabago ng isang sosyalistang sistema tungo sa isang kapitalistang sistema upang matugunan ang mga pangangailangan ng imperyalismo, isang landas ng pag-atras mula sa isang independyenteng bayan tungo sa isang malakolonya.

Ipinipilit ni Khrushchov na ang dependensyang ito ng imperyalismong US ay “nagtatag ng sosyalismo”. Ito’y hindi kapani-paniwala. Isang nagtataguri-sa-sariling sosyalismo na nagtataglay sa ayudang US bilang tatak ay isang bagong tipo na maidaragdag sa mga huwad na tipo ng sosyalismo na pinuna ni Marx, Engels at Lenin, at ito marahil ay isang malaking kontribusyon nina Tito at Khrushchov sa “mapanlikhang pagpapaunlad sa teorya ng Marxismo-Leninismo”.

ISANG KONTRA-REBOLUSYONARYONG ISPESYAL NA DESTAKAMENTO NG IMPERYALISMONG US

Batay sa kontra-rebolusyonaryong papel na ginampanan ng pangkating Tito sa relasyong internasyunal at sa reaksyunaryong patakarang panlabas nito, lalo pang malayo sa pagiging isang sosyalistang bayan ang Yugoslavia.

Sa larangang internasyunal, ang pangkating Tito ay isang ispesyal na destakamento ng imperyalismong US sa pananabotahe sa pandaigdigang rebolusyon.

Sa pamamagitan ng pagsisilbing halimbawa sa pagpapanumbalik sa kapitalismo sa Yugoslavia, tinutulungan ng pangkating Tito ang imperyalismong US na isulong ang patakaran nitong “mapayapang ebolusyon” sa loob ng mga sosyalistang bayan.

Sa ilalim ng karatula ng sosyalistang bayan, naghuhumindik na nilalabanan at ginugulo ng pangkating Tito ang sosyalistang kampo at naglilingkod bilang aktibong ahente sa kampanyang kontra-Tsino.

Sa likod ng tabing na walang hinahanayan sa pulitika at ng aktibong pakikipamuhay, tinatangka ng pangkating Tito na wasakin ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, Aprika at Amerika Latina at naglilingkod sa neokolonyalismong US.

Ubos-kayang nagsisikap ang pangkating Tito gayakan ang imperyalismong US at gawing manhid ang mamamayan ng daigdig sa kanilang pakikibaka laban sa mga patakarang imperyalista ng digma at agresyon.

Sa pagkukunwaring lumalaban sa “Stalinismo”, naglalako ang pangkating Tito ng rebisyunistang lason sa lahat ng lugar at nilalabanan ang rebolusyon ng mga mamamayan sa lahat ng bayan.

Walang salang gumanap ang pangkating Tito ng papel bilang tuta ng imperyalismong US sa mahahalagang internasyunal na pangyayari sa nakaraang sampu at higit pang taon.

1. Ang rebolusyon sa Greece. Noong Hulyo 10, 1949, sinarhan ni Tito ang hangganan sa pagitan ng Yugoslavia at Greece laban sa mga gerilyang bayang Griyego. Kasabay nito, pinahintulutan niya ang pasistang royalistang mga tropang Griyego na magdaan sa teritoryong Yugoslav upang salakayin ang mga gerilya mula sa likuran. Sa ganitong paraan, tinulungan ng pangkating Tito ang mga imperyalistang US-British na sugpuin ang rebolusyong bayang Griyego.
2. Ang Digmang Koreano. Sa isang pahayag na inilabas noong Setyembre 6, 1950, walang-kahihiyang siniraan ni Edvard Kardelj, na noo’y ministrong panlabas, ang makatarungang digma sa pagtatanggol ng mamamayang Koreano laban sa agresyon at ipinagtanggol ang imperyalismong US. Nong Disyembre 1, sa talumpati ng Konseho sa Seguridad ng UN, inatake ng kinatawan ng pangkating Tito ang Tsina dahil sa kanyang “aktibong panghihimasok sa Digmang Koreano”. Bumoto rin ang pangkating Tito sa United Nations para sa embargo sa Tsina at Korea.
3. Ang digmang mapagpalaya ng mamamayang Byetnames. Sa bisperas ng Kumperensya sa Geneva hinggil sa Indotsina noong Abril 1954, marahas na siniraan ng pangkating Tito ang makatarungang pakikibaka ng mamamayang Byetnames, sa paggigiit na sila ay ginagamit ng Moscow at Beijing “bilang kartada sa kanilang patakarang cold war matapos ang digmaan.”⁹⁶ Sinabi nila na “hindi isang pahayag ng kagandahang-loob”⁹⁷ ang dakilang labanan para palayain ang Dien Bien Phu.
4. Subersyon laban sa Albanya. Nagsasagawa ng subersibong mga aktibidad at mga armadong probokasyon ang pangkating Tito laban sa sosyalistang Albanya sa mahabang panahon. Pinamatnugutan nito ang apat na mayor na kaso ng kataksilan: noong 1944, 1948, 1956 at 1960. Mahigit nang 470 ang mga armadong probokasyon nito sa hanggahang Yugoslav-Albanya mula 1948 hanggang 1958. Noong 1960, nagplano ang pangkating Tito at mga reaksyunaryong Griyego ng isang armadong pananalakay sa Albanya kakoordina ng US Sixth Fleet sa Mediterranean.

⁹⁶ Borba, ika-23 ng Abril, 1954.

⁹⁷ Borba, ika-8 ng Mayo, 1954.

5. Ang kontra-rebolusyong rebelyon sa Hungary. Gumanap ng kahiya-hiyang papel ang pangkating Tito bilang mapanghimasok na probokador sa kontra-rebolusyong rebelyong Hungarian noong Oktubre 1956. Matapos sumiklab ang rebelyon, naglathala ng liham si Tito na sumusuporta sa kontra-rebolusyong mga hakbangin ng taksil na si Nagy. Noong Nobyembre 3, inanyayahan ng pangkating Tito si Nagy na mag-asilo sa Embahadang Yugoslav sa Hungary. Sa isang talumpati noong Nobyembre 11, inilarawan ni Tito ang kontra-rebolusyong rebelyon bilang pagtatanggol ng “mga progresibo” at pangahas na nagtanong kung ang “landas ng Yugoslavia” o ang “landas ng Stalinismo” ang magwawagi.

6. Ang mga pangyayari sa Gitnang Silangan. Noong 1956 nagpadala ng mga tropa ang imperyalistang US upang sakupin ang Lebanon at ang imperyalismong British upang sakupin ang Jordan. Sumiklab ang pandaigdig na daluyong ng mga protestang humihingi ng kagyat na pagkalas ng mga tropang US at British. Sa biglaang sesyon ng Pangkalahatang Asambleya ng UN hinggil sa kalagayan sa Gitnang Silangan, sinabi ni Koda Popovik, Kalihim ng Estado para sa Gawaing Panlabas ng Yugoslavia, na “hindi ito usapin kung ipinipilit naming kondenahin o aprubahan ang mga aksyong ginawa ng United States at Great Britain”. Itinaguyod niya ang interbensyon ng United Nations, isang organisasyong nasa ilalim ng kontrol ng imperyalismong US.

7. Ang pangyayari sa Kipot-dagat ng Taiwan. Noong taglagas ng 1958, binomba ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayang Tsino ang Taiwan upang kontrahin ang mga probokasyong US imperyalista sa Kipot-dagat ng Taiwan at parusahan ang pangkating Chiang Kai-shek, na isang tuta ng imperyalismong US. Siniraan ng pangkating Tito ang makatarungang pakikibaka ng Tsina bilang “panganib sa buong daigdig”⁹⁸ at “nakasisira sa kapayapaan”⁹⁹.

8. Ang Insidente hinggil sa U-2. Noong 1960, nagpadala ang United States ng isang U-2 eroplanong pang-espiya upang manghimasok sa Unyong Sobyet at sinabotahe ang mataas ng kumperensya ng apat na kapangyarihan na nakaiskedyul na ganapin sa Paris. Noong Mayo 17, naglabas ng pahayag si Tito na umaatake sa wastong paninindigan noon ng Gubyernong Sobyet na lumilikha ng “gayong malawakang sigalot”.

9. Ang patriyotikong pakikibaka ng mamamayang Hapones laban sa United States. Noong Hunyo 1960 naglunsad ng makatarungan at patriyotikong pakikibaka ang mamamayang Hapones laban sa United States, na hindi pa natutularan sa saklaw nito. Pero ipinagtanggol ng pangkating Tito ang imperyalismong US, sinabing ang pananakop ng US sa Japan ay “nagpapayabong sa demokratisasyon ng buhay pampulitika sa Japan”.¹⁰⁰ Matapos nito, inatake nito ang pahayag ni Inejiro Asanuma, ang nasirang Presidente ng Partido Sosyalistang Hapones, na “ang imperyalismong US ang kaaway na komun ng mga mamamayang Hapones at Tsino”, at pinaratangan siyang “naninindigan sa isang ekstremistang linya”.¹⁰¹

⁹⁸ Slobodni Dom, ika-4 ng Setyembre, 1958.

⁹⁹ Slovenski Porocevalec, ika-9 ng Setyembre, 1958.

¹⁰⁰ Kommunist, Belgrade, ika-2 Hunyo, 1960.

¹⁰¹ Foreign Periodical Bulletin (Dayuhang Buleting Peryodikal), ika-1 ng Pebrero, 1962.

10. Ang pakikibaka ng mamamayang Indonesian. Tinangka ng pangkating Tito na isabotahe ang pakikibaka ng mamamayang Indonesian laban sa imperyalismo. Nagsagawa ito ng buktot na mga aktibidad sa pagtatangkang pigilan ang pagtatatag ng isang gabinete ng “Nasakom” sa Indonesia, sa ibang salita, isang guberno ng pambansang pagkakaisa na binubuo ng mga nasyunalidad, grupong relihiyoso at mga Komunista.

11. Ang pangyayari sa Congo. Sa tag-init ng 1960, nang nagsagawa ng armadong agresyon ang imperyalismong US sa Congo sa ilalim ng bandila ng United Nations, hindi lamang bumoto ang pangkating Tito para sa imperyalismong US sa United Nations kundi, sang-ayon sa pagnanasa ng imperyalismong US, nagpadala ng tauhan ng hukbong pamhimpapawid sa Congo upang tuwirang makisali sa madugong panunupil sa mamamayang Congolese.

12. Ang usapin hinggil sa Laos. Nang pinatindi ng imperyalismong US ang panghihimasok nito sa Laos noong Enero 1961, ipinalaganap ng pangkating Tito ang pananaw na ang United States “ay tunay na nag-aalala sa kapayapaan at nyutralisasyon ng Laos”.¹⁰² Nang patnugutan ng imperyalismo ang mga asasinasyong pampulitika at armadong tunggalian sa Laos noong Mayo 1963, inatake ng pangkating Tito ang mga pwersang patriyotiko ng Laos dahil sa “pagbubunton ng lahat ng sisi sa United States.”¹⁰³

13. Ang programa ng Alyansang US para sa Pag-unlad. Noong Agosto 1961 pinilit ng United States ang iba’t ibang bayan ng Amerika Latina na lagdaan ang programa ng Alyansa para sa Pag-unlad, na isang bagong instrumento ng imperyalistang US para sa pang-aalipin sa mamamayang Amerikanong Latino. Matinding tinutulan ng mga mamamayang Amerikanong Latino ang programa sa agresyon pero ito’y pinuri ng pangkating Tito na “tumutugon sa kalakhan sa mga rekisito ng mga bayang Amerikanong Latino”.¹⁰⁴

14. Ang tunggalian sa hanggahang Tsino-Indian. Magmula nang lumikha ng tensyon ang mga reaksyunaryong Indian sa hanggahang Tsino-Indian noong 1959, walang pagbabagong sinuportahan ng pangkating Tito ang ekspansyunismo, agresyon at mga probokasyon ng mga reaksyunaryong Indian laban sa Tsina. Hayagan nitong ipinalaganap ang kasinungalingan na “ang pagguhitan sa hanggahan ay natapos na noong simula ng kasalukuyang siglo at ihinugis sa tanyag na Linyang McMahon”,¹⁰⁵ at ginawa ang makakayanan upang manlito sa tama at mali, naninira na “pinapahintulutan ng Tsina ang sarili na baguhin nang sadya at sapilitan ang hanggahan sa India”¹⁰⁶ at “nanalakay” laban sa India.¹⁰⁷

¹⁰² Borba, ika-13 ng Enero, 1961.

¹⁰³ Politikca, ika-5 ng Mayo, 1963.

¹⁰⁴ Kommunist, Belgrade, ika-17 ng Agosto, 1971.

¹⁰⁵ Rad, ika-12 ng Setyembre, 1959.

¹⁰⁶ Borba, ika-26 ng Disyembre, 1960.

¹⁰⁷ Politika, ika-3 ng Setyembre, 1959.

15. Ang rebolusyong Cubano at ang krisis sa Caribbean. Gumawa ng maraming komentaryo ang pangkating Tito na umaatake sa Cuba, sinasabing ang Cuba “ay nanalig sa rebolusyon lamang”¹⁰⁸ at na ang rebolusyong Cubano ay “hindi gaanong huwaran kundi isang eksepsyon sa landas ng rebolusyon”.¹⁰⁹ Sa panahon ng krisis sa Caribbean noong taglagas ng 1962, ipinagtanggol ng pangkating Tito ang agresyon ng imperyalistang US, sinasabi na “ang mga kagipitan ay nagsimula nang tapakan ng rebolusyong Cubano ang inaalagaang mga kalyo ng mga kumpanyang US”,¹¹⁰ at na “kung sasabihing nainis ang United States sa pagtatatag ng mga baseng rocket sa Cuba sa malapit niyang kapaligiran, ito’y kauna-unawa”.¹¹¹

Mula sa lahat ng ito, hindi maiiwasang makita ng tao na sa nakaraang sampu o higit pang mga taon, desperadong nilabanan ng pangkating Tito ang mga sosyalistang bayan, tinangkang isabotahe ang kilusan sa pambansang pagpapalaya, siniraan ang anti-imperyalistang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan sa lahat ng bayan at aktibong pinaglingkuran ang imperyalismo, laluna ang imperyalismong US.

Paulit-ulit na sinabi ni Khrushchov na mayroong “pagkakaisa” at “pagkakasundo” sa pagitan ng liderato ng PKUS at ng pangkating Tito sa kanilang mga posisyon sa mga usaping internasyunal.¹¹² At kung gayon, nais naming itanong kung mayroon o walang pagkakaisa o pagkakasundo sa pagitan ng inyong mga aktibidad at sa kontra-rebolusyonaryong mga krimen ng pangkating Tito. Pakisagot lamang, kung mayroon kayong lakas ng loob.

ANG PAG-ATRAS NG DIKTADURA NG PROLETARYADO TUNGO SA DIKTADURA NG BURGESYA

Sa huling pagsusuri, ang katunayan na binaha ng kapitalismo ang Yugoslavia kapwa sa kabayanan at kanayunan, ang pag-atras ng isang ekonomyang pag-aari ng buong bayan tungo sa isang kapitalistang ekonomya ng estado at ang pag-urong ng Yugoslavia bilang dependensya ng imperyalismong US ay dulot lahat ng pagkabulok ng Partido at estado poder sa Yugoslavia.

Magiting na lumaban sa pasistang mga mananalakay na Aleman at Italyano sa nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ibinagsak ng Partido Komunista at mamamayan ng Yugoslavia ang reaksyunaryong paghahari ng imperyalismo at tuta nito sa Yugoslavia at itinatag ang demokratikong kapangyarihang estado ng mamamayan sa ilalim ng diktadura ng proletaryado.

Di nagtagal, pinagtaksilan ng namumunong grupo ng Partido Komunista ng Yugoslavia ang Marxismo-Leninismo at pumalaot sa landas ng rebisyunismo, na naging sanhi ng unti-unting pagkabulok ng Partido at estado poder sa Yugoslavia.

¹⁰⁸ Ang Rebelyon ng Cuba, Belgrade, Nobyembre, 1962.

¹⁰⁹ Politika, ika-1 ng Enero, 1963.

¹¹⁰ Kommunist, Belgrade, ika-13 ng Setyembre, 1962.

¹¹¹ Politika, ika-13 ng Nobyembre, 1962.

¹¹² N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangmasang Rali sa Split, Yugoslavia, ika-14 ng Agosto, 1968.

May dakilang tradisyon ng rebolusyonaryong pakikibaka ang Partido Komunista ng Yugoslavia. Ang pagtataksil ng pangkating Tito ay naharap una sa lahat sa matigas na paglaban sa loob ng Partido. Para masugpo ang paglabang ito, ginamit ng pangkating Tito ang kapangyarihan nito para patalsikin at alisin sa Partido ang malaking bilang ng mga Komunistang tapat sa Marxismo-Leninismo. Sa panahon mula 1948 hanggang 1952 lamang, higit sa 200,000 miyembro ng Partido, o kalahati ng orihinal na kasapian ng Partido Komunista ng Yugoslavia, ang pinatalsik. Bilang hakbang laban sa mga tinaguriang mga elementong Cominform, inaresto at pinaslang ang malaking bilang ng mga Marxista-Leninista at mga rebolusyonaryong kadre at mamamayan, at ang bilang ng mga Komunista at aktibong mga rebolusyonaryo na inaresto at ikinulong lamang ay lalampas sa tatlung libo. Kasabay nito, binuksan nang husto ng pangkating Tito ang pinto sa mga kontra-rebolusyonaryo, sa burges na mga elemento, sa lahat ng tipo ng anti-sosyalistang mga elemento at kareristang naghahangad ng posisyon at kayamanan sa pamamagitan ng kanilang tarheta sa pagsapi. Noong Nobyembre 1952, idineklara ng pangkating Tito na “ang ngalang Partido ay hindi na angkop” at binago ang pangalan ng Partido Komunista ng Yugoslavia tungo sa Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia. Nilabag ang kapasyahan ng lahat ng tapat na Komunista sa Yugoslavia, binago nito ang katangian ng Partido Komunista ng Yugoslavia bilang taliba ng proletaryado at ginawa ang LKY bilang birtwal na instrumento sa pagpapanatili sa diktatoryal na paghahari nito.

Sa mga sosyalistang bayan, ang estado poder ay nasa ilalim ng liderato ng mga komunistang partidong pampolitika. Sa pagkabulok ng isang partido komunista tungong sa isang burges na pampulitikang partido, di maiiwasang mabubulok ang estado poder mula sa diktadura ng proletaryado tungo sa diktadura ng burgesya.

Ang estado poder ng diktadura ng proletaryado sa Yugoslavia ay bunga ng matagalan at magiting na pakikibaka ng mamamayang Yugoslav. Pero sa pagtataksil ng pangkating Tito, nabago rin ang katangian ng estado poder na ito.

Idineklara ng pangkating Tito na, “Ang pamamaraan ng rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado, ibig sabihin, ang sosyalistang sistemang estado, ay lalong nagiging hindi na kinakailangan”.¹¹³

Pero wala na nga bang diktadura sa Yugoslavia? Oo, mayroon pa. Habang totoong wala na ngang diktadura ng proletaryado, hindi lamang umiiral ang diktadura ng burgesya kundi isa pa nga itong malupit na pasistang diktadura.

¹¹³ Edward Kardelj, “Ang Bagong Konstitusyon ng Sosyalistang Yugoslavia”, *Borba*, ika-29 ng Setyembre, 1962.

Nagtatag ang rehimeng Tito ng maraming pasistang bilangguan at kampong kulungan kung saan sampu-sampung libong mga rebolusyonaryo ay tinortyur hanggang kamatayan sa pamamagitan ng lahat ng tipo ng di makataong parusa. Kasabay nito, pinatawad ng rehimeng Tito ang malaking bilang ng mga kontra-rebolusyonaryo at traydor sa anti-pasistang digma. Bilang tugon sa isang peryodista ng United Press noong ika-7 ng Enero, 1951, inamin ni Tito na pinatawad ang 11,000 detenidong pulitikal sa Yugoslavia. Noong Marso 13, 1962 pinatawad ang karagdagang 150,000 kontra-rebolusyonaryo na nakadestiyero sa labas ng bansa. Pinawi na nga ang diktadura sa mga kaaway na ito ng mamamayan at nakamit nila ang “demokrasya”. Anumang magandang pakinggang salita ang gamitin ng pangkating Tito, ang “demokrasya” nito ay demokrasya lamang para sa maliit na bilang ng luma at bagong mga elementong burges; ito’y tahasang diktadura laban sa mga anakpawis. Trinansporma ng pangkating Tito ang rebolusyonaryong makinarya ng estado, na itinatag upang supilin ang maliit na minorya ng mapagsamantala, tungo sa isang makinarya ng estado para supilin ang proletaryado at ang malawak na masa.

Ang pagkabulok ng estado poder sa Yugoslavia ay nangyari hindi sa pamamagitan ng pagbabagsak sa orihinal na estado poder sa pamamagitan ng karahasan at pagtatatag ng isang bagong estado poder, kundi sa pamamagitan ng “mapayapang ebolusyon”. Sa tingin, parehong mga tao ang nananatili sa poder, subalit sa esensya, ang mga taong ito ay hindi na kumakatawan sa mga interes ng mga mangggawa, magsasaka at anakpawis kundi sa interes ng imperyalismo at ng luma at bagong burgesya ng Yugoslavia.

Sa paggamit sa estado poder at pagkontrol sa pinakabuhay pang-ekonomya ng bayan, pinagsasamantalahan ng pangkating Tito ang anakpawis na Yugoslav sa sukdulan at nagpasulpot ng isang burukrata-kapitalistang uri. Dahil nakasalig sa imperyalismong US, ang uring ito ay matibay na komprador sa katangian at isa ring komprador kapitalistang uri. Ang estado poder na kontrolado ng pangkating Tito ay iyong sa diktadura ng burgesyang burukrata-komprador.

Ipinakikita ng nabanggit na mga datos mula sa iba’t ibang aspeto na ang patakarang sinusunod ng rehimeng Tito ay ang pagpapanumbalik at pagpapaunlad ng kapitalismo, ’ibig sabihin, ang pagpapaurong sa Yugoslavia bilang malakolonya o dependensya.

Ang pagkabulok ng estado poder sa Yugoslavia ay tumungo sa pagkawasak ng sosyalistang sistemang pang-ekonomya at sa pagpanumbalik ng kapitalistang sistemang pang-ekonomya. Kung unti-unting lumitaw ang isang bagong burgesyang burukrata-komprador sa muling pagkakatatag ng kapitalistang sistemang pang-ekonomya sa isang bagong anyo, hinihingi nito ang pagpapatindi ng diktadurang burges at ang pagpapaunlad ng isang sistemang pampulitika na angkop sa kapitalistang sistemang pang-ekonomya upang makonsolida ang naghaharing posisyon nito.

Ito ang proseso kung paanong hakbang-hakbang na nangyari ang pagkabulok ng Partido at estado poder tungo sa pagpapanumbalik sa kapitalismo sa buong sistemang panlipunan at pang-ekonomya sa Yugoslavia. Ang proseso ng pagkabulok ay umiral na nang labinlimang taon. Ito ang rekord kung paanong ang isang sosyalistang estado “ay mapayapang nagbabago” tungo sa isang kapitalistang estado.

Pinananatili ng pangkating Tito ang kanyang paghahari sa Yugoslavia sa pamamagitan ng pagsalig sa suporta ng imperyalismong US, sa makinarya ng estado ng diktadura ng burgesyang burukrata-komprador, sa aristokrasya sa paggawa na nabili nito, at sa mayayamang magsasaka sa kanayunan. Kasabay nito, gumagamit ito ng sari-saring tusong pamamaraan upang ikubli ang reaksyunaryong mga katangian nito at linlangin ang mamamayan. Gayunpaman, labis na nahihwalay ang reaksyunaryong mga patakaran nito. Ang pag-urong ng isang nagsasariling bayan tungo sa isang kapitalistang estado, ang pag-urong ng isang nagsasariling bayan tungo sa isang malakolonya o dependensya ng imperyalismo, ay kumontra sa batayang mga interes ng mamamayang Yugoslav, at hindi maaaring hindi labanan ng lahat ng tapat na mga Komunista at ng kalakhang mayorya ng mamamayan ng Yugoslavia.

Taos kaming nakikisimpatya sa mamamayan at mga Komunista ng Yugoslavia sa kanilang mabigat na katayuan. Bagamat kayang sagasaan ng pangkating Tito ang mamamayan sa isang panahon, nakatitiyak kami na anumang mararahas na hakbangin at anumang mapanlinlang na pandaraya ang isagawa nito, walang naghaharing pangkat ang bubutihin kapag ito'y laban sa mamamayan. Mangyari pa, ang pangkating Tito ay hindi eksepsyon. Babangon ang nalinlang na mamamayan sa katapusan. Ang mamamayan at mga Komunista ng Yugoslavia na may dakilang kasaysayan ay hindi magpapailalim sa taksil na pangkating Tito sa habang panahon. Maningning ang kinabukasan ng mamamayang Yugoslav.

ANG PRINSIPYADONG PANININDIGAN NG PKT SA USAPIN NG YUGOSLAVIA

Iginigiit ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na sa isang panahon “walang duda ang mga pinuno ng PKT hinggil sa kalikasan ng sosyalistang sistema sa Yugoslavia”, at ngayon ang mga pinunong Tsino ay “nagbago nang husto ng kanilang posisyon sa usapin ng Yugoslavia.”

Totoo. Dati'y sosyalistang estado ang Yugoslavia. Sa isang panahon, sumulong ang bayang ito sa landas ng sosyalismo.

Pero di nagtagal, dahil sa pagtataksil ng pangkating Tito, hakbang-hakbang na nagsimulang umurong ang panlipunang sistemang Yugoslav.

Noong 1954, nang ipinanukala ni Khrushchov na pahusayin ang relasyon sa Yugoslavia, sumang-ayon kami na ituring ito bilang kapatid sa sosyalistang bayan upang himukin ito pabalik sa landas ng sosyalismo at subaybayan kung paano uunlad ang pangkating Tito.

Noon pa man, hindi kami umaasa nang malaki sa pangkating Tito. Sa sulat nito noong ika-10 ng Hunyo, 1954 sa Komite Sentral ng PKUS, tinukoy ng Komite Sentral ng PKT na dapat isaalang-alang ang katotohanan na dahil napakalalim na ang pakikipag-ugnayan ng mga pinuno ng Yugoslavia sa imperyalismo, maaari nilang tanggihan ang ating pagsisikap na himukin ito at umayaw nang bumalik sa landas ng sosyalismo; “pero kahit na mangyari ito, hindi ito mangangahulugan ng anumang pagkatalong pampulitika sa kampo ng kapayapaan, demokrasya at sosyalismo — kabaligtaran nito, higit nitong mailalantad ang pagkukunwari ng mga pinunong Yugoslav sa harap ng mamamayan ng Yugoslavia at ng daigdig.”

Sa kasawiang palad, nagkatotoo ang aming mga salita! Tahasang tinanggihan nga ng pangkating Tito ang ating pagsisikap na himukin ito at pumalaot nang husto sa landas ng rebisyunismo.

Matapos itong tumangging lagdaan ang Deklarasyong 1957, ihinarap ng pangkating Tito ang tahasang rebisyunistang programa nito noong 1958 at itinapat ang bandera ng modernong rebisyunismo laban sa Deklarasyong 1957 na siyang programang komun na kinikilala ng lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa. Hakbang-hakbang na naipatupad ang proseso ng pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Yugoslavia. At sa antas internasyunal, lalupang sumigla angpaglilingkod ng pangkating Tito bilang ispesyal na destakamentong kontra-rebolusyonaryo ng imperyalismong US.

Sa mga sirkunstansyang ito, ang dapat na aktitud ng bawat Marxista-Leninistang Partido sa pangkating Tito ay hindi iyong aktitud nito sa isang Partidong praternal o bayang praternal, at hindi dapat iyong paghimok sa pangkating Tito, kundi iyong puspupang paglalantad at matatag na paglaban sa pangkating ito ng mga taksil. Ibinigay ng Pahayag ng 1960 ang malinaw nitong husga sa usaping ito.

Sadyang iniwasan ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang serye ng mahahalagang pangyayari matapos ang pulong ng mga magkakapatid na Partido noong Nobyembre 1957 at pati ang mga kongklusyong ganap na nagkakaisang narating sa pulong ng mga Partidong praternal noong 1960, at tinatangkang ipagtanggol ang maling paninindigan ng liderato ng PKUS sa pamamagitan ng pagsipi sa isang pangungusap mula sa editoryal hinggil sa Yugoslavia sa *Renmin Ribao* noong Setyembre 12, 1957. Wala itong saysay.

Pinatutunayan ng mga pangyayari na ang aming posisyon kaugnay ng pangkating Tito ay umaayon sa realidad, isang prinsipyadong posisyon, at umaayon sa kasunduang komun ng kapulungan ng mga Partidong praternal noong 1960. Sa kabilang banda, tinangka ng mga pinuno ng PKUS sa sanlibo't isang paraan na baligtarin ang husga sa pangkating Tito, na nagpapatunay sa kanilang pagtataksil sa Marxismo-Leninismo, sa kanilang pagtalikod sa Pahayag ng 1960, at sa kanilang pagbibigay-tulong sa mga imperyalistang US at kanilang mga tuta sa panlilinlang sa mamamayan ng Yugoslavia at ng buong daigdig.

“IWINASTO NA BA” NI TITO “ANG KANYANG MGA PAGKAKAMALI”? O ITINUTURING BA NI KHRUSHCHOV SI TITO BILANG KANYANG GURO?

Sinasabi ni Khrushchov na iwinasto na ng mga pinunong Yugoslav ang marami sa itinuturing na mali. Pero hindi inaamin ng mga maka-Tito na sila'y nagkamali, lalu na ang pagwawasto sa mga ito. Sinasabi ng mga maka-Tito na “wala silang pangangailangang” iwasto ang anumang pagkakamali¹¹⁴ at “ito’y pag-aaksaya lamang ng panahon”¹¹⁵ at “kalabisan at kawalang rason lamang” na asahan ito sa kanila.¹¹⁶

¹¹⁴J. B. Tito, Talumpati sa Istasyon ng Tren sa Belgrade, ika-20 ng Disyembre, 1962.

¹¹⁵J. B. Tito, Talumpati sa Ikapitong Kongreso ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia, Abril 1958.

¹¹⁶J. B. Tito, Talumpati sa Istasyon ng Tren sa Belgrade, ika-20 ng Disyembre, 1962.

Tunghayan natin ang mga datos. Binago ba ng mga maka-Tito ang kanilang rebisyunistang programa? Hindi, hindi nila ito ginawa. Tinanggap ba nila ang Deklarasyong 1957? Hindi, hindi nila tinanggap. Binago ba nila ang kanilang rebisyunistang mga patakarang panloob at panlabas? Muli, hindi.

Pinakamalinaw na ipinakikita ng bagong konstitusyon na pinagtibay ng Pederal na Asembleyang Bayang Yugoslav noong Abril 1963 na hindi binago kahit kaunti ng pangkating Tito ang kanyang rebisyunistang paninindigan. Ang konstitusyon ang ligal na kumakatawan sa tahasang rebisyunistang programa ng pangkating Tito. Sinabi ni Edvard Kardelj sa kanyang ulat hinggil sa borador ng bagong konstitusyon na ito ang “pulitiko-legal at pang-organisasyong diwa” ng mga konsepto ng programa ng LKY.

Mainit na nakikipagkapatiran si Khrushchov sa pangkating Tito hindi dahil iwinasto nito ang alinman sa mga pagkakamali nito kundi dahil siya’y sumusunod sa mga hakbang ni Tito.

Pag-aralan ang mga sumusunod na datos:

1. Tinutuligsa ni Tito si Stalin upang labanan ang Marxismo-Leninismo sa pinakapundamental nitong prinsipyo. Ganap na itinakwil ni Khrushchov si Stalin para sa kaparehong layunin.
2. Itinatakwil kapwa ni Tito at Khrushchov ang mga pundamental na teorya ng Marxismo-Leninismo, kapwa nila sinisiraan bilang dogmatista ang mga Tsino at iba pang Komunista na matatag na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo at kapwa nila inilalarawan ang kanilang sariling rebisyon ng Marxismo-Leninism bilang isang “mapanlikhang pagpapaunlad” sa Marxismo-Leninismo.
3. Pinupuri kapwa ni Tito at Khrushchov ang mga hepe ng imperyalismong US. Sinasabi ni Tito na si Eisenhower “ay isang taong walang-lubay na nagtatanggol sa kapayapaan”,¹¹⁷ at ang pagsisikap ni Kennedy “ay makakatulong sa pagpapahusay sa pakikipag-ugnayang internasyunal at sa mapayapang paglulutas sa mahihigpit na suliranin ng daigdig”.¹¹⁸ Sinasabi ni Khrushchov na si Eisenhower “ay may tapat na hangarin sa kapayapaan”,¹¹⁹ at si Kennedy “ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa pagpapanatili sa kapayapaan”.¹²⁰
4. Pinatatampok kapwa ni Tito at Khrushchov ang sindak ng digmang nukleyar upang takutin ang mamamayan ng daigdig hanggang talikdan nito ang rebolusyonaryong pakikibaka. Sinasabi ni Tito na kapag sumiklab ang isang digmang nukleyar, ito’y magiging “paglipol sa sangkatauhan”.¹²¹ Gayundin, sinasabi ni Khrushchov na kapag sumiklab ang digmang nukleyar, “wawasakin natin ang ating Arko ni Noah—ang mundo”.¹²²
5. Ipinangaral kapwa ni Tito at Khrushchov na maaaring maipairal ang isang daigdig na walang mga armas, walang armadong mga pwersa at walang mga digma habang naririyang pa ang imperyalismo.

¹¹⁷ J. B. Tito, Pakikipag-usap sa isang Dyurnalista ng New York Times, ika-28 ng Pebrero, 1958.

¹¹⁸ J. B. Tito, Mensaha ng Pagbati kay J. F. Kennedy, Borba, ika-21 ng Enero, 1961.

¹¹⁹ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Sesyong ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Mayo, 1960.

¹²⁰ N. S. Khrushchov, Liham kay J. F. Kennedy, ika-27 ng Oktubre, 1962.

¹²¹ J. B. Tito, Ulat sa Sesyong ng Pederal na Asembleyang Bayan ng Yugoslavia, ika-19 ng Abril, 1958.

¹²² N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pulong ng Sosyedad Austro-Sobyet, ika-2 ng Hulyo, 1960.

6. Ipinoproklama ng pangkating Tito na ang “aktibong mapayapang pakikipamuhay” ang panulukang-bato ng patakarang panlabas ng Yugoslavia,¹²³ samantalang idinedeklara ni Khrushchov na ang mapayapang pakikipamuhay ang “pangkalahatang linya ng patakarang panlabas” ng Unyong Sobyet.¹²⁴

7. Ipinoproklama kapwa ni Tito at Khrushchov na lumaki ang posibilidad ng payapang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo. Sinasabi ng pangkating Tito na “di mapipigilang pumapasok ang sangkatauhan sa kapanahunan ng sosyalismo sa iba’t ibang paraan”.¹²⁵ Sinasabi ni Khrushchov na ang landas ng Rebolusyong Oktubre ay maaaring palitan ng “parlamentaryong landas”.

8. Itinataguyod ni Tito ang introduksyon ng “integrasyong pampulitika at pang-ekonomya”¹²⁶ ng daigdig sa pamamagitan ng “mapayapang kompetisyon”. Itinataguyod rin ni Khrushchov ang “lahatang-panig na kooperasyon” sa imperyalismo sa pamamagitan ng “mapayapang kompetisyong pang-ekonomya”.

9. Sinasabotahe ng pangkating Tito ang kilusan sa pambansang pagpapalaya at mga digma sa pambansang pagpapalaya sa lahat ng paraan. Nilalabanan ni Khrushchov ang kilusan sa pambansang pagpapalaya at ang mga digma sa pambansang pagpapalaya sa pagdadahilan na “anumang maliit na ‘digmang lokal’ ay maaaring magtitis sa malaking sunog ng isang digmaang pandaigdig”.¹²⁷

10. Itinakwil ng pangkating Tito ang diktadura ng proletaryado. Sa ilalim ng islogan ng “estado ng buong sambayanan”, itinatakwil rin ni Khrushchov ang diktadura ng proletaryado.

11. Itinatangi ng pangkating Tito na dapat maging taliba ng uring manggagawa ang Partido Komunista. Gayundin, sinasabi ni Khrushchov na ang PKUS “ay naging partido ng lahat ng mamamayan”.¹²⁸

12. Iwinawasiwas ang tatak na “walang-bloke”, nilalabanan ng pangkating Tito ang kampong sosyalista. Sinasabi rin ni Khrushchov na ang “mga ekspresyon tulad ng mga bloke atbp. ay mga pansamantalang pangyayari”.¹²⁹ Kapwa nila nais na lusawin ang sosyalistang kampo.

Mula sa mga datos na ito, dapat mahinuha na, kapwa sa patakarang panloob at panlabas, talagang itinuturing ni Khrushchov si Tito bilang kanyang guro at dumadausdos sa landas ng rebisyonismo nang mabilis na kasunod ni Tito.

¹²³ Koca Popovic, Ulat Hinggil sa Patakarang Panlabas sa Sesyon ng Pederal na Asambleyang Bayan ng Yugoslavia, Borba, ika- ng Pebrero, 1957.

¹²⁴ N. S. Khrushchov, Ulat sa Ika-20 Kongreso ng PKUS, Pebrero, 1956.

¹²⁵ Programa ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia.

¹²⁶ J. B. Tito, Mga Tugon sa mga Tanong ng Dyurnalista ng Washington Post na si Drew Pearson, Borba, ika-12 ng Agosto, 1962.

¹²⁷ N. S. Khrushchov, Pahayag sa Kumperensyang Pampahayagan sa Vienna, ika-8 ng Hulyo, 1960.

¹²⁸ N. S. Khrushchov, “Hinggil sa Programa ng PKUS”, tinalumpati sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, Oktubre 1961.

¹²⁹ N. S. Khrushchov, Panayam sa Dayuhang mga Dyurnalista sa Brioni sa Yugoslavia, ika-28 ng Agosto, 1963.

Tinalikdan ni Khrushchov ang Marxismo-Leninismo, isinantabi ang Pahayag ng 1960 at nagpakalubog sa putik kasama ang taksil na pangkating Tito, at ganap na nilabag ang mga interes ng Unyong Sobyet, ng mamamayang Sobyet at ng mamamayan ng buong daigdig. Hindi ito hahayaan ng dakilang mamamayang Sobyet, ng kalakhang mayorya ng mga kasapi ng PKUS at ng mga kadre sa iba't ibang antas, na lahat ay may dakilang rebolusyonaryong tradisyon.

Hindi kailanman sasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet at ang kasapian ng PKUS sa pakikipagsabwatan ni Khrushchov sa pangkating Tito laban sa kapatid na mga Partido na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo.

Hindi kailanman sasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet at ang kasapian ng PKUS sa pakikipagsabwatan ni Khrushchov sa pangkating Tito at sa kolaborasyon nito sa mga imperyalista sa paglaban sa sosyalistang Tsina, Albanya at iba pang kapatid na bayan at sa panggugulo sa sosyalistang kampo.

Hindi kailanman sasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet at ang kasapian ng PKUS sa pakikipagsabwatan ni Khrushchov sa pangkating Tito at sa kolaborasyon nito sa mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan sa paglaban sa mamamayan ng daigdig at sa rebolusyon.

Hindi kailanman sasang-ayon ang dakilang mamamayang Sobyet at ang kasapian ng PKUS sa mga pagsisikap ni Khrushchov na sundin ang halimbawa ng mga rebisyunistang Yugoslav, na baguhin ang kalikasan ng Partido at estado at ihanda ang daan para sa pagpapanumbalik ng kapitalismo.

Naging sanhi si Khrushchov sa pagkulumlim ng madidilim na ulap sa Unyong Sobyet, ang unang sosyalistang bayan sa daigdig. Pero ito'y maikling liko lamang sa kasaysayan ng PKUS at ng Unyong Sobyet. Ang mga mamamayang nalinlang at naloko sa isang panahon ay unti-unting mamumulat sa katapusan. Pinatunayan ng kasaysayan, at patuloy na patutunayan nito, na sinumang nagnanasang pigilin ang mamamayang Sobyet sa kanilang pagsulong ay tulad ng isang tipaklong sa pabula na naghangad na pigilan ang kalesang pandigma. Hindi siya kailanman magtatagumpay sa kanyang layon.

MAIKLING KONGKLUSYON

Nagbibigay ang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Yugoslavia ng isang bagong istorikong aral sa pandaigdigang kilusang komunista.

Ipinakikita sa atin ng aral na ito na nang maagaw ng uring manggagawa ang kapangyarihan, nagpapatuloy ang pakikibaka sa pagitan ng burgesya at proletaryado, nagpapatuloy ang pakikibaka kung alin sa dalawang landas ng kapitalismo at sosyalismo ang magtatagumpay, at naroroon ang panganib na mapapanumbalik ang kapitalismo. Tumatayo ang Yugoslavia bilang tipikal na halimbawa ng pagpapanumbalik ng kapitalismo.

Ipinapakita nito sa atin na hindi lamang posible para sa isang partido ng uring manggagawa na mapasailalim sa kontrol ng isang aristokrasya sa paggawa, mabulok patungong isang partidong burges at maging alipures ng imperyalismo bago nito maagaw ang kapangyarihan, kundi maging matapos nitong maagaw ang kapangyarihan, posibleng mapasailalim ang isang partido ng uring manggagawa sa kontrol ng bagong mga burges na elemento, mabulok patungong isang partidong burges at maging alipures ng imperyalismo. Isang halimbawa ng gayong pagkabulok ang Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia.

Ipinakikita nito sa atin na ang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa isang sosyalistang bayan ay di kinakailangang mangyari sa pamamagitan ng kontra-rebolusyonaryong *kudeta* o armadong imperyalistang pananalakay kundi mangyari rin sa pamamagitan ng pagkabalok ng namumunong pangkat sa bayang iyon. Ang pinakamadaling paraan upang makuha ang isang kuta ay mula sa loob. Isang tipikal na kaso ng gayon ang Yugoslavia.

Ipinakikita nito sa atin na ang rebisyunismo ay produkto ng imperyalistang patakaran. Lumitaw ang lumang-lingyang rebisyunismo bilang resulta ng imperyalistang patakaran ng pagbili at pagtataguyod sa isang aristokrasya sa paggawa. Lumitaw rin ang modernong rebisyunismo sa kawangis na paraan. Di inalintana ang anumang gastos, pinasaklaw na ng imperyalismo ang kanyang operasyon at ang pagbili sa mga namumunong grupo sa sosyalistang mga bayan at isinusulong sa pamamagitan nila ang hangad nitong patakaran ng “payapang ebolusyon”. Itinuturing ng imperyalismong US ang Yugoslavia bilang “tagatambol” dahil nakapagtakda ito ng halimbawa sa bagay na ito.

Higit na imumulat ng pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Yugoslavia ang lahat ng mga Marxista-Leninista at mas matalas na ipapaunawa sa mamamayan ang pangangailangan at kakagyatan ng paglaban sa modernong rebisyunismo.

Hangga’t nariryan ang imperyalismo, talagang walang batayang sabihin na ang panganib ng pagpapanumbalik ng kapitalismo sa mga sosyalistang bayan ay napawi na.

Ipinoproklama ng mga pinuno ng PKUS na napawi na nila ang panganib ng pagpapanumbalik ng kapitalismo at itinatag nila ang komunismo. Kung ito’y totoo, mangyari pa, ito’y kasiya-siya. Pero nakikita natin sa katunayan na ginagaya nila ang Yugoslavia sa lahat ng paraan at tumahak sa napakamapanganib na landas. Labis nito kaming pinag-aalala at sinasaktan.

Mula sa mainit na pagpipitagan sa dakilang Unyong Sobyet at sa dakilang PKUS, nais naming tapat na manawagan sa mga pinuno ng PKUS: Mga kasama at kaibigan! Huwag ninyong baybayin ang landas ng Yugoslavia. Magbalik kayo kaagad. O magiging huli ang lahat!

MGA TAGAPANGATWIRAN NG MALAKOLONYALISMO

Ikaapat na Komentaryo Hinggil sa Bukas na Liham

Ng Komite Sentral ng PKUS

Akda ng mga Kagawarang Editoriyal ng **RENMIN RIBAO**

(PAHAYAGANG BAYAN) AT **HONGQI** (PULANG BANDILA)

(Oktubre 22, 1963)

Lumaganap ang isang dakilang rebolusyong unos sa Asya, Aprika at Amerika Latina mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Iprinoklama ang kasarinlan sa higit limampung bayan sa Asya at Aprika. Tumahak sa landas ng sosyalismo ang Tsina, Byetnam, Korea at Cuba. Ang mukha ng Asya, Aprika at Amerika Latina ay dumanas ng napakalaking pagbabago.

Kung dumanas ng malulubhang pag-atras ang rebolusyon sa mga kolonya at malakolonya matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig dahil sa panunupil ng mga imperyalista at kanilang mga tuta, ang sitwasyon matapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagbago na sa saligan. Hindi na kakayanin ng mga imperyalista na sugpuin ang paglagablab ng pambansang pagpapalaya. Mabilis na naglalaho ang kanilang lumang sistemang kolonyal. Ang kanilang likuran ay naging larangan ng nagngangalit na mga pakikibakang anti-imperyalista. Naibagsak ang paghaharing imperyalista sa ilang kolonyal at dependyenteng bayan, at sa iba pa, tumanggap ito ng matitinding dagok at gumigiray. Di maiiwasang pahihinain at yayanigin nito ang paghahari ng imperyalismo sa mga bayang metropolitan.

Itinatambuli ng mga tagumpay ng mga rebolusyong bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina, kaakibat ng pagsulong ng sosyalistang kampo, ang matagumpay na awit sa ating araw at panahon.

Itinutulak ng unos ng rebolusyong bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina na pumasisyon ang lahat ng pwersang pampulitika. Ang makapangyarihang rebolusyong unos na ito'y nagpapanginig sa mga imperyalista at kolonyalista at nagdudulot ng tuwa sa rebolusyong mamamayan ng daigdig. Ang sabi ng mga imperyalista at kolonyalista, "Nakakakilabot, nakakakilabot!" Ang sabi ng rebolusyong mamamayan, "Napakainam, napakainam!" Ang sabi ng mga imperyalista at kolonyalista, "Ito'y paghihimagsik at ipinagbabawal." Ang sabi ng rebolusyong mamamayan, "Ito'y rebolusyon, na karapatan ng mamamayan at isang di maiiwasang agos ng kasaysayan."

Isang mahalagang linya ng pag-iiba sa pagitan ng mga Marxista-Leninista at mga modernong rebisyunista ay ang aktitud sa napakatalas na usaping ito ng kasalukuyang pandaigdigang pulitika. Matatag na pumapanig ang mga Marxista-Leninista sa aping mga bansa at aktibong pumapanig sa kilusan sa pambansang pagpapalaya. Ang mga modernong rebisyunista sa katunayan ay pumapanig sa mga imperyalista at kolonyalista at itinatakwil at nilalaban ang kilusan sa pambansang pagpapalaya sa lahat ng posibleng paraan .

Sa kanilang pananalita, hindi ganap na maiwaksi ng mga pinuno ng PKUS ang mga islogan ng pagsuporta sa kilusan sa pambansang pagpapalaya, at may pagkakataon nga, para sa sarili nilang mga interes, na nagsasagawa pa sila ng ilang hakbang na nagmimistulang suporta. Subalit kung susuriin natin ang esensya at ikokonsidera ang kanilang mga pananaw at patakaran sa loob ng ilang taon, malinaw nating makikita na ang kanilang aktitud sa mga pakikibaka sa pagpapalaya ng aping mga bansa ng Asya, Aprika at Amerika Latina ay pasibo, o mapanghamak, o negatibo, at sila'y nagsisilbing tagapangatwiran para sa neo-kolonyalismo.

Sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ng Hulyo 14, 1963 at sa ilang mga artikulo at pahayag, ang mga kasama sa PKUS ay mahigpit na nagsikap na ipagtanggol ang kanilang maling mga pananaw at banatan ang Partido Komunista ng Tsina sa usapin ng kilusan sa pambansang pagpapalaya. Gayunman ang tanging kinahinatnan ay kumpirmahin ang anti-Marxista-Leninista at anti-rebolusyong paninindigan ng mga pinuno ng PKUS sa paksang ito.

Tunghayan natin ngayon ang teorya at praktika ng mga pinuno ng PKUS sa usapin ng kilusan sa pambansang pagpapalaya.

ANG PAGBITAW SA TUNGKULIN SA PAGBAKA SA IMPERYALISMO AT KOLONYALISMO

Nakamit na ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, Aprika at Amerika Latina ang mga tagumpay na may dakilang istorikong kabuluhan. Hindi ito maitatwa ninuman. Ngunit maaari bang igiit ninuman na ang tungkulin sa pagbaka sa imperyalismo at kolonyalismo at mga ahente nila ay nalubos na ng mga mamamayan ng Asya, Aprika at Latina Amerika?

Ang ating tugon ay hindi. Hinding-hindi pa nalulubos ang mapanlabang tungkuling ito.

Gayunman, madalas na ikinakalat ng mga pinuno ng PKUS ang pananaw na naglaho na ang kolonyalismo o kaya'y naglalaho na sa daigdig sa ngayon. Idinidiin nilang “may limampung milyong mamamayan sa daigdig na dumaraing pa sa ilalim ng paghaharing kolonyal”,¹³⁰ na ang mga labi ng kolonyalismo ay makikita lamang sa mga lugar tulad ng Portuges na Angola at Mozambique sa Aprika, at na ang pagpawi sa paghaharing kolonyal ay pumasok na sa “huling yugto”.¹³¹

Ano ang mga katotohanan?

Tingnang una ang kalagayan sa Asya at Aprika. Doon, isang buong grupo ng mga bayan ang nagdeklara ng kasarinlan. Pero hindi pa lubos na naalis ng marami sa mga bayang ito ang imperyalista at kolonyal na kontrol at pang-aalipin at nananatiling mga target ng imperyalistang pandarambong at agresyon, gayundin, mga larangan ng tunggalian sa pagitan ng bago at lumang mga kolonyalista. Sa ilan, ang lumang mga kolonyalista ay naging mga neokolonyalista. Sa ilan, ang lumang mga kolonyalista ay naging mga neokolonyalista at pinananatili ang kanilang paghaharing kolonyal sa pamamagitan ng kanilang sinanay na mga ahente. Sa iba, lumisan ang lobo sa pamamagitan ng pinto sa harap, pero pumasok ang tigre sa pinto sa likuran, hinalinhan ang lumang kolonyalismo ng bago, higit na makapangyarihan at mapanganib na kolonyalismong US. Malubhang nanganganib ang mga mamamayan ng Asya at Aprika sa mga galamay ng neokolonyalismo na kinakatawan ng imperyalismong US.

Pagkatapos, pakinggan natin ang tinig ng mamamayan ng Amerika Latina.

Sabi ng Ikalawang Deklarasyon sa Havana, “Napapailalim ang Amerika Latina sa ngayon sa higit na mabangis na imperyalismo, higit na makapangyarihan at malupit kaysa sa kolonyal na rehimeng Espanyol.”

Dagdag nito:

¹³⁰ Talumpati ni Mirzo Tursun-Zade, Pinuno ng Delegasyong Sobyet, sa Ikatlong Kumperensya sa Solidaridad ng Mamamayang Apro-Asyano noong ika-5 ng Pebrero, 1963.

¹³¹ N. S. Khrushchov, “Ulat Hinggil sa Programa ng PKUS”, binigkas sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, ika- Oktubre, 1961.

Mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, . . . ang mga pamumuhunang Hilagang Amerikano ay mahigit na sa 10 bilyong dolyares. Gayundin, nagsusuplay ang Amerika Latina ng murang hilaw na materyales at nagbabayad ng matataas na presyo para sa mga manupaktura.

Dagdag pa nito:

. . . lumalabas ang isang walang tigil na agos ng pera mula Amerika Latina tungong United States: may \$4,000 bawat minuto, \$5 milyon bawat araw, \$2 bilyon bawat taon, \$10 bilyon bawat limang taon. Sa bawat sanlibong dolyares nanawawala, naiiwan ang isang bangkay. \$1,000 bawat patay, ito ang presyo ng tinaguriang imperyalismo.

Malinaw ang mga katotohanan. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig walang alinlangang hindi binitiwang mga imperyalista ang kolonyalismo, kundi nagbago lamang sa anyo, sa neokolonyalismo. Isang mahalagang katangian ng gayong neokolonyalismo ang pagkaobligang mga imperyalista na baguhin ang luma nilang estilo ng tuwirang paghaharing kolonyal sa ilang lugar at magbago ng estilo ng paghahari at pagsasamantalang kolonyal sa pamamagitan ng pag-asa sa mga ahenteng kanilang pinili at sinanay. Inaalipin o kinokontrol ng mga imperyalistang pinangungunahan ng United States ang mga bayang kolonyal at mga bayang nagdeklara na ng kanilang kasarinlan sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga blokeng militar, pagtatatag ng mga base militar, pagtatayo ng mga “pederasyon” o “komunidad”, at pagtangkilik sa papet na mga rehimen. Sa pamamagitan ng mga “ayudang” pang-ekonomya o iba mga porma, pinananatili nila ang mga bayang ito bilang bagsakan ng kanilang mga produkto, pinagkukunan ng hilaw na materyales at daluyan para sa kanilang eksport ng kapital, dinarambong ang kayamanan at sinisipsip ang dugo ng mamamayan ng mga bayang ito. Gayundin, ginagamit nila ang United Nations bilang mahalagang kasangkapan para sa pakikialam sa mga usaping panloob ng gayong mga bayan sa pamamagitan ng “payapang” pamamaraan, pinamamatnugutan nila ang mga kudatang militar, nagsasagawa ng subersyon o kaya’y gumagamit pa ng tuwirang armadong panghihimasok at agresyon.

Pinakamasigasig at tuso ang United States sa pagsusulong ng neo-kolonyalismo. Sa pamamagitan ng sandatang ito, nagpipilit ang mga imperyalistang US na sunggaban ang mga kolonya at mga saklaw ng impluwensya ng ibang imperyalista at kamtin ang dominasyon sa daigdig.

Higit na mapanira at buktot na anyo ng kolonyalismo ang neo-kolonyalismo.

Nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS, sa gayong mga sirkunstansya, paanong masasabing ang pagpawi sa paghaharing kolonyal ay pumasok na sa “huling yugto”?

Sa tangkang suhayan ang gayong mga kasinungalingan, may kapangahasan pa ang mga pinuno ng PKUS na gamitin ang Pahayag ng 1960. Anila, di ba't binabanggit ng Pahayag ng 1960 ang masiglang proseso ng disintegrasyon ng sistemang kolonyal? Pero ang tesis na ito ukol sa mabilis na disintegrasyon ng lumang kolonyalismo ay imposibleng makatulong sa kanilang argumento hinggil sa paglaho ng kolonyalismo. Malinaw na tinutukoy ng Pahayag na “ang United States ang pangunahing sandigan ng kolonyalismo sa ngayon”, na “ang mga imperyalista, sa pangunguna ng USA, ay desperadong nagsisikap na panatilihin ang pagsasamantalang kolonyal sa mga mamamayan ng dating mga kolonya sa pamamagitan ng bagong mga anyo” at “nagsisikap silang panatilihin ang kanilang hawak sa mga panikwas ng pang-ekonomyang kontrol at pampulitikang impluwensya sa mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Sa mga salitang ito, tinutunggali ng Pahayag ang mismong pinipilit na pagtakpan ng liderato ng PKUS.

Nilikha rin ng mga pinuno ng PKUS ang teorya na ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ay pumasok na sa isang “bagong yugto” na nagtataglay sa mga tungkuling pang-ekonomya bilang bag-as nito. Ang argumento nila ay, yayamang “sa nakaraan, isinusulong ang pakikibaka pangunahin sa larangan ng pulitika”, sa kasalukuyan ang usaping pang-ekonomya ang nagiging “sentral na tungkulin” at “ang batayang kawing sa higit pang pagpapaunlad ng rebolusyon”.¹³²

Pumasok na ang kilusan sa pambansang pagpapalaya sa isang bagong yugto. Subalit tiyak na hindi ito ang tipo ng “bagong yugto” na inilarawan ng liderato ng PKUS. Sa bagong yugto, ang antas ng kamulang pampulitika ng mga mamamayang Asyano, Aprikano at Amerikanong Latino ay umangat nang higit na mataas kaysa nakaraan at sumusulong ang rebolusyonaryong kilusan sa di pa napapatanyang katindihan. Mahigpit nilang hinihingi ang lubos na pag-alis ng mga pwersa ng imperyalismo at mga alipures nito sa kanilang sariling bayan at nagpupunyagi para sa ganap na pampulitika at pang-ekonomyang kasarinalan. Ang pangunahin at pinakamahigpit na tungkuling kinakaharap ng mga bayang ito ay nananatiling ang higit na pagpapaunlad ng pakikibaka laban sa imperyalismo, sa luma at bagong kolonyalismo, at mga alipures nila. Ang pakikibakang ito ay patuloy na mabangis na rumaragasa sa larangan ng pulitika, ekonomya, militar, kultura, ideolohiya at iba pang larangan. At ang mga pakikibaka sa lahat ng mga larangang ito ay pinakakonsentrado pa ring nasasalamain sa pampulitikang pakikibaka, na kadalasa'y di maiiwasang umuunlad sa armadong pakikibaka kapag gumagamit ang mga imperyalista ng tuwiran o di tuwirang armadong panunupil. Mahalaga para sa bagong layang mga bayan na paunlarin ang kanilang mga independyenteng ekonomya. Pero ang tungkuling ito kailanman ay di dapat ihiwalay sa pakikibaka laban sa imperyalismo, sa luma at bagong kolonyalismo, at mga alipures nila.

Tulad ng “paglalaho ng kolonyalismo”, ang teoryang ito ng isang “bagong yugto” na tinatangkilik ng mga pinuno ng PKUS ay malinaw na tangka upang ikubli ang agresyon at pandarambong ng neokolonyalismo sa Asya, Aprika at Amerika Latina, na kinakatawan ng United States, upang pagtakpan ang matalim na kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismo at aping mga bayan at paralisahin ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng mga kontinenteng ito.

¹³² “Sa Kapinsalaan ng Pakikibaka ng mga Mamamayan”, Pravda, ika-17 ng Setyembre, 1963.

Ayon sa teorya nilang ito, ang laban sa imperyalismo, sa luma at bagong kolonyalismo, at mga alipures nila, mangyari pa, ay hindi na kinakailangan, dahil naglalahi na ang kolonyalismo at ang kaunlarang pang-ekonomya ang siya nang sentral na tungkulin ng kilusan sa pambansang pagpapalaya. Hindi ba't ito'y nangangahulugan na ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ay maaari nang ganap na pawiin? Samakatuwid ang tipo ng "bagong yugto" na inilarawan ng mga pinuno ng PKUS, kung saan ang mga tungkuling pang-ekonomya ang nasa sentro ng larawan, ay malinaw na walang iba kundi ang hindi paglaban sa imperyalismo, sa luma at bagong kolonyalismo at mga alipures nila, isang yugto kung saan hindi na kanais-nais ang kilusan sa pambansang pagpapalaya.

MGA PRESKRIPSYON PARA SA PAGPAWI SA REBOLUSYON NG APING MGA BAYAN

Alinsunod sa kanilang maling mga teorya, walang lubay na gumawa ang mga pinuno ng PKUS ng ilang sariling mga remedyo para sa lahat ng sakit ng aping mga bansa. Suriin natin ang mga ito.

Ang unang preskripsyon ay tinaguriang mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon.

Lagi't lagi'y itinuturing ng mga pinuno ng PKUS na ang dakilang mga tagumpay ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya matapos ng digma na nakamit ng mga mamamayang Asyano, Aprikano at Latina Amerikano ay bunga ng "mapayapang pakikipamuhay" at "mapayapang kompetisyon". Sabi ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS:

Sa mga kalagayan ng mapayapang pakikipamuhay, nakamit ang bagong mahahalagang tagumpay sa nakaraang mga taon sa makauring pakikibaka ng proletaryado at sa pakikibaka ng mga mamamayan para sa pambansang kalayaan. Matagumpay na sumusulong ang pandaigdigang rebolusyonaryong proseso.

Sinasabi rin nila na ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ay umuunlad sa ilalim ng mga kalagayan ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan, at ng kompetisyong pang-ekonomya sa pagitan ng dalawang magkatunggaling sistemang panlipunan¹³³; na ang mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon "ay tumutulong sa pagbukadkad ng isang proseso ng pagpapalaya sa bahagi ng mga mamamayang lumalaban para palayain ang sarili mula sa dominasyon ng mga monopolyong dayuhan",¹³⁴ at makapagbibigay "ng mapandurog na hambalos" sa "buong sistema ng mga kapitalistang relasyon".¹³⁵

¹³³ "Ang Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista at ang Mapanghating Plataporma ng mga Pinunong Tsino", mapanuring editoriyal na artikulo sa *Kommunist*, Moscow, No. 14, 1963.

¹³⁴ *Ibid.*

¹³⁵ B. N. Ponomaryov, "Ilang mga Suliranin ng Rebolusyonaryong Kilusan", *World Marxist Review* (Paninindigang Panunuring Marxista), No. 12, 1962.

Dapat isapraktika ng lahat ng sosyalistang bayan ang Leninistang patakaran ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayan na may magkakaibang sistemang panlipunan. Pero hindi mahahalinhahinhan ng mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon ang mga rebolusyong pakikibaka ng mamamayan. Ang tagumpay ng pambansang rebolusyon ng lahat ng mga kolonya at dependyenteng mga bayan ay dapat makamit pangunahin sa pamamagitan ng rebolusyong pakikibaka ng sarili nilang mga masa, na kailanma’y hindi mahahalinhahinhan ng gayon ng alinmang iba pang bayan.

Pinaninindigan ng mga pinuno ng PKUS na ang mga tagumpay ng mga rebolusyon sa pambansang pagpapalaya ay hindi dulot pangunahin ng mga rebolusyong pakikibaka ng masa, na hindi mapapalaya ng mga mamamayan ang kanilang sarili, at sa halip ay dapat maghintay sa natural na pagguho ng imperyalismo sa pamamagitan ng mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon. Sa katunayan, katumbas ito ng pagsasabi sa aping mga bansa na tuisin ang imperyalistang pandarambong at pang-aalipin habang panahon, at huwag magbangon sa pagtatanggol at rebolusyon.

Ang ikalawang preskripsyon ay tinaguriang ayuda sa atrasadong mga bayan.

Ipinagmamalaki ng mga pinuno ng PKUS ang papel na ginampanan ng kanilang ayudang pang-ekonomya sa mga bagong independyenteng bayan. Sinabi ni Kasamang Khrushchov na sa gayong ayuda ay “makakaiwas” ang mga bayang ito “sa panganib ng bagong pang-aalipin”, na “mapapasigla nito ang kanilang pag-unlad at makakaambag sa normal na pag-unlad at pati pagpapabilis ng panloob na mga proseso na makapagdadala sa mga bayang ito sa haywey patungong sosyalismo”.¹³⁶

Kailangan at mahalaga para sa mga sosyalistang bayan na magbigay ng ayudang pang-ekonomya sa mga bagong independyenteng bayan sa batayan ng internasyunalismo. Ngunit hindi kailanman masasabi na ang kanilang pambansang kasarinlan at panlipunang pag-unlad ay dulot lamang ng ayudang pang-ekonomya na tinatanggap nila mula sa sosyalistang mga bayan at hindi pangunahin ng mga rebolusyong pakikibaka ng kanilang sariling mamamayan.

Sa simpleng pananalita, ang patakaran at layunin ng mga pinuno ng PKUS sa kanilang ayuda sa mga bagong independyenteng bayan sa nakaraang mga taon ay bukas sa hinala. Madalas nilang gamitin ang aktitud ng sobinismong malaking-kapangyarihan at pambansang pagpapahalaga sa sarili sa mga usaping kaugnay ng ayuda sa mga bagong independyenteng bayan, pinipinsala ang pang-ekonomya at pampulitikang interes ng mga tumatanggap na bayan, at bunga nito’y sinisiraan ang sosyalistang mga bayan. Kaugnay ng kanilang ayuda sa India, dito ang kanilang maitim na mga layunin ay lalong malinaw. Nangunguna ang India sa listahan ng mga bagong independyenteng bayan na binibigyan ng Unyong Sobyet ng ayudang pang-ekonomya. Walang dudang ang ayudang ito ay naglalayong himukin ang gubyernong Nehru sa mga patakaran nitong nakatumbok laban sa komunismo, laban sa mamamayan at laban sa sosyalistang mga bayan. Maging ang mga imperyalistang US ay nagsabing ang gayong ayudang Sobyet “ay sadyang nasa ating [US] interes”.¹³⁷

¹³⁶ N. S. Khrushchov, “Napakahalagang Usapin sa Pagpapaunlad ng Pandaigdigang Sosyalistang Sistema”, *World Marxist Review* (Paninindigang Panunuring Marxista), No. 9, 1962.

¹³⁷ W. a. Harriman, Panayam sa Radyo at Telebisyon, ika-9 ng Disyembre, 1962.

Dagdag dito, hayagang ipinapanukala ng mga pinuno ng PKUS ang kooperasyon sa imperyalismong US sa “pagbibigay ng ayuda sa atrasadong mga bayan”. Sabi ni Khrushchov sa isang talumpati sa United States noong Setyembre 1959:

Ang inyo at ang aming pang-ekonomyang mga tagumpay ay ipagbubunyi ng buong daigdig, na umaasa na tutulong ng ating dalawang Malaking Kapangyarihan ang mga mamamayan na nahuhuli nang siglu-siglo sa kanilang kaunlarang pang-ekonomya para mas mabilis na makabangon sa kanilang sariling mga paa.

Pagmasdan! Ang pangunahing sandigan ng modernong kolonyalismo [ibig sabihin ang imperyalismong US] ay tutulong sa aping mga bansa “para mas mabilis na makabangon sa kanilang sariling mga paa”! Tunay ngang kagila-gilalas na ang mga pinuno ng PKUS ay hindi lamang nagnanasa kundi nagmamalaki pa ngang maging kapartner ng mga neo-kolonyalista.

Ang ikatlong preskripsyon ay tinaguriang disarmamento.

Sinabi ni Khrushchov:

Nangangahulugan ang disarmamento ng pagdisarma sa mga pwersang pandigma, pagpawi sa militarismo, pag-aalis ng armadong panghihimasok sa mga usaping panloob ng anumang bayan, at ganap at ultimong pagpawi sa lahat ng anyo ng kolonyalismo.¹³⁸

Sinabi rin niya:

Makalikha ang disarmamento ng angkop na mga kalagayan para sa lubhang paglaki ng antas ng tulong sa mga bagong tatag na pambansang estado. Kung walo hanggang sampung porsyento lamang ng 120,000 milyong dolyares na ginugugol sa mga layong militar sa buong daigdig ay ibabaling sa layuning ito, maaaring mawakasan ang gutom, sakit at kamangmangan sa namimighating mga lugar sa mundo sa loob ng dalawampung taon.¹³⁹

Pinaninindigan namin sa tuwina na ang pakikibaka para sa pangkalahatang disarmamento ay dapat isulong upang ilantad at labanan ang imperyalistang ekspansyon ng armas at mga paghahanda sa digma. Pero di maaaring masabi na mapapawi ang kolonyalismo sa pamamagitan ng disarmamento.

Dito’y parang pari si Khrushchov. Mga aping mamamayan ng daigdig, mapalad kayo! Kung kayo lamang ay magtitiyaga, kung kayo lamang ay maghihintay hanggang magsalong ang mga imperyalista ng kanilang mga armas, dudulog sa inyo ang kalayaan. Maghintay hanggang maawa ang mga imperyalista, at ang mararalitang lugar ng daigdig ay magiging isang paraiso sa daigdig na nag-uumapaw ng gatas at pulut-pukyutan!

Hindi lamang ito pagtataguyod ng mga ilusyon, ito’y opyo para sa mamamayan.

Ang ikaapat na preskripsyon ay tinaguriang pagpapawi sa kolonyalismo sa pamamagitan ng United Nations.

¹³⁸ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pandaigdigang Kongreso para sa Pangkalahatang Disarmamento at Kapayapaan, ika-10 ng Hulyo, 1962.

¹³⁹ *Ibid.*

Iginigiit ni Khrushchov na kung gagawa ng mga hakbang ang United Nations para bunutin ang sistemang kolonyal, “makakamtan ng mga mamamayan na kasalukuyang napapailalim sa kahihyang dulot ng dayuhang dominasyon ang malinaw at kagyat na pag-asa ng mapayapang paglaya mula sa dayuhang pang-aapi”.¹⁴⁰

Sa isang talumpati sa Pangkalahatang Asamblea ng United Nations noong Setyembre 1960, itinanong ni Khrushchov, “Sino, kundi ang Organisasyong United Nations, ang dapat magtaguyod sa pagpawi sa kolonyal na sistema ng gubyerno?”

Ito’y kakatwang katanungan. Ayon kay Khrushchov, hindi dapat at hindi kaya mismo ng rebolusyonaryong mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina na pawiin ang kolonyalismo, kaya dapat humingi ng tulong sa United Nations.

Sinabi rin ni Khrushchov sa Pangkalahatang Asembleya ng United Nations:

Ito ang dahilan kung bakit nananawagan kami sa katwiran at malayong tanaw ng mga mamamayan ng mga Kanluraning bayan, sa kanilang mga gubyerno at mga kinatawan sa mataas na assemblyang ito ng United Nations. Magkaisa tayo sa mga hakbang para sa pagpawi sa kolonyal na sistema ng gubyerno at sa gayon, pabilisin ang natural na istorikong prosesong iyon.

Malinaw na ang tunay niyang ibig sabihin sa paghingi ng tulong sa United Nations ay ang paghingi ng tulong mula sa mga imperyalista. Ipinapakita ng mga datos na ang United Nations, na napapailalim pa sa kontrol ng mga imperyalista, ay makapagtatanggol at makapagpapalakas lamang sa paghahari ng kolonyalismo ngunit di kailaman makapapawi nito.

Sa maikling salita, ang mga preskrispyon ng mga pinuno ng PKUS para sa kilusan sa pambansang pagpapalaya ay niluto upang papaniwalain ang mamamayan na bibitiwan na ng mga imperyalista ang kolonyalismo at ibibigay ang kalayaan at liberasyon sa aping mga bansa at mamamayan at sa gayo’y lahat ng rebolusyonaryong mga teorya, hangarin at pakikibaka ay lipas na at di kinakailangan, at dapat at kailangang talikdan.

OPOSISYON SA MGA DIGMA PARA SA PAMBANSANG PAGPAPALAYA

Bagamat nagpapahayag sila ng pagsuporta sa mga kilusan at digma para sa pambansang pagpapalaya, tinatangka ng mga pinuno ng PKUS sa lahat ng paraan na talikdan ng mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka, dahil sila mismo’y takut na takot sa rebolusyonaryong unos.

¹⁴⁰ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-23 ng Setyembre, 1960.

May tanyag na “teorya” ang mga pinuno ng PKUS na “kahit isang maliit na titis ay makakalikha ng malaking pandaigdigang lagablab”¹⁴¹ at ang digmaang pandaigdig ay walang salang magiging isang digmaang termonukleyar, na nangangahulugang anihilasyon ng sangkatauhan. Samakatwid, inaatungal ni Khrushchov na “napakamapanganib ng ‘mga lokal na digma’ sa ating panahon”,¹⁴² at “mahigpit naming pagsisikapan . . . na buhusan ng tubig ang mga titis na maaaring magkapagpasiklab sa digma”.¹⁴³ Dito, hindi pinag-iiba ni Khrushchov ang makatarungan at di makatarungang mga digma at pinagtataksilan ang paninindigang Komunista sa pagsuporta sa makatarungang mga digma.

Ipinakita ng kasaysayan ng labingwalong taon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na ang mga digma para sa pambansang pagpapalaya ay di maiiwasan habang patuloy na pinagsisikapan ng mga imperyalista at mga alipures nila na panatilihin ang kanilang brutal na paghahari sa pamamagitan ng bayoneta at gumagamit ng dahas para supilin ang rebolusyon ng aping mga bansa. Matindi ang tama sa mga imperyalistang pwersa ng digma ng malawakan at maliitang mga digmang rebolusyonaryong ito laban sa mga imperyalista at mga alipures nila, na kailanma’y hindi tumigil; pinalakas ng mga ito ang mga pwersang nagtatanggol sa kapayapaang pandaigdig at mabisang nakapigil sa pagkakamit ng mga imperyalista ng kanilang pakanang maglunsad ng digmaang pandaigdig. Sa diretsahang salita, ang pangangalandakan ni Khrushchov tungkol sa pangangailangang “buhusan ng tubig” ang mga titis ng rebolusyon para sa kapakanan ng kapayapaan ay isang pagtatangka na labanan ang rebolusyon sa ngalan ng pagtatanggol sa kapayapaan.

Alinsunod sa maling mga pananaw at patakarang ito, hindi lamang hinihingi ng mga lider ng PKUS na talikdan ng aping mga bansa ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pagpapalaya at “mapayapang makipamuhay” sa mga imperyalista at kolonyalista, kundi pumanig pa sa imperyalismo at gumamit ng sari-saring pamamaraan upang patayin ang mga titis ng rebolusyon sa Asya, Aprika at Amerika Latina.

Tingnan ang halimbawa ng digmang bayan para sa pambansang pagpapalaya ng Algeria. Hindi lamang nagkait ng suporta sa mahabang panahon ang pamunuan ng PKUS kundi sa katunaya’y pumanig sa imperyalismong Pranses. Itinuring ni Khrushchov ang pambansang kasarinlan ng Algeria bilang “usaping panloob” ng Pransya. Sa paglilinaw sa usapin ng Algeria noong Oktubre 3, 1955, sinabi niya, “Itinuring at itinuturing ko, una sa lahat, na hindi nanghihimasok ang USSR sa mga usaping panloob ng ibang mga estado.” Sa pagtanggap sa isang dyornalista ng *Le Figaro* noong ika-19 ng Marso, 1958, sinabi niya, “Ayaw naming humina ang Pransya, nais naming higit pa siyang lumakas.”

Upang maglangis sa mga imperyalistang Pranses, hindi nangahas ang mga pinuno ng PKUS na kilanlin ang probisyunal na gubyrno ng Republika ng Algeria sa mahabang panahon; hanggat hindi pa tiyak na tiyak ang agresyong Pranses at napilitang pumayag ang Pranses sa kasarinlan ng Algeria saka lamang dali-daling nilang kinilala ang Algeria. Nagbigay ng kahihiyang sa sosyalistang mga bayan ang di kanais-nais na aktitud na ito. Pero ipinagmamalaki pa ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang kahihiyang at iginigiit na ang tagumpay ng mamamayan ng Algeria na pinagbuwisan ng kanilang dugo ay dapat ring iakma sa patakaran sa “mapayapang pakikipamuhay”.

¹⁴¹ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyong ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Oktubre, 1959.

¹⁴² N. S. Khrushchov, Talumpati sa Kumperensyang Pampahayagan sa Vienna, ika-8 ng Hulyo, 1960.

¹⁴³ N. S. Khrushchov, Mga Tugon sa mga Tanong ng mga Peryodista sa US National Press Club sa Washington, ika-16 ng Setyembre, 1959.

Minsan pa, suriin natin ang papel na ginampanan ng mga pinuno ng PKUS sa usaping Congo. Hindi lamang tumanggi silang magbigay ng aktibong suporta sa armadong pakikibaka ng mamamayang Congolese laban sa kolonyalismo, kundi sabik pa silang “makipagkooperasyon” sa imperyalismong US sa pagpatay sa titis sa Congo.

Noong Hulyo 13, nakiisa ang Unyong Sobyet sa United States sa pagboto pabor sa resolusyon ng Security Council tungkol sa pagpapadala ng mga pwersang UN sa Congo; sa gayon, tumulong ito sa mga imperyalistang US sa paggamit sa bandila ng United Nations para sa kanilang armadong panghihimasok sa Congo. Nagbigay rin ang Unyong Sobyet ng mga kagamitan sa transportasyon para sa mga pwersang UN. Sa isang telegrama para kay Kasavubu at Lumumba noong Hulyo 15, sinabi ni Khrushchov na “nakagawa ng isang kapaki-pakinabang na bagay ang Security Council ng United Nations”. Matapos nito, tuluy-tuloy na pinapurihan ng pahayagang Sobyet ang United Nations para sa “pagtulong sa guberno ng Republika ng Congo sa pagtatanggol sa kasarinlan at soberanya ng bayan”¹⁴⁴ at nagpahayag ng pag-asa na gagawa ng “matatatag na hakbang” ang United Nations.¹⁴⁵ Sa mga pahayag nito noong Agosto 21 at Setyembre 10, patuloy ng pinapurihan ng Gubyernong Sobyet ang United Nations, na sumisikil sa mamamayang Congolese.

Noong 1961 kinumbinsi ng mga pinuno ng PKUS si Gizenga na dumalo sa parlamentong Congolese, na ipinatawag sa ilalim ng “proteksyon” ng mga tropang UN, at sumanib sa papet na guberno. Maling ikinatwiran ng pamunuan ng PKUS na ang pagtawag sa parlamentong Congolese ay “isang mahalagang pangyayari sa buhay ng batang republika” at “isang tagumpay ng mga pambansang pwersa”.¹⁴⁶

Malinaw na nakapagbigay ng malaking serbisyo sa imperyalismong US sa agresyon nito laban sa Congo ang mga maling patakarang ito ng pamunuan ng PKUS. Pinaslang si Lumumba, ibinilanggo si Gizenga, inusig ang marami pang ibang makabayan, at dumanas ng isang pagkatalo ang pakikibakang Congolese para sa pambansang kasarinlan. Hindi ba nakadarama ng pananagutan ang pamunuan ng PKUS para sa lahat ng ito?

ANG MGA LUGAR KUNG SAAN NAKAKONSENTRA ANG KONTEMPORARYONG MGA KONTRADIKSYONG PANDAIGDIG

Natural lamang na itakwil ng rebolusyonaryong mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina ang mga salita at gawa ng mga pinuno ng PKUS laban sa mga kilusan at mga digma para sa pambansang pagpapalaya. Pero nabigo ang mga pinuno ng PKUS na mahalaw ang angkop na aral at baguhin ang kanilang maling linya at mga patakaran. Sa halip, muhi sa kanilang pagkapahiya, naglunsad sila ng serye ng mga atakeng mapanirang-puri laban sa Komunistang Partidong Tsino at iba pang Marxista-Leninistang Partido.

Inaakusahan ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang Komunistang Partidong Tsino sa paglalabas ng isang “bagong teorya”. Sabi nito:

¹⁴⁴ Izvestia, ika-21 ng Hulyo, 1960.

¹⁴⁵ Komsomolskaya Pravda, ika-30 ng Hulyo, 1960.

¹⁴⁶ Pravda, ika-18 ng Hulyo, 1961.

. . . ayon dito [sa bagong teorya] ang pangunahing kontradiksyon sa ating panahon ay hindi, ang sabi sa atin, sa pagitan ng sosyalismo at imperyalismo, kundi sa pagitan ng kilusan sa pambansang pagpapalaya at imperyalismo. Sa opinyon ng mga kasamang Tsino, ang mapagpasyang pwersa sa labanan laban sa imperyalismo ay hindi ang sosyalistang sistemang pandaigdig, at hindi ang pandaigdigang pakikibaka ng uring manggagawa kundi, muli ang sabi sa atin, ang kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Unang-una na, ito’y gawa-gawa lamang. Sa aming liham ng Hunyo 14, ipinunto namin na ang pundamental na mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig ay ang kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang kampo at imperyalistang kampo, ang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa kapitalistang mga bayan, ang kontradiksyon sa pagitan ng aping mga bansa at imperyalismo, at ang mga kontradiksyon sa hanay ng imperyalistang mga bayan at sa hanay ng monopolyo kapitalistang mga pangkat.

Ipinunto rin namin: Ang kontradiksyon sa pagitan ng sosyalistang kampo at imperyalistang kampo ay isang kontradiksyon sa pagitan ng dalawang sistemang panlipunan na pundamental na nagkakaiba, ang sosyalismo at kapitalismo. Walang dudang napakatalim nito. Pero hindi dapat ituring ng mga Marxista-Leninista na bukod tanging binubuo ang mga kontradiksyon sa daigdig ng kontradiksyon lamang sa pagitan ng sosyalistang kampo at imperyalistang kampo.

Napakalinaw ng aming pananaw.

Sa aming liham noong Hunyo 14, ipinaliwanag namin ang rebolusyonaryong kalagayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina at ang kahalagahan at papel ng kilusan sa pambansang pagpapalaya. Ito ang aming sinabi:

1. “Ang iba’t ibang tipo ng mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig ay nakokonsentra sa malawak na mga lugar sa Asya, Aprika at Amerika Latina; ito ang pinakabulnerableng mga lugar sa ilalim ng paghaharing imperyalista at mga sentro ng unos ng pandaigdigang rebolusyon na nagpapakawala ng tuwirang hambalos sa imperyalismo.”
2. “Ang pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan sa mga lugar na ito at ang pandaigdigang sosyalistang rebolusyonaryong kilusan ang dalawang dakilang istorikong agos ng ating panahon.”
3. “Ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa mga lugar na ito ay isang mahalagang salik ng kontemporaryong proletaryong rebolusyong pandaigdig.”
4. “Ang rebolusyonaryong mga pakikibakang anti-imperyalista ng mamamayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina ay bumabayo at nagpapahina sa mga pundasyon ng paghahari ng imperyalismo at kolonyalismo, luma at bago, at ngayo’y isang makapangyarihang pwersa sa pagtatanggol sa kapayapaang pandaigdig.”
5. “Sa isang pakahulugan, kung gayon, nakasalalay ang buong adhikain ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa kahihinatnan ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa mga lugar na ito, na bumubuo sa napakalaking mayorya ng populasyon ng daigdig.”

6. “Samakatuwid, ang rebolusyonaryong pakikibakang anti-imperyalista ng mamamayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina ay tiyak na di lamang usapin ng panrehiyong kabuluhan kundi usapin ng pangkalahatang kahalagahan para sa buong adhikain ng proletaryong rebolusyong pandaigdig.”

Ang mga ito’y Marxista-Leninistang mga tesis, mga kongklusyong hinalaw sa pamamagitan ng siyentipikong pagsusuri mula sa mga katotohanan ng ating panahon.

Walang sinumang makatatangi na umiiral sa ngayon ang isang napakapaborableng rebolusyonaryong sitwasyon sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Ngayon, ang mga rebolusyon sa pambansang pagpapalaya sa Asya, Aprika at Amerika Latina ang pinakamahahalagang pwersa na nagpapakawala ng tuwirang mga hambalos sa imperyalismo. Ang mga kontradiksyon sa daigdig ay konsentrado sa Asya, Aprika at Amerika Latina.

Hindi pirmi ang sentro ng mga kontradiksyon sa daigdig, ng mga pakikibakang pampulitika sa daigdig, kundi lumilipat sa mga pagbabago sa pandaigdigang mga pakikibaka at sa rebolusyonaryong sitwasyon. Naniniwala kami na, sa pag-unlad ng kontradiksyon at pakikibaka sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa Kanlurang Europa at Hilagang Amerika, ang dakilang araw ng labanan ay daratal sa mga tahanang ito ng kapitalismo at mga pugad ng imperyalismo. Pagdating na araw na iyon, walang dudang magiging sentro ng pandaigdigang pakikibakang pampulitika, ng mga kontradiksyon sa daigdig ang Kanlurang Europa at Hilagang Amerika.

Sabi ni Lenin noong 1913, “. . . isang bagong bukal ng dakilang pandaigdigang mga unos ang bumukas sa Asya. . . Nabubuhay tayo sa kapanahunang ito ng mga unos at ‘bweltada’ ng mga ito sa Europa.”¹⁴⁷

Sabi ni Stalin noong 1925:

Binubuo ng mga bayang kolonyal ang pangunahing likuran ng imperyalismo. Tiyak na pahihinain ang imperyalismo ng rebolusyonisasyon ng likurang ito hindi lamang sa pakahulugang mawawalan ang imperyalismo ng likuran nito, kundi sa pakahulugan rin na ang rebolusyonisasyon ng Silangan ay tiyak na magbibigay ng makapangyarihang tulak sa pagpapatindi ng rebolusyonaryong krisis sa Kanluran.¹⁴⁸

Posible kayang mali ang mga pahayag na ito ni Lenin at Stalin? Ang pinalawig nilang mga tesis ay malaon nang batayang kaalamang Marxista-Leninista. Nahahalata ngayong desidido ang mga pinuno ng PKUS na maliitin ang kilusan sa pambansang pagpapalaya, ganap nilang isinasantabi ang batayang Marxismo-Leninismo at ang malinaw na mga katotohanan sa tungki ng kanilang mga ilong.

DISTORSYON NG LENINISTANG PANANAW SA PAMUMUNO SA REBOLUSYON

¹⁴⁷ V. I. Lenin, “Ang Istorikong Kahihinatnan ng Doktrina ni Karl Marx”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. XI, p. 51.

¹⁴⁸ J. V. Stalin, “Ang Rebolusyonaryong Kilusan sa Silangan”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. VII, pp. 235-36.

Sa Bukas na Liham nito ng Hulyo 14, inaatake rin ng Komite Sentral ng PKUS ang paninindigan ng Komunistang Partido ng Tsina sa usapin ng proletaryong pamumuno sa kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Sinasabi nito:

. . . nais ng mga kasamang Tsino na “iwasto” si Lenin at patunayang ang hegemonya sa pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo ay di dapat mapunta sa uring manggagawa, kundi sa petiburgesya o sa pambansang burgesya, at maging sa “ilang makabayang mga hari, prinsiphe at aristokrata.”

Isa itong sadyang pambabaluktot sa mga pananaw ng Komunistang Partido ng Tsina.

Sa pagtalakay sa pangangailangan para sa proletaryado na igiit ang pamumuno sa kilusan sa pambansang pagpapalaya, isinasaad ng liham ng Komite Sentral ng PKT ng Hunyo 14:

Ipinagkatiwala ng kasaysayan sa mga proletaryong partido sa mga lugar na ito [Asya, Aprika at Amerika Latina] ang dakilang misyon ng pagtataguyod sa bandila ng pakikibaka laban sa imperyalismo, laban sa luma at bagong kolonyalismo at para sa pambansang kasarinlan at demokrasyang bayan, ng pagtindig sa unahan ng pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan at pagsisikap para sa isang sosyalistang hinaharap.

. . . Batay sa alyansa ng manggagawa at magsasaka, dapat pagkaisahin ng proletaryado at partido nito ang lahat ng mga saray na maaaring pagkaisahin at organisahin ang malapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo at mga alipures nito. Upang makonsolida at mapalawak ang nagkakaisang prenteng ito, kailangang panatilihin ng proletaryong partido ang kanyang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong kasarinlan at igiit ang pamumuno sa rebolusyon.

Sa pagtalakay sa pangangailangan ng pagtatatag ng malapad na anti-imperyalistang nagkakaisang prente sa kilusan sa pambansang pagpapalaya, isinasaad ng liham ng Komite Sentral ng PKT:

Ang aping mga bansa at mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina ay nahaharap sa mahigpit na tungkulin ng paglaban sa imperyalismo at mga alipures nito. . . Sa mga lugar na ito, tumatangi ang napakalalapad na seksyon ng populasyon na maging mga alipin ng mga imperyalista. Kabilang dito di lamang ang mga manggagawa, magsasaka, intelektwal at petiburgesya, kundi pati ang mga patriyotikong pambansang burgesya at maging ilang mga hari, prinsiphe at aristokrata na patriyotiko.

Napakalinaw ng aming mga pananaw. Sa kilusan sa pambansang pagpapalaya, kailangang kapwa igiit ang pamumuno ng proletaryado at itatag ang isang malapad na anti-imperyalistang nagkakaisang prente. Ano ang mali sa mga pananaw na ito? Bakit kailangang baluktutin at atakehin ng pamunuan ng PKUS ang wastong mga pananaw na ito?

Hindi kami, kundi ang mga pinuno ng PKUS, ang nagsantabi sa mga pananaw ni Lenin tungkol sa proletaryong pamumuno sa rebolusyon.

Ganap na tinatalikuran ng maling linya ng mga pinuno ng PKUS ang tungkulin sa paglaban sa imperyalismo at kolonyalismo at nilalaban ang mga digma para sa pambansang pagpapalaya; nangangahulugan ito na nais nitong tiklupin ng proletaryado ang makabayang bandila ng paglaban sa imperyalismo at ng pakikibaka para sa pambansang kasarinlan at isuko ito sa iba. Kung gayon, paano kayang makakapag-usap tungkol sa anti-imperyalistang nagkakaisang prente o sa proletaryong pamumuno?

Isa pang ideyang madalas ipalaganap ng mga pinuno ng PKUS ayang ideyang makapagtatag ng sosyalismo ang isang bayan sa ilalim ng anumang pamumuno, kabilang maging ng isang reaksyunaryong nasyunalistang tulad ni Nehru. Lalo pa itong malayo sa ideya ng proletaryong pamumuno.

Mali ang interpretasyon ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS sa wastong relasyon ng mutwal na suporta na dapat umiral sa pagitan ng sosyalistang kampo at ng kilusan ng uring manggagawa sa kapitalistang mga bayan sa isang banda at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa kabila, at iginigüt na ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ay dapat “pamunuan” ng sosyalistang mga bayan at ng kilusan ng uring manggagawa sa mga bayang metropolitan. Malinaw na isa itong tahasang pambabaluktot at rebisyon sa kaisipan ni Lenin. Ipinapakita nito na nais ipataw ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang linya ng pagpawi sa rebolusyon sa rebolusyonaryong kilusan sa aping mga bansa.

ANG LANDAS NG NASYUNALISMO AT PAGKABULOK

Sa kanilang Bukas na Liham ng Hulyo 14, tinatangka ng mga pinuno ng PKUS na akusahan ang Komunistang Partido ng Tsina ng “paghihiwalay ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa pandaigdigang uring manggagawa at sa likha nitong sosyalistang sistemang pandaigdig”. Pinagbibintangan rin nila kami ng “paghihiwalay” ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa sosyalistang sistema at kilusang manggagawa sa mga kapitalistang bayang Kanluranin at “pagkontraposision” ng una sa huli. May iba pang mga Komunista, tulad ng mga pinuno ng Komunistang Partido ng Pransya, na maingay na taga-alingawngaw ng mga pinuno ng PKUS.

Pero ano ang mga datos? Ang mga nagkokontraposision ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa sosyalistang kampo at kilusang manggagawa sa mga kapitalistang bayang Kanluranin ay walang iba kundi ang mga pinuno ng PKUS at kanilang mga tagasunod, na hindi sumusuporta, at lumalaban pa nga, sa kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Palagiang pinanindigan ng Komunistang Partidong Tsino na ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng lahat ng mamamayan ay sumusuporta sa isa’t isa. Lagi naming ikinokonsidera ang kilusan sa pambansang pagpapalaya mula sa punto de bista ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo, mula sa punto de bista ng proletaryong pandaigdigang rebolusyon sa kabuuan. Naniniwala kami na ang matagumpay na pag-unlad ng rebolusyon sa pambansang pagpapalaya ay may napakalaking kabuluhan para sa sosyalistang kampo, sa kilusan ng uring manggagawa sa kapitalistang bayan at sa adhikain ng pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan.

Subalit ayaw kilalanin ng mga pinuno ng PKUS at ng kanilang mga tagasunod ang kabuluhang ito. Ipinamamarali lamang nila ang suportang ibinibigay ng sosyalistang kampo sa kilusan sa pambansang pagpapalaya at di kinikilala ang suporta na ibinibigay ng huli sa una. Ipinamamarali lamang nila ang papel ng kilusan ng uring manggagawa sa mga kapitalistang bayang Kanluranin sa pagpapakawala ng mga hambalos sa imperyalismo at minamaliit o di kinikilala ang papel ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa usaping ito. Tinutunggali ng kanilang paninindigan ang Marxismo-Leninismo at binabale-wala ang mga datos, at kung gayon ay mali.

Ang usapin ng kung ano ang nararapat na aktitud sa relasyon sa pagitan ng sosyalistang mga bayan at ng rebolusyon ng aping mga bansa, at sa relasyon sa pagitan ng kilusan ng uring manggagawa sa kapitalistang mga bayan at ng rebolusyon sa aping mga bansa, ay nagsasangkot sa mahalagang prinsipyong kung itataguyod o tatalikdan ang Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Ayon sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo, dapat aktibong suportahan at tulungan ng bawat sosyalistang bayan na nagtagumpay sa rebolusyon nito ang mga pakikibaka para sa pagpapalaya ng aping mga bansa. Dapat maging mga baseng purok ang mga sosyalistang bayan para sa pagsuporta at pagpapaunlad sa rebolusyon ng aping mga bansa at mamamayan sa lahat ng panig ng daigdig, magbuo ng pinakamahigpit na pakikipag-alyansa sa kanila at isulong ang proletaryong pandaigdigang rebolusyon hanggang sa kaganapan.

Pero itinuturing ng mga pinuno ng PKUS ang tagumpay ng sosyalismo sa isang bayan o ilang bayan bilang layunin ng proletaryong pandaigdigang rebolusyon. Nais nilang ipailalim ang rebolusyon para sa pambansang pagpapalaya sa kanilang pangkalahatang linya ng mapayapang pakikipamuhay at sa pambansang mga interes ng kanilang sariling bayan.

Nang nilabanan noong 1925 ni Stalin ang mga likidasyunista, na kinatawan ng mga Trotskyista at Zinovievista, ipinakita niya na isa sa mapanganib na mga katangian ng likidasyunismo ay:

. . . kakulangan ng tiwala sa pandaigdigang proletaryong rebolusyon; kakulangan ng tiwala sa tagumpay nito; isang dudosong aktitud sa kilusan sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya at dependyenteng mga bayan . . . kabiguang maunawaan ang elementaryong hangarin ng internasyunalismo, na dahil sa bisa nito ang tagumpay ng sosyalismo sa isang bayan ay hindi ang mismong layunin, kundi isang pamamaraan ng pagpapaunlad at pagsuporta sa rebolusyon sa ibang bayan.¹⁴⁹

Dagdag pa niya:

Iyon ang landas ng nasyunalismo atpagkabulok, ang landas ng lubos na likidasyon ng internasyunal na patakaran ng proletaryado, dahil itinuturing ng mga taong dinapuan ng sakit na ito ang ating bayan hindi bilang bahagi ng kabuuang tinataguriang pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan, kundi bilang simula at katapusan ng kilusang iyon, at naniniwalang ang mga interes ng lahat ng ibang bayan ay dapat isakripisyo sa mga interes ng ating bayan.¹⁵⁰

¹⁴⁹ J. V. Stalin, "Mga Tanong at Mga Sagot", Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. VII, p. 169.

¹⁵⁰ *Ibid.*, pp. 169-70.

Inilarawan ni Stalin ang linya ng pag-iisip ng mga likidasyunista sa ganitong paraan:

Suportahan ang kilusan sa pagpapalaya sa Tsina? Pero bakit? Hindi ba't mapanganib iyon? Hindi ba't ihaharap tayo nito sa labanan sa ibang bayan? Hindi ba't mas maigi kung magtatatag tayo ng mga "larangan ng impluwensya" sa Tsina kasama ng ibang "abanteng" kapangyarihan at sumunggab ng anuman mula sa Tsina para sa sarili nating benepisyo? Magiging kapwa kapaki-pakinabang at walang panganib ang gayon At ganito at ganoon pa.¹⁵¹

Bilang kongklusyon, sinabi niya:

Gayon ang bagong tipo ng makabansang "paraan ng pag-iisip", na nagtatangkang likidihin ang patakarang panlabas ng Rebolusyong Oktubre at naglilintang sa mga elemento ng pagkabulok.¹⁵²

Hinigitan pa ng kasalukuyang mga pinuno ng PKUS ang mga lumang likidasyunista. Nagmamalaki sa sarili sa kanilang katalinuhan, ang tangi nilang kinukuha ay iyong "kapwa kapaki-pakinabang at walang panganib". Takut na takot na mapasangkot sa kaguluhan sa imperyalistang mga bayan, nabuo na nila ang kanilang isip na labanan ang kilusan sa pambansang pagpapalaya. Lasing sila sa ideya ng dalawang "superpower" na nagtatatag ng mga larangan ng impluwensya sa lahat ng panig ng daigdig.

Ang puna ni Stalin sa mga likidasyunista ay isang makatarungang deskripsyon ng kasalukuyang mga pinuno ng PKUS. Sa pagsunod sa mga yapak ng mga likidasyunista, nilikida nila ang patakarang panlabas ng Rebolusyong Oktubre at tinahak ang landas ng nasyunalismo at pagkabulok.

Ibinabala ni Stalin:

. . . malinaw na mapapanatili ng unang bayan na nagtagumpay ang papel bilang tagapamandila ng pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan batay lamang sa di natitinig na internasyunalismo, batay lamang sa patakarang panlabas ng Rebolusyong Oktubre, at, ang landas ng pinakamahinang pagtutol at ng nasyunalismo sa patakarang panlabas ay ang landas ng pagkakahiwalay at pagkabulok ng unang bayan na nagtagumpay.¹⁵³

May seryoso at praktikal na kabuluhan ang babalang ito ni Stalin para sa kasalukuyang mga pinuno ng PKUS.

ISANG HALIMBAWA NG SOSYAL-SOBINISMO

Gayundin, ayon sa proletaryong internasyunalismo, dapat aktibong suportahan ng proletaryado at mga Komunista ng mga mapang-aping bansa kapwa ang karapatan ng aping mga bansa sa pambansang kasarinlan at ang kanilang mga pakikibaka para sa pagpapalaya. Kung may suporta ng aping mga bansa, higit na makakayanan ng proletaryado ng mga mapang-aping bansa na ipagwagi ang kanyang rebolusyon.

Tinumbok ito ni Lenin nang kanyang sabihin:

¹⁵¹ *Ibid.* p. 170.

¹⁵² *Ibid.*

¹⁵³ *Ibid.*, p. 171.

Sa katunayan, magiging ganap na huwad ang rebolusyonaryong kilusan sa abanteng mga bayan kung, sa kanilang pakikibaka laban sa kapital, ang mga manggagawa ng Europa at Amerika ay hindi mahigpit at ganap na nakikipagkaisa sa daan-daang milyong mga aliping “kolonyal” na inaapi ng kapital.¹⁵⁴

Gayunman, tinalikdan ng ilang nagpapanggap na Marxista-Leninista ang Marxismo-Leninismo sa usaping ito ng pundamental na prinsipyo. Tipikal sa bagay na ito ang mga pinuno ng Komunistang Partido ng Pransya (KPP).

Sa loob ng mahabang panahon, tinalikdan ng mga pinuno ng KPP ang pakikibaka laban sa imperyalismong US, tumangging maglunsad ng matatag na laban sa kontrol at mga restriksyon ng imperyalistang US sa larangang pampulitika, pang-ekonomya at militar, at isinuko ang bandila ng pambansang pakikibaka ng Pransya laban sa United States sa mga taong tulad ni de Gaulle; sa kabilang banda, gumagamit sila ng iba’t ibang pakana at pagdadahilan upang ipagtanggol ang mga kolonyal na interes ng mga imperyalistang Pranses, tumangging suportahan, at katunaya’y nilabanan, ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonyang Pranses, at sa partikular ay nilabanan ang mga pambansang rebolusyonaryong digma. Nalubog sila sa kumunoy ng sobinismo.

Sabi ni Lenin, “Madalas makaligtaan ng mga Europeo na ang mga mamamayang kolonyal ay mga bansa rin, ngunit ang pagpapahintulot sa gayong “pagkakiligta” ay pagpapahintulot sa sobinismo.”¹⁵⁵ Pero hindi lamang pinahintulutan ng pamunuan ng Komunistang Partido ng Pransya, na kinakatawan ni Kasamang Thorez, ang “pagkakiligta” ito, kundi hayagan pang itinuring ang mga mamamayan ng mga kolonyang Pranses bilang “naturalisadong mamamayang Pranses”,¹⁵⁶ tumangging kilanlin ang kanilang karapatan sa pambansang kasarinlan nang hiwalay sa PransyaPransya at sinuportahan sa publiko ang patakaran ng “pambansang asimilasyon” na tinatangkilik ng mga imperyalistang Pranses.

¹⁵⁴ V. I. Lenin, “Ang Ikalawang Kongreso ng Komunistang Internasyonal”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, pp. 472-73.

¹⁵⁵ V. I. Lenin, “Isang Karikatyur ng Marxismo at ‘Imperyalistang Ekonomismo’”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1942, Vol. XIX, p. 250.

¹⁵⁶ Maurice Thorez, Talumpati sa Algiers, Pebrero 1939.

Sa nakalipas na sampung taon at higit pa, itinaguyod ng mga pinuno ng Komunistang Partido ng Pransya ang patakarang kolonyal ng mga imperyalistang Pranses at nagsilbing galamay ng monopolyong kapital na Pranses. Noong 1946, nang gumawa ng neokolonyalistang panlalansi ang monopolyong kapitalistang mga naghaharing Pranses sa pamamagitan ng pagpapanukala ng pagbubuo ng isang Unyong Pranses, sumunod sila at idineklara na “parati naming nailalarawan sa isip ang Unyong Pranses bilang isang ‘malayang unyon ng malayang mga mamamayan’”¹⁵⁷ at na “pahihintulutan ng Unyong Pranses ang regulasyon, sa bagong batayan, ng mga relasyon sa pagitan ng mamamayan ng Pransya at ng mga mamamayan sa ibayong dagat na sa nakaraa’y nakakabit sa Pransya.”¹⁵⁸ Noong 1958, nang gumuho ang Unyong Pranses at ipinanukala ng Gubyernong Pranses ang pagtatatag ng isang Pranses na Komunidad upang panatilihin ang sistemang kolonyal nito, sumunod muli ang mga lider ng KPP at idineklara na “Naniniwala kami na ang paglikha ng isang tunay na komunidad ay magiging isang positibong pangyayari.”¹⁵⁹

Bukod doon, sa pagsalungat sa hangad ng mamamayan sa mga kolonyang Pranses para sa pambansang kasarinlan, tinangka pa ng mga pinuno ng KPP na takutin sila sa pagsasabi na “anumang pagtatangkang humiwalay sa Unyon ng Pransya ay mauuwi lamang sa pagpapalakas sa imperyalismo; kahit na maipagwagi ang kasarinlan, magiging pansamantala, nominal at hungkag ito”. Hayagan pa nilang idineklara:

Ang usapin ay kung makakamit ang di na maiiwasang kasarinlang ito kasama ang Pransya, o nang di kasama ang Pransya at laban sa Pransya. Hinihingi ng interes ng ating bayan na ang kasarinlang ito dapat ay kasama ang Pransya.¹⁶⁰

Sa usapin ng Algeria, ang sobinistang paninindigan ng mga lider ng KPP ay lalo pang malinaw. Kamakaila’y tinangka nilang bigyang matwid ang sarili sa pamamagitan ng paggigiti na matagal na nilang kinilala ang wastong hangarin ng mamamayan ng Algeria para sa kalayaan. Pero ano ang totoong mga nangyari?

Sa mahabang panahon, tumanggi ang mga pinuno ng KPP na kilalanin ang karapatan ng Algeria sa pambansang kasarinlan; pasunud-sunod sila sa mga monopolyong kapitalistang Pranses at ipinangalandakan na “ang Algeria ay isang di maihihiwalay na bahagi ng Pransya”¹⁶¹ at na ang Pransya “ay dapat maging isang dakilang kapangyarihang Aprikano, ngayon at sa hinaharap”.¹⁶² Ikinabahala nang husto nina Thorez at iba pa ang pangyayaring makapagbibigay ang Algeria sa Pransya ng “isang milyong tupa” at malalaking kantidad ng trigo taun-taon upang malutas ang problema nito sa “kakulangan sa karne” at “mapunuan ang ating depisit sa butil”.¹⁶³

¹⁵⁷ Leon Felix, Talumpati sa Ika-15 Kongreso ng Partido Komunista ng Pransya, Hunyo, 1959.

¹⁵⁸ Maurice Thorez, Talumpati sa Pambukas na Seremonya ng Bagong Term ng Paaralang Pampartido ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pransya, ika-10 ng Oktubre, 1955.

¹⁵⁹ Leon Felix, Talumpati sa Ika-15 Kongreso ng Partido Komunista ng Pransya, Hunyo 1959.

¹⁶⁰ Raymond Barbe, “Itim na Aprika sa Kapanahunan ng Guinea?” *Democratie Nouvelle* ng Partido Komunistang Pranses, No. 11, 1958.

¹⁶¹ Mga dokumento ng Sesyon ng Pambansang Asembleya para sa Pagbabalangkas ng Konstitusyon ng Pransya noong ika-24 ng Setyembre, 1946, Apendiks II, No. 1013.

¹⁶² Florimund Bonte, Talumpati sa Asembleya sa Pagbabalangkas ng Konstitusyon ng Pransya, 1944.

¹⁶³ Maurice Thorez, Ulat sa Ikasampung Kongres ng Partido Komunista ng Pransya, 1945.

Tingnan na lamang! Anong hibang na sobinismo sa panig ng mga pinuno ng KPP! Nagpapakita ba sila ng gabutil na proletaryong internasyunalismo? Mayroon ba silang taglay na hibla man lamang ng proletaryong rebolusyonaryo? Sa pagtataguyod ng sobinistang paninindigang ito, pinagtaksilan nila ang pundamental na mga interes ng pandaigdigang proletaryado, ang pundamental na mga interes ng proletaryadong Pranses at ang tunay na mga interes ng bansang Pranses.

LABAN SA “TEORYA NG RASISMO” AT SA “TEORYA NG DILAW NA PANGANIB”

Dahil naubos na ang lahat ng kanilang kamangha-manghang mga sandata para salungatin ang kilusan sa pambansang pagpapalaya, ang mga pinuno ng PKUS ngayo’y napipilitang gamitin ang rasismo, ang pinakareaksyunaryo sa lahat ng mga teoryang imperyalista. Inilalarawan nila na ang wastong paninindigan ng PKT sa puspusang pagsuporta sa kilusan sa pambansang pagpapalaya ay “lumilikha ng mga sagkang makalahi at heograpikal”, “pagpapaliti sa makauring pamamaraan ng pamamaraang makalahi”, at “pagpapatampok sa pambansa at maging sa makalahing pala-palagay ng mga mamamayang Asyano at Aprikano”.

Kung wala ang Marxismo-Leninismo, maaaring makapanlinlang sa tao ang gayong mga pagsisinungaling. Sa kasamaang-palad para sa mga tagahabi ng mga kasinungalingang ito, nabubuhay sila sa maling kapanahunan, dahil malalim nang nakapanuot ang Marxismo-Leninismo sa mga puso ng mamamayan. Gaya ng wastong tinukoy ni Stalin, “winasak ng Leninismo ang bakod sa pagitan ng mga puti at itim, sa pagitan ng mga Europeo at mga Asyano, sa pagitan ng ‘sibilisado’ at ‘di sibilisadong’ mga alipin ng imperyalismo”.¹⁶⁴ Walang saysay para sa mga pinuno ng PKUS na tangkaing muling itayo ang bakod na ito ng rasismo.

Sa huling pagsusuri, ang pambansang usapin sa kontemporaryong daigdig ay usapin ng tunggalian ng mga uri at pakikibakang anti-imperyalista. Sa kasalukuyan, nagbuo ng malapad na nagkakaisang prente ang mga manggagawa, mga magsasaka, rebolusyonaryong mga intelektwal, naliliwanagang mamamayang anti-imperyalista ng lahat ng lahi—puti, itim, dilaw o kayumanggi—laban sa mga imperyalista na pinamumunuan ng United States, at kanilang mga alipures. Lumalawak at lumalakas ang nagkakaisang prenteng ito. Ang usapin ay hindi kung papanig sa mga mamamayang puti o mamamayangmay kulay, kundi kung papanig sa aping mga mamamayan at mga bansa o sa sandakot na mga imperyalista at mga reaksyunaryo.

Alinsunod sa Marxista-Leninistang paninindigan sa uri, dapat gumuhit ng malinaw na linya ng pagkakaiba ang aping mga bansa sa pagitan nila at ng mga imperyalista at mga kolonyalista. Ang pagpapalabo sa linyang ito ay isang sobinistang pananaw na naglilingkod sa imperyalismo at kolonyalismo.

Sabi ni Lenin:

¹⁶⁴ J. V. Stalin, “Mga Pundasyon ng Leninism”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1953, Vol. VI, p. 144.

... dapat ang sentral na punto sa programang Sosyal-Demokrata ay ang pag-iiba sa pagitan ng mga bansang nang-aapi at inaapi, na siyang *esensya* ng imperyalismo, na *maling* iniawasan ng mga sosyal-sobinista, at ni Kautsky.¹⁶⁵

Sa pamamagitan ng paninirang-puri sa pagkakaisa ng mamamaryan ng Asya, Aprika at Amerika Latina sa pakikibakang anti-imperyalista bilang “nakabatay sa mga prinsipyong heograpikal atmakalahi”, malinaw na inilagay ng mga pinuno ng PKUS ang sarili sa pusisyon ng mga sosyal-sobinista at ni Kautsky.

Nang kanilang inilako ang “teorya ng rasismo” at inilarawan ang kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, Aprika at Amerika Latina bilang laban ng may kulay na mga lahi laban sa lahing puti, malinaw na nilalayan ng mga pinuno ng PKUS na mang-upat ng pagkamuhing makalahi sa hanay ng mamamayang puti sa Europa at Hilagang Amerika, paglilihis sa mamamayan ng daigdig mula sa pakikibaka laban sa imperyalismo, pagliligaw ng pandaigdigang kilusang manggagawa mula sa pakikibaka laban sa modernong rebisyonismo.

Nagpalahaw ang mga pinuno ng PKUS tungkol sa “Dilaw na Panganib” at sa “napipintong banta ni Genghis Khan”. Hindi na ito nararapat pabulaanan pa. Hindi namin balak sa artikulong ito na magkomentaryo hinggil sa istorikong papel ni Genghis Khan o hinggil sa pag-unlad ng mga bansang Mongolian, Ruso at Tsino at sa proseso ng kanilang pagbubuo bilang mga estado. Paaalalahanan lamang namin ang mga pinuno ng PKUS sa pangangailangan nilang balik-aralan ang kanilang mga pinag-aralan sa kasaysayan bago maghabi ng gayong mga kwento. Si Genghis Khan ay isang Khan ng Mongolia, at sa kanyang kapanahunan, kapwa ang Tsina at Rusya ay napailalim sa agresyong Mongolian. Sinalakay niya ang bahagi ng hilagang-kanluran at hilagang Tsina noong 1214 at ang Rusya noong 1223. Matapos ng kanyang kamatayan, nilupig ng kanyang mga kahalili ang Rusya noong 1240 at makaraan ang tatlumpu’t siyam na taon, noong 1279, sinakop ang buong Tsina.

May parapo si Lu Xun, isang tanyag na manunulat na Tsino, tungkol kay Genghis Khan sa isang artikulong isinulat niya noong 1934. Isinasama namin ito rito para sa inyong pagsangguni dahil maaari itong makatulong sa inyo.

Isinulat niya na, bilang isang binatang beinte anyos,

¹⁶⁵ V. I. Lenin, “Ang Rebolusyonaryong Proletaryado at ang Karapatan ng mga Bayan sa Pagpapasya-sa-Sarili”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, Internasyunal na Publishers, New York, 1943, Vol. V., p. 284.

Naikwento sa akin na sinakop ng “ating” Genghis Khan ang Europa at nagpanimula sa pinakadakilang panahon sa “ating” kasaysayan. Natuklasan ko noon na lamang beinte-singko anyos na ako na ang tinaguriang pinakadakilang panahon sa “ating” kasaysayan sa katunayan ay panahon kung saan sinakop ng mga Mongolian ang Tsina at tayo’y naging mga alipin. At nitong nakaraang Agosto ko lamang natuklasan, habang nagbabasa-basa ako ng tatlong libro tungkol sa kasaysayan ng Mongolia at naghahanap ng mga kwento sa kasaysayan, na ang pagsakop sa “Rusya” ng mga Mongolian at ang kanilang pananalakay sa Hungary at Austria sa katunaya’y nauna sa kanilang pananakop sa Tsina, at ang Genghis Khan ng kapanahunang iyon ay hindi pa ang ating Khan. Ang mga Ruso ay inalipin bago tayo, at marahil sila ang nararapat na makapagsabi na, “Nang sakupin ng ating Genghis Khan ang Tsina, pinasimulan niya ang pinakadakilang panahon ng ating kasaysayan.”¹⁶⁶

Alam ng sinumang may kaunting kaalaman sa modernong kasaysayang pandaigdig na ang “teorya ng Dilaw na Panganib” na ipinag-iingay ng pamunuang PKUS ay pamana ng Kaiser William II ng Alemanya. Kalahating siglo na sa nakaraan, sinabi ni William II, “Isa ako sa naniniwala sa Dilaw na Panganib.”

Ang layunin ng Kaiser sa pagpapalaganap sa “teorya ng Dilaw na Panganib” ay higit pang ipartisyon ang Tsina, salakayin ang Asya, supilin ang rebolusyon sa Asya, ilihis ang atensyon ng mamamayang Europeo mula sa rebolusyon at gamitin itong panabing sa kanyang aktibong mga preparasyon para sa imperyalistang digmaang pandaigdig at para sa kanyang pagtatangka na makamit ang pandaigdigang hegemonya.

Nang ipalaganap ni William II ang “teorya ng Dilaw na Panganib” na ito, nasa malalim na pagdausdos at napakareaksiunaryo ng burgesyang Europeo, at kumakalat ang mga demokratikong rebolusyon sa Tsina, Turkey at Persia at nakakaapekto sa India, sa panahon humigit-kumulang ng Rebolusyong Ruso ng 1905. Panahon rin ito nang banggitin ni Lenin ang kanyang tanyag sa pakli tungkol sa “atrasadong Europa at abanteng Asya”.

Malaking tao si William II sa kanyang kapanahunan. Pero sa katunayan, siya’y isa lamang taong yelo sa ilalim ng araw. Sa napakaikling panahon, nawala sa eksena ang reaksiunaryong pinunong ito, kasama ng reaksiunaryong teoryang kanyang inimbento. Ang dakilang si Lenin at ang kanyang matatalinong aral ay nabubuhay magpakailanman.

Limampung taon na ang nakalipas; lalo pang naging palipas at reaksiunaryo ang imperyalismo sa Kanlurang Europa at Hilagang Amerika, at nabibilang na ang kanyang mga araw. Samantala, ang rebolusyong unos sa Asya, Aprika at Amerika Latina ay lumakas nang mas marami pang ulit kaysa sa kapanahunan ni Lenin.

Halos hindi kapani-paniwala na hanggang ngayon may tao pang nagnanais na isuot ang mga sapatos ni William II. Tunay ngang panunuya ito ng kasaysayan.

PAGBUHAY MULI SA LUMANG REBISYUNISMO SA BAGONG BALATKAYO

¹⁶⁶ Lu Hsun, Tinipong mga Akda, edisyong Tsino, People’s Literature Publishing House (Palimbagan ng mga Panitikang Bayan), Beijing, 1958, Vol. VI, p. 109.

Ang patakaran ng pamunuan ng PKUS sa usaping pambansa-kolonyal ay kapareho ng bangkaroteng patakaran ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal. Ang tanging kaibahan ay ang huli'y naglingkod sa lumang kolonyalismo ng mga imperyalista, habang ang mga modernong rebisyunista ay naglilingkod sa neokolonyalismo ng mga imperyalista.

Sumaliw sa tugtog ng lumang mga kolonyalista ang lumang mga rebisyunista, habang umaawit naman si Khrushchov sa tugtog ng mga neokolonyalista.

Ang mga bayani ng Ikalawang Internasyunal, na kinakatawan nila Bernstein at Kautsky, ay mga tagapangatwiran ng lumang paghaharing kolonyal ng imperyalismo. Hayagan nilang idineklara na progresibo ang paghaharing kolonyal, na naghatid ito ng mataas na sibilisasyon sa mga kolonya at pinaunlad nito ang mga produktibong pwersa doon. Iginiit pa nila na ang “abolisyon sa mga kolonya ay mangangahulugan ng barbarismo.”¹⁶⁷

Sa bagay na ito, naiiba nang kaunti si Khrushchov sa lumang mga rebisyunista. May sapat siyang lakas ng loob na batikusin ang lumang sistemang kolonyal.

Bakit gayon na lamang ang lakas ng loob ni Khrushchov? Dahil nagbago na ng tono ang mga imperyalista.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa ilalim ng kambal na hambalos ng sosyalistang rebolusyon at rebolusyon sa pambansang pagpapalaya, napilitan ang mga imperyalista na kilalanin na “kung tatangkain ng Kanluran na panatilihin ang pag-iral ng kolonyalismo, gagawin nitong tiyak ang marahas na rebolusyon, gagawin nitong tiyak ang pagkagapi.”¹⁶⁸ Ang lumang kolonyalistang mga anyo ng paghahari “kabaligtad nito ... ay malamang na maging ‘papalalang sugat’ na sumisira kapwa sa kasiglahang pang-ekonomya at moral ng buhay ng bansa.”¹⁶⁹ Sa gayon, kinailangang baguhin ang anyo at isapraktika ang neokolonyalismo.

Sa gayon, ipinangangalandakan ni Khrushchov, sa saliw ng tugtog ng mga neokolonyalista, ang “teorya ng paglalaho ng kolonyalismo” upang pagtakpan ang bagong kolonyalismo. Dagdag pa, tinatangka niyang himukin ang mga bansang api na yakapin ang bagong kolonyalismong ito. Aktibo niyang ipinapalaganap ang pananaw na pabibilisin ng “mapayapang pakikipamuhay” sa pagitan ng aping mga bansa at sibilisadong imperyalismo “ang paglago ng pambansang ekonomya” at lilikhain ang “pag-angat ng kanilang produktibong mga pwersa”, gagawing “walang kaparis sa laki” ang panloob na pamilihan sa aping mga bayan at “makalilikha ng mas maraming hilaw na materyales, at sari-saring mga produkto at kalakal na kailangan ng ekonomya ng mga bayang maunlad sa industriya”¹⁷⁰ at, kasabay nito, ay “itataas nang husto ang antas ng kabuhayan ng mga naninirahan sa mauunlad na kapitalistang bayan.”¹⁷¹

Hindi rin nakaligtaan ni Khrushchov na kalapin ang ilang gasgas na sandata mula sa arsenal ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal.

¹⁶⁷ Eduard David, Talumpati hinggil sa Usaping Kolonyal sa Pandaigdigang Sosyalistang Kongreso sa Stuttgart, Internationaler Sozialistenkongress, Stuttgart, 1907, Verlag Buchhandlung Vorwärts, Berlin, 1907, p. 30.

¹⁶⁸ J. F. Dulles, *Digma o Kapayapaan*, edisyong Ingles, MacMillan Company, New York, 1957, p. 76.

¹⁶⁹ John Strachey, *Ang Wakas ng Emperyo*, edisyong Ingles, London, 1959, p. 194.

¹⁷⁰ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-23 ng Setyembre, 1960.

¹⁷¹ “Likidasyon ng Kolonyalismo—Atas ng Kapanahunan”, *Kommunist*, Moscow, No. 2, 1961.

Narito ang ilang halimbawa.

Sinalungat ng lumang mga rebisyunista ang mga digma sa pambansang pagpapalaya at nanindigan na ang pambansang usapin ay “malulutas lamang sa pamamagitan ng pandaigdigang mga kasunduan”.¹⁷² Sa usaping ito, ginamit ni Khrushchov ang linya ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal; itinataguyod nila ang “tahimik na pagbuburool sa sistemang kolonyal”.¹⁷³

Inatake ng lumang mga rebisyunista ang rebolusyonaryong mga Marxista, pinupukulan sila ng paninira na “sa esensya, ang Bolshebismo ay isang paladigmang tipo ng sosyalismo”,¹⁷⁴ na “nag-iilusyon ang Komunistang Internasyunal na ang pagpapalaya sa mga manggagawa ay makakamit sa pamamagitan ng mga bayoneta ng matagumpay na Pulang Hukbo at ang isang bagong digmaang pandaigdig ay kinakailangan para sa rebolusyong pandaigdig”. Ipinalaganap rin nila ang kwento-kwento na “nilikha ng ganitong pusisyon ang pinakamalaking panganib ng isang bagong digmaang pandaigdig”.¹⁷⁵ Ang wikang ginagamit ngayon ni Khrushchov sa paninira sa Partido Komunista ng Tsina at iba pang kapatid na Marxista-Leninistang Partido ay siya mismong wikang ginamit ng lumang mga rebisyunista sa paninira sa mga Bolshebik. Mahirap makakita ng anumang pagkakaiba.

Dapat sabihin na sa pagsisilbi sa neokolonyalismo ng mga imperyalista, si Khrushchov ay hindi mahinang klase kaunti man kaysa sa lumang mga rebisyunista sa kanilang pagsisilbi sa lumang kolonyalismo ng mga imperyalista.

Ipinakita ni Lenin kung paano ibinunga ng patakaran ng imperyalismo na mahati ang pandaigdigang kilusan ng mga manggagawa sa dalawang seksyon, ang rebolusyonaryo at ang oportunistang seksyon. Pumanig ang rebolusyonaryong seksyon sa mga bansang api at nilabanan ang mga imperyalista at kolonyalista. Sa kabilang banda, nabuhay ang oportunistang seksyon sa mga mumo mula sa dambong na piniga ng mga imperyalista at kolonyalista mula sa mamamayan ng mga kolonya at malakolonya. Pumanig ito sa mga imperyalista at mga kolonyalista at nilabanan ang rebolusyon ng mga bansang api para sa pagpapalaya.

Ang tipo ng paghahati sa pagitan ng mga rebolusyonaryo at mga oportunistang seksyon sa pandaigdigang kilusang manggagawa na katulad ng inilarawan ni Lenin ay humuhugis hindi lamang sa kilusan ng uring manggagawa sa kapitalistang mga bayan kundi maging sa sosyalistang mga bayan kung saan tangan ng proletaryado ang kapangyarihang pang-estado.

¹⁷² “Resolusyon hinggil sa Usaping Teritoryal”, pinagtibay ng Pandaigdigang Sosyalistang Kumperensya sa Berne, 1919, Materyal Kaugnay ng Una at ng Ikalawang Internasyunal, edisyong Ruso, Moscow, p. 380.

¹⁷³ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-23 ng Setyembre, 1960.

¹⁷⁴ Otto Bauer, Talumpati Hinggil sa Usaping Oryental sa Pandaigdigang Sosyalistang Kongreso sa Marseilles, 1925, Materyal kaugnay ng Una at Ikalawang Internasyunal, edisyong Ruso, Moscow, 1926, p. 468.

¹⁷⁵ “Resolusyon Hinggil sa Usaping Oryental”, pinagtibay ng Pandaigdigang Sosyalistang Kongreso sa Marseilles, 1923, Materyal kaugnay ng Una at Ikalawang Internasyunal, edisyong Ruso, Moscow, 1926, p. 474.

Ipinakikita ng karanasan ng kasaysayan na para makamit ng kilusan sa pambasang pagpapalaya ang ganap na tagumpay, dapat itong magbuo ng solidong alyansa sa rebolusyonaryong kilusan ng uring manggagawa, gumuhit ng malinaw na linya ng pagkakaiba sa pagitan ng sarili at ng mga rebisyunista na nagsisilbi sa mga imperyalista at mga kolonyalista, at matatag na burahin ang kanilang impluwensya.

Ang mga rebisyunista ay mga ahente ng imperyalismo na nagkubli ng sarili sa hanay ng pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa. Sabi ni Lenin, "... ang pakikibaka laban sa imperyalismo ay huwad at paghahambog kung hindi ito mahigpit na ikinakawing sa pakikibaka laban sa oportunismo."¹⁷⁶ Samakatuwid, malinaw na itinatago nila ang kanilang intensyon at nagpapalakas ng sariling loob sa kasalukuyang pakikibaka laban sa imperyalismo, pero gaanuman katinding pagtakpan at tulungan ng kanilang mga tagapangatwiran ang neokolonyalismo, hindi makaiwas ang imperyalismo at kolonyalismo sa kanilang tiyak na wakas. Di mapipigilan ang tagumpay ng rebolusyon sa pambansang pagpapalaya. Sa malao't madali'y mababangkarote ang mga tagapangatwiran ng neokolonyalismo.

Mga manggagawa ng daigdig at mga bansang api, magkaisa!

DALAWANG MAGKAIBANG LINYA SA USAPIN NG DIGMA AT KAPAYAPAAN

IKALIMANG KOMENTARYO HINGGIL SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng Kagawarang Editoryal ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)

(Nobyembre 19, 1963)

Tinatalakay ng buong daigdig ang usapin ng digma at kapayapaan.

Ipinataw ng kriminal na sistema ng imperyalismo sa mamamayan ng daigdig ang napakaraming digma, kabilang ang mapaminsalang mga digmaang pandaigdig. Nakapagdulot ang mga digmang inilunsad ng mga imperyalista ng mabigat na kahirapan sa mamamayan, subalit nakapagbigay-aral rin ito sa kanila.

¹⁷⁶ V. I. Lenin, "Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. 1, Ikalawang Bahagi, p. 566.

Mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, masiglang hinihingi ng mamamayan sa lahat ng dako ang kapayapaang pandaigdig. Parami nang parami ang nakauunawa na upang ipagtanggol ang kapayapaang pandaigdig, kailangang isulong ang mga pakikibaka laban sa imperyalistang mga patakarang agresyon at pakikidigma.

Tungkulin ng mga Marxista-Leninista sa buong daigdig na pahalagahan ang mga sentimyento sa kapayapaan ng mamamayan at tumindig sa unahan ng pakikibaka para sa kapayapaang pandaigdig. Tungkulin nilang makibaka laban sa mga patakarang agresyon at pakikidigma ng mga imperyalista, ilantad ang kanilang mga panlilinlang at gapiin ang kanilang mga plano para sa digma. Tungkulin nilang turuan ang mamamayan, itaas ang kanilang kamulatang pampulitika at gabayan ang pakikibaka para sa kapayapaang pandaigdig sa tamang direksyon.

Kaiba sa mga Marxista-Leninista, tinutulungan ng mga modernong rebisyunista ang mga imperyalista na linlangin ang mamamayan, ilihis ang atensyon ng mamamayan, parupukin at pahinain ang kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo at pagtakpan ang mga plano ng mga imperyalista para sa isang bagong digmaang pandaigdig, at sa gayo'y matugunan ang mga pangangailangan ng patakarang imperyalista.

Ang Marxista-Leninistang linya sa usapin ng digma at kapayapaan ay ganap na kasalungat ng rebisyunistang linya.

Ang Marxista-Leninistang linya ang wastong linya na makatutulong sa pagkakamit ng kapayapaang pandaigdig. Ito ang linyang tuluy-tuloy na itinataguyod ng lahat ng Marxista-Leninistang Partido, kabilang ang Partido Komunista ng Tsina, at lahat ng mga Marxista-Leninista.

Isang maling linya ang rebisyunistang linya na nagsisilbi sa pagpapalaki sa panganib ng bagong digmaan. Ito ang linyang unti-unting pinauunlad ng mga pinuno ng PKUS mula ng Ikdalawampung Kongreso nito.

Maraming kasinungalingang paninira sa mga Komunistang Tsino hinggil sa usapin ng digma at kapayapaan ang hinabi sa Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS at sa napakaraming pahayag ng mga pinuno ng PKUS, pero hindi nito maitatago ang esensya ng mga pagkakaiba.

Sa ibaba, susuriin natin ang pangunahing mga pagkakaiba sa pagitan ng Marxista-Leninista at modernong rebisyunistang linya sa usapin ng digma at kapayapaan.

ANG MGA ARAL NG KASAYSAYAN

Magmula nang umunlad ang kapitalismo tungong imperyalismo, ang usapin ng digma at kapayapaan ay naging napakahalagang usapin sa tunggalian sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismo.

Ang imperyalismo ang pinagmumulan ng mga digma sa makabagong panahon. Halinhinang ginagamit ng mga imperyalista ang mapanlinlang na patakaran ng kapayapaan at ang patakaran ng pakikidigma. Madalas nilang pagtakpan ang kanilang mga krimeng agresyon at ang kanilang mga preparasyon para sa pakikidigma sa pamamagitan ng mga kasinungalingan tungkol sa kapayapaan.

Walang pagod na nanawagan sina Lenin at Stalin sa mamamayan ng lahat ng bayan na labanan ang mga panlolokong kapayapaan ng mga imperyalista.

Sinabi ni Lenin na ang mga gubyernong imperyalista’y “nagbubukambibig ng kapayapaan at katarungan, subalit sa katunaya’y naglulunsad ng mga digmang mapanakop at mapandambong”.¹⁷⁷

Sinabi ni Stalin na “iisa lamang ang layunin ng mga imperyalista sa pagdulog sa pasipismo: para linlangin ang masa sa pamamagitan ng magagandang pakinggang salita tungkol sa kapayapaan upang maghanda sa bagong pakikidigma.”¹⁷⁸ Sinabi rin niya:

Akala ng marami na ang pasipismong imperyalista ay isang instrumento ng kapayapaan. Maling-mali ang gayon. Ang pasipismong imperyalista ay isang instrumento para sa preparasyon sa pakikidigma at sa pagbabalatkayo sa preparasyong ito sa pamamagitan ng ipokritong usap-usapan tungkol sa kapayapaan. Kung wala ang pasipismong ito at ang instrumento nitong Liga ng mga Bansa (League of Nations), magiging imposible ang preparasyon sa pakikidigma sa ilalim ng kasalukuyang mga kalagayan.¹⁷⁹

Kaiba kay Lenin at Stalin, tinulungan ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal, na mga taksil mula sa uring manggagawa, ang mga imperyalista na linlangin ang mamamayan at nagsilbing mga kasapakat nila sa pagpapasambulat sa dalawang Digmaang Pandaigdig.

Bago ang Unang Digmaang Pandaigdig, sinikap ng mga rebisyunistang kinakatawan nina Bernstein at Kautsky sa pamamagitan ng ipokritong usap-usapan tungkol sa kapayapaan na paralisahin ang rebolusyonaryong kapasyahan sa paglaban ng mamamayan at pagtakpan ang imperyalistang mga plano para sa digmaang pandaigdig.

Sa pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig, mabilis na hinubad ng lumang mga rebisyunista ang kanilang maskarang kapayapaan, pumanig sa kani-kanilang imperyalistang mga gubyerno, sumuporta sa imperyalistang digmaan para sa muling paghahati ng daigdig, bumoto para sa mga apropiasyong militar sa parlamento, at nang-upat sa uring manggagawa ng kanilang sariling mga bayan na lumusob sa digma at paslangin ang kanilang mga kapatid sa uri sa ibang bayan sa ilalim ng ipokritong islogan ng “pagtatanggol sa inangbayan”.

Nang nangailangan ang mga imperyalista ng pagtigil ng labanan para sa sarili nilang mga interes, tinangka ng mga rebisyunistang tulad ni Kautsky na lasunin ang kaisipan ng mamamayan at labanan ang rebolusyon sa pamamagitan ng pananalitang maganda sa pandinig gaya ng “walang higit na makapagpapaligaya sa akin kaysa sa mapagkasundong kapayapaan na nakabatay sa prinsipyong, ‘Mamuhay at hayaang mamuhay ang iba’”.¹⁸⁰

¹⁷⁷ V. I. Lenin, “Ulat Hinggil sa Kapayapaan”, Binigkas sa Ikalawang Panlahatang-Rusya na Kongreso ng mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa at mga Sundalo, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 332.

¹⁷⁸ J. V. Stalin, “Kaugnay ng Sitwasyong Pandaigdig”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1953, Vol. VI, p. 297.

¹⁷⁹ J. V. Stalin, “Mga Resulta ng Plenum ng KS, PKUS (B) ng Hulyo, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. XI, p. 209.

¹⁸⁰ Karl Kautsky, Mga Usaping Pambansa, edisyong Ruso, Petrograd, 1918, p. 68.

Matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig, ang taksil na si Kautsky at ang kanyang mga kahalili ay naging higit pang walang-kahihyang tagatambol ng mga panlolokong kapayapaan ng mga imperyalista.

Nagpalaganap ng maraming kasinungalingan ang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal sa usapin ng digma at kapayapaan.

1. Pinaganda nila ang imperyalismo at inilayo ang kaisipan ng mamamayan sa kanilang mga pakikibaka. Sabi ni Kautsky:

... maliit lamang ang panganib sa kapayapaang pandaigdig mula sa imperyalismo.

Ang higit na malaking panganib ay parang nagmumula sa pambansang mga pagsisikap sa Silangan at mula sa iba't ibang diktadura.¹⁸¹

Sa gayon, pinapaniwala ang mamamayan na ang pinagmumulan ng digma ay hindi ang imperyalismo kundi ang aping mga bansa ng Silangan at ang estadong Sobyet, ang dakilang balwarte ng kapayapaan.

2. Tinulungan nila ang mga imperyalista na pagtakpan ang panganib ng isang bagong digmaan at pinapurod ang kapasyahan sa paglaban ng mamamayan. Sabi ni Kautsky noong 1928, “Kung ngayo’y patuloy kayong nag-iingay tungkol sa mga panganib ng imperyalistang digmaan, sumasalig kayo sa isang tradisyunal na pormula at hindi sa mga kunsiderasyon ng kasalukusyong kapanahunan.”¹⁸² Inilarawan ng lumang mga rebisyunistang katulad niya na ang mga naniniwala na di mapipigilan ang mga digmang imperyalista ay “nananalig sa isang pagkakaunawa sa kasaysayan na nakasalalay sa pagtanggap na lamang ng kapalaran”.¹⁸³

3. Tinatakot nila ang mamamayan sa pamamagitan ng paghahaka na wawasakin ng digmaan ang sangkatauhan. Sabi ni Kautsky:

... magdudulot ang susunod na digmaan hindi lamang ng kawalan at karukhaan, kundi wawakasan sa saligan ang sibilisasyon at, kahit sa Europa man, walang iiwan kundi umuusok na mga guho at namamahong mga bangkay.¹⁸⁴

Sabi ng lumang mga rebisyunistang ito:

Dinala ng kararaang digmaan ang buong daigdig sa bingit ng bangin; ganap na wawasakin ito ng susunod na digmaan. Ang preparasyon pa lamang para sa isang bagong digmaan ay makawawasak na sa daigdig.¹⁸⁵

4. Hindi nila pinag-iba ang makatarungan at di makatarungang mga digma at ipinagbawal ang rebolusyon. Sabi ni Kautsky noong 1914:

¹⁸¹ Karl Kautsky, *Ang Usapin sa Depensa at ang Sosyal-Demokrasya*, edisyong German, Berlin, 1928, p. 37.

¹⁸² *Ibid.*, p. 28.

¹⁸³ Hugo Haase, *Talumpati Hinggil sa Usapin ng Imperyalismo sa Kongreso ng Sosyal-Demokratikong Partidong German sa Chemnitz noon 1912 na inilathala sa Handbuk ng Kongreso ng Partido ng Sosyal-Demokratikong Partido noon 1910-1913*, edisyong German, Munich, Vol. II, p. 234.

¹⁸⁴ Karl Kautsky, *Paunang Salita sa Digma at Demokrasya*, edisyong German, Berlin, 1932, p. xii.

¹⁸⁵ “Resolusyon Hinggil sa Liga ng mga Bansa”, pinagtibay ng Internasyunal na Sosyalistang Kumperensya sa Berne, 1919, *Materyal kaugnay ng Una at Ikalawang Internasyunal*, edisyong Ruso, Moscow, 1926, p. 378.

... sa kasalukuyang mga kalagayan, walang anumang digma na hindi kapahamakan para sa mga bansa sa kabuuan at para sa proletaryado sa partikular. Ang ating tinalakay ay ang pamamaraan kung paano natin mapipigil ang isang nagbabantang digmaan, at hindi kung aling mga digma ang nakakatulong at alin ang mapaminsala.¹⁸⁶

Sinabi rin niya:

Ang pagnanasa para sa kapayaang walang hanggan ay nagbibigay ng papalakingt inspirasyon sa mayorya ng mga bansang kulturado. Pansamantala nitong itinutulak sa likuran ang sa katunaya'y napakalaking problema ng ating kapanahunan...¹⁸⁷

5. Ipinalaganap nila ang teorya na ang mga sandata ang nagpapasya sa lahat at sinalungat nila ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sabi ni Kautsky:

Gaya ng madalas nang sabihin, isa sa mga dahilan kung bakit ang paparating na rebolusyonaryong mga pakikibaka ay mas madalang na paglalabanan sa paraang militar ay ang napakalaking superyoridad sa pananandata ng mga hukbo ng modernong mga estado sa mga sandata na nasa kamay ng mga “sibilyan” at kadalasa'y nagiging walang kapag-a-pag-asa mula't sapul ng anumang pagtatanggol ng huli.¹⁸⁸

6. Ipinalaganap nila ang walang katinuang teorya na maipagsasanggalang ang kapayapaang pandaigdig at makakamit ang pagkakapantay-pantay ng mga bansa sa pamamagitan ng disarmamento. Sabi ni Bernstein:

Kapayapaan sa daigdig at kabutihang loob sa lahat ng tao! Hindi tayo dapat tumigil o magpahinga at dapat nating harapin ang walang balakid na pagsulong ng lipunan tungo sa kasaganaan sa interes ng lahat, tungo sa pagkakapantay-pantay ng mga karapatan sa pagitan ng mga bansa sa pamamagitan ng kasunduang internasyunal at disarmamento.¹⁸⁹

7. Ipinalaganap nila ang maling akala na ang perang matitipid mula sa disarmamento ay magagamit para tulungan ang atrasadong mga bansa. Sabi ni Kautsky:

... mas magaan na pasaning gastusing militar sa Kanlurang Europa, mas malaking kayamanang mailalaan para sa pagtatayo ng perokaril sa Tsina, Persia, Turkey, Timog Amerika, atbp., at ang obras publikas na ito ay higit na mabisang pamamaraan sa pagtataguyod sa kaunlarang industriyal na binabalewala ng pagpapalaganap ng karimlan.¹⁹⁰

8. Nagsumite sila ng mga pakana para sa “estrategiya sa kapayapaan” ng mga imperyalista. Sabi ni Kautsky:

¹⁸⁶ Karl Kautsky, “Ang Sosyal-Demokrasya na Nakikidigma”, Die Neue Zeit, ika-2 Oktubre, 1914.

¹⁸⁷ Karl Kautsky, Paunang Salita sa Digma at Demokrasya, edisyong German, Berlin, 1952, p. xii.

¹⁸⁸ Karl Kautsky, “Isang Katekismo ng Sosyal-Demokrasya”, Die Neue Zeit, ika-13 ng Disyembre, 1893.

¹⁸⁹ Eduard Bernstein, Talumpati Hinggil sa Usapin ng Disarmamento sa Kongreso ng Partido Sosyal-Demokratikong German sa Chemnitz, 1912, na inilathala sa Handbuk ng Kongreso ng Partido Sosyal-Demokratiko noong 1910-1913, edisyong German, Munich, Vol. II, p. 9.

¹⁹⁰ Karl Kautsky, “Minsan Pa Hinggil sa Disarmamento”, Die Neue Zeit, ika-6 ng Setyembre, 1912.

Higit na mabisang mapapanatili ng mga bansa ng sibilisadong Europa (gayundin ang mga Amerikano) ang kapayapaan sa Malapit at Malayong Silangan sa pamamagitan ng kanilang mga rekursong pang-ekonomya at intelektwal kaysa sa pamamagitan ng mga armor at mga eroplano.¹⁹¹

9. Pinapurihan nilang maigi ang Liga ng mga Bansa na kontrolado ng mga imperyalista. Sabi ni Kautsky:

Ang mismong pag-iral ng Liga ng mga Bansa, sa sarili nito, ay isa nang malaking tagumpay para sa adhikain sa kapayapaan. Kinakatawan nito ang isang panikwas para sa pagpapanatili ng kapayapaan na hindi magagawa ng anumang iba pang institusyon.¹⁹²

10. Ipinalaganap nila ang ilusyon na maaaring sumalig sa imperyalismong US sa pagtatanggol sa kapayapaang pandaigdig. Sabi ni Kautsky:

Sa ngayon, ang United States ang pinakamalakas na kapangyarihan sa daigdig at gagawin nitong kaakit-akit ang Liga ng mga Bansa oras na kumilos ito sa loob nito o kasama nito upang pigilin ang digma.¹⁹³

Walang-habag na inilantad ni Lenin ang pangit na mga katangian ni Kautsky at mga tulad niya. Ipinakita niya na ang mga pananalitang pasipista ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal ay nagsilbi lamang “bilang isang paraan ng *pampapalubag-loob* sa mamamayan, bilang isang paraan ng *pagtulong* sa mga gubyrno para panatilihin ang pagpapahinuhod sa masa upang maipagpatuloy ang imperyalistang pamamaslang!”¹⁹⁴

Ipinunto ni Stalin:

At ang pinakaimportanteng bagay sa lahat ng ito ay ang Sosyal-Demokrasya ang siyang pangunahing daluyan ng imperyalistang pasipismo sa hanay ng uring manggagawa—sa gayon, ito ang pangunahing suporta ng kapitalismo sa hanay ng uring manggagawa sa paghahanda nito para sa bagong mga pakikidigma at panghihimasok.¹⁹⁵

Kahit sa isang pahapyaw na pagkukumpara ng mga pahayag ni Kasamang Khrushchov sa usapin ng digma at kapayapaan sa mga pahayag nila Bernstein, Kautsky at iba pa ay makikita na walang bago sa kanyang mga pananaw, na isang pag-uulit sa rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal.

Sa usapin ng digma at kapayapaan, na may napakahalagang kabuluhan sa kinabukasan ng sangkatauhan, sumusunod si Khrushchov sa mga yapak nila Bernstein at Kautsky. Gaya ng ipinapakita ng kasaysayan, isa itong landas na napakamapanganib sa kapayapaang pandaigdig.

¹⁹¹ Karl Kautsky, *Ang Usapin ng Depensa at Sosyal-Demokrasya*, edisyong German, Berlin, 1928, p. 32.

¹⁹² *Ibid.*, p. 25.

¹⁹³ Karl Kautsky, *Ang mga Sosyalista at Digma*, edisyong German, Prague, 1937, p. 630.

¹⁹⁴ V. I. Lenin, “Para sa mga Manggagawa na Sumusuporta sa Pakikibaka Laban sa mga Sosyalista na Pumakabila sa Panig ng Kanilang mga Gubyrno”, *Tinipong mga Akda*, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1942, Vol. XIX, p. 435.

¹⁹⁵ J. V. Stalin, “Mga Resulta ng Plenum ng KS, PKUS (B) noong Hulyo,” *Mga Akda*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1964, Vol. XI, p. 210.

Upang mabisang maipagtanggol ang kapayapaang pandaigdig at mapigilan ang isang bagong digmaang pandaigdig, dapat itakwil at labanan ng mga Marxista-Leninista at mamamayang nagmamahal sa kapayapaan ang maling linya ni Khrushchov.

ANG PINAKAMALAKING PANLOLOKO

Walang mas malaking kasinungalingan kaysa sa pagtukoy sa pinakakaaway ng kapayapaang pandaigdig bilang isang anghel na nagmamahal sa kapayapaan.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa pagsusuot sa mga sapatos ng mga pasistang Aleman, Italyano at Hapon, pinagsusumikapan ng imperyalismong US na magtatag ng malawak na emperyong pandaigdig na di pa napapantayan sa nakaraan. Ang “estratohiyang global” ng imperyalismong US ay ang pagsunggab at pagdomina sa intermedyang sona sa pagitan ng United States at kampong sosyalista, gapiin ang mga rebolusyon ng aping mga mamamayan at bansa at tumuloy sa pagwasak sa mga bayang sosyalista, at sa gayo’y dominahin ang buong daigdig.

Sa labingwalong taon pagkaraang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, para makamit ang ambisyon nito sa dominasyon sa daigdig, naglulunsad ang imperyalismong US ng mga digmang mapanalakay o armadong mga interbensyong kontra-rebolusyonaryo sa iba’t ibang panig ng mundo at aktibong naghahanda para sa isang bagong digmaang pandaigdig.

Malinaw na nananatiling bukal ang imperyalismo ng modernong mga digma at ang imperyalismong US ang pwera sa agresyon at pakikidigma sa kontemporaryong daigdig. Malinaw itong kinumpirma kapwa ng Deklarasyon ng 1957 at Pahayag ng 1960.

Pero pinaninindigan ng mga pinuno ng PKUS na ang pangunahing mga kinatawan ng imperyalismong US ay nagmamahal sa kapayapaan. Sinasabi nilang “lumitaw ang isang rasonableng grupo na may kakayahang tantyahin ang sitwasyon nang maliwanag ang pag-iisip. At sina Eisenhower at Kennedy ay mga kinatawan ng “rasonableng” grupong ito.

Pinapurihan ni Khrushchov si Eisenhower bilang isang tao na “nagtatamasa ng ganap na tiwala ng kanyang mamamayan”, “may tapat na pagnanasa sa kapayapaan” at “nag-aalala rin sa pagtitiyak sa kapayapaan tulad natin”.

Ngayon naman pinapapurihan ni Khrushchov si Kennedy bilang higit pang kwalipikado na balikatin ang responsibilidad sa pagsasanggalang sa kapayapaang pandaigdig kaysa kay Eisenhower. Nagpakita siya ng “pamamalasakit sa pagsasanggalang sa kapayapaan”,¹⁹⁶ at makatwirang asahang “lilikha ng maaasahang mga kondisyon para sa mapayapang buhay at mapanlikhang paggawa sa mundo.”¹⁹⁷

Pinaghihirapang maigi ni Khrushchov kagaya ng rebisyon ng Ikalawang Internasyunal ang pagsisinungaling tungkol sa imperyalismo at pagpapaganda rito.

¹⁹⁶ N. S. Khrushchov, Liham kay J. F. Kennedy, ika-27 Oktubre, 1962.

¹⁹⁷ Bagong Taong Mensahe ng Pagbati mula kay N. S. Khrushchov at L. I. Brezhnev kay J. F. Kennedy, Izvestia, ika-3 Enero, 1963.

Itinatanong ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS sa mga di naniniwala sa mga kasinungalingang ito: “Sa palagay ba ninyo, lahat ng mga gubyernong burges, sa lahat ng kanilang ginagawa, ay walang tamang katwiran?”

Malinaw na winawalang-bahala ng mga pinuno ng PKUS ang ABAKADA ng Marxismo-Leninism. Sa isang makauring lipunan, walang katwiran na nakahuhulagpos sa uri. Ang proletaryado ay may proletaryong katwiran at ang burgesya ay may burges na katwiran. Ang katwiran ay nangangahulugan na ang isang tao’y dapat magpakahusay sa pagtatakda ng mga patakaran ayon sa pundamental na mga interes ng sarili niyang uri at sa pagkilos alinsunod sa sariling saligang makauring paninindigan. Ang katwiran ni Kennedy at mga katulad niya ay nakabatay sa pagkilos alinsunod sa pundamental na mga interes ng monopolyong kapital na US, at ito’y katwirang imperyalista.

Sa panahong nagiging higit na di paborable sa imperyalismo ang internasyunal na balanse ng mga pwersa sa uri at nahaharap ang mga patakarang imperyalistang US sa agresyon at pakikidigma sa tuluy-tuloy na pagkatalo, kailangang ikubli ng mga imperyalistang US ang sarili nang mas madalas sa tabing ng kapayapaan.

Totoong may kahusayan si Kennedy sa pamumulaklak-dila tungkol sa kapayapaan at sa paggamit sa taktika sa kapayapaan. Pero, tulad ng kanyang patakaran sa digma, ang mapanlinlang na patakaran sa kapayapaan ni Kennedy ay nagsisilbi sa “estrategiyang global” ng imperyalismong US.

Ang “estrategiya ng kapayapaan” ni Kennedy ay naglalayong pagkaisahin ang buong daigdig bilang “pandaigdigang komunidad ng malalayang bansa” na nakaugat sa imperyalistang US na “batas at katarungan”.

Ang mga pangunahing punto ng “estrategiya ng kapayapaan” ni Kennedy ay ang sumusunod:

- Ipalaganap ang neokolonyalismong US sa Asya, Aprika at Amerika Latina sa mapayapang paraan;
- Pasukin at dominahin ang iba pang bayang imperyalista at kapitalista sa mapayapang paraan;
- Hikayatin sa mapayapang paraan ang mga bayang sosyalista na kunin ang landas Yugoslav na “mapayapang ebolusyon”;
- Parupukin at pahinain sa mapayapang paraan ang pakikibaka ng mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo.

Sa kanyang talumpati kamakailan lamang sa Pangkalahatang Asembleya ng United Nations, palalong inianunsyo ni Kennedy ang sumusunod na mga kondisyon para sa kapayapaan sa pagitan ng United States at Unyong Sobyet:

- (1) Dapat ipaloob ang Demokratikong Republika ng Alemanya sa Kanlurang Alemanya.
- (2) Hindi dapat pairalin ang Sosyalistang Cuba.
- (3) Dapat bigyan ang mga bayang sosyalista sa Silangang Europa ng “malayang pamimili”, na ang ibig niyang sabihin ay dapat papanumbalikin ang kapitalismo sa mga bayang ito.

- (4) Hindi dapat suportahan ng mga bayang sosyalista ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayan at bansang api.

Ang pagkamit sa kanilang mga layunin sa “mapayapang paraan” saanman posible ay isang pangkaraniwang taktika ng mga imperyalista at mga kolonyalista.

Laging umaasa ang reaksyunaryong mga uri sa dalawang taktika upang mapanatili ang kanilang paghahari at isagawa ang pagpapalaki ng yaman at kapangyarihan sa labas ng bayan. Ang isa ay ang taktika ng tila-paring panlilinlang, at ang isa pa’y ang tila-mataderong panunupil. Laging ginagamit ng imperyalismo ang mapanlinlang na patakaran nito ng kapayapaan at ang patakaran nito ng pakikidigma para palakasin ang isa’t isa, at ang mga ito’y komplementaryo. Ang katwiran ni Kennedy, na siyang kinatawan ng monopolyong kapital na US, ay maihahayag lamang sa higit na tusong paggamit sa dalawang taktikang ito.

Karahasan ang laging pangunahing taktika ng reaksyunaryong naghaharing mga uri. Ang tila-paring panlilinlang ay gumaganap lamang ng supplementaryong papel. Laging umaasa ang mga imperyalista sa mga pusisyon ng kalakasan upang umukit ng kanilang mga larangan ng impluwensya. Nilinaw nang maigi ni Kennedy ang puntong ito. Sabi niya: “Sa kahuli-hulihan, ang tanging paraan sa pagpapanatili sa kapayapaan ay ang pagiging handa sa pinakamasamang mangyayari na ipaglaban ang ating bayan—at seryosohin ito.”¹⁹⁸ Mula nang makapwesto si Kennedy, itinaguyod niya ang “estrategiya ng pleksibleng pagtugon”, na nangangailangan ng mabilis na pagtatatag ng “may iba’t ibang kasanayang mga pwersang militar” at ang pagpapalakas sa “lahatang-panig na kapangyarihan” upang makayanan ng United States na lumaban sa anumang tipo ng digma na nais nito, maging isang pangkalahatang digma man o isang limitadong digma, at maging isang digmang nukleyar man o isang digmang kumbensyunal, at maging isang malawakang digma man o isang maliitang digma. Ang hibang na planong ito ni Kennedy ay nagtulak sa pagpapalawak sa pananandata ng US at mga preparasyong pandigma sa walang kapantay na karurukan. Tunghayan natin ang mga sumusunod na datos na inilathala ng mga opisyal na sangguniang US:

1. Lumaki ang gastusing militar ng Gubernong US mula 46,700 milyong dolyares sa taong piskal 1960 hanggang sa 60,000 milyong dolyares sa taong piskal 1964, ang pinakamalaking sumang kailanman sa panahon ng kapayapaan, at higit pa kaysa sa panahon ng Digmang Koreano.
2. Kamakailan, idineklara ni Kennedy na sa nakalipas na dalawang taon at higit pa, nagkaroon ng 100 porsyentong paglaki sa bilang ng mga sandatang nukleyar ng estratehikong alertong pwersa ng US at 45 porsyentong paglaki ng mga dibisyong hukbo na handa sa kombat, napalaki nang 175 porsyento ang nakuhang sasakyang pangkargadat sa himpapawid at nagkaroon ng may halos limang ulit na paglaki sa “ispesyal na mga pwersang gerilya at kontra-insurhensya”.¹⁹⁹

¹⁹⁸ J. F. Kennedy, Talumpati sa Ikawalang Taunang Seremonya sa Araw ng mga Beterano, ika-11 ng Nobyembre, 1961.

¹⁹⁹ J. F. Kennedy, Talumpati sa isang Hapunan para sa Paglilikom ng Pondo ng Partido Demokratiko, ika-30 ng Oktubre, 1963.

3. Gumawa ang Nagkakaisang Istep para sa Pagpaplanong Estratehikong Target ng US (US Joint Strategic Target Planning Staff) ng mga plano para sa pakikidigmang nukleyar laban sa Unyong Sobyet at iba pang bayang sosyalista. Idineklara ni Robert McNamara, ang Kalihim sa Depensa ng US, sa simula ng taong ito na:

... nakalikha tayo, sa buong panahong pinag-uusapan, ng kapabilidad na wasakin halos lahat ng “malalambot” [nasa ibabaw ng lupa] at matigas-tigas” [mga medyo protektado] na target militar sa Unyong Sobyet at malaking bilang ng kanilang ganap na pinatigas na “missile sites”, kasama ang karagdagang kapabilidad sa anyo ng isang protektadong pwersa na gagamitin o irereserba para sa gamit laban sa mga purok lunsod at industriyal.²⁰⁰

Pinalakas ng United States ang network nito ng mga base para sa mga “missile” na nukleyar na nakatutok laban sa kampong sosyalista at pinalakas nang husto ang disposisyon ng mga submarinong nukleyar na nasasandatahan ng “missile” sa labas ng bayan.

Kasabay nito, tumulak pasilangan ang mga tropa ng blokeng NATO sa ilalim ng komand ng US sa taong ito at lumapit sa hanggahan ng Demokratikong Republika ng Alemanya at Czechoslovakia.

4. Pinalakas ng Administrasyong Kennedy ang mga disposisyong militar nito sa Asya, Amerika Latina at Aprika at nagsikap nang husto na palawakin ang “mga pwersang ispesyal” ng hukbong katihan, pandagat at panghimpapawid sa mga lugar na iyon. Ginawa ng United States na subukan sa timog Byetnam para sa “ispesyal na pakikidigma” at pinalaki ang tropa niya doon sa higit 16,000.
5. Pinalakas nito ang kanyang mga komand pandigma. Itinatag nito ang “Pambanat na Komand ng US” (“US Strike Command”) na kumokontrol sa pinagsamang pwersang pangkatihan at panghimpapawid na nagmamantini ng mataas na kahandaan sa kombat sa panahon ng kapayapaan, upang dagliang maipapadala sa anumang lugar sa daigdig para mang-upat ng mga digma. Nagtatag rin ito ng pambansang mga sentrong pangkomand militar kapwa sa ibabaw at ilalim ng lupa, at inorganisa ang Pangkagipitang Poste ng Komand Panghimpapawid (Emergency Airborne Command Post) na kumikilos mula sa sasakyang panghimpapawid at ng Pangkagipitang Poste ng Komand Pandagat (Emergency Sea Command Post) na kumikilos mula sa mga barkong pandigma.

Ipinakikita ng mga datos na ito na ang mga imperyalistang US ang pinakamabangis na militarista ng modernong panahon, ang pinakamabangis na tagapagpakana ng bagong digmaang pandaigdig, at ang pinakamabagsik na kaaway ng kapayapaang pandaigdig.

²⁰⁰ R. S. McNamara, Pahayag sa Harap ng Armed Services Command ng US Kamara de Representantes, ika-30 ng Enero, 1963.

Kung gayon, malinaw na hindi naging magagandang anghel ang mga imperyalistang US sa kabila ng pagbabasa ng bibliya at pag-awit ng salmo ni Khrushchov; hindi sila naging maaawaing Buddha sa kabila ng mga dalangin at pag-iinsenso ni Khrushchov. Gaano man katindi ang pagsisikap ni Khrushchov na paglingkuran ang mga imperyalistang US, hindi sila nagpapakita ng munti mang pagpapasalamat. Patuloy nilang inilalantad ang kanilang sariling kamoplaheng kapayapaan sa pamamagitan ng bago at napakaraming aktibidad sa agresyon at pakikidigma, at sa gayo'y patuloy na sinasampal sa mukha si Khrushchov at inilalantad ang pagkabangkarote ng kanyang katawa-tawang mga teorya na nagpapaganda sa imperyalismo. Ang kapalaran ng boluntaryong mga tagapangatwiran ng imperyalismong US ay tunay na kaawa-awa.

ANG USAPIN NG POSIBILIDAD NG PAGPIGIL SA ISANG BAGONG DIGMAANG PANDAIGDIG

Isang katotohanan na aktibong naghahanda para sa isang bagong digmaang pandaigdig ang mga imperyalistang pinamumunuan ng United States at naririyang ang panganib ng gayong digmaan. Dapat nating ilinaw ang katotohanang ito sa mamamayan.

Pero maaari bang pigilan ang isang bagong digmaang pandaigdig?

Ang mga pananaw ng mga Komunistang Tsino sa usaping ito ay lagi nang napakaliwanag.

Makaraan ang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sinuri ni Kasamang Mao Zedong sa siyentipikong paraan ang sitwasyong pandaigdig matapos ang digmaan at ihinarap ang pananaw na maaaring pigilan ang isang bagong digmaang pandaigdig.

Noon pang 1946, sa kanyang tanyag na panayam sa Amerikanang dyornalistang si Anna Louise Strong, sinabi niya na:

Subalit ang katotohanang napakaingay na itinatambol ngayon ng mga reaksyunaryong US ang tungkol sa isang digmaang US-Sobyet at lumilikha ng masamang klima, pagkatapos na pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ay pumipilit sa atin na suriin ang kanilang tunay na mga layunin. Lumalabas na sa likod ng kanilang mga islogang anti-Sobyet, nagngangalit nilang inaatake ang mga manggagawa at demokratikong mga sirkulo sa United States at ginagawang dependensyang US ang lahat ng mga bayang target ng panlabas na ekspansiyong US. Sa tingin ko, ang mamamayang Amerikano at ang mga mamamayan ng lahat ng bayang pinagbabantaan ng agresyong US ay dapat magkaisa at makibaka laban sa mga atake ng mga reaksyunaryong US at kanilang mga tuta sa mga bayang ito. Tanging sa pamamagitan ng tagumpay sa pakikibakang ito makakaiwas sa ikatlong digmaang pandaigdig; kung hindi, hindi ito maiiwasan.²⁰¹

²⁰¹ Mao Zedong, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 100.

Nakatuon ang mga pangungusap ni Kasamang Mao Zedong laban sa pesimistikong pagtaya sa sitwasyon sa daigdig sa panahong iyon. Araw-araw, pinatitindi ng mga imperyalista na pinamumunuan ng United States, kasama ang mga reaksyunaryo sa iba't ibang bayan, ang kanilang mga aktibidad na anti-Sobyet, anti-Komunista at anti-mamamayan, at itinatambol na “di maiiwasan ang digmaan sa pagitan ng United States at Unyong Sobyet” at “di maiiwasan ang pagsiklab ng ikatlong digmaang pandaigdig”. Binigyan ito ng malakas na publisidad ng mga reaksyunaryong Chiang Kai-shek upang takutin ang mamamayang Tsino. Hintakot sa gayong blakmeyl, humina ang loob ng ilang kasama sa harap ng armadong mga atake na inilunsad ng mga reaksyunaryong Chiang Kai-shek nang may suportang imperyalistang US at hindi nangahas na matatag na labanan ang kontra-rebolusyonaryong digma sa pamamagitan ng rebolusyonaryong digma. Iba ang pananaw ni Kasamang Mao Zedong. Tinukoy niya na maaaring mapigil ang isang bagong digmaang pandaigdig kung maglulunsad ng matatag at mabisang mga pakikibaka laban sa pandaigdigang reaksyon.

Kinumpirma ang kanyang siyentipikong proposisyon ng dakilang tagumpay ng Rebolusyong Tsino.

Idinulot ng tagumpay ng Rebolusyong Tsino ang napakalaking pagbabago sa internasyunal na balanse ng mga pwersa sa uri. Sinabi ni Mao Zedong noong Hunyo 1950 na:

Nananatili pa ang banta ng digma ng imperyalistang kampo, nananatili pa ang posibilidad ng ikatlong digmaang pandaigdig. Ngunit papalakas ang mga pwersang bumibigo sa panganib ng digma at pumipigil sa ikatlong digmaang pandaigdig, at ang pampulitikang kamulatan ng malawak na masa ng mamamayan ng daigdig. Maaaring pigilin ang isang bagong digmaang pandaigdig kung ang mga Partido Komunista sa buong daigdig ay patuloy na nagkakaisa at pinalalakas lahat ng mga pwersa sa kapayapaan at demokrasya na maaaring pagkaisahin.²⁰²

Noong Nobyembre 1957, sa isang pulong ng magkakapatid na Partido, gumawa ng detalyadong pagsusuri si Kasamang Mao Zedong sa mga pagbabago sa mga relasyong internasyunal mula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ipinakita na nakarating na ang sitwasyon sa daigdig sa isang bagong punto ng pagpihit. Malinaw na malinaw niyang inilarawan ang sitwasyon sa pamamagitan ng isang metapora mula sa isang klasikong nobelang Tsino — “Nangingibabaw ang hanging silangan sa hanging kanluran”. Sabi niya:

Katangian ng sitwasyon ngayon, sa ganang akin, na ang hanging Silangan ay nangingibabaw sa hanging Kanluran. Sa ibang salita, ang mga pwersa ng sosyalismo ay napakasuperyor sa mga pwersa ng imperyalismo.²⁰³

²⁰² Mao Zedong, “Makibaka para sa Pundamental na Pihit sa Ikabubuti ng Sitwasyong Pampinansya at Pang-ekonomya sa Tsina”, Renmin Ribao, ika-13 ng Hunyo, 1950.

²⁰³ Si Kasamang Mao Zedong hinggil sa “Ang Imperyalismo at Lahat ng Reaksyunaryo ay mga Tigreng Papel”, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1963, p. 35.

Narating niya ang kongklusyong ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa internasyunal na mga relasyon sa uri. Maliwanag niyang inilagay sa panig ng “hanging Silangan” ang kampong sosyalista, ang pandaigdigang uring manggagawa, ang mga Partido Komunista, ang mga mamamayan at bansang api at ang mamamayan at bayang nagmamahal sa kapayapaan, habang nililimita ang “hanging Kanluran” sa mga pwersa sa digma ng imperyalismo at reaksyon. Ang pampulitikang kahulugan ng metaporang ito ay napakalinaw at depinido. Ang katotohanang pinipilit ang metaporang ito ng mga pinuno ng PKUS at kanilang mga tagasunod bilang isang heograpikal o etnikal o metyorolohikal na konsepto ay nagpapakita lamang na nais nilang isiksik ang sarili sa hanay ng “Kanluran” upang bigyang kasiyahan ang mga imperyalista at mang-upat ng sobinismo sa Europa at Hilagang Amerika.

Ang pangunahing layunin ni Kasamang Mao Zedong sa pagsasabing “nangingibabaw ang hanging Silangan sa hanging Kanluran” ay ipakita ang papalaking posibilidad na maaaring mapigil ang bagong digmaang pandaigdig at kakayanin ng mga bayang sosyalista na isulong ang konstruksyon sa isang mapayapangkapaligiran.

Ang mga proposisyong ito ni Kasamang Mao Zedong ang di natitinag na mga pananaw ng Partido Komunista ng Tsina noon at ngayon.

Samakatuwid malinaw na ang mga pinuno ng PKUS ay sadyang nagsisinungaling sa pagsasabing ang Partido Komunistang Tsino ay “hindi naniniwala sa posibilidad ng pagpigil sa bagong digmaang pandaigdig.”²⁰⁴

Muli, malinaw na ang tesis hinggil sa posibilidad ng pagpigil sa ikatlong digmaang pandaigdig ay matagal nang ihinarap ng mga Marxista-Leninista; hindi ito unang ihinarap sa ika-20 Kongreso ng PKUS at hindi ito “likha” ni Khrushchov.

Totoo kaya kung gayon na walang nilikha si Khrushchov? Hindi. Mayroon siyang nilikha. Sa kasawiang-palad, ang mga “likhang” ito ay tiyak na hindi Marxista-Leninista, kundi rebisyunista.

Una, sadyang ipinagpalagay ni Khrushchov ang posibilidad ng pagpigil sa bagong digmaang pandaigdig bilang tanging posibilidad, at pinanindigang walang posibilidad ng bagong digmaang pandaigdig.

Pinaninindigan ng mga Marxista-Leninista na habang tinutukoy ang posibilidad ng pagpigil sa bagong digmaang pandaigdig, dapat rin nating tawagin ang pansin sa posibilidad na maaaring maglunsad ng digmaang pandaigdig ang imperyalismo. Tanging sa pagtukoy sa dalawang posibilidad, sa pagtalima sa wastong mga patakaran at sa paghahanda para sa dalawang maaaring mangyari mabisa nating mapapakilos ang masa sa pagsusulong ng mga pakikibaka sa pagtatanggol sa kapayapaang pandaigdig. Sa pamamagitan lamang nito maiiwasang mabigla ang mga bayan at mamamayang sosyalista at iba pang bayan at mamamayang nagmamahal sa kapayapaan at maiiwasang wala silang kahanda-handa kung ipwersa ng imperyalismo ang isang digmaang pandaigdig sa mamamayan ng daigdig.

²⁰⁴ Bukas na Liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet para sa Lahat ng mga Organisasyon ng Partido, para sa Lahat ng Komunista ng Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

Gayunman, tutol si Khrushchov at iba pa sa paglalantad sa panganib ng isang bagong digmaang pandaigdig na ipinapakana ng mga imperyalista. Ayon sa kanila, ang imperyalismo sa aktwal ay naging mapagmahal sa kapayapaan. Nakakatulong ito sa mga imperyalista sa paghehele sa masa at pagpapahina sa kanilang kapasyahang lumaban nang sa gayo'y mabitiwan nila ang kanilang pagmamatyag laban sa panganib ng bagong digma na ipinapakana ng mga imperyalista.

Ikalawa, sadyang ipinagpalagay ni Khrushchov ang posibilidad ng pagpigil sa isang bagong digmaang pandaigdig bilang posibilidad ng pagpigil sa lahat ng digma, at pinanindigan na ang kasabihang Leninista na di maiiwasan ang digma hangga't umiiral ang imperyalismo ay lipas na.

Isang bagay ang posibilidad ng pagpigil sa bagong digmaang pandaigdig; ibang bagay naman ang posibilidad ng pagpigil sa lahat ng digma, kabilang ang mga rebolusyonaryong digma. At maling-mali na ipagkamali ang dalawa.

May batayan para sa mga digma hangga't umiiral ang imperyalismo at ang sistema ng pagsasamantala ng tao sa tao. Isa itong obhetibong batas na natuklasan ni Lenin matapos ang malawak na siyentipikong pag-aaral.

Sinabi ni Stalin noong 1952, matapos tukuyin ang posibilidad ng pagpigil sa bagong digmaang pandaigdig, "Upang mapawi ang pagiging di maiiwasan ng digma, kailangang lipulin ang imperyalismo".²⁰⁵

Tama si Lenin at si Stalin at mali si Khrushchov.

Ipinakikita ng kasaysayan na habang nagtagumpay ang mga imperyalista sa paglulunsad ng dalawang digmaang pandaigdig, naglunsad sila ng napakaraming digma ng iba pang tipo. Makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa pamamagitan ng kanilang mga patakarang agresyon at digma, naging sanhi ang mga imperyalistang pinamumunuan ng United States ng walang tigil na mga digmang lokal at lahat ng klase ng armadong tunggalian sa maraming lugar, at laluna sa Asya, Aprika, at Amerika Latina.

Malinaw na di maiiwasan ang mga digma para sa pambansang pagpapalaya kapag ipinapadala ng mga imperyalista, at ng mga imperyalistang US sa partikular, ang kanilang mga tropa o ginagamit ang kanilang mga alipures para magsagawa ng madudugong panunupil sa mga bansang api at bayang nakikibaka o nagtatanggol sa pambansang kasarinlan.

Sabi ni Lenin:

Ang pagtatwa sa lahat ng posibilidad ng mga digmang pambansa sa ilalim ng imperyalismo ay mali sa teorya, malinaw na mali sa istorikong pagsusuri, at sa praktika ay nangangahulugan ng sobinismong Europeo.²⁰⁶

Kasinlinaw nito na di maiiwasan ang mga digmang sibil kapag sinusupil ng burges na mga reaksyunaryo ang mamamayan sa sarili nilang mga bayan sa pamamagitan ng lakas ng armas.

Sabi ni Lenin:

²⁰⁵ J. V. Stalin, *Mga Suliraning Pang-ekonomya ng Sosyalismo sa USSR*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, p. 41.

²⁰⁶ V. I. Lenin, "Ang Programang Pandigma ng Proletaryong Rebolusyon", *Piling mga Akda*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. I, Ikatlong Bahagi, p. 571.

... mga digma rin ang mga digmang sibil. Di maiiwasang makilala ng sinumang kumikilala sa tunggalian ng uri ang mga digmang sibil, na natural sa bawat makauring lipunan, at sa ilalim ng ilang kondisyon, bilang di mapipigilang pagpapatuloy, pag-unlad at pagtindi ng tunggalian ng uri. Pinatutunayan ito ng lahat ng dakilang mga rebolusyon. Ang pagtatakwil sa digmang sibil, o pagkaligta rito, ay mangangahulugang paglubog sa sukdulang oportunismo at pagtalikod sa sosyalistang rebolusyon.²⁰⁷

Halos lahat ng dakilang mga rebolusyon sa kasaysayan ay isinagawa sa pamamagitan ng mga digmang rebolusyonaryo. Mga halimbawa nito ang Digma sa Independensya at Digmang Sibil sa Amerika. Isa pang halimbawa ang Rebolusyong Pranses. Mangyari pa, ang Rebolusyong Ruso at ang Rebolusyong Tsino ay mga halimbawa rin. Mga tanyag na halimbawa rin ang mga rebolusyon sa Byetnam, Cuba, Algeria, atbp.

Noong 1871, sa paglalagom ng mga aral ng Komuna ng Paris sa kanyang talumpati sa paggunita sa ikapitong anibersaryo ng pagtatatag ng Unang Internasyunal, binanggit ni Marx ang mga kondisyon para sa pagpawi sa makauring dominasyon at makauring pang-aapi. Sabi niya:

... bago malubos ang gayong pagbabago, kailangan ang isang diktadura ng proletaryado, at ang unang batayan nito ay isang hukbo ng proletaryado. Dapat maipagtagumpay ng uring manggagawa ang karapatan sa kanyang pagpapalaya sa larangan ng digmaan.²⁰⁸

Alinsunod sa teoryang Marxista-Leninista, ihinrap ni Kasamang Mao Zedong ang bantog na tesis na “ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa dulo ng baril”, nang tinalakay ang mga aral ng Rebolusyong Ruso at Tsino noong 1938. Ang tesis na ito rin ay naging target ng atake ng mga pinuno ng PKUS. Sabi nila ito’y ebidensya ng pagiging “paladigma” ng Tsina.

Pinagpipitagang mga kaibigan, ang mga paninirang tulad ng sa inyo ay pinabulaanan ni Kasamang Mao Zedong dalawampu’t limang taon na ang nakalipas:

Ayon sa Marxistang teorya ng estado, ang hukbo ang pangunahing salik ng kapangyarihang estado. Sinumang nagnanais na makaagaw ng at makapagpanatili sa kapangyarihang estado ay kailangang may malakas na hukbo. Kinakantyan kami ng ilang tao na tagapagtaguyod ng “kapangyarihan sa lahat ng digma”. Oo, kami ay mga tagapagtaguyod ng kapangyarihan sa lahat ng rebolusyonaryong digma; mabuti iyon at hindi masama; ito’y Marxista.²⁰⁹

Ano ang mali sa pangungusap ni Kasamang Mao Zedong? Ang mga tumatanggi lamang sa lahat ng istorikong karanasan na nakamit sa mga rebolusyong burges at proletaryo sa nakaraang ilan daang taon ang tatanggi sa kanyang pananaw na ito.

²⁰⁷ *Ibid.*

²⁰⁸ Mga Akda nina Marx at Engels, edisyong German, Dietz Verlag, Berlin, 1962, Vol. XVII, p. 423.

²⁰⁹ Mao Zedong, “Mga Usapin sa Digma at Estratehiya”, Piling mga Sulating Militar, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1963, p. 273.

Sa pamamagitan ng kanilang mga baril nilikha ng mamamayang Tsino ang pampulitikang kapangyarihang sosyalista. Madaling maintindihan ng lahat liban sa mga imperyalista at kanilang mga alipures na ito'y isang mainam na bagay at isa itong importanteng salik sa pagsasanggalang sa pandaigdigang kapayapaan at sa pagpipigil sa ikatlong digmaang pandaigdig.

Hindi ikinukubli ng mga Marxista-Leninista ang kanilang mga pananaw. Buong puso nating sinusuportahan ang bawat rebolusyonyong digma ng mamamayan. Gaya ng sinabi ni Lenin tungkol sa gayong rebolusyonyong digma, “Sa lahat ng digma sa kasaysayan, ito ang tanging matuwid, tama, makatarungan at tunay na dakilang digma.”²¹⁰ Kung tayo'y inakusahan ng pagiging paladigma dahil lamang dito, pinatutunayan lamang na tayo'y tunay na pumapanig sa mga mamamayan at bansang api at tunay na Marxista-Leninista.

Laging tinutuligsa ng mga imperyalista at rebisyunista ang mga Bolshevik at rebolusyonyong mga pinuno tulad ni Lenin at Stalin ng pagiging “paladigma”. Ang mismong katotohanan na ngayon kami'y inaalipusta ng mga imperyalista at mga rebisyunista ay nagpapakita na kami'y matayog na nagwawagaysay sa rebolusyonyong bandila ng Marxismo-Leninismo.

Masiglang ipinapalaganap ni Khrushchov at iba pa ang pananaw na kayang mapigil lahat ng digma at maaaring makalikha ng “isang daigdig na walang mga sandata, walang armadong mga pwersa at walang mga digma” habang umiiral pa ang imperyalismo. Walang iba ito kundi ang teorya ni Kautsky sa “ultra-imperyalismo” na matagal nang nabangkarote. Napakalinaw ng kanilang layunin; ito ay upang papaniwalain ang mamamayan na makakamit ang permanenteng kapayapaan sa ilalim ng imperyalismo at sa gayo'y mapapawi ang rebolusyon at mga digma sa pambansang pagpapalaya at rebolusyonyong mga digmang sibil laban sa imperyalismo at mga alipures nito, at sa katunaya'y tutulungan ang mga imperyalista sa kanilang mga preparasyon para sa isang bagong digma.

ANG PANANANGANG AGIMAT ANG SANDATANG NUKLEYAR AT BLAKMEYL NA NUKLEYAR ANG BATAYANG TEORETIKAL AT GUMAGABAY NA PATAKARAN NG MODERNONG REBISYUNISMO

Ang puso ng teorya ng mga pinuno ng PKUS hinggil sa digma at kapayapaan ay ang kanilang tesis na binago ang lahat ng paglitaw ng mga sandatang nukleyar, kabilang ang mga batas ng tunggalian ng uri.

Sinasabi ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS, “Binago ng mga sandatang nukleyar at rocket sa kalagitnaan ng siglong ito ang dating mga pagkakaunawa sa digma.” Sa paanong paraan nabago ang mga ito?

²¹⁰ V. I. Lenin, “Rebolusyonyong Kapanahunan”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1962, Vol. VIII, p. 107.

Pinaninindigan ng mga pinuno ng PKUS na sa pagsulpot ng mga sandatang nukleyar wala nang anumang pagkakaiba sa pagitan ng makatarungan at di makatarungang mga digma. Sinasabi nila na “hindi gumuguhit ng pag-iiba sa uri ang bomba atomika” at “hindi pinag-iiba ng bomba atomika ang mga imperyalista at anakpawis na tinatamaan nito sa mga lugar, kung kayat milyong mga manggagawa ang mapapatay sa bawat monopolistang mawawasak”.²¹¹

Pinaninindigan nila na sa pagsulpot ng mga sandatang nukleyar dapat bitiwang ng mga mamamayan at bansang api ang rebolusyon at umiwas sa pagsusulong ng makatarungang rebolusyonaryong mga digmang popular at mga digma para sa pambansang pagpapalaya, dahil daw ang gayong mga digma ay hahantong sa paglipol sa sangkatauhan. Sabi nila, “... anumang maliit na ‘digmang lokal’ ay maaaring makapagpasiklab sa malawak na sunog ng isang digmaang pandaigdig” at “Ngayon, anumang tipo ng digma, kahimat sumiklab ito bilang isang karaniwang digmang di nukleyar, ay malamang na umunlad bilang isang mapanlipol na kasunugang ‘nuclearmissile’”.²¹² Sa gayon, “Wawasakin natin ang ating Arko ni Noah – ang mundo.”

Pinaninindigan ng mga pinuno ng PKUS na hindi dapat tumutol ang mga bayang sosyalista kundi sumuko sa imperyalistang blakmeyl na nukleyar at mga banta sa digma. Sinabi ni Khrushchov:

Walang anumang duda na ang isang pandaigdigang digmang nukleyar, kapag sinimulan ng mga hibang na imperyalista, ay di maiiwasang magresulta sa pagbagsak ng kapitalistang sistema, isang sistemang nag-aanak ng mga digma. Ngunit makikinabang ba ang mga bayang sosyalista at ang adhikain ng sosyalismo sa lahat ng panig ng daigdig sa isang pandaigdigang sakunang nukleyar? Ang mga tao lamang na sadyang nagpipinid ng kanilang mga mata sa katotohanan ang nag-iisip nang gayon. Kaugnay ng Marxismo-Leninismo, hindi nila maipapanukalang magtatag ng isang Komunistang sibilisasyon sa guhon ng mga sentro ng pandaigdigang kultura, sa kalupaang winasak at kontaminado ng nukleyar na “fall-out”. Hindi na halos natin kailangang idagdag na sa kaso ng maraming mga mamamayan, ang usapin ng sosyalismo ay ganap na mawawala dahil sila’y pisikal na maglalaho na mula sa ating planeta.²¹³

Sa maikling salita, ayon sa mga pinuno ng PKUS, sa pagsulpot ng mga sandatang nukleyar, ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga kampong sosyalista at imperyalista, ang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa mga bayang kapitalista, at ang kontradiksyon sa pagitan ng mga bansang api at imperyalismo ay pawang nagsilaho. Wala nang anumang makauring kontradiksyon sa daigdig. Itinuturing nila ang mga kontradiksyon sa kontemporaryong daigdig na maisusuma sa isang kontradiksyon, ’ibig sabihin, ang kanilang gawa-gawang kontradiksyon sa pagitan ng tinaguriang kaligtasang komun ng imperyalismo at ng mga uri at bansang api sa isang banda at ang kanilang ganap na pagkalipol sa kabila.

²¹¹ Bukas na Lihang ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet para sa Lahat ng Organisasyon ng Partido, para sa Lahat ng Komunista ng Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

²¹² N. S. Khrushchov, Talumpati sa Radyo at Telebisyon, ika-15 ng Hunyo, 1961.

²¹³ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Ikanim na Kongreso ng Sosyalistang Partido ng Pagkakaisa ng Germany, ika-16 ng Enero, 1963.

Para sa mga pinuno ng PKUS, ang Marxismo-Leninismo, ang Deklarasyon at ang Pahayag, at ang sosyalismo at komunismo ay itinapon na sa hangin.

Napakatahasan itong sinabi ng PRAVDA: “Ano ang silbi ng mga prinsipyo kung pinugot naman ang iyong ulo?”²¹⁴

Para na rin nitong sinabi na ang mga rebolusyonaryong namatay sa mga sable ng mga reaksyunaryo para sa tagumpay ng Rebolusyong Rusya at ng Rebolusyong Oktubre, ang mga mandirigmang magiting na nagbuwis ng buhay sa digmang anti-pasista, ang mga bayani na nagbuhos ng dugo sa pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa pambansang kasarinlan at ang mga martir sa rebolusyonaryong adhika sa mga nagdaang panahon ay pawang mga hangal. Bakit nila isinuko ang kanilang mga ulo para sa paninindigan sa prinsipyo?

Ito ang pilosopiya ng tahasang mga taksil. Ito’y isang walang kahihiyang pahayag, na makikita lamang sa pangungumpisal ng mga taksil.

Sa gabay ng teoryang ito ng pananangang agimat ang sandatang nukleyar at blakmeyl na nukleyar, iginigiit ng mga pinuno ng PKUS na ang paraan sa pagtatanggol sa kapayapaang pandaigdig ay hindi sa pagkakaisa ng lahat ng mga pwersa sa kapayapaan at pagbubuo ng pinakamalapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US at mga alipures nito kundi sa kooperasyon ng dalawang kapangyarihang nukleyar, ang United States at Unyong Sobyet sa paglutas sa mga suliranin ng daigdig.

Sabi ni Khrushchov:

Kami [ang Unyong Sobyet at ang United States] ang pinakamalakas na bayan sa daigdig at kung kami’y magkakaisa para sa kapayapaan, hindi magkakaroon ng digma. Sa gayon, kung may hibang na nais ng digma, iwawasiwas lamang namin ang aming mga daliri para tigilan siya.²¹⁵

Sa gayo’y lantad na sa lahat kung hanggang saan nakarating ang mga pinuno ng PKUS sa pagtuturing sa kaaway bilang kanilang kaibigan.

Para pagtakpan ang kanilang pagkakamali, di nagdalawang-isip ang mga pinuno ng PKUS na atakihin ang wastong linya ng PKT sa pamamagitan ng mga kasinungalingan at paninira. Iginigiit nila na sa pamamagitan ng pagtataguyod ng suporta para sa mga digmang bayan para sa pambansang pagpapalaya at rebolusyonaryong mga digmang sibil, nais ng Partido Komunista ng Tsina na mang-upat ng pandaigdigang digmang nukleyar.

Isa itong kakatwang kasinungalingan.

Laging pinaninindigan ng Partido Komunista ng Tsina na dapat aktibong sumuporta ang mga bayang sosyalista sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan, kabilang ang mga digma para sa pambansang pagpapalaya at mga rebolusyonaryong digmang sibil. Ang hindi paggawa nito ay mangangahulugang pagtatakwil sa kanilang proletaryong internasyunalistang tungkulin. Kasabay nito, pinaninindigan namin na makakamit ng mga mamamayan at bansang api ang paglaya sa pamamagitan lamang ng kanilang sariling puspusang rebolusyonaryong pakikibaka at walang iba pang makakagawa nito para sa kanila.

²¹⁴ “Sa Kaliwa ng Sentido Komon”, Pravda, ika-15 ng Agosto, 1963.

²¹⁵ N. S. Khrushchov, Panayam kay US Dyurnalistang C. L. Sulzberger noong ika-5 ng Setyembre, 1961, Pravda, ika-10 ng Setyembre, 1964.

Lagi naming pinaninindigan na hindi dapat gumamit ang mga sosyalistang bayan ng mga sandatang nukleyar para suportahan ang mga digmang bayan sa pambansang pagpapalaya at mga rebolusyonaryong digmang sibil at hindi nila kailangang gamitin iyon.

Lagi naming pinaninindigan na kailangang makamit at mantinahin ng mga bayang sosyalista ang superyoridad nukleyar. Ito lamang ang makakapigil sa mga imperyalista sa paglulunsad ng isang digmang nukleyar at makakatulong sa pagkakamit sa ganap na prohibisyon ng mga sandatang nukleyar.

Tuluy-tuloy naming pinaninindigan na sa mga kamay ng isang bayang sosyalista, dapat laging maging depensibong mga sandata ang mga sandatang nukleyar para magtanggol laban sa imperyalistang mga bantang nukleyar. Absolutong hindi dapat maunang gumamit ng mga sandatang nukleyar ang isang sosyalistang bayan, at hindi nito dapat, sa anumang sirkunstansya, na paglaruan ang mga ito o magsagawa ng blakmeyl na nukleyar o pagsusugal na nukleyar.

Tutol kami kapwa sa maling praktika sa panig ng mga pinuno ng PKUS na pagkakait ng suporta sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan at sa kanilang maling kaparaanan sa mga sandatang nukleyar. Sa halip na suriin ang sarili nilang mga pagkakamali, inaakusahan nila kami ng pag-aasam ng “tuwirang sagupaan”²¹⁶ sa pagitan ng Unyong Sobyet at United States, at sa pagtatangkang itulak sila sa isang digmaang nukleyar.

Ang aming tugon ay: Hindi, mga kaibigan. Mabuti pang itigil na ninyo ang inyong panindak na paninirang-puri. Matatag na tutol ang Partido Komunistang Tsino sa isang “tuwirang sagupaan” sa pagitan ng Unyong Sobyet at United States, at hindi sa salita lamang. Sa gawa rin, puspusang kumilos ito upang mapigilan ang tuwirang armadong tunggalian sa pagitan nila. Ang mga halimbawa nito ay ang Digmang Koreano laban sa imperyalismong US kung saan kami’y lumaban katabi ng mga kasamang Koreano at ang aming pakikibaka laban sa United States sa Kipot ng Taiwan. Pinili namin mismo na balikatin ang mabibigat na sakripisyong kailangan at tumindig sa unang linya ng depensa ng kampong sosyalista upang manatili ang Unyong Sobyet sa ikalawang linya. May natitira pa bang anumang diwa ng proletaryong moralidad ang mga pinuno ng PKUS sa kanilang paghahabi ng gayong mga kasinungalingan?

Sa katunayan, hindi kami kundi ang mga pinuno ng PKUS ang madalas na nagmamalaki na gagamitin nila ang mga sandatang nukleyar para tulungan ang pakikibakang anti-imperyalista ng isang o iba pang bayan.

Gaya ng alam ng lahat, walang mga sandatang nukleyar ang mga mamamayan at bansang api, at hindi nila magagamit ang mga ito para magrebolusyon, at wala rin silang pangangailangan na gumamit nito. Inaamin ng mga pinuno ng PKUS na madalas ay walang malinaw na linya ng digmaan sa pagitan ng dalawang panig sa mga digma para sa pambansang pagpapalaya at mga digmang sibil, at sa gayon hindi mapag-uusapan ang paggamit ng mga sandatang nukleyar. Nais naming tanungin kung gayon ang mga pinuno ng PKUS: Ano ang pangangailangan para sa isang bayang sosyalista na sumuporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa pamamagitan ng mga sandatang nukleyar?

²¹⁶ “Ang Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista at ang Mapanghating Plataporma ng mga Pinunong Tsino”, artikulo ng lupong editoriyal sa *Kommunist*, Mosow, No. 14, 1963.

Nais rin naming itanong sa kanila: Paanong gagamitin ng isang sosyalistang bayan ang mga sandatang nukleyar para suportahan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng isang aping mamamayan o bansa? Gagamitin ba nito ang mga sandatang nukleyar sa isang erya kung saan nagaganap ang isang digma para sa pambansang pagpapalaya o ang isang rebolusyonaryong digmang sibil, at sa gayo'y ipapailalim kapwa ang rebolusyonaryong mamamayan at ang mga imperyalista sa isang birang nukleyar? O kaya'y mauuna itong gumamit ng mga sandatang nukleyar laban sa isang imperyalistang bayan na naglulunsad ng isang kumbensyunal na digmang mapanalakay sa ibang lugar? Malinaw na sa alinman sa dalawang kaso, absolutong hindi maaari para sa isang sosyalistang bayan na gumamit ng mga sandatang nukleyar.

Ang totoo niyan, kapag ang mga pinuno ng PKUS ay nagwawasiwas ng kanilang mga sandatang nukleyar, hindi ito totoong para suportahan ang anti-imperyalistang mga pakikibaka ng mamamayan.

Paminsan-minsan, upang makakuha na mumurahing prestihiyo, naglalathala sila ng hungkag na mga pahayag na wala silang balak na tupdin.

Minsan naman, halimbawa'y sa panahon ng krisis Caribbean, nagsasagawa sila ng ispekulatibo, oportunistang at iresponsableng pagsusugal na nukleyar.

Oras na malantad ang kanilang blakmeyl na nukleyar at tinapatan ng ganoon din, umaatras sila nang umaatras, bumabaling mula adbenturismo tungo sa kapitulasyunismo at naipapatalo ang lahat dahil sa kanilang pagsusugal na nukleyar.

Nais naming ipakita na ang dakilang mamamayang Sobyet at Pulang Hukbo ay naging at nananatiling malaking pwersang nagsasanggalang sa pandaigdigang kapayapaan. Ngunit ang mga ideyang militar ni Khrushchov na nakabatay sa pananangang agimat ang sandatang nukleyar at blakmeyl na nukleyar ay maling-mali.

Tanging mga sandatang nukleyar ang nakikita ni Khrushchov. Ayon sa kanya, "Dahil ganyan ang kasalukuyang antas ng teknikong militar, nawala na ang dating kahalagahan ng Hukbong Panghimpapawid at Pandagat. Ang mga sandatang ito ay pinapalitan at hindi binabawasan."²¹⁷

Mangyari pa, ang mga yunit at tauhan na may "combat duty" sa katihan ay mas mababa pa ang kabuluhan. Ayon sa kanya, "Sa ating panahon, hindi napagpapasyahan ang depensibong kapasidad ng isang bayan ng bilang ng taong may armas, ng taong unipormado... ang potensyal sa depensa ng isang bayan ay mapagpasyang nakasalalay sa lakas ng sandata at ang kakayahan sa delibero ng bayang iyon."²¹⁸

Kaugnay ng milisya at mamamayan, higit pa silang walang kabuluhan. Binigkas ni Khrushchov ang kilalang-kilalang pangungusap na para sa mga may hawak ng modernong mga sandata, ang milisya ay hindi isang hukbo kundi mga katawang tao lamang.²¹⁹

Ang buong kalipunan ng mga teoryang militar ni Khrushchov ay ganap na kasalungat ng mga Marxista-Leninistang aral hinggil sa digma at sa hukbo. Ang pagtalima sa kanyang maling mga teorya ay mangangahulugan ng pdisintegrasyon ng hukbo at pagdisarmang moral sa sarili.

⁴¹ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Enero 1960.

²¹⁸ *Ibid.*

²¹⁹ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pulong ng mga Kinatawan ng mga Partidong Prateral sa Bucharest, ika-24 ng Hunyo, 1960.

Maliwanag na kung tatanggapin ng alinmang bayang sosyalista ang maling estratehiyang militar ni Khrushchov, ilalagay nito ang kanyang sarili sa isang nakapamapanganib na katayuan.

Maaaring igawad ni Khrushchov sa sarili iyong mga titulong tulad ng “dakilang kampyon ng kapayapaan”, pagkalooban ang sarili ng gantimpalang kapayapaan at sabitan ang sarili ng mga medalya ng mga bayani, pero gaanuman niya papurihan ang sarili, hindi niya mapagtatakan ang kanyang mapanganib na gawain na walang bahalang paglalaro sa mga sandatang nukleyar o ang kanyang pangangayupapa sa harap ng imperyalistang blakmeyl na nukleyar.

LUMABAN O SUMUKO?

Maaari lamang maipagwagi ang pandaigdigang kapayapaan sa pamamagitan ng pakikibaka ng mamamayan ng lahat ng bayan at hindi sa pamamagitan ng pamamalimos para rito sa mga imperyalista. Maaari lamang mabisang maipagsanggalang ang kapayapaan sa pamamagitan ng pagsalig sa masa ng mamamayan at paglulunsad ng pakikibakang ngipin-sa-ngipin laban sa imperyalistang mga patakaran ng agresyon at digma. Ito ang wastong patakaran.

Ang pakikibakang ngipin-sa-ngipin ay isang mahalagang kongklusyon na hinalaw ng mamamayang Tsino mula sa kanilang matagalang pakikibaka laban sa imperyalismo at mga alipures nito.

Ani Kasamang Mao Zedong:

Laging tinatangka ni Chiang Kai-shek na agawin ang bawat butil ng kapangyarihan at bawat butil ng tagumpay mula sa mamamayan. At tayo naman? Ang ating patakaran ay sagutin siya nang ngipin-sa-ngipin at ipaglaban ang bawat pulgada ng kalupaan. Kumikilos tayo nang katulad niya.²²⁰

Idinagdag pa niya:

Lagi niyang tinatangka na ipataw ang digma sa mamamayan, may isang espada sa kanyang kaliwang kamay at isa pa sa kanyang kanan. Gagamit rin tayo ng mga espada, bilang tugon sa kanyang halimbawa.²²¹

Sa pagsusuri sa pampulitikang sitwasyong panloob noong 1945, sinabi ni Kasamang Mao Zedong:

Nakabatay sa sitwasyon kung paanong tumugon ng ngipin-sa-ngipin.

²²⁰ Mao Zedong, “Ang Sitwasyon at ang Ating Patakaran Matapos ang Tagumpay sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 14.

²²¹ *Ibid.*

Kung minsan, ang hindi pakikipagnegosasyon ay ngipin-sa-ngipin; kung minsan naman, ang pakikipagnegosasyon ay ngipin-sa-ngipin rin.... Kung simulan nila ang pakikipaglaban, lalaban rin tayo, lalaban para ipagwagi ang kapayapaan. Hindi sasapit ang kapayapaan kung hindi tayo makapagbibigay ng matitinding bigwas sa mga reaksyunaryo na nangangahas sumalakay sa mga Pinalayang Purok.²²²

Hinalaw niya ang sumusunod na istorikong aral mula sa pagkabigo ng Rebolusyong Tsina noong 1924-27:

Kaharap ng kontra-rebolusyonaryong mga atake laban sa mamamayan, hindi pinagtibay ni Chen Duxiu ang patakaran ng pagtugon nang ngipin-sa-ngipin at pakikipaglaban para sa bawat pulgada ng kalupaan; bilang resulta, noong 1927, sa loob lamang ng ilang buwan, nawala sa mamamayan ang lahat ng karapatang kanilang naipagwagi.²²³

Nauunawaan ng at tumatalima ang mga Komunistang Tsino sa patakaran ng pagtugon nang ngipin-sa-ngipin. Tinututulan namin kapwa ang kapitulasyunismo at adbenturismo. Tiniyak ng wastong patakarang ito ang tagumpay ng Rebolusyong Tsino at ang kasunod na dakilang mga tagumpay ng mamamayang Tsino sa kanilang pakikibaka laban sa imperyalismo.

Sumasang-ayon at malugod na tinatanggap ng lahat ng rebolusyonaryong mamamayan ang wastong patakaran sa paglaban na ihinarap ng mga Komunistang Tsino. Kinatatakutan at kinamumuhian ito ng lahat ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo.

Mabalasik na inaatake ng mga pinuno ng PKUS ang patakaran ng pagtugon nang ngipin-sa-ngipin gaya ng ihinaharap ng PKT. Pinatutunayan lamang nito na hindi nila nais labanan ang imperyalismo katiting man. Ang tangi nilang layunin sa pag-atake at pangungulapol sa patakarang ngipin-sa-ngipin ay upang pagtakpan ang kanilang maling linya ng paninilbihan sa mga pangangailangan ng imperyalismo at pagsuko rito.

Iginigiit ng mga pinuno ng PKUS na ang ngipin-sa-ngiping pakikibaka laban sa imperyalismo ay hahantong sa tensyong internasyunal. Kakila-kilabot!

Ayon sa kanilang lohika, pahihintulutan ang mga imperyalista na manalakay at magbanta laban sa iba pa ngunit ang mga biktima ng imperyalistang agresyon ay hindi pinahihintulutang lumaban; pinahihintulutan ang imperyalismo na mang-api ng iba ngunit ang mga inaapi ay hindi pinahihintulutang magtanggol. Isa itong lantarang pagtatangkang pawalang-sala ang mga imperyalista sa kanilang mga krimen sa agresyon. Ito'y dili't iba kundi pilosopiya ng gubat.

²²² Mao Zedong, "Hinggil sa Negosasyong Chungking", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 56.

²²³ Mao Zedong, "Ang Sitwasyon at ang Ating Patakaran Matapos ang Tagumpay sa Digmang Pagtatanggol Laban sa Hapon", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 16.

Ang tensyong internasyunal ay produkto ng imperyalistang mga patakaran sa agresyon at digma. Mangyari pa, dapat maglunsad ang mga mamamayan ng matatag na pakikibaka laban sa imperyalistang agresyon at mga banta. Ipinapakita ng mga pangyayari na tanging sa pamamagitan ng pakikibaka mapupwersang umatras ang imperyalismo at makakamit ang tunay na pagluwag ng tensyong internasyunal. Ang patuloy na pag-atras sa harap ng mga imperyalista ay hindi maaaring makapagdulot ng tunay na pagluwag manapa'y makapaghihimok sa kanilang agresyon.

Palagi naming tinututulan ang paglikha sa tensyong internasyunal ng imperyalismo at naninindigan para sa pagluluwag ng tensyong iyon. Pero desidido ang mga imperyalista sa pananalakay at paglikha ng tensyon sa lahat ng dako, at ito'y makapagdudulot lamang ng kabaligtaran ng kanilang ninanais.

Ani Kasamang Mao Zedong:

Naniniwala ang mga imperyalistang US na lagi silang makikinabang sa mga sitwasyong may tensyon, subalit ang katotoha'y ang mga tensyong nilikha ng United States ay nagdulot ng kabaligtaran ng kanilang ninanais. Pinakikilos nito ang mamamayan ng buong daigdig laban sa mga mananalakay na US.²²⁴

Dagdag pa, “Kung magpipilit ang monopolyong mga grupong US sa kanilang mga patakaran sa agresyon at digma, darating at darating ang araw na ibibitay sila sa leeg ng mamamayan ng daigdig.”²²⁵

Wastong tinutukoy ng Deklarasyon ng 1957 na, “Sa pamamagitan ng patakarang ito, ang kontra-mamamayan, agresibong mga pwersang imperyalista ay nag-iimbita sa sariling kapariwaraan, at lumilikha ng sarili nilang mga tagahukay ng libingan.”

Ito ang diyalektika ng kasaysayan. Napakahirap para sa mga sumasamba sa mga imperyalista na maunawaan ang katotohanang ito.

Iginigiit ng mga pinuno ng PKUS na sa pamamagitan ng pagtataguyod sa ngipin-sa-ngiping pakikibaka, tinatanggihan ng Partido Komunistang Tsino ang mga negosasyon. Muli, ito'y walang kapararakan.

Tuluy-tuloy naming pinaninindigan na ang mga tumatanggi sa mga negosasyon sa lahat ng pagkakataon ay tiyak na hindi mga Marxista-Leninista.

Maraming ulit na nakipagnegosasyon ang mga Komunistang Tsino sa Kuomintang sa panahon ng rebolusyonaryong mga digmang sibil. Hindi sila tumangging makipagnegosasyon kahit na sa bisperas ng pambansang liberasyon.

Ani Kasamang Mao Zedong noong Marso 1948:

²²⁴ Mao Zedong, Talumpati sa Kataas-taasang Kumperensya ng Estado, Renmin Ribao, ika-9 ng Setyembre, 1958.

²²⁵ *Ibid.*

Maging pangkalahatan man o lokal ang negosasyong pangkapayapaan, dapat tayong maging handa para sa gayong pangyayari. Hindi tayo dapat tumanggi na pumasok sa mga negosasyon dahil natatakot tayo sa gulo at nais nating makaiwas sa mga komplikasyon, at hindi rin tayo dapat pumasok sa mga negosasyon nang hilo ang ating mga isip. Dapat tayong maging matatag sa prinsipyo; dapat taglay rin natin ang lahat ng pleksibilidad na ipinapahintulot at kinakailangan para sa pagtataguyod ng ating mga prinsipyo.²²⁶

Sa pandaigdigang antas, sa pakikibaka laban sa imperyalismo at reaksyon, itinataguyod ng mga Komunistang Tsino ang katulad na wastong aktitud sa mga negosasyon.

Noong Oktubre 1951, ganito ang sinabi ni Kasamang Mao Zedong kaugnay ng mga negosasyon sa pagtigil ng labanan sa Korea:

Matagal na naming sinasabi na ang usaping Koreano ay dapat lutasin sa mapayapang paraan. Wasto pa rin ito sa ngayon. Hangga't pumapayag ang Gubyernong US na lutasin ang usapin sa makatarungan at rasonableng batayan, at titigil sa paggamit sa lahat ng walang-kahihiyang paraang posible upang wasakin at hadlangan ang progreso ng mga negosasyon, gaya nang ginawa nito sa nakaraan, posible ang pananagumpay sa negosasyon sa pagtigil ng labanan sa Korea; kung hindi, imposible ito.²²⁷

Ang matatag na pakikibaka laban sa mga imperyalistang US ay nagpwersa sa kanilang tanggapan ang kasunduan sa pagtigil ng labanan sa Korea sa daloy ng mga negosasyon.

Aktibo kaming lumahok sa Kumperensyang Geneva noong 1954 at umambag sa pagpapanumbaliki ng kapayapaan sa Indotsina.

Pabor kami sa mga negosasyon maging sa United States, na nanakop sa aming teritoryo sa Taiwan. Ang mga usapang ambasadoryal ng Tsina-US ay ipinagpapatuloy nang may mahigit na sa walong taon.

Aktibo kaming lumahok sa mga kasunduang Geneva noong 1961 na nagreresperto sa kasarinlan at nyutralidad ng Laos.

Hinahayaan ba ng mga Komunistang Tsino na sarilinin ang pakikipagnegosasyon sa imperyalistang mga bayan habang tinututulan ang mga pakikipagnegosasyon ng mga pinuno ng PKUS sa mga pinuno ng imperyalistang mga bayan?

Mangyari pa'y hinding-hindi.

Sa katunayan, palaging aktibo naming sinusuportahan ang lahat ng gayong mga negosasyon ng Gubyernong Sobyet sa imperyalistang mga bayan na kapaki-pakinabang at hindi nakapipinsala sa pagtatanggol sa kapayapaang pandaigdig.

Ani Kasamang Mao Zedong noong ika-14 ng Mayo, 1960:

²²⁶ Mao Zedong, "Ulat sa Ikalawang Plenaryong Sesyon ng Ikapitong Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 372.

²²⁷ Mao Zedong, "Pambukas na Talumpati sa Ikatlong Sesyon ng Unang Pambansang Komite ng Pampulitikang Konsultatibong Kumperensyang Bayan ng Tsina", Renmin Ribao, ika-24 ng Oktubre, 1951.

Sumusuporta kami sa pagdaraos ng kataas-taasang kumperensya, magtagumpay man o hindi ang ganitong tipo ng kumperensya, o malaki man o maliit ang mga tagumpay. Subalit ang pagkakamit ng pandaigdigang kapayapaan ay dapat pangunahing nakasalalay sa matatag na pakikibaka ng mamamayan ng lahat ng bayan.²²⁸

Pabor kami sa mga pakikipagnegosasyon sa imperyalistang mga bayan. Pero absolutong hindi mapapayagan ang pagsalalay ng pag-asa para sa pandaigdigang kapayapaan sa mga negosasyon, ang pagkakatatagan ng mga ilusyon kaugnay nito, at sa gayo'y paralisahin ang kapasyahang lumaban ng mga mamamayan, gaya ng ginawa ni Khrushchov.

Sa katunayan, ang maling kaparaanan ni Khrushchov sa mga negosasyon ay mapanganib mismo sa mga negosasyon. Habang umaatras si Khrushchov sa harap ng mga imperyalista at habang siya ay namamalimos ay lalo lamang natatakam ang mga imperyalista. Si Khrushchov, na nagpapanggap na pinakamasugid na deboto ng mga negosasyon sa kasaysayan, ay laging bigong tagasuyo at napakadalas na katawa-tawa. Ipinakita ng di mabilang na pangyayaring istoriko na hindi inaalala ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo na pangalagaan ang kahihyan ng mga kapitulyunista.

ANG LANDAS SA PAGTATANGGOL SA KAPAYAPAAN AT ANG LANDAS PATUNGONG DIGMA

Bilang pagsusuma, ang aming kaibahan sa mga pinuno ng PKUS sa usapin ng digma at kapayapaan ay kaibahan sa pagitan ng dalawang magkaibang linya — ang paglaban o hindi sa imperyalismo, ang pagsuporta o hindi sa rebolusyonaryong mga pakikibaka, ang pagpapakilos o hindi sa mamamayan ng daigdig laban sa imperyalistang mga pakana sa digma, at ang pagtalima o hindi sa Marxismo-Leninismo.

Gaya ng lahat ng ibang tunay na rebolusyonaryong partido, laging nasa unahan ang Partido Komunista ng Tsina sa pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa pandaigdigang kapayapaan. Naninindigan kami na para ipagtanggol ang pandaigdigang kapayapaan, kailangang palaging ilantad ang imperyalismo at pukawin at organisahin ang mamamayan sa pakikibaka laban sa mga imperyalistang pinamumunuan ng United States, at kailangang sumalig sa pag-unlad ng lakas ng proletaryado at anakpawis ng lahat ng bayan, sa mga pakikibaka sa pagpapalaya ng aping mga bansa, sa mga pakikibaka ng lahat ng mga mamamayan at bayang nagmamahal sa kapayapaan, at sa malapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US at mga alipures nito.

Ang linya naming ito ay tumatalima sa linyang komun para sa lahat ng mga Partido Komunista na inilatag sa Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960.

Sa pamamagitan ng linyang ito, posibleng walang tigil na itaas ang kamulatang pampulitika ng mamamayan at palawakin ang pakikibaka para sa pandaigdigang kapayapaan sa wastong direksyon.

²²⁸ “Pakikipag-usap ni Tagapangulong Mao Zedong sa mga Panauhin mula sa Asya at Latina Amerika”, Renmin Ribao, ika-15 ng Mayo, 1960.

Sa pamamagitan ng linyang ito, posibleng walang tigil na palakasin ang mga pwersa para sa pandaigdigang kapayapaan na ang kampong sosyalista ang kanilang bag-as, at birahin at pahinain ang imperyalistang mga pwersa para sa digma.

Sa pamamagitan ng linyang ito, posibleng walang tigil na palawakin ang mga rebolusyong bayan at igapos ang imperyalismo.

Sa pamamagitan ng linyang ito, posibleng mapakilos lahat ng naririyang salik, kabilang ang mga kontradiksyon sa pagitan ng imperyalismong US at iba pang mga kapangyarihang imperyalista, at sukdulang ihiwalay ang imperyalismong US.

Sa pamamagitan ng linyang ito, posibleng durugin ang blakmeyl na nukleyar na ginagawa ng imperyalismong US at biguin ang pakana nito para sa paglulunsad ng bagong digmaang pandaigdig.

Ito ang linya para makamit ng mamamayan ng lahat ng bayan ang tagumpay kapwa sa rebolusyon at sa pandaigdigang kapayapaan. Ito ang tiyak at mabisang landas sa pagtatanggol ng pandaigdigang kapayapaan.

Ngunit ang linyang tinatahak ng mga pinuno ng PKUS ay ganap na kasalungat ng ating linya, ng linyang komun ng lahat ng mga Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan.

Itinutuon ng mga pinuno ng PKUS ang talim ng kanilang pakikibaka hindi sa kaaway ng pandaigdigang kapayapaan kundi sa kampong sosyalista, at sa gayo'y pinarurupok at pinapanghihina ang pinakabag-as ng lakas na nagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan.

Gumagamit sila ng blakmeyl na nukleyar upang takutin ang mamamayan ng sosyalistang mga bayan at pagbawalan silang sumuporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa, at sa gayo'y tumutulong sa imperyalismong US na ihiwalay ang sosyalistang kampo at supilin ang mga rebolusyong bayan.

Gumagamit sila ng blakmeyl na nukleyar upang takutin ang aping mga mamamayan at bansa at pagbawalan silang magrebolusyon, at nakikipagkolaboreyt sila sa imperyalismong US sa pagpapatay sa mga "titis" ng rebolusyon, at sa gayo'y pinahihintulatang itong malayang ipatupad ang mga patakaran nito sa agresyon at digma sa intermedyang sona sa pagitan ng United States at sosyalistang kampo.

Tinatakot rin nila ang mga alyado ng United States at binabawalan silang makibaka laban sa ipinataw nitong kontrol sa kanila, at sa gayo'y tumutulong sa imperyalismong US na alipinin ang mga bayang ito at konsolidahin ang kanyang posisyon.

Sa pamamagitan ng linya ng aksyong ito, ganap na binitiwang ng mga pinuno ng PKUS ang pakikibaka laban sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma.

Itinatatwa ng linya ng aksyong ito ang nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US at mga alipures nito at para sa pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan.

Tinatangka nitong ipataw ang pinakamatinding pagkakahiwalay hindi sa pinakakaaway ng pandaigdigang kapayapaan kundi sa mga pwersa sa kapayapaan.

Nangangahulugan ito ng likidasyon sa mapanlabang tungkulin na ipagtanggol ang pandaigdigang kapayapaan.

Isa itong linya na naglilingkod sa "estratohiyang global" ng imperyalismong US.

Hindi ito ang landas patungong pandaigdigang kapayapaan kundi ang landas patungo sa mas matinding panganib ng digma at sa mismong digma.

Ngayon, ang daigdig ay hindi na katulad noong nasa bisperas ito ng Digmaang Pandaigdig.

Nariyan ang makapangyarihang kampong sosyalista. Sumusulong ang kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Malaki ang itinaas ng kamulatang pampulitika ng mamamayan ng daigdig. Malaki ang iniunlad ng lakas ng rebolusyonaryong mga mamamayan. Hindi kailanman hahayaan ng mamamayan ng Unyong Sobyet, ng mga bayang sosyalista at ng buong daigdig na manipulahin ang sarili nilang kinabukasan ng imperyalistang mga pwera para sa digma at mga tagatambol nito.

Itinuturo ng agresyon at mga aktibidad pandigma ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo sa mamamayan ng daigdig na unti-unting pataasin ang kanilang kamulatang pampulitika. Ang tanging pamantayan ng katotohanan ay praktikang panlipunan. May tiwala kami na bilang resulta ng itinuturong iyon ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo, maraming tao na ngayo'y naninindigan sa maling mga pananaw sa mga usapin ng digma at kapayapaan ay magbabago ng isip. Malaki ang aming inaasahan sa bagay na ito.

Matatag kaming nananalig na tiyak na dudurugin ng mga Komunista at mamamayan ng daigdig ang imperyalistang pakana sa paglulunsad ng bagong digmaang pandaigdig at ipagsasanggalang ang pandaigdigang kapayapaan sa kondisyong ilalantad nila ang imperyalistang mga panloloko, ilalantad ang rebisyunistang mga kasinungalingan at babalikatin ang tungkulin sa pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan.

MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY— DALAWANG TUWIRANG MAGKASALUNGAT NA PATAKARAN

IKAANIM NA KOMENTARYO SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng mga Kagawarang Editoriyal ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)

(Disyembre 12, 1963)

Mula ng ika-20 Kongreso ng PKUS, mas madalas na pag-usapan nina Khrushchov at iba pang mga kasama ang tungkol sa usapin ng mapayapang pakikipamuhay kaysa iba pang bagay.

Paulit-ulit na ipinagmamalaki ng mga pinuno ng PKUS na sila'y naging tapat sa patakaran ni Lenin sa mapayapang pakikipamuhay at mapanlikha itong pinaunlad. Lahat ng kredito para sa mga tagumpay na naipagwagi ng mga mamamayan ng daigdig sa matagalang rebolusyonaryong mga pakikibaka ay dahil raw sa kanilang patakarang “mapayapang pakikipamuhay”.

Ipinamamarali nila ang palagay na sumusuporta ang imperyalismo, ang imperyalismong US sa partikular, sa mapayapang pakikipamuhay, at nais lamang nilang siraan ang Partido Komunistang Tsino at lahat ng Marxista-Leninistang Partido bilang katunggali ng mapayapang pakikipamuhay. Sinisiraan pa nga ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ang Tsina na pumapabor daw sa mga imperyalista sa “pakikipagkumpitensya sa pagpapakawala ng digma”.

Inilalarawan nila ang mga salita at gawa na ginamit nila sa pagtataksil sa Marxismo-Leninismo, sa proletaryong rebolusyong pandaigdig at sa rebolusyonaryong adhikain ng aping mga mamamayan at bansa bilang kaayon ng patakaran sa mapayapang pakikipamuhay ni Lenin.

Ngunit makapagsisilbi nga ba ang mga katagang “mapayapang pakikipamuhay” bilang anting-anting para sa mga pinuno ng PKUS sa kanilang pagtataksil sa Marxismo-Leninismo? Hindi, talagang hindi.

Tayo ngayo’y nahaharap sa dalawang tuwirang magkasalungat na patakarang mapayapang pakikipamuhay.

Ang isa’y ang patakarang mapayapang pakikipamuhay nina Lenin at Stalin, na pinaninindigan ng lahat ng mga Marxista-Leninista, kabilang ang mga Komunistang Tsino. Ang isa pa’y ang anti-Leninistang patakarang mapayapang pakikipamuhay, ang tinaguriang pangkalahatang linya ng mapayapang pakikipamuhay na itinataguyod ni Khrushchov at iba pa.

Suriin natin ngayon ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin at Stalin at ang bagay na sinasabing pangkalahatang linya ng mapayapang pakikipamuhay nila Khrushchov at iba pa.

ANG PATAKARANG MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY NINA LENIN AT STALIN

Si Lenin ang nagh harap ng ideya na dapat itaguyod ng sosyalistang estado ang patakarang mapayapang pakikipamuhay sa mga bayang may ibang mga sistemang panlipunan. Matagal nang ipinatutupad ang wastong patakarang ito ng Partido Komunista at Guberno ng Unyong Sobyet sa ilalim ng pamumuno ni Lenin at Stalin.

Hindi posibleng lumitaw ang usapin ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayang sosyalista at kapitalista bago ang Rebolusyong Oktubre, dahil walang umiiral na sosyalistang bayan. Gayunman, batay sa kanyang siyentipikong pagsusuri sa imperyalismo, nakita na ni Lenin noong 1915-16 na “hindi kayang makamit ng sosyalismo ang tagumpay nang sabay-sabay sa *labat* ng bayan. Makakamit nito ang tagumpay muna sa isa o ilang bayan, habang ang iba’y mananatiling burges o bago maging burges sa ilang panahon”.²²⁹ Sa ibang salita, sa loob ng isang panahon, iiral ang sosyalistang mga bayan kaalinsabay ng kapitalista o di pa kapitalistang mga bayan. Itinatakda ng mismong kalikasan ng sistemang sosyalista na dapat itaguyod ng sosyalistang mga bayan ang patakarang panlabas ng kapayapaan. Ani Lenin, “Ang uring manggagawa lamang, kapag naipagwagi nito ang kapangyarihan, ang makapagtataguyod ng patakarang kapayapaan hindi sa salita ... kundi sa gawa.”²³⁰ Ang mga pananaw na ito ni Lenin ay masasabing bumubuo sa teoretikong batayan ng patakarang mapayapang pakikipamuhay.

Matapos ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre, ipinahayag ni Lenin sa daigdig sa maraming okasyon na ang patakarang panlabas ng estadong Sobyet ay kapayapaan. Subalit desidido ang mga imperyalista sa pagsakal sa bagong silang na republikang sosyalista sa kanyang kuna. Naglunsad sila ng armadong interbensyon laban sa estadong Sobyet. Tumpak na ipinakita ni Lenin sa harap ng ganitong sitwasyon, “kung hindi natin ipagtatanggol ang sosyalistang republika sa pamamagitan ng pwersa ng armas, hindi tayo makakairal”.²³¹

Pagdating ng 1920, nagapi ng dakilang mamamayang Sobyet ang imperyalistang armadong interbensyon. Lumitaw ang relatibong balanse ng mga pwersa sa pagitan ng estadong Sobyet at imperyalistang mga bayan. Matapos ang mga pagsubok sa lakas sa loob ng ilang taon, matatag na namantini ng estadong Sobyet ang kanyang posisyon. Nagsimula itong bumaling mula sa digma tungo sa mapayapang konstruksyon. Sa ilalim ng ganitong mga sirkunstansya ihinarap ni Lenin ang ideya ng patakarang mapayapang pakikipamuhay. Sa katunayan, magmula sa panahong iyon, walang mapagpipilian ang mga imperyalista kundi “makipamuhay” sa estadong Sobyet.

Sa kapanahunan ni Lenin, ang balanseng ito ay laging napakabuway at ang Sosyalistang Republikang Sobyet ay napapailalim sa mahigpit na kapitalistang pagkubkob. Sa tuwina ay ipinupunto ni Lenin na dahil sa mapanalakay na kalikasan ng imperyalismo, walang garantiya na magtatagal na mamuhay sa kapayapaan ang sosyalismo at kapitalismo.

Sa umiiral na mga kondisyon, hindi pa posible para sa kanya na ipaliwanag nang husto ang nilalaman ng patakarang mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayan na may magkakaibang sistemang panlipunan. Ngunit nailatag na ni dakilang Lenin ang wastong patakarang panlabas para sa unang estado ng diktadura ng proletaryado at ihinarap ang saligang mga ideya ng patakarang mapayapang pakikipamuhay.

Ano ang saligang mga ideya ni Lenin tungkol sa patakarang ito?

²²⁹ V. I. Lenin, “Ang Programang Pandigma ng Proletaryong Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1950, Vol. I, Unang Bahagi, p. 571.

²³⁰ V. I. Lenin, “Borador Resolusyon Hinggil sa Kasalukuyang Sandali sa Pulitika”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1949, Vol. XXV, pp. 291-92.

²³¹ V. I. Lenin, “Ulat ng Komite Sentral ng Partido Komunistang Ruso (Bolsheviks) sa Ikawalong Kongreso ng Partido”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. VIII, p. 33.

Una, ipinakita ni Lenin na umiiral ang estadong sosyalista salungat sa kapasyahan ng mga imperyalista. Bagamat tumatalima ito sa patakarang panlabas ng kapayapaan, walang pagnanais ang mga imperyalista na makipamuhay rito sa kapayapaan at gagawin nito ang lahat at susunggaban ang bawat oportunidad para labanan o wasakin pa nga ang estadong sosyalista.

Ani Lenin:

Hindi kakayanin ... ng internasyunal na imperyalismo ... na makipamuhay kapiling ng Republikang Sobyet, kapwa dahil sa obhetibong posisyon nito at dahil sa pang-ekonomyang mga interes ng uring kapitalista na nakapaloob dito ...²³²

Dagdag pa:

... ang pag-iral ng Republikang Sobyet kapiling ang mga estadong imperyalista sa mahabang panahon ay hindi maubos-maisip. Ang isa o ang kabila ang dapat magwagi sa wakas. At bago mangibabaw ang gayong wakas, di maiiwasan ang serye ng kahindik-hindik na mga sagupaan sa pagitan ng Republikang Sobyet at mga estadong burges.²³³

Samakatwid, paulit-ulit niyang idiinin na dapat magmantini ang sosyalistang estado ng tuluy-tuloy na pagmamatyag laban sa imperyalismo.

... ang aral na dapat pakasanayan ng lahat ng manggagawa at magsasaka ay dapat tayong nakahanda at pakatandaan na tayo'y napapaligiran ng mga tao, mga uri at mga gubyernong hayagang naglalahad ng kanilang sukdulang pagkamuhi sa atin. Pakatandaan natin na laginggabuhok lamang ang layo natin sa lahat ng tipo ng pananalakay.²³⁴

Pangalawa, ipinakita ni Lenin na tanging sa pamamagitan ng pakikibaka nakuha ng estadong Sobyet na makapamuhay sa kapayapaan kapiling ng imperyalistang mga bayan. Resulta ito ng paulit-ulit na mga subukan ng lakas sa pagitan ng imperyalistang mga bayan, at ang estadong Sobyet, na nagtaguyod ng wastong patakarang, ay umasa sa suporta ng proletaryado at aping mga bansa ng daigdig at gumamit sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalista.

Ani Lenin noong Nobyembre 1919:

²³² V. I. Lenin, "Ulat Hinggil sa Digma at Kapayapaan, Binigkas sa Ikapitong Kongreso ng Partido Komunistang Ruso (Bolsheviks) noong ika-7 ng Marso, 1918", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 422.

²³³ V. I. Lenin, "Ulat ng Komite Sentral ng Partido Komunistang Ruso (Bolsheviks) sa Ikawalong Kongreso ng Partido noong ika-18 ng Marso, 1919", Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. III, p. 33.

²³⁴ V. I. Lenin, "Hinggil sa mga Patakarang Panloob at Panlabas ng Republika, Ulat na Binigkas sa Ikasiyam na Lahatang-Ruso na Kongreso ng mga Sobyet", Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, SPPL, 1950, Vol. XXXIII, p. 122.

Ganyan talaga lagi — kapag natatalo ang kaaway, nagsisimula siyang magsalita ng kapayapaan. Sinabihan na namin nang maraming beses ang mga ginoong ito, ang mga imperyalista ng Europa, na sang-ayon kaming magkaroon ng kapayapaan, pero patuloy silang nanaginip na alipinin ang Rusya. Ngayon, nabatid nilang ang kanilang mga panaginip ay hindi nakatadhanang matupad.²³⁵

Ipinakita niya noong 1921:

... ang mga kapangyarihang imperyalista, sa lahat ng kanilang pagkamuhi sa Sobyet Rusya at pagnanasang gapiin siya, ay napilitang bitiwang ideyang ito, dahil papabilis ang pagsulong ng pagkabulok ng kapitalistang daigdig, pahina nang pahina ang pagkakaisa nito, at palakas nang palakas ang presyur ng mga aping mamamayang kolonyal, na may populasyon na higit sa 1,000 milyon taun-taon, buwan-buwan o maging linggu-linggo.²³⁶

Pangatlo, sa pagpapatupad sa patakarang mapayapang pakikipamuhay, itinaguyod ni Lenin ang iba't ibang prinsipyo kaugnay ng iba't ibang tipo ng bayan sa kapitalistang daigdig.

Nagbigay siya ng partikular na pagpapahalaga sa pagtatatag ng mapagkaibigang relasyon sa mga bayang sinisiil at inaapi ng mga imperyalista. Ipinakita niya na “ang pundamental na mga interes ng lahat ng mamamayang nagdurusa sa pang-aalipin ng imperyalismo ay nagkakatulad” at na “ang pandaigdigang patakaran ng imperyalismo ay papatungo sa pagtatatag ng mas mahigpit na relasyon, alyansa at pagkakaibigan sa hanay ng lahat ng aping mga bansa”. Sinabi niya na ang patakarang kapayapaan ng Estadong Sobyet ay “lalong nagtutulak sa pagtatatag ng mas mahigpit na ugnayan sa pagitan ng RSFSR [Russian Soviet Federated Socialist Republic] at papalaking bilang ng karatig na mga estado”.²³⁷

Sinabi rin ni Lenin na:

Itinatakda natin ngayong bilang pangunahing tungkulin para sa sarili: gapiin ang mga mapagsamantala at himukin ang mga nag-uurong-sulong sa ating panig — ang tungkuling ito ay pandaigdigang. Ang mga nag-uurong-sulong ay kinabibilangan ng isang buong serye ng mga estadong burges, na namumuhi sa atin bilang mga estadong burges, ngunit sa kabilang banda, bilang mga estadong api, ay mas gusto ang kapayapaan sa kanilang relasyon sa atin.²³⁸

²³⁵ V. I. Lenin, “Talumpating Binigkas sa Unang Kumperensyang Lahatang-Ruso Hinggil sa Gawaing Pampartido sa Kanayunan”, Alyansa ng Uring Manggagawa at Magsasaka, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1959, p. 326.

²³⁶ V. I. Lenin, “Talumpati sa Pagtatapos ng Ikasampung Pambansang Kumperensya ng Partido Komunistang Ruso (Bolsheviks), Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, Vol. XXXII, pp. 412-13.

²³⁷ V. I. Lenin, “Ang Gawain ng Konseho ng mga Komisar ng Mamamayan, Ulat na Binigkas sa Ikawalong Lahatang-Ruso na Kongreso ng ng mga Sobyet”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. VIII, pp. 251 at 252.

²³⁸ V. I. Lenin, “Ulat Hinggil sa Gawain ng Lahatang-Rusong Sentral na Komiteng Tagapagpaganap at ng Konseho ng mga Komisar ng Mamamayan”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1950, Vol. XXX, p. 299.

Kaugnay naman ng batayan para sa kapayapaan sa imperyalistang mga bayan, tulad ng United States, sinabi niya na, “Hayaang tumigil ang mga kapitalistang US na galawin kami.” “‘Ang hadlang sa gayong kapayapaan?’ Sa aming panig ay wala. Mula sa panig ng mga kapitalistang Amerikano (at lahat ng iba pa), ang imperyalismo ang hadlang.”²³⁹

Pang-apat, ihinarap ni Lenin ang patakarang mapayapang pakikipamuhay bilang isang patakarang dapat itaguyod ng proletaryadong nasa kapangyarihan sa mga bayang may ibang sistemang panlipunan. Hindi niya ito kailanman ginawang suma total ng patakarang panlabas ng isang sosyalistang bayan. Sa tuwina’y inililina ni Lenin na ang pundamental na prinsipyo ng patakarang panlabas na ito ay proletaryong internasyunalismo.

Aniya: “itinuturing na pinakamalaking kapurihan ng Sobyet Rusya na tulongan ang mga manggagawa ng buong daigdig sa kanilang mahirap na pakikibaka sa pagbabagsak sa kapitalismo.”²⁴⁰

Sa Dekreto sa Kapayapaan na inilabas matapos ang Rebolusyong Oktubre, habang nagpapanukala ng kagyat na kapayapaan nang walang aneksasyon o bayad-pinsala sa lahat ng mga bayang nakikidigma, nanawagan si Lenin sa mga manggagawang mulat-sa-uri sa kapitalistang mga bayan na tumulong, sa pamamagitan ng komprehensibo, determinado at napakasiglang aksyon, “na ipagtagumpay ang adhikaing kapayapaan, at kasabay nito’y pati ang adhikaing pagpapalaya sa anakpawis at pinagsasamantalang masa ng populasyon mula sa lahat ng anyo ng pang-aalipin at lahat ng anyo ng pagsasamantala.”²⁴¹

Ang Borador na Programa ng Partido na binalangkas ni Lenin para sa Ikapitong Kongreso ng Partido Komunistang Ruso ay maliwanag na naglatag na “ang suporta sa rebolusyonaryong kilusan ng sosyalistang proletaryado sa abanteng mga bayan” at “ang suporta sa demokratiko at rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng bayan sa pangkalahatan, at sa mga kolonya at dependyenteng bayan sa partikular” ay mahahalagang aspeto ng patakarang internasyunal ng Partido.²⁴²

Panlima, walang tinag na pinanindigan ni Lenin na imposible para sa aping mga uri at bansa na makipamuhay nang mapayapa sa mapang-aping mga uri at bansa.

Ipinakita niya sa “Mga Tesis Hinggil sa Pundamental na mga Tungkulin ng Ikalawang Kongreso ng Komunistang Internasyunal”:

²³⁹ V. I. Lenin, “Tugon sa mga Tanong ng Dyurnalista ng Pahayagang Amerikanong *New York Evening Journal*”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1950, Vol. XXX, p. 340.

²⁴⁰ V. I. Lenin, “Para sa Ikapat na Kongreso ng Comintern at Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa at ng Pulang Hukbong Petrograd”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1950, Vol. XXXIII, p. 379.

²⁴¹ V. I. Lenin, “Ulat Hinggil sa Kapayapaan”, binigkas sa Ikalawang Lahatang-Rusong Kongreso ng mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa at mga Sundalo”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 331.

²⁴² V. I. Lenin, “Di Makinis na Borador ng Programa”, binigkas sa Ikapitong Kongreso ng Partido Komunistang Ruso (Bolsheviks), Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. VIII, p. 334.

... hindi na ngayon nag-aatubili ang burgesya, kahit na ang pinakaedukado at pinakademokratiko, na gumawa ng anumang panloloko o krimen, na magmasaker ng milyong mga manggagawa at magsasaka upang iligtas ang pribadong pag-aari ng kagamitan sa produksyon.²⁴³

Ang mga kongklusyon ni Lenin ay:

... ang mismong pag-iisip ng mapayapang pagpapailalim ng mga kapitalista sa kapasyahan ng mayorya ng pinagsasamantalahan, ng mapayapa at repormistang transisyon patungong Sosyalismo, ay hindi lamang sukdulang walang-muwang na katangahan, kundi tahasang panlilinlang sa mga manggagawa, paggaganyak sa pang-aaliping sahurang kapitalista, at pagkukubli sa katotohanan.²⁴⁴

Paulit-ulit niyang ipinakita ang pagka-ipokrito ng tinatagurian ng mga imperyalista na pagkakapantay-pantay ng mga bansa. Aniya:

Higit na malinaw at namumukod-tanging ibinubunyag ang katotohanang ito ng Liga ng mga Bansa at ng buong patakarang Entente [pagkakasundong internasyunal] matapos ang digma; pinaigting nila sa lahat ng dako ang rebolusyonaryong pakikibaka kapwa ng proletaryado sa abanteng mga bayan at ng masa ng anakpawis sa kolonyal at dependyenteng mga bayan, at pinabibilis ang pagguho ng pambansang ilusyong petiburges na makakapamuhay sa kapayapaan at pagkakapantay-pantay ang mga bansa sa ilalim ng kapitalismo.²⁴⁵

Ang sinipi sa itaas ang bumubuo sa saligang mga ideya ni Lenin hinggil sa patakarang mapayapang pakikipamuhay.

Itinaguyod ni Stalin ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin. Sa loob ng tatlung taong siya ang pinuno ng Unyong Sobyet, tuluy-tuloy niyang ipinatupad ang patakarang ito. Noon na lamang nagsagawa ng armadong probokasyon ang mga imperyalista at mga reaksyunaryo o nang maglunsad ng mga digmang mapanalakay laban sa Unyong Sobyet napilitang itong maglunsad ng Dakilang Digmang Patriyotiko at lumaban sa pagtatanggol-sa-sarili.

Ipinakita ni Stalin na “nakabatay ang ating mga relasyon sa kapitalistang mga bayan sa pagpapalagay na posible ang makapamuhay ang dalawang magkasalungat na sistema” at “ang pagpapanatili ng mapayapang relasyon sa mga kapitalistang bayan ay isang kinakailangang tungkulin para sa atin”.²⁴⁶

Ipinakita rin niya:

²⁴³ V. I. Lenin, *Piling mga Akda*, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. X, p. 164.

²⁴⁴ *Ibid.*

²⁴⁵ V. I. Lenin, “Panimulang Borador ng mga Tesis Hinggil sa mga Usaping Pambansa at Kolonyal”, *Piling mga Akda*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 464.

²⁴⁶ J. V. Stalin, “Pampulitikang Ulat ng Komite Sentral”, binigkas sa Ikalabinlimang Kongreso ng PKUS (B), *Mga Akda*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. X, p. 296.

Totoong posible na mapayapang makapamuhay ang kapitalismo at komunismo sa kondisyong may mutwal na pagnanasang maagtulungan, may kahandaang ipatupad ang mga napagkasunduan, at may paggalang sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at walang panghihimasok sa panloob na mga usapin ng ibang estado.²⁴⁷

Habang itinataguyod ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin, matatag na tinutulan ni Stalin ang pagkakait ng suporta sa ibang rebolusyong bayan upang maglangis sa imperyalismo. Ipinakita niya nang buong diinisa ang dalawang magkasalungat na linya sa patakarang panlabas, at “ang isa sa dalawa” ang dapat tupdin.

Ang isang linya ay “patuloy nating ipatupad ang rebolusyonaryong patakaran, ang pagpapakilos sa mga proletaryo at sa aping mga bayan sa palibot ng uring manggagawa ng USSR — kung saan gagawin ng internasyunal na kapital ang lahat ng kaya nito upang pigilan ang ating pagsulong”.

Ang isa pa ay “itakwil ang ating rebolusyonaryong patakaran at pumayag na magbigay ng ilang pundamental na mga konsesyon sa internasyunal na kapital — kung saan walang dudang hindi tututol ang internasyunal na kapital na ‘tumulong’ sa atin sa pagtransporma sa ating sosyalistang bayan tungo sa isang ‘mabuting’ republikang burges”.

Tinukoy si Stalin na halimbawa, “Hinihingi ng Amerika na itakwil natin sa prinsipyo ang patakaran ng pagsusuporta sa mga kilusan sa pagpapalaya ng uring manggagawa sa ibang bayan, at sinasabing kung papayag tayo sa konsesyonang ito, lahat ay madulas na gagana... marahil dapat nating ibigay ang konsesyonang ito?”

At sinagot niya ito sa negatibo, “...hindi tayo makakapayag sa ganito o katulad na mga konsesyon nang hindi nagiging taliwas sa ating sarili...”²⁴⁸

Ang mga pangungusap na ito ni Stalin ay may malaki pang praktikal na kabuluhan. Mayroon ngang dalawang tuwirang magkasalungat na patakarang panlabas, dalawang tuwirang magkasalungat na patakarang mapayapang pakikipamuhay. Mahalagang tungkulin para sa lahat ng mga Marxista-Leninista na makita ang kaibhan ng dalawa, itaguyod ang patakaran ni Lenin at Stalin at matatag na labanan ang patakaran ng pagtataksil, kapitulasyon at pagkakait ng suporta sa rebolusyon, gayundin ang patakaran na nagtatransporma sa isang sosyalistang bayan tungo sa isang “mabuting” republikang burges — mga patakarang tinuligsa ni Stalin.

ITINATAGUYOD NG PARTIDO KOMUNISTA NG TSINA ANG PATAKARANG MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY NI LENIN

Sinasabi ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na ang Partido Komunista ng Tsina “ay hindi naniniwala sa posibilidad ng mapayapang pakikipamuhay” at mapanirang-puri na inaakusahan ito ng paglaban sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin.

Totoo ba ito? Mangyari pa’y hindi.

²⁴⁷ J. V. Stalin, “Mga Tugon sa Mga Tanong ng Amerikanong mga Editor”, Pravda, ika-2 ng Abril, 1952.

²⁴⁸ J. V. Stalin, “Ang Gawain ng Pinagsamang Plenum ng Komite Sentral at Sentral na Komisyon sa Kontrol ng Abril”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. XI, pp. 58, 59 at 60.

Malinaw na makikita ng sinumang rumerespeto sa katotohanan na walang paglihis na itinaguyod ng Partido Komunista ng Tsina at ng Gubyerno ng Republikang Bayan ng Tsina ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin nang may malaking tagumpay.

Magmula nang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nangyari ang isang pundamental na pagbabago sa internasyunal na balanse ng mga pwersa sa uri. Nagtagumpay ang sosyalismo sa ilang bayan at lumitaw ang kampong sosyalista. Kaagapay na lumalaki ang kilusan sa pambansang pagpapalaya at lumitaw ang maraming estadong nasyunalista na bagong nagkamit ng pampulitikang kasarinlan. Labis na pinahina ang imperyalistang kampo at papatindi ang mga kontradiksyon sa hanay ng imperyalistang mga bayan. Nagbibigay ang sitwasyong ito ng mas paborableng mga kondisyon para sa pagpapatupad ng mga bayang sosyalista sa patakarang mapayapang pakikipamuhay sa mga bayang may naiibang sistemang panlipunan.

Sa bagong istorikal na mga kondisyong ito, pinayaman ng Partido Komunista ng Tsina at Gubyernong Tsino ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin sa proseso ng paglalapat nito.

Sa bisperas ng kapanganakan ng Republikang Bayan ng Tsina, sinabi ni Kasamang Mao Zedong na:

... ipinapahayag namin sa buong daigdig na ang aming tinututulan ay tanging ang sistemang imperyalista lamang at ang mga pakana nito laban sa mamamayang Tsino. Nakahanda kaming makipagtalakayan sa alinmang dayuhang gubyerno tungkol sa pagtatatag ng diplomatikong relasyon batay sa mga prinsipyong pagkakapantay-pantay, mutwal na benepisyong at mutwal na respeto sa teritoryal na integridad at soberanya, sa kondisyong nakahanda itong magputol ng relasyon sa mga reaksyunaryong Tsino, huminto sa pakikisabwatan sa kanila o pagtulong sa kanila at magtataguyod ng isang aktitud ng tunay, at hindi ipokritong pakikipagkaibigan sa Bayang Tsina. Nais ng mamamayang Tsino na magkaroon ng mapagkaibigang kooperasyon sa mamamayan ng lahat ng bayan at muling pasimulan at palawakin ang internasyunal na kalakalan upang mapaunlad ang produksyon at itaguyod ang kasaganaang pang-ekonomya.²⁴⁹

Alinsunod sa mga prinsipyong ito na itinakda ni Kasamang Mao Zedong, inilatag namin ang aming patakarang panlabas sa kapayapaan sa maliwanag na pananalita una sa Programang Komun na pinagtibay ng Pampulitikang Kumperensyang Konsultatibo ng Mamamayang Tsino noong Setyembre 1949 at kasunod nito sa Konstitusyon ng Republikang Bayan ng Tsina na pinagtibay ng Pambansang Kongresong Bayan noong Setyembre 1954.

Noong 1954, pinasimunan ng Gubyernong Tsino ang tanyag na Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay. Ang mga ito ay ang mutwal na respeto sa teritoryal na integridad at soberanya, mutwal na di pananalakay, walang panghihimasok sa panloob na usapin ng isa't isa, pagkakapantay-pantay at mutwal na benepisyong, at mapayapang pakikipamuhay. Kasama ang ibang bayang Asyano at Aprikano, binalangkas namin ang Sampung Prinsipyo batay sa Limang Prinsipyo sa Kumperensyang Bandung noong 1955.

²⁴⁹ Mao Zedong, "Talumpati sa Komite sa Paghahanda ng Bagong Pampulitikang Kumperensyang Konsultatibo", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 408.

Noong 1956, nilagom ni Kasamang Mao Zedong ang praktikal na karanasan ng aming bayan sa gawaing internasyunal at higit pang ipinaliwanag ang pangkalahatang mga prinsipyo ng aming patakarang panlabas:

Para makamit ang matagalang kapayapaang pandaigdig, dapat nating higit na paunlarin ang ating pakikipagkaibigan at kooperasyon sa mga bayang praternal sa kampo ng sosyalismo at patatagin ang ating solidaridad sa lahat ng mga bayang nagmamahal sa kapayapaan. Dapat tayong magsikap na magtatag ng normal na relasyong diplomatiko batay sa mutwal na respeto sa teritoryal na integridad at soberanya at sa pagkakapantay-pantay at mutwal na benepisyong sa lahat ng mga bayan na nakahandang makipamuhay sa atin sa kapayapaan. Dapat tayong magbigay ng aktibong suporta sa pambansang kasarinlan at kilusan sa pagpapalaya sa mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina gayundin sa kilusang kapayapaan at sa makatarungang mga pakikibaka sa lahat ng bayan sa lahat ng dako ng daigdig.²⁵⁰

Sinabi niya noong 1957:

Para patatagin ang ating pakikipagkaisa sa Unyong Sobyet, para patatagin ang ating pakikipagkaisa sa lahat ng sosyalistang mga bayan — ito ang ating pundamental na patakaran, naririto ang ating saligang interes.

Kasunod nito, naririyang ang mga bayang Asyano at Aprikano, at lahat ng mga bayan at mamamayang nagmamahal sa kapayapaan — dapat nating patatagin at paunlarin ang ating pakikipagkaisa sa kanila.

Kaugnay ng mga bayang imperyalista, dapat rin tayong makipagkaisa sa kanilang mga mamamayan at magsikap na makipamuhay sa kapayapaan sa mga bayang ito, makipagnegosyo sa kanila at pigilan ang anumang posibleng digma, subalit hindi tayo dapat magbuo ng anumang di realistikong palagay tungkol sa kanila sa anumang sirkunstansya.²⁵¹

Sa ating gawaing panlabas sa nakaraang labing-apat na taon, pinagtibay natin ang iba't ibang patakaran sa iba't ibang tipo ng mga bayan at pinag-iba-iba ang ating mga patakaran ayon sa iba't ibang kondisyon sa mga bayan na may parehong tipo.

1. *Pinag-iiba natin ang mga bayang sosyalista at kapitalista.*

Nagpupunyagi tayo sa proletaryong internasyunalistang prinsipyo ng mutwal na tulongan kaugnay ng mga bayang sosyalista. Itinuturing natin ang pagtataguyod at pagpapatatag sa kaisahan ng lahat ng bayan sa kampong sosyalista bilang pundamental na patakaran sa ating relasyong panlabas.

2. *Pinag-iiba natin ang mga bayang nasyunalista na bago lamang nagkamit ng pampulitikang kasarinlan at ang mga bayang imperyalista.*

²⁵⁰ Mao Zedong, “Pambukas na Talumpati sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina”.

²⁵¹ Mao Zedong, Hinggil sa Wastong Pagtangan sa mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan.

Bagamat pundamental na kakaiba sa mga bayang sosyalista sa kanilang mga sistemang panlipunan at pampulitika, nakatindig ang mga bayang nasyunalista sa malalim na kontradiksyon sa imperyalismo. May komun silang mga interes sa mga bayang sosyalista — oposisyon sa imperyalismo, pagsasanggalang sa pambansang kasarinlan at pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan. Samakatwid, ganap na posible at maisasagawa para sa mga bayang sosyalista na magtatag ng relasyong mapayapang pakikipamuhay at mapagkaibigang kooperasyon sa mga bayang ito. Ang pagtatatag ng gayong relasyon ay may malaking kabuluhan para sa pagpapatatag sa pagkakaisa ng mga pwersang anti-imperyalista at para sa pagsulong ng pakikibakang komun ng mga mamamayan laban sa imperyalismo.

Tuluy-tuloy tayong tumatalima sa patakaran ng pagkokonsolida at higit pang pagpapaunlad sa mapayapang pakikipamuhay at mapagkaibigang kooperasyon sa mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Kasabay nito, naglunsad tayo ng angkop at kinakailangang mga pakikibaka laban sa mga bayang tulad ng India na lumabag o nagwasak sa Limang Prinsipyo.

3. Pinag-iiba natin ang ordinaryong mga bayang kapitalista at ang mga bayang imperyalista at gayundin ang iba't ibang imperyalistang bayan.

Habang nagiging higit na paborable sa sosyalismo ang internasyunal na balanse ng mga pwersa at habang araw-araw ay humihina ang imperyalistang mga pwersa at araw-araw ay tumatalas ang mga kontradiksyon sa kanilang hanay, posible para sa mga bayang sosyalista na pwersahin ang isang o iba pang bayang imperyalista na magtatag ng ilang tipo ng mapayapang pakikipamuhay sa kanila sa pamamagitan ng pagsalig sa sarili nilang papalaking lakas, sa ekspansyon ng rebolusyonaryong mga pwersang ng mga mamamayan, sa pakikipagkaisa sa mga bayang nasyunalista at sa pakikibaka ng lahat ng mamamayang nagmamahal sa kapayapaan, at sa pamamagitan ng paggamit sa panloob na mga kontradiksyon ng imperyalismo.

Habang nagpupursigi sa mapayapang pakikipamuhay sa mga bayang may naiibang sistemang panlipunan, walang-paglihis nating ginagampanan ang ating tungkuling internasyunalista. Aktibo tayong sumusuporta sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya ng Asya, Aprika at Amerika Latina, sa kilusang manggagawa ng Kanlurang Europa, Hilagang Amerika at Oceania, sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan, at sa mga pakikibaka ng mamamayan laban sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma at para sa pandaigdigang kapayapaan.

Sa lahat ng ito, iisa lamang ang tinatanaw nating layunin, walang iba kundi makipagkaisa sa lahat ng mga pwersang pwedeng pagkaisahin, na ang kampong sosyalista at internasyunal na proletaryado ang tumatayo bilang nukleyo, upang mabuo ang malapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US at mga alipures nito.

Batay sa Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay, sa loob ng nakaraang sampung taon at higit pa, nakapagtatag ang Gubyernong Tsino ng mapagkaibigang relasyon sa maraming mga bayan na may naiibang mga sistemang panlipunan at nagtaguyod sa mga pakikipagpalitang pang-ekonomya at pangkultura sa kanila. Nakipagsara ang Tsina ng mga tratado sa pakikipagkaibigan, sa kapayapaan at pakikipagkaibigan, o sa pakikipagkaibigan, mutwal na tulungan at mutwal na di pananalakay sa mga bayang Yemen, Burma, Nepal, Afghanistan, Guinea, Cambodia, Indonesia at Ghana. Matagumpay siyang nakipagkasundo sa kanyang mga usapin hinggil sa hangganan sa Burma, Nepal, Pakistan, Afganistan, atbp., na mga usaping labi ng kasaysayan.

Walang sinumang makabubura sa malalaking tagumpay ng Partido Komunistang Tsina at ng Gubyernong Tsino sa pagtataguyod ng patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin.

Sa paghahabi sa kasinungalingang tumututol ang Tsina sa mapayapang pakikipamuhay, may tagong mga motibo ang mga pinuno ng PKUS. Sa diretsahang salita, ang kanilang layunin ay takpan ng tabing ang kanilang sariling kapangitan sa pagtataksil sa proletaryong internasyunalismo at sa pakikipagsabwatan sa imperyalismo.

ANG PANGKALAHATANG LINYANG “MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY” NG MGA PINUNO NG PKUS

Hindi kami, kundi ang mga pinuno ng PKUS, ang sa katunaya’y lumalabag sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin.

Pinapurihan hanggang langit ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang konsepto ng mapayapang pakikipamuhay. Ano ang kanilang pangunahing mga pananaw sa usapin ng mapayapang pakikipamuhay?

1. Pinaninindigan ng mga pinuno ng PKUS na ang mapayapang pakikipamuhay ang nangingibabaw at kataas-taasang prinsipyo sa paglutas sa kontemporaryong mga suliraning panlipunan. Iginigiit nila na ito ang “kategorikal na kinakailangan ng modernong panahon” at ito ang “makapangyarihang hangarin ng kapanahunang ito”.²⁵² Sinasabi nila na “ang mapayapang pakikipamuhay lamang ang pinakamahusay at natatanging katanggap-tanggap na paraan sa paglutas sa lubhang mahahalagang suliraning kaharap ng lipunan”²⁵³ at ang prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay ang dapat gawing “saligang batas ng pamumuhay ng kabuuan ng modernong lipunan”.²⁵⁴
2. Pinaninindigan nila na nakahanda na ang imperyalismo na tanggapin ang mapayapang pakikipamuhay at hindi na ito ang balakid dito. Sinasabi nila na “hindi iilang pinuno ng gubyerno at estado ng Kanlurang mga bayan ang ngayo’y lumalantad para sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay”,²⁵⁵ at na “papalinaw nilang nauunawaan ang pangangailangan ng mapayapang pakikipamuhay”.²⁵⁶ Sa partikular, maingay nilang ipinahayag ang isang “pagtanggap” ng Presidente ng US “sa pagiging makatwiran at sa praktikalidad ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan”.²⁵⁷

²⁵² B. N. Ponomaryov, “Ang Matagumpay na Bandila ng mga Komunista sa Daigdig”, Pravda, ika-18 ng Nobyembre, 1962.

²⁵³ A. Rummyantsev, “Ang Ating Pang-ideolohiyang Sandatang Komun”, World Marxist Review (Pandaigdigang Panunuring Marxista), No. 1, 1962.

²⁵⁴ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-23 ng Setyembre, 1960.

²⁵⁵ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Gadjala Mada University, Djokjakarta, Indonesia, ika-21 ng Pebrero, 1960.

²⁵⁶ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyong ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Enero 1960.

²⁵⁷ “Hinggil sa Panayam kay Presidente J. Kennedy ng US”, artikulo ng lupong editoriyal sa Izvestia, ika-4 ng Disyembre, 1961.

3. Itinataguyod nila ang “lahatang-panig na kooperasyon” sa mga bayang imperyalista laluna sa United States. Sinasabi nilang ang Unyong Sobyet at United States “ay makakahanap ng batayan para sa magkasanib na mga aksyon at pagsisikap para sa kabutihan ng lahat ng sangkatauhan”²⁵⁸ at “makapagmamartsa nang magkahawak ang kamay para sa pagkokonsolida ng kapayapaan at pagtatatag ng tunay na kooperasyong internasyunal sa pagitan ng lahat ng estado”.²⁵⁹
4. Iginigiit nilang ang mapayapang pakikipamuhay ay “ang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas ng Unyong Sobyet at ng mga bayan ng sosyalistang kampo”.²⁶⁰
5. Iginigiit rin nila na “ang mga prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay ang nagtatakda sa pangkalahatang linya ng patakarang panlabas ng PKUS at ibang Marxista-Leninistang Partido”,²⁶¹ na ito “ang batayan ng estratehiya ng komunismo” sa daigdig sa ngayon, at “ginagawa” ng lahat ng mga Komunista “ang pakikibaka para sa mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang prinsipyo ng kanilang patakaran”.²⁶²
6. Itinuturing nila ang mapayapang pakikipamuhay bilang rekisito ng tagumpay sa rebolusyong mga pakikibaka ng mamamayan. Pinaninindigan nila na ang mga tagumpay na naipagwagi ng mga mamamayan ng iba’t ibang bayan ay nakamit sa ilalim ng “mga kondisyon ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga estadong may magkakaibang sistemang panlipunan”.²⁶³ Iginigiit nila na “sa mga kondisyon mismo ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga estado na may magkakaibang sistemang panlipunan nagtagumpay ang sosyalistang rebolusyon sa Cuba, nakamit ng mamamayang Algerian ang pambansang kasarinlan, “na lumaki sa bilang at lakas ang praternal na mga Partido, at lumawak ang impluwensya ng pandaigdigang kilusang komunista.”²⁶⁴

²⁵⁸ Telegrama ng Pagbati mula kay N. S. Khrushchov at L. I. Brezhnev kay J. F. Kennedy, ika-30 ng Disyembre, 1961.

²⁵⁹ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-23 ng Setyembre, 1960.

²⁶⁰ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Resepsyong Ibinigay ng Embahada ng Demokratikong Republikang Bayan ng Korea sa Unyong Sobyet, ika-5 ng Hulyo, 1961.

²⁶¹ B. N. Ponomaryov, “Ilang mga Usapin ng Rebolusyong Kilusan”, *World Marxist Review* (Pandaigdigang Panunuring Marxista), No. 12, 1962.

²⁶² “Mapayapang Pakikipamuhay at Rebolusyon”, *Kommunist*, Moscow, No. 2, 1962.

²⁶³ B. N. Ponomaryov, “Isang Bagong Yugto sa Pangkalahatang Krisis ng Kapitalismo”, *Pravda*, ika-8 ng Pebrero, 1961.

²⁶⁴ Liham ng Komite Sentral ng PKUS para sa Komite Sentral ng PKT, ika-30 ng Marso, 1963.

7. Pinaninindigan nilang ang mapayapang pakikipamuhay ang “pinakamahusay na paraan ng pagtulong sa internasyunal na rebolusyonaryong kilusan sa paggawa para makamit ang mga saligang layuning makauri nito”.²⁶⁵ Idinedeklara nito na sa ilalim ng mapayapang pakikipamuhay, lumaki ang posibilidad ng mapayapang transisyon tungong sosyalismo sa mga bayang kapitalista. Dagdag pa, naniniwala sila na ang tagumpay ng sosyalismo sa kompetisyong pang-ekonomya “ay mangangahulugan ng pagbibigay ng mapandurog na bigwas sa buong sistema ng mga relasyong kapitalista”.²⁶⁶ Inilalahad nila na “kapag tinatamasa na ng mamamayang Sobyet ang mga biyaya ng komunismo, bagong daan-daang milyong mamamayan sa mundo ang magsasabing: ‘Kami ay para sa komunismo!’”²⁶⁷ at pagdating ng panahong iyon maging ang mga kapitalista ay maaaring “pumakabila tungong Partido Komunista”.

Pag-isipan lamang. Ano ang pagkapareho ng mga pananaw na ito sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin?

Ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin ay ang patakarang sinusunod ng isang sosyalistang bayan sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga bayang may naiibang mga sistemang panlipunan, habang inilalarawan naman ni Khrushchov ang mapayapang pakikipamuhay bilang kataas-taasang prinsipyo na nagpapatakbo sa buhay ng modernong lipunan.

Ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin ang bumubuo sa isang aspeto ng internasyunal na patakaran ng proletaryadong nasa kapangyarihan, habang binabanat ni Khrushchov ang mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas para sa mga bayang sosyalista at higit pa bilang pangkalahatang linya para sa lahat ng mga Partido Komunista.

Ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin ay nakatuon laban sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma, habang ang mapayapang pakikipamuhay ni Khrushchov ay nagsisilbi sa imperyalismo at nang-uudyok sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma.

Ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin ay nakabatay sa paninindigan sa pandaigdigang tunggalian ng mga uri, habang ang mapayapang pakikipamuhay ni Khrushchov ay nagtatangkang ihalili sa pandaigdigang tunggalian ng mga uri ang pandaigdigang makauring kolaborasyon.

Ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin ay nagmumula sa istorikong misyon ng pandaigdigang proletaryado at sa gayo’y hinihingi sa mga bayang sosyalista na magbigay ng matatag na suporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng lahat ng aping mamamayan at bansa habang ipinapatupad ang patakarang ito, samantalang ang mapayapang pakikipamuhay ni Khrushchov ay nagtatangkang ihalili sa proletaryong pandaigdigang rebolusyon ang pasipismo at sa gayo’y iwinawaksi ang proletaryong internasyunalismo.

²⁶⁵ Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS para sa Lahat ng Organisasyon ng Partido at para sa Lahat ng Komunista ng Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

²⁶⁶ B. N. Ponomaryov, “Ilang mga Usapin ng Rebolusyonaryong Kilusan”, *World Marxist Review* (Pandaigdigang Panunuring Marxista), No. 12, 1962.

²⁶⁷ Programa ng PKUS, ipinagtibay ng Ika-22 Kongreso ng PKUS.

Binago ni Khrushchov ang patakarang mapayapang pakikipamuhay tungo sa isang patakarang ng makauring kapitulasyon. Sa ngalan ng mapayapang pakikipamuhay, itinakwil niya ang rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon ng 1957 at ng Pahayag ng 1960, ninakaw sa Marxismo-Leninismo ang rebolusyonaryong kaluluwa nito, at binaluktot at nilasug-lasog ito hanggang di na makilala.

Isa itong tandisang pagtataksil sa Marxismo-Leninismo!

TATLONG DI PAGKAKASUNDO SA PRINSIPYO

Sa usapin ng mapayapang pakikipamuhay, ang di di pagkakasundo sa pagitan ng mga pinuno ng mga PKUS, sa isang banda, at namin at lahat ng Marxista-Leninistang mga Partido at lahat nga ng mga Marxista-Leninista, sa kabila, ay hindi kung dapat ipatupad ng mga bayang sosyalista ang patakarang mapayapang pakikipamuhay. Usapin ito ng prinsipyo kaugnay ng wastong aktitud sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin. Pangunahing nailalahad ito sa tatlong usapin.

Ang unang usapin ay: para makamit ang mapayapang pakikipamuhay, kailangan bang maglunsad ng mga pakikibaka laban sa imperyalismo at burges na reaksyon? Posible bang mapawi sa pamamagitan ng mapayapang pakikipamuhay ang antagonismo at tunggalian sa pagitan ng sosyalismo at imperyalismo?

Palaging pinaninindigan ng mga Marxista-Leninista na kaugnay ng mga bayang sosyalista, walang balakid sa pagsasapraktika ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan. Ang mga balakid ay laging nagmumula sa mga imperyalista at mga reaksyunaryong burges.

Ihinarap ang Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay upang labanan ang imperyalistang mga patakarang agresyon at digma. Sa ilalim ng mga prinsipyong ito, hindi mapapahintulutan sa ugnayang internasyunal na manghimasok sa teritoryo at soberanya ng ibang bayan, makialam sa kanilang mga gawaing panloob, pinsalain ang kanilang mga interes at pantay na katayuan, o maglunsad ng mga digmang mapanalakay laban sa kanila. Pero nasa mismong kalikasan ng imperyalismo na manalakay sa ibang bayan at bansa at hangaring alipinin sila. Habang umiiral ang imperyalismo, hindi kailanman magbabago ang kalikasan nito. Ito ang dahilan kung bakit likas na di handang tanggapin ng mga imperyalista ang Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay. Kailanman posible, tinatangka nilang guluhin at wasakin ang mga bayang sosyalista at nananalakay laban sa ibang bayan at bansa at tinatangka silang alipinin.

Ipinakikita ng kasaysayan na dahil lamang sa di paborableng obhetibong mga dahilan kaya hindi nangangahas na magsimula ng digma ang mga imperyalista laban sa mga bayang sosyalista, o napipilitang pumayag sa armistisyo at tanggapin ang isang tipo ng mapayapang pakikipamuhay.

Ipinakikita rin ng kasaysayan na lagi't laging may matalim at kumplikadong mga tunggalian sa pagitan ng mga bayang imperyalista at sosyalista, na kung minsa'y nagwawakas sa tuwirang sagupaang militar o digma. Kapag hindi umiiral ang maiinit na pakikidigma, naglulunsad ang mga imperyalista ng malamig na pakikidigma, na walang-tigil nilang inilulunsad magmula nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa katunayan, ang mga bayang imperyalista at sosyalista ay nasa katayuan ng pakikipamuhay sa malamig na pakikidigma. Kasabay ng aktibo nilang pagpapalawak ng kanilang mga armamento at paghahanda sa digma, gumagamit ang mga bayang imperyalista ng lahat ng pamamaraan upang labanan ang mga bayang sosyalista sa pulitika, ekonomya at ideolohiya, at nagsasagawa pa ng mga probokasyong militar at mga banta sa pakikidigma laban sa kanila. Ang malamig na pakikidigma ng mga imperyalista laban sa mga bayang sosyalista at ang pagtatanggol ng huli laban rito ay mga manipestasyon ng pandaigdigang tunggalian ng mga uri.

Ipinagpapatuloy ng mga imperyalista ang kanilang mga pakanang agresyon at digma hindi lamang laban sa mga bayang sosyalista kundi sa lahat ng dako ng daigdig. Tinatangka nilang supilin ang mga rebolusyonaryong kilusan ng aping mga mamamayan at bansa.

Sa mga sirkunstansyang ito, dapat matatag na labanan ng mga bayang sosyalista, kasama ng mamamayan sa lahat ng ibang mga bayan, ang imperyalistang mga patakarang agresyon at digma at maglunsad ng ngipin-sa-ngiping pakikibaka laban sa imperyalismo. Walang salang sumusulong ang tunggalian ng mga uring ito, na minsa'y nasa matalim, ngayon nama'y nasa maluwa na anyo.???

Pero nagbibingi-bingihan si Khrushchov sa di maitatawang mga katotohanang ito. Ipinapahayag niya sa maraming lugar na tinanggap na ng imperyalismo ang pangangailangan ng mapayapang pakikipamuhay, at itinuturing niya ang mga pakikibakang anti-imperyalista ng mga bayang sosyalista at ng mamamayan ng daigdig na di naaayon sa patakarang mapayapang pakikipamuhay.

Sa palagay ni Khrushchov, kailangang magbigay ng sunud-sunod na konsesyon ang isang bayang sosyalista at patuloy na pagbigyan ang mga imperyalista at mga reaksyunaryong burges kahit na ipinaiiilalim nila ito sa mga bantang militar at armadong atake o nagbibigay ng mapanghamak na mga hinihingi na labag sa soberanya at dignidad nito.

Sa pamamagitan ng lohikang ito, inilalarawan ni Khrushchov ang kanyang walang hintong pag-atras, ang kanyang pakikipagtawaran sa mga prinsipyo at ang kanyang maamong pagtanggap sa mapanghamak na hinihingi ng mga imperyalistang US sa panahon ng krisis Caribbean bilang "isang tagumpay ng mapayapang pakikipamuhay".

Sa pamamagitan ng parehong lohika, inilalarawan ni Khrushchov ang pagtalima ng Tsina sa wastong mga prinsipyo sa usapin ng hangganang Tsino-Indian at sa kanyang kontra-atake laban sa pagsalakay militar ng mga reaksyunaryong Indian, isang akto ng pagtatanggol-sa-sarili ng Tsina nang di na matiis ang sitwasyon, bilang "paglabag sa mapayapang pakikipamuhay".

Paminsan-minsan, nagbabanggit rin si Khrushchov ng tungkol sa tunggalian sa pagitan ng dalawang magkakaibang sistemang panlipunan. Pero paano niya tinitingnan ang tunggalian?

Ang sabi niya, “ang di maiiwasang tunggalian sa pagitan ng dalawang sistema ay dapat papag-anyuhin lamang ng tunggalian ng mga ideya.”²⁶⁸

Dito naglaho ang pampulitikang pakikibaka!

Sinabi rin niya na:

Ang Leninistang prinsipyong mapayapang pakikipamuhay ng mga estado na may magkakaibang sistemang sosyo-ekonomiko at pampulitikang ay hindi lamang nangangahulugan ng kawalan ng digma, ng pansamantalang katayuan ng di estableng tigil-putukan. Nangangahulugan ito ng pagpapanatili sa pagitan ng mga estadong ito ng mapagkaibigang ugnayang pang-ekonomya at pampulitika, nagsasapantaha ito ng pagkakabuo at pagpapaunlad ng iba’t ibang anyo ng mapayapang pandaigdigang kooperasyon.²⁶⁹

Dito, ang pakikibaka ay ganap na naglaho!

Gaya ng salamangkero, gumagawa ng sunud-sunod na paglalalang si Khrushchov, una ang pagpapaliit ng mayor na mga usapin tungo sa minor, at matapos nito, pagpapaliit sa kawalan ng minor na mga isyu. Itinatatwa niya ang saligang antagonismo sa pagitan ng mga sistemang sosyalista at kapitalista, itinatatwa niya ang pundamental ng mga kontradiksyon sa pagitan ng mga kampong sosyalista at imperyalista, at itinatatwa niya ang pag-iral ng internasyunal na tunggalian ng mga uri. Sa gayon, itinatransporma niya ang mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng dalawang sistemang ito at ng dalawang kampong ito bilang “lahatang-panig na kooperasyon”.

Ang ikalawang usapin ay: maaari bang gawing pangkalahatang linya ng patakarang panlabas para sa sosyalitang mga bayan ang mapayapang pakikipamuhay?

Pinaninindigan namin na dapat nilalaman ng pundamental na prinsipyo ng kanilang patakarang panlabas ay ang pangkalahatang patakarang panlabas para sa sosyalistang mga bayan at bumuo sa pundamental na nilalaman ng patakarang ito.

Ano ang pundamental na prinsipyong ito? Ito ay proletaryong internasyunalismo.

Ani Lenin: “Ang patakarang panlabas ng proletaryado ay ang pakikipag-alyansa sa mga rebolusyonaryo ng abanteng mga bayan at ng lahat ng aping mga bayan laban sa lahat at alinmang imperyalista.”²⁷⁰ Ang prinsipyong ito ng proletaryong internasyunalismo na iniharap ni Lenin ang dapat na patnubay ng patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan.

Mula sa pormasyon ng kampong sosyalista, kinailangang makipag-ugnayan ang bawat sosyalistang bayan sa tatlong tipo ng relasyon sa kanyang patakarang panlabas, ’ibig sabihin, ang relasyon nito sa ibang sosyalistang bayan, sa mga bayang may naiibang mga sistemang panlipunan, at sa aping mga mamamayan at bansa.

²⁶⁸ N. S. Khrushchov, Ulat sa Sesyong ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, Enero 1960.

²⁶⁹ N. S. Khrushchov, “Mga Tugon sa mga Tanong ni Propesor Hans Thirring ng Austria”, Pravda, ika-3 ng Enero, 1962.

²⁷⁰ V. I. Lenin, “Ang Patakarang Panlabas ng Rebolusyong Ruso”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XXV, p. 87.

Sa aming pananaw, ang sumusunod ang dapat maging nilalaman ng pangkalahatang linya ng patakarang panlabas para sa sosyalistang mga bayan: paunlarin ang relasyon ng pakikipagkaibigan, mutwal na tulungan at kooperasyon sa hanay ng mga bayan ng kampong sosyalista alinsunod sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo; pagsumikapan ang mapayapang pakikipamuhay batay sa Limang Prinsipyo sa mga bayang may naiibang sistemang panlipunan at tutulan ang imperyalistang mga patakarang agresyon at digma; at suportahan at tulungan ang rebolusyong mga pakikibaka ng lahat ng aping mga mamamayan at bansa. Ang tatlong mga aspetong ito ay magkakaugnay at kahit isa ma'y hindi pwedeng kaltasin.

Makaisang panig na pinaliit ng mga pinuno ng PKUS ang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas ng sosyalistang mga bayan tungo sa mapayapang pakikipamuhay. Nais naming itanong: Paano dapat tanganan ng isang sosyalistang bayan ang pakikipag-ugnayan nito sa ibang mga bayang sosyalista? Pananatilihin lamang ba nito ang pakikipag-ugnayang mapayapang pakikipamuhay sa kanila?

Mangyari pa, dapat ring tumalima ang mga sosyalistang bayan sa Limang Prinsipyo sa kanilang mutwal na relasyon. Absolutong di mapapahintulutan ang alinman sa kanila na pahinain ang teritoryal na integridad ng iba pang kapatid na bayan, pinsalain ang kasarinlan at soberanya nito, manghimasok sa kanyang mga gawaing panloob, magsagawa ng subersibong mga aktibidad sa loob nito, o labagin ang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at mutwal na benepisyong sa kanyang pakikipag-ugnayan sa iba pang kapatid na bayan. Pero ang simpleng pagpapatupad sa mga prinsipyong ito ay malayong di nakakasapat. Sinasabi ng Deklarasyong 1957:

Ang mga ito'y mahahalagang mga prinsipyo. Gayunman, hindi nito nakukumpleto ang esensya ng pakikipag-ugnayan sa pagitan nila. Integral na bahagi ng pakikipag-ugnayang ito ang praternal na mutwal na tulungan. Ang tulong na ito ay isang matingkad na ekspresyon ng sosyalistang internasyunalismo.

Sa pagtatakda sa mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas, sa katunayan, nililikida na ng mga pinuno ng PKUS ang proletaryong internasyunalistang relasyong mutwal na tulungan at kooperasyon sa hanay ng mga bayang sosyalista at itinturing ang praternal na bayang sosyalista na kapareho sa mga bayang kapitalista. Nangangahulugan ito ng paglikida sa sosyalistang kampo.

Makaisang panig na pinaliliit ng mga pinuno ng PKUS ang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas ng mga bayang sosyalista tungo sa mapayapang pakikipamuhay. Nais naming itanong: Paano dapat tanganan ng isang bayang sosyalista ang pakikipag-ugnayan nito sa aping mga mamamayan at bansa? Dapat bang ang relasyon sa pagitan ng proletaryadong nasa kapangyarihan at mga kapatid nito sa uri na hindi pa napapalaya ang sarili, o sa pagitan nito at lahat ng aping mga mamamayan at bansa, ay mapayapang pakikipamuhay lamang at hindi mutwal na tulungan?

Matapos ang Rebolusyong Oktubre, paulit-ulit na idiniin ni Lenin na ang kalupaan ng sosyalismo, na nakapagtatag ng diktadura ng proletaryado, ay isang base sa pagtataguyod sa proletaryong pandaigdigang rebolusyon. Sinabi rin ni Stalin:

Hindi dapat ituring ng rebolusyon na nagwagi sa isang bayan ang sarili bilang isang entidad na nakasapat-sa-sarili, kundi bilang tulong, bilang pamamaraan *para sa* pagpapabilis sa tagumpay ng proletaryado sa lahat ng bayan.²⁷¹

Idinagdag niya na “bumubuo ito ... ng makapangyarihang base para sa higit pang pagpapaunlad [walang iba kundi ang pandaigdigang rebolusyon]”.²⁷²

Samakatwid, sa kanilang patakarang panlabas, hindi maaaring ilimita ng mga bayang sosyalista ang sarili sa anumang sirkunstansya sa pagtangan sa pakikipag-ugnayan sa mga bayang may naiibang sistemang panlipunan, ngunit dapat ding wastong tanganan ang pakikipag-ugnayan sa sariling hanay at ang pakikipag-ugnayan sa aping mga mamamayan at bansa. Dapat nilang gawin ang pagsuporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa bilang kanilang internasyunalistang tungkulin at mahalagang bahagi ng kanilang patakarang panlabas.

Kakaiba kina Lenin at Stalin, ginagawa ni Khrushchov ang mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas para sa mga bayang sosyalista, at, sa gayon, tinatangal mula sa patakarang ito ang proletaryong internasyunalistang tungkulin ng pagtulong sa rebolusyonaryong mga tunggalian ng aping mga mamamayan at bansa. Napakalayo sa pagiging isang “mapanlikhang pagpapaunlad” ng patakarang mapayapang pakikipamuhay, ito’y isang pagtataksil sa proletaryong internasyunalismo sa pagkukunwang mapayapang pakikipamuhay.

Ang ikatlong usapin ay: maaari bang maging pangkalahatang linya ng lahat ng Komunistang Partido at ng pandaigdigang kilusang komunista ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ng mga bayang sosyalista? Maaari ba itong ihalili sa rebolusyong bayan?

Naninindigan kami na nangangahulugan ang mapayapang pakikipamuhay ng isang relasyon sa pagitan ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan, sa pagitan ng independyenteng soberanong mga estado. Matapos lamang ng tagumpay sa rebolusyon nagiging posible at kailangan para sa proletaryado na itaguyod ang patakarang mapayapang pakikipamuhay. Para sa aping mga mamamayan at bansa, ang kanilang tungkulin ay pagsumikapan ang sarili nilang paglaya at ibagsak ang paghahari ng imperyalismo at mga alipures nito. Hindi sila dapat magsabuhay ng mapayapang pakikipamuhay sa mga imperyalista at mga alipures nito, at hindi posible para sa kanila na gawin ito.

Mali kung gayon na ilapat ang mapayapang pakikipamuhay sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng api at nang-aaping mga uri at sa pagitan ng api at nang-aaping mga bansa, o banatin ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ng mga bayang sosyalista upang gawin itong patakaran ng mga Partido Komunista at rebolusyonaryong mamamayan sa kapitalistang daigdig, o ipailalim dito ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa.

²⁷¹ J. V. Stalin, “Ang Rebolusyong Oktubre at ang mga Taktika ng mga Komunistang Ruso”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1953, Vol. VI, p. 415.

²⁷² *Ibid.*, p. 419.

Palagi naming pinaninindigan na ang wastong paglalapat ng patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin sa mga bayang sosyalista ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kapangyarihan, sa paglalantad sa imperyalistang mga patakarang agresyon at digma, at sa pagbubuo ng pagkakaisa ng lahat ng anti-imperyalistang mga mamamayan at bayan, at sa gayo'y nakakatulong ito sa mga pakikibaka ng mamamayan laban sa imperyalismo at mga alipures nito. Kasabay nito, sa pamamagitan ng tuwirang pagbira at pagpapahina sa mga pwera ng agresyon, digma at reaksyon, nakakatulong ang mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan laban sa imperyalismo at mga alipures nito sa adhikain ng pandaigdigang kapayapaan at kaunlarang pantao, at sa gayo'y tumutulong sa pakikibaka ng mga bayang sosyalista para sa mapayapang pakikipamuhay sa mga bayang may naiibang sistemang panlipunan. Samakatuwid, ang wastong paglalapat ng patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin ng mga bayang sosyalista ay naaayon sa mga interes ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa lahat ng bayan.

Gayunman, ang pakikibaka ng mga bayang sosyalista para sa mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan at ang rebolusyong bayan sa iba't ibang bayan ay dalawang ganap na magkakaibang bagay.

Sa liham noong ika-14 Hunyo bilang tugon sa Komite Sentral ng PKUS, ipinapahayag ng Komite Sentral ng PKT na:

... isang bagay na isabuhay ang mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga bayan na may magkakaibang sistemang panlipunan. Absolutong di mapapahintulutan at imposible para sa mga bayang nagsasabuhay ng mapayapang pakikipamuhay na salingin kahit na isang buhok ng sistemang panlipunan ng isa't isa. Ganap na ibang bagay ang tunggalian ng mga uri, ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at ang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo sa iba't ibang bayan. Lahat ng ito'y mapapait, buhay-at-kamatayang rebolusyonaryong mga pakikibaka na naglalayong baguhin ang sistemang panlipunan. Hindi mahahalinhin ng mapayapang pakikipamuhay ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan. Maidudulot lamang ang transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo sa alinmang bayan sa pamamagitan ng proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado sa bayang iyon.

Sa isang makauring lipunan, maling-mali na ituring ang mapayapang pakikipamuhay bilang “pinakamahasag at tanging katanggap-tanggap na paraan sa paglutas ng lubhang mahahalagang suliranin na kinakaharap ng lipunan” at bilang “batayang batas ng buhay para sa kabuuan ng modernong lipunan”. Ito'y pasipismong sosyal na nagtatakwil sa tunggalian ng uri. Isa itong kamuhi-muhing pagtataksil sa Marxismo-Leninismo.

Noon pa mang 1946, pinag-iba ni Kasamang Mao Zedong ang dalawang usapin at maliwanag na ipinahayag na ang kompromiso sa pagitan ng Unyong Sobyet at United States, Britanya at Pransya sa ilang usapin “ ay hindi nag-oobliga sa mamamayan sa mga bayan ng kapitalistang daigdig na sumunod at makipagkompromiso sa loob ng kanilang bayan. Patuloy na maglulunsad ng iba't ibang pakikibaka ang mamamayan sa mga bayang iyon alinsunod sa kanilang magkakaibang kalagayan”.²⁷³

²⁷³ Mao Zedong, “Ilang Punto sa Pagtatasa sa Kasalukuyang Internasyunal na Sitwasyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 87.

Isa itong wastong patakarang Marxista-Leninista. Sa patnubay ng wastong patakarang ito ni Kasamang Mao Zedong, matatag at determinadong isinulong ng mamamayang Tsino ang rebolusyon hanggang sa wakas at naipagwagi ang dakilang tagumpay sa kanilang rebolusyon.

Sa pagkilos laban sa patakarang Marxista-Leninistang ito, ipinakakahulugan ng mga pinuno ng PKUS ang isang aspeto ng patakarang na ipinatutupad ng proletaryado na nasa kapangyarihan sa pakikipag-ugnayang pang-estado nito sa mga bayang may ibang sistemang panlipunan bilang pangkalahatang linya ng lahat ng mga Partido Komunista, at tinatangka nilang ihalili ang una sa huli sa paghingi na ang mga Partido Komunista at rebolusyonaryong mga mamamayan ay dapat lahat sumunod sa tinatagurian nilang pangkalahatang linyang mapayapang pakikipamuhay. Sa hindi nila mismo paghahangad ng rebolusyon, pinagbabawalan nila ang iba na gawin ito. Sa hindi nila mismo paglaban sa imperyalismo, pinagbabawalan nila ang iba na labanan ito.

Mariing itinatatwa ito ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS at mga pangungusap ni Khrushchov kamakailan. Iginiit na isang “kasumpa-sumpang paninira” na akusahan ang mga pinuno ng PKUS ng pagbanat sa mapayapang pakikipamuhay sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng api at mapang-aping mga uri at sa pagitan ng api at mapang-aping mga bansa. Ipokrito nilang ipinahayag na “hindi mababanat” ang mapayapang pakikipamuhay “tungo sa makauring tunggalian laban sa kapital sa loob ng kapitalistang mga bayan at sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya”.

Subalit walang silbi ang gayong pagsisinungaling.

Nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Kung ang patakarang mapayapang pakikipamuhay ay bumubuo lamang ng isang aspeto ng patakarang panlabas ng mga bayang sosyalista, bakit ninyo iginigiit hanggang kamakailan lang na kinakatawan nito “ang estratehikong linya para sa buong panahon ng transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo sa pandaigdigang saklaw”?²⁷⁴ Sa pag-oobliga sa mga Partido Komunista ng lahat ng mga bayang kapitalista at ng aping mga bansa na gawing pangkalahatang linya nila ang mapayapang pakikipamuhay, hindi ba’t naglalayon kayong halinhan ang rebolusyonaryong linya ng mga Partido Komunista ng inyong patakarang “mapayapang pakikipamuhay” at sadyang ilapat ang patakarang iyon sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng api at mapang-aping uri at sa pagitan ng api at mapang-aping bayan?

Nais din naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Kung naipagwawagi ng mga mamamayan ang tagumpay sa kanilang mga rebolusyon sa pamamagitan ng pagsalig pangunahin sa sarili nilang mga pakikibaka, paanong ipagpapalagay na dulot ang gayong tagumpay ng mapayapang pakikipamuhay, o ilarawan bilang bunga nito? Hindi ba’t ang gayong mga alegasyon ninyo ay nangangahulugan ng pagpapailalim ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayan sa inyong patakarang mapayapang pakikipamuhay?

²⁷⁴ “Para sa Pagkakaisa at Solidaridad ng Pandaigdigang Kilusang Komunista”, artikulo ng lupong editorial sa Pravda, ika-6 ng Disyembre, 1963.

Dagdag pa, nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Walang dudang gumaganap ng ulirang papel ang pang-ekonomyang mga tagumpay sa mga bayang sosyalista at ang mga tagumpay na nakakamit nila sa kompetisyong pang-ekonomya sa mga bayang kapitalista, at nagsisilbing inspirasyon sa aping mga mamamayan at bansa. Ngunit paanong masasabing magtatagumpay ang sosyalismo sa pandaigdigang saklaw sa pamamagitan ng mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon sa halip na sa pamamagitan ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayan?

Iniaanunso ng mga pinuno ng PKUS ang pagsalig sa mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon na nakasasapat upang “magbigay ng mapangwasak na hambalos sa buong sistema ng mga relasyong kapitalista” at makapagdudulot ng mapayapang transisyon tungong sosyalismo sa buong daigdig. Katumbas ito ng pagsasabing ang aping mga mamamayan at bansa ay hindi na kailangang maglunsad ng mga pakikibaka, magrebolusyon at magbagsak sa reaksyunaryong paghahari ng imperyalismo at kolonyalismo at kanilang mga alipures, at dapat mahinahon na lamang silang maghintay — hanggang ang antas ng produksyon at istandard sa pamumuhay sa Unyong Sobyet ay makalampas sa pinakamaunlad na kapitalistang bayan, kung saan ang api at pinagsasamantalang mga alipin sa lahat ng dako ng daigdig ay makapapasok sa komunismo kasabay ng nang-aapi at nagsasamantala sa kanila. Hindi ba ito isang pagtatangka sa panig ng mga pinuno ng PKUS na ihalili ang tinatagurian nilang mapayapang pakikipamuhay sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayan at likidahin ang gayong mga pakikibaka?

Inililina ng pagsusuri sa tatlong usaping ito na ang ating kaibahan sa mga pinuno ng PKUS ay isang mayor na kaibahan sa prinsipyo. Ganito ang esensya ng usapin. Ang aming patakarang mapayapang pakikipamuhay ay Leninista at nakabatay sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo, umaambag sa adhikain ng paglaban sa imperyalismo at pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan at umaayon sa mga interes ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa sa lahat ng dako ng daigdig; habang ang tinaguriang pangkalahatang linya ng mapayapang pakikipamuhay na itinataguyod ng mga pinuno ng PKUS ay anti-Leninista, tumatalikod sa prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo, pumipinsala sa adhikain ng paglaban sa imperyalismo at pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan, at kontra sa mga interes ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa.

ANG PANGKALAHATANG LINYANG “MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY” NG MGA PINUNO NG PKUS AY NAGSISILBI SA IMPERYALISMONG US

Ang pangkalahatang linya ng mapayapang pakikipamuhay na itinataguyod ng mga pinuno ng PKUS ay matatag na itinatakwil ng lahat ng mga Partidong Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan pero mainit na pinapapurihan ng mga imperyalista.

Hindi ipinaglilihim ng mga tagapagsalita ng Kanlurang monopolyo kapital ang kanilang malugod na pagtanggap sa pangkalahatang linyang ito ng mga pinuno ng PKUS. Nakikita nila kay Khrushchov “ang pinakamabuting kaibigan ng Kanluran sa Moscow”²⁷⁵ at sinasabi na “kumikilos si Sobyet Premyer Nikita Khrushchov nang tulad ng isang pulitikong Amerikano”.²⁷⁶ Sabi nila, “kung ang malayang daigdig ang pag-uusapan, itinuturing si Khrushchov bilang pinakamahusay na Punong Ministro ng mga Ruso. Tunay siyang naniniwala sa mapayapang pakikipamuhay”.²⁷⁷ Inilalahad nila na “ang posibilidad ng mas mahusay na relasyong Sobyet-Amerikano ay humantong sa pakiramdam sa mga sirkulo ng Kagawarang Estadong US (US State Department) na, sa loob ng ilanghangganan, dapat padulasin ng US ang tungkulin ni Khrushchov”.²⁷⁸

Lagi’t laging napopoot ang mga imperyalista sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ng mga bayang sosyalista, at pinagsasasabing “ang pinakasalitang ‘pakikipamuhay’ ay kapwa kakatwa at pangahas” at “itapon natin sa basurahan ang konsepto ng panandalian at nababagabag na pakikipamuhay”.²⁷⁹ Bakit sila nagpapakita ng napakalaking interes sa pangkalahatang linya ng mapayapang pakikipamuhay ni Khrushchov? Dahil malinaw sa mga imperyalista ang kapakinabangan nito rito.

Walang salang itinaguyod ng mga imperyalistang US ang dalawahang taktikang digma at kapayapaan upang makamit ang kanilang estratehikong mga layunin ng paglikida sa mga rebolusyon ng mamamayan, pagpawi sa kampong sosyalista at pagdomina sa daigdig. Kapag nakikita nilang nagiging di paborable sa kanila ang sitwasyong pandaigdig, lalo silang napipilitang gumamit ng mga panlilinlang ng kapayapaan habang ipinagpapatuloy ang pagpapalawak ng kanilang pananandata at paghahanda sa digma.

Noong 1958, ipinanukala ni John Foster Dulles na dapat italaga ng United States ang sarili sa “isang marangal na estratehiya” ng “mapayapang tagumpay”.²⁸⁰

Matapos maluklok sa pwesto, ipinagpatuloy at pinaunlad ni Kennedy ang “estrategiyang kapayapaan” ni Dulles at nangusap tungkol sa “mapayapang pakikipamuhay”. Aniya, “... kailangan natin ng mas mahusay na sandata kaysa sa H-bomb ... at ang mas mahusay na sandatang iyon ay mapayapang kooperasyon.”²⁸¹

Nangangahulugan ba ito na tunay na tinatanggap ng mga imperyalistang US ang mapayapang pakikipamuhay, o, sa pananalita ng mga pinuno ng PKUS, umaamin sa “pagiging rasonable at sa praktikalidad ng mapayapang pakikipamuhay”? Mangyari pa’y hindi.

²⁷⁵ “Gaano ba Tayo Dapat Kabuti kay Nikita?” sa magasing *Time* ng US, ika-9 ng Marso, 1962.

²⁷⁶ W. A. Harriman, Panayam sa Telebisyon, ika-18 ng Agosto, 1963.

²⁷⁷ “Tinulungan ni Kennedy si Khrushchov”, sa magasing *Time and Tide* ng Britain, ika-18-24 ng Abril, 1963.

²⁷⁸ Kalatas mula sa Washington ng Agence France Presse, ika-14 ng Hulyo, 1963, hinggil sa komentaryo ng mga upisyal ng gubyernong US hinggil sa Bukas na Liham ng PKUS.

²⁷⁹ Talumpati ng Pangalawang-Kalihim ng Estado ng US na si Douglas Dillon hinggil sa patakarang panlabas ng US, ika-20 ng Abril, 1960.

²⁸⁰ J. F. Dulles, Talumpati sa Harap ng Kamara ng Komersyo ng Estado ng California, ika-4 ng Disyembre, 1958.

²⁸¹ J. F. Kennedy, Talumpati sa Pangkalahatang Asembleya ng UN, ika-20 ng Setyembre, 1963.

Madaling maipapakita ng kaunting seryosong pag-aaral ang tunay na kahulugan at layunin ng “mapayapang pakikipamuhay” na itinataguyod ng mga imperyalistang US.

Ano ang tunay na kahulugan at layunin nito?

1. Sa ngalan ng mapayapang pakikipamuhay, tinatangka ng mga imperyalistang US na itali ang kamay ng Unyong Sobyet at iba mga bayang sosyalista at pinagbabawalan silang sumuporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan sa kapitalistang daigdig.

Sabi ni Dulles:

Kaya ng Gubyernong Sobyet na wakasan ang “malamig na digma”, sa panig nito, kung palalayain nito ang sarili mula sa pumapatnubay na pagdidirihe ng internasyunal na komunismo at pangunahing pagsumikapan ang kapakinabangan ng bansa at mamamayang Ruso. Magwawakas rin ang “malamig na digma” kung tatalikdan ng internasyunal na komunismo ang mga layuning global nito...²⁸²

Ipinahayag ni Kennedy na kung pag-iigihin ang relasyong US-Sobyet, kailangang talikdan ng Unyong Sobyet ang planong “gawing komunista ang buong daigdig” at “tingnan lamang ang pambansang interes nito at ang pagkakaloob ng mas mabuting kabuhayan para sa mamamayan nito sa ilalim ng mga kondisyon ng kapayapaan”.²⁸³

Mas diretsahan pang inilahad ang puntong ito ni Dean Rusk. “Walang tiyak at matagalang kapayapaan hanggat hindi tinatalikuran ng mga pinunong komunista ang kanilang layunin sa pandaigdigang rebolusyon.” Sinabi rin niyang may mga “palatandaan ng ligalig” sa hanay ng mga pinunong Sobyet “tungkol sa mga pasanin at mga risgo ng kanilang komitment sa pandaigdigang kilusang komunista”. At sinabihan pa niya ang mga pinunong Sobyet na “sumulong mula doon, sa pamamagitan ng pagsasantabi ng ilusyon sa pandaigdigang komunistang tagumpay”.²⁸⁴

Napakalinaw ng kahulugan ng mga salitang ito. Inilalarawan ng mga imperyalistang US ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa sa kapitalistang daigdig para sa sarili nilang paglaya bilang resulta ng mga pagsisikap ng mga bayang sosyalista na “gawing komunista ang buong daigdig”. Sinasabi nila sa mga pinunong Sobyet: Nais ba ninyong makipamuhay sa kapayapaan sa United States? Mabuti kung gayon! Pero sa kondisyong hindi kayo dapat sumuporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa sa kapitalistang daigdig at dapat tiyakin ninyo na hindi sila babangon sa rebolusyon. Alinsunod sa nangangarap na pag-iisip ng mga imperyalistang US, hahayaan nitong malaya nilang durugin ang mga kilusang rebolusyonaryo sa kapitalistang daigdig at dominahin at alipinin ang mga naninirahan doon na bumubuo sa dalawang-katlo ng populasyon ng daigdig.

²⁸² J. F. Dulles, Talumpati sa Harap ng Komite sa mga Usaping Panlabas ng Kamara de Representantes ng US, ika-28 ng Enero, 1959.

²⁸³ J. F. Kennedy, Panayam kay A. I. Adzhubei, Punong-Editor ng Izvestia, ika-25 ng Nobyembre, 1961.

²⁸⁴ Dean Rusk, Talumpati sa Pambansang Kumbensyon ng Lehiyong Amerikano, ika-10 ng Setyembre, 1963.

2. Sa ngalan ng mapayapang pakikipamuhay, tinatangka ng mga imperyalistang US na ituloy ang kanilang patakaran “mapayapang ebolusyon” kaugnay ng Unyong Sobyet at ibang bayang sosyalista at papanumbalikin ang kapitalismo doon.

Sabi ni Dulles, “Ang pagtatakwil sa pwera ... ay nangangahulugan, hindi ng pagpapanatili sa kairalan, kundi ng mapayapang pagbabago”.²⁸⁵ “Hindi sapat na maging dependensibo. Dapat ang kalayaan ay maging positibong pwera na makapapanuot.”²⁸⁶ “Umaasa kami na maikakamoplahe ang isang ebolusyon sa loob ng Sobyet na daigdig.”²⁸⁷

Iginiit ni Eisenhower na anumang magagawa ng United States sa mapayapang paraan ay gagawin “upang ang mamamayang iyon na iginagapos ng mapaniil na diktadura sa wakas ay magkamit ng karapatan na pagpasyahan ang kanilang sariling kinabukasan sa pamamagitan ng sarili nilang malayang halalan.”²⁸⁸

Sinabi ni Kennedy na ang “tungkulin ay gawin ang lahat ng ating magagawa upang matiyak na ang mga pagbabagong nangyayari ... sa emperyong Sobyet, sa lahat ng kontinente—ay hahantong sa higit na kalayaan para sa mas maraming tao at sa pandaigdigang kapayapaan”.²⁸⁹ Ipinahayag niya na “itaguyod niya ang patakaran ng matiyagang panghihimok sa kalayaan at maingat na pagpepresyur sa tiranya” kaugnay ng mga bayang sosyalista sa Silangang Europa, upang maipagkaloob ang “malayang pagpili” para sa mamamayan ng mga bayan iyon.²⁹⁰

Napakalinaw rin ng pakahulugan ng mga pananalitang ito. Sinisiraan ng mga imperyalistang US ang sistemang sosyalista bilang “diktaduryal” at “mapaniil” at inilalarawan ang pagpapanumbalik sa kapitalismo bilang “malayang pagpili”. Sabi nila sa mga pinunong Sobyet: Nais ba ninyong makikipamuhay sa kapayapaan sa United States? Mabuti kung gayon! Pero hindi ito nangangahulugan na kinikilala namin ang kairalan sa mga bayang sosyalista; kabaligtad nito, dapat maipanumbalik ang kapitalismo doon. Sa ibang salita, hindi kailanman makapapayag ang mga imperyalistang US na ang isang-katlo ng populasyon ng daigdig ay tumahak na sa sosyalistang landas, at lagi nilang tatangkaing wasakin lahat ng mga bayang sosyalista.

Sa maikling salita, ito ang kahulugan ng tinatagurian ng mga imperyalistang US bilang mapayapang pakikipamuhay: walang mamamayang nabubuhay sa ilalim ng imperyalistang dominasyon at pang-aalipin na maaaring magsikap para sa kalayaan, at lahat ng nagpalaya sa sarili ay dapat muling pumailalim sa imperyalistang dominasyon at pang-aalipin, at dapat ang buong daigdig ay ilangkap sa Amerikanong “pandaigdigang komunidad ng malalayang bayan”.

²⁸⁵ J. F. Dulles, Talumpati sa Hapunang Parangal ng *Bar Association* ng Estadong New York, ika-31 ng Enero, 1959.

²⁸⁶ J. F. Dulles, Talumpati sa Harap ng Kamara ng Komersyo ng Estado ng California, ika-4 ng Disyembre, 1958.

²⁸⁷ J. F. Dulles, Testimony sa Harap ng Komite sa mga Usaping Panlabas ng Kamara de Representantes ng US, ika-28, 1959.

²⁸⁸ D. D. Eisenhower, Talumpati sa Kongresong Polish-Amerikano sa Chicago, ika-30 ng Setyembre, 1960.

²⁸⁹ J. F. Kennedy, *Ang Estratehiya ng Kapayapaan*, Harper & Brothers, New York, 1960, p. 199.

²⁹⁰ J. F. Kennedy, Talumpati sa Kongresong Polish-Amerikano sa Chicago, ika-1 ng Oktubre, 1960.

Madaling makita kung bakit ang pangkalahatang linyang mapayapang pakikipamuhay ng mga pinuno ng PKUS ay tamang-tama sa panlasa ng imperyalismong US.

Sa pagkukunwang mapayapang pakikipamuhay, ginagawa ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang makakaya upang maglangis sa imperyalismong US at palaging ipinahahayag na ang mga kinatawan ng imperyalismong US “ay nag-aalala tungkol sa kapayapaan”; tamang-tama itong naglilingkod sa mapanlokong patakarang kapayapaan nito.

Sa pagkukunwang mapayapang pakikipamuhay, inilalapat ng mga pinuno ng PKUS ang patakarang mapayapang pakikipamuhay sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng api at mapang-aping mga uri at sa pagitan ng api at mapang-aping bansa, at nilalabanan nila ang rebolusyon at tinatangkang likidahin ito; tamang-tama ito sa pangangailangan ng mga imperyalistang US na hindi dapat sumuporta ang mga bayang sosyalista sa mga rebolusyon ng mamamayan sa kapitalistang daigdig.

Sa pagkukunwang mapayapang pakikipamuhay, tinatangka ng mga pinuno ng PKUS na ihalili ang pandaigdigang kolaborasyon sa uri sa pandaigdigang tunggalian ng mga uri at itaguyod ang “lahatang-panig na kooperasyon” sa pagitan ng sosyalismo at imperyalismo, at sa gayo’y ibinubukas ang pinto sa imperyalistang penetrasyon sa mga bayang sosyalista; tamang-tama ito sa mga pangangailangan ng patakarang US imperyalista na “mapayapang ebolusyon”.

Lagi nang pinakamahasag nating guro sa pamamagitan ng negatibong halimbawa ang mga imperyalista. Dito’y sipiin natin ang ilang bahagi mula sa dalawang talumpati ni Dulles matapos ang ika-20 Kongreso ng PKUS.

Sinabi niya:

... Sabi ko ... na may ebidensya sa loob ng Unyong Sobyet ng mga pwersa tungo sa higit na liberalismo... ... kung mananatili ang mga pwersang ito at magpapatuloy na magkamomentum sa loob ng Unyong Sobyet, maaari natin kung gayon na isipin, at makatwirang asahan, ang sabi ko’y sa loob ng isang dekada o kaya’y isang henerasyon, na makakamit natin ang malaking layon ng ating patakaran, ’ibig sabihin, isang Rusya na pinamamahalaan ng mga taong kasang-ayon sa mga kahilingan ng mamamayang Ruso, na bumitiw na sa kanilang mapandambong na mga ambisyon na makapaghari sa daigdig at umaayon sa mga prinsipyo ng sibilisadong mga bansa at gayong mga prinsipyong nakapaloob sa Tsarter ng Nagkakaisang mga Bansa.²⁹¹

Sinabi rin niya na:

... ang pangmatagalang prospek—maaari ko pa ngang sabihing pangmatagalang katiyakan—ay magkakaroon ng ebolusyon sa kasalukuyang mga patakaran ng mga naghahari sa Sobyet para sila’y maging higit na nasyunalista at di gaanong internasyunalista.²⁹²

²⁹¹ J. F. Dulles, Kumperensyang Pampahayagan, ika-15 ng Mayo, 1958.

²⁹² J. F. Dulles, Kumperensyang Pampahayagan, ika-28 ng Oktubre, 1958.

Sa wari’y dumadalaw ang multo ni Dulles sa mga nagtaksil sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo, at sila’y naging napakalulong sa tinaguriang pangkalahatang linya sa mapayapang pakikipamuhay na hindi na sila tumitigil para ikonsidera kung gaano umaayon ang kanilang mga aksyon sa mga ninanais ng imperyalismong US.

ANG KOLABORASYONG SOBYET-US ANG PUSO AT KALULUWA NG PANGKALAHATANG LINYA SA “MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAY” NG MGA PINUNO NG PKUS

Habang inuulit-ulit ang mapayapang pakikipamuhay sa kamakailang mga taon, hindi lamang nilabag ng mga pinuno ng PKUS sa katunayan ang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo kundi nabigo pa na umayon sa Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay sa kanilang aktitud tungo sa Tsina at ilang iba pang bayang sosyalista. Sa simpleng pananalita, ang kanilang walang-tigil na pagtataguyod sa mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang linya ng kanilang patakarang panlabas ay nangangahulugan ng isang paghingi na dapat lahat ng sosyalistang bayan at mga Partido Komunista ay pumailalim sa kanilang matagal nang inaasam na pangarap na kolaborasyong Sobyet-US.

Ang puso at kaluluwa ng pangkalahatang linya sa mapayapang pakikipamuhay na itinataguyod ng mga pinuno ng PKUS ay ang kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig.

Tingnan lamang ang di pangkaraniwang mga pahayag na ginawa nila:

“Malayong iniwan ng dalawang pinakamalaking modernong kapangyarihan, ang Unyong Sobyet at ang United States, ang alinmang bayan sa daigdig.”²⁹³

“Nangunguna ang bawat isa sa dalawang kapangyarihang ito sa isang malaking pangkat ng mga bansa—pinanungunahan ng Unyong Sobyet ang pandaigdigang sosyalistang sistema at ng United States ang kampong kapitalista.”²⁹⁴

“Kami [ang Unyong Sobyet at United States] ang pinakamalalakas na bayan sa daigdig at kung kami ay magkakaisa para sa kapayapaan, hindi maaaring magkadigma. Kung mayroon mang hibang na nais ng digma, iwawasiwas lamang namin ang aming mga daliri para tigilan siya.”²⁹⁵

“... kung may kasunduan sa pagitan ni N. S. Khrushchov, ang pinuno ng Gubyernong Sobyet, at ni John Kennedy, ang Pangulo ng United States, magkakaroon ng solusyon ang pandaigdigang mga suliranin kung saan nakasalalay ang kahihinatnan ng sangkatauhan.”²⁹⁶

²⁹³ N. N. Yakoviev, “Makalipas ang 30 Taon...”, isang pampleto na isinulat para sa ika-30 anibersaryo ng ugnayang diplomatikong Sobyet-Amerikano.

²⁹⁴ *Ibid.*

²⁹⁵ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, ika-13 ng Disyembre, 1962.

²⁹⁶ A. A. Gromyko, Talumpati sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, ika-13 ng Disyembre, 1962.

Nais naming tanungin ang mga pinuno ng PKUS: Dahil malinaw na isinasaad ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960 na ang imperyalismong US ay ang sumpang kaaway ng mamamayan ng daigdig at ang pangunahing pwersang nagsusulong ng agresyon at digma, paano kayong “makikipagkaisa” sa pangunahing kaaway ng pandaigdigang kapayapaan para “ipagsanggalang ang kapayapaan”?

Nais naming itanong sa kanila: Maaari bang ang higit sa isandaang bayan at higit sa tatlong libong milyong mamamayan ay walang karapatang pagpasyahan ang kanilang sariling kapalaran? Dapat ba silang pumailalim sa mga manipulasyon ng dalawang “dambuhala”, ng dalawang “pinakamalalaking kapangyarihan”, ang Unyong Sobyet at United States? Hindi ba’t ang aroganteng kalokohan ninyong ito ay walang iba kundi isang ekspresyon ng “sobinismong malaking-kapangyarihan at pulitika sa kapangyarihan”?

Nais rin naming itanong sa kanila: Iniisip ninyo ba talaga na kung magkakasundo lamang ang Unyong Sobyet at United States, kung magkakaisa lamang ang dalawang “dakilang tao”, ang kapalaran ng sangkatauhan ay mapagpapasyahan at lahat ng mga usaping internasyunal ay malulutas? Kayo ay mali, maling-mali. Mula nang sinaunang panahon, hindi nangyari ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan, at lalong hindi malamang na mangyari ito sa dekadang 1960. Punung-puno ng kumplikadong mga kontradiksyon ang daigdig sa kasalukuyan, ang kontradiksyon sa pagitan ng mga kampong sosyalista at imperyalista, ang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa mga bayang kapitalista, ang kontradiksyon sa pagitan ng aping mga bansa at imperyalismo, at ang mga kontradiksyon sa hanay ng imperyalistang mga bayan at sa hanay ng monopolyong kapitalistang mga grupo sa imperyalistang mga bayan. Maglalaho ba ang mga kontradiksyong ito kapag nagkasundo ang Unyong Sobyet at United States?

Ang tanging bayan na tinitingala ng mga pinuno ng PKUS ay ang United States. Sa kanilang paghahabol sa kolaborasyong Sobyet-US, hindi sila nagdadalawang-isip na ipagkanulo ang tunay na mga alyado ng mamamayang Sobyet, kabilang ang kanilang mga kapatid sa uri at lahat ng aping mga mamamayan at bansa na namumuhay pa sa ilalim ng sistemang imperyalista-kapitalista.

Mahigpit na nagsisikap ang mga pinuno ng PKUS na wasakin ang kampong sosyalista. Gumagamit sila ng lahat ng uri ng kasinungalingan at paninira laban sa Partido Komunista ng Tsina at naggigiit ng pampulitika at pang-ekonomyang presyur sa Tsina. Kaugnay ng sosyalistang Albanya, walang makasisiya sa kanila kung hindi ang pagkawasak nito. Katulong ang imperyalismong US, prinesyur nila ang rebolusyonaryong Cuba at nagpataw ng mga hinihingi dito kapalit ng soberanya at dignidad nito.

Mahigpit na tinatangka ng mga pinuno ng PKUS na sabotahihin ang mga pakikibakang rebolusyonaryo ng mga mamamayan laban sa imperyalismo at mga alipures nito. Kumikilos sila bilang mga tagapangaral ng sosyal-repormismo at inuuk-ok ang rebolusyonaryong mapanlabang kapasyahan ng proletaryado at pampulitikang partido nito sa iba’t ibang bayan. Upang pagsilbihan ang mga pangangailangan ng imperyalismo, pinahina nila ang kilusan sa pambansang pagpapalaya at nagiging lalong walang kahihyang tagapangatwiran ng neokolonyalismong US.

Ano ang mahihita ng mga pinuno ng PKUS mula sa imperyalismong US kapalit ng lahat ng kanilang mabibigat na pagsisikap at ng mataas na presyo na ibinabayad nila kapalit ng kolaborasyong Sobyet-US?

Magmula 1959, nalulong si Khrushchov sa kataas-taasang mga pulong sa pagitan ng Unyong Sobyet at United States. Marami siyang magiliw na pangarap at nagpakalat ng maraming ilusyon kaugnay nito. Pinapurihan niya si Eisenhower bilang “malaking tao” na “nakakaunawa sa malaking pulitika”.²⁹⁷ Masigla niyang pinapurihan si Kennedy bilang “nakakaunawa sa napakalaking responsibilidad na nakaputong sa mga gubyrno ng dalawang makapangyarihang estadong iyon”.²⁹⁸ Pinagkakaguluan ng mga pinuno ng PKUS ang tinaguriang diwa ng Kampo David at ipinahayag ang pulong Vienna bilang “isang pangyayaring may istorikong kabuluhan”. Ipinagmalaki ng pahayagang Sobyet na kapag umupo ang mga pinuno ng Unyong Sobyet at United States sa iisang mesa, makakarating ang kasaysayan sa “isang bagong punto ng pagpihit”, at ang isang kamayan sa pagitan ng dalawang “dakilang tao” ay makapagpapasimula sa “bagong kapanahunan” sa ugnayang internasyunal.

Pero paanong itinatrato ng imperyalismong US ang mga pinuno ng PKUS? Kaunti lang makalipas ang isang buwan matapos ang usapang Kampo David, ipinahayag ni Eisenhower, “Wala akong malay sa anumang diwa ng Kampo David.” At pitong buwan matapos ang usapan, nagpadala sila ng pang-espiyang eruplanong U-2 para manghimasok sa Unyong Sobyet, at sa gayo’y winasak ang kataas-taasang kumperensya ng apat na kapangyarihan. Di naglaon matapos ang pulong Vienna, nagharap si Kennedy ng mga sumusunod na bastos na mga kondisyon para sa dalawampung taon ng kapayapaan sa pagitan ng Unyong Sobyet at United States: walang suporta ng Unyong Sobyet para sa anumang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan, at ang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa mga bayang sosyalista ng Silangang Europa. Makaraan ang isang taon o higit pa matapos ang pulong Vienna, inutos ni Kennedy ang mapamiratang blokeyong militar sa Cuba at nilikha ang krisis Caribbean.

Kahit saan hanapin, saan maaaring makita ang ipinagmamalaking “diwa ng Kampo David”, “ang punto ng pagpihit sa kasaysayan ng sangkatauhan” at “bagong kapanahunan sa pakikipag-ugnayang internasyunal”?

Matapos ang pirmahan ng tatlong-panig na tratado hinggil sa parsyal na pagbabawal sa pagsubok nukleyar, binigyan ng malaking publikidad ng mga pinuno ng PKUS ang tinaguriang diwa ng Moscow. Nagsasalita ito ng pangangailangang “sumugod habang mainit ang bakal”, at iginiit na “naririyang lahat ng paborableng kondisyon” para higit pang magkasundo ang Unyong Sobyet at United States, at ipinahayag na masama na ituring na “makapaghihintay ang panahon” o “di kailangang magmadali”.²⁹⁹

Ano ang “diwa ng Moscow”? Tingnan natin ang mga pangyayari sa di kalaunan.

²⁹⁷ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Tanghaliang Ibinigay sa Kanyang Karangalan ng Alkalde ng New York, ika-17 ng Setyembre, 1959.

²⁹⁸ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Radyo at Telebisyon, ika-15 ng Hunyo, 1961.

²⁹⁹ “Hindi Makapaghihintay ang Panahon”, artikulo ng isang tagamasid sa Izvestia, ika-21 ng Agosto, 1963.

Upang makalikha ng klima ng higit na “kooperasyong Sobyet-US”, nagrali ang mga pinuno ng PKUS sa Moscow bilang pagdiriwang sa ika-30 anibersaryo ng pagkakatatag ng relasyong diplomatiko sa pagitan ng Unyong Sobyet at United States. Kasabay nito, nagpadala sila ng delegasyong pangkultura sa United States para sa mga pagdiriwang doon. Pero ano ang kinalabasan ng kasigasigan ng mga pinuno ng PKUS? Tumangging dumalo ang buong istap ng Embahadang US sa Unyong Sobyet sa rali sa Moscow, at naglabas ng ispesyal na memorandum ang Kagawarang Estadong US na humihingi sa mamamayang Amerikano na boykotin ang pangkulturang delegasyong Sobyet, na binatikos nila bilang “napakamapanganib at napakakahina-hinalang mga tao”.

Habang itinataguyod ng mga pinuno ng PKUS ang “kooperasyong Sobyet-US”, ipinadala ng United States ang ahenteng si Barghoom upang kumilos sa Unyong Sobyet. Wasto namang inaresto ng Gubyernong Sobyet ang ahenteng ito. Pero, matapos magbanta si Kennedy na ang tagumpay ng kasunduan sa trigo sa pagitan ng United States at Unyong Sobyet “ay nakasalalay sa isang rasonableng klima sa magkabilang bayan”, na sinabi niyang “napinsala nang husto ng pag-aresto kay Barghoom”, nagmamadaling pinalaya ng Gubyernong Sobyet ang ahenteng US na ito nang walang paglilitis, sa batayang “ang pag-aalala ng matataas ng opisyal ng US sa kapalaran ni F. C. Barghoom”, sa kapalaran ng isang ahente na “kinumpirma ng imbestigasyon ... ay nagsasagawa ng mga gawaing paniniktik laban sa USSR”.

Ang lahat ba nito ay mga manipestasyon ng “diwa ng Moscow”? Kung gayon nga, totoong labis na nakalulungkot nito.

Moscow! Maningning na kapitolyo ng unang bayang sosyalista at dakilang pangalang minamahan ng napakaraming milyong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig mula ng Dakilang Rebolusyong Oktubre! Ngayon ang ngalang ito ay ginagamit ng mga pinuno ng PKUS para pagtakpan ang kanilang masamang gawi ng kolaborasyon sa mga imperyalistang US. Anong di mapapantayang kahihyan!

Napakadulas nang magbigkas ang mga pinuno ng PKUS ng mabubuting bagay tungkol sa mga imperyalistang US at mamalimos ng mga pabor mula sa kanila; napakadulas nang mag-init ang kanilang ulo sa praternal na mga bayan at mga Partido at prinesyur sila; napakarami nang mga salamangka at panlilinlang na isinapraktika nila laban sa rebolusyonaryong mamamayan sa iba’t ibang bayan—para lamang mamalimos para sa “pakikipagkaibigan” at “tiwala” mula sa imperyalismong US. Pero “habang ang nalalantang bulaklak ay nananabik sa pag-ibig, patuloy ang lagaslas ng walang-pusong ilog”. Ang nakuha lamang ng mga pinuno ng PKUS mula sa mga imperyalistang US ay kahihyan, muli kahihyan, laging kahihyan!

ILANG SALITA NG PAYO PARA SA MGA PINUNO NG PKUS

Sa mapapait na panahon ng pagtatanggol laban sa armadong imperyalistang interbensyon at sa kalagitnaan ng naglalagablab na apoy ng Digmang Patriyotiko, may panahon bang yumukod sa kahirapan ang dakilang mamamayang Sobyet sa ilalim ng pamumuno nina Lenin at Stalin? Sila ba'y lumuhod sa harap ng kaaway? Ngayon, napakapaborable ng pandaigdigang kalagayan para sa rebolusyon at malakas kaysa sa nakaraan ang sosyalismo, habang nahaharap ang imperyalismo sa kagipitang di pa nito nahaharap; pero napakakahiya-hiyang kinaya-kaya ng imperyalismong US ang unang sosyalistang bayan, ang estadong itinatag ni Lenin, at labis-labis na pinahiya ang sosyalistang kampo ng mga pinuno ng PKUS! Paanong mangyayari, para sa mga Marxista-Leninista o rebolusyonaryong mamamayan, na hindi mangamba?

Dito, nais naming magbigay ng tapat na payo sa mga pinuno ng PKUS.

Dala-dala ng United States, ang pinakamabangis na imperyalistang bayan, ang hibang na estratehikong layunin ng pagsakop sa daigdig. Nagngangalit nitong sinusupil ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa at hayagang idineklara ang kanyang intensyong ibalik ang Silangang Europa sa tinaguriang pandaigdigang komunidad ng malayang mga bansa. Paanong maiisip na ang pinakamaririing dagok sa mga imperyalistang US sa kanilang paghahabol sa kanilang agresibong mga pakana sa pananakop sa buong daigdig ay papasanin ng iba at hindi ng Unyong Sobyet?

Isang imperyalistang bayan ang United States at isang sosyalistang bayan ang Unyong Sobyet. Paano mo maaasahan “ang lahatang-panig na kooperasyon” sa pagitan ng dalawang bayan na may ganap na magkaibang sistemang panlipunan?

May mutwal na panlilinlang at ribalan kahit sa pagitan ng United States at ibang kapangyarihang imperyalista, at hindi masisiyahan ang United States hangga't hindi sila nayayapakan nito. Kung gayon, paano mo maiisip na makikipamuhay nang nagkakasundo ang imperyalistang United States sa sosyalistang Unyong Sobyet?

Mga namumunong kasama ng PKUS! Pag-isipan lamang ninyo nang malinaw ang usapin. Maaasahan ba ang imperyalismong US kapag humampas ang unos sa daigdig? Hindi! Hindi maaasahan ang mga imperyalistang US, gaya nang lahat ng mga imperyalista at reaksyunaryo. Ang tanging masasaligang mga alyado ng Unyong Sobyet ay ang mga prternal na bayan ng kampong sosyalista, ang mga prternal na Partidong Marxista-Leninista at lahat ng aping mga mamamayan at bansa.

Kumikilos ang mga batas ng istorikong pag-unlad nang independiyente sa kapasyahan ninumang indibidwal. Walang sinumang maaaring makapigil sa pag-unlad ng kampong sosyalista at sa kilusang rebolusyonaryo ng aping mga mamamayan at bansa, lalupa wasakin ang mga ito. Sa pagkakanulo rin niya sa mamamayan ng sosyalistang kampo at ng daigdig, at sa kanyang mga pangarap na dominahin ang mundo sa pamamagitan ng pakikipagsabwatan sa imperyalismong US ay tiyak siyang mapapasama. Maling-mali at mapanganib para sa mga pinuno ng PKUS na gawin ito.

Hindi pa huli ang lahat para sa mga pinuno ng PKUS na huminto sa bingit. Panahon na para sa kanila na bitiwang ang kanilang pangkalahatang linyang mapayapang pakikipamuhay at magbalik sa patakarang mapayapang pakikipamuhay ni Lenin, sa landas ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

ANG MGA PINUNO NG PKUS ANG PINAKAMALALAKING ISPLITER NG ATING KAPANAHUNAN

IKAPITONG KOMENTARYO SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng mga Kagawarang Editoryal ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)

(Pebrero 4, 1964)

Hindi pa nailalagay sa sinlubhang panganib ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista sa nakaraan tulad ng sa ngayon kung saan nahaharap tayo sa isang delubyo ng modernong rebisyunistang ideolohiya. Kapwa sa pandaigdigang antas at sa loob ng mga indibidwal na Partido, rumaragasa ang matitinding pakikibaka sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismo. Nahaharap ang pandaigdigang kilusang komunista sa walang kapantay nag malubhang panganib ng isang isplit.

Mahigpit na tungkulin ng mga Komunista, ng proletaryado at ng rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig na ipagtanggol ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista.

Gumawa ang Partido Komunista ng Tsina ng di nagbabago at walang humpay na mga pagsisikap na ipagtanggol at palakasin ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista alinsunod sa Marxismo-Leninismo at sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960. Naging posisyon at nananatiling walang paglihis na posisyon ng Partido Komunista ng Tsina na itaguyod ang prinsipyo, itaguyod ang pagkakaisa, pawiin ang mga pagkakaiba at palakasin ang pakikibaka laban sa ating kaaway na komun.

Magmula nang sila'y pumalaot sa landas ng rebisyunismo, walang pagod na inihahayag ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang debosyon sa pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista. Kamakailan, partikular silang naging aktibo sa pananawagan para sa “pagkakaisa”. Ipinapaalala nito ang sinabi ni Engels siyamnapung taon na ang nakalipas: “Hindi dapat ipakita ang sarili na nalilito sa panawagan para sa “pagkakaisa”. Ang mga pinakamadalas magbukambibig nito ang mismong nagkakalat ng disensyon.....” “... ang pinakamalalaking sektaryan at ang pinakamalalaking butangero at buhong kung mins’y ang pinakamalalakas sumigaw para sa pagkakaisa.”³⁰⁰

³⁰⁰ "Si Engels para kay A. Bebel, ika-20 ng Hunyo, 1873", Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 345.

Habang ipinipresenta ang sarili bilang mga kampyon ng pagkakaisa, pilit na tinatangka ng mga pinuno ng PKUS na isabit ang tatak ng isplitismo sa Partido Komunistang Tsino. Sa Bukas na Liham, sinasabi ng Komite Sentral ng PKUS:

“Pinapahina ng mga pinunong Tsino ang pagkakaisa hindi lamang ng kampong sosyalista kundi ng buong pandaigdigang kilusang komunista, niyuyurakan ang mga prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at tahasang nilalabag ang tinatanggap na mga istandard sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng praternal na mga partido.

At ang kasunod na mga artikulo na inilathala sa pahayagang Sobyet ay nagkokondena sa mga Komunistang Tsino bilang “sektaryan” at “mga ispliter”.

Pero ano ang katotohanan? Sino ang nagpapahina sa pagkakaisa ng kampong sosyalista? Sino ang nagpapahina sa pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista? Sino ang yumuyurak sa mga prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo? At sino ang tahasang lumalabag sa tinatanggap na mga istandard sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng praternal na mga Partido? Sa ibang salita, sino ang mga tunay at lantarang mga ispliter?

Kung wastong masasagot lamang ang mga katanungang ito mahahanap natin ang paraan sa pagtatanggol at pagpapalakas sa pagkakaisa ng kampong sosyalista at pandaigdigang kilusang komunista at mapapangibabawan ang panganib ng isplit.

ISANG BALIK-ARAL SA KASAYSAYAN

Upang makakuha ng malinaw na pag-unawa sa kalikasan ng isplitismo sa kasalukuyang pandaigdigang kilusang komunista at makibaka laban dito sa wastong paraan, tunguhan natin ang kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista sa nakaraang siglo o higit pa.

Ang tunggalian sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at oportunismo at sa pagitan ng mga pwersang nagtatanggol sa pagkakaisa at sa mga lumilikha ng mga isplit ay dumadaloy sa kabuuan ng kasaysayan ng pag-unlad ng kilusang komunista. Ito ang kaso kapwa sa indibidwal na mga bayan at sa pandaigdigang saklaw. Sa matagalang tunggaliang ito, pinalawig nila Marx, Engels, at Lenin ang tunay na esensya ng proletaryong pagkakaisa sa isang teoretikal na antas, at sa pamamagitan ng kanilang gawa, nagbigay ng maniningning na halimbawa sa pagbaka sa oportunismo, rebisyunismo at isplitismo.

Noong 1847, itinatag nila Marx at Engels ang pinakamaagang pandaigdigang organisasyon ng uring manggagawa—ang Ligang Komunista. Sa KOMUNISTANG MANIPESTO, na kanilang isinulat bilang programa ng Liga, ihinarap nila Marx at Engels ang militanteng panawagang, “Mga Manggagawa ng Lahat ng Bayan, Magkaisa!” at nagbigay ng sistematiko at malalim na paglalahad sa siyentipikong komunismo, at sa gayo’y inilatag ang pang-ideolohiyang batayan para sa pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado.

Sa buong itinagal ng kanilang mga buhay, walang patid na kumilos sila Marx at Engels para sa prinsipyadong pagkakaisang ito ng pandaigdigang proletaryado.

Noong 1864 itinatag nila ang Unang Internasyunal, ang Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa, upang pagkaisahin ang mga kilusan ng mga manggagawa ng lahat ng bayan. Sa buong itinagal ng panahon ng Unang Internasyunal, naglunsad sila ng prinsipyadong mga pakikibaka laban sa mga Bakuninista, Proudhonista, Blanquista, Lassalleen, atbp., kung saan ang pinakamatinding pakikibaka ay iyong laban sa Bakuninistang mga ispliter.

Inatake ng mga Bakuninista ang teorya ni Marx mula sa pinakasimula. Inakusahan nila si Marx ng pagnanasang gawin ang kanyang “partikular na programa at personal na doktrina na mamayani sa Internasyunal”. Gayunman, sa katunaya’y sila ang nagtangkang ipataw ang mga dogma ng kanilang sekta sa Internasyunal sa pamamagitan ng oportunistang programa ni Bakunin. Gumawa sila ng sunud-sunod na intriga, naghanay ng isang “mayorya” sa mabuti o masama mang paraan, at nagsagawa ng sektaryan at mapanghating mga aktibidad.

Upang ipagtanggol ang tunay ng pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado, di mapagkompromiso at prinsipyadong nanindigan sina Marx at Engels laban sa hayag na hamon ng Bakuninistang mga ispliter sa Unang Internasyunal. Noong 1872, itiniwalag mula sa Internasyunal ang mga Bakuninistang nagpilit sa kanilang pang-isplit na mga aktibidad sa Kongkresong Hague nito, kung saan personal na lumahok si Marx.

Sinabi ni Engels na kung pinagtibay ng mga Marxista ang di prinsipyado at mapagkasundong aktitud tungo sa mapanghating mga aktibidad ng mga Bakuninista sa Hague, magkakaroon ito ng malulubhang pinsala sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa. Aniya, “Kung gayon, tunay ngang mapipira-piraso ang Internasyunal—mapipira-piraso sa pamamagitan ng ‘pagkakaisa!’”³⁰¹

Sa pamumuno nina Marx at Engels, nakibaka ang Unang Internasyunal laban sa oportunismo at isplitismo at inilatag ang batayan para sa pananaig ng Marxismo sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa.

Sa pag-anunsyo ng pagwawakas ng Unang Internasyunal noong 1876, nagsimula ang sunud-sunod na pagtatatag ng sosyalistang mga partidong masa ng mga manggagawa sa maraming bayan. Sinubaybayan nina Marx at Engels ang pagtatatag at pag-unlad ng mga partidong ito nang may mahigpit na atensyon sa pag-asang maitatag at mapapaunlad ang mga ito sa batayan ng siyentipikong komunismo.

Nagbigay ng partikular na atensyon at pag-aalala sina Marx at Engels sa Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman na umookupa noon ng mahalagang posisyon sa kilusang manggagawa sa Europa. Sa maraming okasyon, matalas nilang pinuna ang Partidong Aleman dahil sa bulok nitong diwa ng pakikipagkompromiso sa oportunismo sa paghahabol sa “pagkakaisa”.

³⁰¹ "Si Engels para kay A. Bebel, ika-20 ng Hunyo, 1873", Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 346.

Noong 1875, pinuna nila ang Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman dahil sa pakikipagkaisa nito sa mga Lassallean sa kapinsalaan ng prinsipyo at sa ibinungang Programang Gotha. Ipinunto ni Marx na ang pagkakaisang ito ay “nabili sa napakataas na halaga” at ang Programang Gotha ay “isang ganap na di katanggap-tanggap na programa na nakakademoralisa sa Partido”.³⁰² Ipinakita ni Engels na isa itong “paninikluhod sa Lassalleanism sa panig ng buong sosyalistang proletaryadong Aleman”, at idinagdag na “Ako’y kumbinsido na ang kaisahan sa batayang *ito* ay hindi magtatagal nang isang taon”.³⁰³

Sa pagpuna sa Programang Gotha, iharap ni Marx ang tanyag na prinsipyo na para sa mga Marxista, “walang pakikipagtawaran sa mga prinsipyo”.³⁰⁴

Pagkatapos, muling matalas na pinuna nina Marx at Engels ang mga pinuno ng Partidong Aleman sa pagpapahintulot sa mga aktibidad ng mga oportunistang sa loob ng Partido. Sabi ni Marx na tinangka ng mga oportunistang ito na “ihalili ang batayang materyalista ... ng modernong mitolohiya kasama ang mga diyosa nitong Katarungan, Kalayaan, Pagkakapantay-pantay at Kapatiran”³⁰⁵ at ito’y isang “bulgarisasyon ng Partido at teorya”.³⁰⁶ Sa kanilang “Liham Sirkular” sa mga pinuno ng Partidong Aleman, isinulat nina Marx at Engels:

Idiniin natin sa halos apatnapung taon ang tunggalian ng mga uri bilang kagyat na kapangyarihan sa pagsulong ng kasaysayan, at sa partikular ang tunggalian ng mga uri sa pagitan ng burgesya at proletaryado bilang malaking panikwas ng modernong rebolusyong panlipunan; kung gayon, imposible para sa atin na makipag-kooperasyon sa mga taong nagnanais na burahin ang tunggalian ng mga uring ito mula sa kilusan.³⁰⁷

Naitatag sa ilalim ng impluwensya ni Engels noong 1889, umiral ang Ikalawang Internasyunal sa kapanahunang umuunlad “nang mapayapa” ang kapitalismo. Samantalang lumaganap ang Marxismo at naging programang komun ang Manipestong Komunista para sa milyun-milyong manggagawa sa lahat ng dako sa panahong ito, bulag na sumamba ang sosyalistang mga partido sa maraming bayan sa burges na ligalidad sa halip na gamitin ito at naging mga legalista, at sa gayo’y nagbukas sa harang sa baha sa oportunismo.

Sa gayon, sa buong panahon ng Ikalawang Internasyunal, ang pandaigdigang kilusang manggagawa ay nahati sa dalawang pangunahing grupo, ang mga rebolusyonaryong Marxista at ang mga oportunistang huwad na Marxista.

³⁰² “Si Marx para kay W. Bracke, ika-5 ng Mayo, 1875”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 360.

³⁰³ “Si Engels para kay A. Bebel, ika-18-28 ng Marso, 1875”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 358.

³⁰⁴ “Si Marx para kay W. Bracke, ika-5 ng Mayo, 1875”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 361.

³⁰⁵ “Si Marx para kay F. A. Sorge, ika-19 ng Oktubre, 1877”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 376.

³⁰⁶ “Si Marx para kay F. A. Sorge, ika-19 ng Setyembre, 1879”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 396.

³⁰⁷ “Sina Marx at Engels para kina A. Bebel, W. Liebknecht, W. Bracke at Iba Pa (‘Liham Sirkular’), ika-17-18 ng Setyembre, 1879”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 395.

Naglunsad ng di mapagkasundong mga pakikibaka si Engels laban sa mga oportunistang Pinatunayan niya, ng di wasto nang may partikular na talas ang kanilang mga maling akala hinggil sa mapayapang ebolusyon ng kapitalismo tungong sosyalismo. Ang sabi niya tungkol sa mga oportunistang nagpapanggap na Marxista na “uulitin” ni Marx “sa mga ginoong ito ang sinabi ni Heine sa mga manggagaya sa kanya: Nagtanim ako ng mga dragon at umani ng mga pulgas”.³⁰⁸

Pagkaraan ng kamatayan ni Engels noong 1895, nagsilabasan ang mga pulgas na ito para sa hayag at sistematikong rebisyon ng Marxismo at unti-unting inagaw ang pamunuan ng Ikalawang Internasyunal. Bilang katangi-tanging rebolusyonaryo sa pandaigdigang kilusang manggagawa pagkatapos ni Engels, binalikat ni Lenin ang mabigat na responsibilidad sa pagtatanggol sa Marxismo at pagbaka sa rebisyonismo ng Ikalawang Internasyunal.

Nang nagsipagsigawan ang mga rebisyonista ng Ikalawang Internasyunal na “di kumpleto” at “lipas na” ang Marxismo, taimtim na ipinahayag ni Lenin na, “Naninindigan kami nang ganap sa Marxistang teoretikong posisyon”, dahil “pinagkakaisa ang lahat ng sosyalista”³⁰⁹ ng rebolusyonaryong teorya.

Higit sa lahat, nakibaka si Lenin para makalikha ng isang partidong Marxista sa Rusya. Upang maitatag ang isang partido na bagong tipo, na pundamental na nauiba sa oportunistang mga partido ng Ikalawang Internasyunal, naglunsad siya ng di mapagkompromisong mga pakikibaka laban sa iba’t ibang anti-Marxistang paksyon sa loob ng Sosyal-Demokratikong Partido ng Paggawa ng Rusya.

Gaya ng ibang partido ng Ikalawang Internasyunal, ang Sosyal-Demokratikong Partido ng Paggawa ng Rusya ay may rebolusyonaryo at gayundin may oportunistang grupo. Ang mga Bolshevik sa pamumuno ni Lenin ang bumubuo ng una at ang mga Menshevik, ng huli.

Nagsagawa ang mga Bolshevik sa pamumuno ni Lenin ng matagalang pakikibakang teoretikal at pampulitika laban sa mga Menshevik upang ipagsanggalang ang pagkakaisa ng proletaryong partido at ang pagkadalisan ng hanay nito, at sa wakas noong 1912, ay itiniwalag ang mga Menshevik dahil sa kanilang pagpipilit sa oportunismo at mga aktibidad na pang-iisplit.

Nilapastangan ng lahat ng oportunistang mga paksyon si Lenin sa pinakabisyosong lenggwahe. Tinangka nila sa lahat ng paraan na bansagan siyang ispliter. Kahilera ng lahat ng mga paksyong anti-Leninista at sa ilalim ng bandila ng “walang paksyunalismo”, walang pakundangang inatake ni Trotsky ang Partido Bolshevik at si Lenin, na binansagan niyang “mangangamkam” at “ispliter”. Tumugon si Lenin na si Trotsky, na pumaparadang “di paksyunal”, ay isang “kinatawan ng ‘pinakamasasahol na labi ng paksyunalismo’ ”³¹⁰ at “ng pinakamasasahol na ispliter.”³¹¹

³⁰⁸ “Liham ni Engels para kay Paul Lafargue, ika-27 ng Oktubre, 1890”, sinipi sa Sina Marx at Engels Hinggil sa Panitikan at Sining, edisyong Pranses, Edition Sociales Paris, 1954, p. 258.

³⁰⁹ V. I. Lenin, “Ang Ating Programa”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1960, Vol. IV, pp. 210, 211.

³¹⁰ V. I. Lenin, “Panggugulo sa Pagkakaisa Sa Kubli ng Paghuhumiyaw para sa Pagkakaisa”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. I, Ikalawang Bahagi, p. 251.

³¹¹ V. I. Lenin, “Ang Pagkawasak ng Blokeng ‘Agosto’”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XX, p. 161.

Malinaw itong inilahad ni Lenin, “Ang pagkakaisa ay hindi isang malaking bagay o malaking islogan. Pero ang kailangan ng adhikain ng manggagawa ay ang *pagkakaisa ng mga Marxista*, hindi pagkakaisa sa pagitan ng mga Marxista, at ng mga katunggali at mambabaluktot ng Marxismo.”³¹²

Ang pakikibaka ni Lenin laban sa mga Menshevik ay may dakilang internasyunal na kabuluhan, dahil ang Menshevismo ay isang anyong Ruso at ibang porma ng rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal at sinusuportahan ng rebisyunistang mga pinuno ng Ikalawang Internasyunal.

Habang nakikibaka laban sa mga Menshevik, naglunsad rin si Lenin ng isang serye ng mga pakikibaka laban sa rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal.

Bago mag-Unang Digmaang Pandaigdig, binatikos ni Lenin ang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal sa antas teoretikal at pampulitika at tinunggali sila nang harapan sa mga Kongresong Stuttgart at Copenhagen.

Nang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig, hayagang ipinagkanulo ng mga pinuno ng Ikalawang Internasyunal ang proletaryado. Sa pagsisilbi sa mga interes ng mga imperyalista, hinimok nila ang mga proletaryo ng iba’t ibang bayan na paslangin ang isa’t isa at sa gayo’y idinulot ang isang napakalubhang isplit sa pandaigdigang proletaryado. Gaya ng sinabi ni Rosa Luxemburg, pinalitan ng mga rebisyunista ang dating marangal na islogang “Mga Manggagawa ng Lahat ng Bayan, Magkaisa!” tungo sa komand sa larangan ng digma, “Mga Manggagawa ng Lahat ng Bayan, Paslangin ang Isa’t Isa!”³¹³

Noon ang Sosyal-Demokratikong Partido ng Alemanya, ang bayang sinilangan ni Marx, ang pinakamakapangyarihan at pinakamaimpluwensyang partido sa Ikalawang Internasyunal. Ito ang unang pumanig sa mga imperyalista ng sarili nitong bayan, at sa gayo’y naging pinakapusakal na kriminal na nanghati sa pangdaigdigang kilusan ng uring manggagawa.

Sa kritikal na yugtong ito, humakbang pasulong si Lenin para puspusang lumaban sa pagtatanggol sa pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado.

Sa kanyang artikulong “Ang mga Tungkulin ng Rebolusyonaryong Sosyal-Demokrasya sa Digmaang Europeo” na ipinalaganap noong Agosto 1914, ipinahayag ni Lenin ang pagguho ng Ikalawang Internasyunal at mahigpit na kinondena ang karamihan ng mga pinuno nito, at sa partikular iyong sa Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman, para sa kanilang lantarang pagtataksil sa sosyalismo.

Dahil sa katotohanang inilantad ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal ang kanilang lihim na alyansa sa burgesya tungo sa hayag na alyansa at nagawa na nilang di maiiwasan ang isplit sa pandaigdigang kilusang manggagawa, ihinayag ni Lenin:

³¹² V. I. Lenin, “Pagkakaisa”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XX, p. 232.

³¹³ “*Either-Or*”, Piling mga Talumpati at mga Sulatin ni Rosa Luxemburg, edisyong German, Dietz Verlag, Berlin, 1951, Vol. II, p. 534.

Imposibleng ipatupad ang mga tungkulin ng Sosyalismo sa kasalukuyang panahon, imposibleng makamit ang tunay na internasyunal na pagkakaisa ng mga manggagawa, nang walang determinadong pagwawaksi sa oportunismo at pagpapaliwanag sa masa sa katiyakan ng pagkabangkarote nito.³¹⁴

Dahil dito, matatag na sinuportahan ni Lenin ang mga Marxista sa pakikipaghiwalay sa mga oportunista sa maraming bayang Europeo at mapangahas na nanawagan para sa pagtatatag ng ikatlong Internasyunal para halinhan ang bangkaroteng Ikalawang Internasyunal nang sa gayo'y muling buuin ang rebolusyonyong pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado.

Itinatag ang Ikatlong Internasyunal noong Marso 1919. Minana nito ang positibong mga tagumpay ng Ikalawang Internasyunal at iwinaksi ang oportunista, sosyal sobinista, burges at petiburges nitong basura. Sa gayon, pinahintulutan nitong lumago kapwa sa lapad at lalim ang rebolusyonyong adhikain ng pandaigdigang proletaryado.

Dinala ng teorya at praktika ni Lenin ang Marxismo sa isang bagong yugto ng pag-unlad nito—ang yugto ng Leninismo. Sa batayan ng Marxismo-Leninismo, ang pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado at pandaigdigang kilusang komunista ay higit na tumatag at lumawak.

ANG KARANASAN AT MGA ARAL

Ano ang ipinapakita ng kasaysayan ng pag-unlad ng pandaigdigang kilusang komunista?

Una, ipinapakita nito na gaya ng lahat ng iba pang bagay, ang pandaigdigang kilusang manggagawa ay mauwi sa paghahati ng sarili sa dalawa. Ang tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya ay tiyak na masasalamain sa komunistang mga hanay. Di maiiwasang lumitaw ang isa o iba pang tipo ng oportunismo sa proseso ng pag-unlad ng kilusang komunista, na lalahok sa mapanghating mga aktibidad na anti-Marxista-Leninista, at dapat maglunsad ng mga pakikibaka ang mga Marxista-Leninista laban sa oportunismo at isplitismo. Sa pamamagitan nga ng tunggaliang ito ng magkakasalungat umunlad ang Marxismo-Leninismo at pandaigdigang kilusang manggagawa. At sa pamamagitan rin ng pakikibakang ito pinalakas at kinonsolida ng pandaigdigang kilusang manggagawa ang pagkakaisa nito batay sa Marxismo-Leninismo.

Ani Engels:

Kinakailangang magdaan ang kilusan ng proletaryado sa iba't ibang yugto ng pag-unlad; sa bawat yugto, nababalaho ang bahagi ng mamamayan at hindi nakakasama sa higit pang pagsulong; at ito lamang ang nagpapaliwanag kung bakit sa katunayan ang “solidaridad ng proletaryado” ay nakakamit sa lahat ng dako sa iba't ibang paggugrupo-grupong pampartido, na nagsasagawa ng buhay-at-kamatayang pakikitunggali sa isa't isa...³¹⁵

³¹⁴ V. I. Lenin, “Ang Digma at ang Sosyal-Demokrasyang Ruso”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. I, Ikalawang Bahagi, p. 403.

³¹⁵ “Si Engels para kay A. Bebel, ika-20 ng Hunyo, 1873”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 347.

Ganito nga ang nangyari. Nahati sa dalawa sa proseso ng kanilang pag-unlad at naging dalawang nagtutunggaling bahagi ang Ligang Komunista, ang Unang Internasyunal at Ikalawang Internasyunal, na lahat ay nagkakaisa sa simula. Sa bawat isa, isinulong ng pandaigdigang pakikibaka laban sa oportunismo at isplitismo ang pandaigdigang kilusang manggagawa sa isang bagong yugto at binigyang kakayahan ito na itatag ang mas matibay at mas malapad na pagkakaisa sa isang bagong batayan. Ang pinakadakilang mga tagumpay sa pakikibaka laban sa rebisyunismo at isplitismo ng Ikalawang Internasyunal ay ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre at ang pagtatatag ng Ikatlong Internasyunal.

Pagkakaisa, tunggalian at maging mga isplit, at isang bagong pagkakaisa sa bagong batayan — gayon ang diyalektika ng pag-unlad ng pandaigdigang kilusang manggagawa.

Pangalawa, ipinapakita ng kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista na sa bawat panahon ang tunggalian sa pagitan ng mga tagapagtanggol ng pagkakaisa at nang-iisplit sa esensya ay isang tunggalian sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at oportunismo-rebisyunismo, sa pagitan ng mga tagapagtaguyod ng Marxismo at mga traydor sa Marxismo.

Kapwa sa pandaigdigang saklaw at sa indibidwal na mga bayan, posible lamang ang tunay na proletaryong pagkakaisa batay sa Marxismo-Leninismo.

Kapwa sa pandaigdigang saklaw at sa indibidwal na mga bayan, saanman laganap ang oportunismo at rebisyunismo, nagiging tiyak ang isang isplit sa proletaryong mga hanay. Walang pagbabagong idinudulot ang bawat isplit sa kilusang komunista ng oportunista-rebisyunistang oposisyon at pagtataksil sa Marxismo-Leninismo.

Ano ang isplitismo?

Nangangahulugan ito ng isplit sa Marxismo-Leninismo. Sinumang tumutunggali at nagtataksil sa Marxismo-Leninismo at pinapahina ang batayan ng proletaryong pagkakaisa ay isang ispliter.

Nangangahulugan ito ng isplit sa rebolusyonaryong proletaryong partido. Sinumang nananatili sa rebisyunistang linya at ginagawang isang repormistang partidong burges ang isang rebolusyonaryong proletaryong partido ay isang ispliter.

Nangangahulugan ito ng isplit sa rebolusyonaryong proletaryado at sa malawak na masa ng anakpawis. Sinumang nagtataguyod ng isang programa at linyang tumataliwas sa rebolusyonaryong kapasyahan at pundamental na interes ng proletaryado at anakpawis ay isang ispliter.

Sabi ni Lenin, “Kapag nagkaisa ang *mayorya* ng mga manggagawang mulat sa uri sa tiyak at depinidong mga desisyon, may *pagkakaisa* sa opinyon at aksyon,”³¹⁶ habang ang oportunismo “ay, sa katunayan, iskismo dahil walang kahihiyang sumasalungat sa kapasyahan ng *mayorya* ng mga manggagawa.”³¹⁷

³¹⁶ V. I. Lenin, “Panggugulo sa Pagkakaisa Sa Kubli ng Paghuhumiyaw para sa Pagkakaisa”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. I, Ikalawang Bahagi, p. 255.

³¹⁷ *Ibid.*, p. 258.

Sa pamamagitan ng panggugulo sa proletaryong pagkakaisa, naglilingkod ang isplitismo sa burgesya at tumutugon sa mga pangangailangan nito. Palaging patakaran ng burgesya na lumikha ng mga isplit sa mga hanay ng proletaryado. Ang pinakabuktot na paraan sa paggawa nito ay manuhol o maglinang ng mga ahente mula sa proletaryong mga hanay. At mga ahente ng burgesya mismo ang mga oportunistang at rebisyunista. Malayung-malayo sa pag-iisa sa proletaryado sa pakikibaka laban sa burgesya, nais nilang makipagtulungan ang proletaryado rito. Ito ang ginawa ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal, gaya nina Bernstein at Kautsky. Sa panahong pinakatakot ang mga imperyalista na magkakaisa ang proletaryado ng lahat ng bayan upang gawing gera sibil ang digmang imperyalista, humakbang sila pasulong para likhain ang isplit sa pandaigdigang kilusang manggagawa at tangkilikin ang kooperasyon sa pagitan ng proletaryado at burgesya.

Ang mga ispliter sa komunistang hanay ay yaong mga umiisplit sa Marxismo-Leninismo, sa rebolusyong proletaryong partido at sa rebolusyong proletaryado at malawak na masa ng anakpawis para tugunan ang mga pangangailangan ng burgesya; at nananatili silang ispliter kahit na sa panahong sila ay nasa mayorya o humahawak sa mga namumunong pusisyon.

Sa kapanahunan ng Ikalawang Internasyunal, nasa mayorya ang mga rebisyunistang kinakatawan nina Bernstein at Kautsky, at nasa minority ang mga Marxistang kinakatawan ni Lenin. Pero maliwanag na sina Bernstein, Kautsky at iba pang mga oportunistang mga ispliter, at hindi ang mga rebolusyong tulad ni Lenin.

Noong 1904, ang mga Menshevik ang mga ispliter bagamat sila ang humahawak sa mga namumunong pusisyon na kanilang kinamkam sa sentral na mga organo ng Sosyal-Demokratikong Partido sa Paggawa ng Ruso. Ipinakita ni Lenin noon, “Ang namumunong mga sentro (ang Sentral na Organo, ang Komite Sentral at ang Konseho) ay *bumiwalay* sa Partido,”³¹⁸ at “*inilabas* ng mga sentro *ang sarili* sa Partido. Walang panggitna; ang isa’y nasa alinman sa mga sentro o sa Partido.”³¹⁹

Sa maikling salita, ang oportunismo at rebisyunismo ang pampolitika at pang-ideolohiyang mga ugat ng isplitismo. At ang isplitismo ang pang-organisasyong manipstasyon ng oportunismo at rebisyunismo. Maaari ring sabihin na ang oportunismo at rebisyunismo ay isplitismo at gayundin sektarismo. Ang mga rebisyunista ang pinakamalaki at pinakabuktot na mga ispliter at sektaryan sa kilusang komunista.

Pangatlo, ipinakilala ng pandaigdigang kilusang komunista na ang proletaryong pagkakaisa ay nakonsolida at umunlad sa pamamagitan ng pakikibaka laban sa oportunismo, rebisyunismo at isplitismo. Ang pakikibaka para sa pagkakaisa ay di mawawalay na konektado sa pakikibaka para sa prinsipyo.

Ang pagkakaisang kailangan ng proletaryado ay pagkakaisa sa uri, pagkakaisang rebolusyong, pagkakaisa laban sa kaaway na komun at para sa dakilang layuning komunismo. Ang batayang teoretikal at pampolitika ng pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado ay nasa Marxismo-Leninismo. Kapag mayroon lamang itong pagkakaisang teoretikal at pampolitika magkakaroon ng kohesyong pang-organisasyon at pagkakaisa sa aksyon.

³¹⁸ V. I. Lenin, “Isang Liham sa Grupong Zurich ng mga Bolshevik”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1962, Vol. VIII, p. 63.

³¹⁹ *Ibid.*

Makakamit lamang ang tunay na rebolusyonaryong pagkakaisa ng proletaryado sa pamamagitan ng pagtataguyod sa prinsipyo at pagtataguyod ng Marxismo-Leninismo. Ang pagkakaisa na nabili sa pamamagitan ng pagtalikod sa mga prinsipyo at sa pamamagitan ng paglublob sa pusali kasama ng mga oportunist ay hindi na proletaryong pagkakaisa; sa halip, gaya ng sinabi ni Lenin, “nangangahulugan ito sa praktika ng pagkakaisa ng proletaryado sa pambansang burgesya at ng isang *isplit* sa pandaigdigang proletaryado, ng pagkakaisa ng mga alipures, at ng isplit sa hanay ng mga rebolusyonista.”³²⁰

Tinukoy rin niya na “dahil hindi mamamatay ang burgesya hangga’t hindi ito naibabagsak”, sa gayon ang oportunistang agos na sinuhulan at sinuportahan ng burgesya “ay di mamamatay kung hindi ito ‘pinapatay’, *ibig sabihin*, ibinabagsak at pinawian ng anumang impluwensya sa hanay ng proletaryadong Sosyalista”. Samakatwid, kailangang maglunsad ng “isang walang awang pakikibaka laban sa agos ng oportunismo”.³²¹

Kaharap ng hamon ng mga oportunista-rebisyunista na hayagang nanghahati sa pandaigdigang kilusang komunista, hindi dapat makipagkompromiso ang mga Marxista-Leninista sa mga usapin sa prinsipyo, at sa halip ay puspusang bakahin ang isplitismong ito. Isa itong napakahalagang bilin nina Marx, Engels at Lenin, at gayundin ito ang tanging wastong paraan sa pagsasanggalang sa pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista.

ANG PINAKAMALALAKING ISPLITER NG ATING KAPANAHUNAN

Ipinapakita ng mga pangyayari sa nakaraang mga taon na ang mga pinuno ng PKUS sa pamumuno ni Khrushchov ay naging pangunahing mga kinatawan ng modernong rebisyunismo, gayundin ang pinakamalalaking ispliter sa pandaigdigang kilusang komunista.

Sa pagitan ng Ika-20 at Ika-22 Kongreso ng PKUS, napaunlad ng mga pinuno ng PKUS ang isang buong sistema ng rebisyunismo. Nagharap sila ng isang rebisyunistang linya na sumasalungat sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado, isang linyang binubuo ng “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kompetisyon”, “mapayapang transisyon”, “isang estado ng buong sambayanan” at “isang partido ng lahat ng mamamayan”. Tinangka nilang ipataw ang rebisyunistang linyang ito sa lahat ng praternal na Partido bilang kahalili ng linyang komun ng pandaigdigang kilusang komunista na inilatag sa mga pulong ng mga praternal na Partido noong 1957 at 1960. At inaatake nila ang sinumang nagpupursige sa Marxista-Leninistang linya at tumututol sa kanilang rebisyunistang linya.

Pinapahina ng mga pinuno ng PKUS mismo ang batayan ng pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista at nilikha ang kasalukuyang malubhang panganib ng isang isplit sa pamamagitan ng pagtataksil sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo at pagtutulak ng kanilang rebisyunistang linya at mapanghating linya.

Malayo sa pagkilos para sa konsolidasyon at pagpapalawak ng kampong sosyalista, pinagsumikapan ng mga pinuno ng PKUS na hatiin at lusawin ito. Sa gayon ginawa nilang napakagulo ng maningning na kampong sosyalista.

³²⁰ V. I. Lenin, “Ang Tapat na Tinig ng isang Sosyalistang Pranses”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1930, Vol. XVIII, p. 329.

³²¹ *Ibid.*

Nilabag nila ang mga prinsipyong gumagabay sa relasyon sa hanay ng praternal na mga bayan na itinakda sa Deklarasyon at Pahayag, ipinatupad ang isang patakaran ng sobinismong malaking-kapangyarihan at pambansang pagpapahalaga sa sarili tungo sa mga praternal na mga bayang sosyalista at sa gayo'y ginulo ang pagkakaisa ng kampong sosyalista.

Arbitrario nilang pinanghimasukan ang soberanya ng mga bayang praternal, pinakialaman ang kanilang panloob na mga usapin, nagsagawa ng subersibong mga aktibidad at nagsumikap sa lahat ng paraan na kontrolin ang mga bayang praternal.

Sa ngalan ng “pandaigdigang hatian ng paggawa”, nilalabanan ng mga pinuno ng PKUS ang pagtitibay ng mga bayang praternal sa patakaran ng pagbubuo ng sosyalismo sa pamamagitan ng kanilang sariling mga pagsisikap at pagpapaunlad sa kanilang mga ekonomya sa independyenteng batayan, at tinangkang gawin silang mga galamay sa ekonomya. Sinubukan nilang pwersahin iyong mga bayang praternal na kung ihahambing ay nahuhuli sa ekonomya na talikuran ang industriyalisasyon at magsilbing mapagkukunan nila ng hilaw na materyales at mga pamilihan para sa sarplang mga produkto.

Walang kaprinsi-prinsipyo ang mga pinuno ng PKUS sa kanilang pagpapatupad sa patakarang sobinismong malaking-kapangyarihan. Palagi silang gumagamit ng presyur sa pulitika, sa ekonomya at maging sa militar sa mga bayang praternal.

Hayagang nanawagan ang mga pinuno ng PKUS ng pagbabagsak sa Partido at mga pinuno ng guberno ng Albanya, walang pitagang pinutol lahat ng pakikipag-ugnayang pang-ekonomya at diplomatiko sa kanya at napakalupit na binawian siya ng kanyang lehitimong mga tungkulin bilang isang kasapi ng Organisasyong Tratadong Warsaw, at ng Konseho para sa Mutwal na Tulungang Pang-ekonomya.

Nilabag ng mga pinuno ng PKUS ang Tsino-Sobyet na Tratado sa Pakikipagkaibigan, Pakikipag-alyansa at Mutwal na Tulungan, gumawa ng unilateral na desisyong alisin ang 1,390 mga ekspertong Sobyet na nagtatrabaho sa Tsina, na punitin ang 343 mga kontrata at supplementaryong mga kontrata sa pag-employo sa mga eksperto, at na kanselahin ang 257 mga proyekto sa kooperasyong siyentipiko at teknikal, at nagpatupad ng mahigpit at diskriminatoryong patakaran sa kalakalan laban sa Tsina. Nang-upat sila ng mga insidente sa hangganang Tsino-Sobyet at nagsagawa ng malawakang subersibong mga aktibidad sa Sinkiang. Hindi miminsang umabot pa si Khrushcov sa pagsasabi sa mga namumunong kasama ng Komite Sentral ng PKT na ang ilang kontra-Partidong elemento sa Partido Komunista ng Tsina ay kanyang “mabubuting kaibigan”. Pinapapurihan niya ang kontra-Partidong mga elementong Tsino sa pag-atake sa pangkalahatang linya ng Partidong Tsino para sa sosyalistang konstruksyon, sa malaking igpaw pasulong at sa mga komunang bayan, at inilarawan ang kanilang aksyon bilang “maginoong gawa”.

Sa pagitan ng mga bayang kapitalista, madalang ang gayong mga hakbang na malubhang nagpapalala sa ugnayang pang-estado. Pero paulit-ulit na nagsagawa ang mga pinuno ng PKUS ng kagulat-gulat at sukdulang mga hakbang na ganitong tipo laban sa praternal na mga bayang sosyalista. Subalit patuloy silang namamarali ng pagiging “tapat sa proletaryong internasyunalismo”. Nais naming itanong, may hibla ba ng internasyunalismo sa mga ginawa ninyong ito?

Ganoon din kapuna-puna ang sobinismong malaking-kapangyarihan at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS sa kanilang kondukta kaugnay ng mga Partidong praternal.

Magmula ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, tinangka ng mga pinuno nito, sa pagkukunwang “paglaban sa kulto ng personalidad”, na baguhin ang pamunuan ng ibang praternal na Partido para umayon sa kanilang kapasyahan. Hanggang sa kasalukuyan iginigiit nila ang “paglaban sa kulto ng personalidad” bilang prekondisyon para sa pagpapanag-uli sa pagkakaisa at bilang isang “prinsipyo” na “obligado sa bawat Partido Komunista”.³²²

Salungat sa mga prinsipyong gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal na inilatag sa Deklarasyon at sa Pahayag, di pinapansin ng mga pinuno ng PKUS ang nagsasarili at kapantay na istatus ng mga Partidong praternal, naggigiit sa pagtatatag ng isang tipo ng patriarkal na dominasyon sa pandaigdigang kilusang komunista at binabago ang ugnayan sa pagitan ng magkakapatid na Partido tungo sa ugnayan sa pagitan ng isang patriarkal na ama at ng kanyang mga anak. Hindi miminsang inilarawan ni Khrushchov ang isang Partidong praternal bilang isang “batang walang isip” at tinawag ang sarili bilang “ina” nito.³²³ Sa kanyang pyudal na sikolohiyang pagdadakila sa sarili, ganap siyang nawalan ng kahihyan.

Lubusan nang tinalikdan ng mga pinuno ng PKUS ang prinsipyo ng pagkakamit sa ganap na pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultasyon sa hanay ng mga Partidong praternal at nakagawian na diktaturyal na magpasya at utus-utusan ang iba. Walang-bahala nilang pinunit ang nagkakaisang mga kasunduan sa mga Partidong praternal, gumawa ng arbitraryong mga pasya sa mahahalagang usapin na may kabuluhang komun sa mga Partidong praternal at nagpapataw ng mga *yaring kapasyahan* sa kanila.

Nilabag ng mga pinuno ng PKUS ang prinsipyo na dapat lutasin ang mga pagkakaiba sa hanay ng mga Partidong praternal sa pamamagitan ng konsultasyong inter-Partido; ginamit nila muna ang sarili nilang Kongresong Pampartido at matapos ang mga Kongreso ng ibang Partidong praternal bilang entablado para sa malawakang mga atake laban sa mga Partidong praternal na matatag na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo.

Itinuturing ng mga pinuno ng PKUS ang mga Partidong praternal bilang mga piyon sa kanilang diplomatikong chess board. Pabara-bara kung maglaro si Khrushchov, kung minsa’y mainit, kung minsa’y malamig, nangungusap sa isang paraan isang araw, at sa ibang paraan kinabukasan, subalit iginigiit niya sa mga Partidong praternal na sumayaw sila sa bawat tugtog niya nang di alam kung sa anong dahilan at saan patutungo.

Nanggulo at lumikha ng mga isplit sa maraming Partido Komunista ang mga pinuno ng PKUS sa pamamagitan ng paghimok sa mga tagasunod sa kanilang rebisyunistang linya sa mga Partidong ito na atakehin ang pamunuan, o kamkamin ang nangungunang mga posisyon, usigin ang mga Marxista-Leninista at itiwag pa nga sila sa Partido. Ang mapanghating patakarang ito ng mga pinuno ng PKUS ang nagbigay-daan sa pang-organisasyong mga isplit sa mga Partidong praternal ng maraming kapitalistang bayan.

³²² “Para sa Pagkakaisa at Solidaridad ng Pandaigdigang Kilusang Komunista”, artikulo ng lupong editorial sa Pravda, ika-6 ng Disyembre, 1963.

³²³ Tingnan ang panayam kay N. S. Khrushchov ni Gardner Cowles, Editor ng magasing *Look* ng US, ika-20 ng Abril, 1962; ulat ni N. S. Khrushchov sa Sesyon ng Kataas-taasang Sobyet ng USSR, ika-2 ng Disyembre, 1962.

Ginawa ng mga pinuno ng PKUS ang magasing *Mga Usapin ng Kapayapaan at Sosyalismo*, na noong una'y komun na dyornal ng mga Partidong praternal, bilang instrumento sa pagpapalaganap ng rebisyunismo, sektaryanismo at isplitismo at sa walang prinsipyong mga atake sa mga Partidong Marxista-Leninista na labag sa kasunduang narating sa pulong kung saan itinatag ang magasin.

Dagdag pa, ipinapataw nila ang rebisyunistang linya sa internasyunal na mga organisasyong demokratiko, binabago ang wastong linyang itinataguyod ng mga organisasyong ito at nagtatangkang lumikha ng mga isplit sa mga ito.

Ganap na pinagbaligtad ng mga pinuno ng PKUS ang mga kaaway at mga kasama. Itinuon nila ang talim ng pakikibaka, na dapat sana'y laban sa imperyalismong US at mga alipures nito, laban sa Marxista-Leninista at praternal na mga Partido at bayan.

Desidido ang mga pinuno ng PKUS na hilingin ang kooperasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig, itinuturing ang imperyalismong US, ang pinakamabangis na kaaway ng mamamayan ng daigdig bilang kanilang pinakamaasahang kaibigan, at trinato ang mga Partido at mga bayang praternal na naninindigan sa Marxismo-Leninismo bilang kanilang kaaway. Nakikipagsabwatan sila sa imperyalismong US, sa mga reaksyunaryo ng iba't ibang bayan, sa taksil na pangkating Tito at Kanang-panig na mga sosyal demokrata sa isang sosyohan laban sa praternal na mga bayang sosyalista, mga Partidong praternal, mga Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan ng lahat ng bayan.

Kapag may mumunting nakukuha sila mula kay Eisenhower o Kennedy o iba pang tulad nila, o nag-aakalang mahusay ang takbo ng mga bagay-bagay para sa kanila, tuwang-tuwa ang mga pinuno ng PKUS, walang taros na binibira ang praternal na mga Partido at bayan na naninindigan sa Marxismo-Leninismo, at tinatangang isakripisyo ang praternal na mga Partido at bayan sa altar ng kanilang mga pakikitungong pampulitika sa imperyalismong US.

Kapag nabibigo ang kanilang maling mga patakaran at nagigipit naman, higit pang nagagalit at namumula ang mga pinuno ng PKUS, muli'y walang taros na binibira ang praternal na mga Partido at bayan na naninindigan sa Marxismo-Leninismo, at sinisikap na ibunton ang sisi sa iba.

Ipinakikita ng mga datos na ito na kinuha na ng mga pinuno ng PKUS ang landas ng ganap na pagtataksil sa proletaryong internasyunalismo, kasalungat sa mga interes ng mamamayang Sobyet, ng kampong sosyalista, at ng pandaigdigang kilusang komunista at ng lahat ng rebolusyonaryong mamamayan.

Malinaw na ihinahayag ng mga katotohanang ito na ikinontra ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang rebisyunismo sa Marxismo-Leninismo, ang kanilang sobinismong malaking-kapangyarihan at pambansang pagpapahalaga sa sarili sa proletaryong internasyunalismo, at ang kanilang sektarismo at isplitismo sa pandaigdigang pagkakaisa ng proletaryado. Samakatwid, tulad ng lahat ng oportunistang at rebisyunista sa nakaraan, ang mga pinuno ng PKUS ay naging mga tagalikha ng mga isplit para sa maraming Partidong praternal, sa kampong sosyalista, at sa buong pandaigdigang kilusang komunista.

Mas malaking panganib ang rebisyunismo at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS kaysa sa alinmang iba pang mga oportunistang ispliter, sa nakaraan man o kasalukuyan. Gaya ng alam ng lahat, nangyayari ang rebisyunismong ito sa PKUS, sa Partidong nilikha ni Lenin at nagtatamasa ng pinakamataas na prestihiyo sa lahat ng mga Partido Komunista; nangyayari ito sa dakilang Unyong Sobyet, ang unang sosyalistang bayan. Sa maraming taon, ikinarangal at itinuturing ang Unyong Sobyet bilang base ng pandaigdigang rebolusyon at modelo sa pakikibaka ng mga Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig. At sinamantala ang lahat ng ito ng mga pinuno ng PKUS — ang prestihiyo ng Partidong nilikha ni Lenin at ng unang sosyalistang bayan — upang pagtakpan ang esensya ng kanilang rebisyunismo at isplitismo at linlangin ang mga di pa nakakaalam sa katotohanan. Kasabay nito, sumisigaw ang mga malaon nang kapural sa panloloko ng “pagkakaisa, pagkakaisa”, habang sa aktwal ay nanghahati. Hanggang sa isang antas, ang kanilang mga panloloko ay pansamantalang nakapanlilito nga sa mga tao. Nakapigil ang tradisyunal na tiwala sa PKUS at ang kawalang muwang sa mga katotohanan ng maramiramang tao na makilala ang rebisyunismo at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS nang mas maaga.

Dahil humahawak sa estado poder ang mga pinuno ng PKUS sa isang malaking sosyalistang bayan na may pandaigdigang impluwensya, nakagawa ng higit na malaking pinsala ang kanilang rebisyunista at mapanghating linya sa pandaigdigang kilusang komunista at sa proletaryong adhikain ng pandaigdigang rebolusyon kaysa sa alinman sa mga oportunistang ispliter ng nakaraan.

Maaaring sabihin na ang mga pinuno ng PKUS ang pinakamalaki sa lahat ng rebisyunista, gayundin ang pinakamalaki sa lahat ng sektaryan at ispliter na kilala sa kasaysayan.

Maliwanag na na napakalaking tulong ng rebisyunismo at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS sa paglaganap ng pagbaha ng rebisyunismo sa pandaigdigang saklaw at nagbigay ng napakalaking serbisyo sa imperyalismo at mga reaksyunaryo sa lahat ng bayan.

Ang rebisyunismo at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS ay produkto kapwa ng mayabong na paglago ng mga elementong burges sa loob ng Unyong Sobyet, at ng imperyalistang patakaran, laluna ng mga patakaran ng imperyalistang US na blakmeyl na nukleyar at “mapayapang ebolusyon”. Katugon nito, ang kanilang rebisyunista at mapanghating mga teorya at patakaran ay naglilingkod di lamang sa malawak na pwersang kapitalista sa loob ng bayan kundi maging sa imperyalismo, at nakakapapalisa sa rebolusyonaryong kapasyahan at humahadlang sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig.

Sa katunayan, nakuha na ng mga pinuno ng PKUS ang mainit na papuri at pagpupugay mula sa imperyalismo at mga alipures nito.

Pinapapurihan ng mga imperyalistang US si Khrushchov laluna sa kanyang mapanghating mga aktibidad sa pandaigdigang kilusang komunista. Sabi nila, “Marahil ay malinaw na sapat na tapat si Khrushchov sa kanyang pagnanasa para sa *détente* sa Kanluran kaya’t nakahanda siyang ipagsapalaran ang isplit sa kilusang Komunista upang makamit ito.”³²⁴ “Winasak ni Nikita Khrushchov sa paraang di mababawi ang nagkakaisang bloke sa panahon ni Stalin. Ito marahil ang pinakamalaking serbisyo ni Khrushchov — hindi sa Komunismo, kundi sa Kanluraning daigdig.”³²⁵ “Dapat tayong magpasalamat sa kanyang maling pagtangan sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga Tsino... Dapat tayong magpasalamat sa kanyang pagdudulot ng kaguluhan sa internasyunal na Komunismo sa pamamagitan ng napakaraming palalo at pabigla-biglang inisyatiba.”³²⁶

Matatag silang nananalig na si Khrushchov ang “pinakamahasay na Punong Ministro na maaasahang pakitunguhan ng Kanluran at ... dapat nitong pansamantalang subukang iwasan ang anumang aksyon na higit na makapagpapahina sa kanyang posisyon.”³²⁷ Anila, “Kumbinsido ang Administrasyon na dapat alukin ng US si Khrushchov ng maksimum na suporta sa kanyang pakikitunggali sa Pulang Tsina.”³²⁸

Kabilang sa mga nagpupugay sa mga pinuno ng PKUS ang mga Trotskyista, na matagal nang bangkarote sa pulitika. Aktibo silang sumusuporta sa una sa pundamental na mga isyu tulad ng nararapat na aktitud kay Stalin, sa imperyalismong US at sa mga rebisyunistang Yugoslav. Anila, “Ang sitwasyong nilikha ng Ika-20 Kongreso ng PKUS at higit pa ng Ika-22 Kongreso ay napakapaborable para sa muling pagpapasigla sa ating kilusan sa mga estado ng mga manggagawa mismo.”³²⁹ “Pinaghandaan natin ito nang higit sa 25 taon. Dapat na tayong sumalakay, at nang higit pang masigasig”³³⁰ “Kaugnay ng tendensyang Khrushchov, magbibigay kami ng kritikal na suporta sa pakikibaka nito sa de-Stalinisasyon laban sa higit na konserbatibong mga tendensya... .”³³¹

³²⁴ “Puwang para sa Diplomasya: mga Bitak sa mga Bloke”, *The Nation* (Ang Bansa), ika-9 ng Pebrero, 1963.

³²⁵ “Moscow at Beijing: Gaano Kalaki ang Isplit?” *Newsweek*, ika-26 ng Marso, 1962.

³²⁶ “Ngayong May Tratadong Pagbabawal sa Pagsubok-Nukleyar—Nagbago Na ba si Khrushchov?”, *News and World Report* ng US, ika-30 ng Setyembre, 1963.

³²⁷ “Tinatanaw sa US ang Pagkakaisang Komunista Bilang Lipas Na”, *London Times*, ika-17 ng Enero, 1962.

³²⁸ “Ang Periskowp”, *Newsweek*, ika-1 ng Hulyo, 1963.

³²⁹ “Ang Sitwasyon sa Daigdig at ang Ating mga Tungkulin”, resolusyong ipinagtibay ng Kongreso sa Reunipikasyon ng tinaguriang Ikatat na Internasyunal ng mga maka-Trotsky noong Hunyo 1963, Ikatat na Internasyunal, edisyong Ingles, No. 17, Oktubre-Disyembre, 1963, p. 47.

³³⁰ “Ang Bagong Yugto ng Rebolusyong Ruso at ang Krisis ng Sosyalismo”: ipinagtibay na resolusyon ng pulong ng Pambansang Komite ng Sosyalistang Partido ng mga Manggagawa ng USA na maka-Trotsky, ika-13-15 ng Abril, 1956. Ang Ika-20 Kongreso (PKUS) at Trotskyismo, New York Publications Ltd., London, 1957, p. 36.

³³¹ “Ang mga Reperkasyon ng Ika-22 na Kongreso ng PKUS”, ipinagtibay na resolusyon ng Internasyunal na Kalihiman ng tinaguriang Ikatat na Internasyunal na mga maka-Trotsky noong ika-5 ng Disyembre, 1961, Ikatat na Internasyunal, edisyong Ingles, No. 14, isyung taglamig, 1961-1962, p. 25.

Pag-isipan lamang! Sumusuporta ang lahat ng mga kaaway ng rebolusyon sa mga pinuno ng PKUS nang buong sigla. Ang dahila’y nakakita sila ng lenggwaheng komun sa mga pinuno ng PKUS sa kanilang kaparaanan sa Marxismo-Leninismo at pandaigdigang rebolusyon, at tumutugon ang rebisyunista at mapanghating linya ng mga pinuno ng PKUS sa kontra-rebolusyonyong mga pangangailangan ng imperyalismong US.

Gaya nang sinabi ni Lenin, nauunawaan ng burgesya na “ang mga aktibong tao sa kilusang manggagawa na nagpupunyagi sa tunguhing oportunist ay mas mahuhusay na tagapagtanggol sa burgesya, kaysa sa burgesya mismo”.³³² Malugod na hinahayaan ng imperyalistang mga panginoon at amo ang mga pinuno ng PKUS na hawanin ang daan para sa pagwasak sa proletaryong adhikain ng pandaigdigang rebolusyon.

Nang malikha nito ang malubhang panganib ng isplit sa pandaigdigang kilusang komunista, tinatangka ng mga pinuno ng PKUS na ibunton ang sisi sa iba, sinisiraan ang Partido Komunistang Tsino at ibang mga Partidong Marxista-Leninista bilang may sala ng “isplitismo” at “sektarismo” at naglulubid ng napakaraming mga akusasyon laban sa kanila.

Dito itinuturing naming kailangan na harapin ang ilan sa mga pangunahing paninira nila at pabulaanan ang mga ito nang isa-isa.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG AKUSASYONG PAGIGING ANTI-SOBYET

Inaakusahan ng mga pinuno ng PKUS ang lahat ng nagtatanggol at pumupuna sa kanilang rebisyunismo at isplitismo ng pagiging anti-Sobyet. Nakakatakot ang akusasyong ito. Tunggaliin ang unang sosyalistang bayan sa daigdig at ang Partidong itinatag ni dakilang Lenin — napakahambog!

Pero pinapayuhan namin ang mga pinuno ng PKUS na tumigil na sa kaaarte. Hindi kailanman mailalapat sa amin ang akusasyong anti-Sobyet.

Pinapayuhan rin namin ang mga pinuno ng PKUS na huwag mag-drama. Hindi kailanman mapatatahimik ng akusasyong anti-Sobyet ang mga Marxista-Leninista.

³³² V. I. Lenin, “Ang Internasyunal na Sitwasyon at ang Pundamental ng mga Tungkulin ng Komunistang Internasyunal”, Piling mga Akda, International Publishers, New York, 1943, Vol. X, p. 196.

Kasama ang lahat ng iba pang mga Komunista at rebolusyonaryong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig, ipinakatangi naming mga Komunistang Tsino ang tapat na respeto at pagmamahal para sa dakilang mamamayang Sobyet, sa estadong Sobyet at Partido Komunistang Sobyet. Ito'y dahil ang mamamayan ng Unyong Sobyet, sa ilalim ng pamumuno ng Partido ni Lenin, ang nagsindi sa matagumpay na sulo ng Rebolusyong Oktubre, nagbukas ng bagong kapanahunan ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon, at nagmartsa kasama ang marami sa landas patungong komunismo sa mga taon na sumunod. Ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet at estadong Sobyet, sa ilalim ng pamumuno nina Lenin at Stalin, ay nanindigan sa Marxista-Leninistang patakarang panloob at panlabas, nagkamit ng walang kapantay na mga tagumpay sa sosyalistang konstruksyon, nakapagbigay ng pinakamalaking kontribusyon sa tagumpay sa digma laban sa pasismo at nagbigay ng internasyunalistang suporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng proletaryado at anakpawis ng lahat ng ibang pang bayan.

Di matagal bago siya namatay, sinabi ni Stalin na:

... ipinagkaloob ng mga kinatawan ng mga partidong pratal, sa kanilang paghanga sa pangangahas at tagumpay ng ating Partido, ang titulong “Brigadang Panyanig” ng pandaigdigang kilusang rebolusyonaryo at proletaryo. Sa pamamagitan nito, inilalahad nila ang pag-asa na ang mga tagumpay ng “Brigadang Panyanig” ay makakatulong sa pagpapaluwag sa posisyon ng mga mamamayang naghahirap sa ilalim ng pang-aalipin ng kapitalismo. Sa palagay ko, binigyang-matwid ng ating Partido ang mga pag-asang ito...³³³

Tama siya sa pagsasabing ang Partidong Sobyet na itinatag ni Lenin ay nagbigay-matwid sa mga pag-asa ng lahat ng Komunista. Karapat-dapat ang Partidong Sobyet sa paghanga at suportang nakamit nito mula sa lahat ng mga Partidong pratal, kabilang ang Partido Komunista ng Tsina.

Pero, magmula ng Ika-20 Kongreso, naglulunsad ang mga pinuno ng PKUS sa pamumuno ni Khrushchov ng mararahas na atake kay Stalin at tumatahak sa landas ng rebisyonismo. Posible bang sabihing binigyang-matwid nila ang mga pag-asa ng lahat ng Komunista? Hindi, hindi ito posible.

Sa kanyang “Panukala Hinggil sa Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista”, ipinapakita ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina na komun na hinihingi ng mamamayan sa mga bayan ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang proletaryado at anakpawis na nararapat na lahat ng mga Partido Komunista sa sosyalistang kampo ay:

- 1) magpunyagi sa Marxista-Leninistang linya at itaguyod ang wastong Marxista-Leninistang panloob at panlabas na mga patakarang;
- 2) konsolidahin ang diktadura ng proletaryado at isulong ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa wakas sa larangan ng ekonomya, pulitika at ideolohiya;
- 3) paunlarin ang inisyatiba at pagkamapanlikha ng malawak na masa, ipatupad ang sosyalistang konstruksyon sa planadong paraan, paunlarin ang produksyon, pahusayin ang kabuhayan ng mamamayan at patatagin ang pambansang depensa;

³³³ J. V. Stalin, Talumpati sa Ika-19 na Kongreso ng Partido, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, p. 9.

- 4) patatagin ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo sa batayan ng Marxismo-Leninismo, at suportahan ang ibang sosyalistang mga bayan sa batayan ng proletaryong internasyunalismo;
- 5) labanan ang imperyalistang mga patakarang agresyon at digma, at ipagtanggol ang pandaigdigang kapayapaan;
- 6) labanan ang anti-komunista, anti-popular at kontra-rebolusyonaryong mga patakaran ng mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan; at
- 7) tulungan ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga uri at bansa sa daigdig.

Idinagdag pa nito na “pananagutan” ng lahat ng Partido Komunista sa sosyalistang kampo “sa kanilang sariling sambayanan at sa pandaigdigang proletaryado at anakpawis na gampanan ang mga hinihinging ito”.

Sa kabila nito, tinalikdan ng mga pinuno ng PKUS ang mga hinihinging ito, binigo ang pag-asa ng mga Partidong praternal at itinaguyod ang isang rebisyunista at mapanghating linya. Lumalabag ito sa mga interes hindi lamang ng pandaigdigang proletaryado at anakpawis kundi maging ng PKUS, ng estadong Sobyet at ng mamamayang Sobyet mismo.

Walang iba kundi ang mga pinuno ng PKUS sa pamumuno ni Khrushchov ang anti-Sobyet.

Ganap na itinanggi ng mga pinuno ng PKUS si Stalin at inilarawan ang unang diktadura ng proletaryado at sistemang sosyalista bilang madilim at kakila-kilabot. Ano ito kung hindi anti-Sobyet?

Ipinahayag ng mga pinuno ng PKUS ang abolisyon ng diktadura ng proletaryado, binago ang proletaryong katangian ng PKUS at binuksan ang mga harang sa baha para sa mga pwersang kapitalista sa Unyong Sobyet. Ano ito kung hindi anti-Sobyet?

Hinahangad ng mga pinuno ng PKUS ang kooperasyong US-Sobyet at walang pagod na naglalangis sa imperyalismong US, at sa gayo’y binigyang kahihyan ang dakilang Unyong Sobyet. Ano ito kung hindi anti-Sobyet?

Itinataguyod ng mga pinuno ng PKUS ang patakarang sobinismong malaking-kapangyarihan at itinatrato ang sosyalistang mga bayang praternal bilang mga dependensya at sa gayo’y pininsalaan ang prestihiyo ng estadong Sobyet. Ano ito kung hindi anti-Sobyet?

Hinahadlangan at tinututulan ng mga pinuno ng PKUS ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng ibang mga mamamayan at kumikilos bilang mga tagapangatwiran ng imperyalismo at neokolonyalismo, at sa gayo’y dinungisan ang dakilang internasyunalistang tradisyon ng Partido ni Lenin. Ano ito kung hindi anti-Sobyet?

Sa maikling salita, nagdulot ang mga aksyon ng mga pinuno ng PKUS ng napakalaking kahihyan sa dakilang Unyong Sobyet at sa PKUS at malubhang pininsalaan ang pundamental na mga interes ng mamamayang Sobyet. Ang mga ito’y tandisang mga aksyong anti-Sobyet.

Natural, sa mga sirkunstansyang ito, nararapat na ipailalim ng Partido Komunistang Tsino at ibang mga Partidong Marxista-Leninista ang rebisyunista at mapanghating linya ng mga pinuno ng PKUS sa seryosong puna sa layuning ipagtanggol ang pagkabusilak ng Marxismo-Leninismo at ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusan at itaguyod ang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo. Tinutunggali namin ang rebisyunista at mapanghating mga pagkakamali lamang ng mga pinuno ng PKUS na itinatag ni Lenin at ipinagsasanggalang ang pundamental na mga interes ng Unyong Sobyet, ang unang bayang sosyalista, at ng mamamayang Sobyet. Paanong mailalarawan itong anti-Sobyet?

Kung ipinagtatanggol o nilalaban ng isang tao ang Unyong Sobyet ay nakasalalay sa kung tunay na ipinagtatanggol o hindi ng isang tao ang linyang Marxismo-Leninismo at ang prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo, at kung tunay na ipinagtatanggol o hindi ng isang tao ang pundamental na mga interes ng Partidong Sobyet, ng estadong Sobyet at ng mamamayang Sobyet. Ang ipailalim ang mga pinuno ng PKUS sa seryosong pagpuna dahil sa kanilang rebisyunismo at isplitismo ay pagtatanggol sa Unyong Sobyet. Sa kabilang banda, ang magtaguyod ng rebisyunista at mapanghating linya, gaya ng ginagawa ng mga pinuno ng PKUS, sa katotohanan ay paglaban sa Unyong Sobyet; at ang pangongopya sa maling linyang ito o pumailalim rito ay hindi tunay na pagtatanggol sa Unyong Sobyet kundi pagtulong sa mga pinuno ng PKUS na pinsalain ang pundamental na mga interes ng mamamayang Sobyet.

Dito, maaari nating alalahanin ang aktitud ni Lenin sa mga pinuno ng Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman sa mga unang taon ng ika-20 siglo. Ang Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman ang noo'y pinakamalaki at pinakamaimpluwensyang partido sa Ikalawang Internasyunal. Subalit sa sandaling natuklasan ni Lenin ang oportunismo sa hanay ng mga pinuno nito, inilinaw niya sa mga Sosyal-Demokratang Ruso na hindi nila dapat ituring “ang pinakawalang dangal na mga katangian ng Sosyal-Demokrasyang Aleman bilang modelong karapat-dapat na gayahin”.³³⁴ Dagdag pa niya:

Dapat nating punahin ang mga pagkakamali ng mga pinunong Aleman nang walang takot at hayagan kung nais nating maging tapat sa diwa ni Marx at matulungan ang mga sosyalistang Ruso na makayanan ang mga tungkulin ng kilusang manggagawa sa kasalukuyang panahon.³³⁵

Sa diwa ng habilin ni Lenin, dapat nating payuhan ang mga pinuno ng PKUS: Kung hindi ninyo iwawasto ang inyong rebisyunistang mga pagkakamali, patuloy naming pupunahin kayo “nang walang takot at hayagan” para sa mga interes ng PKUS, ng estadong Sobyet at ng mamamayang Sobyet, at para sa mga interes ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista at alang-alang sa kanilang pagkakaisa.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG AKUSASYONG PANG-AAGAW SA PAMUNUNO

³³⁴ V. I. Lenin, “Ang Internasyunal na Sosyalistang Kongreso sa Stuttgart”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. IV, p. 315.

³³⁵ V. I. Lenin, “Paunang Salita sa Pampleto ni Voinov (A. V. Lunarcharsky) Hinggil sa Aktitud ng Partido Tungo sa mga Unyon”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, Vol. XIII, p. 165.

Idinadahilan ng mga pinuno ng PKUS ang aming pagpuna at ang aming oposisyon sa kanilang rebisyunista at mapanghating linya sa pagnanasang “agawin ang pamumuno”.

Una, nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Sinasabi ninyong nais naming agawin ang pamumuno. Mula kanino? Sino ngayon ang humahawak sa pamumuno? Sa pandaigdigang kilusang komunista, may bagay bang tulad ng pamumuno na nangingibabaw sa lahat ng mga Partidong praternal? At ang pamumuno bang ito’y nasa inyong mga kamay?

Tila kinokonsidera ng mga pinuno ng PKUS ang sarili bilang natural na mga pinuno na makapangingibabaw sa lahat ng Partidong praternal. Alinsunod sa kanilang lohika, ang kanilang programa, mga resolusyon at mga pahayag ay pawang walang pagkakamaling mga batas. Ang bawat pakli at bawat salita ni Khrushchov ay mga kautusang imperyal, gaanuman kamali o kawalang katinuan ng mga ito. Dapat masunuring pakinggan at sundin ang mga ito ng lahat ng Partidong praternal at lubusang ipinagbabawal ang pagpuna o pagtutol sa mga ito. Ito’y tahasang tiranya. Ito’y dili’t iba kundi ideolohiya ng pyudal na mga awtokrata.

Gayunman, dapat nating sabihin sa mga pinuno ng PKUS na hindi isang pangkating pyudal ang pandaigdigang kilusang komunista. Maging malaki man o maliit, maging bago man o luma, at maging nasa poder man o wala, lahat ng Partidong praternal ay nagsasarili at magkakapantay. Hindi kailanman pinagtibay ng alinmang pulong ng mga Partidong praternal o ng anumang kasunduang lubos na pinagkaisahan ng mga ito na may nakahihigit at nakapailalim na mga Partido, na may isang Partido na namumuno at iba pang mga Partido na mga anak, o na ang mga pinuno ng PKUS ang kataas-taasang mga pinuno sa ibabaw ng ibang mga Partidong praternal.

Ipinakikita ng kasaysayan ng pandaigdigang proletaryong rebolusyonaryong kilusan na, dahil sa di pantay na pag-unlad ng rebolusyon, sa isang partikular na istorikong yugto, nagmartsa bilang taliba ng kilusan ang proletaryado at partido nito sa isa o iba pang bayan.

Ipinunto nina Marx at Engels na ang kilusang paggawa sa Britanya at ang pampulitikang pakikibaka ng uring manggagawang Pranses ay magkasunod na tumayo sa taliba ng pandaigdigang kilusang proletaryo. Matapos ang pagkatalo ng Komunang Paris, sinabi ni Engels na “nailagay pansumandali ang mga manggagawang Aleman sa taliba ng proletaryong pakikibaka”. Ipinagpatuloy pa niya:

Hindi mahuhulaan kung gaano katagal hahayaan sila ng mga pangyayari na tumindig sa pwestong ito ng karangalan... gayunman, ang pangunahing punto ay ipagsanggalang ang tunay na diwang internasyunalista, na hindi nagpapahintulot na lumitaw ang anumang sobinismong patriyotiko, at malugod na bumabati sa bawat bagong pagsulong ng proletaryong kilusan, kahit na sa anumang bansa ito magmula.³³⁶

Sa simula ng ika-20 siglo, nakatindig sa unahan ng pandaigdigang proletaryong kilusan, nagtagumpay ang uring manggagawang Ruso sa proletaryong rebolusyon sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan.

Sinabi ni Lenin noong 1919:

³³⁶ Frederick Engels, “Paunang Tala sa Digmang Magsasaka sa Germany”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. I, p. 591.

Ang hegemonya sa rebolusyonaryong proletaryong Internasyunal ay napunta pansamantala — pero hindi na kailangang sabihin pang hindi matagalan — sa mga Ruso, gaya nang sa iba't ibang panahon ng ika-19 na siglo ito'y nasa mga kamay ng mga Ingles, pagkatapos, ng mga Pranses, at pagkatapos, ng mga Aleman.³³⁷

Ang “taliba” na tinutukoy ni Engels, o ang “hegemonya” na tinutukoy ni Lenin, ay di kailanman nangangahulugan na alinmang Partido na kasama sa pandaigdigang kilusang manggagawa ay makakapag-utos sa ibang mga Partidong prternal, o na dapat sumunod dito ang iba pang mga Partido. Nang nasa unahan ng kilusan ang Sosyal-Demokratikong Partido ng Alemanya, sinabi ni Engels na “wala itong karapatang magsalita sa ngalan ng proletaryadong Europeo at lalunang walang karapatang magsabi ng bagay na di totoo”.³³⁸ Nang nasa taliba ang Bolshebik na Partidong Ruso, sinabi ni Lenin, “... habang tinatanaw ang bawat yugto ng pag-unlad sa ibang mga bayan, hindi tayo dapat magdekreto ng anuman mula sa Moscow.”³³⁹

Kahit na ang talibang posisyong tinutukoy ni Engels at Lenin ay di nananatiling di nagbabago sa mahabang panahon kundi nagbabago ayon sa nagbabagong mga kondisyon. Ang pagbabagong ito ay pinagpasyahan hindi ng suhetibong mga kagustuhan ng sinumang indibidwal o Partido, kundi ng mga kondisyong hinuhubog ng kasaysayan. Kung magbabago ang kalagayan, maaaring masama sa unahan ng kilusan ang ibang mga Partido. Kapag tumahak sa landas ng rebisyonismo ang isang Partidong dating tumatagan sa posisyon ng taliba, tiyak na mawawala dito ang gayong posisyon sa kabila ng katotohanang ito ang pinakamalaking Partido at nakapagbigay ng pinakamalaking impluwensya. Isang halimbawa nito ang Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman.

Sa isang yugto sa kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista, nagbigay ng sentralisadong pamumuno ang Komunistang Internasyunal sa mga Partido Komunista ng daigdig. Gumanap ito ng malaking istorikong papel sa pagtataguyod sa pagtatatag at pag-unlad ng mga Partido Komunista sa maraming bayan. Pero nang husto na sa gulang ang mga Partido Komunista at nang maging higit na kumplikado ang kalagayan sa pandaigdigang kilusang komunista, hindi na magagawa o kinakailangan ang sentralisadong pamumuno ng Komunistang Internasyunal. Noong 1943, ipinahayag ng Presidium ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komunistang Internasyunal sa isang resolusyong nagpapanukala sa paglusaw sa Komintern:

... hanggang sa antas na ang panloob, gayundin ang pandaigdigang kalagayan ng indibidwal na mga bayan ay nagiging higit na kumplikado, mahaharap sa di mapapangibabawang mga balakid ang paglutas sa mga usapin ng kilusang paggawa ng bawat bayan sa pamamagitan ng isang klase ng sentrong internasyunal.

Ipinakita ng mga pangyayari na ang resolusyong ito'y umaayon sa realidad at ito'y wasto.

³³⁷ V. I. Lenin, “Ang Ikatlong Internasyunal at ang Lugar nito sa Kasaysayan”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 203.

³³⁸ “Si Engels para kay A. Bebel, ika-18-28 ng Marso, 1875”, Piling mga Liham nina Marx at Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 354.

³³⁹ V. I. Lenin, “Ulat Hinggil sa Programa ng Partido, Binigkas sa Ikawalong Kongreso ng Partido Komunistang Ruso (Bolshevik), Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 159.

Sa kasalukuyang pandaigdigang kilusang komunista, ang usapin na kung sino ang may karapatang mamuno kanino ay sadyang di lumilitaw. Dapat maging independyente at ganap na magkakatantay ang mga Partidong praternal, at kasabay nito dapat silang nagkakaisa. Sa mga usaping may kabuluhang komun, dapat silang makarating sa lubos na kaisahan sa pananaw sa pamamagitan ng konsultasyon, at dapat nilang ikoordinang ang kanilang mga aksyon sa pakikibaka para sa layuning komun. Ang mga prinsipyong ito na gumagabay sa ugnayan ng mga Partidong praternal ay malinaw na itinakda sa Deklarasyong 1957 at sa Pahayag ng 1960.

Tahasang paglabag sa mga prinsipyong ito, na inilatag sa Deklarasyon at sa Pahayag, na ikonsidera ng mga pinuno ng PKUS ang sarili bilang mga pinuno ng pandaigdigang kilusang komunista at itrato ang lahat ng Partidong praternal bilang nakapailalim sa kanila.

Dahil sa kanilang magkakaibang istorikong karanasan, natural na malagay ang mga Partidong praternal sa magkakaibang mga kalagayan. Naiiba iyong mga Partidong nagtagumpay sa kanilang mga rebolusyon kaysa sa iyong mga hindi pa nananalo, at naiiba iyong mga mas maagang nagwagi kaysa sa iyong mga mas huling nagwagi. Pero nangangahulugan lamang ang mga pagkakaibang ito na ang matatagumpay na Partido, at sa partikular ang mga Partido na mas maagang nagwagi, ay dapat pumasan ng mas malaking internasyunalistang responsibilidad sa pagsuporta sa ibang mga Partidong praternal, at lubos na walang karapatang dominahin ang ibang mga Partidong praternal.

Itinatag nina Lenin at Stalin ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet. Ito ang unang Partido na nagwagi sa proletaryong rebolusyon, nagbigay ng kaganapan sa diktadura ng proletaryado at pumalaot sa sosyalistang konstruksyon. Lohikal lamang na dapat isulong ng PKUS ang rebolusyonaryong tradisyon nina Lenin at Stalin, balikatin ang mas malaking responsibilidad sa pagsuporta sa ibang praternal na mga Partido at mga bayan, at tumindig sa unahan ng pandaigdigang kilusang komunista.

Bilang pagsasaalang-alang sa istorikong mga sirkunstansyang ito, ipinahayag ng Partido Komunista ng Tsina ang tapat na pag-asa na babalikatin ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang dakilang istorikong misyong ito. Sa Kapulungang Moscow ng 1957 ng mga Partidong praternal, idiniin ng aming delegasyon na dapat nasa unahan ng sosyalistang kampo ang Unyong Sobyet. Ang dahilan, bagamat nakagawa sila ng ilang mga pagkakamali, ay tinanggap naman sa huli ng mga pinuno ng PKUS ang Deklarasyong Moscow na ganap na pinagkaisahan ng mga Partidong praternal. Ang panukala namin na dapat ang Unyong Sobyet ang nasa unahan ng sosyalistang kampo ay isinulat sa Deklarasyon.

Pinaninindigan namin na ang posisyon ng pinuno ay hindi salungat sa prinsipyo ng pagkakatantay sa hanay ng mga Partidong praternal. Hindi ito nangangahulugan na may anumang karapatan ang PKUS na kontrolin ang ibang mga Partido; ang kahulugan nito'y pinapasan ng PKUS ang mas malaking responsibilidad at mga tungkulin sa kanyang mga balikat.

Gayunman, hindi nasiyahan ang mga pinuno ng PKUS sa posisyong ito ng “pinuno”. Idinaing ito ni Khrushchov sa maraming mga okasyon. Aniya, “Ano ang materyal na ibinibigay sa amin ng pagiging ‘nasa unahan’? Hindi ito nagbibigay sa amin ng gatas man o mantikilya, ng patatas man o gulay o mga tahanan. Marahil, may moral na ibinibigay ito sa amin? Walang-wala!”³⁴⁰ Matapos nito, sinabi niya, “Ano ang silbi sa amin ng pagiging ‘nasa unahan’? Itapon mo iyan sa impyerno!”³⁴¹

Sinasabi ng mga pinuno ng PKUS na wala silang pagnanasa para sa posisyong “pinuno”, pero sa praktika hinihingi nila ang pribilehiyo ng pangingibabaw sa lahat ng mga Partidong praternal. Hindi nila hinihingi sa sarili na tumindig sa taliba ng pandaigdigang kilusang komunista sa pagtataguyod sa Marxista-Leninistang linya at pagpapatupad sa kanilang proletaryong internasyunalistang tungkulin, pero hinihingi naman nila sa lahat ng mga Partidong praternal na tumalima sa kanilang baton at sumunod sa kanila sa landas ng rebisyunismo at isplitismo.

Sa pagpapalaot sa landas ng rebisyunismo at isplitismo, awtomatikong binitawan ng mga pinuno ng PKUS ang posisyon ng “pinuno” sa pandaigdigang kilusang komunista. Kung ilalapat sa kanila ngayon ang salitang “pinuno”, maaari lamang itong mangahulugang sila ay nasa unahan ng mga rebisyunista at ispliter.

Ang usaping kaharap ng lahat ng mga Komunista at ng buong pandaigdigang kilusang komunista sa ngayon ay hindi kung sino ang pinuno kanino, kundi kung dapat bang itaguyod ang Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo o pumailalim sa rebisyunismo at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS. Sa pagpapalaganap ng paninira na nais naming agawin ang pamumuno, sa katunaya’y iginigiit ng mga pinuno ng PKUS na lahat ng mga Partidong praternal, kabilang ang amin, ay dapat yumukod sa kanilang rebisyunista at mapanghating pamumuno.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG AKUSASYONG PAGBIGO SA KAPASYAHAN NG MAYORYA AT PAGLABAG SA DISIPLINANG INTERNASYUNAL

Sa kanilang mga atake laban sa Partido Komunistang Tsino magmula noong 1960, pinakamadala na ginagamit ng mga pinuno ng PKUS ang akusasyong “binibigo namin ang kapasyahan ng mayorya” at “lumalabag sa disiplinang internasyunal”. Balik-aralan natin ang aming debate sa kanila sa usaping ito.

³⁴⁰ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Salusalo na Ipinagdiwang sa Karangalan ng mga Delegasyon ng mga Partidong Praternal ng mga Bayang Sosyalista, ika-4 ng Pebrero, 1960.

³⁴¹ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pulong ng mga Delegado ng Labindalawang Partidong Praternal sa Bucharest, ika-24 ng Hunyo, 1960.

Sa pulong sa Bucharest noong Hunyo 1960, gumawa ng sorpresang pagsalakay ang mga pinuno ng PKUS sa Partido Komunistang Tsino sa pamamagitan ng pamumudmod ng kanilang Liham ng Impormasyon na umaatake rito at tinangkang pwersahin itong yumukod sa pamamagitan ng paghilera ng isang mayorya. Hindi nagtagumpay ang kanilang tangka. Pero matapos ang pulong, ihinarap nila ang argumento na dapat pumailalim ang minorya sa mayorya sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal, at hiningi na dapat respetuhin ng PKT ang “mga pananaw at kapasyahang ganap na nagkakaisang ipinahayag” sa pulong sa Bucharest sa pagkukunwaring ang mga delegado ng napakaraming Partido ay tumututol sa mga pananaw ng PKT.

Pinatunayang di wasto ang maling argumentong ito ng Komite Sentral ng PKT sa kanyang Liham ng Tugon na may petsang Setyembre 10, 1960, sa Liham ng Impormasyon ng Komite Sentral ng PKUS. Ipinakita nito na:

... saanman nasasangkot ang pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo, ang usapin ng kung sino talaga ang tama at sino ang mali ay hindi maaaring husgahan sa lahat ng kaso sa pamamagitan ng kung sino ang may mayorya. Sa kabila ng lahat, ang katotohanan ay katotohanan. Ang pagkakamali ay hindi magagawang katotohanan dahil sa isang pansamantalang mayorya, o magagawang mali naman ang katotohanan dahil sa isang pansamantalang minorya.

Pero sa liham nito noong Nobyembre 5, 1960, inulit ng Komite Sentral ng PKUS ang maling akala hinggil sa pagpapailalim ng minorya sa mayorya sa pandaigdigang kilusang komunista. Sumipi ng pangungusap mula sa artikulo ni Lenin na “Ang ‘Pito’ sa Duma”, at inakusahan ang PKT sa pamamagitan ng pagsasabing “sinumang nagnanais na hindi irespeto ang opinyon ng mayorya ng mga Partidong praternal sa esensya ay tumatayo laban sa pagkakaisa at solidaridad ng pandaigdigang kilusang komunista”.

Sa Kapulungang Moscow ng mga Partidong praternal noong 1960, muling pinatunayang di wasto ng delegasyon ng PKT ang maling akalang ito ng mga pinuno ng PKUS. Idineklara nito na ganap na maling ilapat ang prinsipyo ng pagpapailalim ng minorya sa mayorya sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal sa aktwal na mga kondisyon sa kasalukuyan kung saan ang isang sentralisadong pamumuno gaya ng sa Komintern ay hindi umiiral ni kanais-nais. Dapat ipatupad sa loob ng isang Partido ang prinsipyo na ang minorya ay dapat pumailalim sa mayorya at ang nakabababang organisasyon ng Partido ay dapat pumailalim sa nakatataas na organo. Pero hindi ito maaaring ilapat sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal. Sa kanilang mutwal na ugnayan, pinapanatili ng bawat praternal na Partido ang kasarinlan nito at kasabay nito nakikiisa sa lahat ng iba pa. Dito, ang relasyon kung saan ang minorya ay dapat pumailalim sa mayorya ay di umiiral, at lalung hindi umiiral ang relasyon kung saan ang nakabababang organisasyon ng Partido ay dapat pumailalim sa nakatataas na organisasyon. Ang tanging paraan sa pakikitungo sa mga usapin na may kabuluhang komun sa mga Partidong praternal ay makipagtalakayan at kamtin ang ganap na nagkakaisang pagkakasundo alinsunod sa prinsipyo ng konsultasyon.

Ipinunto ng delegasyon ng PKT na sa pamamagitan ng paghaharap ng prinsipyo na dapat pumailalim ang minorya sa mayorya sa liham nito, malinaw na tinalikdan ng Komite Sentral ng PKUS ang prinsipyo ng pagkakamit sa ganap na kaisahan sa pamamagitan ng konsultasyon. Itinanong ng aming delegasyon:

Sa anong konstitusyong supra-Partido ibinabatay ng Komite Sentral ng PKUS ang sarili sa paghaharap ng gayong pang-organisasyong prinsipyo? Kailan at saan kaya pinagtibay ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng lahat ng bayan ang gayong konstitusyong supra-Partido?

Matapos nito, isinunod ng delegasyon ng PKT ang paglalantad sa panlalansi ng Komite Sentral ng PKUS sa sadyang pagtanggap sa salitang “Ruso” mula sa sinipi nitong pangungusap na pumapatungkol sa sitwasyon sa loob ng Sosyal-Demokratikong Partido sa Paggawang Ruso mula sa artikulo ni Lenin na “Ang ‘Pito’ sa Duma”, upang banatin ang prinsipyo ng pagpapailalim ng minority sa majority, na wasto sa loob ng isang Partido, sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal.

Dagdag pa, ipinahayag ng delegasyon ng PKT:

... kahit sa loob ng isang Partido, kung saan dapat ipatupad sa organisasyon ang prinsipyo ng pagpapailalim ng minority sa majority, hindi masasabing sa mga usapin ng pag-unawang pang-ideolohiya, maaaring matukoy ang totoo sa mali batay sa kung alin ang opinyon ng majority at alin ang sa minority. Sa artikulong ito mismo, “Ang ‘Pito’ sa Duma”, matinding tinuligsa ni Lenin ang kamuhi-muhing aksyon ng pitong likidasyunista sa praksyon ng Partido na nagsamantala sa majority ng isa upang supilin ang mga Marxista na nasa minority. Ipinakita ni Lenin na kahit na bumubuo ng majority ang pitong likidasyunista, hindi nila maaaring katawanin ang nagkakaisang kapasyahan, nagkakaisang mga resolusyon, nagkakaisang mga taktika ng majority ng abante at mulat na manggagawang Ruso na organisado sa Marxistang paraan, at sa gayon, lahat ng sigaw tungkol sa pagkakaisa ay pawang pagkukunwari. “Nais lulunin ng pitong di Partidista ang anim na Marxista; at hinihingi nilang tawagin itong ‘pagkakaisa’ ”.³⁴² Ipinagpatuloy niya na ang mismong anim na Marxistang ito sa praksyon ng Partido sa Duma ang kumikilos alinsunod sa kapasyahan ng majority ng proletaryado, at mapapanatili lamang ang pagkakaisa kung ang pitong mga delegadong ito ay “tatalikod sa kanilang taktikang pamumwersa”.³⁴³

Ipinagpatuloy ng delegasyon ng PKT na ipinapakita ng mga pangungusap ni Lenin

... na kahit sa loob ng isang grupo ng Partido, ang majority ay di laging wasto, na kasalungat nito, minsang kailangang “talikdan ang patakarang panunupil” para mapreserba ang pagkakaisa, at ito ang mismong kaso sa usapin ng ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal. Padalus-dalos na sumipi ng pangungusap kay Lenin ang mga kasama sa Komite Sentral ng PKUS nang hindi lubos na nauunawaan ang kahulugan nito. Dagdag pa, sadya nilang binura ang isang mahalagang salita. Magkagayunman, bigo sila sa kanilang layunin!

³⁴² V. I. Lenin, “Ang ‘Pito’ sa Duma”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1963, Vol. XIX, p. 450.

³⁴³ V. I. Lenin, “Materyal Hinggil sa Salungatan sa Loob ng Sosyal-Demokratikong Grupo sa Duma”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1963, Vol. XIX, p. 470.

Sumipi kami nang mahaba-haba mula sa talumpati ng delegasyon ng PKT sa Kapulungang Moscow ng 1960 upang ipakita na ang walang katotohanang akusasyon ng mga pinuno ng PKUS na “binibigo namin ang kapasyahan ng mayorya” ay lubos naming pinatunayang mali may ilang panahon na ang nakaraan. Dahil nga sa walang-lubay na pagtutol ng Partido Komunista ng Tsina at ibang Marxista-Leninistang mga Partidong praternal sa maling akalang ito kaya naisulat sa Pahayag ng 1960 ang prinsipyo sa pagkakamit sa ganap na kaisahan sa pamamagitan ng konsultasyon sa hanay ng mga Partidong praternal.

Pero maski ngayon, patuloy na ipinamamarali ng mga pinuno ng PKUS na “dapat pumailalim ang minority sa mayorya”. Nangangahulugan lamang ito na nais nilang itatwa ang nagsasarili at pantay na katayunan ng lahat ng mga Partidong praternal at pawin ang prinsipyo ng pagkakamit sa ganap na kaisahan sa pamamagitan ng konsultasyon. Tinatangka nilang pwersahin ang ilang Partidong praternal na pumailalim sa kanilang kapasyahan sa pagkukunwaring isang “mayorya”, at gamitin ang huwad na pangigingibabaw na nakamit sa gayong paraan upang atakehin ang Marxista-Leninistang mga Partidong praternal. Ang mga aksyon nila mismo ay sektaryan at mapanghati at lumalabag sa Deklarasyon at Pahayag.

Sa ngayon, kung mangungusap ang isang tao ng internasyunal na disiplina na nagtatali sa lahat ng mga Partido Komunista, nangangahulugan lamang ito ng pagtalima sa mga prinsipyong gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal gaya nang inilatag sa Deklarasyon at Pahayag. Tinukoy namin ang napakaraming mga datos upang patunayan na ang mga prinsipyong ito’y nilabag ng mga pinuno ng PKUS.

Kung ipagpipilitan ng mga pinuno ng PKUS na tukuyin ang “mayorya” sa “minority”, nais naming ipabatid sa kanila nang tapatan kung gayon na hindi namin kinikilala ang kanilang mayorya. Ang mayoryang sinasaligan ninyo ay isang huwad. Ang tunay na mayorya ay wala sa inyong panig. Totoo bang ang mga kasapi ng mga Partidong praternal na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo ay isang minority sa pandaigdigang kilusang komunista? Hiwalay na hiwalay kayo at ang inyong mga tagasunod sa masa; paano kung gayon maibibilang ang malawak na masa ng mga kasapi ng Partido at mamamayan na di sumasang-ayon sa inyong maling linya bilang bahagi ng inyong mayorya?

Ang pundamental na usapin ay: Sino ang nasa panig ng malawak na masa ng mamamayan? Sino ang kumakatawan sa kanilang batayang mga interes? At sino ang sumasalamin sa kanilang rebolusyonaryong kapasyahan?

Noong 1916, sinabi ni Lenin tungkol sa sitwasyon sa Sosyal-Demokratikong Partidong Aleman:

Dadalawa lamang laban sa 108 sina Liebknecht at Ruhle. Pero ang dalawang ito ay kumakatawan sa milyon-milyon, sa pinagsasamantalang masa, sa napakalaking mayorya ng populasyon, sa kinabukasan ng sangkatauhan, sa rebolusyon na lumalaki at nahihinog sa bawat nagdaraang araw. Sa kabilang banda, ang 108 ay kumakatawan lamang sa aliping diwa ng sandakot na burges na mga utusan sa hanay ng proletaryado.³⁴⁴

³⁴⁴ V. I. Lenin, “Isang Bukas na Liham para kay Boris Souvarine”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XIII, p. 199.

Ngayon, hinahangad ng higit sa 90 porsyento ng populasyon ng daigdig ang rebolusyon, kabilang ang mga hindi pa pero sa kalauna'y magiging mulat sa pulitika. Ang mga rebolusyonaryong Marxista-Leninistang mga Partido at mga Marxista-Leninista ang tunay na mayorya na kumakatawan sa pundamental na mga interes ng mamamayan, at hindi ang sandakot na mga rebisyunista na nagtaksil sa mga interes na ito.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG AKUSASYONG PAGSUPOORTA SA MGA GRUPONG ANTI-PARTIDO NG MGA PARTIDONG PRATERAL

Sa Bukas na Liham nito, binitawan ng pamunuan ng PKUS ang mapanirang akusasyon na “nag-oorganisa ng, at sumusuporta ang pamunuan ng PKT sa sari-saring mga grupo na nakikipagsira, na lumalaban sa mga partido Komunista ng United States, Brazil, Italy, Belgium, Australia at India”.

Ano ang mga datos?

Ang katotohana'y ang nangyaring mga isplit sa ilang mga Partido Komunista sa nakaraang ilang taon ay pangunahing dulot ng pwersahang paglalapat ng mga pinuno ng PKUS sa kanilang rebisyunista at mapanghating linya.

Iniligaw ng mga pinuno ng ilang mga Partido Komunista ang rebolusyonaryong kilusan ng sarili nilang mga bayan at nagdulot ng malulubhang pagkatalo sa rebolusyonaryong adhikain dahil tinanggap nila ang rebisyunistang linya na ipinataw sa kanila ng mga pinuno ng PKUS. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pinuno ng PKUS at pagtatambol para sa kanila sa tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa pandaigdigang kilusang komunista, nakakapinsala sila sa pagkakaisa ng kilusan. Walang salang pinupukaw nito ang malaganap na disgusto sa loob ng sarili nilang mga Partido at ang pagtutol at oposisyon mula sa mga Marxista-Leninista sa loob ng mga ito.

Sa panggagaya sa mga pinuno ng PKUS, nagpapatupad ang kanilang mga tagasunod ng mapanghating patakaran sa loob ng sarili nilang mga Partido. Nilalabag ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo, ipinagbabawal nila ang panloob-sa-Partidong talakayan sa mga pagkakaiba kaugnay ng linya ng Partido at sa mayor na mga usaping kinakaharap ng pandaigdigang kilusang komunista. Dagdag pa, labag sa tuntunin nilang ihinihiwalay, inaatake at itinitiwag pa nga ang mga Komunista na tumatalima sa prinsipyo. Bunga nito, walang salang ang tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa loob ng mga Partido ay nagkakaanyong napakatalas.

Sa esensya, umiinog ang tunggalian sa loob ng mga Partido Komunistang ito sa kung tatahak sa Marxista-Leninistang linya o sa rebisyunistang linya, at kung gagawing tunay na taliba ng proletaryado at tunay na rebolusyonaryong proletaryong partido ang Partido Komunista o gagawin itong tagapagsilbi sa burgesya at isang bagong anyo ng Sosyal Demokratikong Partido.

Sa Bukas na Liham, naglalahad ang mga pinuno ng PKUS ng pilipit na larawan ng mga tunggalian sa loob ng mga Partido Komunista ng United States of America, Brazil, Italy, Belgium, Australia at India. Inaalimura nila sa pinakamalisyosong lenggwahe iyong mga Marxista-Leninista na inatake at ihiniwalay ng rebisyunistang mga grupo sa sarili nilang mga Partido.

Posible kayang maitago o baguhin ang katotohanan tungkol sa mga tunggalian sa loob ng mga Partido Komunistang ito ng mga pinuno ng PKUS at tawaging puti ang itim at ang itim puti? Hindi. Talagang hindi nila magagawa!

Tunghayan halimbawa ang panloob na tunggaliang pampartido sa Partido Komunista ng Belgium.

Matagal nang umiiral ang pagkakaiba sa loob ng Partido Komunista ng Belgium. Papatalas ang tunggalian sa loob ng Partido habang ang orihinal na namumunong pangkat ay papalalim na lumulubog sa pusali ng rebisyunismo at tumalikod sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Sa panahon ng kontra-rebolusyonaryong rebelyon sa Hungary, umabot ang rebisyunistang pangkat sa Partido Komunista ng Belgium sa paglalabas ng pahayag na kumokondena sa Unyong Sobyet sa pagtulong sa anakpawis ng Hungary para kitlin ang rebelyon.

Nilabanan ng rebisyunistang grupong ito ang armadong pagtatanggol ng mamamayang Congelese sa madugong panunupil ng mga kolonyalistang Belgian at sinuportahan ang paggamit ng imperyalistang US sa United Nations para manghimasok at supilin ang kilusan para sa pambasang kasarinlan sa Congo. Walang kahihiyang ipinagmamalaki nito ang pagiging una sa pag-apela sa United Nations, “sa paghahangad sa mabilis at integral na pagpapatupad sa mga desisyon ng UN”.³⁴⁵

Pinapurihan nito ang rebisyunistang programa ng pangkating Tito sa pagsasabing “naglalaman ito ng mga ideyang nagpapayaman sa Marxismo-Leninismo”.³⁴⁶

Pinasasama nito ang Pahayag ng 1960 sa pagsasabing halu-halo ang mga nilalaman nito at “mayroong parirala sa bawat dalawampung linya na sumasalungat sa pangkalahatang linya ng Pahayag”.³⁴⁷

Sa panahon ng dakilang welga ng mga manggagawang Belgian papatapos ang taong 1960 at sa umpisa ng taong 1961, pinapahina ng rebisyunistang grupong ito ang kapasyahan ng mga manggagawa na lumaban sa pamamagitan ng pagbatikos sa kanilang pagtatanggol laban sa panunupil ng pulis at gwardya sibil bilang “padalus-dalos at iresponsableng mga aksyon”.³⁴⁸

³⁴⁵ Burnelle, Panayam sa isang Dyurnalista ng *l'Humanite* hinggil sa Usaping Congolesee, *Le Drapeau Rouge* (organo ng Partido Komunista ng Belgium), ika-26 ng Hulyo, 1960.

³⁴⁶ “Ang Partido Komunista ng Belgium at ang Kongreso ng Liga ng mga Komunista sa Yugoslavia”, *Le Drapeau Rouge*, ika-22 ng Abril, 1958.

³⁴⁷ Jean Blume, Talumpati sa Pederal na Kongreso ng Brussels, noong ika-3 ng Disyembre, 1961, sinipi ni Jacques Grippa sa “Para sa Marxista-Leninistang Pagkakaisa ng Partido at para sa Marxista-Leninistang Pagkakaisa ng Pandaigdigang Kilusang Komunista”, *Le Drapeau Rouge*, ika-22 ng Pebrero, 1962.

³⁴⁸ Jean Blume, “Para sa Ganap at Dagling Tagumpay: Dalawang Panukalang Komunista”, *Le Drapeau Rouge*, ika-29 ng Disyembre, 1960.

Sa harap ng mga pagkakanulong ito sa interes ng uring manggagawang Belgian at ng pandaigdigang proletaryado, natural lamang na masigasig na makibaka ang mga Marxista-Leninistang Belgian sa pamumuno ni Kasamang Jacques Grippa laban sa rebisyunistang grupong ito sa loob ng Partido at matatag na magtanggol at lumaban sa rebisyunistang linya nito.

Sa gayon malinaw na ang tunggalian sa loob ng Partido Komunista ng Belgium ay isang tunggalian sa pagitan ng Marxista-Leninista at rebisyunistang linya.

Paano tinanganan ng rebisyunistang grupo sa Partido Komunista ng Belgium ang panloob na tunggaliang pampartidong ito? Nagtaguyod sila ng sektaryan at mapanghating patakaran at gumamit ng labag sa tuntuning mga pamamaraan upang atakehin at ihiwalay iyong mga Komunistang nagpunyagi sa prinsipyang Marxista-Leninistang paninindigan. Sa ika-14 na Kongreso ng Partido Komunista ng Belgium, hindi nila pinahintulutan si Jacques Grippa at iba pang mga kasama na magsalita, at, sa pagwawalang-bahala sa malaganap na oposisyon ng kasapian, labag sa tuntuning idineklara silang itiniwalag sa Partido.

Sa mga sirkunstansyang ito, sa pagtaguyod sa rebolusyonaryong linya, matatag na nilaban ng mga Marxista-Leninistang Belgian sa pamumuno ni Kasamang Jacques Grippa ang rebisyunista at mapanghating linyang ipinapatupad ng orihinal na namumunong grupo at lumaban para muling itatag ang Partido Komunista ng Belgium. Hindi ba't ang kanilang mga aksyon ay ganap na wasto at di mapupulaan?

Sa hayagang pagsuporta sa rebisyunistang grupo sa Partidong Belgian at sa paghimok ritong atakehin at ihiwalay ang mga Marxista-Leninistang Belgian, inilantad lamang ng mga pinuno ng PKUS ang kanilang sarili bilang tagalikha ng mga isplit sa mga Partidong praternal.

Kaugnay naman ng Partido Komunista ng India, mas malala pa ang sitwasyon rito.

Batay sa napakaraming datos, ipinakita namin sa "Isang Salamin para sa mga Rebisyunista", na inilathala ng kagawarang editoriyal ng *Renmin Ribao* noong Marso 9, 1963, na nagkanulo sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo ang taksil na pangkating pinamumunuan ni Dange, nagtaksil sa rebolusyonaryong adhikain ng proletaryado at mamamayang Indian, at pumalaot sa landas ng pambansang sobinismo at makauring kapitulasyunismo. Kinamkam ng pangkating ito ang pamumuno ng Partido Komunista ng India at, sa pagsang-ayon sa kapasyahan ng malalaking kapitalista at panginoong maylupang Indian, ay itinatransporma ang Partido bilang alipures ng gubyernong Nehru na kumakatawan sa kanilang mga interes.

Ano ang nangyari sa Partido Komunista ng India magmula noon?

Ngayon makikita ng lahat na ang pangkating Dange ay tumatahak pa sa landas ng pagtataksil. Itinataguyod pa nito ang makauring kolaborasyon at ang pagkakamit sa sosyalismo sa India sa pamamagitan ng gubyernong Nehru. Aktibo nitong sinuportahan ang napakalaking badyet ng gubyernong Nehru na naglalaan para sa pagpapalawak ng armas at paghahanda sa digma, at ang mga hakbang nito para pagnakawan ang mamamayan. Sinabotahe nito noong Agosto 1963 ang malaking welga ng isang milyong mamamayan sa Bombay laban sa walang awang patakaran sa buwis ng gubyernong Nehru. Sinikap nitong hadlangan ang pagdaraos ng pangmasang rali sa Calcutta na humihingi sa pagpapalaya sa bilanggong mga Komunista na nilahukan ng 100,000 katao. Ipinagpapatuloy nito ang kanyang nangganggalit na patakarang anti-Tsino. Tinatangkilik nito ang ekspansyunistang patakaran ng gubyernong Nehru. Tinatangkilik nito ang patakarang pagpapaupa ng sarili sa imperyalismong US ng gubyernong Nehru.

Habang nalalantad ang taksil na mga katangian nila, nahaharap sina Dange at mga kasama niya sa papalaking oposisyon at pagtutol mula sa malapad na kasapian sa batayang antas ng Partido Komunista ng India. Paparaming mga Komunistang Indian ang malinaw na nakakakita na sina Dange at mga kasama niya ang base ng Partido Komunista ng India at ng bansang Indian. Nakikibaka sila ngayon para muling isaayos ang dakila at militanteng rebolusyonaryong tradisyon ng Partido. Sila ang tunay na mga kinatawan at pag-asa ng proletaryadong Indian at ng mamamayang Indian.

Naghuhumiyaw ang mga pinuno ng PKUS tungkol sa suporta ng Partido Komunistang Tsino sa mga “bumaligtad” at mga “taksil”, gayong sila mismo ang sumusuporta sa tahasang mga bumaligtad at mga taksil gaya nina Dange at mga kasama niya.

Tinutuligsa ng mga pinuno ng PKUS ang mga Komunista sa maraming bayan na nangangahas labanan ang rebisyunismo at isplitismo bilang mga “bumaligtad”, mga “taksil” at mga “elementong anti-Partido”. Pero ano ang nagawa ng mga Komunistang ito? Wala kundi magpunyagi sa Marxismo-Leninismo at maggumiit sa isang rebolusyonaryong partido at sa isang rebolusyonaryong linya. Talaga kayang inaakala ng mga pinuno ng PKUS na ang kanilang abuso ay makapagpapanikluhod sa mga Marxista-Leninistang ito, makapagpatalikod sa kanilang pakikibaka para sa wasto at laban sa maling linya, at makapipigil sa kanila sa pagpapatupad nito hanggang sa wakas? Hindi kailanman magiging realidad ang mapangarap na akalang ito.

Sa lahat ng dako at sa lahat ng oras, ang tunay na mga rebolusyonaryo, ang tunay na proletaryong rebolusyonaryong mga mandirigma, ang mga tunay na Marxista-Leninista (militanteng mga materyalista), ay mga taong walang takot; hindi sila natatakot sa abuso ng mga reaksyunaryo at mga rebisyunista. Sapagkat nalalaman nilang hindi ang gayong mga mistulang di magagaping dambuhala gaya ng mga reaksyunaryo at mga rebisyunista, kundi ang mga “walang saysay na tao” tulad nila ang kumakatawan sa kinabukasan. Lahat ng dakilang tao ay dating “walang saysay”. Sa kondisyong hawak nila ang katotohanan at nagtatamasa ng suporta ng masa, iyong mga mistulang walang kabuluhan sa simula ay tiyak na magiging matagumpay sa wakas. Totoo ito kay Lenin at sa Ikatlong Internasyunal. Sa kabilang banda, ang mga bituin at malalaking batalyon ay walang salang liliit, aatras at mabubulok kapag nabitiwan nila ang katotohanan at sa gayo’y mawawalan ng suporta ng masa. Ito ang nangyari kina Bernstein, Kautsky at sa Ikalawang Internasyunal. Lahat ng bagay ay nauuwi sa pagbabago tungo sa kanyang kasalungat sa ilalim ng partikular na mga kondisyon.

Ang mga Komunista ay tagagawa ng rebolusyon. Kung ayaw nilang magrebolusyon, hindi na sila mga Marxista-Leninista at nagiging mga rebisyunista at mga tulad nito. Bilang mga Marxista-Leninista, ang mga Komunista, dahil sa kanilang likas na katangian, ay dapat magpunityagi sa kanilang rebolusyonaryong paninindigan at makitunggali sa rebisyunismo. Gayundin, dapat likas na magbigay ng matatag na suporta sa mga rebolusyonaryo at sa mga Komunistang nakikitunggali sa rebisyunismo ang isang Marxista-Leninistang Partido.

Hindi kailanman ikinubli ng Partido Komunista ng Tsina ang posisyon nito. Sumusuporta kami sa lahat ng rebolusyonaryong kasama na nagpupunityagi sa Marxismo-Leninismo. Sa pandaigdigang kilusang komunista, nakakaugnayan namin ang mga rebisyunista; bakit kung gayon kami hindi makikipag-ugnayan sa mga Marxista-Leninista? Inilalarawan ng mga pinuno ng PKUS ang aming suporta para sa mga Marxista-Leninista sa ibang mga bayan bilang mapanghating gawain. Sa aming palagay, ito'y isang proletaryong internasyunalistang obligasyon lamang na aming tungkuling gampanan.

Hindi nasisindak sa kahirapan o tiranya, naninindigan sa katotohanan at nangangahas makibaka, ipinakita ng mga Marxista-Leninista sa lahat ng bayan ang dakilang rebolusyonaryong diwa ng mga komunistang mandirigma. Kabilang sa gayong magigiting na mandirigma ang mga Komunista ng Belgium na kinakatawan ni Jacques Grippa at iba pang mga kasama, ang mga Komunistang Brazilian na kinakatawan ni Joao Amazonas, Mauricio Grabois at iba pang mga kasama, ang mga Komunistang Australian na kinakatawan nina E. F. Hill at iba pang mga kasama, ang mga Komunistang Ceylonese na kinakatawan nina Prmalal Kumarasiri, Nagalingam Sanmugathan at iba pang mga kasama, at maraming Marxista-Leninista kapwa sa loob at labas ng mga Partido Komunista ng India, Italy, Pransya, US at iba pa. Nakapagbigay sila ng mahahalagang ambag sa pandaigdigang proletaryong adhikaing komun sa pamamagitan ng pagtataguyod sa rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo, sa pamamagitan ng matiyagang pagbubuo ng rebolusyonaryong talibang mga partido ng proletaryado na naarmasan ng Marxista-Leninistang mga prinsipyo, at sa pamamagitan ng pagpupunityagi sa rebolusyonaryong linya na umaayon sa pundamental na mga interes ng proletaryado at iba pang anakpawis sa sarili nilang mga bayan. Karapat-dapat sila sa respeto, simpatya at suporta ng lahat ng mamamayang nakikibaka para sa tagumpay ng komunismo sa lahat ng dako ng daigdig.

Sa maikling salita, anumang bayan o lugar, kung saan matatagpuan ang pang-aapi, doon matatagpuan ang pagtatanggol; kung saan matatagpuan ang mga rebisyunista, doon matatagpuan ang mga Marxista-Leninistang lumalaban sa kanila, at kung saan matatagpuan ang pagtitiwalag ng mga Marxista-Leninista sa Partido at iba pang mapanghating mga hakbang, doon lumilitaw ang mga namumukod na mga Marxista-Leninista at matatag na rebolusyonaryong mga partido. Nangyayari ang mga pagbabagong salungat sa inaasahan ng modernong mga rebisyunista. Nililikha ng mga rebisyunista ang sarili nilang mga kasalungat at kalaunan sila'y ililibing ng mga ito. Isa itong di matitinag na batas.

ANG KASALUKUYANG DEBATENG PAMPUBLIKO

Sa huling pagsusuri, ang kasalukuyang dakilang debate sa pandaigdigang kilusang komunista ay nakasentro sa kung magpupunyagi sa Marxismo-Leninismo o sa rebisyunismo, sa kung magpupunyagi sa proletaryong internasyunalismo o sa sobinismong malaking-kapangyarihan at kung nanaisin ang pagkakaisa o isplit. Matagal nang nagsimula ang pagtatalong ito sa pundamental na mga prinsipyo, matapos ang ika-20 Kongreso ng PKUS. Nagpatuloy ito sa pribadong pag-uusap sa pagitan ng mga Partidong praternal sa mahabang panahon hanggang lumutang ito sa hayag may mahigit sa dalawang taon na ang nakalipas.

Gaya nang batid ng lahat, unang nang-upat ang mga pinuno ng PKUS at naggumiiit sa hayagang sagutan sa pandaigdigang kilusang komunista.

Sa kanilang Ika-22 Kongreso noong Oktubre 1961, gumawa sila ng mga atakeng pampubliko sa Partido sa Paggawa ng Albanya. Sa kanyang talumpati sa Kongresong iyon, tumutol si Kasamang Zhou Enlai, ang pinuno ng delegasyon ng Partido Komunistang Tsino, sa aksyong ito ng mga pinuno ng PKUS, at ipinunto na hindi ito maaaring ituring na kumakatawan sa seryosong Marxista-Leninistang aktitud. Ano ang tugon ng mga pinuno ng Partidong Sobyet? Idineklara nilang sila’y “ganap na wasto”³⁴⁹ at tumatahak sa “tanging wasto at tunay na Marxista-Leninistang posisyon sa prinsipyo”³⁵⁰ sa pagsisimula sa hayagang sagutan.

Pagkatapos nito, noong Enero 1962, iminungkahi ng Partido ng mga Manggagawa ng Byetnam na dapat itigil ng mga Partido ang mutwal na mga atake sa radyo at sa pahayagan”. Sinuportahan ang mungkahing ito ng Partido Komunistang Tsino, ng Partido sa Paggawa ng Albanya, at ibang mga Partidong praternal. Pero sa katunayan, ayaw ng mga pinuno ng PKUS na magbigay ng tiyak na komitment na itigil ang sagutang pampubliko. Malayo sa pagtigil sa kanilang hayagang mga atake sa Partido sa Paggawa ng Albanya, itinuloy nila ang pamamatnugot sa hayagang mga atake maging sa Partido Komunistang Tsino sa sumunod na mga Kongreso ng limang Partidong praternal sa Europa sa huling bahagi ng 1962 at maagang bahagi ng 1963, at sa gayon ay naglunsad ng isa pang round ng hayagang sagutan sa mas malawak pang saklaw. Wala kaming mapagpipilian kundi gumawa ng mga tugong pampubliko sa mga nang-aatake.

Bagamat hindi pa kami nakakasagot sa lahat ng atake ng mga Partidong praternal, sa kanyang tugon sa Komite Sentral ng PKUS noong Marso 1963, inilahad ng Komite Sentral ng aming Partido na upang malikha ang paborableng kalagayan para sa nakaiskedyul na usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet, pansamantala naming isususpindi ang mga tugong pampubliko sa pahayagan mula Marso 9, nang walang pinsala sa aming mga karapatan. Subalit sa bisperas ng usapan humakbang pa ang mga pinuno ng PKUS na hayagang umaatake sa Partido Komunista ng Tsina na pinangalanan sa kanilang mga pahayag at mga resolusyong Pampartido.

³⁴⁹ N. S. Khrushchov, Pangwakas na Talumpati sa Ika-22 na Kongreso ng PKUS, ika-27 ng Oktubre, 1961, Mga Dokumentong Ika-22 na Kongreso ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 334.

³⁵⁰ “Ang Bandila ng Ating Kapanahunan”, artikulo ng lupong editoriyal sa Pravda, ika-21 ng Pebrero, 1962.

Noong Hulyo 14, sa kalagitnaan ng usapan sa pagitan ng mga delegasyon ng Partidong Tsino at Sobyet sa Moscow, inilathala ng Komite Sentral ng PKUS ang Bukas na Liham sa lahat ng mga organisasyon ng Partido at lahat ng mga Komunista sa Unyong Sobyet, kung saan binaluktot nito ang mga datos, pinaglitu-lito ang tama at mali, at lantaran at demagohikong inatake at inabuso ang Partido Komunista ng Tsina at si Kasamang Mao Zedong. Samakatwid, dagdag pang humakbang ang mga pinuno ng PKUS at nang-upat ng hayagang sagutan sa higit pang malawak na saklaw.

Mula Hulyo 15, 1963 at matapos nito, siniraan at inatake ng mga pinuno ng PKUS ang Tsina bilang kanilang Numero Unong Kaaway, ginamit lahat ng masmidyang nasasakanila, gaya ng mga pahayag ng gubyrno, mga talumpati ng mga pinuno, mga pulong at mga artikulo, at pinagulong ang lahat ng kanilang makinarya sa propaganda, mula sa sentral at lokal na pahayagan hanggang sa mga istasyon ng radyo at telebisyon. Sa pagitan ng Hulyo 15 hanggang Oktubre 31, ang kanilang dalawampu't anim na sentral na pahayagan at dyornal lamang ay naglathala ng 1,119 na artikulo ng mga lupong editoriyal, mga editoriyal, komentaryo, nilagdaang mga artikulo, mga liham ng mga mambabasa at mga kartun, kung saan ang Partido Komunista ng Tsina at ang mga pinuno nito, Mao Zedong, Liu Xiaogi, Zhou Enlai at iba pang mga kasama, ay pinangalanan at binatikos. Ipinakikita ng di kumpletong bilang batay sa pag-aaral sa labinlimang mga organo ng mga Republika ng Unyon na di kukulangin sa 728 katulad na anti-Tsinong mga artikulo at lathalain ang lumabas sa lokal na pahayagang Sobyet sa panahon ding iyon.

Inilathala namin ang pinakamahahalagang anti-Tsinong lathalain kabilang ang Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS, na inilimbag namin nang buo dalawang ulit at ibrinodkas sa buong daigdig sa higit na isang dosenang dayuhang lenggwahe upang ipabatid sa mga interesado sa hayag na debateng ito ang mga pananaw ng mga pinuno ng PKUS. Hindi namin inilimbag ang bawat isa sa mga artikulong Sobyet na umaatake sa Tsina dahil lamang sa napakarami nito at sa maraming kaso'y inuulit lamang ang isa't isa, at dahil limitado ang espasyo sa aming pahayagan. Kinulekta ng aming mga palimbagan ang lahat ng mga artikulong ito at ililimbag sila sa anyong aklat.

Ang panig ng Sobyet ay nakapaglabas na ng kukulangin sa dalawang libong anti-Tsinong mga artikulo at iba pang lathalain. Alinsunod sa prinsipyo ng pagkakapantay sa hanay ng lahat ng mga Partidong praternal, may karapatan ang panig ng Tsina na maglathala ng angkop na bilang ng mga sagot.

Dahil ang Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS ay sumasaklaw sa maraming usapin na sumasangkot sa serye ng pundamental na teoretikal na isyu sa Marxismo-Leninismo gayundin sa maraming mayor na pangyayari sa nakaraang pito o walong taon sa pandaigdigang kilusang komunista, sinimulan ng mga Kagawarang Editoriyal ng aming *Renmin Ribao* at *Hongqi*, matapos ang masusing pagsusuri, ang serye ng mga komentaryo na nagsimula noong Setyembre 6, 1963. Hanggang sa ngayon, nakapaglathala lamang kami ng pitong komentaryo sa Bukas na Liham na ito, kabilang ang kasalukuyang komentaryo.

Hindi pa namin natatapos ang aming komentaryo. Kaugnay ng napakalaking bilang ng anti-Tsinong mga artikulo na inilathala ng sentral o lokal na pahayagan ng Unyong Sobyet, hindi pa namin nasisimulang sagutin ang mga ito.

Sa kanyang mga tugon sa mga peryodista noong Oktubre 25, 1963, nanawagan si Khrushchov ng pagtigil sa debateng pampubliko. Gayunman, pagkatapos nito, nagpatuloy na maglathala ang pahayagang Sobyet ng mga artikulong umaatake sa Tsina.

Kamakailan lang, muling nagpanukala ang mga pinuno ng PKUS ng paghinto ng debateng pampubliko na sinasabi nilang “nakagagawa ng malaking pinsala sa kilusang komunista”. Subalit sinabi nila sa nakaraan na ang sagutang pampubliko ay “nasa interes ng buong pandaigdigang kilusang komunista”³⁵¹ at “ang tanging wasto at tunay na Marxista-Leninistang posisyon sa prinsipyo”.³⁵²

Nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Anong klase ng sugal ang inyong nilalaro sa pagsasabi ng isang bagay sa isang oras at ng iba pa sa ibang oras?

Nais din naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Umaayon ba sa prinsipyo ng pagkakapantay sa hanay ng mga Partidong praternal ang paghingi ninyo sa aming tumahimik matapos na maglathala ng kulang sa sampung artikulo bilang tugon sa inyong dalawang libong artikulo at ibang lathalain na umaatake sa Tsina, at nang hindi pa man namin nakukumpleto ang aming tugon sa inyong Bukas na Liham? Umaalinsunod ba sa mga prinsipyo ng demokratikong talakayan ang inyong kawalang pasensya at pagiging sarado at ang pagtanggì ninyong makinig gayong kaunti pa lamang ang aming nasasabi habang mapakarami na ninyong sinabi sa napakatagal na panahon?

Muli, nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Hindi ba’t tahasang pagbabanta at intimidasyon ang inyong walang kahihyang deklarasyon sa pahayag ng Gubyernong Sobyet ng Setyembre 21, 1963 na kung ipagpapatuloy ng mga Tsino ang sagutan, “dapat nilang malinaw na mabatid na ang makakaharap nila sa landas na ito ay ang pinakadesididong tahasang pagtutol mula sa PKUS at mamamayang Sobyet”? Naniniwala ba kayong talaga na tiyak na maamong susunod sa inyong mga utos at manginginig sa inyong palahaw ang ibang tao? Tapatan na lang, magmula noong Setyembre 21, sabik naming inaantabayanan kung ano ang “pinakadesididong tahasang pagtutol”.

Mga kasama at mga kaibigan! Nagkakamali kayo, lubos na nagkakamali.

Ngayong gumugulong na ang debateng pampubliko, dapat itong magpatuloy ayon sa tuntunin. Kung sa palagay ninyo’y sapat na ang inyong nasabi, dapat ninyong bigyan ng sapat na pagkakataon ang kabilang panig na makatugon. Kung sa palagay ninyo ay marami pa kayong sasabihin, pakisabi na ninyo ang lahat ng ito. Pero kapag sinabi ninyo ang mga ito, hayaan ninyong masabi ang lahat ng kabilang panig. Sa isang salita, dapat may pantay na karapatan. Hindi ba’t kayo rin ay nagsabing pantay ang mga Partidong praternal? Bakit kung gayon kayo naggugumiit na maaari kayong magsimula ng sagutang pampubliko kung kailanman ninyo gustong atakehin ang mga Partidong praternal at kasabay nito’y inaalisan ang mga Partidong inatake nang gayon ng kanilang karapatang gumawa ng pampublikong tugon kung kailanman ninyo napagpasyahang ihinto ang sagutan?

Walang prinsipyong nang-upat, binanat at iginiit ng mga pinuno ng PKUS ang hayagang sagutan, pero sila ngayon ang nagsisimulang maghumiyaw para sa paghinto nito. Ano ang nasa likod ng lahat ng ito?

³⁵¹ “Para sa Bagong mga Tagumpay ng Komunismo”, artikulo ng lupong editoriyal sa Kommunist, No. 16, 1961.

³⁵² “Ang Bandila ng Ating Kapanahunan”, artikulo ng lupong editoriyal sa Pravda, ika-21 ng Pebrero, 1961.

Marahil hindi sumulong ang mga bagay ayon sa ekspektasyon ng mga naglunsad ng mga sagutang ito. Gumugulong ang pampublikong debate, na sa simula'y inakala ng mga pinuno ng PKUS ay nasa kanilang bentahe, sa paraang salungat sa kanilang kagustuhan. Wala sa panig ng mga pinuno ng PKUS ang katotohanan, at sa gayon, sa kanilang mga atake sa iba, makaaasa lamang sila sa mga kasinungalingan, paninira, pambabaluktot sa mga datos at panlilito sa tama at mali. Kapag gumugulong na ang argumento at kinakailangan nang iharap ang katotohanan at mangatwiran, natutuklasan nilang nawawala ang lupa sa ilalim ng kanilang mga paa at kinakabahan.

Minsa'y sinabi ni Lenin na para sa mga rebisyunista, “walang mas nakayayamot, walang mas di kanais-nais, walang mas di katanggap-tanggap kaysa sa paglilinaw sa umiiral na teoretikal, programatiko, taktikal at pang-organisasyong pagkakaiba”.³⁵³

Ito mismo ang kalagayang kinakaharap ng mga pinuno ng PKUS ngayon.

Batid ng lahat ang paninindigan ng Partido Komunista ng Tsina tungkol sa pampublikong sagutan. Mula't sapul, nanindigan kaming ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga Partidong praternal ay dapat lutasin sa pamamagitan ng pribadong mga konsultasyon. Hindi namin ibinunsod ni ginusto ang pampublikong sagutan.

Gayunman, dahil ang pampublikong debate ay gumugulong na at dahil sinabi ng mga pinuno ng PKUS na ang pagsasagawa nito ay “pagkilos nang ayon sa pamamaraan ni Lenin”,³⁵⁴ dapat isagawa ito batay sa demokratikong talakayan sa pamamagitan ng paghaharap ng mga datos at ng pangangatwiran hanggang malutas ang lahat.

Higit pang mahalaga, dahil hayagang nagkanulo sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo ang mga pinuno ng PKUS at pinunit ang Deklarasyon at ang Pahayag, hindi nila kami maaasahang magpigil sa pagtatanggol sa Marxismo-Leninismo, sa proletaryong internasyunalismo, at sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyon at ng Pahayag. Dahil pumapatungkol ang debate sa mayor na mga usapin ng prinsipyo sa pandaigdigang kilusang komunista, dapat puspusang malutas ang mga ito. Kumakatawan rin ito sa seryosong Marxista-Leninistang aktitud.

Ang esensya ng usapin ay ang umiiral na mga pagkakaiba sa pandaigdigang kilusang komunista ay sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismo at sa pagitan ng proletaryong internasyunalismo at sobinismong malaking-kapangyarihan. Hindi malulutas sa pundamental na paraan ang mayor na mga pagkakaibang ito sa prinsipyo ng paghinto sa pampublikong debate. Kasalungat nito, tanging sa pamamagitan ng pampublikong debate, sa pamamagitan ng paghaharap ng mga datos at pangangatwiran magiging posible na mailinaw na mga bagay-bagay, mapag-iiba ang tama sa mali at maipagsasanggalang at mapapatatag ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista sa batayan ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

³⁵³ V. I. Lenin, “Minsan Pa Tungkol sa Internasyunal na Sosyalistang Kawanihan at ang mga Likidador”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1948, Vol. XX, p. 37.

³⁵⁴ “Ang Istorikong Kongreso ng Partidong Leninista”, editorial ng Pravda, ika-4 ng Nobyembre, 1961.

Isang siyensya ang Marxismo-Leninismo, at walang pinangangambahang debate ang siyensya. Anumang nangangamba sa debate ay hindi siyensya. Ang kasalukuyang dakilang debate sa pandaigdigang kilusang komunista ay nagbubunsod sa mga Komunista, mga rebolusyonista, at rebolusyong mamamayan sa lahat ng bayan na gamitin ang kanilang mga utak at pag-isipan ang mga usaping tungkol sa rebolusyon sa sarili nilang mga bayan at sa pandaigdigang rebolusyon alinsunod sa pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo. Sa pamamagitan ng dakilang debateng ito, mapag-iiba ng mga tao ang tama at mali at ang tunay at huwad na Marxismo-Leninismo. Sa pamamagitan ng dakilang debateng ito, mapapakilos lahat ng rebolusyong mga pwersa sa daigdig, at mapapanday ang lahat ng mga Marxista-Leninista sa ideolohiya at pulitika at maisasanib ang Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika sa kanilang sariling mga bayan sa isang higit na nasa hustong-gulang na paraan. Sa gayon, walang dudang higit na mapayayaman, mapauunlad, at maitataas sa bagong katayugan ang Marxismo-Leninismo.

ANG PARAAN SA PAGTATANGGOL AT PAGPAPATATAG SA PAGKAKAISA

Ang rebisyonismo at sobinismong malaking-kapangyarihan ng mga pinuno ng PKUS ay isang wala pang kapantay na banta sa pagkakaisa ng sosyalistang kampo at sa pandaigdigang kilusang komunista. Sa pagtataguyod sa rebisyonista at sobinistang malaking-kapangyarihan, naninindigan para sa isplit ang mga pinuno ng PKUS. Hangga't nananatili sila sa gayong posisyon, kumikilos sila sa katunayan para sa huwad na pagkakaisa at para sa tunay na isplit gaanuman sila katabil mangusap ng “pagkakaisa” at mang-abuso ng iba bilang “mga ispliter” at “sektaryan”.

Nagpupunyagi ang Partido Komunista ng Tsina, ang ibang Marxista-Leninistang mga Partido at lahat ng mga Marxista-Leninista sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo. Ang posisyong ito ang tanging wastong posisyon para maipagtanggol at mapatatag ang tunay na pagkakaisa ng sosyalistang kampo at pandaigdigang kilusang komunista.

Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo ang bumubuo sa batayan ng pagkakaisang iyon. Sa batayang ito lamang mabubuo ang pagkakaisa ng mga Partido at bayang pratural. Ang gayong pagkakaisa ay hindi mabubuo kung lilihis sa batayang ito. Ang makibaka para sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo ay pagkilos para sa pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista. Ang pagpupunyagi sa prinsipyo at pagtataguyod sa pagkakaisa ay di mapaghihiwalay na nakaugnay sa isa't isa.

Kung tunay na ninanais ng mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisa at hindi lamang nagkukunwari, dapat silang tapat na tumalima sa pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo at sa mga turong Marxista-Leninista tungkol sa mga uri at tunggalian ng mga uri, sa estado at rebolusyon, at laluna sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado. Lubos na di mapahihintulutan para sa kanila na ihalili ang makauring kolaborasyon o makauring kapitulasyon sa tunggalian ng mga uri, at repormismong sosyal o pasipismong sosyal sa proletaryong rebolusyon, o pawiin ang diktadura ng proletaryado sa anumang pagdadahilan.

Kung tunay na ninanais ng mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisa at hindi lamang nagkukunwari, dapat silang tapat na tumalima sa rebolusyonaryong mga prinsipyo sa Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960. Lubos na di mapahihintulutan para sa kanila na ihalili ang sarili nilang programang Pampartido sa programang komun na ganap na nagkakaisang pinagkasunduan ng mga Partidong praternal.

Kung tunay na ninanais ng mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisa at hindi lamang nagkukunwari, dapat silang gumuhit ng matalas na linya ng pagkakaiba sa pagitan ng mga kaaway at mga kasama at dapat makipagkaisa sa lahat ng mga sosyalistang bayan, sa lahat ng mga Marxista-Leninistang Partidong praternal, sa proletaryado ng buong daigdig, sa lahat ng aping mamamayan at mga bansa at sa lahat ng mga bayan at mamamayang nagmamahal sa kapayapaan upang labanan ang imperyalismong US, ang pinakakaaway ng mamamayan ng daigdig, at mga alipures nito. Lubos na di mapapahintulutan para sa kanilang itrato ang mga kaaway bilang mga kaibigan at ang mga kaibigan bilang mga kaaway, at ialyado ang sarili sa mga imperyalistang US, sa mga reaksyunaryo ng iba't ibang mga bayan at sa taksil na pangkating Tito laban sa mga bayan at Partidong praternal at lahat ng rebolusyonaryong mga mamamayan, sa walang saysay na paghahabol sa pandaigdigang dominasyon sa pamamagitan ng kolaborasyong US-Sobyet.

Kung tunay na ninanais ng mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisa at hindi lamang nagkukunwari, dapat silang maging tapat sa proletaryong internasyunalismo at mahigpit na tumalima sa mga prinsipyong gumagabay sa ugnayan sa hanay ng mga bayan at mga Partidong praternal, gaya ng inilatag sa Deklarasyon at sa Pahayag. Lubos na di mapapahintulutan para sa kanila na ihalili sa mga prinsipyong ito ang mga patakarang sobinismong malaking-kapangyarihan at pambansang pagpapahalaga sa sarili. Sa ibang salita, dapat nilang:

Ipatupad ang prinsipyo ng solidaridad at di kailanman maghanay ng ilang mga Partidong praternal para atakehin ang iba pang Partidong praternal at magsagawa ng sektaryan at mapanghating mga aktibidad.

Tumalima sa prinsipyo ng mutwal na suportahan at mutwal na tulungan at di kailanman magtangkang kontrolin ang iba pa sa ngalan ng pagtulong o, sa pagdadahilan ng “pandaigdigang hatian sa paggawa”, ay pinsalain ang soberanya at mga interes ng mga bayang praternal at labanan ang pagbubuo nila ng sosyalismo sa pamamagitan ng pag-asa-sa-sarili;

Ipatupad ang prinsipyo ng kasarinlan at pagkakapantay-pantay at di kailanman ilagay ang sarili sa ibabaw ng ibang mga Partidong praternal o ipataw ang programa, linya at mga resolusyon ng sarili nilang Partido sa iba pa; di kailanman manghimasok sa panloob na gawain ng mga Partidong praternal at magsagawa ng subersibong mga aktibidad sa pagdadahilang “paglaban sa kulto ng personalidad”; at di kailanman itrato ang mga Partidong praternal bilang kanilang pag-aari at ang mga bayang praternal bilang kanilang mga dependensya;

Tumalima sa prinsipyo ng pagkamit sa ganap na kaisahan sa pamamagitan ng konsultasyon at di kailanman ipwersa ang maling linya ng sarili nilang Partido sa ngalan ng tinaguriang mayorya o gamitin ang mga Kongreso ng sarili nilang Partido o ng iba pang mga Partido at iyong mga anyo tulad ng mga resolusyon, mga pahayag at mga talumpati ng mga pinuno para sa pampubliko at lantarang mga atake sa ibang mga Partidong praternal, at mangyari pa di kailanman paabutin ang mga pagkakaibang pang-ideolohiya sa ugnayang pang-estado.

Sa maikling salita, kung tunay na ninanais ng mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista, dapat silang lubos na humiwalay sa kanilang linya ng rebisyunismo, sobinismong malaking-kapangyarihan at isplitismo. Maipagsasanggalang at mapapatatag ang pagkakaisa ng sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang komunista sa pamamagitan lamang ng pananatiling tapat sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalimo at sa pamamagitan ng paglaban sa modernong rebisyunismo at modernong dogmatismo, sobinismong malaking-kapangyarihan at iba pang anyo ng nasyunalismong burges, at sektaryanismo at isplitismo, at sa pamamagitan ng paggawa nito di lamang sa salita kundi pati sa gawa. Ito ang tanging paraan ng pagtatanggol at pagpapatatag sa pagkakaisa.

Kung titingnan sa kabuuan, napakapaborable ng kasalukuyang pandaigdigang sitwasyon. Nakapagkamit na ng maniningning na tagumpay ang pandaigdigang kilusang komunista, at nakapagdulot ng pundamental na pagbabago sa pandaigdigang balanse ng pwersa sa uri. Sa kasalukuyan, sinasalakay ang pandaigdigang kilusang komunista ng taliwas na agos ng rebisyunismo at isplitismo; ang pangyayaring ito ay hindi salungat sa batas sa istorikong pag-unlad. Kahit na' nakalilikha ito ng pansamantalang mga kahirapan para sa pandaigdigang kilusang komunista at sa ilang mga Partidong praternal, mabuting bagay na inilantad ng mga rebisyunista ang kanilang mga tunay na katangian at nangyari ang tunggalian sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismo.

Walang kaduda-dudang magpapatuloy na ipakita ng Marxismo-Leninismo ang sariwa nitong kasiglahan at lalaganap sa buong daigdig; higit pang lalakas at hihigpit ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista sa batayan ng Marxismo-Leninismo; at ang adhikain ng pandaigdigang proletaryado at ng pandaigdigang rebolusyon ng mamamayan ay magkakamit ng higit pang maniningning na tagumpay. Walang dudang mababangkarote ang modernong rebisyunismo.

Nais naming ipayo sa mga pinuno ng PKUS na mahinahong pag-isipan ang mga bagay: Saan hahantong ang inyong pananangan sa rebisyunismo at isplitismo? Muli, nais naming tapat na manawagan sa mga pinuno ng PKUS: Umaasa kaming makakabalik kayo sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo, sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960 at sa mga prinsipyo na gumagabay sa ugnayan sa pagitan ng mga Partido at bayang praternal na inilatag sa mga dokumentong ito, upang maalis ang mga pagkakaiba at mapatatag ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista at sosyalistang kampo at ang pagkakaisa sa pagitan ng Tsina at Unyong Sobyet sa prinsipyadong batayang ito.

Sa kabila ng aming seryosong mga pagkakaiba sa mga pinuno ng PKUS, buo ang aming tiwala sa malawak na kasapian ng PKUS at ng mamamayang Sobyet, na lumaki sa ilalim ng patnubay nina Lenin at Stalin. Sa tuwina, walang paglihis na ipagsasanggalang ng mga Komunista ng mamamayan ng Tsina ang pagkakaisa sa pagitan ng Tsina at Unyong Sobyet, at kokonsolidahin at pauunlarin ang malalim na nakaugat na pagkakaibigan sa pagitan ng dalawa nating mga mamamayan.

Mga Komunista ng daigdig, magkaisa sa batayan ng Marxismo-Leninismo!

ANG PROLETARYONG REBOLUSYON AT ANG REBISYUNISMO NI KHRUSHCHOV

IKAWALONG KOMENTARYO SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng mga Kagawarang Editoryal ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)
(Marso 31, 1964)

Tatalakayin ng kasalukuyang artikulo ang pamilyar na usapin ng “mapayapang transisyon”. Naging pamilyar ito at umakit sa atensyon ng lahat dahil ipinahayag ito ni Khrushchov sa Ika-20 Kongreso ng PKUS at binuo ito bilang isang kumpletong sistema sa anyo ng isang programa sa Ika-22 Kongreso, kung saan ipinantapat niya ang kanyang rebisyunistang mga pananaw laban sa Marxista-Leninistang mga pananaw. Inulit muli ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS noong Hulyo 14, 1963 ang lumang tugtuging ito.

Sa kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista, laging pinakamatalas na nakikita ang pagtataksil sa Marxismo at sa proletaryado ng mga rebisyunista sa kanilang oposisyon sa marahas ng rebolusyon at sa diktadura ng proletaryado, at sa kanilang pagtataguyod sa mapayapang transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo. Ganito rin ang nangyari sa rebisyunismo ni Khrushchov. Sa usaping ito, tagasunod si Khrushchov nina Browder at Tito gayundin nina Bernstein at Kautsky.

Simula pa sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nasaksihan natin ang paglitaw ng rebisyunismong maka-Browder, ang rebisyunismong maka-Tito at ang teorya ng repormang pang-istruktura. Mga lokal na pangyayari sa pandaigdigang kilusang komunista ang mga tipong ito ng rebisyunismo. Pero ang rebisyunismo ni Khrushchov, na lumitaw at nangibabaw sa pamunuan ng PKUS, ay naging isang mayor na usapin na may pangkalahatang kabuluhan para sa pandaigdigang kilusang komunista na may napakahalagang kinalaman sa tagumpay o pagkabigo ng kabuuang rebolusyonaryong adhikain ng pandaigdigang proletaryado.

Dahil dito, tumutugon kami sa mga rebisyunista sa kasalukuyang artikulo sa mga katagang mas tuwiran kaysa dati.

ISANG DISIPULO NINA BERNSTEIN AT KAUTSKY

Magmula ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, itinulak ni Khrushchov ang landas ng “mapayapang transisyon”, na walang iba kundi, “ang transisyon patungong sosyalismo sa pamamagitan ng parlamentaryong landas”,³⁵⁵ na salungat na salungat sa landas ng Rebolusyong Oktubre.

Suriin natin ang “parlamentaryong landas” na inilalako ni Khrushchov at mga katulad niya.

Pinaninindigan ni Khrushchov na maaaring maipanalò ng proletaryado ang isang matibay na mayorya sa parlamento sa ilalim ng diktadurang burges at sa ilalim ng burges na mga batas elektoral. Sinasabi niya na sa kapitalistang mga bayan “sa pamamagitan ng pagtitipon sa palibot nito ng magsasakang anakpawis, ng intelihensya, at lahat ng patriyotikong mga pwersa, at matatag na paggapi sa oportunistang mga elemento na walang kakayahang bumitiw sa patakarang pakikipagkompromiso sa mga kapitalista at mga panginoong maylupa, ang uring manggagawa ay nasa posisyong gapiin ang reaksyunaryong mga pwersa na salungat sa popular na interes, at makuha ang matibay na mayorya sa parlamento”³⁵⁶.

Iginigiit ni Khrushchov na kung maipapanalo ng proletaryado ang mayorya sa parlamento, mangangahulugan na ito mismo ng pag-agaw sa kapangyarihang estado at pagwasak sa makinarya ng estadong burges. Sinasabi niya na “nangangahulugan ang pagpapanalo ng mayorya sa parlamento at pagtransporma nito bilang isang organo ng kapangyarihang bayan, kung may makapangyarihang rebolusyonaryong kilusan sa bayan, ng pagwasak sa makinaryang militar-burukratiko ng burgesya at pagtatatag ng isang bagong proletaryong estadong bayan sa anyong parlamentaryo”³⁵⁷.

³⁵⁵ N. S. Khrushchov, Ulat sa Ika-20 Kongreso ng Partido ng PKUS, Pebrero 1956.

³⁵⁶ N. S. Khrushchov, “Para sa Bagong mga Tagumpay ng Pandaigdigang Kilusang Komunista” (talumpating binigkas sa isang pulong ng mga organisasyon ng Partido sa Mas Mataas na Paaralang Pampartido, ang *Academy of Social Sciences* [Akademya ng mga Siyensyang Panlipunan] at ang *Institute of Marxism-Leninism* [Instituto ng Marxismo-Leninismo], Komite Sentral ng PKUS, ika-6 ng Enero, 1961), *World Marxist Review* [Pandaigdigang Panunuring Marxista], No. 1, 1961, p. 22.

³⁵⁷ N. S. Khrushchov, Ulat sa Ika-20 Kongreso ng PKUS, Pebrero 1956.

Pinaninindigan ni Khrushchov na kung maipapanalo ng proletaryado ang matibay na mayorya sa parlamento, bibigyang kakayahan nito mismo ang proletaryado para makamit ang sosyalistang transpormasyon ng lipunan. Sinasabi niya na ang pagpapanalo ng matibay na parlamentaryong mayorya “ay makakalikha para sa uring manggagawa ng ilang kapitalista at dating mga bayang kolonyal ng mga kondisyong kinakailangan para matiyak ang pundamental na mga pagbabagong panlipunan.”³⁵⁸ Gayundin,

...ibinubukas ng kasalukuyang sitwasyon sa uring manggagawa sa ilang kapitalistang mga bayan ang isang tunay na oportunidad para pagkaisahin ang napakalawak na mayorya ng mamamayan sa ilalim ng pamumuno nito at tiyakin ang paglilipat ng batayang mga kagamitan sa produksyon sa mga kamay ng mamamayan³⁵⁹.

Iginigiit ng Programa ng PKUS na “kaya ng uring manggagawa ng maraming bayan, kahit bago pa maibagsak ang kapitalismo, na pilitin ang burgesya na magpatupad ng mga hakbang na lampas sa karaniwang mga reporma”³⁶⁰. Inilalahad pa ng Programa na sa ilalim ng diktadurang burges, posibleng lumitaw ang sitwasyon sa ilang mga bayan kung saan “magiging mas kanais-nais sa burgesya... na sumang-ayon sa pagbili sa kanya ng batayang mga kagamitan sa produksyon”³⁶¹.

Ang mga ipinangangalandakan ni Khrushchov ay hindi orihinal kundi simpleng reproduksyon ng rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal, isang muling pagbuhay sa Bernsteinismo at Kautskyismo.

Ang pangunahing natatanging mga palatandaan ng pagtataksil ni Bernstein sa Marxismo ay ang kanyang pagtataguyod sa ligal na parlamentaryong landas at ang kanyang oposisyon sa marahas na rebolusyon, sa pagwasak sa lumang makinarya ng estado at sa diktadura ng proletaryado.

Iginiit ni Bernstein na maaaring mapayapang “umunlad tungong sosyalismo” ang kapitalismo. Sinabi niya na “hindi dapat wasakin kundi dapat higit pang paunlarin” ang pampulitikang sistema ng makabagong lipunang burges,³⁶² na “nakakamit sa pamamagitan ng pagboto, mga demonstrasyon at katulad na mga pamamaraan ng presyur ang mga repormang mangangailangan ng madugong rebolusyon noong sandaang taon na ang nakalipas”³⁶³.

Sinabi niya na ang ligal na parlamentaryong landas ang tanging paraan sa pagkakamit ng sosyalismo. Aniya’y kung may “unibersal at pantay na pagboto” ang uring manggagawa, “ang prinsipyong panlipunan na siyang saligang kondisyon para sa pagpapalaya ay natatamo na”³⁶⁴.

Iginiit niya na “darating ang araw na magiging napakalakas nito [uring manggagawa] sa bilang at magiging napakahalaga para sa kabuuan ng lipunan kung kaya’t masasabing hindi na matatagalan ng palasyo ng mga naghahari ang presyur nito at halos kusang guguhon”³⁶⁵.

³⁵⁸ *Ibid.*

³⁵⁹ “Programa ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet”, Mga Dokumentong Ika-22 Kongreso ng PKUS, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1961, p. 482.

³⁶⁰ *Ibid.*

³⁶¹ “Programa ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet”, Mga Dokumentong Ika-22 Kongreso ng PKUS, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1961, p. 482.

³⁶² *Ibid.* p. 486.

³⁶³ Eduard Bernstein, Ang Pangunang mga Kailangan para sa Sosyalismo at ang mga Tungkulin ng Sosyal-Demokratikong Partido, edisyong German, Berlin, 1923, p. 11.

³⁶⁴ Eduard Bernstein, Ano ang Sosyalismo? Edisyong German, Berlin, 1922, p. 28.

Sabi ni Lenin:

Tinanggap at tinatanggap ng mga maka-Bernstein ang Marxismo **maliban** sa tuwirang rebolusyonaryong aspeto nito. Hindi nila itinuturing ang parlamentaryong pakikibaka bilang isa sa mga sandata na partikular na naaangkop sa depinidong mga kapanahunang istoriko, kundi bilang pangunahin at halos solong anyo ng pakikibaka na pinapangyayaring di kinakailangan ang “pwersa”, “pag-agaw”, “diktadura”.³⁶⁶

Si Ginoong Kautsky ay akmang-akmang kahalili ni Bernstein. Tulad ni Bernstein, aktibong ipinalaganap niya ang parlamentaryong landas at sinalungat ang marahas na rebolusyon at ang diktadura ng proletaryado. Sinabi niya na sa ilalim ng demokratikong sistemang burges, “wala nang lugar para sa armadong pakikibaka para sa paglutas sa tunggalian ng mga uri”³⁶⁷ at “katawa-tawa na ... na ipangaral ang marahas na pampulitikang pagbabagsak”³⁶⁸. Inatake niya si Lenin at ang Partido Bolshevik sa pamamagitan ng pagkukumpara sa kanila sa “isang walang tiyagang komadrona na gumagamit ng dahas upang paanakin ang isang nagbubuntis sa ikalimang buwan sa halip na sa ikasiyam.”³⁶⁹

Walang lunas na may sakit si Kautsky ng parlamentaryong kretinismo. Siya ang sumambit sa tanyag na pangungusap na:

Nananatiling layunin ng ating pampulitikang pakikibaka, gaya nang dati, ang pagkuha sa kapangyarihang estado sa pamamagitan ng pagpapanalo ng mayorya sa parlamento at gawing panginoon ng gubyerno ang parlamento.³⁷⁰

Sinabi rin niya:

Sa ganang akin, ang parlamentaryong republika — mayroon mang monarkiya sa tuktok gaya ng modelong Ingles o wala — ang base kung saan uunlad ang proletaryong diktadura at sosyalistang lipunan. Ang republikang ito ang “estado ng kinabukasan” na dapat nating pagsumikapang tunguhan.³⁷¹

Mariing pinuna ni Lenin ang katawa-tawang mga pahayag na ito ni Kautsky. Sa pagtuligsa kay Kautsky, ipinahayag ni Lenin na:

³⁶⁵ Eduard Bernstein, *Ang Pampulitikang Welgang Masa at ang Pampulitikang Sitwasyon ng Sosyal-Demokratikong Partido sa Germany*, edisyong German, Berlin, 1905, p. 37.

³⁶⁶ V. I. Lenin, “Ang Tagumpay ng Cadets at ang mga Tungkulin ng Partido ng mga Manggagawa”, *Tinipong mga Akda*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1962, Vol. X, p. 249.

³⁶⁷ Karl Kautsky, *Ang Materyalistang Interpretasyon sa Kasaysayan*, edisyong German, Berlin, 1927, pp. 431-32.

³⁶⁸ Karl Kautsky, *Sosyal-Demokrasya Laban sa Komunismo*, edisyong Ingles, Rand School Press, New York, 1945, p. 117.

³⁶⁹ Karl Kautsky, *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Programa Nito*, edisyong German, Berlin, 1922, p. 90

³⁷⁰ Karl Kautsky, “Bagong mga Taktika”, *Die Neue Zeit*, No. 46, 1912.

³⁷¹ Karl Kautsky, *Liham kay Franz Mehring*, ika-15 ng Hulyo, 1893.

Mga buhong at mangmang lamang ang mag-aakalang dapat ipanalo ng proletaryado ang mayorya sa mga eleksiyong ipinatupad sa *ilalim ng kapangyarihan ng burgesya*, sa *ilalim ng dominyon ng pang-aaliping saburan*, at dapat ipanalo nito ang kapangyarihan matapos nito. Ito ang rurok ng kahangalan o pagkukunwari; ihinahalili nito ang pagboto, sa ilalim ng lumang sistema at kasama ang lumang kapangyarihan, sa tunggalian ng mga uri at rebolusyon.³⁷²

Matalas na ikinomentaryo ni Lenin na ang parlamentaryong landas ay “walang iba kundi ang pinakatahasan at pinakabulgar na oportunidad: patalikod sa rebolusyon sa gawa, habang tinatanggap ito sa salita”.³⁷³

Sabi niya:

Sa gayong “pagpapakahulugan” sa konsepto ng “rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado” para alisin ang rebolusyonaryong karahasan ng inaaping uri laban sa mga nang-aapi rito, nalampasan ni Kautsky ang pandaigdigang rekord sa liberal na distorsyon kay Marx.³⁷⁴

Dito, sinipi natin nang mahaba-haba si Khrushchov, gayundin sina Bernstein at Kautsky, at ang pagpuna ni Lenin sa dalawang karapat-dapat dito, upang ipakita na ang rebisyonismo ni Khrushchov ay modernong Bernsteinismo at Kautskyismo sa simpleng salita. Gaya nina Bernstein at Kautsky, pinakamatalas na ipinakikita ang pagtataksil ni Khrushchov sa Marxismo sa kanyang oposisyon sa rebolusyonaryong karahasan, sa mga ginagawa niya “para alisin ang rebolusyonaryong karahasan”. Sa bagay na ito, malinaw na nabitiwan na nina Kautsky at Bernstein ang kanilang korona tungo kay Khrushchov na nakalikha ng isang bagong pandaigdigang rekord. Nalampasan ni Khrushchov, ang karapat-dapat na disipulo nina Bernstein at Kautsky, ang kanyang mga panginoon.

ANG MARAHAS NA REBOLUSYON AY ISANG UNIBERSAL NA BATAS NG PROLETARYONG REBOLUSYON

Itinuturo sa atin ng buong kasaysayan ng kilusan ng uring manggagawa na ang pagkilala o di pagkilala sa marahas na rebolusyon bilang isang unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon, sa pangangailangan ng pagwasak sa lumang makinarya ng estado, at ang pangangailangang palitan ang diktadura ng burgesya ng diktadura ng proletaryado ang palagiang nag-iiba sa pagitan ng Marxismo at lahat ng tipo ng oportunidad at rebisyonismo, sa pagitan ng proletaryong mga rebolusyonaryo at lahat ng mga taksil mula sa proletaryado.

Alinsunod sa batayang mga itinuturo ng Marxismo-Leninismo, ang susing usapin sa bawat rebolusyon ay ang usapin ng kapangyarihang pang-estado. At ang susing usapin sa proletaryong rebolusyon ay ang usapin ng pag-agaw sa kapangyarihang pang-estado at pagwasak sa makinarya ng burges na estado sa pamamagitan ng karahasan, ang pagtatatag ng diktadura ng proletaryado at ang pagpapalit sa estadong burges ng proletaryong estado.

³⁷² V. I. Lenin, “Pagbati sa mga Komunistang Italian, Pranses, at German”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Vol. XXX, p. 40.

³⁷³ V. I. Lenin, “Ang Estado at Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 323.

³⁷⁴ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, pp. 47-48.

Lagi na lamang ipinapahayag ng Marxismo ang katiyakan ng marahas na rebolusyon. Ipinapakita nito na ang marahas na rebolusyon ang komadrona ng sosyalistang lipunan, ang tanging landas sa pagpapalit sa diktadura ng burgesya ng diktadura ng proletaryado, at isang unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon.

Itinuturo sa atin ng Marxismo na ang estado mismo ay isang anyo ng karahasan. Ang mga pangunahing sangkap ng makinarya ng estado ay ang hukbo at pulisya. Ipinapakita ng kasaysayan na sumasalig ang lahat ng naghaharing mga uri sa karahasan para panatilihin ang kanilang paghahari.

Mangyari pa, mas minamabuti ng proletaryado na makamit ang kapangyarihan sa mapayapang kaparaanan. Ngunit ipinapahiwatig ng napakaraming ebidensyang istoriko na hindi kailanman kusang isinusuko ng reaksyunaryong mga uri ang kapangyarihan at lagi silang unang gumagamit ng karahasan upang supilin ang rebolusyonaryong kilusang masa at mang-upat ng digmang sibil, at sa gayo'y ihinapag sa adyenda ang armadong pakikibaka.

Nagsalita si Lenin hinggil sa “digmang sibil, na wala ni isa mang dakilang rebolusyong naisagawa nang wala nito, at wala ni isa mang seryosong Marxistang nakapag-isip ng transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo nang wala nito”.³⁷⁵

Kabilang sa dakilang mga rebolusyon sa kasaysayang tinutukoy ni Lenin ang rebolusyong burges. Ang rebolusyong burges ay isang rebolusyon kung saan ibinabagsak ng isang mapagsamantalang uri ang isa pa, pero hindi ito maaaring maisagawa nang walang digmang sibil. Lalo pang gayon sa kaso ng proletaryong rebolusyon, na isang rebolusyong pumapawi sa lahat ng mapagsamantalang uri at sistema.

Kaugnay ng katotohanang ang marahas na rebolusyon ay isang unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon, paulit-ulit na ipinakita ni Lenin na “sa pagitan ng kapitalismo at sosyalismo, may mahabang panahon ng ‘kirot ng pagluluwal’ ”, na ang karahasan ang laging komadrona ng lumang lipunan”,³⁷⁶ na ang estadong burges “ay *hindi* mahahalinhin ng proletaryong estado (ang diktadura ng proletaryado) sa pamamagitan ng proseso ng ‘paglalaho’, ngunit, sa pangkalahatan, sa pamamagitan lamang ng marahas na rebolusyon”,³⁷⁷ at “ang pangangailangan na sistematikong lipusin ang masa ng pananaw na *ito*, na itong pananaw mismo ng marahas na rebolusyon ang nasa kaibuturan ng *lahat* ng mga itinuro nina Marx at Engels”.³⁷⁸

Sinabi rin ni Stalin na ang marahas na rebolusyon ng proletaryado, ang diktadura ng proletaryado, ay “isang di maiiwasan at di maisasantabing kondisyon para sa pagsulong tungong sosyalismo” sa lahat ng bayan na pinaghaharian ng kapital.³⁷⁹

Makakamit ba ang radikal na transpormasyon ng kaayusang burges nang walang marahas na rebolusyon, nang walang diktadura ng proletaryado? Ang sagot ni Stalin:

³⁷⁵ V. I. Lenin, “Mga Salitang Propetiko”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Vol. XXVII, p. 457.

³⁷⁶ V. I. Lenin, “Ang mga Nangingilabot sa Kolaps ng Luma at ang mga Nakikibaka para sa Bago”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1949, Vol. XXVI, p. 362.

³⁷⁷ V. I. Lenin, “Ang Estado at Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 219.

³⁷⁸ *Ibid.*

³⁷⁹ J. V. Stalin, “Tugon sa mga Talakayan Hinggil sa Ulat sa ‘Sosyal-Demokratikong Paglihis sa Ating Partido’ ”, Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, Vol. VIII, p. 323.

Malinaw na hindi. Ang akalaing maaaring maipatupad ang gayong rebolusyon nang mapayapa, sa loob ng balangkas ng demokrasyang burges, na nakaakma sa paghahari ng burgesya, ay nangangahulugan na nababaliw na at binawian ng normal na pang-unawang pantao o kaya'y tahasan at lantarang nagtakwil sa proletaryong rebolusyon³⁸⁰.

Batay sa Marxista-Leninistang teorya ng marahas na rebolusyon at sa bagong karanasan ng proletaryong rebolusyon at demokratikong rebolusyong bayan sa pamumuno ng proletaryado, ihinarap ni Kasamang Mao Zedong ang tanyag na pangungusap na “nagmumula ang kapangyarihang pampulitika mula sa dulo ng barrel”.

Sabi ni Kasamang Mao Zedong:

... di maiiwasan ang mga rebolusyon at rebolusyonaryong mga digma sa makauring lipunan, at kung wala ang mga iyon, imposibleng makamit ang anumang pagsulong sa kaunlarang panlipunan at ibagsak ang reaksyunaryong naghaharing mga uri at samakatuwid imposible para sa mamamayan na makuha ang kapangyarihang pampulitika.³⁸¹

Aniya:

Ang pag-agaw ng kapangyarihan sa pamamagitan ng armadong pwersa, ang paglutas sa usaping ito sa pamamagitan ng digma, ang sentral na tungkulin at pinakamataas na anyo ng rebolusyon. Totoo ang Marxista-Leninistang prinsipyong ito para sa lahat, para sa Tsina at para sa lahat ng iba pang bayan.³⁸²

Dagdag pa niya:

Itinuturo sa atin ng karanasan sa tunggalian ng mga uri sa panahon ng imperyalismo na tanging sa kapangyarihan ng barrel magagapi ng uring manggagawa at anakpawis ang armadong burgesya at mga panginoong maylupa; sa ganitong pakahulugan masasabi natin na sa pamamagitan lamang ng mga barrel mababago ang buong daigdig.³⁸³

Bilang paglalagom, ang marahas na rebolusyon ay isang unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon. Isa itong pundamental na prinsipyo ng Marxismo-Leninismo. Sa pinakamahalagang usaping ito nagtataksil sa Marxismo-Leninismo si Khrushchov.

ANG ATING PAKIKIBAKA LABAN SA REBISYUNISMO NI KHRUSHCHOV

Nang unang iharap ni Khrushchov ang “parlamentaryong landas” sa Ika-20 Kongreso ng PKUS, itinuring ito ng Partido Komunista ng Tsina na malubhang pagkakamali, isang paglabag sa pundamental na mga teorya ng Marxismo-Leninismo, at lubos na di katanggap-tanggap.

³⁸⁰ *Ibid.*, p. 273.

³⁸¹ Mao Zedong, “Hinggil sa Kontradiksyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1964, Vol. I, p. 344.

³⁸² Mao Zedong, “Mga Usapin sa Digma at Estratehiya”, Piling mga Akdang Militar, edisyong Ingles, FLP, Beijing, 1963, p. 267.

³⁸³ *Ibid.*, p. 273.

Nang ang rebisyunismo ni Khrushchov ay nasa panimulang yugto at ang mga pinuno ng PKUS ay hindi pa nang-uupat ng hayag na pakikipagtalò, nagpigil kami sa isang panahon sa hayagang paglalantad o pagpuna sa pagkakamali sa “parlamentaryong landas” ni Khrushchov. Pero, bilang kasalungat ng kanyang maling proposisyon, inilahad namin ang Marxista-Leninistang pananaw sa isang positibong anyo sa aming mga dokumento at mga artikulo. Kasabay nito, naglunsad kami ng angkop at kinakailangang pakikitunggali laban dito sa mga usapan sa pagitan ng mga Partido at mga pulong sa hanay ng magkakapatid na mga Partido.

Sa paglalagom ng karanasan ng rebolusyong Tsino, malinaw naming inilahad sa pampulitikang ulat ng aming Komite Sentral sa Ikawalong Pambansang Kongreso ng aming Partido noong Setyembre 1956:

Habang kumikilos ang aming Partido para sa mapayapang pagbabago, hindi nito pinahintulutan ang sarili na malansi o isalong ang mga sandata ng mamamayan...

Di tulad ng mga reaksyunaryo, hindi paladigma ang mamamayan... Pero kapag napilitan ang mamamayan na mag-armas, ganap silang may-katwiran sa paggawa nito. Ang pagsalungat sa pag-aarmas ng mamamayan at ang paghingi sa kanilang pumailalim sa sumasalakay na kaaway ay pagtahak sa oportunistang linya. Dito, ang usapin ng pagtalima sa isang rebolusyonyong linya o sa isang oportunistang linya ang naging mayor na usapin kung dapat o hindi dapat kunin ng ating 600 milyong mamamayan ang kapangyarihang pampulitika kapag hinog na ang kalagayan. Tumulima ang ating Partido sa rebolusyonyong linya at ngayon, mayroon tayong Republikang Bayan ng Tsina.

Sa usaping ito, ang Marxista-Leninistang pananaw ng Ikawalong Pambansang Kongreso ng PKT ay salungat sa rebisyunistang pananaw ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Noong Disyembre 1956, ipinaliwanag namin ang landas ng Rebolusyong Oktubre sa positibong paraan sa artikulong “Mga Karagdagan hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado”, at ang gayon sa katunayan ay pumupuna sa tinagurigang parlamentaryong landas na itinatapat ni Khrushchov laban sa landas ng Rebolusyong Oktubre.

Sa maraming pribadong pakikipag-usap sa mga pinuno ng PKUS, nagpaabot ng mabibigat na puna ang namumunong mga kasama ng Komite Sentral ng PKT sa maling mga pananaw ni Khrushchov. Umasa kami nang buong tapat na iwawasto niya ang kanyang mga pagkakamali.

Sa panahon ng Pulong ng mga Kinatawan ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa noong 1957, matalas na nakipagdebate ang delegasyon ng PKT sa delegasyon ng PKUS sa usapin ng transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo.

Sa unang borador para sa Deklarasyon na ipinanukala nito sa panahon ng paghahanda para sa pulong sa Moscow, tinukoy lamang ng Komite Sentral ng PKUS ang posibilidad ng mapayapang transisyon at walang binanggit na iba kaugnay sa posibilidad ng di mapayapang transisyon; tinukoy lamang nito ang parlamentaryong landas at walang sinabi kaugnay ng iba pang mga pamamaraan ng pakikibaka, at kasabay nito iniisa ang pagkuha sa kapangyarihang estado sa pamamagitan ng parlamentaryong landas sa “pinagsama-samang mga aksyon ng mga Komunista at mga sosyalista”. Mangyari pa, hindi makakasang-ayon ang Komite Sentral ng PKT na ang maling mga pananaw na ito, na lumilihis sa Marxismo-Leninismo, ay isusulat sa dokumento sa programa ng lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa.

Matapos pumuna ang delegasyon ng PKT, naglabas ng ikalawang borador para sa Deklarasyon ang Komite Sentral ng PKUS. Bagamat nagdagdag ng mga parirala tungkol sa posibilidad ng di mapayapang transisyon, sinasalamin pa ng pormulasyon sa usapin ng mapayapang transisyon sa borador na ito ang rebisyunistang mga pananaw na ihinarap ni Khrushchov sa Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Malinaw na malinaw na inilahad ng delegasyon ng PKT ang di pagsang-ayon nito sa maling mga pananaw na ito. Noong Nobyembre 10, 1957, sistematiko nitong inilinaw ang sariling mga pananaw tungkol sa usapin ng transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo sa Komite Sentral ng PKUS, na binigyan rin nito ng isang nakasulat na balangkas.

Nabubuod sa ibaba ang pangunahing mga punto na nakalahad sa aming nakasulat na balangkas.

May bentabe mula sa punto de bista ng taktika na tukuyin ang pagnanasa para sa mapayapang transisyon, pero hindi naaangkop na labis na idiin ang posibilidad ng mapayapang transisyon. Kailangang maging handa sa lahat ng panahon na biguin ang kontra-rebolusyonaryong mga atake at, sa kritikal na sandali ng rebolusyon kung saan inaagaw ng uring manggagawa ang kapangyarihang pang-estado, na ibagsak ang burgesya sa pamamagitan ng armadong lakas kung gagamit ito ng armadong lakas para supilin ang rebolusyong bayan (sa pangkalahatan, walang salang gagawin ito ng burgesya).

Dapat lubos na gamitin ang parlamentaryong anyo ng pakikibaka, pero ang papel nito ay limitado. Ang mahalaga ay magtuloy sa masikbay na gawaing pagtitipon ng rebolusyonaryong lakas; hindi dapat unawain ang mapayapang transisyon sa paraang ang pakahulugan lamang ay transisyon sa pamamagitan ng parlamentaryong majoritya. Ang pangunahing usapin ay ang usapin ng makinarya ng estado, na walang iba kundi ang pagwasak sa lumang makinarya ng estado (pangunahin ang armadong mga pwersa) at ang pagtatatag ng bagong makinarya ng estado (pangunahin ang armadong mga pwersa).

Ang mga partidong Sosyal-Demokrata ay hindi mga partido ng sosyalismo; liban sa ilang kalawang panig, ang mga ito’y isang tipo ng pampulitikang mga partidong burges. Hinggil sa usapin ng sosyalistang rebolusyon, pundamental na naiiba ang ating posisyon sa posisyon ng mga partidong sosyal-demokrata. Hindi dapat palabuin ang pagkakaibang ito.

Ang mga pananaw naming ito ay ganap na naayon sa Marxismo-Leninismo.

Hindi kaya ng mga kasama sa delegasyon ng Komite Sentral ng PKUS na makipagtalos laban sa mga ito, pero paulit-ulit nilang hiniling sa amin na magluwag para sa kanilang mga pangangailangang panloob, at nagpahiwatig ng kanilang pag-asa na ang mga pormulasyon sa usaping ito sa borador na Deklarasyon ay kakikitaan ng koneksyon sa pormulasyon rito ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.

Pinatunayan naming di wasto ang maling mga pananaw ng pamunuan ng PKUS at nagharap ng nakasulat na balangkas ng aming mga pananaw. Sa kadahilanang ito, at para sa kapakanan ng pakikibakang komun laban sa kaaway, nagpasya ang delegasyon ng PKT na tugunan ang paulit-ulit na mga kahilingan ng mga kasama sa PKUS at sumang-ayon na gamitin ang borador ng Komite Sentral ng PKUS sa usaping ito bilang batayan, habang nagpanukala ng mga susog sa ilang bahagi lamang.

Umasa kami na sa pamamagitan ng debateng ito, mapupukaw ang mga kasama sa PKUS sa kanilang mga pagkakamali at magwawasto. Subalit taliwas sa aming mga inaasahan, hindi gayon ang ginawa ng mga pinuno ng PKUS.

Sa pulong ng magkakapatid na Partido noong 1960, muli at paulit-ulit na nakipagdebate nang matalas ang delegasyon ng PKT sa delegasyon ng PKUS sa usapin ng transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo, at puspusing inilantad at pinuna ang rebisyunistang mga pananaw ni Khrushchov. Sa pulong na iyon, kapwa pinanghawakan ng mga panig ng Tsino at Sobyet ang kani-kanyang posisyon, at sa gayo'y hindi nakamit ang pagkakasundo. Alinsunod sa pangkalahatang pagkakasundo ng magkakapatid na Partido na dapat pandayin ang isang dokumentong komun sa pulong, kalauna'y muling nagbigay ng konsesyon ang delegasyon ng PKT sa usaping ito at sumang-ayon sa letra-por-letrang transkripsyon ng kinauukulang mga bahagi sa Deklarasyong 1957 sa Pahayag ng 1960, muli bilang konsiderasyon sa mga pangangailangan ng mga pinuno ng PKUS. Kasabay nito, sa pulong na ito, ipinamahagi namin ang "Balangkas ng mga Pananaw Hinggil sa Usapin ng Mapayapang Transisyon" na ihinarap ng Partido Komunista ng Tsina noong Nobyembre 10, 1957, at inilinaw na nagbibigay kami ng konsiderasyon sa pamunuan ng PKUS sa usaping ito sa kahuli-hulihang pagkakataon, at hindi na muling gagawin ito.

Kung pupunahin ng mga kasama ngayon na mali kami sa pagbibigay ng gayong konsiderasyon sa mga pinuno ng PKUS, handa kaming tanggapin ang punang ito.

Dahil nakabatay ang pormulasyon sa usapin ng mapayapang transisyon sa Deklarasyon at Pahayag sa mga borador ng PKUS at sa ilang bahagi ay pinanatili ang mga pundasyong itinakda ng Ika-20 Kongreso nito, may malulubhang mga kahinaan at pagkakamali sa pangkalahatang presentasyon, kahit na may ilang ginawang pag-aayos. Habang ipinapahiwatig na hindi kailanman kusang bibitiw sa kapangyarihan ang naghaharing mga uri, iginigiit din ng pormulasyon sa dalawang dokumento na maipagwawagi ang kapangyarihang pang-estado sa ilang kapitalistang mga bayan nang walang digmang sibil; habang isinasaad na dapat isulong ang pakikibakang masang ekstra-parlamentaryo upang wasakin ang paglaban ng reaksyunaryong mga pwersa, iginigiit rin nito na maaaring makuha ang matatag na mayorya sa parlamento at sa gayon, matatransporma ang parlamento bilang instrumentong naglilingkod sa anakpawis; at habang tinutukoy ang di mapayapang transisyon, nabigo itong idiin ang marahas na rebolusyon bilang isang unibersal na batas. Kinasangkapan ng pamunuan ng PKUS ang mga kahinaan at pagkakamaling ito sa Deklarasyon at sa Pahayag at ginamit bilang pagmamatawid sa paglalako ng rebisyunismo ni Khrushchov.

Dapat taimtim na ipahayag na tuluy-tuloy na pinanghawakan ng Partido Komunistang Tsino ang naiibang mga pananaw nito hinggil sa pormulasyon sa usapin ng transisyon mula kapitalismo tungo sosyalismo sa Deklarasyong 1957 at sa Pahayag ng 1960. Hindi namin kailanman itinago ang aming mga pananaw. Naninindigan kami na sa interes ng rebolusyonaryong adhikain ng pandaigdigang proletaryado at upang pigilan ang mga rebisyunista sa paggamit sa maling paraan sa programatikong mga dokumento ng magkakapatid na Partido, kailangang amyendahan ang pormulasyon hinggil sa usapin sa Deklarasyon at sa Pahayag sa pamamagitan ng pinagsama-samang konsultasyon ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa upang umalinsunod sa rebolusyonaryong mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo.

Para matulungan ang mga mambabasang mabatid ang buong mga pananaw ng Partido Komunistang Tsino sa usaping ito, muli naming inilimbag ang kumpletong teksto ng Balangkas ng mga Pananaw Hinggil sa Usapin ng Mapayapang Transisyon na ihinarap ng delegasyon ng PKT sa Komite Sentral ng PKUS noong Nobyembre 10, 1957, bilang apendiks sa artikulong ito.³⁸⁴

Sa nakaraang walong taon, malaki na ang isinulong ng pakikibaka ng mga Partidong Marxista-Leninista at ng mga Marxista-Leninista ng daigdig laban sa rebisyunismo ni Khrushchov. Paparami nang tao ang nakababatid sa tunay na mga katangian ng rebisyunismo ni Khrushchov. Gayunpaman, gumagamit pa ang mga pinuno ng PKUS ng panlalalang at pag-iwas, at tinatangka sa lahat ng posibleng paraan na ilako ang kanilang kalokohan.

Samakatuwid, kailangan pa rin naming patunayang di wasto ang pagkakamali ng “mapayapang transisyon”.

HINDI MABABAGO NG TUSONG PALSONG PANGANGATWIRAN ANG KASAYSAYAN

Hayagang binabaluktot ng mga pinuno ng PKUS ang mga akda nina Marx at Lenin at binabaluktot pati na ang kasaysayan upang pagtakpan ang kanilang pagkakanulo sa Marxismo-Leninismo at bigyang-matwid ang kanilang rebisyunistang linya.

Ipinangangatwiran nila: Hindi ba’t “kinilala” ni Marx “ang gayong posibilidad [mapayapang transisyon] para sa England at Amerika”?³⁸⁵ Sa katunayan, kinuha ang argumentong ito mula sa taksil na si Kautsky na gumamit sa katulad na paraan para baluktutin ang mga pananaw ni Marx at salungatin ang proletaryong rebolusyon at ang diktadura ng proletaryado.

³⁸⁴ Tingnan ang Apendiks sa “Ang Pinagbuhatan at Pag-unlad ng mga Di pagkakasundo sa Pamunuan ng PKUS at Natin”, sa aklat na ito.

³⁸⁵ O. V. Kuusinen at iba pa, Mga Pundasyon ng Marxismo-Leninismo, edisyong Ruso, Moscow, 1959, p. 526.

Totoong noong dekadang 1870, sinabi ni Marx na sa mga bayang tulad ng United States at Britain “maaaring makamit ng mga manggagawa ang kanilang layunin sa pamamagitan ng mapayapang kaparaanan”. Pero kasabay nito, idiniin niya na eksepsyon ang posibilidad na ito. Sabi niya na “magkagayon man, dapat din nating kilanlin na sa mayorya ng mga bayan sa kontinente, dapat magsilbi ang pwersa bilang panikwas ng ating rebolusyon”.³⁸⁶ Bukod pa dito, ipinakita niya na:

Lagi’t laging ipinakikita ng burgesyang Ingles ang kahandaan nitong tanggapi ang desisyon ng mayorya, hangga’t may monopolyo ito sa botohan. Pero maniwala ka, sa sandaling makita nito ang sarili sa minorya sa mga usaping ipinagpapalagay nitong napakahalaga, magkakaroon tayo dito ng isang bagong digma ng mga mang-aalipin.³⁸⁷

Ani Lenin sa kanyang puna sa taksil na si Kautsky:

Ang argumento na “kinilala” ni Marx “noong dekada 1870 ang posibilidad ng mapayapang transisyon tungong sosyalismo sa England at Amerika ay argumento ng pilosopo, o sa diretsuhang salita, ng isang manloloko na nagsasalamangka ng mga sinipi at sanggunian. Una, itinuring ni Marx ang posibilidad na ito bilang isang eksepsyon maski noon pa man. Ikalawa, sa mga araw na iyon, hindi pa umiiral ang monopolyo-kapitalismo, o ang imperyalismo. Ikatlo, sa England at America, di tulad ngayon, walang militar noon na nagsisilbing pangunahing aparato ng makinarya ng estadong burges.³⁸⁸

Sabi ni Lenin na, dahil sa pundamental na mga katangiang pang-ekonomya nito, natatangi ang imperyalismo dahil “sa minimum na pagkagiliw sa kapayapaan at kalayaan, at ng isang maksimum at unibersal na pagpapaunlad sa militarismo”. “Ang ‘pagkabigong mabatid’ ito” sa pagtalakay sa usapin ng mapayapa o marahas na pagbabago ay “pagyukod sa posisyon ng isang karaniwan o mula sa tabi-tabing alipures ng burgesya.”³⁸⁹

Ngayon, kinakanta ng mga pinuno ng PKUS ang lumang tugtugin ni Kautsky. Ano ito kundi ang pagyukod sa posisyon ng karaniwan o mula sa tabi-tabing alipures ng burgesya?

Muli, ipinangangatwiran ng mga pinuno ng PKUS: Hindi ba’t “kinilala” ni Lenin “sa prinsipyo ang posibilidad ng isang mapayapang rebolusyon”?³⁹⁰ Higit itong masahol na tusong palsong pangangatwiran.

³⁸⁶ Karl Marx, “Hinggil sa Kongresong Hague, Talumpati sa isang Pulong Masa sa Amsterdam”, Tinipong mga Akda nina Marx at Engels, edisyong Ruso, Moscow, 1961, Vol. XVII, p. 154.

³⁸⁷ “Ikalawa sa Pakikipag-usap sa Pagitan ni K. Marx at ang Dyurnalista ng *The World* (Ang Mundo)”, Tinipong mga Akda nina Marx at Engels, edisyong Ruso, Moscow, 1961, Vol. XVII, p. 637.

³⁸⁸ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Internasyunal Publishers, New York, 1945, Vol. XXIII, pp. 233-234.

³⁸⁹ *Ibid.*, p. 357.

³⁹⁰ A. Beliakov at F. Burlatsky, “Ang Teorya ng Sosyalistang Rebolusyon ni Lenin at ang Kasalukuyang Panahon”, *Kommunist*, Moscow, No. 13, 1960.

Sa ilang panahon matapos ang Rebolusyong Pebrero ng 1917, nakita ni Lenin ang isang sitwasyon kung saan, “sa Rusya, bilang eksepsyon, maaaring maging mapayapang rebolusyon ang rebolusyong ito”.³⁹¹ Tinawag niya itong “isang eksepsyon” dahil sa natatanging mga sirkunstansya na umiiral noon: “ang *esensya* ng usapin ay nasa kamay ng mamamayan ang armas, at walang pamimilit mula sa labas kaugnay ng mamamayan.”³⁹² Noong Hulyo 1917, sinupil ng kontra-rebolusyonaryong gubyernong burges ang masa sa pwersa ng armas, binaha ang mga lansangan ng Petrograd ng dugo ng mga manggagawa at ng mga sundalo. Matapos ang insidenteng ito, idineklara ni Lenin na “lahat ng pag-asa sa mapayapang pag-unlad ng Rebolusyong Ruso ay tiyakan nang naglaho”.³⁹³ Noong Oktubre 1917, puspulang pinamunuan ni Lenin at ng Partidong Bolshevik ang mga manggagawa at mga sundalo sa isang armadong pag-aalsa at inagaw ang kapangyarihang pang-estado. Ipinakita ni Lenin noong Enero 1918 na “ang tunggalian ng mga uri... ay naging isang digmang sibil”.³⁹⁴ Kinailangang maglunsad ang estadong Sobyet ng tatlo at kalahati pang taon ng rebolusyonaryong digma at magsakripisyo nang mabigat bago nito nawasak kapwa ang kontra-rebolusyonaryong rebelyong panloob at ang dayuhang armadong panghihimasok. Matapos lamang nito nakonsolida ang tagumpay ng rebolusyon. Noong 1919, sinabi ni Lenin na “nakamit ng rebolusyonaryong karahasan ang maniningning na tagumpay sa Rebolusyong Oktubre”.³⁹⁵

Ngayon may lakas ng loob ang mga pinuno ng PKUS na sabihin ang Rebolusyong Oktubre “ang pinaka-di madugo sa lahat ng rebolusyon”³⁹⁶ at “nagawa sa halos mapayapang paraan”.³⁹⁷ Ang mga iginigiit nila ay ganap na taliwas sa istorikong mga katotohanan. Paano nila mahaharap ang mga rebolusyonaryong martir na nagbuhos ng dugo para malikha ang unang sosyalistang estado ng daigdig?

Kung ipinapakita natin na wala pang lumilitaw na pangyayari sa kasaysayan ng daigdig na mapayapang transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo, nagdadalawang dila ang mga pinuno ng PKUS, at sinasabing “may praktikal na karanasan ng pagkakamit ng sosyalistang rebolusyon sa mapayapang anyo”. At, pinipinid ang kanilang mga mata sa lahat ng katotohanan, sinasabi nilang “Sa Hungary noong 1919, naitatag ang diktadura ng proletaryado sa mapayapang paraan”.³⁹⁸

Totoo ba ito? Hindi, hindi ito totoo. Tunghayan natin kung ano ang sabi ni Bela Kun, ang pinuno ng rebolusyong Hungarian.

³⁹¹ V. I. Lenin, “Talumpati Hinggil sa Aktitud Tungo sa Probisyunal na Gubyerno”, binigkas sa Unang Lahatang-Ruso na Kongreso ng mga Sobyet ng mga Kinatawan ng mga Manggagawa at mga Sundalo, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 80.

³⁹² V. I. Lenin, “Hinggil sa mga Islogan”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Unang Bahagi, p. 88.

³⁹³ V. I. Lenin, “Ang Sitwasyong Pampulitika”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1932, Vol. XXI, Book, I, p. 37.

³⁹⁴ V. I. Lenin, “Mamamayan mula sa Kanluraning Daigdig”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1949, Vol. XXVI, p. 393.

³⁹⁵ V. I. Lenin, “Ang mga Tagumpay at mga Kahirapan ng Kapangyarihang Sobyet”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Vol. XXIX, p. 41.

³⁹⁶ F. Konstantinov, “Si Lenin at ang Ating Sariling Kapanahunan”, *Kommunist*, Moscow, No. 5, 1960.

³⁹⁷ A. I. Mikoyan, Talumpati sa Ika-20 Kongreso, Ang Ika-20 Kongreso ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet, edisyong Ruso, Moscow, 1956, Vol. I, p. 313.

³⁹⁸ “Marxismo-Leninismo—ang Batayan ng Pagkakaisa ng Kilusang Komunista”, artikulo ng lupong editorial sa *Kommunist*, Moscow, No. 15, 1963.

Itinatag ang Partido Komunista ng Hungary noong Nobyembre 1918. Kagyat na sumuong sa rebolusyong pakikibaka ang bagong-tatag na Partido at ipinahayag bilang mga islogan ng sosyalistang rebolusyon: “Disarmahan ang burgesya, armas ang proletaryado, itatag ang kapangyarihang Sobyet”.³⁹⁹ Aktibong kumilos ang Partidong Komunistang Hungarian sa lahat ng larangan para sa armadong pag-aalsa. Inarmasan nito ang mga manggagawa, sinikap na himukin ang mga tropa ng guberno at organisahin ang natanggal na mga manggagawa sa pag-agaw sa malalaking lupain, dinisarmahan ang reaksyunaryong mga opisyal ng hukbo, ang mga tropa at ang mga pulis, ikinombina ang mga welga sa mga armadong pag-aalsa, at ibang gayun din.

Sa katunayan, punung-puno ang rebolusyong Hungarian ng armadong pakikibaka na iba’t ibang anyo at sa iba’t ibang antas. Isinulat ni Bela Kun:

Mula sa araw nang itatag ang Partido Komunista hanggang sa pag-agaw sa kapangyarihan, nangyari ang armadong mga labanan sa mga organo ng kapangyarihang burges nang may papadala sa kalimitan. Magmula noong Disyembre 12, 1918 nang nagsilabasan sa mga lansangan ang armadong garison sa Budapest sa isang demonstrasyon laban sa Ministro sa Digma ng Gubernong Probisyunal... malamang na wala ni isa mang araw na nabigong mag-ulat ang pahayagan ng madudugong labanan sa pagitan ng rebolusyong mga manggagawa at ng mga sundalo at armadong mga yunit ng mga pwersa ng guberno, at sa partikular, ng mga pulis. Nag-organisa ang mga Komunista ng maraming mga pag-aalsa di lamang sa Budapest kundi pati sa mga probinsya.⁴⁰⁰

Nagsasabi ng lantarang kasinungalingan ang mga pinuno ng PKUS sa pagsasabing isang halimbawa ng mapayapang transisyon ang Rebolusyong Hungarian.

Sinasabi sa pahayagang Sobyet na “boluntaryong nagbitiw”⁴⁰¹ ang burges na gubernong Hungarian, at malamang na ito lamang ang tuntungang pinagbabatayan ng mga pinuno ng PKUS. Pero ano ang mga katotohanan?

Si Karolyi, ang pinuno ng burges na gubernong Hungarian sa panahong iyon, ay naging napakalinaw sa puntong ito. Ipinahayag niya:

Lumagda ako sa isang proklamasyon kaugnay ng sarili kong pagbibitiw at sa paglipat ng kapangyarihan sa proletaryado, na sa katunayan ay nakapangibabaw na at mas maaga pa’y nagproklama na ng kapangyarihan... *Hindi ko ibinigay ang kapangyarihan sa proletaryado, dahil mas maaga pang naipagwagi na niya ito, dahil sa planado nitong paglikha ng isang hukbong sosyalista.*

Sa dahilang ito, ipinunto ni Bela Kun na ang pagsabi na boluntaryong ibinigay ng burgesya ang kapangyarihang pampulitika sa proletaryado ay isang mapanlinlang na “alamat”⁴⁰².

³⁹⁹ Bela Kun, *Mga Aral ng Proletaryong Rebolusyon sa Hungary*, edisyong Ruso, Moscow, 1960, p. 46.

⁴⁰⁰ *Ibid.*, p. 57.

⁴⁰¹ “Paano Umuunlad ang Pandaigdigang Rebolusyong Proseso”, *Sovietskaya Russia*, ika-1 ng Agosto, 1963.

⁴⁰² Bela Kun, siniping akda, p. 49.

Nagapi ang Rebolusyong Hungarian ng 1919. Sa pagsusuri sa pangunahing mga aral ng pagkagapi nito, sinabi ni Lenin na isang nakamamatay na pagkakamali ng Partido Komunistang Hungarian ay hindi ito sapat na matatag sa pagpataw ng diktadura sa kaaway bagkus ay nag-urong-sulong sa kritikal na sandali. Gayundin, nabigong gumawa ng wastong hakbang ang Partidong Hungarian para tugunan ang hinihingin ng mga magsasaka para sa kalutasan ng suliranin sa lupa at sa gayo'y ihiniwalay ang sarili sa magsasaka. Isa pang mahalagang dahilan sa pagkatalo ng rebolusyon ay ang pagsasanib ng Partido Komunista at ng oportunistang Sosyal-Demokratikong Partido.

Ganap na pambabaluktot sa kasaysayan ang pagsasabi ng mga pinuno ng PKUS na ang Rebolusyong Hungarian ng 1918-19 ay isang modelo ng “mapayapang transisyon”.

Dagdag pa, sinasabi nila na naipagwagi ng uring manggagawa ng Czechoslovakia ang “kapangyarihan sa pamamagitan ng mapayapang landas”.⁴⁰³ Isa pa itong katawa-tawang pambabaluktot ng kasaysayan.

Itinatag ang demokratikong kapangyarihang bayan sa Czechoslovakia sa proseso ng digmang antipasista; hindi ito “mapayapang” kinuha sa burgesya. Sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinamunuan ng Partido Komunista ang mamamayan sa pakikidigmang gerilya at armadong mga pag-aalsa laban sa mga pasista. Winasak nito ang pasistang mga tropang Aleman at ang kanilang papet na rehimen sa Czechoslovakia sa tulong ng hukbong Sobyet at nagtatag ng pambansang prenteng gubyernong koalisyon. Sa esensya, ang gubyernong ito ay ang demokratikong diktadurang bayan sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado, *ibig sabihin*, isang anyo ng diktadura ng proletaryado.

Noong Pebrero 1948, nagpakana ng kontra-rebolusyonaryong kudeta ang mga reaksyunaryo sa loob ng Czechoslovakia, sa tulong ng imperyalismong US, para ibagsak ang gubyernong bayan sa pamamagitan ng armadong rebelyon. Pero kagyat na idineploy ng gubyerno sa pamumuno ng Partido Komunista ang armadong mga pwersa nito at nag-organisa ng armadong mga demonstrasyong masa, at sa gayo'y winasak ang pakanang burges para sa kontra-rebolusyonaryong pagbabalik. Malinaw na ipinapakita ng mga katotohanang ito na ang pangyayaring Pebrero ay hindi isang “mapayapang” pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika ng uring manggagawa mula sa burgesya kundi isang pagsupil sa kontra-rebolusyonaryong kudetang burges na isinagawa ng uring manggagawa sa pamamagitan ng sarili nitong aparatong pang-estado, at pangunahing sa pamamagitan ng sarili nitong armadong mga pwersa.

Sa pagbubuod sa pangyayaring Pebrero, sinabi ni Gottwald:

Bago pa man ang pangyayaring Pebrero, sinabi namin: isa sa saligang mga pagbabago kumpara sa umiral bago nang digma ay mismong ang aparatong pang-estado ay naglilingkod na sa bagong mga uri at hindi sa dating naghaharing mga uri. Ipinakita ng pangyayaring Pebrero na, sa pakahulugang ito, gumanap ang aparatong pang-estado ng katangi-tanging papel...⁴⁰⁴

Paanong maituturing ang nasaad na mga halimbawa bilang mga naunang pamarisan para sa mapayapang transisyon? Sinabi ni Lenin na:

⁴⁰³ L. I. Brezhnev, Talumpati sa Ika-12 Kongreso ng Partido Komunista ng Czechoslovakia, Pravda, ika-4 ng Disyembre, 1962.

⁴⁰⁴ Klement Gottwald, Talumpati sa Plenaryong Sesyon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Czechoslovakia, ika-17 ng Nobyembre, 1948.

Napilitang gumamit si Kautsky ng lahat ng ganitong panloloko, tusong palsong pangangatwiran at mapanlinlang na palsipikasyon para lamang *ibihalay* ang sarili sa *marahas* na rebolusyon, at para ikubli ang kanyang pagtatakwil rito, ang kanyang pagtaksil tungong *liberal* na patakarang paggawa, sa ibang salita, sa burgesya.

Dagdag pa niya: “Naririyang mismo ang problema.”⁴⁰⁵

Bakit napakawalang-kahihiyang binaluktot ni Khrushchov ang mga akda nila Marx at Lenin, humabi ng kasaysayan at gumamit ng mga panloloko? Muli, naririyang mismo ang problema.

HINDI MAIKUKUBLI NG MGA KASINUNGALINGAN ANG KATOTOHANAN

Ang pangunahing argumentong ginamit ng mga pinuno ng PKUS para ipagmatwid ang kanilang anti-rebolusyonaryong linya ng “mapayapang transisyon” ay dahil nagbago na ang mga kalagayang istoriko.

Kaugnay ng pagtaya sa mga pagbabago sa mga kalagayang istoriko magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ng mga kongklusyong mahahalaw mula sa mga ito, ganap na naiiba ang mga pananaw ang mga Marxista-Leninista sa mga pananaw ni Khrushchov.

Naninindigan ang mga Marxista-Leninista na pundamental na nagbago ang mga kalagayang istoriko magmula ng Digmaan. Pangunahing nakikita ang pagbabago sa malaking paglawak ng mga pwersa ng proletaryong sosyalismo at ang malaking paghina ng mga pwersa ng imperyalismo. Magmula ng Digmaan, lumitaw ang makapangyarihang kampong sosyalista at isang buong serye ng bago at independyente at makabayang mga estado, at umiral ang walang tigil na pagkakasunud-sunod ng armadong rebolusyonaryong mga pakikibaka, ang isang bagong sigwa ng mga kilusang masa sa mga bayang kapitalista at ang malaking paglawak sa hanay ng pandaigdigang kilusang komunista. Ang pandaigdigang proletaryong sosyalistang rebolusyonaryong kilusan at ang pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan sa Asya, Aprika at Amerika Latina ang naging dalawang pangunahing istorikong tunguhin sa ating panahon.

Sa maagang panahon matapos ang digmaan, paulit-ulit na ipinakita ni Kasamang Mao Zedong na ang pandaigdigang balanse ng mga pwersa ay paborable sa atin at hindi sa kaaway, at ang bagong sitwasyong ito “ay nagbukas ng higit pang malalaking posibilidad para sa pagpapalaya ng uring manggagawa at aping mga mamamayan ng daigdig at nagbukas ng higit pang realistikong mga landas tungo rito”.⁴⁰⁶

Ipinakita rin niya,

⁴⁰⁵ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 44.

⁴⁰⁶ Mao Zedong, “Rebolusyonaryong mga Pwersa ng Daigdig Magkaisa, Makibaka Laban sa Imperyalistang Agresyon!” Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLP, Beijing, Vol. IV, p. 364.

Manggulo, mabigo, muli'y manggulo, muli'y mabigo... hanggang sa kanilang wakas: ganyan ang lohika ng mga imperyalista at lahat ng mga reaksyunaryo sa lahat ng dako ng daigdig sa pagharap sa adhikain ng mamamayan, at hindi sila sasalungat sa lohikang ito. Isa itong Marxistang batas. Kapag sinasabi nating “mabangis ang imperyalismo”, ibig nating sabihin na kailanma'y di magbabago ang kalikasan nito, na kailanma'y hindi bibitiwan ng mga imperyalista ang kanilang mga kutsilyong pangkatay, na kailanma'y hindi sila magiging mga Buddha, hanggang sa kanilang wakas.⁴⁰⁷

Ibinabatay ng mga Marxista-Leninista ang kanilang mga sarili sa katotohanang ang mga pagbabago sa mga kalagayan matapos ang digmaan ay nagiging lalong paborable para sa rebolusyon, at sa batas na hindi kailanman babaguhin ng imperyalismo at reaksyon ang kanilang kalikasan. Samakatuwid, hinahalaw nila ang kongklusyon na dapat itaguyod ang rebolusyon, at naninindigan sila na dapat samantalain nang husto ang napakapaborableng sitwasyong ito, at ayon sa partikular na mga kalagayan sa iba't ibang bayan, dapat aktibong itaguyod ang pagpapaunlad sa rebolusyonaryong mga pakikibaka at dapat magsagawa ng mga paghahanda para kamtin ang tagumpay sa rebolusyon.

Sa kabilang banda, sa pagdadahilan sa mga pagbabagong ito mismo sa mga kalagayan matapos ang digmaan, humahalaw si Khrushchov ng mga kongklusyon na dapat labanan at itakwil ang rebolusyon, at naninindigan siya na bilang resulta ng mga pagbabago sa pandaigdigang balanse ng mga pwersa, binago ng imperyalismo at reaksyon ang kanilang kalikasan, nagbago ang batas ng tunggalian ng mga uri, at ang komun na landas ng Rebolusyong Oktubre at ang Marxista-Leninistang teorya ng proletaryong rebolusyon ay lipas na.

Naglalako ng kwentong kutsero si Khrushchov at mga tulad niya. Pinaninindigan nila na:

Humuhugis ngayon ang paborableng internasyunal at panloob na mga kalagayan para makamit ng uring manggagawa ng ilang mga bayang kapitalista ang sosyalistang rebolusyon sa mapayapang anyo.⁴⁰⁸

Sinasabi nila na:

Sa kapanahunan sa pagitan ng una at ikalawang digmaang pandaigdig, walang tigil na pinaunlad at pinerpekto ng reaksyunaryong burgesya ang pulis-burukratikong makinarya nito, at malupit na sinupil ang mga kilusang masa ng anakpawis at di nag-iwan ng posibilidad para sa pagkakamit ng sosyalistang rebolusyon sa pamamagitan ng mapayapang landas.

⁴⁰⁷ Mao Zedong, “Itapon ang mga Ilusyon, Maghanda para sa Pakikibaka”, Piling mga Akda, edisyong mga Ingles, FLP, Beijing, 1961, Vol. IV, p. 429.

⁴⁰⁸ A. Butenko, “Digma at Rebolusyon”, Kommunist, Moscow, No. 4, 1961.

Pero, sang-ayon sa kanila, nagbago na ngayon ang kalagayan.⁴⁰⁹ Sinasabi nila na “nililikha ngayon ng mga saligang pagbabago pabor sa sosyalismo sa ugnayan ng mga pwersa sa pandaigdigang arena ang posibilidad ng “pagpaparalisa sa panghihimasok ng pandaigdigang reaksyon sa mga usapin ng mga bayang naglulunsad ng rebolusyon”,⁴¹⁰ at “pinaliliit nito ang posibilidad para sa paglulunsad ng digmang sibil ng burgesya”.⁴¹¹

Ngunit ang mga kasinungalingan ni Khrushchov at mga tulad niya ay hindi makapagkukubli sa mga realidad.

Dalawang namumukod-tanging katotohanan magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay pinalalakas ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo sa lahat ng dako ang kanilang kasangkapan para sa karahasan para sa malupit na pagsupil sa masa, at nagsasagawa ang imperyalismo sa pangunguna ng United States ng kontra-rebolusyonaryong armadong panghihimasok sa lahat ng bahagi ng daigdig.

Sa kasalukuyan, higit na militarizado kaysa kailanman ang United States of America at pinalaki nito ang kanyang tropa sa higit sa 2,700,000 katao, o labing-isang ulit sa kabuuang bilang noong 1934 at siyam na ulit sa kabuuang bilang noong 1939. Napakarami nitong mga organisasyong pulis at sekreta na maging ilan sa malalaking kapitalistang US ay napilitang aminin na nangingibabaw ito sa mundo sa usaping ito, at labis na nalampasan na ang Alemanyang maka-Hitler.

Lumaki ang palagiang hukbo ng Britanya mula higit sa 250,000 katao noong 1934 tungo sa higit 420,000 noong 1963, at ang mga pwersang pulis nito mula 67,000 noong 1934 tungong 87,000 noong 1963.

Lumaki ang palagiang hukbo ng Pransya mula 630,000 noong 1934 tungo sa 740,000 noong 1963, at ang pulisya at pwersang seguridad nito mula 80,000 noong 1934 tungo sa 120,000 noong 1963.

Hindi eksepsyon ang ibang mga bayang imperyalista at maging ang karaniwang mga bayang kapitalista sa malawakang pagpapalakas sa armadong mga pwersa at pulisya.

Seryosong ginagamit ni Khrushchov ang islogan ng pangkalahatan at ganap na disarmamento upang di makakilos ang mamamayan. Ilan taon na niyang ipinangangalandakan ito. Pero sa aktwal na pangyayari, wala namang ni anino ng pangkalahatan at ganap na disarmamento. Saanman sa kampong imperyalista na pinangungunahan ng United States, ang makikita ay ang pangkalahatan at ganap na pag-aarmas at ang pagpapalawak at pagpapalakas sa aparato para sa marahas na panunupil.

Bakit hibang na pinalalakas ng burgesya ang kanilang armadong mga pwersa at pulisya sa panahon ng kapayapaan? Maaari kayang ang layunin nila ay hindi para supilin ang mga kilusang masa ng anakpawis kundi sa halip ay garantiyahan na maaaring makamit ng huli ang kapangyarihang pang-estado sa mapayapang paraan? Hindi pa ba nakakagawa ng sapat na kahayupan ang naghaharing burgesya sa labinsiyam na taon mula nang Digmaan sa paggamit ng mga sundalo at pulis sa pagsupil sa nagwewelgang mga manggagawa at sa mamamayan na nakikibaka para sa kanilang demokratikong mga karapatan?

⁴⁰⁹ O. V. Kuusinen at iba pa, *Mga Pundasyon ng Marxismo-Leninismo*, edisyong Ruso, Moscow, 1959, p. 528.

⁴¹⁰ A. Beliakov at F. Burlatsky, “Ang Teorya ng Sosyalistang Rebolusyon ni Lenin at ang Kasalukuyang Panahon”, *Kommunist*, Moscow, No. 13, 1960.

⁴¹¹ A. Butenko, siniping akda.

Sa nakaraang labinsiyam na taon, nag-organisa ang imperyalismong US ng mga bloke ng militar at nagbuo ng mga tratadong militar sa higit na apatnapung bayan. Nagtatag ito ng higit na 2,200 base militar at instalasyon sa lahat ng panig ng kapitalistang daigdig. Lalampas sa 1,000,000 ang armadong mga pwersa nitong nakaistasyon sa ibayong dagat. Dinidirihe ng “Strike Command” nito ang makilos na pwersang pangkati at panghimpapawid, na nakahanda sa lahat ng panahon na ipadala kahit saan upang supilin ang rebolusyong bayan.

Sa nakaraang labinsiyam na taon, hindi lamang nagbigay ng lahat ng suporta ang mga imperyalistang US at iba pa sa mga reaksyunaryo ng iba’t ibang bayan at tumulong sa kanila na supilin ang rebolusyong mga kilusang bayan; tuwiran rin silang nagplano at nagpatupad ng maraming kontra-rebolusyong armadong mga pananalakay at panghihimasok, o sa ibang salita, nag-eksport sila ng kontra-rebolusyon. Halimbawa, tumulong ang imperyalismong US kay Chiang Kai-shek na lumaban sa digmang sibil sa Tsina, nagpadala ng sarili nitong mga tropa sa Greece at kinomand ang atake sa pinalayang mga purok ng mamamayang Griego, nagpakawala ng digmang mapanalakay sa Korea, nagpadala ng mga tropa sa Lebanon upang bantaan ang rebolusyon sa Iraq, tumulong sa mga reaksyunaryong taga-Laos at inupatan sila na patagalín ang digmang sibil, inorganisa at dinirihe ang tinaguriang pwersang United Nations na supilin ang kilusan sa pambansang kasarinlan sa Congo, at isinagawa ang kontra-rebolusyong mga pananalakay sa Cuba. Lumalaban pa rin ito para supilin ang pakikibaka sa pagpapalaya ng mamamayan ng katimugang Byetnam. Kamakailan, gumamit ito ng armadong pwersa para supilin ang makatarungang pakikibaka ng mamamayang Panamanian sa pagtatanggol sa kanilang soberanya, at lumahok sa armadong panghihimasok sa Cyprus.

Hindi lamang determinadong umaaksyon ang imperyalismong US para supilin ang at manghihimasok sa lahat ng rebolusyong bayan at mga kilusan sa pambansang pagpapalaya, kundi tinatangka nitong alisin ang mga rehimeng burges na nagpapakita ng anumang makabayang kulay. Sa loob ng labinsiyam na taong ito, namatnugot ang Gubernong US sa maraming kontra-rebolusyong kudatang militar sa ilang mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Gumamit pa ito ng karahasan upang alisin ang mga papet na kanyang itinaguyod, gaya ni Ngo Dinh Diem, kapag di na sila angkop sa mga layunin nito—“paslangin ang buriko sa sandaling tumigil ito sa panggigiling”, gaya ng kasabihan.

Ipinakita ng mga pangyayari na sa kasalukuyan, para makapagrebolusyon at makamit ang kalayaan, hindi lamang kailangang harapin ng lahat ng aping mamamayan at bansa ang marahas na panunupil ng panloob na reaksyunaryong naghaharing mga uri, kundi, kailangang ganap na ihanda ang mga sarili laban sa armadong panghihimasok ng imperyalismo, at laluna ng imperyalismong US. Kung walang gayong paghahanda at kung hindi matatag na lalabanan ang kontra-rebolusyong karahasan sa pamamagitan ng rebolusyong karahasan kailanman kailangan, ang rebolusyon, huwag nang sabihin pa ang tagumpay, ay imposible.

Kung hindi palalakasin ang kanilang armadong mga pwersa, kung hindi maghahanda para harapin ang imperyalistang armadong pananalakay at panghihimasok, at kung hindi tatalima sa patakaran ng paglulunsad ng mga pakikibaka laban sa imperyalismo, hindi makakayang ipagsanggalang ng mga bayan na naipagwagi ang kasarinlan ang kanilang pambansang kasarinlan at lalong hindi makakayang tiyakin ang pagsulong ng rebolusyong adhikain.

Nais naming itanong sa mga pinuno ng PKUS: Dahil matatas kayong mangusap hinggil sa bagong mga katangian ng kalagayan matapos ang digmaan, bakit pinili ninyong kaligtaan ang pinakamahalaga at pinakamatingkad, 'ibig sabihin, ang panunupil ng mga imperyalistang US at iba pa sa rebolusyon sa lahat ng dako? Hindi kayo kailanman napapagod na mangusap hinggil sa mapayapang transisyon, pero bakit wala kayo ni isa mang salitang masabi hinggil sa paano pakikitunguhan ang pinalobong aparato sa marahas na panunupil na itinatag ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo? Tahasan ninyong pinagtatakpan ang madudugong realidad ng malupit na panunupil ng imperyalismo at reaksyon sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at popular na rebolusyonaryong mga kilusan at ikinakalat ang ilusyon na makakamit ng aping mga bansa at mamamayan ang tagumpay sa mapayapang kaparaanan. Hindi ba't nahahalata na tinatangka ninyong paluwagin ang pagmamatyag ng mamamayan, payapain ang galit na masa sa pamamagitan ng hungkag na mga pangako tungkol sa maaliwalas na kinabukasan at sinasalungat ang kanilang rebolusyon, at sa gayon, sa katunayan ay kumikilos kayo bilang mga kasabwat ng imperyalismo at mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan?

Sa usaping ito, makatutulong na hayaan si John Foster Dulles, ang dating Kalihim ng Estado ng US, na maging ating "guro sa pamamagitan ng negatibong halimbawa".

Sinabi ni Dulles sa isang talumpati noong ika-21 ng Hunyo, 1956 na lahat ng mga bayang sosyalista ay naitatag sa nakaraan "sa pamamagitan ng paggamit sa karahasan". Pagkatapos sinabi niya na "ngayo'y sinasabi naman ng mga naghahari sa Sobyet na itatakwil nila ang paggamit sa karahasan" at "malugod naming tinatanggap at eengganyuhin ang mga pangyayaring ito"⁴¹².

Bilang tapat na kampanyon ng sistemang kapitalista, mangyari pa'y mulat si Dulles sa esensyal na papel ng pwersa sa tunggalian ng mga uri. Habang malugod na tinatanggap ang pagtatakwil ni Khrushchov sa marahas na rebolusyon, nagbigay siya ng malaking diin sa pangangailangan ng burgesya na palakasin ang kontra-rebolusyonaryong karahasan nito upang panatilihin ang kanyang paghahari. Sinabi niya sa isa pang talumpati na "sa lahat ng mga tungkulin ng guberno, ang pinakasaligan ay ang pagtatanggol sa mga mamamayan nito [basahin: "reaksyonaryong naghaharing mga uri"] laban sa karahasan.... Sa gayon, sa anumang sibilisadong komunidad, umaambag ang mga kasapi sa pagpapanatili sa isang pwersang pulis bilang isang bisig ng batas at kaayusan"⁴¹³.

Dito, nagsasabi ng totoo si Dulles. Ang pampulitikang pundasyon ng paghahari ng imperyalismo at lahat ng reaksyon ay walang iba kundi "isang pwersang pulis". Habang ang pundasyong ito'y di napipinsala, walang iba pang bagay na may halaga at ang kanilang paghahari ay hindi mayayanig. Ang higit na pagtatakip ng mga pinuno ng PKUS sa katotohanang sumasalig ang burgesya sa karahasan para sa paghahari nito at ang higit na pagpapalaganap sa kwentu-kwentuhan sa mapayapang transisyon, na napakalugod na tinatanggap ni Dulles, ay lalo lamang naglalandad sa kanilang tunay na mga kulay bilang mga kroni ng mga imperyalista sa paglaban sa rebolusyon.

⁴¹² J. F. Dulles, Talumpati sa Ika-41 na Taunang Kumbensyon ng *Kiwanis International*, ika-21 ng Hunyo, 1956.

⁴¹³ J. F. Dulles, Talumpati sa Taunang Tanghalian ng *Associated Press* noong ika-22 ng Abril, 1957, *New York Times*, ika-23 ng Abril, 1957.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG “PARLAMENTARYONG LANDAS”

Ang ideya hinggil sa “parlamentaryong landas” na inilathala ng mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal ay lubos na pinatunayang mali ni Lenin at matagal nang napasinungalingan. Pero sa mga mata ni Khrushchov, tila biglang nakakuha ng katumpakan ang parlamentaryong landas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Totoo ba ito? Mangyari pa’y hindi.

Muli na namang ipinakita ng mga pangyayari matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig na ang pangunahing salik ng makinarya ng burges na estado ay ang armadong pwersa at hindi ang parlamento. Isa lamang palamuti at panabing para sa paghaharing burges ang parlamento. Ang pagkukop o pagwawaksi sa sistemang parlamentaryo, ang pagpapatibay ng mas malaki o mas maliit na kapangyarihan sa parlamento, ang pagpapatibay sa isang tipo ng batas elektoral — ang pamimili sa mga alternatibong ito ay laging idinidikta ng mga pangangailangan at mga interes ng paghaharing burges. Habang nasa kontrol ng burges ang aparatong militar-burukratiko, imposible ang pagkakamit ng proletaryado ng isang “matatag na mayorya sa parlamento”, o kaya’y di maaasahan ang “matatag na mayoryang” ito. Ang pagkakamit sa sosyalismo sa pamamagitan ng “parlamentaryong landas” ay talagang imposible at mapanlinlang na usap-usapan lamang.

Iligal pa ang may kahalati sa mga Partidong Komunista sa mga bayang kapitalista. Dahil walang ligal na katayuan ang mga Partidong ito, mangyari pa’y imposible ang pagkakamit ng parlamentaryong mayorya.

Halimbawa, umiiral ang Partido Komunista ng Espanya sa ilalim ng Puting lagim, at walang oportunidad na tumakbo sa eleksyon. Kalunus-lunos at kahambal-hambal na sundin ng mga pinunong Komunistang Espanyol tulad ni Ibarruri si Khrushchov sa pagtataguyod sa “mapayapang transisyon” sa Espanya.

Dahil sa lahat ng di makatwirang mga restriksyon na ipinataw ng burges na mga batas elektoral sa gayong mga kapitalistang bayan kung saan ligal at makalalahok sa eleksyon ang mga Partido Komunista, napakahirap para sa kanilang maipagwagi ang mayorya sa mga boto sa ilalim ng paghaharing burges. At kahit pa makuha nila ang mayorya ng mga pwesto sa parlamento [mababawi sa kanila ng burgesya ang anumang tagumpay] sa pamamagitan ng pagbabago sa mga batas elektoral o iba pang mga paraan.

Halimbawa, magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dalawang ulit na nirebisa ng mga monopolyong kapitalistang Pranses ang batas elektoral, at sa bawa’t kaso’y nagdulot ng malaking pagbagsak sa mga pwestong parlamentaryong hawak ng Partido Komunista ng Pranses. Sa eleksyong parlamentaryo noong 19___, nakakuha ng 182 pwestong ang PKP. Pero sa eleksyon noong 1951, ang pagrebisa sa batas elektoral ng mga monopolyong kapitalista ay nagbunga ng malaking pagliit sa bilang ng mga pwesto ng PKP tungong 103, sa ibang salita, ang pagkawala ng 79 na pwesto. Noong eleksyong 1956, nakakuha ang PKP ng 150 pwesto. Pero bago sa eleksyong parlamentaryo noong 1958, muling nirebisa ng mga monopolyong kapitalista ang batas elektoral na nagresulta para ang bilang ng mga pwestong hawak ng PKP ay bumagsak nang napakalaki sa 10, sa ibang salita, nawala nito ang 140 pwesto.

Kahit na sa ilalim ng ilang sirkunstansya'y maipanalo ng isang Partido Komunista ang mayorya ng mga pwesto sa parlamento o lumahok sa gubyerno bunga ng tagumpay elektoral, hindi nito mababago ang burges na katangian ng parlamento o gubyerno, at lalupang hindi ito mangangahulugan ng pagwasak sa luma at pagtatatag ng isang bagong makinarya ng estado. Ganap na imposible na makalikha ng pundamental na pagbabagong panlipunan sa pamamagitan ng pagsalig sa mga parlamento o mga gubyernong burges. Dahil nasa kontrol nito ang makinarya ng estado, mapapawalambisa ng reaksyunaryong burgesya ang eleksyon, malulusaw ang parlamento, mapapatalsik ang mga Komunista sa gubyerno, maipagbabawal ang Partido Komunista at makagagamit ng lantarang pwersa para supilin ang masa at progresibong mga pwersa.

Halimbawa, noong 1946, sinuportahan ng Partido Komunista ng Chile ang burges na Partido Radikal sa pagkakamit ng tagumpay elektoral, at binuo ang gubyernong koalisyon na may partisipasyon ng mga Komunista. Sa panahong iyon, umabot ang mga pinuno ng Partido Komunista ng Chile hanggang sa paglalarawan sa gubyernong ito na kontrolado ng burges bilang “demokratikong gubyernong bayan”. Pero wala pang isang taon ay pinuwersa na sila ng burgesya na magbitiw sa gubyerno, nagsagawa ng pangmasang pang-aaresto ng mga Komunista at noong 1948 ay ipinagbawal ang Partido Komunista.

Kapag nabubulok ang isang partido ng mga manggagawa at nagiging isang bayaran ng burgesya, maaaring pahintulutan ito ng huli na magkaroon ng mayorya sa parlamento at magbuo ng isang gubyerno. Ito ang kaso sa burges na sosyal-demokratikong mga partido sa ilang bayan. Pero ang bagay na ito ay nagsisilbi lamang sa pagsasanggalang at pagkokonsolida sa diktadura ng burgesya; hindi nito binabago, at hindi nito mababago ni sa kalingkingan, ang posisyon ng proletaryado bilang isang inaapi at pinagsasamantalang uri. Nagdaragdag lamang ng patunay ang gayong mga katotohanan sa pagkabangkarote ng parlamentaryong landas.

Ipinakita rin ng mga pangyayari magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig na kung maniniwala ang mga pinunong Komunista sa parlamentaryong landas at dapuan ng walang-lunas na sakit ng “parlamentaryong kretinismo”, hindi lang wala silang mararating kundi di maiiwasang malugmok sa kumunoy ng rebisyunismo at wawasakin ang rebolusyonaryong adhikain ng proletaryado.

Laging mayroong pundamental na pagkakaiba sa pagitan ng mga Marxista-Leninista sa isang banda, at ng mga oportunistang at mga rebisyunista sa kabilang banda hinggil sa wastong aktitud tungo sa mga parlamentong burges.

Laging pinaninindigan ng mga Marxista-Leninista na sa ilalim ng ilang mga kalagayan, dapat lumahok ang proletaryong partido sa parlamentaryong pakikibaka at gamitin ang plataporma ng parlamento para ilantad ang reaksyunaryong kalikasan ng burgesya, turuan ang masa at tulungan silang mag-ipon ng rebolusyonaryong lakas. Mali ang tumanggi sa paggamit sa ligal na anyo ng pakikibakang ito kung kailangan. Pero hindi dapat ihalili ng proletaryong partido ang parlamentaryong pakikibaka sa proletaryong rebolusyon o mag-isip ng ilusyon na makakamit ang transisyon sa sosyalismo sa pamamagitan ng parlamentaryong landas. Sa lahat ng panahon, dapat itong magkonsentra sa pakikibakang masa.

Ani Lenin:

Dapat lumahok ang rebolusyonaryong proletaryado sa parlamentarismong burges upang imulat ang masa, na magagawa sa panahon ng eleksyon at sa pakikibaka sa pagitan ng mga partido sa parlamento. Pero ang paglilimita sa makauring tunggalian sa parliamentaryong pakikibaka, o ang ituring ang huli bilang pinakamataas at mapagpasyang anyo, kung saan lahat ng iba pang anyo ng pakikibaka ay nakapailalim, ay nangangahulugan ng pagtataksil tungo sa panig ng burgesya at pagsalungat sa proletaryado.⁴¹⁴

Tinuligsa niya ang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal sa paghahabol sa anino ng parlamentarismo at sa pag-abandona sa rebolusyonaryong tungkulin ng pag-agaw sa kapangyarihan ng estado. Ginawa nilang isang partidong elektoral ang proletaryong partido, isang partidong parliamentaryo, isang galamay ng burgesya at isang instrumento para sa pagpapanatili sa diktadura ng burgesya. Sa pagtataguyod sa parliamentaryong landas, sasapitin lamang ni Khrushchov at ng kanyang mga tagasunod ang parehong kapalaran tulad ng sa mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG “OPOSISYON SA KALIWANG OPORTUNISMO”

Naghahabi ng sunud-sunod na kasinungalingan ang Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS sa pagtrato nito sa usapin ng proletaryong rebolusyon. Iginigiit nito na pumapabor ang Partido Komunista ng Tsina sa “pagsusulong ng islogan ng kagyat na proletaryong rebolusyon” kahit na sa kawalan ng rebolusyonaryong sitwasyon, na naninindigan ito para sa pag-abandona sa “pakikibaka para sa demokratikong mga karapatan at pinakamahahalagang interes ng anakpawis sa mga bayang kapitalista”,⁴¹⁵ na ginagawa nitong “absoluto”⁴¹⁶ ang armadong pakikibaka, at iba pa. Madalas silang magbansag ng tulad ng “Kaliwang oportunisto”, “Kaliwang adbenturismo” at “Trotskyismo” sa Partido Komunistang Tsino.

Ang totoo’y nililikha ng mga pinuno ng PKUS ang ingay na ito upang pagtakpan ang kanilang rebisyunistang linya na sumasalungat at nagtatakwil sa rebolusyon. Ang inaatake nila bilang “Kaliwang oportunisto” sa katunayan ay walang iba kundi ang Marxista-Leninistang rebolusyonaryong linya.

Lagi naming pinaninindigan na hindi basta-basta magagawa ang rebolusyon at imposible ito kung hindi obhetibong umiiral ang rebolusyonaryong sitwasyon. Pero ang pagsiklab at tagumpay ng rebolusyon ay nakasalig hindi lamang sa pag-iral ng isang rebolusyonaryong sitwasyon kundi pati rin sa mga paghahanda at pagsisikap na ginagawa ng suhetibong rebolusyonaryong mga pwersa.

⁴¹⁴ V. I. Lenin, *Ang Eleksyon para sa Asembleya para sa Pagbabalankas ng Konstitusyon at ang Diktadura ng Proletaryado*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, p. 36.

⁴¹⁵ Bukas na Liham ng Komite Sentral ng Unyong Sobyet para sa Lahat ng Organisasyon ng Partido, para sa Lahat ng Komunista ng Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

⁴¹⁶ “Marxismo-Leninismo—Batayan ng Pagkakaisa ng Kilusang Komunista”, artikulo ng lupong editoryal sa *Kommunist*, Moscow, No. 15, 1963.

“Kaliwang”adventurismo kung hindi wastong natatasa ng partido ng proletaryado kapwa ang obhetibong mga kalagayan at ang suhetibong mga pwersa para sa rebolusyon at kung padalus-dalos itong naglulunsad ng rebolusyon bago mahinog ang mga kondisyon. Pero Kanang oportunismo, o rebisyonismo, kung hindi gagawa ng aktibong paghahanda para sa rebolusyon ang proletaryong partido bago mahinog ang mga kondisyon, o kung hindi mangangahas mamuno sa rebolusyon at agawin ang kapangyarihang pang-estado kapag umiiral ang rebolusyonaryong sitwasyon at hinog na ang mga kondisyon.

Bago dumating ang panahon sa pag-agaw sa kapangyarihang pang-estado, ang pundamental at pinakamahalagang tungkulin para sa proletaryong partido ay ang magkonsentra sa masikhay na gawain na pagtitipon ng rebolusyonaryong lakas. Dapat taglayin ng aktibong pamumuno sa pang-araw-araw na pakikibaka bilang sentral na layunin ang pagbubuo sa rebolusyonaryong lakas at ang paghahanda para sa pag-agaw sa tagumpay sa rebolusyon kapag hinog na ang mga kondisyon. Dapat gamitin ng proletaryong partido ang iba’t ibang anyo ng pang-araw-araw na pakikibaka para pataasin ang pampulitikang kamulatan ng proletaryado at masa ng mamamayan, para sanayin ang sarili nitong mga pwersa sa uri, para pandayin ang mapanlabang kapasidad nito at para maghanda sa rebolusyon sa ideolohiya, pulitika, organisasyon at militar. Tanging sa paraang ito lamang hindi nito mapalalampas ang oportunidad sa pag-agaw sa tagumpay kapag hinog na ang mga kondisyon para sa rebolusyon. Kung hindi’y mapalalampas lamang ng proletaryong partido ang oportunidad sa pagrerebolusyon kahit na obhetibong umiiral ang rebolusyonaryong sitwasyon.

Habang walang pagod na idinidiin na hindi dapat magrebolusyon kung walang rebolusyonaryong sitwasyon, iniwasan ng mga pinuno ng PKUS ang usapin ng kung paano haharapin ng partido ng proletaryado ang pang-araw-araw ng rebolusyonaryong pakikibaka at magtitipon ng rebolusyonaryong lakas bago magkaroon ng rebolusyonaryong sitwasyon. Sa katunayan, itinatakwil nila ang tungkulin ng pagbubuo ng rebolusyonaryong lakas at paghahanda sa rebolusyon sa pagkukunwang walang rebolusyonaryong sitwasyon.

Minsa’y nagbigay si Lenin ng napakahusay na paglalarawan sa aktitud ng taksil na si Kautsky sa usapin ng rebolusyonaryong sitwasyon. Sinabi niya tungkol kay Kautsky na kung nariyan na ang rebolusyonaryong krisis, “*siya rin* ay nakahandang maging isang rebolusyonaryo!” “Kung wala pa ito, tatalikuran ni Kautsky ang rebolusyon!” Gaya nang ipinakita ni Lenin, si Kautsky ay tulad ng isang tipikal na pilistino, at ang kaibahan sa pagitan ng isang rebolusyonaryong Marxista at isang pilistino ay ang Marxista ay may lakas ng loob “na *ihanda* ang proletaryado at lahat ng nagtatrabaho at pinagsasamantalang masa para rito [rebolusyon]”.⁴¹⁷ Maaaring magbuo ng sariling husga ang mamamayan kung nakakatulad o hindi ni Khrushchov at mga tagasunod niya ang tipong Kautsky na pilistino na binatikos ni Lenin.

Lagi naming pinaninindigan na dapat aktibong pamunuan ng proletaryong mga partido sa mga bayang kapitalista ang uring manggagawa at ang anakpawis sa mga pakikibaka para labanan ang monopolyo-kapital, para ipagtanggol ang demokratikong mga karapatan, para pahusayin ang mga kondisyon sa pamumuhay, para labanan ang imperyalistang ekspansyon sa armas at paghahanda sa digma, para ipagtanggol ang pandaigdigang kapayapaan at para magbigay ng masiglang suporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga bansa.

⁴¹⁷ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 103.

Sa kapitalistang mga bayan na napapailalim sa pananakot, kontrol, panghihimasok at pananalakay ng imperyalismo US, dapat itaas ng proletaryong mga partido ang pambansang bandila ng oposisyon sa imperyalismong US at itumbok ang talas ng pakikibakang masa pangunahin laban sa imperyalismong US gayundin laban sa monopolyong kapital at iba pang reaksyunaryong mga pwersang panloob na nagtataksil sa pambansang mga interes. Dapat nilang pagkaisahin lahat ng pwersa na mapag-iisa at magbuo ng nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US at mga alipures nito.

Sa nakaraang mga taon, naglulunsad ang uring manggagawa at anakpawis sa maraming kapitalistang bayan ng malawak na mga pakikibakang masa na hindi lamang bumibira sa monopolyong kapital at iba reaksyunaryong mga pwersang panloob, kundi nagbibigay rin ng makapangyarihang suporta sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mga mamamayang Asyano, Aprikano, at Amerikanong Latino at sa mga bayan ng sosyalistang kampo. Lagi naming lubos na pinasasalamatan ang ambag na ito.

Habang aktibong namumuno sa kagyat na mga pakikibaka, dapat iugnay ng mga Komunista ang mga ito sa pakikibaka para sa pangmatagalan at pangkalahatang mga interes, edukahin ang masa sa proletaryong rebolusyonaryong diwa, walang tigil na ingat ang kanilang pampulitikang kamulatan at magtipon ng rebolusyonaryong lakas upang kamtin ang tagumpay sa rebolusyon kapag napakaganda ng pagkakataon. Ang aming pananaw ay ganap na umaayon sa Marxismo-Leninismo.

Salungat sa mga pananaw ng mga Marxista-Leninista, ikinakalat ng mga pinuno ng PKUS ang palagay na “sa mataas ang kaunlarang mga kapitalistang bayan, ang mga tungkuling demokratiko at sosyalista ay napakahigpit na magkakaugnay kaya doon, pinakamababa sa lahat ang posibilidad na gumuhit ng anumang tipo ng linya ng pagkakaiba”.⁴¹⁸ Para ito sa paghalili ng kagyat na mga pakikibaka para sa pangmatagalang mga pakikibaka, at repormismo para sa proletaryong rebolusyon.

Sabi ni Lenin na “walang reporma ang maaaring maging matagalan, tunay at seryoso kung hindi ito suportado ng rebolusyonaryong mga paraan ng pakikibaka ng masa”. Ang isang partido ng mga manggagawa na “hindi nagkokombina ng pakikibakang ito para sa mga reporma sa rebolusyonaryong paraan ng kilusan ng mga manggagawa ay maaaring maitransporma bilang isang sekta, at maaaring mahiwalay sa masa, at... ito ang pinakamalubhang banta sa tagumpay ng tunay na rebolusyonaryong sosyalismo”⁴¹⁹.

Sinabi niya na “ang bawat hinihinging demokratiko... para sa mga manggagawang mulat sa uri, ay *nakapailalim* sa mas mataas na interes ng sosyalismo”.⁴²⁰ Dagdag pa, sa *Ang Estado at Rebolusyon*, sinipi ni Lenin si Engels gaya nang sumusunod:

Ang pagkaligta sa dakilang pangunahing paninindigan dahil sa panandaliang mga interes ng araw, ang pakikibaka at pagsisikap sa tagumpay ng kilusan nang walang konsiderasyon sa ibubunga nito sa hinaharap, ang pagsasakripisyo sa kinabukasan ng kilusan para sa kasalukuyan nito ay oportunidad, at mapanganib na klase ng oportunidad.

⁴¹⁸ A. Beliaikov at F. Burlatsky, “Ang Teorya ng Sosyalistang Rebolusyon ni Lenin at ang Kasalukuyang Panahon”, *Kommunist*, Moscow, No. 13, 1960.

⁴¹⁹ V. I. Lenin, “Para sa Kalihim ng ‘Liga sa Sosyalistang Propaganda’”, *Tinipong mga Akda*, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Vol. XXI, p. 369.

⁴²⁰ V. I. Lenin, “Isang Karikatura sa Marxismo at ‘Imperyalistang Ekonomismo’”, *Piling mga Akda*, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. V. p. 292.

Sa mismong batayang ito pinuna ni Lenin si Kautsky dahil sa “pagpuri sa repormismo at pagpapailalim sa burgesyang imperyalista, at pagsisi at pagtatakwil sa rebolusyon”.⁴²¹ Sinabi niya na “ipinaglalaman ng proletaryado ang rebolusyonaryong pagbabagsak sa burgesyang imperyalista”, samantalang “ipinaglalaman” ni Kautsky “ang repormistang ‘pagpapaunlad’ sa imperyalismo, ang pag-angkop dito, habang *pumapailalim rito*”⁴²².

Ang pagpuna ni Lenin kay Kautsky ay akmang paglalarawan sa kasalukuyang mga pinuno ng PKUS.

Lagi naming pinaninindigan na upang mapamunuan ang uring manggagawa at ang masa ng sambayanan sa rebolusyon, dapat magpakadalubhasa ang partido ng proletaryado sa lahat ng anyo ng pakikibaka, at matutong kombinahin ang iba’t ibang anyo, mabilis na ihinahalili ang isang anyo sa isa pa kung nagbabago ang mga kondisyon ng pakikibaka. Di magagapi ito sa lahat ng sirkunstansya kung magpakadalubhasa lamang ito sa lahat ng anyo ng pakikibaka, gaya ng mapayapa at armado, hayag at lihim, ligal at iligal, parlamentaryo at pangmasang pakikibaka, gayundin kapwa sa panloob at internasyunal na pakikibaka.

Ang tagumpay ng rebolusyong Tsino ay resulta mismo ng mahusay at puspusang pagpakadalubhasa sa lahat ng anyo ng pakikibaka—alinsunod sa partikular na mga katangian ng rebolusyong Tsino—ng mga Komunista ng Tsina na natuto mula sa istorikong karanasan ng pandaigdigang proletaryong pakikibaka. Armadong pakikibaka ang pangunahing anyo sa rebolusyong Tsino, pero hindi maaaring naging matagumpay ang rebolusyon nang walang paggamit sa ibang mga anyo ng pakikibaka.

Sa proseso ng rebolusyong Tsino, nakibaka ang Partido Komunistang Tsino sa dalawang larangan. Nilabanan nito kapwa ang Kanang paglihis ng ligalismo at ang “Kaliwang” iligalistang paglihis, at wastong kinumbina ang ligal sa iligal na pakikibaka. Sa bayan sa kabuuan, wasto nitong kinumbina ang pakikibaka sa rebolusyonaryong mga baseng purok sa pakikibaka sa mga purok ng Kuomintang, habang sa mga purok ng Kuomintang, wasto nitong kinumbina ang gawaing hayag at lihim, lubos na gumamit ng ligal na mga oportunidad at mahigpit na tumalima sa mga alituntunin ng Partido sa gawaing lihim. Nakalikha ang rebolusyong Tsino ng masalimuot at sari-saring mga anyo ng pakikibaka na angkop sa sarili nitong partikular na mga kondisyon.

Mula sa mahaba nitong praktikal na karanasan, lubos na nababatid ng Partido Komunistang Tsino na mali na iwaksi ang ligal na pakikibaka, na kuputin ang gawain ng Partido sa makitid na hangganan at sa gayo’y ihiwalay ang sarili sa masa. Subalit hindi kailanman dapat pahintulutan ang ligalismsong inilalako ng mga rebisyunista. Iwinawaksi ng mga rebisyunista ang armadong pakikibaka at lahat ng iba pang iligal na pakikibaka, lumalahok lamang sa ligal na mga pakikibaka at aktibidad, at inililimita ang mga aktibidad ng partido at mga pakikibakang masa sa balangkas na ipinahihintulot ng naghaharing mga uri. Sinisiraan at iwinawaksi pa nila ang saligang programa ng Partido, itinatakwil ang rebolusyon at iniaangkop ang sarili sa reaksyunaryong mga sistema ng batas lamang.

⁴²¹ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 95.

⁴²² *Ibid.*

Gaya ng wastong ipinakita ni Lenin sa kanyang pagpuna, pinasama at pinapurol ng burges na ligalidad ang mga rebisyunistang tulad ni Kautsky. “Ipinagbili ang proletaryong karapatan sa rebolusyon, kapalit ng isang mangkok ng lugaw na ibinigay sa mga organisasyon na kinikilala ng kasalukuyang batas pulis.”⁴²³

Habang nagdadakdak ang mga pinuno ng PKUS at kanilang mga tagasunod hinggil sa paggamit sa lahat ng anyo ng pakikibaka, sa katunayan, naninindigan sila para sa ligalismo at iwinawaksi ang layunin ng proletaryong rebolusyon sa katwirang nagbabago ang mga anyo ng pakikibaka. Muli, ito’y paghalili ng Kautskyismo sa Leninismo.

Madalas na ginagamit ng mga pinuno ng PKUS ang dakilang akda ni Lenin, “*Kaliwang-Panig*” Na *Komunismo — Isang Sakit Ng Kamusmusan*, upang ipagmatwid ang kanilang maling linya at ginawa itong “batayan” para sa kanilang mga atake sa Partido Komunistang Tsino.

Mangyari pa, ito’y walang katuturan. Gaya ng lahat ng iba pa niyang mga akda, ang aklat na ito ni Lenin ay makapaglilingkod lamang bilang sandata para sa mga Marxista-Leninista sa pakikibaka laban sa iba’t ibang tipo ng oportunistang at hindi kailanman makapagsisilbi bilang instrumento ng rebisyunistang pangangatwiran.

Nang pinuna ni Lenin ang “Kaliwang-panig” na sakit ng kamusmusan at hiniling sa partido ng proletaryado na magpakahusay sa paglalapat ng rebolusyong mga taktika at pahusayin pa ang paghahanda para sa mga rebolusyon, humiwalay na siya sa mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal at itinatag ang Ikatlong Internasyunal.

Sa katunayan, sa “*Kaliwang-Panig*” Na *Komunismo—Isang Sakit Ng Kamusmusan*, sinabi niya na ang pangunahing kaaway ng pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa sa panahong iyon ay ang tipo ng oportunistang ni Kautsky. Paulit-ulit niyang idiniin na kung hindi hihiwalay sa rebisyunismo, tiyak na hindi mapag-uusapan kung paano magpapakadalubhasa sa rebolusyong taktika.

Lahat ng mga kasamang pinuna ni Lenin dahil sa kanilang “Kaliwang-panig” na sakit ng kamusmusan ay naghagad ng rebolusyon, habang ang makabagong rebisyunistang Khrushchov ay tutol rito, kung gayon ay dapat siyang ibilang sa parehong kategorya ni Kautsky at walang anumang karapatang magsalita hinggil sa usapin ng paglaban sa “Kaliwang-panig” na sakit ng kamusmusan.

Walang-walang kawawaang bansagan ng pamunuan ng PKUS ng “Trotskyismo” ang Partido Komunista ng Tsina. Sa katunayan, si Khrushchov mismo ang sumunod na tagapagtaguyod ng Trotskyismo at nakakasama ng mga kasalukuyang Trotskyista.

Nakikita ang Trotskyismo sa iba’t ibang paraan sa iba’t ibang usapin at madalas na nakabalatkayo ng “ultra-Kaliwa”, ngunit ang esensya nito’y oposisyon sa rebolusyon, pagtatakwil sa rebolusyon.

Sa usapin ng pundamental na katotohanan ng kanilang oposisyon sa proletaryong rebolusyon at sa diktadura ng proletaryado, halos magkatulad ang Trotskyismo at ang rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal. Ito ang dahilan kung bakit paulit-ulit na sinabi ni Stalin na ang Trotskyismo ay isang tipo ng Menshevismo, ito ay Kautskyismo at sosyal-demokrasya, at ito ang abanteng destakamento ng kontra-rebolusyong burgesya.

⁴²³ V. I. Lenin, “Ang Kolaps ng Ikalawang Internasyunal”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, Vol. XVIII, p. 314.

Sa esensya nito, ang makabagong rebisyunismo ni Khrushchov ay sumasalungat rin at nagtatakwil sa rebolusyon. Samakatuwid, ang tanging lohikal na kongklusyon ay ang rebisyunismo ni Khrushchov ay di lamang kaputol ng tela ng Kautskyismo, kundi sumasanib din sa Trotskyismo para labanan ang rebolusyon. Dapat lamang na bansagan ni Khrushchov ang sarili ng Trotskyismo.

DALAWANG MAGKAIBANG LINYA, DALAWANG MAGKAIBANG RESULTA

Ang kasaysayan ang pinakamabisang testigo. Mayaman na ang karanasan magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig kapwa sa pandaigdigang kilusang komunista at sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan. Mayroong matatagumpay, at gayundin, di matatagumpay na karanasan. Dapat halawin ng mga Komunista at rebolusyonaryong mamamayan ng lahat ng bayan ang wastong mga kongklusyon mula sa istorikong karanasang ito.

Nagawa ng mga bayan sa Silangang Europa, Asya at Amerika Latina na magtagumpay sa pagrerebolusyong sosyalista magmula ng Digmaan sa pamamagitan ng pagtalima sa rebolusyonaryong Marxista-Leninistang linya at sa landas ng Rebolusyong Oktubre. Ngayon, dagdag sa karanasan ng Rebolusyong Oktubre, naririyang ang karanasan ng mga rebolusyon ng Tsina, ng mga bayang sosyalista sa Silangang Europa, Korea, Byetnam at Cuba. Pinayaman at pinaunlad ng matatagumpay na rebolusyon sa mga bayang ito ang Marxismo-Leninismo at ang karanasan ng Rebolusyong Oktubre.

Mula sa Tsina hanggang Cuba, naipagwagi ang lahat ng mga rebolusyong ito nang walang eksepsyon sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at pakikibaka laban sa armadong imperyalistang pananalakay at panghihimasok.

Nagtagumpay ang mamamayang Tsino sa kanilang rebolusyon matapos ang paglulunsad ng rebolusyonaryong mga digma sa loob ng dalawampu't dalawang taon, kabilang ang tatlong taon ng Digma sa Papapalaya ng Bayan, kung saan lubos nilang nagapi ang mga reaksyunaryong Chiang Kai-shek na suportado nang husto ng imperyalismong US.

Isinulong ng mamamayang Koreano ang labinlimang taon ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka laban sa imperyalismong Hapon simula pa noong dekada 1930, itinatag at pinalawak ang kanilang rebolusyonaryong armadong mga pwersa, at sa kalauna'y nakamit ang tagumpay sa tulong ng Hukbong Sobyet. Matapos ang pagtatatag ng Demokratikong Republikang Bayan ng Korea, kinailangan pa ng tatlong taong pakikidigma laban sa armadong pananalakay ng imperyalistang US bago nakonsolida ang tagumpay ng kanilang rebolusyon.

Inagaw ng mamamayang Byetnames ang kapangyarihang pang-estado sa pamamagitan ng armadong pag-aalsa noong Agosto 1945. Pagkatapos na pagkatapos nito, kailangan silang magsimula sa pakikibaka para sa digma ng pambansang pagpapalaya na tumagal ng walong taon laban sa imperyalismong Pranses at gapiin ang interbensyong militar ng imperyalistang US, at noon lamang sila nagwagi sa hilagang Byetnam. Patuloy pang naglulunsad ng magiting na pakikibaka laban sa armadong pananalakay ng imperyalistang US ang mamamayan ng katimugang Byetnam.

Sinimulan ng mamamayang Cubano ang kanilang armadong pag-aalsa noong 1953, at matapos nito, kinailangan ng higit sa dalawang taon ng rebolusyonaryong digma ng mamamayan bago nila naibagsak ang paghahari ng imperyalismong US at ng papet nitong Cubano, si Batista. Matapos ang kanilang matagumpay na rebolusyon, winasak ng mamamayang Cubano ang armadong mga pananalakay ng mga mersenaryo ng imperyalistang US at ipinagsanggalang ang mga tagumpay ng rebolusyon.

Lahat ng iba pang mga bayang sosyalista ay naitatag sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.

Ano ang pangunahing mga aral ng matatagumpay na proletaryong rebolusyon sa mga bayan mula sa Tsina hanggang Cuba matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig?

1. Ang marahas na rebolusyon ay isang unibersal na batas ng proletaryong rebolusyon. Para makamit ang transisyon tungong sosyalismo, dapat maglunsad ng armadong pakikibaka ang proletaryado, wasakin ang lumang makinarya ng estado at itatag ang diktadura ng proletaryado.
2. Ang mga magsasaka ang pinakamaasahang alyado ng proletaryado. Dapat mahigpit na sumalig ang proletaryado sa mga magsasaka, magtatag ng malapad na nagkakaisang prente na nakabatay sa alyansa ng manggagawa at magsasaka, at igiit ang proletaryong pamumuno sa rebolusyon.
3. Ang imperyalismong US ang pinakapusakal na kaaway ng rebolusyong bayan sa lahat ng bayan. Dapat matayog na itaas ng proletaryado ang pambansang bandila ng oposisyon laban sa imperyalismong US at maglakas-loob na makibaka nang may matatag na determinasyon laban sa mga imperyalistang US at kanilang mga alipures sa sarili nitong bayan.
4. Ang rebolusyon ng aping mga bansa ay isang di maisasantabing alyado ng proletaryong rebolusyon. Dapat magkaisa ang mga manggagawa ng lahat ng bayan, at dapat makiisa sila sa lahat ng aping mga bansa at sa lahat ng mga pwersang lumalaban sa imperyalismo at mga alipures nito upang magbuo ng isang malapad na pandaigdigang nagkakaisang prente.
5. Para magrebolusyon, esensyal na magkaroon ng rebolusyonaryong partido. Imposible ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon at ang tagumpay ng diktadura ng proletaryado kung walang rebolusyonaryong proletaryong partidong itinatag alinsunod sa rebolusyonaryong teorya at estilo ng Marxismo-Leninismo, isang partido na di maipagkakasundo sa rebisyonismo at oportunismo at may rebolusyonaryong aktitud tungo sa reaksyunaryong naghaharing mga uri at sa kanilang kapangyarihang pang-estado.

May pangunahing kahalagahan ang paggigiit sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka di lamang sa proletaryong rebolusyon kundi maging sa pambansa-demokratikong rebolusyon ng aping mga bansa. Ang tagumpay ng digma sa pambansang pagpapalayang Algerian ay isang mahusay na halimbawa kaugnay nito.

Ipinakita ng buong kasaysayan ng proletaryong mga partido mula ng Digmaan na iyong mga partidong tumalima sa linya ng rebolusyon, nagpatibay sa wastong estratehiya at taktika, at aktibong namuno sa masa sa rebolusyonaryong pakikibaka ay may kakayahang pamunuang pasulong ang rebolusyonaryong adhikain nang hakbang-hakbang tungo sa tagumpay at masiglang lumalakas. Kasalungat nito, lahat ing mga partido na nagtaguyod sa di rebolusyonaryong oportunistang linya at tumanggap sa linyang “mapayapang transisyon” ni Khrushchov ay malubhang nakapipinsala sa rebolusyonaryong adhikain at ginagawa ang sariling walang buhay at repormistang mga partido, o nagiging lubos na bulok at naglilingkod bilang mga kasangkapan ng burgesya laban sa proletaryado. Hindi mawawalan ng gayong mga halimbawa.

Dati ang mga kasama sa Partido Komunista ng Iraq ay punung-puno ng rebolusyonaryong alab. Ngunit naipwersa sa kanila ang pagtanggap sa rebisyunistang linya ni Khrushchov sa pamamagitan ng panlabas ng presyur, at nabitiwan nila ang kanilang pagmamatyag laban sa kontra-rebolusyon. Sa armadong kontra-rebolusyonaryong kudeta, magiting na isinakripisyo ng namumunong mga kasama ang kanilang buhay, walang awang minasaker ang libu-libong mga Komunista at rebolusyonaryong Iraqi, winatak-watak ang makapangyarihang Partido Komunistang Iraqi, at dumanas ng malubhang pagkatalo ang rebolusyonaryong adhikain ng Iraq. Isa itong kalunus-lunos na aral sa kasaysayan ng proletaryong rebolusyon, isang aral na isinulat sa dugo.

Sumaliw ang mga pinuno ng Partido Komunistang Algerian sa baton ni Khrushchov at ang pamunuan ng Partido Komunistang Pranses, at ganap na tinanggap ang rebisyunistang linya laban sa armadong pakikibaka. Subalit hindi nakinig ang mamamayang Algerian sa kalokohang ito. Magiting silang nakibaka para sa pambansang kasarinlan laban sa imperyalismo, naglunsad ng digma para sa pambansang pagpapalaya nang lampas sa pitong taon, at sa kalauna’y napilit ang Gubernong Pranses na kilanlin ang kasarinlan ng Algeria. Pero nawala sa Partido Komunistang Algerian, na sumunod sa rebisyunistang linya ng pamunuan ng PKUS, ang tiwala ng mamamayang Algerian at ang posisyon nito sa buhay pampulitika ng Algeria.

Sa panahon ng rebolusyong Cubano, tumanggi ang ilan sa mga pinuno ng Partido Sosyalista Popular na sundin ang rebolusyonaryong Marxista-Leninistang linya, ang wastong linya ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, at sa halip, sa pagsunod sa rebisyunistang linya ni Khrushchov, nagtaguyod sa “mapayapang transisyon” at lumaban sa marahas na rebolusyon. Sa mga sirkunstansyang ito, wastong nilaktawan ng mga Marxista-Leninista sa loob at labas ng Partidong Cubano, na kinakatawan ni Kasamang Fidel Castro, ang mga pinunong iyon na sumalungat sa marahas na rebolusyon, nakiisa sa at nagrebolusyon kasama ang rebolusyonaryong mamamayang Cubano, at sa wakas ay nagtamo ng tagumpay na may dakilang istorikong kabuluhan.

Ang ilan sa mga pinuno ng Partido Komunista ng Pransya na kinakatawan ni Thorez, ay matagal nang nagdadala ng rebisyunistang linya, nagpahayag sa “parlamentaryong landas” bilang tugon sa baton ni Khrushchov, at aktwal na nagpababa sa Partido Komunista sa antas ng isang partidong sosyal-demokratiko. Tumigil sila sa pagbibigay ng aktibong suporta sa rebolusyonaryong mga aspirasyon ng mamamayan at iniligpit na ang pambansang bandila ng oposisyon sa imperyalismong US. Ang resulta ng kanilang pagdadala ng rebisyunistang linyang ito ay lalong pagkahiwalay sa masa at lalong nabulok ang Partido Komunista, na dati’y may malakas na impluwensya sa hanay ng mamamayan.

Ang ilan sa mga pinuno ng Partido Komunistang Indian, na kinakatawan ni Dange, ay matagal nang nagdadala ng rebisyunistang linya, nagbaba sa bandila ng rebolusyon at nabigong pamunuan ang masa sa pambansa at demokratikong rebolusyonaryong mga pakikibaka. Palalim nang palalim na dumausdos ang pangkating Dange sa landas ng rebisyunismo at nabulok bilang pambansang mga sobinista, bilang mga kasangkapan ng reaksyunaryong mga patakaran ng malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesya ng India, at bilang mga taksil sa proletaryado.

Ipinakikita ng rekord na ang dalawang pundamental na magkaibang linya ay tumutungo sa dalawang pundamental na magkaibang mga resulta. Nararapat mahigpit na pag-aralan ang lahat ng mga aral na ito.

MULA KAY BROWDER AT TITO HANGGANG KAY KHRUSHCHOV

May malalim na istoriko at panlipunang mga ugat ang rebisyunismo ni Khrushchov at nagtataglay ng tatak ng kapanahunan nito. Gaya ng sinabi ni Lenin, “hindi aksidente, hindi kasalanan, hindi pagkadulas, hindi pagtataksil sa panig ng indibidwal na mga tao ang oportunisto, kundi produktong panlipunan ng isang buong istorikong kapanahunan”.⁴²⁴

Habang sumulong nang husto magmula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nilikha naman ng pandaigdigang kilusang komunista ang antitesis nito sa sarili nitong hanay—isang salungat na agos ng rebisyunismo na salungat sa sosyalismo, Marxismo-Leninismo at proletaryong rebolusyon. Ang salungat na agos na ito’y pangunahing kinatawan una ni Browder, tapos ni Tito, at ngayon ni Khrushchov. Ang rebisyunismo ni Khrushchov ay walang iba kundi ang pagpapatuloy at pagpapaunlad ng Browderismo at Titoismo.

Sinimulang ilantad ni Browder ang kanyang rebisyunismo humigit-kumulang noong 1935. Sinamba niya ang burges demokrasya, inabandona ang kinakailangang pagpuna sa gubyernong burges at itinuring ang diktadura ng burgesya bilang mabuting bagay para sa mga Komunista, kung saan ang kanyang islogan ay “Ang Komunismo ay Amerikanismo ng Ikaadalawampung Siglo”⁴²⁵.

Nang buuin ang internasyunal at lokal na anti-pasistang nagkakaisang mga prente sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naging obsesyon niya ang burges “demokrasya”, “kaunlaran” at “katwiran”, nanikluhod sa burgesya at nabulok bilang isang tahasang kapitulasyunista.

Iपालaganap ni Browder ang isang buong bungkos ng rebisyunistang mga pananaw na naggayak sa burgesya at sumalungat at nagtatwa sa rebolusyon.

Idineklara niya na ang Deklarasyong Teheran ng Unyong Sobyet, United States at Britanya ay nagbukas sa kapanahunan ng “matagalang tiwala at kolaborasyon” sa pagitan ng kapitalismo at sosyalismo at may kakayahang maggarantiya ng “matatag na kapayapaan para sa ilang henerasyon”⁴²⁶.

⁴²⁴ V. I. Lenin, “Ang Kolaps ng Ikalawang Internasyunal”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, Vol. XVIII, p. 310.

⁴²⁵ Sinipi sa Kasaysayan ng Partido Komunista ng United States ni William Foster, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1952, p. 337.

⁴²⁶ Earl Browder, Teheran, Ang Ating Landas sa Digma at Kapayapaan, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1944, pp. 23 at 27.

Iपालगानap niya ang palagay na ang mga kasunduang internasyunal ng Unyong Sobyet, United States at Britanya ay kumakatawan “sa pinakamahahalagang interes ng bawat bansa at bawat tao sa daigdig nang walang eksepsyon”⁴²⁷ at ang perspektiba ng panloob na kaguluhan “ay di kaayon ng perspektiba ng pandaigdigang kaayusan”. Samakatuwid, kailangang labanan “ang pagsambulat ng salungatan sa uri” sa loob ng bayan at “bawasan, at lagyan ng tiyak na mga hangganan ang” panloob na tunggalian ng mga uri⁴²⁸.

Iपालगानap niya ang pananaw na ang isang bagong digmaan ay magiging “isang tunay na mapanalantang pagwasak sa malaking bahagi ng daigdig” at “maitatapon ... ang kalakhan ng mundo paorong sa barbarismo nang 50 hanggang 100 taon”, at kinakailangan ang pagdidiin sa kasunduan na “lumalampas sa lahat ng paghahati sa uri”⁴²⁹ para pawiin ang sakuna ng digma.

Itinaguyod niya ang “ganap na” pagsalig “sa demokratikong panghihikayat at paninindigan”⁴³⁰ para makamit ang sosyalismo, at idineklara na matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig “nakamit” ng ilang mga bayan “ang mga kondisyon kung saan naging posible ang mapayapang transisyon tungong sosyalismo”⁴³¹.

Itinanggi niya ang nagsasariling papel ng proletaryong mga partido, at sinasabi na “ang mapayapang pampulitikang mga layunin na pinanghahawakan nila [ang mga Komunista] sa mahabang panahon ay aayon sa lahat ng esensyal na punto sa mga layunin ng higit na malaking lupon ng mga di Komunista”⁴³².

Sa patnubay ng mga ideyang ito, nilusaw niya ang Partido Komunista ng USA.

Sa isang panahon, dinala ng rebisyon ni Browder ang rebolusyonaryong adhikain ng proletaryadong Amerikano sa bingit ng bangin, at hinawahan nito ang proletaryong mga partido ng ibang mga bayan ng lason ng likidasyonismo.

Sinalungat ng maraming Komunistang Amerikano sa pamumuno ni Kasamang William Z. Foster ang rebisyunistang linya ni Browder at iwinaksi at itinakwil ng maraming kapatid na Partido. Gayunman, hindi puspasang napuna at nalikida ang rebisyunistang tunguhin na kinatawan ng Browderismo ng pandaigdigang kilusang komunista sa kabuuan. Sa bagong mga sirkunstansya matapos ang Digmaan, muling umunlad ang rebisyunistang tunguhin sa Komunistang hanay sa ilang bayan.

⁴²⁷ *Ibid.*, p. 31.

⁴²⁸ Earl Browder, *Ang Teheran at Amerika*, edisyong Ingles, Workers Library Publishers, New York, 1944, pp. 17 at 28.

⁴²⁹ Earl Browder, *Mga Komunista at Pambansang Pagkakaisa*, edisyong Ingles, Workers Library Publishers, New York, 1944, pp. 9-10.

⁴³⁰ Earl Browder, *Ang Landas tungo sa Tagumpay*, edisyong Ingles, Workers Library Publishers, New York, 1941, p. 22.

⁴³¹ Earl Browder, *Ang Pandaigdigang Komunismo at ang Patakarang Panlabas ng US*, edisyong Ingles, inilathala ng May-akda, Lunsod ng New York, 1948, p. 19.

⁴³² Earl Browder, *Teheran, Ang Ating Landas sa Digma at Kapayapaan*, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1944, p. 117.

Sa mga bayang kapitalista, unang nahayag ang paglago ng rebisyunistang tunguhin sa pangyayaring inabandona ng mga pinuno ng ilang Partido Komunista ang rebolusyong Marxista-Leninistang linya at niyakap ang linya ng “mapayapang transisyon”. Malinaw na kinatawan ang linyang ito ng teorya sa repormang pang-istruktura ni Togliatti, na nagtataguyod sa pagkamit ng proletaryado sa pamumuno sa estado sa pamamagitan ng ligal na mga daluyan ng burges na demokrasya at ang sosyalistang transpormasyon ng pambansang ekonomya sa pamamagitan ng nasyunalisasyon at pagpaplanong nagsisilbi sa monopolyong kapital. Ayon sa linyang ito, posibleng magtatag ng bagong sosyalistang relasyon sa produksyon at magawa ang transisyon tungong sosyalismo nang hindi winawasak ang makinarya ng burges na estado. Sa praktika, nangangahulugan ito nang pambubulok sa komunismo bilang sosyal demokrasya.

Sa mga bayang sosyalista, unang lumitaw ang rebisyunistang tunguhin sa Yugoslavia. Isang mahalagang katangian ng rebisyunismong Tito ang kapitulasyon sa imperyalismong US. Katawan at kaluluwang ibinenta ng pangkating Tito ang sarili sa imperyalismong US; hindi lamang pinanumbalik nila ang kapitalismo sa Yugoslavia, kundi sila’y naging imperyalistang kasangkapan pa para sa pagpapahina sa sosyalistang kampo at sa pandaigdigang kilusang komunista at gumaganap ng papel bilang ispesyal na destakamento ng imperyalismong US para sa pananabotahe sa pandaigdigang rebolusyon.

Sa kanilang pagtatangkang paglingkuran ang imperyalismong US at labanan at pawiin ang proletaryong rebolusyon, hayagang iginiiit ng pangkating Tito na “lalo pang naging kalabisan” ang marahas na rebolusyon “bilang paraan ng paglutas sa kontradiksyong panlipunan”⁴³³ at ang “ebolusyong proseso ng pag-unlad tungong sosyalismo” sa pamamagitan ng parlamentong burges “ay di lamang posible kundi naging isang tunay na katotohan na”⁴³⁴. Sa katunayan, itinutumbas nila ang kapitalismo sa sosyalismo, at iginigiit na ang makabagong daigdig “sa kabuuan ay malalim na ‘sumuong’ sa sosyalismo, ay naging sosyalista”.⁴³⁵ Sinasabi rin nila na “ngayon ang usapin — sosyalismo o kapitalismo — ay nilutas na sa pandaigdigang saklaw”⁴³⁶.

Ang rebisyunismong maka-Browder, ang teorya ng repormang pang-istruktura at ang rebisyunismong maka-Tito — ang mga ito ang naging pangunahing mga manipestasyon ng rebisyunistang tunguhin mula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa pagitan ng Ika-20 at Ika-22 Kongreso ng PKUS, ang rebisyunistang linyang “mapayapang transisyon”, “mapayapang pakikipamuhay” at “mapayapang kompetisyon” ni Khrushchov ay naging isang kumpletong sistema. Ibinebenta niya ang bagay na ito sa lahat ng dako bilang kanyang “bagong likha”. Pero hindi ito bago kundi binihisan lamang ng bago at artipisyal na nagagayakan na kombinasyon ng rebisyunismong maka-Browder, teorya ng repormang pang-istruktura at rebisyunismong maka-Tito. Sa ugnayang internasyunal, isinasagawa ng rebisyunismong Khrushchov ang kapitulasyon sa imperyalismong US; sa mga bayang imperyalista at kapitalista, isinasagawa nito ang kapitulasyon sa reaksyunaryong naghaharing mga uri; sa mga bayang sosyalista hinihikayat nito ang pagpapaunlad sa mga pwersang kapitalista.

⁴³³ Ilya Kosanovic, *Istorikong Materyalismo*, edisyong Ruso, Moscow, 1958, p. 352.

⁴³⁴ Edvard Kardelj, “Sosyalistang Demokrasya sa Praktikang Yugoslav”, isang lekturang ibinigay sa harap ng mga aktibista ng Partido sa Paggawa ng Norway, Oslo, noong ika-8 ng Oktubre, 1954.

⁴³⁵ Mialko Todorovic, “Hinggil sa Deklarasyon Kaugnay ng Relasyon sa Pagitan ng LKY at PKUS”, *Kommunist*, Belgrade, Nos. 7-8, 1956.

⁴³⁶ Mirko Perovic, *Politicka Ekonomija*, ikalawang edisyon, Belgrade, 1958, p. 466.

Kung umiinog sa iisang linya at kabilang sa iisang pamilya sa kapanahunan ng Unang Digmaang Pandaigdig sina Bernstein, Kautsky at iba pang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal, totoo rin ito para kay Browder, Tito at Khrushchov matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Nilinaw ni Browder ang puntong ito. Isinulat niya noong 1960, “itinataguyod ngayon ni Khrushchov ang ‘kontra-paniniwala’ kung saan itiniwalag ako sa Partido Komunista noong 1945.” At idinugtong pa niya na ang bagong patakaran ni Khrushchov “ay letra por letrang halos ang linyang itinataguyod ko labinlimang taon na ang nakalilipas. Sa gayon, ang aking krimen — sa pinakamalenos ay kahit sa sandaling itolamang — ay naging ang bagong apribadong doktrina”.⁴³⁷

Inamin mismo ni Khrushchov na siya at ang pangkating Tito “ay kaanib sa iisang ideya at pinapatnubayan ng iisang teorya”⁴³⁸.

Sa kalikasan ng usapin, higit na mapaminsala ang rebisyunismo ni Khrushchov kaysa sa rebisyunismo nina Bernstein, Kautsky, Browder at Tito. Bakit? Dahil ang USSR ay ang unang sosyalistang estado, isang malaking bayan sa sosyalistang kampo, at ang lupang tinubuan ng Leninismo. Ang PKUS ay isang malaking partido na itinatag ni Lenin at tinatamasa nito ang prestihiyong hinubog ng kasaysayan sa pandaigdigang kilusang komunista. Sinasamantala ni Khrushchov ang kanyang pusisyon bilang pinuno ng PKUS at ng Unyong Sobyet para igit ang kanyang rebisyunistang linya.

Inilalarawan niya ang kanyang rebisyunistang linya bilang “Leninistang” linya at ginagamit ang prestihiyo ng dakilang si Lenin at ng dakilang Partidong Bolshevik para lituhin at linlangin ang mga tao.

Sa pagsasamantala sa minanang prestihiyo ng PKUS at sa pusisyon ng isang malaking partido at malaking bayan, iwinawasiwas niya ang kanyang baton at ginagamit ang lahat ng tipo ng mga hakbanging pampulitika, pang-ekonomya at diplomatiko para pwersahin ang iba na tanggapin ang kanyang rebisyunistang linya.

Alinsunod sa imperyalistang patakaran ng pagbili sa kanyang panaig sa aristokrasya sa paggawa, binibili niya ang ilan sa naging burges na mga Komunista sa pandaigdigang kilusang komunista na magtaksil sa Marxismo-Leninismo at ginaganyak silang ipagbunyi at paglingkuran ang anti-rebolusyonaryong linya ng mga pinuno ng PKUS.

Ito ang dahilan kung bakit lahat ng iba pang mga rebisyunista, nakaraan man o kasalukuyan, ay labis na nahigitan ni Khrushchov.

Gaya ng ipinapakita ng Deklarasyon ng 1957, ang panlipunang bukal ng modernong rebisyunismo ay ang pagsuko sa panlabas na imperyalistang presyur at ang pagtanggap sa lokal na burges na impluwensya.

⁴³⁷ Earl Browder, “Kung Paano Winasak ni Stalin ang Partido Komunistang Amerikano”, Harper’s Magazine, Marso, 1960.

⁴³⁸ N. S. Khrushchov, Panayam sa Dayuhang mga Dyurnalista sa Brioni sa Yugoslavia, ika-28 ng Agosto, 1963.

Gaya ng makalumang mga rebisyunista, ang modernong mga rebisyunista ay tumutugon sa paglalarawan ni Lenin: "... sa obhetibo, isa silang destakamentong pampulitika ng burgesya... sila ang mga tagapaghatid ng impluwensya nito, ang mga ahente nito sa kilusang paggawa"⁴³⁹.

Ang batayang pang-ekonomya ng paglitaw ng modernong rebisyunismo, gaya ng makalumang rebisyunismo, sa mga salita ni Lenin, ay "isang di gaanong mahalagang seksyon ng 'tuktok' ng kilusang paggawa"⁴⁴⁰.

Ang modernong rebisyunismo ay ang produkto ng mga patakaran ng imperyalismo at internasyunal na monopolyong kapital na kapwa pinamumunuan ng United States. Hintakot sa patakarang blakmeyl nukleyar at binulok ng patakarang pagbili sa kanilang panig, naglilingkod ang modernong mga rebisyunista bilang mga piyon ng imperyalismong US at papet na mga tagasunod nito sa paglaban sa rebolusyon.

Lubhang nasindak rin ang rebisyunistang Khrushchov ng isterikal na sigaw sa digma ng mga imperyalistang US, at akala niya'y "sa arko ni Noah na ito", ang mundo, ay maaaring magunaw sa anumang sandali at ganap na nawalan na siya ng tiwala sa kinabukasan ng sangkatauhan. Nagsisimula sa pambansang pagpapahalaga sa sarili, nangangamba siya na maaaring lumikha ng kaguluhan para sa kanya ang mga rebolusyon ng aping mga uri at bansa at maisangkot siya. Samakatwid, tinatangka niyang salungatin ang bawat rebolusyon sa lahat ng paraan at tulad ng sa kaso ng Congo, hindi nag-aalangang sumama sa imperyalismong US na umaksyon para wakasan ang isang rebolusyong bayan. Akala niya'y sa gayon maiiwasan ang mga peligro at kasabay nito makapagpapakana kasama ng imperyalismong US para hatiin ang daigdig sa mga larangan ng impluwensya, at sa gayo'y makakatay ng dalawang ibon sa pamamagitan ng isang bato. Pinatutunayan lamang ng lahat ng ito na si Khrushchov ang pinakamalaking kapitulyunista sa kasaysayan. Ang pagpapatupad sa mapaminsalang patakaran ni Khrushchov ay di maiiwasang magrereresulta sa di matantong pinsala sa dakilang Unyong Sobyet mismo.

Bakit lumitaw ang rebisyunismo ni Khrushchov sa Unyong Sobyet, isang sosyalistang estado na may ilang dekadang kasaysayan? Sa katunayan, hindi ito kataka-taka. Dahil sa bawat bayang sosyalista, ang usapin kung sino ang mananalo kanino — ang sosyalismo o kapitalismo — ay unti-unti lamang mapagpapasyahan sa napakahabang istorikong panahon. Hangga't may mga pwersang kapitalista at may mga uri sa lipunan, may batayan para sa pagsibol ng rebisyunismo.

Iginigiit ni Khrushchov na sa Unyong Sobyet, napawi na ang mga uri, naalis na ang panganib ng kapitalistang pagpapanumbalik at ang pagbubuo ng komunismo ay umiiral na. Kasinungalingan lahat ng mga iginigiit na ito.

⁴³⁹ V. I. Lenin, "Ang Kolaps ng Ikalawang Internasyunal", International Publishers, New York, 1930, Vol. XVIII, p. 310.

⁴⁴⁰ V. I. Lenin, "Oportunismo at ang Kolaps ng Ikalawang Internasyunal", Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1930, Vol. SVIII, p. 389.

Sa katunayan, bunga ng rebisyunistang paghahari ni Khrushchov, ng hayag na deklarasyon na nabago na ang kalikasan ng estadong Sobyet at hindi na isang diktadura ng proletaryado, at ng pagpapatupad ng isang buong serye ng maling mga patakarang panloob at panlabas, ang mga pwersang kapitalista sa patakarang Sobyet ay naging delubyo na bumabaha sa lahat ng larangan ng buhay sa USSR, kabilang ang mga larangan ng pulitika, ekonomya, kultura, at ideolohiya. Ang panlipunang bukal ng rebisyunismo ni Khrushchov ay nasa mga pwersang kapitalista mismo na walang tigil na lumalaganap sa Unyong Sobyet.

Kinakatawan at naglilingkod sa mga pwersang kapitalistang ito ang rebisyunismo ni Khrushchov. Samakatuwid, hindi nito kailanman maidudulot ang komunismo sa mamamayang Sobyet; taliwas rito, malubha nitong isinasapanganib ang mga tagumpay ng sosyalismo at binubuksan ang harang sa baha para sa pagpapanumbalik ng kapitalismo. Ito ang pinakalandas ng “mapayapang ebolusyong” ninanasa ng imperyalismong US.

Ipinapakita sa atin ng buong kasaysayan ng diktadura ng proletaryado na imposible ang mapayapang transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo. Gayunman, naririyang na ang naunang pangyayaring Yugoslav para sa “mapayapang ebolusyon” ng sosyalismo pabalik sa kapitalismo. Ngayon, dinadala ng rebisyunismong Khrushchov ang Unyong Sobyet sa landas na ito.

Ito ang pinakamabigat na aral sa kasaysayan ng diktadura ng proletaryado. Anuman ang mangyari, di dapat malimutan ng lahat ng Marxista-Leninista, lahat ng rebolusyonaryo at ng mga darating pang henerasyon ang dakilang aral na ito.

ANG AMING MGA INAASAHAN

Walong taon pa lamang ang nakalipas mula ng Ika-20 Kongreso ng PKUS. Sa napakaikling panahong ito ng kasaysayan, nakapagdulot na ng napakalaki at napakalubhang pinsala ang rebisyunismo ni Khrushchov sa Unyong Sobyet at sa rebolusyonaryong adhikain ng pandaigdigang proletaryado.

Ngayon ang panahon — napapanahon na — para itakwil at likidahin ang rebisyunismo ni Khrushchov!

Dito, magbibigay kami ng isang payo sa mga namumunong kasama sa PKUS: Dahil marami nang mga oportunistang at rebisyunistang naitapon sa basurahan ng kasaysayan, bakit pa kayo magmamatigas na sumunod sa kanilang halimbawa?

Dito, ihinahayag rin namin ang pag-asa na pag-iisipan ng mga namumunong kasama ng ibang kapatid na mga Partido na nakagawa ng rebisyunistang mga pagkakamali: Ano ang kanilang nakuha sa pagsunod sa rebisyunistang linya ng mga pinuno ng PKUS? Nauunawaan namin na, liban sa mga lumubog nang malalim sa rebisyunistang kumunoy, marami-raming kasama ang nalito at nalinlang, o napilitang tumahak sa maling landas. Naniniwala kami na pipiliin ng lahat ng proletaryong mga rebolusyonaryo sa kalaunan ang rebolusyonaryong linya at iwawaksi ang anti-rebolusyonaryong linya, pipiliin sa kalaunan ang Marxismo-Leninismo at iwawaksi ang rebisyunismo. Napakalaki ng aming pag-asa sa bagay na ito.

Hindi kailanman maihihinto ng rebisyunismo ang gulong ng kasaysayan, ang gulong ng rebolusyon. Hindi kailanman mapipigil ng rebisyunistang mga pinuno na hindi nagrerebolusyon ang mga tunay na Marxista at ang rebolusyonaryong mamamayan sa pagbangon sa rebolusyon. Isinulat ni Lenin sa *Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky* na nang maging taksil si Kautsky, naipahayag lamang ng Marxistang Aleman na si Liebknecht ang kanyang panawagan sa uring manggagawa sa ganitong paraan — “itabi ang gayong ‘mga pinuno’, palayain ang sarili mula sa kanilang nakalulumpo at nakasasamang propaganda, bumangon sa pag-aalsa *sa kabila* nila, *nang wala* sila, at magmartsa sa ibabaw ng kanilang mga ulo *tungong rebolusyon!*”⁴⁴¹

Nang mangibabaw ang tipo ng rebisyunismo ng Ikalawang Internasyunal sa maraming Partido sa Europa, nagbigay ng malaking pagpapahalaga si Lenin sa mga pananaw ng Komunistang Pranses na si Paul Golay. Ani Golay:

Maingay na ipinamarali ng ating mga kalaban ang pagkabangkarote ng Sosyalismo. Labis itong pagmamadali. Gayunman, sino ang mangangahas na maggiit na sila’y maling-mali? Ang pumapanaw sa kasalukuyan ay hindi ang mismong Sosyalismo, kundi isang tipo ng sosyalismo, isang matamis na sosyalismo na walang diwa ng simulain at walang alab, na may kaparaanan ng matatabang upisyal at ng maykayang ama ng tahanan, isang sosyalismo na abala lamang sa mga reporma at nagbenta sa likas nitong karapatan kapalit ng isang mangkok ng lugaw, isang sosyalismo na sa mga mata ng burgesya ay isang pansakal sa pagkabalising popular at isang awtomatikong preno sa proletaryong kapangahasan.⁴⁴²

Napakahusay na paglalarawan! Tinagurian ito ni Lenin bilang tapat na tinig ng isang Komunistang Pranses. Itinatanong ngayon ng mga tao: Hindi ba’t ang modernong rebisyunismo mismo ang “tipo ng sosyalismo” na pumapanaw? Hindi magluluwat, mauulinigan nila ang maalingawngaw na tunog ng tapat na tinig ng di mabilang na mga Komunista sa loob ng mga Partidong dominado ng rebisyunismo.

“Sanlibong layag ang magdaraan sa lumubog na barko; sampung libong bagong tubong mga puno ang sisibol sa ibayo ng tuyot na puno.” Pumapanaw na ang huwad na sosyalismo, habang ang siyentipikong sosyalismo ay punung-puno ng sariwang lakas at sumusulong sa lalo pang malalaking hakbang kaysa nakaraan. Mapapangibabawan ng rebolusyonaryong sosyalismo sa kasiglahan nito ang lahat ng kahirapan at hadlang, at susulong nang hakbang-hakbang tungong tagumpay hanggang makuha nito sa kanyang panig ang buong daigdig.

Tapusin natin ang artikulong ito sa pamamagitan ng pangwakas na pananalita ng *Manipestong Komunista*: “Kinasusuklaman ng mga Komunista ang itago ang kanilang mga pananaw at layunin. Hayagan nilang idinedeklara na makakamit ang kanilang mga pakay sa pamamagitan lamang ng sapilitang pagbabagsak sa lahat ng umiiral na kalagayang panlipunan. Hayaang manginig ang mga naghaharing mga uri sa isang Komunistang rebolusyon. Walang mawawala sa mga proletaryo kundi ang kanilang mga tanikala. May daigdig silang mapapagwawagian.”

“Mga Manggagawa ng Labat ng Bayan, Magkaisa!”

⁴⁴¹ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 105.

⁴⁴² Ang Pumapanaw na Sosyalismo at ang Sosyalismo na Dapat Muling Sumilang, Lausanne, 1915.

HINGGIL SA HUWAD NA KOMUNISMO NI KHRUSHCHOV AT ANG ISTORIKONG MGA ARAL NITO PARA SA DAIGDIG

IKASIYAM NA KOMENTARYO SA BUKAS NA LIHAM
NG KOMITE SENTRAL NG PKUS

Akda ng mga Kagawarang Editorial ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)
(Hulyo 14, 1964)

Ang mga teorya sa proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado ang pinakapuro at konsentradong esensya ng Marxismo-Leninismo. Ang mga usapin kung dapat itaguyod o labanan ang rebolusyon, at kung dapat itaguyod o labanan ang diktadura ng proletaryado, ay laging pokus ng tunggalian sa pagitan ng mga Marxista-Leninista sa lahat ng panig ng daigdig at ng rebisyunistang pangkating Khrushchov.

Sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, pinaunlad ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang kanilang rebisyunismo bilang isang kumpletong sistema hindi lamang sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng kanilang anti-rebolusyonaryong mga teoryang “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kompetisyon” at “mapayapang transisyon” kundi sa pamamagitan rin ng pagdedeklara na hindi na kinakailangan ang diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet at paghaharap ng katatawa-tawang mga teoryang “estado ng buong sambayanan” at “partido ng lahat ng mamamayan”.

Ang programang iniharap ng rebisyunistang pangkating Khrushchov sa Ika-22 Kongreso ng PKUS ay isang programa ng huwad na komunismo, isang rebisyunistang programa laban sa proletaryong rebolusyon, at para sa pagpawi ng diktadura ng proletaryado at proletaryong partido.

Pinapawi ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang diktadura ng proletaryado sa likod ng kamoplahe ng “estado ng buong sambayanan”, binabago ang proletaryong katangian ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa likod ng kamoplahe ng “partido ng lahat ng mamamayan”, at hinahawan ang landas para sa pagpapanumbalik ng kapitalismo sa likod ng kamoplahe ng “todo-largang komunistang konstruksyon”.

Sa kanyang Panukala Tungkol sa Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista na may petsang ika-14 ng Hunyo, 1963, ipinakita ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina na walang katinuan sa teorya at labis na mapaminsala sa praktika na ihalili ang “estado ng buong sambayanan” sa estado ng diktadura ng proletaryado at ang “partido ng lahat ng mamamayan” sa talibang partido ng proletaryado. Ang paghaliling ito ay isang malaking istorikong pag-urong na gumagawang imposible ang anumang transisyon tungong komunismo at nakapagsisilbi lamang sa pagpapanumbalik sa kapitalismo.

Gumagamit ng tusong palsong pangangatwiran ang Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS at mga pahayagan ng Unyong Sobyet bilang pagmamatawid sa sarili, at nagpapatang na ang aming puna na ang “estado ng buong sambayanan” at ang “partido ng lahat ng mamamayan” ay mga alegasyong “hiwalay na hiwalay sa Marxismo”, “nagpapahiwatig ng ganap na pagkakahiwalay sa buhay Sobyet” at isang paghingi na sila “ay pabalikin sa lumipas”.

Anu’t anuman, pakasuriin natin kung sino nga ang hiwalay na hiwalay sa Marxismo-Leninismo, sa kung ano nga ang kalagayan ng buhay Sobyet at kung sino nga na nagnanasang paurungin sa lumipas ang Unyong Sobyet.

ANG SOSYALISTANG LIPUNAN AT ANG DIKTADURA NG PROLETARYADO

Ano ang wastong pag-unawa sa sosyalistang lipunan? Umiiral ba ang mga uri at tunggalian ng mga uri sa buong yugto ng sosyalismo? Dapat bang panatilihin ang diktadura ng proletaryado at dapat bang isulong ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa wakas? O kaya’y dapat na pawiin ang diktadura ng proletaryado para hawanin ang landas para sa kapitalistang pagpapanumbalik? Dapat wastong sagutin ang mga usaping ito alinsunod sa batayang teorya ng Marxismo-Leninismo at istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado.

Ang paghalili ng sosyalistang lipunan sa kapitalistang lipunan ay isang malaking pagsulong sa istorikong pag-unlad ng lipunan ng sangkatauhan. Sinasaklaw ng sosyalistang lipunan ang mahalagang istorikong yugto ng transisyon mula sa lipunang may uri tungo sa lipunang walang uri. Sa pamamagitan lamang ng pagdaan sa sosyalistang lipunan makapapasok ang sangkatauhan sa komunistang lipunan.

Di hamak na malayong superyor ang sosyalistang sistema sa kapitalistang sistema. Sa sosyalistang lipunan, hinahalinhan ng diktadura ng proletaryado ang diktadurang burges at hinahalinhan ng pampublikong pag-aari ang pribadong pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon. Mula sa pagiging isang inaapi at pinagsasamantalang uri, ang proletaryado ay nagiging naghaharing uri, at nagkakaroon ng pundamental na pagbabago sa posisyong panlipunan ng anakpawis. Ipinapataw ang diktadura sa iilang mapagsamantala lamang, isinasabuhay ng estado ng diktadura ng proletaryado ang pinakamalapad na demokrasya sa hanay ng masa ng anakpawis, isang demokrasya na imposible sa kapitalistang lipunan. Nagbubukas ang pagsasabansa ng industriya at kolektibisasyon ng agrikultura ng malawak na larangan para sa masiglang pag-unlad ng produktibong mga pwersang panlipunan, at nagtitiyak ng tantos ng paglago na walang katulad ang laki kaysa alinmang naunang lipunan.

Gayunman, di maaaring di mabatid na ang lipunang sosyalista ay isang lipunang iniluwal ng kapitalistang lipunan at unang yugto lamang ng lipunang komunista. Hindi pa ito isang ganap na ganap na lipunang komunista sa larangan ng ekonomya at iba pa. Di maiiwasang taglay nito ang mga balat (birthmarks) ng kapitalistang lipunan. Sa paglalarawan sa lipunang sosyalista, sinabi ni Marx:

Ang pinag-uusapan natin dito ay isang lipunang komunista, na *umunlad* hindi sa sarili nitong mga pundasyon, kundi, taliwas rito, isang lipunang *sumisibol* mula sa kapitalistang lipunan, at kung gayon, sa lahat ng aspeto nito, sa ekonomya, sa moralidad at sa karunungan, ay may tatak pa ng mga balat (birthmarks) ng lumang lipunan siyang sinapupunang pinagluwalan nito.⁴⁴³

Ipinakita rin ni Lenin na sa lipunang sosyalista, na siyang unang yugto ng komunismo, “*hindi pa maaaring* maging ganap na hinog sa ekonomya, at lubos na ligtas sa mga tradisyon o bakas ng kapitalismo ang komunismo”⁴⁴⁴.

Sa sosyalistang lipunan, nananatili pa ang mga kaibhan sa pagitan ng mga manggagawa at magsasaka, sa pagitan ng lunsod at nayon, at sa pagitan ng mga trabahador na manwal at mental, hindi pa ganap na napapawi ang mga karapatang burges, *hindi posible* “na kagyat na pawiin ang isa pang in hustiya na binubuo ng distribusyon sa mga artikulong pangkonsumo ‘ayon sa laki ng ginawang trabaho’ (at hindi ayon sa mga pangangailangan)⁴⁴⁵”, at kung gayo’y patuloy na iiral ang mga kaibahan sa yaman. Maaari lamang maging unti-unti at matagalan ang paglaho ng mga pagkakaiba, penomena at mga karapatang burges na ito. Tulad ng sinabi ni Marx, matapos lamang mawala ang mga pagkakaibang ito at ganap na maglaho ang mga karapatang burges magiging posible na makamit ang ganap na komunismo sa prinsipyo nitong, “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan”.

Pawang itinuturo sa atin ng Marxismo-Leninismo at ng praktika ng Unyong Sobyet, Tsina at iba pang mga bayang sosyalista na sumasaklaw ang sosyalistang lipunan ng pagkahaba-habang istorikong yugto. Sa buong yugtong ito, patuloy na umiiral ang tunggalian ng mga uri sa pagitan ng burgesya at ng proletaryado at nananatili ang usapin kung “alin ang mananaig” sa pagitan ng kapitalismo at sosyalismo, gayundin ang panganib ng pagpapanumbalik ng kapitalismo.

Sa kanyang Panukala Tungkol sa Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista na may petsang Hunyo 14, 1963, ipinapahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina na:

Sa napakahabang istorikong panahon matapos maagaw ng proletaryado ang kapangyarihan, nagpapatuloy ang tunggalian ng mga uri bilang isang obhetibong batas na di nakabatay sa kapasyahan ng tao, at naiiba lamang sa anyo nito bago maagaw ang kapangyarihan.

Matapos ang Rebolusyong Oktubre, ilang ulit na ipinakita ni Lenin na:

⁴⁴³ Karl Marx, “Kritika sa Programang Gotha”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. II, p. 21.

⁴⁴⁴ V. I. Lenin, “Ang Estado at Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 302.

⁴⁴⁵ *Ibid.*, p. 296.

- a. Laging tatangkain ng ibinagsak na mga mapagsamantala sa isanlibo't isang paraan na mabawi ang "paraisong" ipinagkait sa kanila.
- b. Walang tigil at ispontanyong nalilikha ang bagong mga elemento ng kapitalismo sa kapaligirang petiburges.
- k. Maaaring lumitaw ang masasamang tao sa pulitika at bagong mga elementong burges mula sa hanay ng uring manggagawa at sa hanay ng mga punsyunaryo ng gubyerno bilang resulta ng impluwensyang burges at ng mapanuot at nakabubulok na kapaligiran ng petiburgesya.
- d. Ang panlabas na kondisyon para sa pananatili ng tunggalian ng mga uri sa loob ng isang sosyalistang bayan ay ang pagkubkob ng pandaigdigang kapitalismo, ang banta sa armadong panghihimasok ng mga imperyalista at ang kanilang subersibong mga aktibidad para makamit ang mapayapang disintegrasyon.

Pinatunayan ng buhay ang mga kongklusyong ito ni Lenin.

Sa sosyalistang lipunan, nananatiling malakas sa napakatagal na panahon ang ibinagsak na burgesya at iba pang reaksyunaryong mga uri, at talagang napakamakapangyarihan sa ilang bagay. May isanlibo't isang ugnay sila sa pandaigdigang burgesya. Hindi nila matanggap ang kanilang pagkatalo at matigas ang ulong ipinagpapatuloy ang pakikihamok sa lakas sa proletaryado. Lantaran at patagong nakikibaka sila laban sa proletaryado sa lahat ng larangan. Habang laging nagpaparada ng mga karatula tulad ng suporta sa sosyalismo, sa sistemang Sobyet, sa Partido Komunista at sa Marxismo-Leninismo, kumikilos sila para pahinain ang sosyalismo at papanumbalikin ang kapitalismo. Sa pulitika, nananatili sila sa mahabang panahon bilang isang pwersang antagonistiko sa proletaryado at laging nagtatangkang ibagsak ang diktadura ng proletaryado. Pumupuslit sila sa mga organo ng gubyerno, sa mga organisasyong pampubliko, sa mga kagawarang pang-ekonomya, at sa mga institusyong pangkultura at pang-edukasyon para makalaban o kamkamin ang pamumuno ng proletaryado. Sa ekonomya, ginagamit nila ang lahat ng paraan para pinsalain ang sosyalistang pag-aari ng buong sambayanan at ang kolektibong pag-aaring sosyalista, at paunlarin ang mga pwersa ng kapitalismo. Sa mga larangan ng ideolohiya, kultura at edukasyon, ikinokontrapwesto nila ang burges na pananaw sa daigdig sa proletaryong pananaw sa daigdig at tinatangkang bulukin ang proletaryado at ibang anakpawis sa pamamagitan ng ideolohiyang burges.

Itinatransporma bilang kolektibong mga magsasaka ang mga indibidwal na mga magsasaka ng kolektibisasyon ng agrikultura at lumilikha ng paborableng mga kondisyon para sa puspusang pagpapanibagong-hubog ng mga magsasaka. Gayunman, hanggang di umaabante ang kolektibong pag-aari tungong pag-aari ng buong sambayanan, at hanggang di ganap na maglaho ang mga labi ng pribadong ekonomya, di maiiwasang mananatili sa mga magsasaka ang ilan sa likas na mga katangian ng maliitang mga prodyuser. Sa mga sirkunstansyang ito, di maiiwasan ang ispontanyong kapitalistang mga tendensya, at iiral pa ang batayan para sa pagsibol ng bagong mayayamang magsasaka, at maaari pa ring mangyari ang polarisasyon sa hanay ng mga magsasaka.

Ang mga aktibidad ng burgesyang nailarawan sa itaas, ang nakabubulok na mga epekto nito sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, ideolohiya at kultura't edukasyon, ang pag-iral ng ispontanyong kapitalistang mga tendensya sa hanay ng maliitang mga prodyuser sa lunsod at nayon, at ang impluwensya ng nalalabing mga karapatang burges at ang lakas ng gawi ng lumang lipunan ay pawang laging lumilikha ng masasamang tao sa pulitika sa hanay ng uring manggagawa at mga organisasyon ng Partido at guberno, ng bagong mga elementong burges at mga mangungurakot at mga tiwali sa mga empresa ng estado na pag-aari ng buong sambayanan, at ng bagong intelektwal na mga sirkulong burges. Inaatake ang sosyalismo ng bagong mga elementong burges na ito at masasamang tao sa pulitika na ito kasabwat ang lumang mga elementong burges at mga elemento ng ibang mapagsamantalang mga uri na ibinagsak na ngunit di pa nalilipol. Napakamapanganib ng mga masasamang tao sa pulitika na namamalagi sa namumunong mga organo, dahil sinusupportahan at ikinukubli nila ang mga elementong burges sa mga organo at mas mabababang antas.

Hanggang umiiral pa ang imperyalismo, kailangang makibaka ang proletaryado kapwa laban sa lokal na burgesya at laban sa pandaigdigang imperyalismo. Susunggaban ng imperyalismo ang bawat oportunidad, at tatangkaing magsagawa ng armadong panghihimasok laban sa mga bayang sosyalista o maidulot ang kanilang mapayapang disintegrasyon. Gagawin nito ang makakaya para wasakin ang mga bayang sosyalista o paurungin sila bilang kapitalistang mga bayan. Di maiiwasang masasalamin ang pandaigdigang tunggalian ng mga uri sa loob ng sosyalistang mga bayan.

Sabi ni Lenin:

Kumakatawan ang transisyon mula kapitalismo tungong Komunismo ng isang buong istorikong kapanahunan. Hangga't di natatapos ang kapanahunang ito, ipinakatatangi ng mga mapagsamantala ang pag-asa ng pagpapanumbalik, at ang *pag-asang* ito'y nagiging mga *pagtatangka* sa pagpapanumbalik.⁴⁴⁶

Ipinakita rin niya na:

Nangangailangan ang pagpawi sa mga uri ng matagal, mahirap at mahigpit na *tunggalian ng mga uri*, na, *matapos* ang pagbabagsak sa kapangyarihan ng kapital, *matapos* ang pagwasak sa estadong burges, *matapos* ang pagtatatag ng diktadura ng proletaryado, *ay hindi nawawala* (gaya nang inaakala ng bulgar na mga kinatawan ng lumang Sosyalismo at ng lumang Sosyal-Demokrasya), kundi nagbabago lamang ng mga anyo nito at nagiging higit na mabangis sa maraming aspeto.⁴⁴⁷

Sa buong yugto ng sosyalismo, hindi maititigil ang tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, ideolohiya, at kultura't edukasyon. Isa itong matagalan, paulit-ulit, paliku-liko at masalimuot na pakikibaka. Gaya ng mga alon sa dagat, minsan ito'y tumataas at minsan ito'y bumababa, minsa'y may pagkapayapa at minsan nama'y napakamaalon. Isa itong tunggalian na nagpapasya sa kahihinatnan ng lipunang sosyalista. Nakasalalay sa kalalabasan ng matagalang tunggaliang ito kung susulong ang lipunang sosyalista tungong komunismo o manumumbalik sa kapitalismo.

⁴⁴⁶ V. I. Lenin, "Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 61.

⁴⁴⁷ V. I. Lenin, "Pagbati sa mga Manggagawang Hungarian", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, pp. 210-11.

Tiyak at tiyak na masasalamang ang tunggalian ng mga uri sa lipunang sosyalista sa Partido Komunista. Nauunawaan kapwa ng burgesya at pandaigdigang imperyalismo na para mapaurong ang isang sosyalistang bayan tungo sa isang kapitalistang bayan, una muna'y kailangang paurungin ang Partido Komunista tungo sa isang rebisyunistang partido. Ang luma at bagong mga elementong burges, ang luma at bagong mayayamang magsasaka at ang lahat ng tipo ng masasamang elemento ang bumubuo ng batayang panlipunan ng rebisyunismo, at ginagamit nila ang lahat ng paraang posible para makahanap ng mga ahente sa loob ng Partido Komunista. Ang pag-iral ng impluwensyang burges ang panloob na bukal ng rebisyunismo at ang pagsuko sa imperyalistang presyur ang panlabas na bukal. Sa buong yugto ng sosyalismo, tiyak at tiyak na may tunggalian sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at iba't ibang tipo ng oportunismo — pangunahin ng rebisyunismo — sa mga Partidong Komunista ng mga bayang sosyalista. Katangian ng rebisyunismong ito na, sa pagtatatwa sa pag-iral ng mga uri at tunggalian ng mga uri, pumapanig ito sa burgesya sa pag-atake sa proletaryado at ginagawang diktadura ng burgesya ang diktadura ng proletaryado.

Bunga ng karanasan ng pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa at alinsunod sa obhetibong batas ng tunggalian ng mga uri, ipinakita ng mga tagapagtatag ng Marxismo na dapat sumalig sa diktadura ng proletaryado ang transisyon mula kapitalismo tungong komunismo, mula makauring lipunan tungong lipunang walang uri, at wala nang iba pang paraan.

Sinabi ni Marx na “di maiiwasang tumungo ang tunggalian ng mga uri sa *diktadura ng proletaryado*”⁴⁴⁸. Sinabi rin niya na:

Sa pagitan ng kapitalista at komunistang lipunan, naririyang ang panahon ng rebolusyonaryong transpormasyon ng isa tungo sa isa pa. Katugma nito, mayroon ring panahon ng pampulitikang transisyon kung saan ang estado ay di maaaring maging iba kundi ang *rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado*.⁴⁴⁹

Ang pag-unlad ng sosyalistang lipunan ay isang proseso ng nagpapatuloy na rebolusyon. Bilang paglilinaw sa rebolusyonaryong sosyalismo, sinabi ni Marx na:

Ang Sosyalismong ito ay ang deklarasyon ng *pagkapermanente ng rebolusyon*, at ng *makauring diktadura* ng proletaryado bilang kinakailangang daanang pahatid tungo sa *pagpawi ng mga pagkakaiba ng mga uri sa pangkalabatan*, tungo sa pagpawi ng lahat ng mga relasyon sa produksyon na pinagbabatayan ng mga ito, tungo sa pagpawi sa lahat ng mga relasyong panlipunan na tumutugma sa mga relasyong ito sa produksyon, tungo sa pagrerebolusyonalisa ng lahat ng mga ideya na idinudulot ng mga relasyong panlipunang ito.⁴⁵⁰

Sa kanyang pakikitunggali laban sa oportunismo ng Ikalawang Internasyunal, mapanlikhang pinalawig at pinaunlad ni Lenin ang teorya ng diktadura ng proletaryado ni Marx. Ipinakita niya na:

⁴⁴⁸ “Si Marx para kay J. Weydemeyer, ika-5 ng Marso, 1852”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. II, p. 410.

⁴⁴⁹ Karl Marx, “Kritika sa Programang Gotha”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. II, p. 30.

⁴⁵⁰ Karl Marx, “Ang mga Tunggalian ng mga uri sa Pransya, 1848 hanggang 1950”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. I, p. 203.

Ang diktadura ng proletaryado ay hindi ang wakas ng tunggalian ng mga uri kundi ang pagpapatuloy nito sa bagong mga anyo. Ang diktadura ng proletaryado ang tunggalian ng mga uri na inilunsad ng proletaryado na nagtagumpay at nakuha sa mga kamay nito ang kapangyarihang pampulitika laban sa isang burgesyang hindi pa naglalaho, hindi pa tumitigil na lumaban, kundi manapa'y nagpapatindi sa paglaban nito.⁴⁵¹

Sinabi rin niya na:

Ang diktadura ng proletaryado ay isang walang puknat na pakikibaka — madugo at di madugo, marahas at mapayapa, militar at pang-ekonomya, pang-edukasyon at administratibo — laban sa mga pwersa at mga tradisyon ng lumang lipunan.⁴⁵²

Sa kanyang tanyag na akdang *Hinggil sa Wastong Paghawak sa mga Tunggalian sa Hanay ng Mamamayan* at sa iba pang mga akda, nagbatay si Kasamang Mao Zedong sa pundamental na mga prinsipyo ng Marxismo-Leninism at sa istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado, at nagbigay ng komprehensibo at sistematikong pagsusuri sa uri at tunggalian ng mga uri sa sosyalistang lipunan, at mapanlikhang pinaunlad ang Marxista-Leninistang teorya ng diktadura ng proletaryado.

Sinusuri ni Kasamang Mao Zedong ang obhetibong mga batas ng lipunang sosyalista mula sa punto de bista ng materyalistang diyalektika. Ipinapakita niya na ang unibersal na batas ng kaisahan at tunggalian ng mga magkakasalungat na kumikilos kapwa sa kalikasan at sa lipunan ng tao ay mailalapat rin sa sosyalistang lipunan. Sa sosyalistang lipunan, nananatili pa ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga uri at di napapawi ang tunggalian ng mga uri matapos ang sosyalistang transpormasyon ng pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon. Nanunuot ang tunggalian sa pagitan ng dalawang landas ng sosyalismo at kapitalismo sa buong yugto ng sosyalismo. Para tiyakin ang tagumpay ng sosyalistang konstruksyon at para maiwasan ang pagpapanumbalik ng kapitalismo, kinakailangang isulong ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa wakas sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, ideolohiya at kultura. Hindi makakamit ang ganap na tagumpay ng sosyalismo sa isa o dalawang henerasyon; para puspusing malutas ang usaping ito, nangangailangan ng lima o sampung henerasyon, o higit pa.

Idiniin ni Kasamang Mao Zedong ang katotohanan na umiiral ang dalawang tipo ng kontradiksyong panlipunan sa sosyalistang lipunan, 'ibig sabihin, ang mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at ang mga kontradiksyon sa pagitan natin at ng kaaway, at napakarami ng una. Sa pamamagitan lamang ng pag-iiba sa pagitan ng dalawang tipo ng mga kontradiksyon, na magkaiba sa kalikasan, at sa pamamagitan ng paggamit ng magkaibang mga hakbang para wastong pananganan ang mga ito magiging posible na pagkaisahin ang mamamayan, na bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng populasyon, na gapiin ang kanilang mga kaaway na bumubuo ng iilan lamang na porsyento, at konsolidahin ang diktadura ng proletaryado.

⁴⁵¹ V. I. Lenin, "Paunang Salita sa Talumpati 'Hinggil sa Panlilinlang sa Mamamayan sa Pamamagitan ng mga Islogan ng Kalayaan at Pagkakapantay-pantay'", Alyansa ng Uring Manggagawa at Magsasaka, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1959, p. 302.

⁴⁵² V. I. Lenin, "'Kaliwang-panig' na Komunismo, Isang Sakit ng Kamusmusan", Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang Bahagi, p. 367.

Ang diktadura ng proletaryado ang saligang garantiya para sa konsolidasyon at pagpapaunlad ng sosyalismo, para sa tagumpay ng proletaryado sa burgesya at ng sosyalismo sa tunggalian sa pagitan ng dalawang landas.

Tanging sa pamamagitan ng pagpapalaya sa buong sangkatauhan mapapalaya ng proletaryado ang sarili sa wakas. May dalawang aspeto ang istorikong tungkulin ng diktadura ng proletaryado, isang panloob at isang internasyunal. Pangunahing binubuo ang panloob na tungkulin ng ganap na pagpawi sa lahat ng mapagsamantalang mga uri, pagpapaunlad sa maksimum sa sosyalistang ekonomya, pagpapataas sa kamulatang komunista ng masa, pagpawi sa mga kaibahan sa pagitan ng pag-aari ng buong sambayanan at kolektibong pag-aari, sa pagitan ng mga manggagawa at mga magsasaka, sa pagitan ng nayon at lunsod, at sa pagitan ng mental at manwal na mga trabahador, pag-alis sa anumang posibilidad ng muling paglitaw ng mga uri at ng pagpapanumbalik ng kapitalismo, at paglikha ng mga kondisyon para sa pagkakamit ng komunistang lipunan na may prinsipyong, “mula sa bawat isa, ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa, ayon sa kanyang mga pangangailangan”. Pangunahing binubuo ang internasyunal na tungkulin ng pagpigil sa mga atake ng pandaigdigang imperyalismo (kabilang ang armadong panghihimasok at disintegrasyon sa pamamagitan ng mapayapang paraan) at ng pagbibigay ng suporta sa pandaigdigang rebolusyon hanggang sa wakas ay mapawi ng mamamayan ng lahat ng bayan ang imperyalismo, kapitalismo at ang sistema ng pagsasamantala. Bago kapwa matugunan ang dalawang tungkuling ito at bago dumatal ang ganap na lipunang komunista, absolutong kinakailangan ang diktadura ng proletaryado.

Batay sa aktwal na kalagayan sa kasalukuyan, hinding-hindi pa nakakamit ang mga tungkulin ng diktadura ng proletaryado sa alinman sa mga bayang sosyalista. Sa lahat ng mga bayang sosyalista nang walang eksepsyon, may mga uri at tunggalian sa ng mga uri, may tunggalian sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang landas, may usapin ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon hanggang sa wakas at may usapin ng pagpigil sa pagpapanumbalik ng kapitalismo. Malayo pa ang lalakbayin ng lahat ng mga bayang sosyalista bago mapawi ang mga kaibahan sa pagitan ng pag-aari ng buong sambayanan at kolektibong pag-aari, sa pagitan ng mga manggagawa at mga magsasaka, sa pagitan ng nayon at lunsod at sa pagitan ng mental at manwal na mga trabahador, bago mapawi ang lahat ng uri at kaibahan sa uri, at bago marating ang isang komunistang lipunan na may prinsipyong “mula sa bawat isa, ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa, ayon sa kanyang mga pangangailangan”. Samakatwid, kinakailangan para sa lahat ng mga bayang sosyalista na itaguyod ang diktadura ng proletaryado.

Sa mga kalagayang ito, ang pagpawi sa diktadura ng proletaryado ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ay walang iba kundi pagtataksil sa sosyalismo at komunismo.

MAY ANTAGONISTIKONG MGA URI AT TUNGGALIAN NG MGA URI SA UNYONG SOBYET

Sa pagpapahayag sa pagpawi sa diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet, pangunahing ibinabatay ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang sarili sa argumento na napawi na ang antagonistikong mga uri at hindi na umiiral ang tunggalian ng mga uri.

Ano nga ba ang aktwal na kalagayan sa Unyong Sobyet? Wala na nga bang antagonistikong mga uri at wala nang tunggalian ng mga uri doon?

Matapos ang tagumpay ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre, itinatag ang diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet, winasak ang kapitalistang pribadong pag-aari at itinatag ang sosyalistang pag-aari ng buong sambayuanan at sosyalistang kolektibong pag-aari sa pamamagitan ng pagsasabansa ng industriya at kolektibisasyon ng agrikultura, at nakamit ang malalaking tagumpay sa sosyalistang konstruksyon sa loob ng ilang dekada. Lahat ng ito'y bumubuo sa di mabuburang tagumpay na may napakalaking istorikong kabuluhan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at mamamayang Sobyet sa ilalim ng pamumuno nina Lenin at Stalin.

Gayunman, hindi napawi ang lumang burgesya at iba pang mapagsamantalang mga uri na ibinagsak sa Unyong Sobyet at nabuhay matapos isabansa ang industriya at ikolektibisa ang agrikultura. Nanatili ang impluwensyang pampulitika at pang-ideolohiya ng burgesya.

Patuloy na umiral ang ispontanyong kapitalistang mga tendensya kapwa sa lunsod at sa kanayunan. Sa loob ng mahabang pumagitnang panahon, nagpatuloy ang tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya at ang tunggalian sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang landas sa mga larangan ng pulitika, ekonomya at ideolohiya.

Dahil ang Unyong Sobyet ang una, at sa panahong iyon, ang tanging bayan na nagtatatag ng sosyalismo at walang karanasang dayuhang mapagbabatayan, at dahil lumihis si Stalin sa Marxista-Leninistang diyalektika sa kanyang pag-unawa sa mga batas ng tunggalian ng mga uri sa sosyalistang lipunan, adelantado niyang ipinahayag matapos maikolektibisa ang agrikultura sa saligan na “wala nang antagonistikong mga uri”⁴⁵³ sa Unyong Sobyet at “wala nang salungatan ng mga uri”⁴⁵⁴, makaisang panig na idiniin ang panloob na pagiging isa ng katangian ng sosyalistang lipunan at kinaligtaan ang mga kontradiksyon nito, nabigong sumalig sa uring manggagawa at sa masa sa pakikitunggali laban sa mga pwersa ng kapitalismo at itinuring ang posibilidad ng pagpapanumbalik sa kapitalismo bilang bahagi lamang ng armadong atake ng pandaigdigang imperyalismo. Mali ito kapwa sa teorya at sa praktika. Gayunpaman, nanatiling dakilang Marxista-Leninista si Stalin. Habang siya ang namumuno sa Partido at estadong Sobyet, mahigpit niyang tinanganan ang diktadura ng proletaryado at landas ng sosyalismo, itinaguyod ang Marxista-Leninistang linya, at tiniyak ang matagumpay na pagsulong ng Unyong Sobyet sa landas ng sosyalismo.

Magmula nang agawin ni Khrushchov ang pamumuno sa Partido at estadong Sobyet, itinulak niya ang isang serye ng mga patakarang rebisyunista na napakabilis na nagpalago sa mga pwersa ng kapitalismo at muling nagpatalas sa tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya at sa tunggalian sa pagitan ng mga landas ng sosyalismo at kapitalismo sa Unyong Sobyet.

Sa pagmamasid sa mga ulat sa mga pahayagang Sobyet sa nakaraang ilang mga taon, makakakita ng napakaraming halimbawa na nagpapatunay na di lamang sa pag-iral ng maraming elemento ng lumang mapagsamantalang mga uri sa lipunang Sobyet, kundi pati sa paglitaw ang bagong mga elementong burges sa malawakang saklaw at sa pagbilis ng polarisasyon sa uri.

Una muna nating tunghayan ang mga aktibidad ng iba't ibang mga elementong burges sa mga empresang Sobyet na pag-aari ng buong sambayanan.

⁴⁵³ J. V. Stalin, “Hinggil sa Borador Konstitusyon ng USSR”, Mga Usapin ng Leninismo, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, p. 690.

⁴⁵⁴ J. V. Stalin, “Ulat sa Ikalabing-walong Kongreso ng PKUS (B) Hinggil sa Gawain ng Komite Sentral”, Mga Usapin ng Leninismo, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, p. 777.

Inaabuso ng namumunong mga upisyales ng ilang mga pabrikang pag-aari ng estado at ng mga pangkat nila ang kanilang mga pusisyon at nagkakamal ng malalaking kayamanan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kasangkapan at materyales ng mga pabrika sa pagtatatag ng “lihim na mga pagawaan” para sa pribadong produksyon, ilegal na ibinebenta ang mga produkto at pinaghahatian ang nakaw na yaman. Naririto ang ilang halimbawa.

Sa isang planta sa Leningrad na lumilikha ng mga produktong militar, inilagay ng namumunong mga upisyal ang sarili nilang tauhan sa “lahat ng susing pwesto” at “ginagawang pribado ang empresang pang-estado”. Labag sa batas silang nagsagawa ng produksyon ng mga produktong di militar at nakadisipalko ng 1,200,000 lumang ruble mula sa pagbebenta lamang ng mga pluma sa loob ng tatlong taon. Kabilang sa mga ito ang isang tao na “naging tauhang NEP ... noong dekada 1920” at isang “magnanakaw sa kanyang buong buhay”⁴⁵⁵.

Sa isang pagawaan ng seda sa Uzbekistan, nakipagsabwatan ang manedyer sa punong inhinyero, punong akawntant, hepe ng seksyong suplay at marketing, mga hepe ng mga workshop at iba pa, at lahat sila’y naging “bagong-silang na negosyante”. Bumili sila ng higit sa sampung tonelada ng artipisyal na kalakal na “hindi nagdaan sa mga libro de kwenta”. Umupa sila ng mga manggagawa nang hindi nagdaraan sa wastong mga tuntunin at ipinatupad ang “labindalawang oras na araw paggawa”.⁴⁵⁶

Nagtatag ng isang “ilegal na pagawaan ng damit na niyari sa pamamagitan ng niting(knitting)” ang manedyer ng isang pabrika ng mwebles at nagsagawa ng lihim na mga operasyon sa loob ng pabrika. “May ilang mga asawa, ilang mga sasakyan, ilang mga bahay, 176 na kurbata, at may isandaang kamisadentro at dose-dosenang terno” ang taong ito. Isa rin siyang malaking mananaya sa karera ng kabayo.⁴⁵⁷

Hindi kumikilos ang gayong mga tao sa sarili lamang nila. Tiyakang mahigpit na mahigpit silang kumikilos kasama ng mga upisyal sa mga kagawarang estado na namamahala sa mga suplay at sa mga kagawaran sa komersyo at iba pa. May sarili silang mga tauhan sa mga kagawarang pulisya at hustisya na nagtatanggol sa kanila at kumikilos bilang mga ahente nila. Sumusuporta at ikinukubli sila maski ng matataas ang pwestong mga upisyal sa mga organo ng estado. Naririto ang ilang halimbawa.

Nagtatag ang hepe ng mga pagawaan na kaugnay ng isang dispensaryong psycho-neurological sa Moscow at ang kanyang pangkat ng isang “lihim na empresa”, at sa pamamagitan ng panunuhol “nakakuha ng limampu’t walong makinang pangniting” at napakaraming hilaw na materyales. Nakipagnegosyo sila sa “limampu’t dalawang pabrika, kooperatibang yaring-kamay at kooperatibang sakahan” at kumita ng tatlong milyong ruble sa loob ng ilang taon. Sinuhulan nila ang mga upisyal ng Kagawaran sa Pagbaka sa Pagnanakaw ng Pag-aaring Sosyalista at Ispikulasyon, mga tagapamahala, mga inspektor, mga instruktur at iba pa.⁴⁵⁸

⁴⁵⁵ Krasnaya Zvezda, Mayo, 1962.

⁴⁵⁶ Pravda Vostoka, ika-8 ng Oktubre, 1963.

⁴⁵⁷ Pravda Ukrainy, ika-18 ng Mayo, 1962.

⁴⁵⁸ Izvestia, ika-20 ng Oktubre, 1963, at *Izvestia Sunday Supplement*, No. 12, 1964.

Nagnakaw ang manedyer ng isang planta ng makinarya sa Pederasyong Ruso, kasama ang pangalawang manedyer ng ikalawang planta ng makinarya at iba pang mga upisyal, o apatnapu't tatlong tao sa kabuuan, ng higit sa siyamnaraang panghabi at ibinenta ang mga ito sa mga pabrika sa Gitnang Asya, Kazakhstan, Caucasus at iba pang lugar, at ginamit ang mga ito ng namumunong mga upisyal nito para sa bawal na produksyon.⁴⁵⁹

Sa Sosyalistang Republikang Sobyet ng Kirghiz, matapos makontrol ang dalawang pabrika, inorganisa ng isang pangkat ng higit sa apatnapung mandidispalko at mangungurakot ang lihim na produksyon at nakapangurakot ng higit sa tatlung milyong rubleng halaga ng pag-aaring estado. Kabilang sa pangkat na ito ang Tagapangulo ng Komisyon sa Pagpapalano ng Republika, isang Pangalawang Ministro ng Komersyo, pitong hepe ng mga kawanihan at dibisyon ng Konseho ng mga Ministro ng Republika, Pambansang Pang-ekonomyang Konseho at Komisyon sa Kontrol Estado, gayundin ang “isang malaking mayamang magsasaka na tumakas mula sa pagkadestiyero”.⁴⁶⁰

Ipinakikita ng mga halimbawang ito na ang mga pabrika na napasakamay ng gayong masasamang tao ay mga empresang sosyalista sa ngalan lamang, na sa katunaya'y naging mga empresang kapitalista na ang mga ito at ginagamit ng mga taong ito sa pagpapayaman sa sarili. Ang relasyon ng gayong mga tao sa mga manggagawa ay naging relasyon na sa pagitan ng mga mapagsamantala at mga pinagsasamantalahan, sa pagitan ng mga nang-aapi at mga inaapi. Hindi ba't tuwirang mga elementong burges ang gayong mga masasamang tao na nagmamay-ari at gumagamit sa mga kagamitan sa produksyon para pagsamantalahan ang paggawa ng iba? Hindi ba't tuwirang mga elementong burges ang kanilang mga kasabwat sa mga organisasyon ng guberno, na mahigpit na kumikilos kasama nila, lumalahok sa maraming tipo ng pagsasamantala, gumagawa ng pandidispalko, tumatanggap ng mga suhol, at nakikihati sa nakaw na yaman?

Malinaw na lahat ng mga taong ito'y kabilang sa isang uri na antagonistiko sa proletaryado — kabilang sila sa burgesya. Tiyak na ang kanilang mga aktibidad laban sa sosyalismo ay tunggalian ng mga uri, kung saan inaatake ng burgesya ang proletaryado.

Tunghayan naman natin ang mga aktibidad ng iba't ibang mga elementong mayamang magsasaka sa mga sakahang kolektibo.

Nagnanakaw at nag-iispekulasyon ang ilan sa namumunong mga upisyal ng sakahang kolektibo at kanilang mga pangkat kailanman nila naisin, at malayang nilulustay ang pananalaping publiko at pinipiga ang mga magsasakang kolektibo. Naririto ang ilang halimbawa.

“Hawak sa pamamagitan ng teror ang buong baryo” ng tagapangulo ng isang kolektibong sakahan sa Uzbekistan. Lahat ng mahahalagang pwesto sa sakahang ito “ay hawak ng kanyang mga biyenang at bilas, at iba pang mga kamag-anak at kaibigan”. “Nilustay” niya “ang higit sa 132,000 ruble ng kolektibong sakahan para sa kanyang personal na mga ‘pangangailangan’”. Mayroon siyang sasakyan, dalawang motorsiklo, at tatlong asawa, na bawat isa'y may “sariling bahay”.⁴⁶¹

⁴⁵⁹ Komsomolskaya Pravda, ika-9 ng Agosto, 1963.

⁴⁶⁰ Sovietskaya Kirghizia, ika-9 ng Enero, 1962.

⁴⁶¹ Selskaya Zhizn, ika-26 ng Hunyo, 1962.

Itinuring ng tagapangulo ng isang kolektibong sakahan sa Rehiyong Kursk ang sakahan bilang kanyang “minanang lupain”. Nakipagsabwatan siya sa akawntant, kahera, punong bodegero, agronomista, manedyer ng pangkalahatang tindahan nito at iba pa. Pinagtatakpan ang isa’t isa, “piniga nila ang kolektibong mga magsasaka” at ibinulsa ang higit sa 100,000 ruble sa loob ng ilang taon.⁴⁶²

Kumita ng higit sa 50,000 ruble ang tagapangulo ng isang kolektibong sakahan sa Ukraine sa kapinsalaan ng kolektibong sakahan sa pamamagitan ng panghuhuwad ng mga sertipiko sa pagbili at mga order na babayaran ng salapi kasabwat ang babaeng akawntant nito, na pinapurihan para sa pagmamantini ng “huwarang libro de kwenta” at ang mga gawa niya’y idinispley sa Ekshibisyon ng mga Tagumpay ng Pambansang Ekonomya sa Moscow.⁴⁶³

Nag-ispesyalisa ang tagapangulo ng isang kolektibong sakahan sa Rehiyong Alma-Ata sa ispekulasyong komersyal. Bumili siya ng “katas ng prutas sa Ukraine o Uzbekistan, at asukal at alkohol mula sa Djambul”, iprinoseso ang mga ito at matapos ay ibinenta ang alak sa napakatataas na presyo sa maraming lokalidad. Sa sakahang ito, nilikha ang isang pagawaan ng alak na may kapasidad na higit sa isang milyong litro bawat taon, lumawak ang ispekulatibong network pangkomersyo nito sa kabuuan ng Sobyet Sosyalistang Republika ng Kazakhstan, at naging isa sa pangunahing mga pinagkukunan ng kita ng sakahan ang ispekulasyong komersyal⁴⁶⁴.

Itinuring ng tagapangulo ng isang kolektibong sakahan sa Byelorusya ang sarili bilang “isang pyudal na prinsipal sa sakahan” at kumilos “nang personal” sa lahat ng bagay. Naninirahan siya hindi sa sakahan kundi sa lunsod o sa sarili niyang marangyang villa, at laging okupado ng “iba’t ibang maniobrang komersyal” at “bawal na negosyo”. Bumibili siya ng mga baka mula sa labas, pinalalabas na mga produkto ito ng kanyang kolektibong sakahan at hinuhuwad ang kwenta sa produksyon. Pero “di iilang papuring mga ulat sa pahayagan” ang nailathala tungkol sa kanya at tinagurian siyang isang “huwarang pinuno”.⁴⁶⁵

Ipinapakita ng mga halimbawang ito na ang kolektibong mga sakahan na nasa kontrol ng gayong mga opisyal ay halos naging kanilang pribadong pag-aari. Ginagawa ng gayong mga tao ang sosyalistang kolektibong mga empresang pang-ekonomya bilang mga empresang pang-ekonomya ng bagong mayayamang magsasaka. Madalas may mga tao sa nakatataas ng mga organisasyon nila na nagtatanggol sa kanila. Ang kanilang relasyon sa kolektibong mga magsasaka ay naging relasyon din ng mga nang-aapi sa mga inaapi, ng mga mapagsamantala sa mga pinagsasamantalahan. Hindi ba’t syento porsiyentong makabagong mayayamang magsasaka ang gayong makabagong mga mapagsamantala na sumasakay sa mga likod ng kolektibong mga magsasaka?

Malinaw na kabilang silang lahat sa isang uri na antagonistiko sa proletaryado at nagtatrabahong mga magsasaka, na kabilang sila sa uring mayamang magsasaka o uring burges sa kanayunan. Mismong ang kanilang anti-sosyalistang mga aktibidad ay tunggalian ng mga uri, kung saan inaatake ng burgesya ang proletaryado at nagtatrabahong mga magsasaka.

Liban sa mga elementong burges sa mga empresa ng estado at kolektibong mga sakahan, marami pang iba kapwa sa nayon at lunsod sa Unyong Sobyet.

⁴⁶² Ekonomicheskaya Gazeta, No. 35, 1963.

⁴⁶³ Selskaya Zhizn, ika-14 ng Agosto, 1963.

⁴⁶⁴ Pravda, ika-14 ng Enero, 1962.

⁴⁶⁵ Pravda, ika-6 ng Pebrero, 1961.

Ilan sa kanila ay nagtatatag ng pribadong mga empresa para sa pribadong produksyon at pagbebenta; ang iba nama'y nag-oorganisa ng mga pangkat kontratista at hayagang nagsasagawa ng mga gawaing konstruksyon para sa estado o mga empresang kooperatiba; ang iba pa'y nagtatayo ng pribadong mga otel. Umuupa ng mga manggagawa ang isang “babaeng kapitalistang Sobyet” sa Leningrad para lumikha ng mga blusang yari sa naylon na ibebenta, at ang kanyang “arawang kinikita ay umaabot sa 700 bagong ruble”.⁴⁶⁶ Gumagawa ng mga botang yari sa piyeltro para ibenta sa ispekulatibong presyo ang isang may-ari ng pagawaan sa Rehiyon ng Kursk. Mayroon siyang 540 na pares ng botang yari sa piyeltro, walong kilo ng gintong kwarta, 3,000 metro ng mataas na uring tela, 20 alpombra, 1,200 kilo ng lana at marami pang ibang mahahalagang bagay.⁴⁶⁷ Umuupa ng “bayarang mga manggagawa artisano” ang isang pribadong negosyante sa Rehiyon ng Gomel at sa loob ng dalawang taon ay nakakuha ng mga kontrata para sa konstruksyon at pag-oberhol ng mga pugon sa labindalawang pabrika sa mataas na presyo.⁴⁶⁸ Sa Rehiyon ng Orenburg, mayroong “daan-daang pribadong mga otel at mga istasyon para sa transshipment”, at “ang pera ng kolektibong mga sakahan at ng estado ay patuloy na dumadaloy tungo sa mga bulsa ng mga may-ari ng mga otel”.⁴⁶⁹

Ilan ay nagsasagawa ng ispekulasyong komersyal at kumikita ng limpak-limpak sa pamamagitan ng pagbili ng mura at pagbebenta ng mahal o pagdadala ng mga kalakal mula sa kalayuan. Sa Moscow, napakaraming mga ispekulador na nagsasagawa ng muling pagbebenta ng mga produktong pang-agrikultura. “Nagdadala sila sa Moscow ng tone-toneladang sitrus, mansanas at mga gulay, at muling ibinebenta ang mga ito sa presyong ispekulatibo.” “Nabibigyan ang mga mangangamkam ng tubo na ito ng lahat ng pasilidad, ng mga pwesto sa pamilihan, ng mga imbakan at iba pang mga serbisyo na makakayanan”.⁴⁷⁰ Sa Teritoryong Krasnodar, nagtatag ang isang ispekulador ng sarili niyang ahensya at “nag-empleyo ng labindalawang dispatsador at dalawang kargador”. Nagtransport siya ng “libu-libong baboy, daan-daang kaban ng butil at daan-daang tonelada ng prutas” mula sa kanayunan tungo sa Delta ng Don at naghakot ng “napakaraming ninakaw na ladrilyo, at buu-buong kariton ng salamin” at iba pang mga materyales pangkonstruksyon mula sa lunsod tungo sa mga baryo. Kumita siya ng napakalalaking tubo mula sa gayong muling pagbebenta.⁴⁷¹

Ang iba nama'y nag-iispesyalisa sa pagiging broker o tagapamagitan. Marami silang mga kontak at sa pamamagitan ng mga ito, makukuha ang anuman kapalit ng suhol. May isang broker sa Leningrad na kumokontrol sa lahat ng mga istak “kahit na hindi siya ang Ministro ng Kalakalan”, at “kahit na wala siyang posisyon sa perokaril, nagpapalakad ng mga tren”. Nakakakuha siya ng “mga bagay na mahigpit na kontrolado ang mga istak, mula sa labas ng mga istak”. “Lahat ng mga imbakan sa Leningrad ay nasa kanyang serbisyo.” Tumatanggap siya ng malalaking “bonus” para sa pagdeliber ng mga kalakal — 700,000 ruble mula sa isang malaking kumpanyang trosohan noong 1960 lamang. May “isang buong grupo” ng gayong mga broker sa Leningrad.⁴⁷²

⁴⁶⁶ Izvestia, ika-9 ng Abril, 1963.

⁴⁶⁷ Sovietskaya Rossiya, ika-9 ng Oktubre, 1960.

⁴⁶⁸ Izvestia, ika-18 ng Oktubre, 1960.

⁴⁶⁹ Selskaya Zhizn, ika-17 ng Hulyo, 1963.

⁴⁷⁰ Ekonomicheskaya Gazeta, No. 27, 1963.

⁴⁷¹ Literaturnaya Gazeta, ika-27 ng Hulyo at ika-17 ng Agosto, 1963.

⁴⁷² Sovietskaya Rossiya, ika-27 ng Enero, 1961.

Sangkot ang mga pribadong negosyante at ispekulador na ito sa pinakalantarang kapitalistang pagsasamantala. Hindi ba't malinaw na kabilang sila sa burgesya, ang uring antagonistiko sa proletaryado?

Sa katunayan, tinatagurian ng pahayagang Sobyet mismo ang mga taong ito bilang “mga kapitalistang Sobyet”, “bagong-silang na mga negosyante”, “pribadong mga negosyante”, “bagong-litaw na mayayamang magsasaka”, “mga ispekulador”, “mga mapagsamantala”, atbp. Hindi ba't sinasalungat ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang sarili nila mismo kung kanilang iginigiit na hindi umiiral ang antagonistikong mga uri sa Unyong Sobyet?

Ang mga datos na tinukoy sa itaas ay bahagi lamang ng mga inilathala sa pahayagang Sobyet. Sapat na ito para makagitla ng mga tao, pero marami pang iba na hindi nailathala, marami pang higit na malaki at higit na malubhang mga kaso na pinagtatakpan at ikinukubli. Sinipi namin ang mga datos sa itaas para sagutin ang usapin kung may antagonistikong mga uri at tunggalian ng mga uri sa Unyong Sobyet. Narriyan lamang ang mga datos na ito, at hindi kayang itatwa ang mga ito maging ng rebisyunistang pangkating Khrushchov.

Nakasasapat ang mga datos na ito para maipakita na laganap ang di mapigil na mga aktibidad ng burgesya laban sa proletaryado sa Unyong Sobyet, kapwa sa kalunsuran at sa kanayunan, kapwa sa industriya at sa agrikultura, kapwa sa larangan ng produksyon at sa larangan ng sirkulasyon, tagus-tagusan mula sa mga kagawarang pang-ekonomya hanggang sa mga organisasyon ng Partido at gubyrno, at mula sa batayang antas hanggang sa nakatataas na namumunong mga organo. Ang anti-sosyalistang mga aktibidad na ito ay walang iba kundi ang matalas na tunggalian ng uring burgesya laban sa proletaryado.

Hindi kataka-taka na nagagawa ang mga atake laban sa sosyalismo sa isang sosyalistang bayan ng luma at bagong mga elementong burges. Hindi nakasisindak ang bagay na ito kung mananatili lamang ang pamumuno ng Partido at estado na Marxista-Leninista. Subalit sa kasalukuyan sa Unyong Sobyet, ang kalubhaan ng kalagayan ay nakabatay sa katotohanang kinamkam ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang pamunuan ng Partido at estadong Sobyet at lumitaw sa lipunang Sobyet ang isang pribilehiyadong saray na burges.

Tatalakayin natin ang usaping ito sa susunod na seksyon.

ANG PRIBILEHIYADONG SARAY NA SOBYET AT ANG REBISYUNISTANG PANGKATING KHRUSHCHOV

Binubuo ang pribilehiyadong saray sa kontemporaryong lipunang Sobyet ng masasamang elemento mula sa hanay ng namumunong mga kadre ng mga organisasyon ng Partido at gubyrno, mga empresa at mga sakahan gayundin ng mga intelektwal na burges; salungat ito sa mga manggagawa, mga magsasaka at sa napakalawak na mayorya ng mga intelektwal at mga kadre ng Unyong Sobyet.

Ipinakita ni Lenin pagkatapos na pagkatapos ng Rebolusyong Oktubre na kinukubkob at iniimpluwensyahan ng mga ideolohiya at pwersa ng gawing burges at petiburges ang proletaryado mula sa lahat ng direksyon at binubulok maging ilan sa mga seksyon nito. Nagdulot ang kalagayang ito ng paglitaw mula sa hanay ng mga opisyal at punsyonaryong Sobyet kapwa ng mga burukratang nahihawalay sa masa at ng bagong mga elementong burges. Ipinakita rin ni Lenin na bagamat kinakailangan ang matataas na sweldo na ibinabayad sa teknikal na mga ispesyalistang burges na nananatili sa trabaho para sa rehimeng Sobyet, may nakabubulok na impluwensya ito rito.

Samakatuwid, nagbigay ng mabigat na diin si Lenin sa paglulunsad ng tuluy-tuloy na pakikibaka laban sa impluwensya ng mga ideolohiyang burges at petiburges, sa pagpukaw sa malawak na masa na lumahok sa gawaing pangguberno, sa walang tigil na paglalantad at pagpapatalsik sa mga burukrata at bagong mga elementong burges sa mga organong Sobyet, at sa paglikha ng mga kondisyon na makahahadlang sa pag-iral at reproduksyon ng burgesya. Matalas na ipinakita ni Lenin na “kung walang sistematiko at pursigidong pakikibaka para paunlarin ang aparato ng estado, masasawi tayo bago mailatag ang batayan ng sosyalismo”.⁴⁷³

Kasabay nito, nagbigay siya ng mabigat na diin sa pagtalima sa prinsipyo ng Komunang Paris sa patakaran sa pasahod, na walang iba kundi lahat ng mga lingkod bayan ay bibigyan ng sahod na katumbas ng sahod ng mga manggagawa, at mga ispesyalistang burges lamang ang babayaran ng matataas na sweldo. Mula noong Rebolusyong Oktubre sa panahon ng rehabilitasyong pang-ekonomyang Sobyet, sa kalahata’y nasunod ang mga direktiba ni Lenin; ang namumunong mga tauhan ng mga organisasyon ng Partido at ng guberno at mga empresa, at mga kasapi ng Partido sa hanay ng mga ispesyalista ay tumanggap ng sweldong humigit-kumulang ay katumbas ng sahod ng mga manggagawa.

Sa panahong iyon, pinagtibay ng Partido Komunista at guberno ng Unyong Sobyet ang ilang mga hakbang sa larangan ng pulitika at ideolohiya at sa sistema ng distribusyon para pigilan ang namumunong mga kadre sa alinmang kagawaran sa pag-abuso sa kanilang kapangyarihan o sa pagkabulok sa moralidad o sa pulitika.

Tumalima ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa pamumuno ni Stalin sa diktadura ng proletaryado at sa landas ng sosyalismo at naglunsad ng matatag na pakikibaka laban sa mga pwersa ng kapitalismo. Sa esensya, ang mga pakikibaka ni Stalin laban sa mga maka-Trotsky, mga maka-Zinoviev, at mga maka-Bukharin ay salamin sa loob ng Partido ng tunggalian ng mga uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya at ng tunggalian sa pagitan ng dalawang landas ng sosyalismo at kapitalismo. Winasak ng tagumpay sa mga tunggaliang ito ang palalong pakana ng burgesya na mapanumbalik ang kapitalismo sa Unyong Sobyet.

⁴⁷³ V. I. Lenin, “Ang Plano ng Pampletong ‘Hinggil sa Buwis sa Pagkain’ ”, Tinipong mga Akda, edisyong Ruso, Moscow, 1950, Vol. XXXII, p. 301.

Hindi maitatwa na bago mamatay si Stalin, nagbabayad na ng matataas na sweldo sa ilang mga grupo at nabulok na ang ilang mga kadre at naging mga elementong burges. Ipinakita rin ng Komite Sentral ng PKUS sa ulat nito sa Ika-19 na Kongreso ng Partido noong Oktubre 1952 na lumitaw na ang pagkabulok at korupsiyon sa ilang mga organisasyon ng Partido. Ginawang maliliit na komunidad na binubuo lamang ng sarili nilang tauhan ang mga organisasyong ito ng mga pinuno nito, at “mas pinahalagahan ang mga interes ng kanilang grupo kaysa sa mga interes ng Partido at ng estado”. “Kinaligtaan” ng ilang eksekutyib ng mga empresang industriyal “na ang ipinapamahalang mga empresa sa kanila ay mga empresa ng estado, at tinatangka nilang gawin ang mga itong sarili nilang pribadong kaharian.” “Sa halip na ipagsanggalang ang pagsasakang komun ng kolektibong mga sakahan,” ilan sa mga opisyal pampartido at Sobyet at ilang mga kadre sa mga kagawarang pang-agrikultura ay “nagsasagawa ng pagnanakaw ng mga pag-aari ng kolektibong mga sakahan”. Sa mga larangan ng kultura, sining at siyensya rin, lumitaw ang mga akda na umaatake at naninira sa sistemang sosyalista at sumibol ang monopolistikong “rehimeng Arakcheyev” sa hanay ng mga syentista.

Mula nang kamkamin ni Khrushchov ang pamumuno sa Partido at estadong Sobyet, may pundamental na pagbabago sa kalagayan ng tunggalian ng mga uri sa Unyong Sobyet.

Nagpatupad si Khrushchov ng serye ng mga patakarang rebisyunista na naglilingkod sa interes ng burgesya at mabilis na nagpapalago sa mga pwersa ng kapitalismo sa Unyong Sobyet.

Sa kunwang “pagbaka sa kulto ng personalidad”, siniraang-puri ni Khrushchov ang diktadura ng proletaryado at ang sistemang sosyalista at sa gayon hinawan ang landas para sa pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet. Sa lubos na pagtangi kay Stalin, sa katunaya’y itinanggi niya ang Marxismo-Leninismo na itinaguyod ni Stalin at binuksan ang lagusan para sa rebisyunistang delubyo.

Thinalili ni Khrushchov ang “insentibong materyal” sa sosyalistang prinsipyong “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang paggawa”. Pinalaki niya, at hindi pinakitid, ang gawak sa pagitan ng kinikita ng isang maliit na minority at ng kinikita ng mga manggagawa, mga magsasaka at karaniwang mga intelektwal. Sinuportahan niya ang masasamang tao na nasa namumunong posisyon at hinikayat silang maging higit na walang pakundangan sa pang-aabuso ng kanilang kapangyarihan at kurakutin ang mga produkto ng paggawa ng mamamayang Sobyet. Sa gayon, pinabilis niya ang polarisasyon ng mga uri sa lipunang Sobyet.

Sinasabotahe ni Khrushchov ang sosyalistang planadong ekonomya, inilalapat ang kapitalistang prinsipyo ng tubo, pinaunlad ang kapitalistang malayang kompetisyon at pinapahina ang sosyalistang pag-aari ng buong sambayanan.

Inaatake ni Khrushchov ang sistema ng sosyalistang pagpapalano sa agrikultura, at inilalarawan ito bilang “burukratiko” at “di kinakailangan”. Sabik na matuto mula sa malalaking nagmamay-ari ng mga sakahang Amerikano, hinihikayat niya ang kapitalistang pamamahala, at nagtatangkil ng ekonomyang mayamang magsasaka, at pinapahina ang sosyalistang kolektibong ekonomya.

Inilalako ni Khrushchov ang ideolohiyang burges – kalayaan, pagkakapantay-pantay, pagkakapatiran at humanidad na burges, at ikinikintal ang idealismo at metapisikang burges at ang reaksyunaryong mga ideyang indibidwalismo, humanismo at pasipismong burges sa hanay ng mamamayang Sobyet, at winawasak ang sosyalistang moralidad. Nauuso na ang bulok na kulturang burges ng Kanluran sa Unyong Sobyet, at itinatakwil at inaatake ang sosyalistang kultura.

Sa ilalim ng karatulang “mapayapang pakikipamuhay”, nakikipagsabwatan si Khrushchov sa imperyalismong US, winawasak ang sosyalistang kampo at ang pandaigdigang kilusang komunista, sinasalungat ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga mamamayan at bansa, isinasapraktika ang sobinismong malaking-kapangyarihan at pambansang pagpapahalaga sa sarili, at nagtataksil sa proletaryong internasyunalismo. Lahat ng ito’y ginagawa para sa pagtatanggol sa pansariling mga interes ng sandakot na tao, na higit niyang pinapahalagahan kaysa sa pundamental na mga interes ng mga mamamayan ng Unyong Sobyet, ng sosyalistang kampo at ng buong daigdig.

Ang linyang tinatangkilik ni Khrushchov ay lubos na rebisyunistang linya. Sa patnubay ng linyang ito, hindi lamang pinakawalan ang lumang mga elementong burges kundi lumitaw pa ang napakaraming bagong mga elementong burges sa hanay ng namumunong mga kadre ng Partido at gubyernong Sobyet, ng mga hepe ng mga empresa ng estado at kolektibong mga sakahan, at nakatataas ng mga intelektwal sa mga larangan ng kultura, sining, siyensya at teknolohiya.

Sa kasalukuyan sa Unyong Sobyet, hindi lamang lumaki sa bilang na wala pang kapantay sa nakaraan ang bagong mga elementong burges, kundi pundamental na nagbago rin ang kanilang katayuang panlipunan. Bago naluklok sa kapangyarihan si Khrushchov, wala sila sa naghaharing posisyon sa lipunang Sobyet. Hinigpitan ang kanilang mga aktibidad sa maraming paraan at napailalim sila sa atake. Subalit mula nang naluklok si Khrushchov, at hakbang-hakbang na kinamkam ang pamumuno sa Partido at estado, unti-unting umakyat sa naghaharing posisyon ang bagong mga elementong burges sa Partido at sa gubyerno at sa mga kagarawang pang-ekonomya, pangkultura at iba pa, at bumuo ng pribilehiyadong saray sa lipunang Sobyet.

Ang pribilehiyadong saray na ito ang prinsipal na salik ng burgesya sa Unyong Sobyet sa kasalukuyan, at ang pangunahing batayang panlipunan ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Ang rebisyunistang pangkating Khrushchov ang pampulitikang mga kinatawan ng burgesyang Sobyet, at ng pribilehiyadong saray nito sa partikular.

Ipinatupad ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang sunud-sunod na pagpupurga at sunud-sunod na pinalitan ang grupu-grupong mga kadre sa buong bayan, mula sa mga sentral hanggang sa mga lokal na organo, mula sa namumunong mga organisasyon ng Partido at gubyerno hanggang sa mga kagawarang pang-ekonomya at pangkultura’t pang-edukasyon, at pinatataksik iyong mga hindi nila pinagtitiwalaan at nagtatanim ng mga alaga nila sa namumunong mga posisyon.

Tunghayan natin ang Komite Sentral ng PKUS bilang halimbawa. Ipinakikita ng estadistika na halos 70 porsyento ng mga kasapi ng Komite Sentral ng PKUS na ihinalal sa Ika-19 na Kongreso noong 1952 ay pinurga sa proseso ng Ika-20 at Ika-22 mga Kongreso na ginanap noong 1956 at 1961. At halos 50 porsyento ng mga kasapi ng Komite Sentral na ihinalal sa Ika-20 Kongreso ay pinurga sa panahon ng Ika-22 Kongreso.

O kaya'y tingnan ang lokal na mga organisasyon. Sa bisperas ng Ika-22 Kongreso, sa pagkukunwang "pagpapanibagong hanay ng mga kadre", inalis sa posisyon ng rebisyunistang pangkating Khrushchov, ayon sa di kumpletong estadistika, ang 45 porsyento ng mga kasapi ng mga Komite Sentral ng Partido ng mga Republika ng Unyon at ng mga Komite ng Partido ng mga Teritoryo at mga Rehiyon, at ang 40 porsyento ng mga kasapi ng mga Komiteng Munisipal at Pandistrito ng Partido. Noong 1963, sa pagkukunwang paghahati ng Partido sa mga komiteng "pang-industriya" at "pang-agrikultura" ng Partido, pinalitan pa nila ang higit sa kalahati ng mga kasapi ng Komite Sentral ng mga Republika ng Unyon at ng mga Komiteng Rehiyon ng Partido.

Sa pamamagitan ng seryeng ito ng mga pagbabago, nakontrol ng pribilehiyadong saray na Sobyet ang Partido, ang gubyerno at iba pang mahahalagang organisasyon.

Binago ng mga myembro ng pribilehiyadong saray na ito ang tungkuling paglilingkod sa masa bilang pribilehiyo ng pagdodomina sa kanila. Inaabuso nila ang kanilang mga kapangyarihan sa mga kagamitan sa produksyon at kabuhayan para sa pribadong benepisyo ng kanilang maliit na pangkatin.

Kinakamal ng mga myembro ng pribilehiyadong saray na ito ang mga bunga ng paggawa ng mamamayang Sobyet at ibinubulsa ang kita na dose-dosena o sandaang ulit pa sa kita ng karaniwang manggagawa at magsasakang Sobyet. Di lamang sila kumukuha ng matataas na kita sa anyo ng matataas na sweldo, matataas na gantimpala, matataas na kabayaran at samu't saring mga sabsiding personal, kundi ginagamit rin nila ang kanilang pribilehiyadong posisyon para kamkamin ang pag-aaring publiko sa pamamagitan ng katiwalian at panunuhol. Namumuhay sila ng parasitiko at bulok na buhay ng burgesya, at ganap na hiwalay sa anakpawis ng Unyong Sobyet.

Ang mga myembro ng pribilehiyadong saray na ito ay nabulok nang husto sa ideolohiya, lubos na lumihis sa rebolusyonaryong mga tradisyon ng Partidong Bolshevik at nagwaksi sa matatayog na simulain ng uring manggagawang Sobyet. Salungat sila sa Marxismo-Leninismo at sa sosyalismo. Nagtaksil sila sa rebolusyon at pinagbabawalan ang iba na magrebolusyon. Ang tangi nilang pinagkakaabalahan ay konsolidahin ang kanilang posisyong pang-ekonomya at ang kanilang paghaharing pampulitika. Lahat ng kanilang mga aktibidad ay umiinog sa pribadong mga interes ng sarili nilang pribilehiyadong saray.

Matapos makamkam ang pamumuno sa Partido at estadong Sobyet, itinatransporma bilang isang rebisyunistang partido ng pangkating Khrushchov ang Marxista-Leninistang Partido Komunista ng Unyong Sobyet na may dakilang rebolusyonaryong kasaysayan; itinatransporma nila bilang isang estadong napapailalim sa diktadura ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang estadong Sobyet sa ilalim ng diktadura ng proletaryado, at, pahakbang-hakbang nilang ginagawang pribadong pag-aari ng pribilehiyadong saray ang sosyalistang pag-aari ng buong sambayanan at ang sosyalistang kolektibong pag-aari.

Nakita na ng mga tao kung paanong unti-unting sumibol ang isang burgesyang burukrata sa Yugoslavia na salungat sa mamamayang Yugoslav magmula nang tahakin ng pangkating Tito ang landas ng rebisyunismo, bagamat iwinawagayway pa ng pangkating Tito ang bandila ng “sosyalismo”, at itrinansporma ang estadong Yugoslav mula sa diktadura ng proletaryado tungo sa diktadura ng burgesyang burukrata at ang sosyalistang ekonomyang publiko nito tungo sa kapitalismo ng estado. Nakikita ngayon ng mga tao na tinatahak na ng pangkating Khrushchov ang landas na tinatahak na ng pangkating Tito. Itinuturing ni Khrushchov ang Belgrade bilang kanyang Mecca, at paulit-ulit na sinasabing matututo siya mula sa karanasan ng pangkating Tito, at ipinapahayag na “kabilang siya at ang pangkating Tito sa iisang ideya at nagagabayan ng iisang teorya”.⁴⁷⁴ Hindi ito kagulat-gulat.

Dahil sa rebisyunismong Khrushchov, nahaharap ngayon ang unang sosyalistang bayan na daigdig na itinatag ng dakilang mamamayang Sobyet sa pamamagitan ng kanilang dugo’t pawis sa wala pang kapantay na panganib ng pagpapanumbalik ng kapitalismo.

Ipinapalaganap ng pangkating Khrushchov ang kwentu-kwento na “wala nang antagonistikong mga uri at tunggalian ng mga uri sa Unyong Sobyet” para pagtakpan ang mga katotohanan hinggil sa kanilang sariling malupit na pakikitunggali sa uri laban sa mamamayang Sobyet.

Bumubuo lamang ng maliit na porsyento ng populasyong Sobyet ang pribilehiyadong Sobyet na saray na kinakatawan ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Maliit rin ang bilang nito sa hanay ng mga kadreng Sobyet. Salungat na salungat ito sa mamamayang Sobyet na bumubuo ng higit sa 90 porsyento ng buong populasyon, at sa napakalawak na mayorya ng mga kadre at mga Komunistang Sobyet. Ang kontradiksyon sa pagitan ng mamamayang Sobyet at ng pribilehiyadong saray na ito ang prinsipal na kontradiksyon sa kasalukuyan sa loob ng Unyong Sobyet, at ito’y isang di mapagkakasundo at antagonistikong kontradiksyon sa uri.

Nagpakita ng istorikong rebolusyonaryong inisyatiba sa Sosyalistang Rebolusyong Oktubre ang dakilang Partido Komunista ng Unyong Sobyet, na itinatag ni Lenin, at ang dakilang mamamayang Sobyet; ipinamalas nila ang kanilang kagitingan at tibay sa paggapi sa mga Gwardyang Puti (*White Guards*) at sa armadong panghihimasok ng higit sa isang dosenang bayang imperyalista; nakamit nila ang walang kapantay na maniningning na tagumpay sa pakikibaka para sa industriyalisasyon at kolektibisasyong pang-agrikultura, at nakamit nila ang napakalaking tagumpay sa Digmang Patriyotiko laban sa mga pasistang Aleman at iniligtas ang buong sangkatauhan. Kahit na sa ilalim ng paghahari ng pangkating Khrushchov, ipinagpapatuloy ng masa ng kasapian ng PKUS at ng mamamayang Sobyet ang dakilang rebolusyonaryong mga tradisyong inaruga nina Lenin at Stalin, at itinataguyod pa nila ang sosyalismo at nilalayon ang komunismo.

⁴⁷⁴ N. S. Khrushchov, Panayam sa Dayuhang mga Dyurnalista sa Brioni sa Yugoslavia, ika-20 ng Agosto, 1963.

Nag-aalab sa diskontento laban sa pang-aapi at pagsasamantalang isinasagawa ng pribilehiyadong saray ang malawak na masa ng Sobyet na mga manggagawa, kolektibong mga magsasaka at mga intelektwal. Higit nilang malinaw na nauunawaan ang mga katangiang rebisyunista ng pangkating Khrushchov na nagtataksil sa sosyalismo at nagpapanumbalik sa kapitalismo. Marami pang nagpupunyagi sa rebolusyonaryong paninindigan ng proletaryado, tumatalima sa landas ng sosyalismo at matatag na lumalaban sa rebisyunismo ni Khrushchov sa hanay ng mga kadreng Sobyet. Gumagamit ng iba't ibang paraan ang malawak na masa ng mamamayang Sobyet, ang mga Komunista at ang mga kadre para tutulan at labanan ang rebisyunistang linya ng pangkating Khrushchov, nang sa gayon hindi madaling maisasakatuparan ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang pagpapanumbalik ng kapitalismo. Lumalaban ang dakilang mamamayang Sobyet para ipagtanggol ang dakilang mga tradisyon ng Dakilang Rebolusyong Oktubre, para ipagsanggalang ang dakilang mga tagumpay ng sosyalismo at para wasakin ang pakana para sa pagpapanumbalik ng kapitalismo.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG TINAGURIANG ESTADO NG BUONG SAMBAYANAN

Sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, hayagang itinaas ni Khrushchov ang bandila ng oposisyon sa diktadura ng proletaryado, ipinahayag ang pagpalit sa estado ng diktadura ng proletaryado ng “estado ng buong sambayanan”. Nakasulat ito sa Programa ng PKUS na “tumigil ang ang pangangailangan sa USSR” sa diktadura ng proletaryado, at “ang estado, na sumilang bilang estado ng diktadura ng proletaryado, sa bagong kontemporaryong yugto, ay naging estado ng buong sambayanan.”

Batid ng sinumang may kaunting kaalaman sa Marxismo-Leninismo na ang konsepto ng estado ay isang makauring konsepto. Ipinakita ni Lenin na “ang nagtatanging katangian ng estado ay ang pag-iral ng isang hiwalay na uri ng mamamayan kung saang mga kamay nakakonsentra ang *kapangyarihan*.”⁴⁷⁵ Ang estado ay isang sandata sa tunggalian ng mga uri, isang makinarya na ginagamit ng isang uri para supilin ang isa pang uri. Bawat estado ay diktadura ng isang tiyak na uri. Hangga’t umiiral ang estado, hindi ito maaaring tumindig na nakapangibabaw sa uri o mapasakamay ng buong sambayanan.

Hindi kailanman itinago ng proletaryado at ng pampulitikang partido nito ang kanilang mga pananaw; tahasan nilang sinasabi na ang pinakalayunin ng proletaryong sosyalistang rebolusyon ay ang ibagsak ang paghaharing burges at itatag ang diktadura ng proletaryado. Matapos ang tagumpay ng sosyalistang rebolusyon, dapat walang humpay na sikapin ng proletaryado at partido nito na gampanan ang istorikong mga tungkulin ng diktadura ng proletaryado at pawiin ang mga uri at mga kaibhan sa uri, nang sa gayon ay malusaw ang estado. Ang burgesya lamang at ang mga partido nito, sa pagtatangka nitong linlangin ang masa, ang nagtatangka sa lahat ng paraan na pagtakpan ang makauring kalikasan ng kapangyarihang pang-estado at ang naglalarawan sa makinarya ng estado sa ilalim ng kanilang kontrol bilang estado “ng buong sambayanan” at “nangingibabaw sa uri”.

⁴⁷⁵ V. I. Lenin, “Ang Nilalamang Pang-ekonomya ng Narodnismo at ang Puna Rito sa Aklat ni G. Struve”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1960, Vol. I, p. 419.

Ang pangyayaring inianunsyo ni Khrushchov ang pagpawi sa diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet at ihinarap ang tesis ng “estado ng buong sambayanan” ay nagpapakita na ihinalili niya sa mga itinuturo ng Marxismo-Leninismo hinggil sa estado ang mga kabulaanang burges.

Nang punahin ng mga Marxista-Leninista ang kanilang mga kabulaanan, dagling ipinagtanggol ang sarili ng rebisyunistang pangkating Khrushchov at nagsikap nang maigi na umimbento ng tinaguriang batayang teoretikal para sa “estado ng buong sambayanan”. Iginigiit nila ngayon na ang istorikong yugto ng diktadura ng proletaryadong binabanggit ni Marx at Lenin ay tumutukoy lamang sa transisyon mula kapitalismo tungo sa unang yugto ng komunismo at hindi sa mas mataas na yugto nito. Iginigiit pa nila na “hindi na kakailanganin ang diktadura ng proletaryado bago malusaw ang estado”⁴⁷⁶ at matapos magwakas ang diktadura ng proletaryado, may isa pang yugto, ang “estado ng buong sambayanan”.

Ang mga ito’y tahasang tusong palsong pangangatwiran.

Sa kanyang “Kritikal na Pagsusuri sa Programang Gotha”, ihinarap ni Marx ang tanyag na aksiyom na ang diktadura ng proletaryado ang estado sa yugto ng transisyon mula kapitalismo tungong komunismo. Nagbigay ng malinaw na paliwanag si Lenin sa Marxistang aksiyom na ito.

Aniya:

Sa kanyang “Kritikal na Pagsusuri sa Programang Gotha” isinulat ni Marx: “Sa pagitan ng kapitalista at komunistang lipunan, may yugto ng rebolusyonaryong transpormasyon ng una tungo sa huli. Katugma nito, mayroon ring yugto ng transisyong pampulitika kung saan ang estado ay hindi maaaring maging iba kundi ang *rebolusyonaryong diktadura ng proletaryado*.”

Hanggang sa kasalukuyan, ang aksiyom na ito ay di pa kailanman tinutunggali ng mga Sosyalista, ngunit ipinapahiwatig nito ang pagkilala sa pag-iral ng *estado* hanggang sa panahon mismo kung saan ang matagumpay na sosyalismo ay umunlad na bilang ganap na komunismo.⁴⁷⁷

Dagdag pa ni Lenin:

Ang esensya ng itinuro ni Marx hinggil sa estado ay pinagpakadalubhasaan lamang ng mga nakakaunawa na kailangan ang diktadura ng *iisang* uri hindi lamang para sa bawat makauring lipunan sa pangkalahatan, hindi lamang para sa *proletaryado* na nagbagsak sa burgesya, kundi para sa buong *istorikong yugto* na naghihiwalay ng kapitalismo sa “lipunang walang uri”, sa Komunismo.⁴⁷⁸

⁴⁷⁶ “Programa para sa Pagbubuo ng Komunismo”, artikulo ng lupong editoriyal sa Pravda, ika-18 ng Agosto, 1961.

⁴⁷⁷ V. I. Lenin, “Ang Paglalagom ng Talakayan Hinggil sa Pagpapasya-sa-Sarili”, Tinipong mga Akda, International Publishers, New York, 1942, Vol. XIX, pp. 269-70.

⁴⁷⁸ V. I. Lenin, “Ang Estado at Rebolusyon”, Piling mg Akda, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 234.

Malinaw na malinaw na ayon kina Marx at Lenin, ang istorikong yugto kung saan umiiral mula simula hanggang wakas ang estado ng diktadura ng proletaryado, ay hindi lamang ang yugto ng transisyon mula kapitalismo tungo sa unang yugto ng komunismo, gaya ng sinasabi ng rebisyunistang pangkating Khrushchov, kundi ang buong yugto ng transisyon mula kapitalismo hanggang sa “ganap na komunismo”, hanggang sa panahong lahat ng mga pagkakaiba sa uri ay mapapawi na at makakamit ang “lipunang walang uri”, ’ibig sabihin, sa mas mataas na yugto ng komunismo.

Sinlinaw rin na ang estado sa yugtong transisyon na tinutukoy nina Marx at Lenin ay ang diktadura ng proletaryado at di anupaman. Ang diktadura ng proletaryado ang anyo ng estado sa buong yugto ng transisyon mula kapitalismo tungo sa mas mataas na yugto ng komunismo, at gayundin ang huling anyo ng estado sa kasaysayan ng tao. Ang pagkalusaw ng diktadura ng proletaryado ay mangangahulugan ng pagkalusaw ng estado. Ani Lenin:

Nahalaw ni Marx mula sa buong kasaysayan ng Sosyalismo at ng pampulitikang pakikibaka na ang estado ay tiyak na maglalaho, at ang transisyunal na anyo ng paglaho nito (ang transisyon mula estado tungo sa kawalang-estado) ay magiging ang “proletaryadong organisado bilang naghaharing uri”.⁴⁷⁹

Sa kasaysayan, maaaring magkaroon ng iba’t ibang anyo ang diktadura ng proletaryado sa iba’t ibang bayan at sa iba’t ibang panahon, subalit mananatiling pareho ito sa esensya. Ani Lenin:

Hindi maaaring hindi magdulot ng napakaraming iba’t ibang anyong pampulitika ang transisyon mula kapitalismo tungong Komunismo, subalit tiyak na magiging pare-pareho ang esensya: ang *diktadura ng proletaryado*.⁴⁸⁰

Makikita kung gayon na ganap na hindi pananaw nina Marx at Lenin kundi isang imbensyon ng rebisyunistang si Khrushchov na mauuna ang wakas ng diktadura ng proletaryado bago malusaw ang estado at susundan ng isa pang yugto, ang “estado ng buong sambayanan”.

Sa pagtatanggol sa kanilang anti-Marxista-Leninistang mga pananaw, pilit na naghanap ang rebisyunistang pangkating Khrushchov ng isang pangungusap mula kay Marx at binaluktot ito sa pamamagitan ng pagsipi rito nang wala sa konteksto. Arbitraryong inilarawan nila ang hinaharap na *kalikasan ng estado* [*staatswesen* sa Aleman] ng komunistang lipunan na tinutukoy ni Marx sa kanyang “Kritikal na Pagsusuri sa Programang Gotha” bilang “estado ng komunistang lipunan” [*rocydapcrhebbnocrb kommybucruqeckoro odmetba* sa Ruso], na hindi na diktadura ng proletaryado”.⁴⁸¹ Siyang-siyang nagpahayag na hindi mangangahas ang mga Tsino na sipiin ito mula kay Marx. Akala yata ng rebisyunistang pangkating Khrushchov na makatutulong nang husto ito sa kanila.

⁴⁷⁹ *Ibid.*, pp. 256-57.

⁴⁸⁰ *Ibid.*, p. 234.

⁴⁸¹ M. A. Suslov, Ulat sa Pulong Plenaryo ng Komite Sentral ng PKUS, Pebrero 1964, New Times, edisyong Ingles, No. 15, 1964, p. 62.

Ang nangyari, tila nahinuha ni Lenin na gagamitin ng mga rebisyunista ang pariralang ito para baluktutin ang Marxismo. Sa kanyang *Ang Marxismo Hinggil sa Estado*, nagbigay ng napakahusay na paliwanag rito si Lenin. Sabi niya, "... ang diktadura ng proletaryado ay isang 'yugto ng pampulitikang transisyon'... Pero ipinagpatuloy pa ni Marx na mangusap hinggil sa '*kalikasan ng estado* sa hinaharap [*rocydapcrnebhocrb* sa Ruso, *Staatwesen* sa Aleman] ng komunistang lipunan!! Kung gayon, magkakaroon rin ng estado maging sa '*komunistang lipunan*!! May kontradiksyon ba dito?" Sagot ni Lenin, "Wala." Kasunod nito, inilarawan niya ang tatlong yugto sa proseso ng pag-unlad mula estadong burges tungo sa pagkalusaw ng estado:

Ang unang yugto — sa kapitalistang lipunan, kailangan ng burgesya ang estado — ang burges na estado.

Ang ikalawang yugto — sa yugto ng transisyon mula kapitalismo tungong komunismo, kailangan ng proletaryado ang estado — ang estado ng diktadura ng proletaryado.

Ang ikatlong yugto — sa komunistang lipunan, hindi kailangan ang estado, nalulusaw ito.

Kongklusyon niya: "Ganap na umaalinsunod at malinaw!"

Sa paglalarawan ni Lenin, tanging ang estadong burges, ang estado ng diktadura ng proletaryado at ang pagkalusaw ng estado ang makikita. Sa pamamagitan mismo ng paglalarawang ito, inilinaw ni Lenin na kapag narating na ang komunismo, nalulusaw ang estado at di na iiral.

Kabalintunaan namang sinipi rin ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang mga pangungusap na ito mismo mula sa *Ang Marxismo at ang Estado* ni Lenin sa proseso ng pagtatanggol sa kanilang pagkakamali. At kasunod nito, binanggit nila ang sumusunod na katangahan:

Sa ating bayan, ang unang dalawang yugto na tinutukoy ni Lenin sa siniping opinyon ay bahagi na ng kasaysayan. Sa Unyong Sobyet, ang estado ng buong sambayanan — *isang komunistang sistemang pang-estado*, ang estado ng *unang yugto ng komunismo*, ay lumitaw na at umuunlad.⁴⁸²

Kung ang unang dalawang yugtong tinukoy ni Lenin ay lipas na nga sa Unyong Sobyet, kung gayon, dapat ay nalulusaw na ang estado, at sa gayon saan kaya magmumula ang "estado ng buong sambayanan"? Kung hindi pa nalulusaw ang estado, kung gayon, dapat ito ay ang diktadura ng proletaryado at anuman ang kalagayan di dapat maging "estado ng buong sambayanan".

⁴⁸² "Mula sa Partido ng Uring Manggagawa tungo sa Partido ng Lahat ng Mamamayang Sobyet", artikulo ng lupong editoriyal sa *Partiyinaya Zhizn*, No. 8, 1964.

Sa pagtatanggol sa kanilang “estado ng buong sambayanan”, nagpipilit ang rebisyunistang pangkating Khrushchov na alimurain ang diktadura ng proletaryado bilang di demokratiko. Iginigiit nila na sa pamamagitan lamang ng paghalili ng “estado ng buong sambayanan” sa estado ng diktadura ng proletaryado higit na mapapaunlad ang demokrasya at magagawang “tunay na demokrasya para sa buong sambayanan”. Mapagkunwaring sinabi ni Khrushchov na ang pagpawi sa diktadura ng proletaryado ay nagpapakitang-halimbawa sa “lina ng masiglang pagpapaunlad sa demokrasya” at “ang proletaryong demokrasya ay nagiging sosyalistang demokrasya ng buong sambayanan”.⁴⁸³

Ipinapakita lamang ng mga pananalitang ito na ang mga may-akda nito, kung hindi man ganap na walang kamuwang-muwang sa mga itinuturo ng Marxismo-Leninismo hinggil sa estado, ay malisyosong nambabaluktot sa mga ito.

Batid ng sinumang may kaunting kaalaman ng Marxismo-Leninismo na ang konsepto ng demokrasya bilang isang anyo ng estado, tulad ng diktadura, ay isang makauring konsepto. Maaari lamang magkaroon ng makauring demokrasya, at hindi maaaring magkaroon ng “demokrasya para sa buong sambayanan”.

Ani Lenin:

Demokrasya para sa malawak na mayorya ng mamamayan at panunupil sa pamamagitan ng pwera, walang iba kundi di pagsali sa demokrasya ng mga mapagsamantala at mga nang-aapi sa mamamayan — ito ang dinaraanang pagbabago ng demokrasya sa panahon ng *transisyon* mula kapitalismo tungong Komunismo.⁴⁸⁴

Diktadura sa mapagsamantalang mga uri at demokrasya sa hanay ng anakpawis — ang mga ito ang dalawang aspeto ng diktadura ng proletaryado. Sa ilalim lamang ng diktadura ng proletaryado mapapaunlad at mapapalawak ang demokrasya para sa masa ng anakpawis sa wala pang kapantay na saklaw. Kung wala ang diktadura ng proletaryado, di maaaring magkaroon ng tunay na demokrasya para sa anakpawis.

Saanman may demokrasyang burges, walang proletaryong demokrasya, at saanman may proletaryong demokrasya, walang demokrasyang burges. Hindi makakasama ng isa ang isa pa. Hindi ito maiiwasan at di mapagsasalubong. Kung mas puspusing mapapawi ang demokrasyang burges, higit na yayabong ang proletaryong demokrasya. Sa mga mata ng burgesya, anumang bayan na umiiral ito’y kulang sa demokrasya. Pero sa katunayan, ito ang pagtataguyod sa proletaryong demokrasya at ang pagpapawi sa demokrasyang burges. Habang umuunlad ang proletaryong demokrasya, napapawi ang demokrasyang burges.

Sinasalungat ang pundamental na Marxista-Leninistang tesis na ito ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Sa katunayan, naninindigan sila na habang ipinapailalim sa diktadura ang mga kaaway, walang demokrasya, at ang tanging paraan para paunlarin ang demokrasya ay pawiin ang diktadura sa mga kaaway, itigil ang pagsupil sa kanila, at itatag ang “demokrasya para sa buong sambayanan”.

Ang kanilang pananaw ay hinubog sa pinaghulmahan ng konseptong “purong demokrasya” ng taksil na si Kautsky.

⁴⁸³ N. S. Khrushchov, Ulat sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, Oktubre 1961, at Ulat Hinggil sa Programa ng PKUS na binigkas sa Kongreso.

⁴⁸⁴ V. I. Lenin, “Ang Estado at Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 291.

Sa pagpuna kay Kautsky, sinabi ni Lenin na:

... hindi lamang isang walang *kamuwang-muwang* na parirala ang “purong demokrasya” na nagpapakita ng kawalan ng pag-unawa kapwa sa tunggalian ng mga uri at sa kalikasan ng estado, kundi tatlong ulit na hungkag na parirala, dahil sa lipunang komunista, *malulusaw* ang demokrasya sa proseso ng pagbabago at pagiging kaugalian nito, ngunit kailanma’y di magiging “purong” demokrasya.⁴⁸⁵

Ipinakita rin niya na:

Ang diyalektika (proseso) ng pag-unlad ay gaya nang sumusunod: mula absolutismo tungong demokrasyang burges; mula burges tungong proletaryong demokrasya; mula proletaryong demokrasya tungo sa wala.⁴⁸⁶

Ibig sabihin, sa mas mataas na yugto ng komunismo, malulusaw ang proletaryong demokrasya kasabay ng pagpawi sa mga uri at ng pagkalusaw ng diktadura ng proletaryado.

Sa simpleng salita, gaya ng “estado ng buong sambayanan”, isang panloloko ang “demokrasya para sa buong sambayanan” an ipinahayag ni Khrushchov. Sa gayong pamumulot sa gula-gulanit na pananamit ng burgesya at makalumang mga rebisyunista, pagtatagpi-tagpi sa mga ito at pagdaragdag ng sariling tatak rito, ang tanging layunin ni Khrushchov ay linlangin ang mamamayang Sobyet at ang rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig at pagtakpan ang kanyang pagkanulo sa diktadura ng proletaryado at ang kanyang pagsalungat sa sosyalismo.

Ano ang esensya ng “estado ng buong sambayanan” ni Khrushchov?

Pinawi ni Khrushchov ang diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet at itinatag ang diktadura ng rebisyunistang pangkatin na kanyang pinamumunuan, isang diktadura ng pribilehiyadong saray ng burgesyang Sobyet. Sa katunayan, ang kanyang “estado ng buong sambayanan” ay hindi isang estado ng diktadura ng proletaryado kundi isang estado kung saan ang kanyang munting rebisyunistang pangkatin ang nagwawasiwas ng kanilang diktadura sa masa ng mga manggagawa, mga magsasaka at rebolusyonaryong mga intelektwal. Sa ilalim ng paghahari ng pangkating Khrushchov, walang demokrasya para sa anakpawis na Sobyet, may demokrasya lamang para sa sandakot na mga tao na kabilang sa rebisyunistang pangkating Khrushchov, para sa pribilehiyadong saray at para sa mga elementong burges, luma at bago. Walang iba ang “demokrasya para sa buong sambayanan” ni Khrushchov kundi tahasang demokrasyang burges, isang despotikong diktadura ng pangkating Khrushchov sa sambayanang Sobyet.

⁴⁸⁵ V. I. Lenin, “Ang Proletaryong Rebolusyon at ang Taksil na si Kautsky”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Ikalawang bahagi, p. 48.

⁴⁸⁶ V. I. Lenin, Ang Marxismo at ang Estado, edisyong Ruso, Moscow, 1958, p. 42.

Sa Unyong Sobyet sa kasalukuyan, sinumang nagpupunyagi sa proletaryong paninindigan, nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo at may lakas ng loob na magsalita, magtanggol o lumaban ay binabantayan, sinusundan-sundan, ipinatatawag at inaaresto pa nga, ibinibilanggo o sinasabing “may sakit sa utak” at ipinapadala sa mga “ospital para sa baliw”. Kamakailan lamang, ipinahayag ng pahayagang Sobyet na kailangang “makibaka” laban sa mga nagpapakita ng mumunting disatispaksyon, at nananawagan para sa “walang humpay na pakikipaglaban” sa “mga payasong bulok”⁴⁸⁷ na naging napakapangahas para magbigay ng nakatutuyang mga puna hinggil sa patakaran sa agrikultura ni Khrushchov. Kagulat-gulat na di miminsang madugong sinupil ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang nagwewelgang mga manggagawa at masang nagtatanggol.

Ipinapakita ng pormulang pagpawi sa diktadura ng proletaryado habang pinapanatili ang isang estado ng buong sambayanan ang lihim ng rebisyunistang pangkating Khrushchov; matatag silang salungat sa diktadura ng proletaryado pero hindi isusuko ang kapangyarihan pang-estado hanggang sa kanilang wakas. Batid ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang kataas-taasang kahalagahan ng pagkontrol sa kapangyarihang pang-estado. Kailangan nila ang makinarya ng estado para sa pagsupil sa anakpawis na Sobyet at sa mga Marxista-Leninista. Kailangan nila ito para sa paghahawan ng landas sa pagpapanumbalik sa kapitalismo sa Unyong Sobyet. Ang mga ito ang tunay na mga layunin ni Khrushchov sa pagtataas ng mga bandila ng “estado ng buong sambayanan” at “demokrasya para sa buong sambayanan”.

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG TINAGURIANG PARTIDO NG LAHAT NG MAMAMAYAN

Sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, hayagang itinaas ni Khrushchov ang isa pang bandila, ang pagbabago sa proletaryong katangian ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet. Ipinahayag niya ang paghalili sa partido ng proletaryado ng isang “partido ng lahat ng mamamayan”. Isinasaad ng programa ng PKUS:

Dahil sa tagumpay ng sosyalismo sa USSR at sa konsolidasyon ng pagkakaisa ng lipunang Sobyet, ang Partido Komunista ng uring manggagawa ay naging taliba ng mamamayang Sobyet, isang partido ng lahat ng mamamayan.

Isinasaad ng Bukas na Liham ng Komite Sentral ng PKUS na “naging organisasyong pampulitika ng lahat ng mamamayan” ang PKUS.

Napakalayo sa katotohanan!

Itinuturo sa atin ng elementaryong kaalaman sa Marxismo-Leninismo na, tulad ng estado, ang pampulitikang partido ay isang instrumento ng tunggalian ng mga uri. Bawat pampulitikang partido ay may makauring katangian. Walang anumang bagay tulad ng di makauri o nakapangibabaw-sa-uring pampulitikang partido, at di kailanman nagkaroon ng gayon, o kaya nama’y walang anumang bagay tulad ng “partido ng lahat ng mamamayan” na di kumakatawan sa mga interes ng isang partikular na uri.

⁴⁸⁷ Izvestia, ika-20 ng Marso, 1964.

Nabuo ang partido ng proletaryado alinsunod sa rebolusyonaryong teorya at rebolusyonaryong estilo ng Marxismo-Leninismo; ito ang partidong binubuo ng sulong na mga elemento na walang hanggang tapat sa istorikong misyon ng proletaryado; ito ang organisadong taliba ng proletaryado at siyang pinakamataas na anyo ng organisasyon nito. Kinakatawan ng partido ng proletaryado ang mga interes ng proletaryado at siyang konsentrasyon ng kapasuhan nito.

Gayundin, ang partido ng proletaryado ang tanging partido na may kakayahang katawanin ang mga interes ng mamamayan, na bumubuo sa higit sa 90 porsiyento ng kabuuang populasyon. Ito'y dahil sa ang interes ng proletaryado ay identikal sa interes ng masang anakpawis, dahil sa mahaharap ng proletaryong partido ang mga suliranin batay sa istorikong papel ng proletaryado at ayon sa mga interes sa kasalukuyan at sa hinaharap ng proletaryado at ng masang anakpawis at ayon sa pinakamabuting kapakanan ng pinakamalawak na mayorya ng mamamayan, at makapagbibigay ito ng wastong pamumuno alinsunod sa Marxismo-Leninismo.

Dagdag sa mga kasapi nitong mula sa uring manggagawa, may mga kasapi ang partido ng proletaryado na mula sa ibang mga uri. Pero ang mga huling nabanggit ay di sumasapi sa Partido bilang mga kinatawan ng ibang mga uri. Mula sa pinakaaraw na sumapi sila sa Partido, dapat nilang iwanan ang dati nilang paninindigan sa uri at itaguyod ang paninindigan ng proletaryado. Sabi nina Marx at Engels:

Kung sasapi man sa proletaryong kilusan ang ganitong tipo ng mga tao mula sa ibang mga uri, dapat ang unang kondisyon ay di sila magdadala ng anumang labi ng mga pagkiling na burges, petiburges, atbp., kundi taos-pusong itataguyod ang proletaryong pananaw sa daigdig.⁴⁸⁸

Matagal nang inilinaw ng Marxismo-Leninismo ang batayang mga prinsipyo kaugnay ng katangian ng proletaryong partido. Pero sa palagay ng rebisyunistang pangkating Khrushchov, ang mga prinsipyong ito ay “mga pormulang dekahon”, habang ang kanilang “partido ng lahat ng mamamayan” ay umaayon sa “aktwal na diyalektika ng pag-unlad ng Partido Komunista”.⁴⁸⁹

Piniga ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang kanilang mga utak para makapag-isip ng mga argumentong magmamamawid sa kanilang “partido ng lahat ng mamamayan”. Ipinangatwiran nila sa mga usapan sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet noong Hulyo 1963 at sa pahayagang Sobyet na binago nila ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet tungo sa isang “partido ng lahat ng mamamayan” dahil sa sumusunod:

- 1) Kinakatawan ng PKUS ang mga interes ng buong sambayanan.
- 2) Tinanggap ng lahat ng mamamayan ang Marxista-Leninistang pananaw sa daigdig ng uring manggagawa, at ang layunin ng uring manggagawa — ang pagbubuo ng komunismo — ay naging layunin ng lahat ng mamamayan.

⁴⁸⁸ “Sina Marx and Engels para kay A. Bebel, W. Liebknecht, W. Bracke at Iba pa (‘Liham Sirkular’), ika-17-18 ng Setyembre, 1879”, Piling mga Liham nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. II, p. 440.

⁴⁸⁹ “Mula sa Partido ng Uring Manggagawa tungo sa Partido ng Lahat ng Mamamayang Sobyet”, artikulo ng lupong editoriyal sa Partyinaya Zhizn, No. 8, 1964.

- 3) Binubuo ang mga hanay ng PKUS ng pinakamahuhusay ng kinatawan ng mga manggagawa, kolektibong mga magsasaka at mga intelektwal. Pinagkakaisa ng PKUS sa sarili nitong mga hanay ang mga kinatawan ng higit sa sandaang nasyunalidad at mamamayan.
- 4) Naayon rin ang demokratikong pamamaraang ginagamit sa mga aktibidad ng Partido sa katangian nito bilang Partido ng lahat ng mamamayan.

Malinaw kahit sa isang sulyap na wala ni isa man sa mga argumentong ito na ginagamit ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang nagpapakita ng seryosong pagharap sa isang seryosong usapin.

Nang nakikibaka si Lenin laban sa magugulong-isip na mga oportunist, sinambit niya:

Maaari kayang seryosohin ang mga taong malinaw na walang kakayahang seryosong harapin ang mga seryosong usapin? Mahirap gawin ito, mga kasama, napakahirap! Pero ang usaping di maseryoso ng ilang tao ay siya namang napakaseryoso na hindi makasasama na suriin kahit na ang lantarang pabirong mga sagot rito.⁴⁹⁰

Ngayon din, hindi makasasama kung susuriin natin ang mga lantarang pabirong mga sagot na ibinibigay ng rebisyunistang pangkating Khrushchov sa napakaseryosong usapin gaya ng usapin ng partido ng proletaryado.

Ayon sa rebisyunistang pangkating Khrushchov, dapat maging “partido ng lahat ng mamamayan” ang Partido Komunista dahil kinakatawan nito ang mga interes ng lahat ng mamamayan. Hindi ba kung gayon ay dapat mula’t sapul ay naging “partido ng lahat ng mamamayan” na ito sa halip na partido ng proletaryado.

Ayon sa rebisyunistang pangkating Khrushchov, dapat maging “partido ng lahat ng mamamayan” ang Partido Komunista dahil “tinanggap na ng lahat ng mamamayan ang Marxista-Leninistang pananaw sa daigdig ng uring manggagawa”. Pero paanong masasabing tinanggap na ng lahat ang Marxista-Leninistang pananaw sa daigdig sa lipunang Sobyet kung saan nangyayari ang matalas na polarisasyon sa uri at tunggalian ng mga uri? Maaari bang sabihin na sampu-sampung libo ng luma at bagong mga elementong burges sa iyong bayan ay pawang mga Marxista-Leninista? Kung tunay na naging pananaw sa daigdig ng lahat ng mamamayan ang Marxismo-Leninismo, gaya ng inyong sinasabi, hindi ba kung gayon wala nang pagkakaiba sa inyong lipunan sa pagitan ng kasapi ng Partido at di kasapi ng Partido, at sa gayo’y hinding-hindi na kailangang umiral ang Partido? Ano na ang kaibahan kung mayroon o walang “partido ng lahat ng mamamayan?”

⁴⁹⁰ V. I. Lenin, “Kalinawan Una sa Lahat!” Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XX, p. 544.

Ayon sa rebisyunistang pangkating Khrushchov, dapat maging “partido ng lahat ng mamamayan” ang Partido Komunista dahil binubuo ang kasapian nito ng mga manggagawa, mga magsasaka at mga intelektwal at lahat ng mga nasyunalidad at mga mamamayan. Nangangahulugan ba ito kung gayon na bago ihinarap ang “partido ng lahat ng mamamayan” sa Ika-22 Kongreso nito, walang sinuman sa mga kasapi ng PKUS na nagmula sa ibang mga uri liban sa uring manggagawa? Nangangahulugan ba ito na sa nakaraan ang mga kasapi ay pawang nagmula sa iisang nasyunalidad, sa eksklusyon ng ibang mga nasyunalidad at mga mamamayan? Kung ang katangian ng isang partido ay itinatakda ng panlipunang bakgrawn ng kasapian nito, hindi ba’t kung gayo’y ang napakaraming pampulitikang mga partido sa daigdig na ang kasapi’y nagmula rin sa iba’t ibang mga uri, mga nasyunalidad at mga mamamayan ay pawang “mga partido ng lahat ng mamamayan”?

Ayon sa rebisyunistang pangkating Khrushchov, dapat maging isang “partido ng lahat ng mamamayan” ang Partido dahil ang mga pamamaraang ginagamit nito sa kanyang mga aktibidad ay demokratiko. Pero mula’t sapul, binubuo ang Partido Komunista sa batayan ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo at dapat laging nagtataguyod sa linyang masa at sa demokratikong pamamaraan ng panghihikayat at edukasyon sa pagkilos sa hanay ng mamamayan. Hindi ba dapat kung gayon na ang isang Partido Komunista ay isang “partido ng lahat ng mamamayan” mula sa pinakaaraw ng pagtatatag nito?

Sa madaling sabi, wala ni isa sa mga argumento na inilista ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang makatitindig.

Bukod sa pagkukuskos-balungos hinggil sa “partido ng lahat ng mamamayan”, hinati rin ni Khrushchov ang Partido sa “Partido sa industriya” at “Partido sa agrikultura” sa pagkukunwang “pagbubuo ng mga organo ng Partido batay sa prinsipyong produksyon”.⁴⁹¹

Sinasabi ng rebisyunistang pangkating Khrushchov na ginawa nila ito dahil sa “pangingibabaw ng ekonomya sa pulitika sa ilalim ng sosyalismo”⁴⁹² at dahil nais nilang ilagay “ang mga usaping pang-ekonomya at pamproduksyon, na nailagay sa harapan ng buong proseso ng konstruksiyong komunista, sa sentro ng mga aktibidad ng mga organisasyon ng Partido” at ginawa ang mga itong “panulukang-bato ng lahat ng kanilang gawain”.⁴⁹³ Ani Khrushchov, “Prangkahan naming sinasabi na ang pangunahing bagay sa gawain ng mga organo ng Partido ay produksyon.”⁴⁹⁴ At dagdag pa, pinapalusot nila ang mga pananaw na ito bilang pananaw ni Lenin, at sinasabing kumikilos sila alinsunod sa mga prinsipyo niya.

Gayunman, batid ng sinumang may alam sa kasaysayan ng PKUS na, taliwas sa pagiging mga pananaw ni Lenin, ang mga ito’y anti-Leninistang mga pananaw at mga pananaw na pinanindigan ni Trotsky. Sa usaping ito rin, isang karapat-dapat na disipulo ni Trotsky si Khrushchov.

Sa pagpuna kay Trotsky at Bukharin, sinabi ni Lenin na:

Ang pulitika ay konsentradong ekspresyon ng ekonomya.... Hindi maaaring hindi mangibabaw ang pulitika sa ekonomya. Ang mangatwiran nang taliwas rito’y nangangahulugan ng pagkaligta sa ABAKADA ng Marxismo.

⁴⁹¹ N. S. Khrushchov, Ulat sa Pulong Plenaryo ng Komite Sentral ng PKUS, Nobyembre 1962.

⁴⁹² “Pag-aralan, Alamin, Kumilos”, editorial ng *Economicheskaya Gazeta*, No. 50, 1962.

⁴⁹³ “Ang Komunista at Produksyon”, editorial ng *Kommunist*, Moscow, No. 2, 1963.

⁴⁹⁴ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pulong para sa Eleksyon ng Distritong Kalinin sa Moscow, ika-27 ng Pebrero, 1963.

Ipinagpatuloy niya:

... kung walang wastong pampulitikang pagharap sa paksa, hindi mapapanatili ng isang uri ang paghahari nito, at *bunga nito'y* hindi malulutas *ang sarili nitong mga suliranin sa produksyon*.⁴⁹⁵

Napakalinaw ng mga datos: ang tunay na layunin ng rebisyunistang pangkating Khrushchov sa pagpapanukala ng “partido ng lahat ng mamamayan” ay para lubusang baguhin ang proletaryong katangian ng PKUS at itransporma ang Marxista-Leninistang Partido tungo sa isang rebisyunistang partido.

Nahaharap ang dakilang Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa malubhang panganib ng pagkabulok mula sa isang partido ng proletaryado tungo sa isang partido ng burgesyat mula sa isang Marxista-Leninista tungo sa isang rebisyunistang partido.

Ani Lenin:

Hindi maaaring hayaan ng isang partidong nagnanasang manatili ang pinakamunting pag-uurong-sulong sa usapin ng pag-iral nito o ang anumang pakikipagkasundo sa mga maaaring maglibing sa kanya.⁴⁹⁶

Sa kasalukuyan, muling ihinaharap ng rebisyunistang pangkating Khrushchov sa malawak na kasapian ng dakilang Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang mismong seryosong usaping ito.

ANG HUWAD NA KOMUNISMO NI KHRUSHCHOV

Sa Ika-22 Kongreso ng PKUS, ipinahayag ni Khrushchov na pumasok na ang Unyong Sobyet sa panahon ng masaklaw na pagbubuo ng komunistang lipunan. Ipinahayag rin niya na “mabubuo natin, sa pangkalahatan, ang komunistang lipunan sa loob ng dalawampung taon”.⁴⁹⁷ Ito’y ganap na panloloko.

Paanong mapag-uusapan ang pagbubuo ng komunismo kung dinadala ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang Unyong Sobyet tungo sa landas ng pagpapanumbalik sa kapitalismo at kung nasa malubhang panganib na mawala sa mamamayang Sobyet ang mga bunga ng sosyalismo?

Sa paglalabas ng karatula ng “pagbubuo ng komunismo”, ang tunay na layunin ni Khrushchov ay pagtakpan ang tunay na mukha ng kanyang rebisyunismo. Pero hindi mahirap na ilantad ang panlalalang na ito. Gaya nang hindi pwedeng mailusot ang puti ng mata ng isda bilang perlas, hindi pwedeng mailusot ng rebisyunismo ang sarili bilang komunismo.

⁴⁹⁵ V. I. Lenin, “Minsan Muli Hinggil sa mga Unyon, ang Kasalukuyang Kalagayan at ang mga Pagkakamali nina Trotsky at Bukharin”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. IX, pp. 54 at 55.

⁴⁹⁶ V. I. Lenin, “Kung Paano Winawasak ni Zasluch ang Likidasyunismo”, Tinipong mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1963, Vol. XIX, p. 414.

⁴⁹⁷ N. S. Khrushchov, Ulat Hinggil sa Programa ng PKUS, binigkas sa Ika-22 Kongreso ng PKUS noong Oktubre 1961.

May presiso at takdang kahulugan ang siyentipikong komunismo. Ayon sa Marxismo-Leninismo, ang komunistang lipunan ay isang lipunan kung saan ganap na napawi na ang mga uri at mga pagkakaiba sa uri, may mataas na antas ng komunistang kamulatan at moralidad ang lahat ng mamamayan, gayundin ng walang hanggang kasigasigan para sa at inisyatiba sa paggawa, may labis na kasaganaan sa mga produktong panlipunan at ang prinsipyong “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan” ay inilalapat, at ang estado ay nalusaw na.

Ipinahayag ni Marx:

Sa mas mataas na yugto ng komunistang lipunan, matapos na maglaho ang mapang-aliping pagpapailalim ng indibidwal sa dibisyon sa paggawa, at kasama nito’y ang antitesis sa pagitan ng mental at pisikal na paggawa; matapos na ang paggawa ay hindi lamang naging isang pamamaraan sa buhay kundi pangunahing pangangailangan ng buhay; matapos na mapahusay rin ng produktibong mga pwersa ang lahatang-panig na pag-unlad ng indibidwal, at lahat ng mga bukal ng kayamanang kooperatiba ay higit na masaganang dumadaloy — sa panahong iyon lamang buong-buong matatawid ang makitid na abot-tanaw ng burges na karapatan at maiguguhit ng lipunan sa mga bandila nito: Mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan!⁴⁹⁸

Ayon sa Marxista-Leninistang teorya, ang layunin ng pagtataguyod sa diktadura ng proletaryado sa yugto ng sosyalismo ay ang mismong pagtitiyak na uunlad ang lipunan sa direksyon ng komunismo. Sinabi ni Lenin na “ang pasulong na pag-unlad, walang iba kundi tungong Komunismo, ay mangyayari sa pamamagitan ng diktadura ng proletaryado, at di magagawa ito labas dito”.⁴⁹⁹ Dahil inabandona ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet, umuurong ito at hindi sumusulong, bumabalik sa kapitalismo at hindi sumusulong tungong komunismo.

Nangangahulugan ang pagsulong tungo sa komunismo ng pagkilos tungo sa pagpawi sa lahat ng mga uri at mga pagkakaiba sa uri. Di mahihinagap ang isang komunistang lipunan na nagpapanatili sa alinmang uri, lalupa’t mapagsamantalang mga uri. Pero nagtataguyod si Khrushchov ng bagong burgesya, pinapanumbalik at pinalalawig ang sistema ng pagsasamantala at pinabibilis ang polarisasyon sa uri sa Unyong Sobyet. Tangan ngayon ng pribilehiyadong burges na saray na salungat sa mamamayang Sobyet ang naghaharing posisyon sa Partido at guberno at sa mga kagawarang pang-ekonomya, pangkultura at iba pa. Kakikitaan ba ito ng katiting man lamang na komunismo?

Nangangahulugan ang pagsulong tungo sa komunismo ng pagkilos tungo sa unitaryong sistema ng pag-aari ng lahat ng mamamayan sa mga kagamitan sa produksyon. Di mahihinagap ang isang komunistang lipunan kung saan sabay na umiiral ang ilang tipo ng pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon. Pero nililikha ni Khrushchov ang sitwasyon kung saan ang mga empresang pag-aari ng lahat ng mamamayan ay unti-unting umuurong tungo sa mga empresang kapitalista at ang mga sakahang nakapailalim sa sistema ng kolektibong pag-aari ay unti-unting umuurong tungo sa mga yunit ng ekonomyang mayamang magsasaka. Muli, kakikitaan ba ito ng katiting man lamang na komunismo?

⁴⁹⁸ Karl Marx, “Kritika sa Programang Gotha”, Piling mga Akda nina Karl Marx at Frederick Engels, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1951, Vol. II, p. 23.

⁴⁹⁹ V. I. Lenin, “Ang Estado at Rebolusyon”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1952, Vol. II, Unang Bahagi, p. 291.

Nangangahulugan ang pagsulong tungo sa komunismo ng pagkilos tungo sa labis na kasaganaan sa mga produktong panlipunan at pagkakamit sa prinsipyong “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan”. Di mahihinagap ang isang komunistang lipunang nakatatag sa pagpapayaman ng sandakot na mga tao at pagpapadalita sa masa. Sa ilalim ng sistemang sosyalista, pinaunlad ng dakilang mamamayang Sobyet ang produktibong mga pwersang panlipunan sa walang kapantay na bilis. Pero lumilikha ng napakalaking kapinsalaan ang mga kasamaan ng rebisyunismo ni Khrushchov sa Sobyet sosyalistang ekonomya. Laging nahaharap sa di mabilang na kontradiksyon, madalas na binabago ni Khrushchov ang kanyang mga patakarang pang-ekonomya at madalas na binabawi ang kanyang sariling salita, at sa gayo’y nilalagay sa napakalaking kaguluhan ang pambansang ekonomyang Sobyet. Talagang isang di mababagong mangwawaldas si Khrushchov. Nilustay niya ang mga reserbang butil na naipon sa ilalim ni Stalin at nagdulot ng mabibigat na kahirapan sa buhay ng mamamayang Sobyet. Binaluktot at nilabag niya ang sosyalistang prinsipyo sa distribusyong “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang paggawa”, at binigyang kakayahan ang sandakot na tao na kamkamin ang mga bunga ng paggawa ng malawak na masa ng mamamayang Sobyet. Sapat na ang mga puntong ito para patunayang ang landas na tinahak ni Khrushchov ay papalayo sa komunismo.

Nangangahulugan ang pagsulong tungo sa komunismo ng pagkilos tungo sa pagpapataas sa komunistang kamulatan ng masa. Di mahihinagap ang isang komunistang lipunang naglipana ang mga ideyang burges. Pero masigasig na muling binubuhay ni Khrushchov ang ideolohiyang burges sa Unyong Sobyet at naglilingkod bilang misyonero para sa bulok na kulturang Amerikano. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap sa insentibong materyal, itinatransporma niya ang lahat ng relasyong pantao bilang relasyon sa pera at hinihikayat ang indibidwalismo at pagkamakasariili. Dahil sa kanya, muling hinahamak ang paggawang manwal at muling itinuturing na marangal ang pagpapasarap ng buhay sa kapinsalaan ng paggawa ng ibang tao. Walang alinlangang ang etikang panlipunan at kapaligirang itinatangkilik ni Khrushchov ay malayung-malayo sa komunismo, sinlayo ng pinakamalayo.

Nangangahulugan ang pagsulong tungo sa komunismo ng pagkilos tungo sa paglusaw sa estado. Di mahihinagap ang isang komunistang lipunan na may aparatong pang-estado para sa pang-aapi sa mamamayan. Sa katunayan, ang estado ng diktadura ng proletaryado ay hindi na isang estado sa dati nitong pakahulugan, dahil hindi na ito isang makinaryang ginagamit ng mapagsamantalang iilan para apihin ang napakalawak na mayorya ng mamamayan kundi isang makinarya para sa pagpataw ng diktadura sa napakaliit na bilang ng mapagsamantala, habang isinasabuhay ang demokrasya sa hanay ng napakalaking mayorya ng mamamayan. Binabago ni Khrushchov ang katangian ng kapangyarihang pang-estadong Sobyet at binabago ang diktadura ng proletaryado pabalik bilang instrumentong ang sandakot na pribilehiyadong mga elementong burges ay nagpapataw ng diktadura sa masa ng Sobyet na mga manggagawa, mga magsasaka at mga intelektwal. Patuloy niyang pinalalakas ang kanyang diktaduryal na aparatong pang-estado at pinatitindi ang kanyang pagsupil sa mamamayang Sobyet. Tunay ngang malaking pangungutya ang mag-usap hinggil sa komunismo sa mga kalagayang ito.

Agad na ipakikita ng paghahambing ng lahat ng ito sa mga prinsipyo ng siyentipikong komunismo na sa lahat ng aspeto, dinadala ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang Unyong Sobyet papalayo sa landas ng sosyalismo at tungo sa landas ng kapitalismo, at, bunga nito, palayo nang palayo, sa halip na papalapit sa, komunistang layuning “mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan”.

May masamang motibo si Khrushchov sa paglalabas ng karatulang komunismo. Ginagamit niya ito para lokohin ang mamamayang Sobyet at pagtakpan ang kanyang pagtatangkang papanumbalikin ang kapitalismo. Ginagamit niya ito para linlangin ang pandaigdigang proletaryado at ang rebolusyonyong mamamayan sa lahat ng panig ng daigdig at ipagkanulo ang proletaryong internasyunalismo. Sa ilalim ng karatulang ito, inabandona mismo ng pangkating Khrushchov ang proletaryong internasyunalismo at hinahangad ang pakikipagsosyo sa imperyalismong US para sa partiyon ng daigdig; gayundin, hinahangad nito na papaglingkurin ang praternal na mga bayang sosyalista sa sarili nitong pribadong mga interes at huwag lumaban sa imperyalismo o sumuporta sa mga rebolusyon ng aping mga mamamayan at mga bansa, at hinahangad nitong ipatanggap sa kanila ang pampulitika, pang-ekonomya at militar na kontrol, at magmistulang dependensya at kolonya nito. Gayundin, hinahangad ng pangkating Khrushchov na papaglingkurin lahat ng aping mga mamamayan at mga bansa sa pribadong mga interes nito at talikuran ang kanilang rebolusyonyong pakikibaka, nang sa gayo’y hindi magambala ang matamis na panaginip nito sa pakikipagsosyo sa imperyalismo para sa dibisyon ng daigdig, at sa halip ay pumailalim sa pang-aalipin at pang-aapi ng imperyalismo at mga alipures nito.

Sa madaling sabi, ang islogan ni Khrushchov ng “pagbubuo ng komunistang lipunan sa loob ng dalawampung taon” sa saligan sa Unyong Sobyet ay hindi lamang di totoo kundi reaksyunaryo pa.

Sinasabi ng rebisyunistang pangkating Khrushchov na “nakarating” ang mga Tsino “sa antas ng pagtatanong sa pinakakarapatan ng ating Partido at mamamayan na buuin ang komunismo”⁵⁰⁰. Isa itong kamuhi-muhing pagtatangka na linlangin ang mamamayang Sobyet at lasunin ang pagkakaibigan ng mamamayang Tsino at Sobyet. Hindi kami kailanman nagkaroon ng anumang duda na sa kalauna’y papasok ang dakilang mamamayang Sobyet sa komunistang lipunan. Pero sa panahong ito, sinisira ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang sosyalistang mga bunga ng mamamayang Sobyet at kinakalaykay palayo ang kanilang karapatang sumulong tungo sa komunismo. Sa mga kalagayang ito, ang usaping kinakaharap ng mamamayang Sobyet ay hindi kung paano bubuuin ang komunismo kundi kung paano tututulan at lalabanan ang pagtatangka ni Khrushchov na papanumbalikin ang kapitalismo.

⁵⁰⁰ M. A. Suslov, Ulat sa Pulong Plenaryo ng Komite Sentral ng PKUS, Pebrero 1964.

Sinasabi rin ng rebisyunistang pangkating Khrushchov na “ipinahihiwatig ng mga pinuno ng PKT na, dahil nilayon ng ating partido ang mas mahusay na buhay para sa mamamayan, nagiging “burges” ang lipunang Sobyet, at “nabubulok”.⁵⁰¹ Ang salamangkang ito sa pagbabaling ng disgusto ng mamamayang Sobyet sa pangkating Khrushchov ay nakalulungkot, gayundi’y gunggong. Tapat naming hinahangad ang papaiging buhay para sa mamamayang Sobyet. Ngunit ang paghahambog ni Khrushchov ng “pag-aalala para sa kapakanan ng mamamayan” at ng “mas mahusay na buhay para sa bawat tao” ay maling-mali at demagohiko. Napakasama na ng buhay para sa masa ng mamamayang Sobyet sa mga kamay ni Khrushchov. Hinahangad ng pangkating Khrushchov ang “mas mahusay na buhay” para lamang sa mga myembro ng pribilehiyadong saray at mga elementong burges, luma at bago, sa Unyong Sobyet. Kinakamkam ng mga taong ito ang mga bunga ng paggawa ng mamamayang Sobyet at namumuhay ng buhay ng mga panginoong burges. Talaga ngang puspusing naging burges na sila.

Sa esensya, ang “komunismong” Khrushchov ay isang tipo ng sosyalismong burges. Hindi niya itinuturing ang komunismo na ganap na nagpapawi sa mga uri at mga pagkakaiba sa uri kundi’y inilalarawan ito bilang “isang mangkok na abot ng lahat at punung-puno ng mga produkto ng pisikal at mental na paggawa”⁵⁰². Hindi niya itinuturing ang pakikibaka ng uring manggagawa para sa komunismo bilang pakikibaka para sa purpusang pagpapalaya sa buong sangkatauhan, gayundin sa sarili nito, kundi inilalarawan ito bilang isang pakikibaka para sa “isang masarap na putahe ng lugaw”. Wala ni katiting na siyentipikong komunismo sa kanyang ulo kundi anino lamang ng isang lipunan ng mga walang-kulturang burges.

Ginagamit ng “komunismong” Khrushchov ang United States bilang modelo. Itinaas sa antas ng patakaran ng estado ang panggagaya sa mga paraan ng pamamahala ng kapitalismong US at ang burges na paraan ng pamumuhay. Sinasabi niyang laging “may mataas na pagtingin” siya sa mga tagumpay ng United States. “Ipinagdiriwang niya ang mga tagumpay na ito, at kung minsa’y kinaiinggitan pa.”⁵⁰³ Pinapapurihan niya hanggang sa langit ang isang liham ni Roswell Garst, isang malaking magsasakang US, na nagpapalaganap sa sistemang kapitalista,⁵⁰⁴ at sa aktwal ay ginamit niya ito bilang kanyang programang pang-agrikultura. Nais niyang kopyahin ang United States sa larangan ng industriya, gayundin ng agrikultura at, sa partikular, gayahin ang motibo sa pagtubo ng mga empresang kapitalistang US. Malaki ang kanyang paghanga sa paraan ng pamumuhay Amerikano, at iginigiit na “hindi masama ang buhay”⁵⁰⁵ ng mamamayang Amerikano sa ilalim ng paghahari at pang-aalipin ng monopolyong kapital. Higit pa rito, umaasa si Khrushchov na mabubuo ang komunismo sa pamamagitan ng mga pautang mula sa imperyalismong US. Sa panahon ng kanyang mga pagdalaw sa United States at Hungary, di miminsang ipinahayag niya ang kahandaang “mangutang maging sa demonyo mismo”.

⁵⁰¹ Bukas na Liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet para sa Lahat ng Organisasyon ng Partido at para sa Lahat ng mga Komunista ng Unyong Sobyet, ika-14 ng Hulyo, 1963.

⁵⁰² N. S. Khrushchov, Talumpati para sa Radyo at Telebisyon Amerikano, ika-7 ng Hulyo, 1960.

⁵⁰³ N. S. Khrushchov, Panayam sa mga Pinuno ng Kongresong US at mga Kagawad ng Komite sa Relasyong Panlabas ng Senado, ika-16 ng Setyembre, 1959.

⁵⁰⁴ N. S. Khrushchov, Talumpati sa Pulong Plenaryo ng Komite Sentral ng PKUS, Pebrero 1964.

⁵⁰⁵ N. S. Khrushchov, Pananalita sa isang Pulong sa mga Negosyante at mga Pinunong Pampubliko sa Pittsburgh, USA, ika-24 ng Setyembre, 1959.

Samakatuwid, makikita na ang “komunismong” Khrushchov ay walang iba kundi “komunismong goulash (nilagang baka na may halu-halong gulay)”, ang “Komunismo ng paraan ng pamumuhay Amerikano” at “komunismong nangungutang sa demonyo”. Kaya pala madalas niyang sabihin sa mga kinatawan ng Kanluraning monopolyong kapital na kapag nakamit na ang gayong “komunismo” sa Unyong Sobyet, “susulong kayo tungong komunismo kahit hindi ko ipanawagan”.⁵⁰⁶

Walang anumang bago sa gayong “komunismo”. Ibang ngalan lamang ito para sa kapitalismo. Isang burges na tatak, karatula o adbvertisement lamang ito. Bilang pangungutya sa makalumang rebisyunistang mga partido na naglabas ng karatulang Marxismo, sinabi ni Lenin na:

Saanman popular ang Marxismo sa hanay ng mga manggagawa, ang pampulitikang tendensyang ito, ang “burges na partido sa paggawa” ay susumpa sa pangalan ni Marx. Hindi siya mapagbabawalang gawin ito, tulad nang hindi maipagbabawal sa anumang empresa sa pangangalakal na gumamit ng alinmang partikular na tatak, etiketa o adbvertisement.⁵⁰⁷

Madaling maunawaan kung gayon kung bakit kinalulugdan ng imperyalismo at monopolyong kapital ang “komunismong” Khrushchov. Nasabi ng Kalihim sa Estadong US na si Dean Rusk:

“... hanggang sa antas na naging higit na mahalaga ang goulash at ikalawang pares ng pantalon at ang gayong mga usapin sa Unyong Sobyet, sa palagay ko hanggang sa gayong antas, pumasok na sa kasalukuyan ang isang pampahupang impluwensya.”⁵⁰⁸

At nasabi naman ng Punong Ministro ng Britanyang si Douglas Home:

Sabi ni Ginoong Khrushchov na ang tipo ng komunismong Ruso ay naglalagay ng edukasyon at goulash sa unahan. Mabuti ito; ang komunismong goulash ay mas maigi kaysa komunismong digma, at nagagalak akong makuha ang kumpirmasyong ito sa aming pananaw na mas mabuti ang mataba at komportableng mga Komunista kaysa payat at gutom na mga Komunista.⁵⁰⁹

Buong-buong nagsisilbi ang rebisyunismong Khrushchov sa patakarang “mapayapang ebolusyon” na itinataguyod ng imperyalismong US kaugnay ng Unyong sobyet at iba pang mga bayang sosyalista. Sabi ni John Foster Dulles:

... may ebidensya ng mga pwersa tungo sa higit pang liberalismo sa loob ng Unyong Sobyet at kapag magpupunyagi sila, ay makapagdudulot ng saligang pagbabago sa loob ng Unyong Sobyet.⁵¹⁰

⁵⁰⁶ N. S. Khrushchov, Pananalita sa isang Pulong sa mga Parlamentaristang Pranses, ika-25 ng Marso, 1960.

⁵⁰⁷ V. I. Lenin, “Ang Imperyalismo at ang Isplit sa Sosyalismo”, Piling mga Akda, edisyong Ingles, International Publishers, New York, 1943, Vol. XI, p. 761.

⁵⁰⁸ Dean Rusk, Panayam sa *British Broadcasting Corporation Television*, ika-10 ng Mayo, 1964.

⁵⁰⁹ A. Douglas Home, Talumpati sa Norwich, England, ika-6 ng Abril, 1964.

⁵¹⁰ J. F. Dulles, Kumperensyang Pampahayagan, ika-15 ng Mayo, 1956.

Ang mga sinasabing liberal na pwersa ni Dulles ay mga kapitalistang pwersa. Ang inaasam na saligang pagbabago ni Dulles ay ang pagkabulok ng sosyalismo tungong kapitalismo. Nililikha ni Khrushchov ang mismong “saligang pagbabago” na pinapangarap ni Dulles.

Asang-asa ang mga imperyalista sa pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet! Galak na galak!

Nais naming ipayo sa mga panginoong imperyalista na huwag agad magsaya.

Sa kabila ng lahat ng serbisyo ng rebisyunistang pangkating Khrushchov, walang makapagliligtas sa imperyalismo sa kanyang kamatayan. Dinapuan ang rebisyunistang naghaharing pangkatin ng sakit na dinaranas ng naghaharing pangkating imperyalista; labis silang antagonistiko sa masa ng sambayanan na bumubuo sa higit sa 90 porsyento ng populasyon ng daigdig, at samakatuwid sila rin ay mahihina at walang kapangyarihan at mga tigreng papel. Tulad ng luwad na Buddha na nagtangkang tumawid sa ilog, ni hindi mailigtas ng rebisyunistang pangkating Khrushchov ang sarili, paano pa nilang mahahandugan ng mahabang buhay ang imperyalismo?

ISTORIKONG MGA ARAL NG DIKTADURA NG PROLETARYADO

(Mga Aral na Hango Mula sa Pagkabulok ng Proletaryong Partido at Sosyalistang Estado)

Ang rebisyunismo ni Khrushchov ay nagdulot ng malaking pinsala sa pandaigdigang kilusang komunista, pero kasabay nito’y nagturo sa mga Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig sa pamamagitan ng maling halimbawa.

Kung masasabing ang Dakilang Rebolusyong Oktubre ay nagbigay sa mga Marxista-Leninista sa lahat ng bayan ng pinakamahalagang positibong karanasan at naghawan ng landas para sa proletaryong pag-agaw ng kapangyarihang pampolitika, ang rebisyunismo ni Khrushchov naman, ay masasabing nakapagbigay sa kanila ng pinakamahalagang negatibong karanasan, na nagpahintulot sa mga Marxista-Leninista sa lahat ng bayan na makahango ng angkop na mga aral para sagkaan ang pagkabulok ng proletaryong partido at ng sosyalistang estado.

Sa kasaysayan, lahat ng rebolusyon ay dumaan sa mga pag-atras at pagliku-liko. Natanong minsan ni Lenin:

“Kung titingnan ang esensya ng usapin, nangyari na ba sa kasaysayan na ang isang bagong moda ng produksyon ay kaagad-agad na nakaugat, nang walang mahabang serye ng kabiguan, pagkakamali at pag-atras?”

Wala pang isang siglo ang kasaysayan ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo mula 1871, nang ilunsad ng proletaryado ng Komuna ng Paris ang unang magiting na pagsisikap sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, o halos kalahating siglo pa lamang mula Rebolusyong Oktubre. Pinapalitan ng rebolusyong proletaryo, na pinakadakilang rebolusyon sa kasaysayan ng tao, ang kapitalismo ng sosyalismo at ang pribadong pag-aari, ng pag-aaring publiko at pinapawi ang lahat ng sistema at uring mapagsamantala. Kaya, natural lamang na ang ganitong makayanig-mundong rebolusyon ay kailangang sumuong sa isang seryoso at maigting na tunggalian ng mga uri at di-maiiwasang bumagtas sa isang mahaba at liku-likong landas na batbat ng mga pag-atras.

Ang kasaysayan ay nagbibigay ng maraming halimbawa ng pagkatalo ng proletaryong paghahari bunga ng armadong pagsupil ng burgesya, halimbawa, ang Komuna ng Paris at ang Republikang Sobyet ng Hungary noong 1919. Maging sa kasalukuyang panahon, narriyan ang kontrarebolusyong rebelyon sa Hungary noong 1956, nang halos maibagsak ang paghahari ng proletaryado. Madaling makita ng mamamayan ang ganitong anyo ng kapitalistang panunumbalik at sila'y mas alerto at mapagbantay laban dito.

Gayunman, hindi madaling makita at kadalasa'y hindi mapagbantay at alerto ang mamamayan laban sa iba pang anyo ng kapitalistang panunumbalik, at kung gayon, ay siyang nagdadala ng mas malaking panganib. Ang estado ng diktadura ng proletaryado ay tumatahak sa rebisyunismo o sa landas ng “payapang ebolusyon” kapag nabulok ang pamunuan ng Partido at ng estado. Ilang taon na sa nakaraan, ang ganitong aral ay ipinakita ng rebisyunistang pangkating Tito na nagbulid sa pagkabulok sa sosyalistang Yugoslavia patungong isang kapitalistang bayan. Pero ang aral ng Yugoslavia ay hindi nakasapat upang lubusang mapukaw ang kamalayan ng mamamayan. Maaaring sabihin ng ilan na baka naman ito ay hindi sinasadya.

Ngunit ngayon, naagaw na ng rebisyunistang pangkating Krushchov ang pamunuan ng Partido at ng estado at may malaking panganib ng panunumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet, ang bayan ng Dakilang Rebolusyong Oktubre na may ilang dekadang kasaysayan sa pagtatayo ng sosyalismo. At ito ay nag-alarma sa lahat ng sosyalistang bayan, kabilang ang Tsina, at sa lahat ng mga partidong komunista at manggagawa, kabilang ang Partido Komunista ng Tsina. Di maiiwasang pumukaw ito ng malaking atensyon at mag-obliga sa mga Marxista-Leninista at mga rebolusyong mamamayan sa buong daigdig na mag-isip nang malalim at patalasin ang kanilang pagmamatyag.

Ang paglitaw ng rebisyunismong Khrushchov ay isang masamang bagay, at ito'y isa ring magandang bagay. Hangga't ang mga bayang pinagtagumpayan ng sosyalismo at yaong mga susunod na tatahak ng sosyalistang landas ay seryosong mag-aaral sa mga leksyon ng “payapang ebolusyon” na itinataguyod ng rebisyunistang pangkating Khrushchov at magsasagawa ng mga angkop na hakbang, mapipigilan nila ang ganitong tipo ng “payapang ebolusyon” at madudurog ang mga armadong atake ng kaaway. Sa gayon, higit na matitiyak ang tagumpay ng pandaigdig na rebolusyong proletaryo.

Ang Partido Komunista ng Tsina ay may 43-taon nang kasaysayan. Sa panahon ng kanyang matagalang rebolusyonaryong pakikibaka, nilabanang Partido kapwa ang Kanan at “Kaliwang” oportunistang pagkakamali, at naitatag ang Marxista-Leninistang pamumuno ng Komite Sentral na pinamunuan ni Kasamang Mao Zedong. Sa pamamagitan ng mahigpit na pagsasanib ng unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika ng rebolusyon at konstruksyon sa Tsina, napamunuan ni Kasamang Mao Zedong ang mamamayang Tsino mula sa isang tagumpay tungong panibagong tagumpay. Tinuruan tayo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina at ni Kasamang Mao Zedong na maglunsad ng walang humpay na pakikibaka sa larangan ng teorya, pulitika at organisasyon, gayundin sa gawaing praktikal, upang malabanang ang rebisyonismo at mahadlangan ang panunumbalik ng kapitalismo. Ang mamamayang Tsino ay dumaan sa isang matagalang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at may dakilang rebolusyonaryong tradisyon. Ang Hukbong Mapagpalaya ng Mamamayang Tsino ay nasasandatahan ng Kaisipang Mao Zedong at mahigpit na nakaugnay sa masa. Ang maraming kadre ng Partido Komunista ng Tsina ay natuto at napanday sa mga kilusang pagwawasto at sa maigting na tunggalian ng mga uri. Bunga ng lahat ng mga salik na ito, lubhang mahirap na makapanumbalik ang kapitalismo sa ating bayan.

Ngunit, tingnan natin ang katotohanan. Lubos bang malinis ang lipunang natin ngayon? Hindi, hindi ito malinis. Nanatili pa rin ang mga uri at tunggalian ng mga uri, nagpapatuloy pa rin ang mga aktibidad ng mga naibagsak na reaksyunaryong uring nagpapakalang makapanumbalik at umiiral pa rin ang mga ispekulasyon sa pamilihan ng mga luma’t bagong elementong burges at ang desperadong pandarabong ng mga manlulustay, mangungurakot at bulok. May mga kaso rin ng pagkabulok sa ilang saligang organisasyon; mas masahol pa, ginagawa ng mga bulok na ito ang lahat upang makakabig ng mga tagapagtanggol at ahente sa mga nakatataas na namumunong organo. Ni bahagya, hindi tayo dapat magluwag sa ating pagbabantay laban sa ganitong mga kaganapan at sa halip ay maging lubusang alerto.

Ang tunggalian sa mga sosyalistang bayan sa pagitan ng landas ng sosyalismo at landas ng kapitalismo -- sa pagitan ng mga pwersa ng kapitalismo na nagtatangkang makapanumbalik at ng mga pwersang lumalaban dito -- ay hindi maiiwasan. Pero ang panunumbalik ng kapitalismo sa mga sosyalistang bayan at ang kanilang pagkabulok tungong mga kapitalistang bayan ay maaaring maiwasan. Mapipigilan natin ang panunumbalik ng kapitalismo hangga’t mayroong wastong pamumuno at wastong pag-unawa sa problema, hangga’t itinataguyod natin ang rebolusyonaryong linyang Marxista-Leninista, gumagawa ng mga angkop na hakbangin at naglulunsad ng matagalan at walang humpay na pakikibaka. Ang tunggalian sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang landas ay maaaring maging pwersang pampakilos sa pag-unlad na panlipunan.

Paano mapipigilan ang panunumbalik ng kapitalismo? Sa usaping ito, nagbalangkas si Kasamang Mao Zedong ng isang set ng mga teorya at patakaran, matapos lagumin ang praktikal na karanasan ng diktadura ng proletaryado sa Tsina at mapag-aralan ang mga positibo at negatibong karanasan ng ibang bayan, pangunahin ng Unyong Sobyet, alinsunod sa mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at sa gayo’y napayaman at napaunlad ang Marxista-Leninistang teorya ng diktadura ng proletaryado.

Ang pangunahing nilalaman ng mga teorya at patakaran inihapag ni Kasamang Mao Zedong kaugnay nito ay ang mga sumusunod:

Una, kailangang ilapat ang Marxista-Leninistang batas ng kaisahan ng magkasalungat sa pag-aaral ng sosyalistang lipunan. Ang batas ng kontradiksyon sa lahat ng bagay, ibig sabihin, ang batas ng kaisahan ng magkasalungat ay ang pundamental na batas ng materyalismong diyalektiko. Totoo ito para sa lahat ng bagay, sa kalikasan man o sa lipunan ng tao o maging sa isipan ng tao. Ang magkasalungat sa isang kontradiksyon ay kapwa may kaisahan at tunggalian, at ito ang nagtutulak sa mga bagay na gumalaw at magbago. Ang sosyalistang lipunan ay hindi labas dito. May dalawang tipo ng panlipunang kontradiksyon sa sosyalistang lipunan, ang kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at yaong sa pagitan natin at ng kaaway. Magkaibang-magkaiba sa esensya ang dalawang tipong ito ng panlipunang kontradiksyon, at ang mga paraan sa pagharap dito ay magreresulta sa higit na konsolidasyon ng diktadura ng proletaryado at sa higit pang pagpapalakas at pagpapaunlad ng sosyalistang lipunan. Marami ang kumikilala sa batas ng kaisahan ng magkasalungat pero hindi ito nagagamit sa pag-aaral at paglutas ng mga usapin sa sosyalistang lipunan. Ayaw nilang aminin na mayroong mga kontradiksyon sa sosyalistang lipunan -- na umiiral ang kontradiksyon di lamang sa pagitan natin at ng kaaway ngunit gayundin sa hanay ng mamamayan -- at hindi nila alam pag-ibahin ang dalawang tipong ito ng panlipunang kontradiksyon at kung paano panghawakan ang mga ito nang wasto at sa gayo'y hindi nila wastong napakikitunguhan ang usapin ng diktadura ng proletaryado.

Pangalawa, ang sosyalistang lipunan ay sumasaklaw ng napakahabang panahon sa kasaysayan. Patuloy na umiiral ang mga uri at ang tunggalian ng mga uri sa ganitong lipunan at nagpapatuloy ang tunggalian sa pagitan ng sosyalistang landas at kapitalistang landas. Ang sosyalistang rebolusyon sa larangan ng ekonomya (sa pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon) ay hindi sasapat sa sarili nito at hindi maaaring makonsolida. Kailangan din ang puspusang sosyalistang rebolusyon sa larangan ng pulitika at ideolohiya. Dito ay kailangan ang mahabang panahon para matiyak “kung sino ang mananaig” sa tunggalian sa pagitan ng sosyalismo at ng kapitalismo. Hindi sapat ang ilang dekada; ang tagumpay ay mangangailangan ng mula isa hanggang ilang siglo. Sa usapin ng panahong itatagal nito, mas maiging paghandaan ang mas mahaba kaysa mas maikling panahon. Sa usapin ng pagsisikap, mas maiging ipalagay na ito’y mas mahirap kaysa mas madali. Mas kapaki-pakinabang at nakababawas sa pinsala kung ganito mag-isip at kumilos. Sinumang hindi makaintindi o ganap na makaunawa nito ay makagagawa ng malulubhang pagkakamali. Sa istorikong panahon ng sosyalismo, kailangang mapanatili ang diktadura ng proletaryado at maipatupad ang sosyalistang rebolusyon hanggang sa kadulu-duluhan para mahadlangan ang panunumbalik ng kapitalismo, maisulong ang sosyalistang konstruksyon at malikha ang mga kondisyon para sa transisyon tungong komunismo.

Pangatlo, ang diktadura ng proletaryado ay pinamumunuan ng uring manggagawa at ang alyansa ng manggagawa at magsasaka ang pundasyon nito. Nangangahulugan ito ng pagpapairal ng diktadura ng uring manggagawa at ng mamamayang pinamumunuan nito, laban sa mga reaksyunaryong uri at indibidwal at mga elementong tumututol sa sosyalistang transpormasyon at konstruksyon. Sa hanay ng mamamayan, ipinatutupad ang demokratikong sentralismo. Atin ang pinakamalawak na demokrasyang di kakayanin ng alinmang estadong burges.

Pang-apat, kapwa sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, kailangang tumalima sa linyang masa, mapangahas na pukawin ang masa at maglunsad ng mga malawakang kilusang masa. Ang linyang masang “mula sa masa, tungo sa masa” ay ang batayang linya sa lahat ng gawain ng ating Partido. Kailangang magtiwala tayo sa malawak na mamamayan at higit sa lahat sa nakararaming manggagawa’t magsasaka. Kailangan tayong magpakahusay sa pagkonsulta sa masa sa ating pagkilos at huwag kailanman ihiwalay ang ating sarili sa kanila. Kailangang bakahin kapwa ang komandismo at ang aktitud ng pamumudmod ng mga pabor. Ang lubos at tapat na pagpapahayag ng mga pananaw at ang mga malalaking debate ay mga mahahalagang anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka na nilikha ng mamamayan ng ating bayan sa mahabang proseso ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka, mga porma ng pakikibakang umaasa sa masa para sa paglutas ng mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at kontradiksyon sa pagitan natin at ng kaaway.

Panglima, sa sosyalistang rebolusyon man o konstruksyon, mahalagang malutas ang usapin ng sino ang aasahan, sino ang kakabigin at sino ang lalabanan. Ang proletaryado at ang taliba nito ay kailangang gumawa ng pagsusuri ng mga uri sa sosyalistang lipunan, sumandig sa tunay na maaasahang pwersang matatag na tumatahak ng sosyalistang landas, kabigin ang lahat ng alyadong maaaring makabig at makipagkaisa sa masa ng sambayanan na bumubuo ng 95% ng populasyon, sa isang nagkakaisang pakikibaka laban sa mga kaaway ng sosyalismo. Sa kanayunan, matapos ang kolektibisasyon ng agrikultura, kailangang umasa sa mga maralita at nakabababang-panggitnang magsasaka para makonsolida ang diktadura ng proletaryado at, sa batayang alyansa ng manggagawa’t magsasaka, para mabigo ang mga ispontanyong kapitalistang tendensya at patuloy na mapalakas at mapasaklaw ang pusisyon ng sosyalismo.

Pang-anim, kailangang paulit-ulit na magsagawa ng mga malawakang kampanya sa sosyalistang edukasyon sa mga syudad at sa kanayunan. Sa patuloy na mga kampanyang ito sa edukasyon ng mamamayan, kailangang magpakahusay sa pag-oorganisa sa mga rebolusyonaryong maka-uring pwersa, sa pagpapatalas sa kanilang maka-uring kamalayan, sa wastong paghawak ng mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan at sa pagbigkis sa lahat na maaaring mapagkaisa. Sa mga kilusang ito, mahalagang maglunsad ng matalas na pakikibakang ngipin sa ngipin laban sa mga pwersang antisosyal, kapitalista at pyudal -- ang mga panginoong maylupa, mayamang magsasaka, kontrarebolusyonaryo, mga makakanang burges, manlulustay, mangungurakot at bulok -- upang durugin ang mga atake nila laban sa sosyalismo at upang makapagpanibagong-hubog ang karamihan sa kanila.

Pampito, ang aktibong pagpapalawak ng sosyalistang ekonomya ang isa sa mga batayang tungkulin ng diktadura ng proletaryado. Kailangang hakbang-hakbang na matamo ang modernisasyon ng industriya, agrikultura, agham at teknolohiya at pambansang depensa sa gabay ng pangkalahatang patakaran sa pagpapaunlad sa pambansang ekonomya na sumasalalay sa agrikultura bilang pundasyon at sa industriya bilang nangungunang salik. Batay sa pag-unlad ng produksyon, kailangang unti-unting maitaas ang antas ng pamumuhay ng mamamayan sa malawak sa saklaw.

Pangwalo, ang pagmamay-ari ng buong mamamayan at ang kolektibong pag-aari ang dalawang anyo ng sosyalistang ekonomya. Ang transisyon mula kolektibong pag-aari tungong pag-aari ng buong sambayanan, mula dalawang tipo ng pag-aari tungong yunitaryong pag-aari ng buong sambayanan, ay isang napakahabang proseso. Ang kolektibong pag-aari mismo ay umuunlad mula sa mababang antas tungong mas mataas na antas at mula sa maliit na saklaw tungong mas malaking saklaw. Ang “people’s commune” na nilikha ng mamamayang Tsino ay isang angkop na anyo ng organisasyon sa paglutas sa usapin ng transisyon.

Pangsiyam, Ang “Hayaang mamukadkad ang isandaang bulaklak at magtagisan ang isang daang kaisipan” (“Let a hundred flowers blossom and a hundred schools of thought contend”) ay isang patakaran para pasiglahin ang pagyabong ng sining at pag-unlad ng siyensya at para itaguyod ang yumayabong(?) na sosyalistang kultura. Ang edukasyon ay dapat maglingkod sa proletaryong pulitika at dapat ikombina sa produktibong paggawa. Ang mga manwal na manggagawa ay dapat ding maging intelektwal at ang mga intelektwal, mga manwal na manggagawa. Sa hanay ng mga nasa siyensya, kultura, sining at edukasyon, ang pakikibaka upang maipalaganap ang proletaryong ideolohiya at mawasak ang ideolohiyang burges ay isang matagalan at maigting na makauring pakikibaka. Kailangang makabuo ng isang malaking kwerpo ng mga manggagawang-intelektwal na naglilingkod sa sosyalismo at parehong “pulahang at eksperto”, ibig sabihin, kapwa may kamalayang pampulitika at propesyonal na kakayahan, sa pamamagitan ng rebolusyong kultural at rebolusyong praktika sa tunggalian ng mga uri, sa pakikibaka para sa produksyon at siyentipikong eksperimento.

Pangsampu, kailangang imentina ang isang sistema ng pagpapalahok ng mga kadre sa kolektibong produktibong paggawa. Ang mga kadre ng ating Partido at estado ay mga ordinaryong manggagawa at hindi mga tagapamahalang nakakubabaw sa mamamayan. Sa pamamagitan ng paglahok sa kolektibong produktibong paggawa, namementina ng mga kadre ang malawak, palagian at mahigpit na ugnayan sa uring anakpawis. Isa itong mayor na hakbang na may pundamental na kahalagahan para sa sosyalistang sistema; nakatutulong ito sa pagbaka sa burukratismo at sa paghadlang sa rebisyonismo at dogmatismo.

Panglabing-isa, ang sistema ng mataas na sahod para sa iilang tao ay hindi kailanman dapat ipatupad. Ang agwat sa pagitan ng kita ng mga nagtatrabahong tauhan ng Partido, ng guberno, ng mga empresa, at ng mga komunang bayan, sa isang banda, at ang kita ng masa ng sambayanan, sa kabilang banda, ay dapat makatwiran at hakbang-hakbang na pinaliliit at hindi pinalalaki. Dapat masawata ang lahat ng nagtatrabahong tauhan mula sa pang-aabuso ng kanilang kapangyarihan at sa pagtatamasa ng mga ispesyal na pribilehiyo.

Panglabingdalawa, sa tuwina, kailangang nasa ilalim ng pamumuno ng partido ng proletaryado at ng superbisyon ng masa ang armadong pwersa ng mamamayan sa isang sosyalistang bayan at dapat laging itaguyod ang dakilang tradisyon ng hukbong bayan na mayroong pagkakaisa sa pagitan ng hukbo at ng mamamayan at sa pagitan ng mga upisyal at tauhan. Mahalagang ipagpatuloy ang sistema ng pana-panahong paggampan ng mga upisyal bilang mga karaniwang kawal. Kailangang isabuhay ang demokrasya sa militar, pulitika at ekonomya. Dagdag pa, ang mga yunit milisya ay dapat organisahin at sanayin sa buong bayan upang ang lahat ay maging kawal. Ang mga armas ay dapat laging nasa kamay ng partido at ng mamamayan at hindi kailanman dapat hayaang maging instrumento ng mga karerista.

Panglabingtatlo, ang pampublikong organong panseguridad ng mamamayan ay dapat laging nasa ilalim ng pamumuno ng partido ng proletaryado at nasa ilalim ng superbisyon ng masa ng mamamayan. Sa pakikibaka upang ipagtanggol ang mga tagumpay ng sosyalismo at ang interes ng mamamayan, dapat ipatupad ang patakaran ng pagsalig sa magkasanib na pagsisikap ng malawak na masa at ng mga organong panseguridad, nang sa gayon ay wala ni isang masamang elementong makaligtas o ni isang mabuting taong mapinsalaan. Dapat supilin ang mga kontrarebolusyonaryo saanman matagpuan at iwasto ang mga pagkakamali saanman matuklasan.

Panglabing-apat, sa patakarang panlabas, kailangang itaguyod ang proletaryong internasyonalismo at labanan ang sobinismo ng mga dambulang kapangyarihan at ang pambansang kapalaluan. Ang kampong sosyalista ay produkto ng pakikibaka ng proletaryado ng buong daigdig at ng masang anakpawis. Pag-aari ito ng proletaryado at masang anakpawis ng buong mundo gayundin ng mga mamamayan ng mga sosyalistang bayan. Kailangan nating isabuhay ang mga mapanlabang islogang: “Manggagawa ng lahat ng bayan magkaisa!” at “Manggagawa at mga aping bansa ng buong daigdig, magkaisa!”, buong tatag na labanan ang antikomunista, antipopular at kontrarebolusyonaryong mga patakaran ng imperyalismo at ng reaksiyon at suportahan ang rebolusyonaryong pakikibaka ng lahat ng mga aping uri at bansa. Ang relasyon sa hanay ng mga sosyalistang bayan ay dapat nakabatay sa mga prinsipyo ng kasarinlan, ganap na pagkakapantay-pantay at sa proletaryong internasyunalistang prinsipyo ng mutwal na alalayan at tulongan. Dapat umasa pangunahin sa sarili ang bawat sosyalistang bayan para sa kanyang konstruksiyon. Kung ang isang bayang sosyalista ay nagpapatupad ng pambansang kapalaluan sa kanyang patakarang panlabas, o mas masahol pa, masigasig na nakikipagpartner sa imperyalismo sa paghahati-hati ng mundo, ang nasabing kondukta ay bulok at pagkakanulo sa proletaryong internasyunalismo.

Panglabinlima, bilang taliba ng proletaryado, kailangang umiral ang Partido Komunista hangga’t umiiral ang diktadura ng proletaryado. Ang Partido Komunista ang pinakamataas na anyo ng organisasyon ng proletaryado. Ang namumunong papel ng proletaryado ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng pamumuno ng Partido Komunista. Ang paraan ng pamumuno sa pamamagitan ng sistemang komite ng partido ay dapat ipatupad sa bawat departamento. Sa panahon ng diktadura ng proletaryado, kailangang imentina at palakasin ng proletaryong partido ang kanyang mahigpit na ugnayan sa proletaryado at sa malawak na masang anakpawis, imentina at paunlarin ang kanyang masiglang istilong rebolusyonaryo, itaguyod ang prinsipyo ng pagsasanib ng unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo sa kongkretong praktika ng kanyang bayan at magpunyagi sa pakikibaka laban sa anumang uri ng rebisyonismo, dogmatismo at oportunismo.

Sa tanglaw ng mga istorikong aral ng diktadura ng proletaryado, sinabi ni Kasamang Mao Zedong na:

“Ang tunggalian ng mga uri, ang pakikibaka sa produksyon at ang siyentipikong eksperimento ang tatlong dakilang rebolusyong kilusan sa pagtatayo ng isang makapangyarihang sosyalistang bayan. Ang mga kilusang ito ang tiyak na garantiyang magiging malaya sa burukratismo at ligtas sa rebisyunismo at dogmatismo ang mga Komunista at mananatiling di-nalulupig. Mga maaasahang garantiya ito na ang proletaryado ay makikipagkaisa sa malawak na masang anakpawis at matatamo ang isang demokratikong diktadura. Kung sa kawalan ng ganitong mga kilusan, ang mga panginoong maylupa, mayayamang magsasaka, kontrarebolusyong, masasamang elemento at lahat ng uri ng halimaw ay napabayaang makalusot, habang ang ating mga kadre naman ay nakakaladkad sa kampo ng kaaway o ang kaaway ay nakakapuslit sa ating hanay, at kung marami sa ating mga manggagawa, magsasaka at mga intelektwal ang naiiwanang walang laban sa malambot at marahas na taktika ng kaaway, hindi magtatagal bago tiyak na maganap ang isang kontrarebolusyong panunumbalik sa pambansang saklaw, kundi man sa loob ng ilang taon, maaaring sa loob ng isang dekada o ilang dekada sa maksimum; ang Marxista-Leninistang Partido o isang partidong pasista, at ang buong Tsina ay magbabago ng kulay.

Tinuran ni Kasamang Mao Zedong na upang matiyak na di magbabago ng kulay ang ating Partido at bayan, hindi lamang tayo dapat magkaroon ng wastong linya at wastong mga patakaran, dapat din tayong magsanay at mag-alaga ng milyong makakahalili na magpapatuloy sa simulain ng proletaryong rebolusyon.

Sa huling pagsusuri, ang usapin ng pagsasanay ng mga tagapagpatuloy ng rebolusyong simulain ng proletaryado ay usapin ng kung mayroon o walang mga taong magtutuloy ng Marxista-Leninistang rebolusyong adhikaing sinimulan ng mga naunang henerasyon ng mga proletaryong rebolusyong, kung mananatili o hindi ang pamunuan ng ating Partido at estado sa kamay ng mga proletaryong rebolusyong, kung magpapatuloy o hindi sa pagmamartsa sa wastong landas na inilatag ng Marxismo-Leninismo ang ating salinlahi o sa ibang salita, kung magtatagumpay tayo o mabibigong hadlangan ang paglitaw ng rebisyunismong Khrushchov sa Tsina. Sa sumang, isa itong napakahalagang usapin, isang buhay at kamatayang usapin para sa ating Partido at sa ating bayan. Isa itong usaping may pundamental na kahalagahan sa proletaryong rebolusyong adhikain sa susunod na isang daan, isang libo o sampung libong taon. Sa batayan ng mga pagbabago sa Unyon Sobyet, itinatali ng mga imperyalistang propeta ang kanilang pag-asa sa “payapang ebolusyon” sa mga ikatlo at ikaapat na henerasyon ng Partido ng Tsina. Kailangan nating basagin ang ganitong imperyalistang pangitain. Mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa nating organisasyon, kailangang patuloy na bigyang pansin ang pagsasanay at pangangalaga sa mga tagapagmana ng rebolusyong adhikain.

Ano ang mga rekisitos sa mga karapat-dapat na kahalili sa rebolusyong simulain ng proletaryado?

Dapat silang maging mga tunay na Marxista-Leninista at hindi mga rebisyunistang katulad ni Khrushchov na nagsusuot ng mantel ng Marxismo-Leninismo.

Dapat silang maging mga rebolusyong taos-pusong naglilingkod sa mayorya ng mamamayang Tsino at ng buong daigdig at hindi dapat matulad kay Khrushchov na nagsisilbi kapwa sa interes ng kakarampot na myembro ng de-pribilehiyong saray ng burgesya sa sariling bayan at sa dayuhang imperyalista at reaksyon.

Dapat silang maging mga proletaryong estadistang may kakayahang makipagkaisa at magtrabaho kasama ng nakararaming mayorya. Hindi lamang sila dapat maging mahusay sa pakikipagkaisa sa mga kasundo nila, dapat din silang maging mahusay sa pakikipagkaisa sa hindi umaayon sa kanila at maging doon sa dati'y kumakalaban sa kanila at napatunayang mali. Subali't kailangan silang maging partikular na mapagbantay sa mga karerista at konspirador na katulad ni Khrushchov at hadlangan ang ganoong mga masasamang elemento sa pag-agaw sa pamunuan ng Partido at ng gubyrerno sa anumang antas.

Dapat silang maging modelo sa pagpapatupad ng demokratikong sentralismo ng Partido, maging bihasa sa pamamaraan ng pamumuno na nakabatay sa prinsipyong “mula sa masa, tungo sa masa” at naglilinang sa isang demokratikong istilo at maging mahusay sa pakikinig sa masa. Hindi sila dapat maging despotiko na katulad ni Khrushchov at lumabag sa demokratikong sentralismo ng Partido, gumawa ng mga sorpresang atake laban sa mga kasama o kumilos sa di makatwiran at diktatoryal na paraan.

Sila'y dapat maging mapagkumbaba, masinop at mapagbantay laban sa arogansya at kapusukan. Dapat nilang taglayin ang diwa ng pamumuna-sa-sarili at ang tapang na magwasto ng mga pagkakamali at pagkukulang sa kanilang gawain. Hindi nila dapat pagtakpan ang kanilang mga pagkakamali na katulad ni Khrushchov at angkinin ang lahat ng tagumpay para sa sarili at ibaling sa iba ang lahat ng sisi.

Ang mga kahalili sa rebolusyonyong adhikain ng proletaryado ay nangunguna sa mga pakikibakang masa at napapanday sa malakas na daluyong ng rebolusyon. Mahalagang masubok at makilala ang mga kadre, at mamili at magsanay ng mga makakahalili sa pamamagitan ng mahabang landas ng pakikibakang masa.

Ang mga nabanggit na serye ng mga prinsipyong inihapag ni Kasamang Mao Zedong ay mapanlikhang pag-unlad sa Marxismo-Leninismo, sa teoretikal na arsenal na naging karagdagang mga bagong armas na may mapagpasyang kahalagahan sa atin sa paghadlang sa panunumbalik ng kapitalismo. Hangga't sinusunod natin ang mga prinsipyong ito, makokonsolida natin ang diktadura ng proletaryado, matitiyak na di magbabago ng kulay ang ating Partido at estado, matagumpay na maisasagawa ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, matutulungan ang lahat ng rebolusyonyong kilusan ng mamamayan para maibagsak ang imperyalismo at ang mga alipures nito at matitiyak ang transisyon mula sosyalismo tungong komunismo sa hinaharap.

Kaugnay ng paglitaw ng rebisyunistang pangkating Khrushchov sa Unyong Sobyet, ang ating aktitud bilang mga Marxista-Leninista ay katulad din ng ating aktitud sa anumang “kaguluhan” -- una, tayo'y laban dito; pangalawa, hindi natin ito kinatatakutan.

Hindi natin ito ginusto at laban tayo dito pero dahil ang rebisyunistang pangkating Khrushchov ay nariryan na, walang dapat ikatakot sa kanila at walang dapat ikabahala. Ang mundo ay patuloy na iikot, ang kasaysayan ay patuloy na susulong, ang mamamayan ng daigdig ay patuloy na magrerebolusyon at ang mga imperyalista at mga alipures nito ay tiyak na babagsak.

Ang istorikong kontribusyon ng dakilang mamamayang Sobyet ay mananatiling dakila kailanman; hinding-hindi ito madudungisan ng kataksilan ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Mapangingibabawan sa kalaunan ng malawak na masa ng manggagawa, magsasaka, rebolusyonyong intelektwal at Komunista ng Unyong Sobyet ang mga balakid sa kanilang landas at magmamartsa tungong komunismo.

Ang mamamayang Sobyet, ang mamamayan sa lahat ng sosyalistang bayan at ang rebolusyong mamamayan ng buong daigdig ay tiyak na matututo mula sa pagtataksil ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Sa pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov, ang pandaigdigang kilusang komunista ay lumaki at patuloy na lalakas nang higit kaysa rati.

Pirming taglay ng mga Marxista-Leninista ang diwa ng rebolusyong optimismo kaugnay ng hinaharap ng proletaryong rebolusyong simulain. Lubos tayong naniniwala na ang maningning na liwanag ng diktadura ng proletaryado, ng sosyalismo, at ng Marxismo-Leninismo ay muling sisikat sa lupaing Sobyet. Ang proletaryado ay tiyak na magtatagumpay sa buong daigdig at tiyak na matatamo ng komunismo ang ganap at katapusang tagumpay sa mundo.

BAKIT BUMAGSAK SI KHRUSHCHOV

Editorial, **HONGQI (PULANG BANDILA)**

(Nobyembre 21, 1964)

Bumagsak na si Khrushchov.

Ang pusakal na mapagpakana na kumamkam sa pamumuno sa Partido at estadong Sobyet, ang numero unong kinatawan ng modernong rebisyunismo, sa wakas ay pinalayas na sa tanghalan ng kasaysayan.

Napakagandang bagay nito at makabubuti sa rebolusyong adhikain ng mamamayan ng daigdig.

Ang pagbagsak ni Khrushchov ay napakalaking tagumpay para sa mga Marxista-Leninista ng daigdig sa kanilang mapagpunyaging pakikibaka laban sa rebisyunismo. Pinatutunayan nito ang pagkabangkarote, ang ganap na kabiguan, ng modernong rebisyunismo.

Paano nga bang bumagsak si Khrushchov? Bakit hindi na siya makapanlito?

Nakapukaw ang usaping ito ng iba't ibang komentaryo mula sa iba't ibang pampulitikang mga grupo sa lahat ng dako ng daigdig.

Nagpahayag ng iba't ibang pananaw hinggil sa biglang pagbagsak ng tila baga “malakas na tao” na si Khrushchov ang mga imperyalista, ang mga reaksyunaryo, at ang mga oportunistang at mga rebisyunista ng lahat ng tipo, nakikisimpatya man sila kay Khrushchov o may masasamang salungat na interes sa kanya.

Naglathala rin ang maraming mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng mga artikulo o mga dokumento na naglalahad ng kanilang opinyon sa pagbagsak ni Khrushchov.

Sa artikulong ito, nais rin naming talakayin ang usapin ng pagbagsak ni Khrushchov.

Para sa mga Marxista-Leninista, hindi mahirap unawain ang pagbagsak na ito. Maaari pa ngang sabihin na ganap na inaasahan ito. Matagal nang nakikini-kinita ng mga Marxista-Leninista na hahantong si Khrushchov sa gayong wakas.

Maaaring maglista ng daan-daan o maging libu-libong mga akusasyon laban kay Khrushchov na nagpapaliwanag sa kanyang pagbagsak. Pero ang pinakamahalaga sa lahat ay bigo niyang tinangkang hadlangan ang pagsulong ng kasaysayan, binale-wala ang batas ng istorikong pag-unlad na natuklasan ng Marxismo-Leninismo at ang rebolusyonaryong kapasyahan ng mamamayan ng Unyong Sobyet at ng buong daigdig. Dapat alisin ang anumang hadlang sa landas ng pagsulong ng mamamayan. Tiyak na itatakwil ng mamamayan si Khrushchov, gustuhin man niya at ng tulad niya o hindi. Ang pagbagsak ni Khrushchov ang di maiiwasang resulta ng pakikibakang anti-rebisyunista na matatag na inilunsad ng mamamayan ng Unyong Sobyet at ng rebolusyonaryong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig.

Ang ating kapanahunan ay kapanahunan kung saan papatungo ang kapitalismo at imperyalismo sa kanilang wakas at nagmamartsa ang sosyalismo at komunismo tungo sa tagumpay. Ang istorikong misyon na iniatang ng kapanahunan sa mamamayan ay isulong nang hakbang-hakbang ang proletaryong rebolusyong pandaigdig tungo sa ganap na tagumpay at magtatag ng isang bagong daigdig na walang imperyalismo, na walang kapitalismo, at walang pagsasamantala ng tao sa tao sa pamamagitan ng sarili nilang mga pagsisikap at batay sa kongkretong mga kondisyon ng kani-kanilang mga bayan. Ito ang di mababagong tunguhin ng istorikong pag-unlad at ang hinahangad na komun ng rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig. Ang istorikong tunguhing ito'y isang obhetibong batas na kumikilos nang nagsasarili sa kapasyahan ng tao, at di ito mapipigilan. Pero pinili ni Khrushchov, ang komedyanteng ito sa kontemporaryong pampulitikang entablado, na kontrahin ang tunguhing ito sa bigong pag-asa na maibabalik ang gulong ng kasaysayang tungo sa lumang kapitalistang landas, at sa gayo'y mapapatagal ang buhay ng papalipas nang mapagsamantalang mga uri at ang kanilang papalipas na sistema ng pagsasamantala.

Tinipon ni Khrushchov lahat ng anti-Marxistang mga pananaw ng mga oportunistang rebisyunista ng kasaysayan at mula sa mga ito'y nagtagni-tagni ng ganap ng rebisyunistang linya na binubuo ng “mapayapang pakikipamuhay”, “mapayapang kompetisyon”, “mapayapang transisyon”, “estado ng buong sambayanan” at “partido ng lahat ng mamamayan”. Nagtaguyod siya ng kapitulyunistang linya tungo sa imperyalismo at ginamit ang teorya ng konsilyasyon sa uri para salungatin at likidihin ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan. Sa pandaigdigang kilusang komunista, ipinatupad niya ang isang mapanghating linya, at ihinalili sa proletaryong internasyunalismo ang sobinismong malaking-kapangyarihan. Sa Unyong Sobyet, nagsikap siyang maigi na lusawin ang diktadura ng proletaryado, at tinangkang ipalit sa sosyalistang sistema ang ideolohiya, pulitika, ekonomya at kultura ng burgesya, at papanumbalikin ang kapitalismo.

Sa nakaraang pitong taon, sinamantala ni Khrushchov ang prestihiyo ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ng unang sosyalistang bayan na naitatag sa ilalim ng pamumuno nina Lenin at Stalin, at ginawa niya lahat ng masasamang bagay na kanyang magagawa salungat sa tunay na kapasahan ng mamamayang Sobyet. Malalagom ang masasamang bagay na ito sa sumusunod:

1. Sa kunwang “pagbaka sa kulto sa personalidad” at paggamit sa pinakamagaspang na lenggwahe, binatikos niya si Stalin, ang pinuno ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ng mamamayang Sobyet. Sa pagsalungat kay Stalin, sinalungat niya ang Marxismo-Leninismo. Sa isang iglap, tinangka niyang pawiin lahat ng dakilang mga tagumpay ng mamamayang Sobyet sa buong panahon sa ilalim ng pamumuno ni Stalin upang alimurain ang diktadura ng proletaryado, ang sosyalistang sistema, ang dakilang Partido Komunistang Sobyet, ang dakilang Unyong Sobyet at ang pandaigdigang kilusang komunista. Sa gayon, binigyan ni Khrushchov ang mga imperyalista at mga reaksyunaryo ng lahat ng bayan ng pinakamarumi sa lahat ng sandata para sa kanilang mga anti-Sobyet at anti-Komunistang mga aktibidad.
2. Sa lantarang paglabag sa Deklarasyon ng 1957 at sa Pahayag ng 1960, hinabol niya ang “lahatang panig na kooperasyon” sa imperyalismong US at maling pinanindigan na “mapapagpasyahan” ng mga pinuno ng Unyong Sobyet at United States “ang kahihinatnan ng sangkatauhan”, at tuwinang pinapupurihan ang mga pinuno ng imperyalismong US na “may tapat na pagnanasa sa kapayapaan”. Sa isang panahon, ipinatupad niya ang adbenturistang patakaran at nagpadala ng mga *guided missiles* sa Cuba, at sa ibang panahon nama’y ipinatupad niya ang kapitulasyunistang patakaran at maamong binawi ang mga missile at mga eruplanong pambomba mula sa Cuba sa utos ng mga piratang US. Tinanggap niya ang inspeksyon ng plotang US at tinangka pang ibenta ang soberanya ng Cuba sa pamamagitan ng pagsang-ayon, lingid sa Gubyernong Cubano, sa “inspeksyon” sa Cuba ng United Nations, na nasa ilalim ng kontrol ng US. Sa gayon, nagdulot ng napakalaking kahihyan sa dakilang mamamayang Sobyet na di nito dinanas sa apatnapung taon at higit pa mula ng Rebolusyong Oktubre.
3. Para makapanilbihan sa patakarang nukleyar na blakmeyl ng imperyalistang US at pigilan ang Tsina sa pagbubuo ng sarili niyang lakas nukleyar para sa depensa sa sarili, hindi siya nag-atubiling wasakin ang kapabilidad sa depensa ng Unyong Sobyet mismo at sumang-ayon sa tinaguriang tratado sa parsyal na pagbabawal sa nukleyar test kasabwat ang dalawang imperyalistang kapangyarihang United States at Britanya. Ipinakikita ng mga pangyayari na ang tratadong ito’y ganap na panloloko. Sa paglagda sa tratadong ito, buktot na tinangka ni Khrushchov na ibenta ang mga interes ng mamamayang Sobyet, ng mamamayan ng lahat ng mga bayang sosyalista, at lahat ng mamamayan ng daigdig na nagmamahal sa kapayapaan.

4. Sa ngalan ng “mapayapang transisyon”, tinangka niya sa lahat ng paraan na hadlangan ang rebolusyonaryong mga kilusan ng mamamayan sa mga bayang kapitalista, at hiningi na tahakin nila ang tinaguriang ligal at parlamentaryong landas. Pinaparalisa ng maling linyang ito ang rebolusyonaryong kapasyahan ng proletaryado at dinidisarmahan ang rebolusyonaryong mamamayan sa ideolohiya, at nagdudulot ng mga pagkabigo sa adhikain ng rebolusyon sa ilang bayan. Itrinansporma nito ang mga Partido Komunista sa ilang mga bayang kapitalista bilang mga walang-buhay na partidong sosyal-demokratikong bagong tipo at binulok ang mga ito bilang papet na mga kasangkapan ng burgesya.
5. Sa ilalim ng karatulang “mapayapang pakikipamuhay”, ginawa niya ang lahat para salungatin at sabotahihin ang kilusan sa pambansang pagpapalaya at umabot pa sa mahigpit na pakikipagsabwatan sa imperyalismong US sa pagsugpo sa rebolusyonaryong mga pakikibaka ng aping mga bayan. Inatasan niya ang delegadong Sobyet sa United Nations na bumoto para sa pagpapadala ng mga pwersang agresyon sa Congo, na nakatulong sa mga imperyalistang US na supilin ang mamamayang Congolese, at ginamit niya ang mga pasilidad sa transportasyong Sobyet para dalhin ang tinaguriang mga tropang United Nations sa Congo. Aktwal niyang nilaban ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayang Algerian, at inilarawan ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalayang Algerian bilang “panloob na usapin” ng Pransya. May lakas pa siya ng loob na “magwalang-kibo” sa mga pangyayari sa Gulpo ng Bac Bo na pinamatnugutan ng imperyalismong US laban sa Viet Nam, at piniga ang kanyang utak para makaisip ng mga paraan para tulungan ang mga probokador na US na makakawala sa kanilang kagipitan at pagtakpan ang agresyong kriminal ng mga piratang US.
6. Sa tahasang paglabag sa Pahayag ng 1960, ginawa niya ang lahat para baligtarin ang husga nito sa taksil na pangkating Tito, at inilarawan si Tito na nabulok bilang alipures ng imperyalismong US bilang isang “Marxista-Leninista” at ang Yugoslavia na nabulok bilang kapitalistang bayan bilang isang “sosyalistang bayan”. Pulit-ulit na ipinapahayag niya na taglay niya at ng pangkating Tito “ang parehong ideolohiya” at “nagagabayan ng parehong teorya” at inilhad ang kanyang paghahangad na mapagkumbabang matuto mula sa taksil na ito na nagkanulo sa mga interes ng mamamayang Yugoslav at nanabotahe sa pandaigdigang kilusang komunista.
7. Itinuring niya ang Albanya, isang prternal na sosyalistang bayan, bilang sumpang kaaway, at gumamit ng lahat ng posibleng paraan para pinsalain at pahinain ito, at pinangarap pa ngang malululon niya ito sa isang lagok. Walang kahihyan niyang pinutol ang lahat ng relasyong pang-ekonomya at diplomatiko sa Albanya, at arbitraryong binawian ito ng lehitimong mga karapatan nito bilang kasaping estado sa Tratadong Organisasyong Warsaw at sa Konseho ng Mutwal na Tulungang Pang-ekonomya, at hayagang nanawagan para sa pagbabagsak sa pamunuan ng Partido at estado nito.

8. Nagkimkim siya ng tiim na pagkamuhi laban sa Partido Komunista ng Tsina na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo at sa rebolusyonaryong linya, dahil malaking hadlang ang Partido Komunistang Tsino sa kanyang pagtatangkang isulong ang rebisyunismo at kapitulasyunismo. Nagpalaganap siya ng di mabilang na usap-usapan at mga paninira laban sa Partido Komunista ng Tsina at Kasamang Mao Zedong at gumamit ng lahat ng tipo ng kabuktutan sa kanyang bigong tangka na wasakin ang sosyalistang Tsina. Pataksil niyang pinunit ang ilan daang kasunduan at kontrata at arbitraryong binawi ang higit sa sanlibong ekspertong Sobyet na nagtatrabaho sa Tsina. Namatnugot siya sa mga hidwaan tungkol sa hangganan sa pagitan ng Tsina at Unyong Sobyet at naglunsad pa ng malawakang subersibong mga aktibidad sa Singkiang. Sinuportahan niya ang mga reaksyunaryo ng India sa kanilang armadong mga atake laban sa sosyalistang Tsina at kasama ang United States, nang-upat at tumulong sa kanila na magsagawa ng armadong mga probokasyon laban sa Tsina sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng tulong militar.
9. Sa tahasang paglabag sa mga prinsipyong gumagabay sa relasyon sa hanay ng mga bayang praternal, pinanghimasukan niya ang kanilang kasarinalan at soberanya at sadyang nakialam sa kanilang mga usaping panloob. Sa ngalan ng “mutwal na tulongan sa ekonomya”, sinalungat niya ang nagsasariling pag-unlad ng mga ekonomya ng mga bayang praternal at pinuwersa silang maging pinagkukunan ng mga hilaw na materyales at bagsakan para sa yaring mga produkto, at sa gayo’y ginawang mga galamay lamang ang kanilang mga industriya. Ipinagmalaki niya na ang lahat ng ito’y pawang mga bagong teorya at doktrinang kanyang inimbento, pero sa katunayan, ang mga ito’y ang batas ng kagubatan ng kapitalistang daigdig na inilapat niya sa pakikipag-ugnayan sa hanay ng mga bayang sosyalista, at ginamit ang Market na Komun ng mga bloke ng monopolyong kapitalista bilang modelo niya.
10. Sa ganap na paglabag sa mga prinsipyong gumagabay sa pakikipag-ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal, gumamit siya ng lahat ng tipo ng pakana para magsagawa ng subersibo at nakasisirang mga aktibidad laban sa kanila. Hindi lamang niya ginamit ang mga sesyon ng Komite Sentral at Kongreso ng sarili niyang Partido, gayundin ang mga Kongreso ng ilang mga Partidong praternal para maglunsad ng hayag, malawakan at walang pagpipigil na mga atake laban sa mga Partidong praternal na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo, kundi sa kaso ng maraming Partidong praternal, walang kahihyan pang sinuhulan ang mga masasamang tao sa pulitika, mga taksil, at mga lilo para sumuporta sa kanyang rebisyunistang linya, para atakihin at iligal na itiwag pa ang mga Marxista-Leninista mula sa mga Partidong ito, at sa gayo’y lumikha ng mga isplit nang di isinasaalang-alang ang mga ibubunga nito.

11. Walang taros niyang nilabag ang prinsipyo ng pagtatamo sa pagkakaisa sa pamamagitan ng konsultasyon sa hanay ng mga Partidong praternal, at, sa pagganap ng papel ng “patriyarkal na amang Partido”, sadya niyang pinagpasyahang magtawag ng iligal na internasyunal na pulong ng mga Partidong praternal. Sa isang pabatid na may petsang Hulyo 30, 1964, iniatas niya na idaos ang isang pulong ng tinaguriang komite sa pagbabalangkas ng dalawampu’t anim na Partidong praternal sa Disyembre 15 ng taong ito, nang sa gayo’y makalikha ng hayag na isplit sa pandaigdigang kilusang komunista.
12. Para makapanilbihan sa mga pangangailangan ng mga imperyalista at mga pwersang panloob ng kapitalismo, ipinatupad niya ang isang serye ng mga patakarang rebisyunista na papabalik sa kapitalismo. Sa ilalim ng karatulang “estado ng buong sambayanan”, pinawi niya ang diktadura ng proletaryado; sa ilalim ng karatulang “partido ng lahat ng mamamayan”, binago niya ang proletaryong katangian ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at hinati ang Partido sa isang Partido “sa industriya” at isang Partido “sa agrikultura” salungat sa Marxista-Leninistang prinsipyo sa organisasyon ng Partido. Sa ilalim ng karatula ng “lubus-lubusang komunistang konstruksyon” tinangka niya sa sanlibo’t isang paraan na ibalik sa lumang landas ng kapitalismo ang unang sosyalistang estado ng daigdig na nilikha ng mamamayang Sobyet sa ilalim ng pamumuno nina Lenin at Stalin sa pamamagitan ng kanilang pawis at dugo. Nagdulot ng napakalaking kapahamakan ang kanyang bulag na direksyon sa agrikultura at industriyang Sobyet at nagdulot ng napakalalaking kahirapan sa buhay ng mamamayang Sobyet.

Pinapatunayan ng lahat ng ginawa ni Khrushchov sa nakaraang labing-isang taon na ang patakarang kanyang ipinatupad ay pakikipag-alyansa sa imperyalismo laban sa sosyalismo, pakikipag-alyansa sa United States laban sa Tsina, pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryo sa lahat ng dako laban sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at sa mga rebolusyong bayan, at pakikipag-alyansa sa pangkating Tito at lahat ng tipo ng mga taksil laban sa lahat ng Marxista-Leninistang mga Partidong praternal at lahat ng mga rebolusyonaryo na nakikibaka laban sa imperyalismo. Pininsala ng patakarang ito ni Khrushchov ang batayang mga interes ng mamamayang Sobyet sa lahat ng dako ng daigdig.

Ganoon ang diumano’y mararangal na gawain ni Khrushchov.

Tiyak na hindi dahil sa katandaan o karamdaman bumagsak ang taong tulad ni Khrushchov, o kaya’y hindi lamang ito dahil sa mga pagkakamali sa kanyang mga paraan sa paggawa at estilo ng pamumuno. Ang pagbagsak ni Khrushchov ay resulta ng rebisyunistang pangkalahatang linya at maraming maling mga patakaran na kanyang ipinatupad sa loob at labas ng bayan.

Itinuring ni Khrushchov ang masa ng sambayanan na tunay na di karapat-dapat sa kanyang pansin, at ipinalagay na kaya niyang manipulahin ang kapalaran ng mamamayang Sobyet kailan man niya naisin at kayang pagpasyahan ng mga “pinuno” ng dalawang malalaking kapangyarihan, ang Unyong Sobyet at United States, ang kapalaran ng mamamayan ng lahat ng bayan. Para sa kanya, ang mga mamamayan ay dili’t iba kundi mga hangal, at siya lamang ang “bayani” na lumilikha ng kasaysayan. Bigo niyang tinangka na pwersahin ang mamamayang Sobyet at mamamayan ng ibang mga bayan na maging sunud-sunuran sa kanyang rebisyunistang baton. Sa gayon tuwiran niyang isinalungat ang sarili laban sa mamamayang Sobyet, sa mamamayan ng mga bayan sa sosyalistang kampo, at sa proletaryado at rebolusyonaryong mamamayan ng buong daigdig, at kinupot ang sarili — pinagtaksilan siya ng sarili niyang mga tagasunod at hindi magawang hanguin ang sarili mula sa mga kahirapang panloob at panlabas. Inilagay niya ang silo sa sarili niyang leeg — at hinukay ang sariling libingan.

Saksi ang kasaysayan sa maraming komedyante na nangarap sa walang kahihitnang pag-asa na maibalik ang agos ng kasaysayan, pero lahat sila’y nagwakas sa kahihyan. Ipinakita ng di mabilang na pagkakataon na ang masasamang loob na sumasalungat sa mga pangangailangan ng kaunlarang panlipunan at sa kapasyahan ng mamamayan ay maaari lamang magwakas tulad ng isang katawa-tawang walang silbi, anumang klase siyang “bayani”, at gaanuman kapalalo. Magsimula sa layuning pinsalain ang iba para lamang wasakin ang sarili sa huli — gayon ang pangkalahatang batas na umiiral para sa mga taong ganito.

Ang mga “personahe” na tulad ni Bakunin sa panahon ng Unang Internasyunal ay aroganteng anti-Marxistang mga “bayani” sa kanilang kapanahunan, pero madaling itinapon sa basurahan ng kasaysayan. Dati’y “di magagaping mga higante” ang anti-Marxistang “mga bayani” na tulad ni Bernstein at Kautsky sa panahon ng Ikalawang Internasyunal na nakatrentsera sa namumunong mga posisyon, pero sa dulo’y naisulat sa kasaysayan bilang bantog na mga taksil. Iginayak ni Trotsky, ang ringlider ng paksyong oposisyon, ang sarili bilang “bayani” matapos mamatay si Lenin, pero pinatunayan ng mga pangyayari ang kawastuan ng sinabi ni Stalin: “... higit na katulad siya ng isang aktor kaysa isang bayani; at ang isang aktor ay di dapat ipagkamaling bayani sa anumang sirkunstansya.”

“Ngunit ang pag-unlad ay eternal na batas ng daigdig ng tao.” Itinuro sa atin ng kasaysayan na sinumang naghanged na itigil ang gulong ng kasaysayan ay dudurugin na parang alikabok. Gaya nang paulit-ulit na ipinakita ni Kasamang Mao Zedong, mga tigreng papel ang imperyalismo at lahat ng reaksyunaryo, at pati na ang mga rebisyunista. Gaanuman sila kalaganap at nakapangingibabaw, sa aktwal, ang mga “bayani” na kumakatawan sa reaksyunaryong mga uri at reaksyunaryong mga pwera ay mga tigreng papel, makapangyarihan lamang sa tingin; panandaliang mga nagdaraan lamang sila na malapit nang lunurin ng dumadaluyong na mga alon ng kasaysayan. Hindi eksepsyon si Khrushchov. Pakaisipin lamang ang kanyang labis na kapalaluan sa kapanahunang kanyang inatake si Stalin at ang Marxismo-Leninismo sa Ika-20 at Ika-22 mga Kongreso, at ang kanyang paglulunsad sa pulong sa Bucharest ng kanyang sorpresang atake laban sa Partido Komunista ng Tsina na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo. Pero hindi nagtagal ay sinapit ng anti-Sobyet, anti-Komunista at anti-Tsinong “bayaning” ito ang kapalarang sinapit rin ng kanyang mga sinundang rebisyunista. Gaanuman nakipangatwiran sa kanya at pinakiusapang magbalik sa hanay, hindi man lamang niya ito pinansin at sa huli’y sumugod sa kanyang wakas.

Bumagsak na si Khrushchov at napasinungalingan na ang rebisyunistang linyang masigla niyang ipinatupad, pero patuloy na pangigingabawan ng Marxismo-Leninismo ang rebisyunistang tunguhin at susulong, at patuloy na wawalisin ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ng lahat ng bayan ang mga hadlang sa landas nito at paabanteng susulong.

Gayunpaman, patuloy na magiging paliku-liko ang landas ng kasaysayan. Kahit na bumagsak na si Khrushchov, hindi susuko sa kabiguang ito ang kanyang mga tagasuporta — ang mga imperyalistang US, ang mga reaksyunaryo at ang modernong mga rebisyunista. Patuloy na ipinagdarasal si Khrushchov ng mga halimaw na ito, tinatangkang “mulí siyang buhayin” sa pamamagitan ng kanilang mga dalangin, at maingay na ipinoproklama ang kanyang “mga kontribusyon” at “mararangal na gawain” sa pag-asang dadaloy ang mga pangyayari sa landas na ihinatol ni Khrushchov, nang sa gayo’y mangibabaw ang “Khrushchovismo nang wala si Khrushchov”. Kategorikal nating maigigiit na ang kanilang landas ay isang putol na eskinita.

Walang pagbabagong nagtatangka ang iba’t ibang mga tunguhin sa ideolohiya at ang mga kinatawan nito na agawin ang entablado at magtanghal. Nasasakanila ang pagpapasya kung anong direksyon ang tatahakin nila. Pero isang bagay lamang ang wala tayong kaduda-duda. Susulong ang kasaysayan alinsunod sa mga batas na natuklasan ng Marxismo-Leninismo; magmamartsa ito pasulong sa landas ng Rebolusyong Oktubre. Walang kaduda-dudang kayang-kaya ng dakilang Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ng dakilang mamamayang Sobyet, na may rebolusyonaryong tradisyon, na gumawa ng bagong mga kontribusyon sa pagsasanggalang sa dakilang sosyalistang mga tagumpay, sa matayog na prestihiyo ng unang sosyalistang kapangyarihang itinatag ni Lenin, sa kadalisan ng Marxismo-Leninismo at sa matagumpay na pagsulong ng rebolusyonaryong adhikain ng proletaryado.

Pagkaisahin ang pandaigdigang kilusang komunista sa batayan ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo!

Mga Apendiks

ANG LIHAM NG KOMITE SENTRAL NG PKUS SA KOMITE SENTRAL NG PKT

Marso 30, 1963

Komite Sentral
ng Partido Komunista ng Tsina

Mahal na mga Kasama,

Malugod na pinapansin ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet na ang aming mga panukala hinggil sa mga hakbanging naglalayon sa pagpapatatag sa pagkakaisa at solidaridad sa mga hanay ng kilusang komunista ay paborableng tinugunan sa bahagi ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Malugod naming tinatanggap ang inyong pagsang-ayon sa pagdaraos ng isang pulong sa pagitan ng mga kinatawan ng PKUS at PKT. Ipinatawag ang pulong na ito para gumanap ng mahalagang papel sa paglikha ng paborableng kapaligiran sa ugnayan sa pagitan ng mga Partidong praternal at sa pag-aayos sa mga pagkakaiba na lumitaw kamakailan sa pandaigdigang kilusang komunista. Umaasa kami na bunga ng pulong na ito, magiging posibleng magpatupad ng ilang konstruktibong mga hakbang para mapangibabawan ang umiiral na mga kahirapan.

Sa liham nito, inaanyayahan ng Komite Sentral ng PKT si Kasamang N. S. Khrushchov na dumalaw sa Beijing bago magtungo sa Cambodia. Nagpapasalamat ang Komite Sentral ng PKUS at si Kasamang N. S. Khrushchov sa paanyayang ito. Buong kasiyahang dadalaw si Kasamang N. S. Khrushchov sa Republikang Bayan ng Tsina, at kapupulungin ang pamunuan ng Partido Komunista ng Tsina para makipagpalitan ng pananaw sa mahihigpit na usapin ng pandaigdigang sitwasyon at ng kilusang komunista sa layuning pagtatamo ng komun na pag-unawa sa ating mga tungkulin at pagpapatatag ng solidaridad sa pagitan ng ating mga Partido. Gayunman, sa katunaya'y wala sa plano na dumalaw si Kasamang N. S. Khrushchov sa Cambodia gaya na inyong binabanggit sa inyong liham. Batid nating lahat, ayon sa desisyong pinagpasyahan ng ating namumunong mga organo noong ika-12 ng Pebrero, 1963, tutungong Cambodia si Kasamang L. I. Brezhnev, ang Pangulo ng Presidium ng Kataas-taasang Sobyet USSR, gaya nang naipatalastas sa Gubyernong Cambodian at nang nailathala sa pahayagan. Hindi nawawalan ng pag-asa si Kasamang N. S. Khrushchov, na tatlong ulit nang nakadalaw sa Republikang Bayan ng Tsina, sa pagkakamit ng inyong butihing paanyaya sa hinaharap na dumalaw sa Tsina at makipag-usap sa mga kasamang Tsino.

Natatandaan namin na sa kanyang pagtigil sa Moscow noong 1957, sinabi ni Kasamang Mao Zedong na dawalang ulit pa lamang siyang nakakapunta sa USSR at nakadalaw lamang sa Moscow at Leningrad. Ipinahiwatig niya ang hangaring muling makadalaw sa Unyong Sobyet para higit na makilala ang aming bayan. Sinabi pa niya na nais niyang maglakbay mula sa mga hanggahan sa Dulong Silangan ng aming bayan tungo sa mga hanggahan sa kanluran, at mula sa mga hanggahan sa kahalagaan tungo sa katimugan. Malugod naming tinanggap ang hangaring ito ni Kasamang Mao Zedong.

Nagpaabot ang Komite Sentral ng PKUS ng liham kay Kasamang Mao Zedong noong Mayo 12, 1960, na nag-aanyaya sa kanyang magtungo at magbakasyon sa USSR at pamilyarisahin ang sarili sa buhay ng mamamayang Sobyet. Sa kasamaang palad, hindi nakayanan ni Kasamang Mao Zedong na tumugon sa aming paanyaya. Malugod na tatanggapin ng Komite Sentral ng PKUS ang pagdalaw ni Kasamang Mao Zedong. Pinakamainam na panahon para sa gayong pagdalaw ang paparating na tagsibol o tag-araw, ang mga magagandang kapanahunan sa taon sa aming bayan.

Nakahanda rin kami sa anumang oras na magbigay ng karapat-dapat na pagtanggap kay Kasamang Mao Zedong bilang kinatawan ng isang Partidong praternal at ng praternal na mamamayang Tsino. Sa paglilibot na ito sa aming bayan, mangyari pa'y hindi mag-iisa si Kasamang Mao Zedong. Sasamahan siya ng mga kasama mula sa pamunuan ng aming Partido, at magiging mahusay na oportunidad ito para sa palitan ng pananaw hinggil sa iba't ibang usapin. Makikita rin ni Kasamang Mao Zedong kung paanong nagtatrabaho ang mamamayang Sobyet, at kung anong mga tagumpay ang kanilang natamo sa konstruksyon ng komunismo at sa pagpapatupad sa Programa ng aming Partido.

Kung hindi pa maaari sa kasalukuyan ang pagdalaw ni Kasamang Mao Zedong sa Moscow, handa kaming tanggapin ang inyong mga ideya hinggil sa mataas-na-antas na pulong sa pagitan ng mga kinatawan ng PKUS at PKT sa Moscow. Naniniwala kaming maaaring maganap ang gayong pulong sa bandang Mayo 15, 1963, kung katanggap-tanggap ang petsang ito para sa inyo.

Lubos kaming nasisiyahan at itinuturing ng mga kasamang Tsino, tulad namin, ang magaganap na pulong ng mga kinatawan ng PKT at PKUS bilang isang “kinakailangang hakbang sa paghahanda para sa pulong ng mga kinatawan ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng lahat ng bayan”. Nang hindi nilalabag ang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at nang hindi nanghihimasok sa mga interes ng ibang mga Partidong praternal, totoo ngang padudulasin ng pulong na ito ang higit na mahusay na paghahanda sa at pagdaraos ng pulong. Kung walang gayong pulong, at kung hindi wawakasan ang hayag na pakikipagtalo sa pahayagan at ang pamumuna sa loob ng Partido ng ibang mga Partidong praternal, magiging napakahirap ng paghahanda para sa pulong at ng pagkakamit sa pangunahing layunin nito — ang pagpapatatag ng pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista. Sa kadahilanang mismong ito, habang sumasang-ayon sa mga panukalang ginawa ng mga kasamang Byetnames, Indonesian, Britaniko, Swedish at iba pa sa simula ng taong 1962 kaugnay ng pagdaraos ng isang pulong ng mga Partidong praternal ng lahat ng bayan, kasabay na ipininagdiin ng Komite Sentral ng PKUS ang pangangailangan para sa pagsasagawa ng mga hakbang na makalilikha ng paborableng kapaligiran para sa gawain ng pandaigdigang komunistang porum.

Sa liham nito ng Pebrero 22, 1962, ipinakiusap ng Komite Sentral ng PKUS na “itigil na ang di kinakailangang mga argumento kaugnay ng mga usapin kung saan may magkakaibang mga opinyon tayo, na ihinto na ang mga pahayag pampubliko na nakakapagpalala sa halip na makapagsalubong sa ating mga pagkakaiba”. Sa liham para sa Komite Sentral ng PKT noong Mayo 31, 1962, isinulat namin na:

Gaya nang batid na ninyo, laging nanindigan at naninindigan pa rin ang aming Partido para sa kolektibong pagtatalakay sa napakahalagang mga usapin ng pandaigdigang kilusang komunista. Ang Komite Sentral ng PKUS ang pasimuno ng mga pulong ng mga Partidong praternal noong 1957 at 1960. Sa dalawang kasong ito, nakaugnay ang mga pulong sa seryosong mga pagbabago sa internasyunal na kalagayan at sa pangangailangang magbalangkas ng akmang mga taktika sa kilusang komunista. Ngayon ganap rin kaming sumusuporta sa panukalang magdaos ng isang pulong ng lahat ng mga Partidong praternal.

Itinuring naming kapaki-pakinabang sa mga paghahanda para sa gayong pulong na ang mga Partidong praternal ay puspusan at malalimang makapagsusuri sa bagong mga penomenon sa internasyunal na mga pangyayari at sa sarili nilang aktibidad sa pagpapatupad sa kolektibong mga desisyon ng ating kilusan. Pinagmamalaskitan ng Komite Sentral ng PKUS, na kauna-unawa sa lahat ng mga Komunista, na hindi makapagpapalala ang pulong sa mga tunggalian kundi manapa'y magawa ang makakaya para mapangibabawan ang mga ito.

Sa kanilang mga pahayag, kamakaila'y matwid na inilalahad ng marami sa mga pinuno ng mga Partidong praternal ang katulad na punto de bista sa pangangailangang gumawa ng ilang mga hakbang bago ng pulong para makalikha ng normal na kalagayan sa kilusang komunista at mailagay ang salungatan sa opinyon sa loob ng mapahihintulutang hangganan ng mapagkasamang talakayan sa partido. Kayo rin nga'y sumasang-ayon rito, gaya nang ipinakikita ng inyong liham, at masasabing may kaunting pag-unlad na sa paghahanda ng darating na pulong.

Hindi na kailangang sabihin pa na kapag nagtatalakay ang dalawa nating Partido ng mga usapin na nagpapatungkol sa lahat ng mga Partidong praternal, panimula lamang ang maaaring maging katangian ng talakayan. Ipinakikita ng mga Pulong ng 1957 at 1960 na ang elaborasyon sa patakaran ng pandaigdigang kilusang komunista ay maaaring maging matagumpay lamang kung kolektibong lalahok rito ang lahat ng mga Partidong praternal at kung magbibigay ng karampatang pansin sa masaklaw na karanasan ng lahat ng destakamento bumubuo dito.

Masusi naming pinag-aralan ang inyong mga pananaw kaugnay ng saklaw ng mga usapin na maaaring talakayin sa pulong ng mga kinatawan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ng Partido Komunista ng Tsina. Mahahalagang usapin ang mga ito, at handa kaming talakayin ang mga ito.

Sa aming panig, nais naming talakayin sa liham na ito ang ilang usapin sa prinsipyo, na, sa aming palagay, ay nasa sentro ng atensyon ng mga Partidong praternal at ng kanilang pakikibaka para sa ating adhikaing komun. Mangyari pa, hindi nangangahulugan na ito na ang puspulang paglalahad ng aming mga pananaw sa mga usaping ito. Nais lamang naming pansinin iyong may kataas-taasang kahalagahan, na gumabay sa amin sa aming patakaran sa pandaigdigang arena at sa aming pakikipag-ugnayan sa mga Partidong praternal.

Inaasahan namin na ang paglalahad na ito ng aming mga pananaw ay makatutulong sa pagtatakda sa saklaw ng mga usaping nangangailangan ng palitan ng pagkukuro sa isang dalawampanig na pulong, at makatutulong sa pangingibabaw sa umiiral na di pagkakasundo. Ginagawa namin ito para ipagdiin muli ang aming determinasyon na matatag at tuluy-tuloyg itaguyod ang paninindigang pang-ideolohiya ng buong pandaigdigang kilusang komunista, ang pangkalahatang linya nito na nakalahad sa Deklarasyon at Pahayag.

Sa panahong lumipas matapos pagtibayin ang Pahayag, hindi lamang pinatunayang hindi mali ang alinman sa mga pangunahing kongklusyon nito, kundi manapa'y ganap na kinumpirma ang kawastuan ng landas na tinahak ng pandaigdigang kilusang komunista, gaya nang sama-samang pinagkaisahan sa pamamagitan ng pagsintesa sa kasalukuyang karanasan at ng mapanlikhang pagpapaunlad sa Marxismo-Leninismo.

Nagsisimula ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa batayan na ang ating kapanahunan, na ang pangunahing nilalaman ay ang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, at pinasimulan ng Dakilang Rebolusyong Oktubre, ay isang kapanahunan ng tunggalian sa pagitan ng dalawang magkasalungat na sistemang pangdaigdig, isang kapanahunan ng sosyalistang mga rebolusyon at mga rebolusyon sa pambansang pagpapalaya, isang kapanahunan ng pagguho ng imperyalismo, ng pagpawi sa sistemang kolonyal, isang kapanahunan ng transisyon tungo sa sosyalismo ng paparaming mga bansa, ng tagumpay ng sosyalismo at komunismo sa pandaigdigang saklaw.

Hiningi ng sitwasyon na nangyayari sa daigdig, at ng mga pagbabago sa pag-unlad ng mga pwersa sa uri sa pandaigdigang arena na nagbukas ng bagong mga oportunidad para sa ating kilusan, na kailangang magbalangkas ng isang pangkalahatang linya para sa pandaigdigang kilusang komunista, isang pangkalahatang linya na umaayon sa batayang mga tungkulin nito sa kasalukuyang yugto.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tumahak sa landas ng sosyalismo ang ilang mga bayan sa Europa, nagtagumpay ang isang sosyalistang rebolusyon sa Tsina at iba pang mga bayan sa Asya, at nabuo ang isang pandaigdigang sistemang sosyalista. Lumakas ang bagong sistema sa mga bayan ng Demokrasyang Bayan, at nakatiyak sa mabilis na tantos ng kaunlaran sa ekonomya, pulitika at kultura sa mga bayang tumatahak sa landas ng sosyalismo. Mahigpit na nagkakaisa sa pulitika at militar ang sosyalistang komunidad. Dahil sa mga tagumpay ng Unyong Sobyet at ibang mga bayang praternal, ang korelasyon ng mga pwersa sa daigdig ay substansyal na nagbago pabor sa sosyalismo, at sa kapinsalaan ng imperyalismo. Mahalagang bahagi sa bagay na ito ang ginamapangan ng pagwawakas sa monopoly sa mga sandatang atomika at haydrogen ng Amerika at ng paglikha ng makapangyaring potensyal sa digma ng Unyong Sobyet.

Ang pagbubuo ng pandaigdigang sosyalistang sistema ay isang istorikong tagumpay ng pandaigdigang uring manggagawa at lahat ng anakpawis. Ang tagumpay na ito'y pagbibigay-laman sa mga pangarap ng sangkatauhan para sa isang bagong lipunan. Nakatulong ang paglago ng produksyon at malalaking tagumpay ng siyensya at inhinyeria sa mga bayang sosyalista sa pagbibigay sa sosyalistang komunidad ng pang-ekonomya at militar na lakas na maaasahang magtatanggol sa mga tagumpay ng sosyalismo at magsisilbi rin bilang makapangyarihang sandigan ng kapayapaan at seguridad para sa mga mamamayan ng daigdig.

Nakaugnay rin ang radikal na pagbabago sa korelasyon ng mga pwersa sa higit na pagtindi ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo, sa pag-igting ng lahat ng mga kontradiksyon nito. Matapos na magwakas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nangyari ang pagbabago sa distribusyon ng mga pwersa sa loob ng imperyalistang kampo. Kasunod sa sentro sa ekonomya, lumipat rin ang mga sentro sa pulitika at militar ng imperyalismo mula sa Europa tungo sa United States of America. Naging pangunahing muog ng pandaigdigang reaksyon ang monopolistang burgesya ng USA, at kinuha ang papel ng tagapagligtas ng kapitalismo. Ginagampanan ngayon ng mga imperyalistang Amerikano ang mga tungkulin ng pandaigdigang pulis. Tinatangka ng mga imperyalistang Amerikano na ipailalim sa kanilang paghahari ang iba pang mga estadong kapitalista sa pamamagitan ng paggamit sa patakaran sa mga blokeng militar. Pumupukaw ito ng oposisyon laban sa United States sa panig ng Pransya, Kanlurang Alemanya, Japan at ibang mayor na mga estadong kapitalista. Pinatitindi ng muling pagbangon ng ekonomya ng mga bayang kapitalista, na nagdusa sa digmaang pandaigdig, at ng kanilang tantos ng pag-unlad na mas mabilis kaysa sa United States, ang pagnanasa ng ilang mga bayang Europeo na palayain ang sarili mula sa dikta ng Amerika. Papatungo ang lahat ng ito sa pagpapalala sa umiiral na mga sentro ng imperyalistang kompetisyon at tunggalian, at sa paglitaw ng bagong mga sentro, at pinapahina ang kapitalistang sistema sa kabuuan.

Hindi nagbago ang kontra-mamamayan at mapandambong na kalikasan ng imperyalismo, pero sa pagkakabuo ng pandaigdigang sosyalistang sistema at sa paglago ng pang-ekonomya at militar na lakas nito, kapansin-pansing kumitid ang kakayahan ng imperyalismo na impluwensyahan ang patutunguhan ng istorikong pag-unlad, habang nabago na ang mga anyo at mga pamamaraan sa pakikitunggali nito laban sa mga bayang sosyalista at sa kilusang rebolusyonaryo at para sa pambansang pagpapalaya sa daigdig. Kinakabahan ang mga imperyalista sa pasigwang paglago ng mga pwersa ng sosyalismo at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya, pinagkakaisa nila ang kanilang mga pwersa, gumagawa sila ng sige-sigeng pagsisikap na ipagpatuloy ang pakikibaka para sa kanilang mapagsamantalang mga layunin, at nagtatangka sa lahat ng dako na pahinain ang mga posisyon ng sosyalistang mga bayan at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya at paliitin ang kanilang impluwensya.

Malinaw na malinaw na sa ating kapanahunan, ang pangunahing nilalaman at ang pangunahing mga tunguhin ng istorikong pag-unlad ng lipunan ng tao ay hindi na itinatakda ng imperyalismo kundi ng pandaigdigang sistemang sosyalista, ng lahat ng progresibong pwersa na nakikibaka laban sa imperyalismo para sa reorganisasyon ng lipunan ayon sa mga linyang sosyalista. Ang kontradiksyon sa pagitan ng kapitalismo at sosyalismo ang pangunahing kontradiksyon sa ating kapanahunan. Nakasalig sa mapagpasyang antas ang kahihinatnan ng kapayapaan, demokrasya at sosyalismo sa kalalabasan ng tunggalian ng dalawang sistemang pandaigdig na ito. At palagiang nagbabago ang korelasyon ng pandaigdigang mga pwersa pabor sa sosyalismo.

Ang pakikibaka ng mga mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina para sa kanilang pambansa at panlipunang pagpapalaya, at ang mga tagumpay na nakamit na sa larangang ito, ang papalakas na pakikibaka ng uring manggagawa, ng lahat ng anakpawis ng mga bayang kapitalista laban sa mga monopolyo at laban sa pagsasamantala para sa mga interes ng panlipunang kaunlaran, ay may napakalaking kahalagahan para sa kapalaran ng istorikong pag-unlad ng sangkatauhan. Ang mga rebolusyong sosyalista, ang mga rebolusyon para sa pambansang pagpapalayang anti-imperyalista at anti-kolonyal, ang mga demokratikong rebolusyong bayan, ang mga masasaklaw na kilusang magsasaka, ang pakikibaka ng masa para sa pagbagsak sa pasista at iba pang tiranikong mga rehimen, ang pangkalahatang demokratikong mga kilusan laban sa pambansang pang-aapi — lahat ng ito’y nagsasanib sa ating kapanahunan sa iisang pandaigdigang rebolusyonaryong agos na nagpapahina at nagwawasak sa kapitalismo.

Sa pagbabalangkas ng patakaran nito na naaayon sa bagong mga kalagayan, hindi mabibigong seryosong-seryosong ikonsidera rin ng pandaigdigang kilusang komunista ang salik na singhalaga ng radikal at kalitatibong pagbabago sa tekniko-militar na mga paraan ng paglulunsad ng digma na dulot ng paglitaw at pag-iimbak ng mga sandatang termo-nukleyar na nagtataglay ng walang kapantay na mapanirang pwersa. Dapat panatilihin ng sosyalistang komunidad ang superyoridad sa mga imperyalista sa kanilang armadong lakas hanggang makamit ang disarmamento. Hindi natin kailanman pahihintulutan ang mga imperyalista na kaligtaan na kung sakaling magpakawala sila ng digma na naglalayong pagpasyahan sa pwersa ng armas kung uunlad ang sangkatauhan sa landas ng kapitalismo o sosyalismo, ito ang magiging huling digma, ang digma kung saan magagapi sa wakas ang imperyalismo.

Sa ilalim ng kasalukuyang mga kalagayan, tungkulin ng lahat ng mga kampion ng kapayapaan at sosyalismo na gamitin nang husto ang umiiral na paborableng mga pagkakataon para sa tagumpay ng sosyalismo, at huwag pahintulutan ang imperyalismo na magpakawala ng isang digmaang pandaigdig.

Ginawang posible para sa mga mga Partidong praternal ng wastong pagsusuri sa hanayan ng mga pwersa sa uri sa pandaigdigang arena, at ng wastong Marxista-Leninistang patakaran na pinalawig sa mga pulong sa Moscow, na makatamo ng mahahalagang tagumpay sa pagpapaunlad sa pandaigdigang sosyalistang sistema, at pinadulas ang paglakas ng makauring rebolusyonaryong pakikibaka sa mga bayang kapitalista at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Papalakas ang impluwensya ng sosyalistang sistema sa proseso ng pag-unlad ng daigdig. Ngayo’y umuunlad ang buong pandaigdigang rebolusyonaryong proseso sa ilalim ng tuwirang impluwensya ng dakilang halimbawa na ibinibigay ng bagong buhay sa mga bayan ng sosyalismo. Kung mas matagumpay na maikikintal ang mga ideya ng komunismo sa mga isip at mga puso ng masa, mas malaki at higit na makabuluhan ang ating mga tagumpay sa pagbubuo ng sosyalismo at komunismo. Samakatuwid, malinaw na sinumang naghahangad na ilapit ang tagumpay ng sosyalismo sa lahat ng dako ng daigdig, una sa lahat, ay dapat magmalasakit sa pagpapatatag ng dakilang sosyalistang komunidad at sa pang-ekonomyang lakas nito, dapat magsikap na itaas ang istandard ng pamumuhay ng mga mamamayan nito, paunlarin ang siyensya, inhinyeria at kultura, konsolidahin ang pagkakaisa at solidaridad nito at ang paglago ng internasyunal na awtoridad nito. Iniaatang ng Pahayag ng Pulong sa Moscow ang responsibilidad sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa para sa matagumpay na pagbubuo ng sosyalismo at komunismo sa mga balikat ng mga Marxista-Leninistang Partido at sa mga mamamayan ng mga bayang sosyalista.

Walang pagod na pinatatatag ang pandaigdigang sosyalistang sistema, umaambag ang mga Partidong praternal at ang mga mamamayan ng ating mga bayan sa dakilang adhikain ng pakikibaka ng pandaigdigang uring manggagawa, ng lahat ng anakpawis, ng buong kilusan sa pagpapalaya para sa paglulutas sa batayang mga suliranin ng panahon sa interes ng kapayapaan, demokrasya at sosyalismo.

Nagbigay ang kasalukuyang korelasyon ng mga pwersa sa pandaigdigang arena sa mga bayang sosyalista, gayundin sa lahat ng mga pwersang nagmamahal sa kapayapaan, ng oportunidad na matanaw bilang isang ganap na maisasagawang tungkulin sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ang pagpigil sa bagong digmaang pandaigdig at pagtitiyak sa kapayapaan at seguridad ng mga mamamayan.

Ilang taon na ang nagdaan matapos ganap na mapatunayan ang kawastuan ng tesis na ito ng pagtitibay sa Pahayag na ito. Ang pagkabigo ng mga pwersa sa agresyon na itulak ang sangkatauhan sa kailalim-laliman ng mapangwasak na digmang termo-nukleyar ay isang napakahalagang resulta ng pagpapatatag sa kapangyarihan ng mga bayang sosyalista, ng patakarang panlabas na mapagmahal sa kapayapaan na kanilang walang paglihis na itinataguyod at nagtatamasa ng papalaking pagkilala at suporta sa hanay ng daang milyong mamamayan at pumapangibabaw sa imperyalistang patakarang agresyon at pakikidigma.

Walang sinumang Marxista ang nagdududa na tinatangka sa lahat ng paraan ng imperyalismo, na napapaatras mula sa isang posisyon tungo sa isa pa, na panatilihin ang dominasyon nito sa mga mamamayan at bawiin ang nabitiwan nitong mga posisyon. Sa kasalukuyan, nangyayari na ang pinakamalaki nang pakana ng pandaigdigang mga imperyalista laban sa mga bayan ng sosyalismo at pandaigdigang kilusan sa pagpapalaya. Mangyari pa, walang garantiya na hindi tatangkain ng mga imperyalista na pakawalan ang digmaang pandaigdig. Dapat malinaw na makita ng mga Komunista ang panganib na ito.

Ngunit radikal na naiiba ang posisyon ng agresor sa ilalim ng kasalukuyang mga kalagayan mula sa kanyang posisyon bago ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at higit pa, bago ng Unang Digmaang Pandaigdig. Sa nakaraan, kadalasa'y nagwawakas ang mga digma nang nagagapi ng ilang mga bayang kapitalista ang iba pa, pero patuloy na nabuhay ang nagapi, nakabawi ng lakas nito matapos ang ilang panahon, at nakayanan pa ngang magbunsod ng panibagong agresyon, gaya ng ipinakita sa partikular ng halimbawa ng Germany. Hindi nagbubukas ng gayong pagkakataon sa kaninumang agresor ang digmang termo-nukleyar, at obligado ang mga imperyalistang isaalang-alang ito. Ang pangamba sa ganting-hambalos, ang pangamba sa retribusyon, ay nakakapigil sa kanila sa pagpapakawala ng digmaang pandaigdig. Naging napakalakas na ng sosyalistang komunidad na hindi na kayang ipataw ng imperyalismo ang mga kondisyon nito sa mga mamamayan at magdikta ng kapasyahan nito gaya nang dati. Isa itong istorikong tagumpay ng pandaigdigang uring manggagawa at ng mga mamamayan ng lahat ng bayan.

Dahil sa mapandambong na kalikasan nito, hindi mabibitiwan ng imperyalismo ang pagnanasa nitong lutasin ang mga kontradiksiyon sa pandaigdigang arena sa pamamagitan ng pakikidigma. Pero sa kabilang banda, hindi nito mapapakawalan ang pandaigdigang digmang termo-nukleyar nang hindi nababatid na inilalagay nito ang sarili sa panganib ng pagkawasak.

Hindi itinakda ng tadhana na di maiiwasan ang digmaang pandaigdig, gaya ng ipinagbabanta ng imperyalismo sa sangkatauhan. Sa kalagayang papalaking pumapabor ang balanse ng mga pwersa sa sosyalismo at laban sa imperyalismo, at sa kalagayang papalaking bumibigat ang timbangan para sa mga pwersa ng kapayapaan laban sa mga pwersa ng pakikidigma, magiging ganap na posible na alisin ang posibilidad ng digmaang pandaigdig sa buhay ng lipunan bago pa man ganap na magtagumapy ang sosyalismo sa mundo, at kahit na umiiral pa ang kapitalismo sa isang bahagi ng daigdig.

Mangyari pa, para maiwasan ang gayong digma, kailangang patuloy na patatagin nang husto ang sistemang sosyalista at pakilusin lahat ng mga pwersa ng pandaigdigang uring manggagawa at kilusan sa pambansang pagpapalaya, pakilusin lahat ng demokratikong mga pwersa. Dapat gawin ang lahat ng mga nagbibigay halaga sa mga interes ng sosyalismo at sa mga interes ng kapayapaan para biguin ang kriminal na mga pakana ng pandaigdigang reaksyon at pigilan ito sa pagpapakawala ng digmang termo-nukleyar at sa pagkaladkad sa daan-daang milyong mga mamamayan sa hukay ng libingan kasama nito. Ihinaharap ng mahinahong pagsusuri sa di maiiwasang mga ibubunga ng isang digmang termo-nukleyar para sa buong sangkatauhan at para sa adhikain ng sosyalismo ang pangangailangan gawin ang lahat ng kanilang makakaya para pigilan ang isang bagong labanang pandaigdig.

Matatag na tumatalima ang Komite Sentral ng PKUS sa tesis ng Pahayag ng 1960 na “Sa isang daigdig na nahahati sa dalawang sistema, ang tanging wasto at makatwirang prinsipyo sa pakikipag-ugnayang internasyunal ay ang prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay ng mga estadong may magkakaibang sistemang panlipunan na iharap ni V. I. Lenin at higit pang pinalawig ng Deklarasyong Moscow at Manipesto sa Kapayapaan ng 1957, sa mga desisyon ng Ika-20 at Ika-21 mga Kongreso ng PKUS, at sa mga dokumento ng ibang mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa.”

Isinasaisip ng aming Partido, na natuto mula sag dakilang si Lenin sa diwa ng walang humpay na pakikibaka laban sa imperyalismo, ang babala ni Lenin na kaya pa ng papalipas na kapitalismo na magdulot ng labis-labis na kalamidad sa sangkatauhan. Ginagawa ng Unyong Sobyet ang lahat para paunlarin ang ekonomya nito at pahasayin ang mga depensa nito sa ganitong batayan; pinalalakas nito ang kanyang armadong lakas at pinapanatili ang kanyang armadong pwersa sa katayuan ng palagiang kahandaan. Gayunman, ginamit namin at patuloy na gagamitin ang papalaking lakas ng aming bayan hindi para bantaan sinuman o paypayan ang alab ng pakikidigma, kundi para konsolidahin ang kapayapaan, iwasan ang isa pang digmaang pandaigdig, at ipagtanggol ang aming bayan at iba pang mga bayang sosyalista.

Umaayon ang patakarang mapayapang pakikipamuhay sa pinakamahahalagang interes ng lahat ng mga mamamayan; pinatatatag nito ang mga posisyon ng sosyalismo, tinutulungan ang pandaigdigang impluwensya ng mga bayang sosyalista, at pinalalaki ang awtoridad at impluwensya ng mga Komunista.

Hindi nangangahulugan ang mapayapang pakikipamuhay ng konsilyasyon sa pagitan ng mga ideolohiyang sosyalista at burges. Ang gayong patakaran ay mangangahulugan ng pagtalikod sa Marxismo-Leninismo at paghadlang sa pagbubuo ng sosyalismo. Isang tipo ng Kabayong Trojan ang ideolohiyang burges, at ipinupuslit ng imperyalismo sa mga hanay ng kilusang komunista at ng uring manggagawa. Nangangahulugan ang mapayapang pakikipamuhay ng mga estado na may magkakaibang sistemang panlipunan ng walang humpay na tunggalian sa ideolohiya, pulitika at ekonomya sa pagitan ng dalawang sistemang panlipunan, at ng tunggalian ng mga uri ng mga anakpawis sa loob ng mga bayan ng sistemang kapitalista, kabilang ang armadong pakikibaka, kung nakikita ng mga mamamayan na kailangan ito, at ng matatag na pag-abante ng kilusan sa pambansang pagpapalaya sa hanay ng mga mamamayan ng mga bayang kolonyal at dependyente.

Ipinakikita ng mga pangyayari na hindi pinahihina sa anumang paraan ng mga pagsisikap para mapigil ang digmaang pandaigdig ang mga pwersa ng pandaigdigang mga kilusang komunista at para sa pambansang pagpapalaya, kundi manapa'y binubuklod ang pinakamalapad na masa sa mga Komunista. Sa ilalim ng mga kalagayan mismo ng mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga estadong may magkakaibang sistemang panlipunan, nagtagumpay ang sosyalistang rebolusyon sa Cuba, nakamit ng mamamayang Algerian ang pambansang kasarinlan, naipagwagi ng higit sa 40 bayan ang pambansang kasarinlan, na lumago ang mga Partidong prternal sa bilang at sa lakas, at lumawak ang impluwensya ng pandaigdigang kilusang komunista.

Sinasamantala ang mga kalagayan ng mapayapang pakikipamuhay, natatamo ng sosyalistang mga bayan ang paparaming mga tagumpay sa kompetisyong pang-ekonomya sa kapitalismo. Nababatid ng ating mga katalo na mahirap para sa kanila na umasang mananalo sa kompetisyon laban sa atin. Hindi nila kayang tapatan ang mabilis na pagsulong sa ekonomya ng mga bayang sosyalista; sila'y walang lakas sa harap ng pang-akit ng halimbawa ng mga bayang sosyalista sa mga mamamayang nasa ilalim ng kapangyarihan ng kapitalismo.

Habang sumusulong ang ekonomya ng sosyalistang komonwelt, lalaong matingkad na matatanghal ang mga bentahe at superyoridad ng sosyalismo, at ang higit na malaking oportunidad ng mga anakpawis para makakuha ng kayamanang materyal at ispiritwal kumpara sa kapitalismo. Ang papataas na mga istandard ng pamumuhay sa mga bayang sosyalista ay isang malaking batubalani para sa uring manggagawa ng lahat ng mga bayang kapitalista. Magiging isang tipo ng pampabagong salik, isang nagrerebolusyonisang salik, ang mga tagumpay ng sosyalistang komonwelt sa pagpapalapad ng tunggalian ng mga uri sa mga bayang kapitalista na magbibigay kakayahan sa uring manggagawa na magwagi sa kapitalismo.

May minamana ang mga mamamayang nagsusulong ng sosyalismo mula sa lumipas na mga ekonomya at kultura sa iba't ibang antas. Anu't anuman, pinupukaw ng sosyalismo ang makapangyarihang produktibong mga pwersa — gaya ng ipinakikitang halimbawa ng Unyong Sobyet at mga Demokrasyang Bayan. Naunahan na ng Unyong Sobyet ang nangungunang kapitalistang mga bayan sa Europa sa kaunlaran sa ekonomya at ikalawa na ngayon sa daigdig; hindi na nalalayo ang panahon na mangunguna na ito sa daigdig. Gayundin, natamo ng iba pang mga bayang sosyalista ang malalaking tagumpay. Likas na napakaprogresibo ng sistemang sosyalista na binibigyang kakayahan nito ang mga mamamayan na mabilis na pawiin ang kanilang pagka-atrasado, na makahabol sa higit na mauunlad na bayan, at, nagmamartsa nang sabay sa kanila, makibaka para sa pagbubuo ng komunismo.

Nagbibigay inspirasyon ang lahat ng ito sa mga mamamayan, at nagbibigay ng matatag na pananalig na makasusulong sila sa landas ng sosyalismo at makatatamo ng mga tagumpay, anuman ang kanilang kasalukuyang antas ng istorikong kaunlaran. Ang pagsulong ng mga mamamayan sa isang bagong buhay ay pinadudulas ng kanilang oportunidad para sa pagpili sa pinakamahusay mula sa karanasan ng daigdig sa pagbubuo ng sosyalismo, na nagsasaalang-alang kapwa sa mga merito at mga kahinaan ng mga gawain sa sosyalistang konstruksyon.

Kung mas mabilis na papaunlad ang produktibong mga pwersa ng sosyalistang mga bayan, mas tataas pa ang kanilang potensyal sa ekonomya, at mas lalakas pa ang impluwensya ng sosyalistang komunidad sa tantos at tunguhin ng buong istorikong kaunlaran sa mga interes ng kapayapaan at ng ganap na tagumpay ng sosyalismo.

Nagsisimula ang aming Partido sa tesis na may paborableng pandaigdig at panloob na mga kondisyon sa kasalukuyang kapanahunan para sa pagtungo sa sosyalismo ng paparaming mga bayan. Totoo ito para sa mauunlad na mga bayan gayundin para sa mga bayan na kamakailan lamang ay nakatamo ng pambansang kasarinlan.

Umuunlad ang pandaigdigang rebolusyonaryong proseso sa papalaking saklaw at sumasaklaw sa lahat ng kontinente. Mahigpit na magkaugnay at nagtutulungan ang pakikibaka ng uring manggagawa sa mauunlad na kapitalistang mga bayan at ang kilusan sa pambansang pagpapalaya. Ang pagsulong ng kaunlarang panlipunan ay humantong sa isang sitwasyon kung saan nakatutok ang rebolusyonaryong pakikibaka, alinmang bayan ito mangyari, laban sa pangunahing komun na kaaway, imperyalismo at monopolyong burgesya.

May komun na ultimong layunin ang mga Partidong Marxista-Leninista sa lahat ng dako ng daigdig, ang pakilusin ang lahat ng pwersa sa pakikibaka para sa pagkakamit sa kapangyarihan ng mga manggagawa at nagtatrabahong magsasaka, at itatag ang sosyalismo at komunismo. Sa pagbabalangkas ng taktikal na patakaran para sa kanilang pakikibaka, dapat isaalang-alang ng bawat Partido Komunista ang karanasan ng buong pandaigdigang kilusang komunista, dapat ikonsidera ang mga interes, mga layunin at mga tungkulin na itinakda ng ating kilusan sa kabuuan, at ang pangkalahatang linya nito sa kasalukuyang panahon.

Pero kasabay nito, ang pagbabalangkas ng mga anyo at pamamaraan ng pakikibaka para sa sosyalismo sa bawat isang bayan ay panloob na usapin ng uring manggagawa ng bayang iyon at ng talibang komunista nito. Hindi maaaring itakda ng alinmang Partidong praternal, ano man ang kasapian, karanasan at awtoridad nito, ang mga taktika, mga anyo at mga pamamaraan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa ibang mga bayan. Ang rebolusyon ay adhikain ng masa mismo. Kabilang sa pinakamahahalagang kondisyon ng isang rebolusyon ang wastong pagsusuri sa aktwal na kalagayan at ang wastong pagtaya sa korelasyon ng mga pwersa. Hindi mapipigilan ang kasigasigan ng rebolusyonaryong masa sa pakikibaka para sa tagumpay ng isang sosyalistang rebolusyon kapag hinog na ang obhetibo at suhetibong mga kalagayan. Mangangahulugan ito ng kamatayan. Pero hindi maaaring artipisyal na magbunsod ng rebolusyon kung hindi pa hinog ang mga kalagayan para rito. Tiyak na mabibigo ang adelantadong pag-aalsa, gaya ng itinuturo ng karanasan ng rebolusyonaryong tunggalian ng mga uri. Binubuklod ng mga Komunista ang anakpawis sa ilalim ng pulang bandila para magtagumpay sa pakikibaka para sa mas maiging buhay sa mundo, at hindi para mamatay, kahima't sa magiting na paraan. Ang kagitingan at pagsasakrispisyo-sa-sarili, gaanuman kakailangan sa rebolusyonaryong mga labanan, ay walang silbi sa sarili lamang nila, kundi para lamang sa tagumpay ng dakilang mga ideya ng sosyalismo.

Laging pinapupurihan, at patuloy na papupurihan ng PKUS ang rebolusyong uring manggagawa at anakpawis ng alinmang bayan na, sa pamumuno ng kanilang talibang komunista, mahusay na makakagamit sa rebolusyong sitwasyon para makapagbigay ng mapandurog na hambalos laban sa kaaway sa uri at makapagtatag ng bagong sistemang panlipunan.

Komun sa mga taktika at patakaran ng mga Partido Komunista sa mga bayang kapitalista ang substansyal na mga katangian kaugnay ng kasalukuyang yugto ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo at kaugnay ng korelasyon ng mga pwersa na nangyayari sa pandaigdigang arena. Nagluwal rin ang pag-unlad ng monopolyong kapitalismong estado ng bagong mga kontradiksyon, bukod sa pinalala nito ang mga kontradiksyon ng kapitalistang lipunan na dati nang lumitaw. Nagdulot ang monopolyong kapitalismong estado ng higit pang pagkitid ng baseng panlipunan ng imperyalismo sa loob ng bayan, at ng konsentrasyon ng kapangyarihan sa mga kamay ng maliit na grupo ng pinakamalalakas na monopolista. Nagbibigay daan ito, sa kabilang banda, sa sama-samang kontra-monopolyong kilusan na sumasaklaw sa uring manggagawa, mga magsasaka, petiburgesya, nagtatrabahong mga intelektwal at ilan pang ibang mga seksyon ng kapitalistang lipunan na interesado sa pagpapalaya ng sarili mula sa dominyon ng mga monopolyo at mula sa pagsasamantala, at interesado sa paglipat tungo sa sosyalismo.

Kinatatangian ang ating panahon ng matalas na paglaki sa kabuluhan ng mga kilusang demokratiko — ang pakikibaka para sa pandaigdigang kapayapaan, para sa pagpigil sa pandaigdigang sakunang termo-nukleyar, para sa pagpapanatili ng pambansang soberanya, mga kilusan sa pagtatanggol sa demokrasya, laban sa pananalakay ng pasismo, para sa pagpasok ng transpormasyong agraryo, ang kilusang humanistiko na nagtatanggol sa kultura, at iba pa.

Ganap na tumatalima ang ating Partido sa Leninistang mga prinsipyo at sa mga prinsipyong inilahad sa Pahayag, sa pagsasabing hindi kinakailangang nakaugnay sa digma ang sosyalistang rebolusyon. Kung nagdulot man ng matatagumpay na mga rebolusyon ang mga digmaang pandaigdig, gayunpaman, ganap na posible ang rebolusyon nang walang mga digma.

Kung itatali ng mga Komunista ang tagumpay ng sosyalistang rebolusyon sa digmaang pandaigdig, hindi ito makapupukaw ng anumang simpatya para sa sosyalismo, kundi itutulak pa ang masa papalayo rito. Dahil sa napakamapangwasak na ibubunga ng modernong mga kagamitan sa pakikidigma, ang ganitong pang-akit ay makatutulong lamang sa ating mga kaaway.

Nagsisikap na maglunsad ang uring manggagawa at ang taliba nito, ang mga Partidong Marxista-Leninista, ng mga rebolusyong sosyalista sa mapayapang paraan nang walang digmang sibil. Ang pagtatamo ng gayong posibilidad ay umaayon sa mga interes ng uring manggagawa at lahat ng mamamayan, at sa pambansang mga interes ng bayan. Kasabay nito, ang pagpili sa paraan ng pagsusulong ng rebolusyon ay hindi nakasalalay sa uring manggagawa lamang. Kung gagamit ang mapagsamantalang mga uri ng karahasan laban sa mamamayan, mapupwersa ang uring manggagawa na gumamit ng di mapayapang paraan sa pag-agaw sa kapangyarihan. Nakasalalay ang lahat sa partikular na mga kalagayan at sa distribusyon ng mga pwersa sa uri sa loob ng bayan at sa pandaigdigang arena.

Mangyari pa, anumang paraan ang gamitin para sa transisyon mula kapitalismo tungong sosyalismo, posible lamang ang gayong transisyon sa pamamagitan ng sosyalistang rebolusyon at ng diktadura ng proletaryado sa iba't ibang anyo. Bilang pagpapahalaga sa di makasariling pakikibaka ng uring manggagawa sa pamumuno ng mga Komunista sa mga bayang kapitalista, itinuturing ng PKUS na tungkulin nitong bigyan sila ng lahat ng tipo ng tulong at suporta.

Itinuturing ng aming Partido ang kilusan sa pambansang pagpapalaya bilang integral na bahagi ng pandaigdigang rebolusyonaryong proseso, bilang isang makapangyarihang pwersa na nagwawasak sa prente ng imperyalismo. Ganap na bumabangon ang mga mamamayan ng dating mga kolonya ngayon bilang independyenteng mga tagapaglikha ng kasaysayan, at naghahanap ng paraan para itaguyod ang kanilang pambansang ekonomya at kultura. Aktibong tumutulong ang paglago ng mga pwersa ng sosyalistang sistema sa pagpapalaya sa aping mga mamamayan, sa kanilang pagtatamo ng kasarinlang pang-ekonomya, sa higit pang pagpapaunlad at pagpapalawak ng kilusan sa pambansang pagpapalaya, at sa pakikibaka ng mamamayan laban sa lahat ng anyo ng luma at bagong kolonyalismo.

Pumasok na ang kilusan sa pambansang pagpapalaya sa huling yugto ng pagpawi sa mga rehimeng kolonyal. Hindi na magtatagal bago maipagwagi ng lahat ng mga mamamayang nabubuhay pa sa ilalim ng kapangyarihan ng mga kolonyalista ang kalayaan at kasarinlan. Ngayo'y nahaharap ang malayang mga mamamayan sa usapin ng pagkokonsolida ng pampulitikang kasarinlan, pangigingibabaw sa pagka-atrasado sa ekonomya at kultura at pagwawakas sa lahat ng anyo ng dependensya at dependensya sa imperyalismo.

Matagumpay na naipapatupad lamang ng mga bayan na nagpatalsik sa kolonyal na kapangyarihan ang napakahalagang mga tungkulin ng pambansang muling-pagbabangon sa pamamagitan ng masiglang pakikibaka laban sa imperyalismo at mga labi ng pyudalismo, sa pamamagitan ng pagbubuo ng pagkakaisa ng lahat ng patriyotikong mga pwersa sa bansa sa iisang pambansang prente — ang uring manggagawa, ang magsasaka, ang pambansang burgesya at ang demokratikong mga intelektwal.

Hindi na, o tumitigil na sa pagiging reserba ng imperyalismo ang mga mamamayan na nakikibaka para sa kanilang pambansang pagpapalaya o nakapagwagi na ng kasarinlan sa pulitika; sa suporta ng mga estadong sosyalista at ng lahat ng progresibong pwersa, papadalas nilang natatalo ang mga kapangyarihan at mga koalisyong imperyalista.

Umuunlad ang bagong pambansang mga estado sa panahong may kompetisyon sa pagitan ng dalawang pandaigdigang sistemang panlipunan. May pinakamalakas na impluwensya ang sirkunstansyang ito sa kanilang pag-unlad sa pulitika at ekonomya, sa pagpili sa landas na tatahakin sa hinaharap. Hindi kabilang sa sistema ng mga estadong sosyalista, ni sa sistema ng mga estadong kapitalista, ang mga estadong nakatamo ng pambansang pagpapalaya kamakailan, pero ang napakalaking mayorya sa kanila ay hindi pa nakakaalis sa orbit ng pandaigdigang kapitalistang ekonomya, bagamat may ispesyal na lugar sila doon. Pinagsasamantalahan pa ang bahagi ng mundong ito ng kapitalistang mga monopolyo.

Ngayon, kung naipagwagi na ang kasarinlan sa pulitika, nailalagay sa unahan ang pakikibaka ng bagong soberanong mga estado laban sa imperyalismo, para sa ultimong pambansang muling pagbangon nila, para sa kasarinlan sa ekonomya. Mangangahulugan ang pagkakamit sa ganap na kasarinlan ng umuunlad pang mga bayan ng higit pang malubhang paghina ng imperyalismo, dahil kung gayon, mawawasak ang buong sistema ng mapandambong at di pantay na pandaigdigang hatian sa paggawa sa kasalukuyan, at papahinain ang pundasyon ng pang-ekonomyang pagsasamantala ng kapitalistang mga monopolyo sa “kanayunan ng daigdig”. Magbibigay ng isa pang mabigat na dagok laban sa imperyalismo ang pag-unlad ng nagsasariling pambansang mga ekonomya sa mga umuunlad pang mga bayan na nakasalig sa mabisang tulong ng sistemang sosyalista.

Sa pakikibaka para sa pagkakamit at konsolidasyon ng kasarinlan, kailangang mapakilos ang lahat ng mga pwersa ng bansa na nakahandang lumaban sa imperyalismo. Sa pagtatangkang palakasin ang dominanteng posisyon nito matapos makamit ang kasarinlan, may mga pagkakataong nagtatagumpay ang kanang-panig na pambansang burgesya sa pagtatatag ng reaksyunaryong mga rehimeng pampulitika sa ilang panahon, at nagsisimulang umusig sa mga Komunista at iba pang mga demokrata. Gayunman, panandalian lamang ang gayong mga rehimen sa simpleng kadahilanang humahadlang sila sa kaunlaran at sa solusyon ng pinakamahahalagang pambansang usapin — pangunahin ang pagkakamit sa kasarinlang pang-ekonomya at ang pagpapaunlad ng produktibong mga pwersa. Kaya nga’t sa kabila ng aktibong suporta ng mga imperyalista, ibabagsak ang mga rehimeng ito bilang resulta ng pakikibaka ng masa.

Itinuturing ng PKUS ang alyansang prternal sa mga mamamayang nakaalpas sa kapangyarihang kolonyal at sa mga mamamayan ng mga estadong malakolonyal bilang isa sa mga panulukang-bato ng pandaigdigang patakaran nito. Itinuturing ng aming Partido bilang internasyunal na tungkulin nito na tumulong sa mga mamamayang tumatahak sa landas ng pagwawagi at pagkokonsolida ng pambansang kasarinlan, at sa lahat ng mga mamamayan na nakikibaka para sa ganap na pagpawi sa sistemang kolonyal. Laging sinusupportahan ng Unyong Sobyet ang banal na mga digma ng mga mamamayan para sa kalayaan, at nagbigay ng lahat ng tipo ng suportang moral, pang-ekonomya, militar at pampulitika sa kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Nagbigay ng malaking suporta ang mamamayang Sobyet sa mamamayang Algerian nang nakibaka sila laban sa mga kolonyalistang Pranses. Nang bumangon sa pag-aalsa ang mamamayang Yemeni laban sa pang-aalipin sa kanilang bayan, kami ang unang naghandog sa kanila ng tulong. Nagbigay rin kami ng iba’t ibang tipo ng tulong sa mamamayang Indonesian sa kanilang pakikibaka para sa pagpapalaya ng Kanlurang Irian, laban sa mga imperyalistang Dutch na suportado ng mga imperyalistang US. Pinapupurihan namin ang pakikibaka ng mamamayang Indonesian para sa pagpapalaya ng Hilagang Kalimantan.

Abala ang mga kolonyalista, kapwa bago at luma, sa paghahabi ng mga intriga at mga pakana laban sa kilusan sa pagpapalaya ng mga mamamayan ng Timog-silangang Asya. Walang pagbabago na ang aming simpatya at suporta ay para sa mga nakikibaka para sa pambansang kalayaan at kasarinlan. Kumbinsidong-kumbinsido kami na, sa kabila ng lahat ng pagsisikap ng mga imperyalistang Amerikano at ng kanilang mga papel, magtatagumpay ang mga mamamayan ng Timog Byetnam at Timog Korea sa kanilang pakikibaka at matatamo nila ang muling pag-iisa ng kanilang tinubuang lupa.

Habang tutol ang aming Partido sa eksport ng rebolusyon, ginawa nito ang lahat para pigilan ang eksport ng kontra-rebolusyon. Matatag kaming kumbinsido na ang interkoneksyon at kaisahan ng pagkilos ng tatlong dakilang rebolusyonaryong pwersa ng ating panahon — ang mga mamamayan na nagtatatag ng sosyalismo at komunismo, ang pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa, at ang kilusan sa pambansang pagpapalaya — ang pundasyon ng pakikibaka ng mamamayan laban sa imperyalismo, at garantiya ng kanilang tagumpay.

Ganap na kinumpirma ng buong landas ng kaunlaran ng daigdig sa mga nakaraang taon ang kawastuan ng patakaran ng kilusang komunista, na nagdulot ng katangi-tanging praktikal na mga resulta. Dahil sa pagpapatupad sa patakarang ito, nagkamit ng bagong mga tagumpay ang mga pwersang nakikibaka laban sa imperyalismo, para sa kapayapaan, para sa pambansang kasarinlan at sosyalismo. Itinuturing ng PKUS na tungkulin nito ang pirmi at matatag na pagpapatupad ng patakarang ito.

Kumbinsidong-kumbinsido kami na walang batayan para sa rebisyon ng patakarang ito.

Bukod rito, kinukuro ng Komite Sentral ng PKUS na makatutulong na sa panahon ng mga paghahanda para sa pulong, gayundin sa pulong ng mga kinatawan ng mga Partido Komunista at Partido ng mga Manggagawa, na magpalitan ng mga opinyon sa bagong mga aspeto kung saan pinayaman ng buhay ang patakaran ng pandaigdigang kilusang komunista na inilatag sa Deklarasyon at Pahayag.

Sa inyong liham, mga ginigiliw na kasama, matwid ninyong binigyang pansin na ang garantiya ng lahat ng ating mga tagumpay ay ang pagpapatatag sa pagkakaisa ng kilusang komunista at sa solidaridad ng mga bayang sosyalista. Kamakailan lamang, di miminsang inilahad ng PKUS sa mga kongreso nito at sa internasyunal na mga pulong Komunista ang pag-unawa nito sa mga prinsipyo kaugnay ng ugnayan sa pagitan ng mga Partidong Marxista-Leninista. Idiniin namin, para sa kabatiran ng buong daigdig, na sa kilusang komunista, gaya nang sa sosyalistang komunidad, lagi't laging ganap na magkakapantay-pantay ang lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa. Sa kilusang komunista, walang “nakatataas ” o “nakapailalim” na mga Partido. At hindi ito maaari. Ang dominasyon ng alinmang partido, o ang manipestasyon ng anumang hegemonya, ay hindi nakatutulong sa pandaigdigang kilusang komunista at ng mga manggagawa; taliwas rito, makasasama lamang ito. Lahat ng mga Partido Komunista ay nagsasarili at pantay-pantay. Responsibilidad ng lahat ang kapalaran ng kilusang komunista, ang mga tagumpay at pagkabigo nito; dapat buuin ng lahat ang pakikipag-ugnayan batay sa proletaryong internasyunalismo at mutwal na tulongan.

Nagsisimula rin kami sa batayang nag-aatang ng pantay na mga hinihingi ang proletaryong internasyunalismo sa lahat ng Partido, malaki man o maliit, at walang eksepsyon kaninuman. Dapat magpakita ng pantay na malasakit ang lahat ng mga Partidong praternal na ang kanilang mga aktibidad ay nakabatay sa mga prinsipyong Marxista-Leninista, naaayon sa interes ng pagpapatatag sa pagkakaisa ng mga bayang sosyalista at ng buong pandaigdigang kilusang komunista at ng mga manggagawa.

Nagbibigay ng ispesyal na kabuluhan ang pagkakabuo at pag-unlad ng pandaigdigang sistemang sosyalista sa usapin ng wastong ugnayan sa pagitan ng mga Partidong Marxista-Leninista. Ang mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa sa mga bayan ng sosyalismo ay mga naghaharing partido. Responsable sila para sa kapalaran ng mga estado, para sa kapalaran ng kanilang mga mamamayan. Sa mga kondisyong ito, ang mga paglabag sa mga prinsipyong Marxista-Leninista sa ugnayan sa pagitan ng mga Partido ay makakaapekto hindi lamang sa mga interes ng Partido kundi sa mga interes ng malawak na masa ng sambayanan.

Sa patnubay ng kataas-taasang interes ng ating adhikain, pinawi na ng PKUS ang mga ibinunga ng kulto sa personalidad na Stalin, at ginawa ang lahat para ganap na papanumbalikin ang Leninistang mga prinsipyong pagkakapantay-pantay sa ugnayan sa pagitan ng mga Partidong prternal at respeto sa soberanya ng mga bayang sosyalista. Gumanap ito ng malaki at positibong papel sa pagpapatatag ng pagkakaisa ng buong sosyalistang komunidad. Nalikha na ang paborableng sitwasyon para sa pagpapatatag ng ating pagkikipagkaibigan batay sa pagkakapantay-pantay, respeto sa soberanya ng bawat estado, mutwal na tulungan at mapagkasamang kooperasyon, at boluntaryong pagtupad sa tungkuling internasyunal ng bawat bayan. Kasabay nito, nais naming idiin na hindi lamang nangangahulugan ang sosyalistang pagkakapantay-pantay ng pagkakaroon ng pantay na mga karapatan na lumahok sa kolektibong pagbabalangkas ng patakarang komun, kundi kinabibilangan rin ng pantay na mga responsibilidad ng mga Partidong prternal ng mga bayang sosyalista para sa kahihinatnan ng buong komunidad.

Idiniin ng Pahayag ng Pulong sa Moscow ng mga Partidong Prternal ang pangangailangan para sa pinakamahigpit na alyansa sa pagitan ng mga bayan na tumitiwalag sa kapitalismo, para sa pagsasama-sama ng kanilang mga pagsisikap sa pagbubuo ng sosyalismo at komunismo. Magkakatugmang nagkokombina ang pambansang mga interes at ang mga interes ng sosyalistang sistema sa kabuuan. Nakakukumbinsing pinatunayan ng buhay na pinakamahusay na malulutas ng bawat bayan ang pambansang mga tungkulin nito sa pamamagitan lamang ng pinakamahigpit na kooperasyon sa iba pang mga bayang sosyalista batay sa tunay na pagkakapantay-pantay at mutwal na tulungan.

Hindi ispontanyong lumilitaw ang ating pagkakaisa, ang ating koordinandong mga kilos. Dinidikta ang mga ito ng obhetibong pangangailangan, resulta sila ng mulat na mga aktibidad, ng may-layuning internasyunalistang patakarang ng mga Partidong Marxista-Leninista at ng kanilang walang pagod na pagmamalasakit sa pagbubuo ng pagkakaisa ng ating mga hanay.

Hindi namin ipinipinid ang aming mga mata sa katotohanang maaaring lumitaw sa ugnayan sa pagitan ng mga bayang sosyalista ang iba't ibang interpretasyon sa ilang mga usapin sa panloob na konstruksyon at sa pandaigdigang kilusang komunista, ang iba't ibang interpretasyon sa mga anyo at paraan ng ating kooperasyon. Posible ito, dahil sa ang mga bayang bumubuo sa pandaigdigang sosyalistang sistema ay nasa magkakaibang yugto sa konstruksyon ng bagong lipunan, at ang kanilang karanasan sa pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa daigdig sa labas ay di pareho sa lahat ng bagay. Gayundin, di dapat alisin ang posibilidad na maaaring magdulot ng di pagkakasundo ang iba't ibang kaparaanan sa paglulutas sa ilang mga usapin ng Marxismo-Leninismo sa indibidwal na mga Partidong praternal. Ang labis na pagpapalaki sa papel ng pambansa at partikular na mga katangian ay maaaring magdulot ng paglihis sa Marxismo-Leninismo. Ang pagwalang-bahala sa pambansang mga katangian ay maaaring madulot ng paghiwalay sa buhay at sa masa, at makapipinsala sa adhikain ng sosyalismo.

Dahil sa lahat ng mga ito, kailangan ng walang tigil na pagsisikap sa paghahanap ng mga paraan para malutas natin ang mga tunggalian na lumilitaw, nang nagsisimula sa prinsipyo at nang may pinakamaliit na pinsala sa ating adhikaing komun.

Tayong mga Komunista ay maaaring magtalo sa ating hanay. Pero anu't anuman, ang ating banal na tungkulin ay ang edukasyon ng mga mamamayan sa ating mga bayan sa diwa ng malalim na solidaridad sa lahat ng mga mamamayan ng sosyalistang komunidad. Dapat ikintal ng mga Komunista sa mga mamamayan hindi lamang ang pagmamahal para sa sarili nilang bayan, kundi pagmamahal rin para sa buong sosyalistang komunidad, para sa lahat ng mamamayan; dapat linangin nila sa bawat lalaki't babae na namumuhay sa alinmang sosyalistang bayan ang pag-unawa sa kanilang praternal na tungkulin sa anakpawis ng daigdig. Kung hindi ito gagawin, mabibigo sa pagtupad sa unang alituntunin ng mga Komunista, na nagrerekisa sa pagbubuo ng pagkakaisa ng mga Partidong Marxista-Leninista at ng mga mamamayang nagtatatag ng sosyalismo, at ang pagtatangi sa ating pagkakaisa higit sa lahat.

Hindi dapat gamitin ang mga tunggalian sa ideolohiya at taktika anuman ang mangyari para sa pang-uupat ng sentimyento at prehuwisyong makabansa, kawalang-tiwala at disensyon sa pagitan ng mga mamamayang sosyalista. Ipinapahayag namin nang may ganap na pananagutan na hindi kailanman gumawa at gagawa ng anumang hakbang ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet na makapaghahasik ng hostilidad sa hanay ng mga mamamayan ng aming bayan tungo sa praternal na mamamayang Tsino at iba pang mga mamamayan. Taliwas rito, sa lahat ng pagkakataon, matatag at tuluy-tuloy na ipinalaganap ng aming Partido ang mga ideya ng internasyunalismo at mainit na pakikipagkaibigan sa mga mamamayan ng mga bayang sosyalista, at sa lahat ng mga mamamayan ng daigdig. Itinuturing naming mahalagang ipagdiin ito, at umaasa kami na gayon din ang tingin ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina.

Sa kilusang komunista, kilusan ng uring manggagawa at kilusang pagpapalaya sa daigdig, kailangang pagkaisahin lahat ng pagsisikap, at pakilusin ang mga mamamayan para sa pakikibaka laban sa imperyalismo. Nangangahulugan ang palabang panawagang “Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!” na binalangkas ni Marx at Engels nasa batayan ng pagkakaisang ito ang anti-imperyalistang solidaridad sa uri, at hindi alinmang prinsipyo ng nasyunalidad, kulay o lokasyong heograpikal. Ang pagbubuo ng pagkakaisa ng masa sa pakikibaka laban sa imperyalismo sa batayan lamang ng kanilang pagiging bahagi ng partikular na kontinente — Aprika man, Asya, Amerika Latina o Europa — ay maaaring makapinsala sa nakikibakang mga mamamayan. Hindi ito pagbubuo ng pagkakaisa kundi sa katunayan ay pang-iisplit sa mga pwersa ng nagkakaisang anti-imperyalistang prente.

Ang lakas ng pandaigdigang kilusang komunista ay nakasalalay sa katapatan nito sa Marxismo-Leninismo at sa proletaryong internasyunalismo. Binaka at patuloy na babakahin ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang anumang paglihis sa Marxismo-Leninismo at anumang oportunismo. Matatag kaming tumatalima sa mga prinsipyo ng Pahayag ng 1960 na nagpapahiwatig sa pangangailangan ng pakikibaka sa dalawang larangan — laban sa Kanan at “Kaliwang” oportunismo. Wastong isinasaad ng Pahayag na ang pangunahing panganib sa pandaigdigang komunistang kilusan ay rebisyunismo, at kasabay nito, ipinapakita ang pangangailangan para sa puspulang pakikibaka laban sa sektarismo at dogmatismo, na maaaring maging pangunahing panganib sa alinmang yugto sa pag-unlad ng magkakahiwalay na mga Partido kung hindi tuluy-tuloy na mababaka.

Sa tulak ng paghahangad na ikonsolida ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista batay sa mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo, patuloy na puspulang makikibaka ang aming Partido laban kapwa sa kanang-panig at kaliwang-panig na oportunismo, na sa kasalukuya’y hindi mas di mapanganib kaysa rebisyunismo. Pero habang di matitinag kaugnay ng pundamental na mga usapin sa prinsipyo sa teorya at mga taktika ng kilusang komunista, habang nakikibaka laban sa rebisyunismo at sektarismo, gagawin namin ang lahat para ilinaw, sa pamamagitan ng mapagkasamang talakayan, ang mga usapin kung saan may iba’t ibang interpretasyon, nang sa gayo’y maalis lahat ng di kaugnay ng hadlang na nakakasagabal sa ating pagkakaisa. Sa pamamagitan nito, nagsisimula kami sa punto na, sa pagpuna sa alinmang pagkakamali kaugnay sa mga usapin sa mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo, dapat itakdang layunin ng mga Partidong praternal, at ng internasyunal na mga kumperensya ng kilusang komunista, ang pagtutukoy sa panganib ng gayong mga pagkakamali at ang pagtutulong sa pagwawasto ng mga ito, at hindi sa pagdidiinan sa mga pagkakamaling ito sa lahat ng panahon. Sinisikap naming padulasin ang ganap na pagkakaisa ng rebolusyonaryong mga pwersa, at hindi ang kanilang paglusaw o ang pagputol sa isa o iba pang seksyon sa ating kilusan. Mangyari pa, hindi mapapahintulutan ng mga Komunista ang mga konsesyon sa mga punto ng prinsipyo sa teoryang Marxista-Leninista.

Bilang internasyunalistang Partido, masusing pinag-aaralan ng PKUS ang karanasang natipon sa mga pakikibaka ng mga Partidong Marxista-Leninista sa lahat ng bayan. Labis naming pinapahalagahan ang pakikibakang inilulunsad ng uring manggagawa at rebolusyonaryong taliba nitong mga Partido Komunista sa Pransya, Italya, USA, Britanya, iba pang kapitalistang mga bayan, gayundin ang magiting na pakikibaka na inilulunsad ng mga Partido Komunista ng mga bayang Asyano, Aprikano at Latina Amerikano para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya mula sa dominasyon ng mga monopolyong imperyalista, kolonyalismo, at neo-kolonyalismo.

Umunlad ang mga Partido Komunista bilang maimpluwensyang pambansang mga pwersa, bilang mga abanteng destakamento ng mga mandirigma para sa kaligayahan ng kanilang mga mamamayan. Kaya nga bira nang bira ang mga reaksyunaryo laban sa mga Komunista sa kanilang mga pagsisikap na sirain ang kanilang kapasyahan. Sa kanilang pakikibaka laban sa kilusang komunista, inilalabas ng mga reaksyunaryo ang madungis na kasinungalingan tungkol sa “kamay ng Moscow”, at ipinagsasabing hindi pambansang pwersa ang mga Partido Komunista kundi daluyan para sa patakaran ng iba pang bayan, kasangkapan ng iba pang bayan. Masama ang pakay ng mga imperyalista sa paggawa nito — para kontrahin ang papalaking impluwensya ng mga Partido Komunista, para pagsuspetsahan sila ng masa, para ipagmatwid ang pang-uusig ng pulisya sa mga Komunista.

Gayunman, batid ng lahat ng tapat sa isip na kalalakihan at kababaihan na ang mga Partido Komunista ang tunay ng mga tagapagtaguyod at mga kampion ng pambansang mga interes, na sila ay mga matatatag na makabayan na nagkokombina sa pagmamahal para sa kanilang bayan at proletaryong internasyunalismo sa kanilang pakikibaka para sa kaligayahan ng mamamayan. Itinuturing ng PKUS na obligasyon nitong magbigay ng lahat ng suporta sa mga kapatid nito sa magiting na pakikibaka na kanilang inilulunsad sa mga bayang kapitalista, at patatagin ang internasyunal na solidaridad sa kanila.

Sa pangkalahatang balangkas, ilan ang mga ito sa aming mga ideya hinggil sa mahalagang kontemporaryong mga usapin sa prinsipyo, hinggil sa estratehiya at mga taktika ng pandaigdigang kilusang komunista, na naisip naming mahalagang talakayin sa liham na ito.

Dahil matatag kaming kumbinsido na ang kasalukuyang patakaran ng pandaigdigang kilusang komunista na nakalahad sa Deklarasyon at sa Pahayag ng mga Partidong prternal ang tanging wastong patakaran, nananalig kami na sa darating na pulong sa pagitan ng mga kinatawan ng PKUS at PKT, kapaki-pakinabang na talakayin ang sumusunod na napakahihigpit na usapin:

- a. Mga usapin kaugnay ng pakikibaka para sa higit pang pagpapatatag sa lakas ng pandaigdigang sosyalistang sistema at transpormasyon nito bilang mapagpasyang salik sa pagpapaunlad ng lipunan ng tao, na siyang pangunahing nag-iibang katangian ng ating kapanahunan. Maaaring sama-sama nating takalayin kung paanong higit na mabilis at mahusay na matitiyak ang tagumpay para sa mga bayang sosyalista sa mapayapang kompetisyong pang-ekonomya sa kapitalismo;
- b. Mga usapin kaugnay ng pakikibaka para sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay. Ang pangangailangan na pagsama-samahin ang mga pagsisikap ng lahat ng pwersang nagmamahal sa kapayapaan para sa pakikibaka para mapigilan ang pandaigdigang digmang termo-nukleyar. Ang paglilikha at pagpapatatag sa pinakamalapad na nagkakaisang prente ng mga tagasuporta ng kapayapaan. Ang paglalandad sa reaksyunaryong esensya ng imperyalismo, ang pagpapataas sa pagmamatyag at mobilisasyon ng malawak na masa para makibaka laban sa mga paghahanda na ginagawa ng mga imperyalista para sa isang bagong digmaang pandaigdig; para biguin ang kanilang mga pakana sa agresyon at ihiwalay ang mga pwersa ng reaksyon at digma. Paggigiit sa ugnayang internasyunal ng Leninistang mga prinsipyong mapayapang pakikipamuhay sa pagitan ng mga estado na may magkakaibang sistemang panlipunan. Ang pakikibaka para sa pangkalahatang disarmamento at para sa pagpawi sa mga labi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig;

- k. Mga usapin kaugnay ng pakikibaka laban sa imperyalismo na pinamumunuan ng US. Ang paggamit, sa kapakanan ng ating adhikain, sa humihinang mga posisyon ng kapitalismo at sa papalaking instabilidad ng buong sistemang kapitalista sa pandaigdigang ekonomya, sa pagtindi ng mga kontradiksyon ng kapitalismo, at higit sa lahat, sa lahat ng kontradiksyon sa pagitan ng paggawa at kapital, at sa malubhang krisis sa ideolohiya at pulitikang burges. Suporta sa rebolusyonyong pakikibaka at tunggalian ng mga uri ng anakpawis sa mga bayang kapitalista laban sa mga monopolyo, para sa kanilang pagpapalayang panlipunan, para sa pagpawi ng pagsasamantala ng tao sa tao, para sa pagpapalawak ng demokratikong mga karapatan at mga kalayaan ng mga mamamayan;
- d. Mga usapin kaugnay ng kilusan sa pambansang pagpapalaya. Ang suporta at lubos na pagpapaunlad sa kilusan sa pambansang pagpapalaya ng mga mamamayan. Ang pakikibaka para sa ganap at ultimong pagwawakas sa kolonyalismo at neokolonyalismo sa lahat ng anyo nito. Ang pagbibigay ng suporta sa mga mamamayang nakikibaka laban sa kolonyalismo at gayundin sa mga bayan na nakatamo ng kanilang pambansang pagpapalaya. Ang pagpapaunlad ng kooperasyon sa ekonomya at kultura sa mga bayang ito;
- e. Mga usapin kaugnay ng konsolidasyon ng pagkakaisa at di mapaghihiwalay na pagsasama-sama ng sosyalistang komunidad at ng mga hanay ng kilusang komunista. Ang pangangailangan sa pagkokonsolida sa lahat ng paraan sa pandaigdigang kilusang komunista, ang pinakamaimpluwensyang pwersa sa pulitika ng ating kapanahunan, at sa partikular, sa ilalim ng mga kondisyon kung saan nagkaisang pwersa ang mga imperyalistang mga reaksyunaryo sa pakikibaka laban sa komunismo. Ang pagpigil sa anumang pagkilos na makakapagpahina sa pagkakaisang ito, ang matatag na pagtalima ng bawat Partidong praternal sa mga pagtatasa at mga kongklusyon na sama-samang binalangkas. Ang pagpapatuloy ng pakikibaka laban sa rebisyunismo at dogmatismo, bilang di maisasantabing kondisyon para sa pagtatanggol sa kadalisan ng Marxismo-Leninismo at sa mapanlikhang pagpapaunlad nito, at para sa higit pang mga tagumpay ng kilusang komunista. Ang pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa hanay ng mga Partidong praternal batay sa mga prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at mutwal na tulungan at suporta. Ang pagbabalangkas ng sama-samang mga hakbang para patindihin ang pakikibaka sa ideolohiya at pulitika laban sa imperyalismo at reaksyon.

Sa panahon ng usapan, posibleng talakayin lahat ng mga usapin na binanggit sa inyong liham, mga usapin na may kaugnayang komun na iniaanak ng mga tungkulin sa pakikibaka para ipatupad ang mga desisyon ng Mga Pulong sa Moscow. Maaaring gumanap ng mahalagang papel ang talakayan sa mga usapin kaugnay ng konsolidasyon ng pagkakaisa sa pagitan ng USSR at ng Republikang Bayan ng Tsina.

Sa inyong liham, ihinaharap ninyo ang usaping Albanyan at Yugoslav. Naisulat na namin sa inyo na hindi maaari at hindi dapat sapawan ng mga usaping ito, bagamat saligan ang mga ito sa kalikasan, ang mga pangunahing suliranin ng ating kapanahunan na kailangang talakayin sa ating pulong.

Matapos kondenahin ng aming Partido ang mapanghating mga aktibidad ng mga pinunong Albanyan, kasabay nito, gumawa ito ng ilang mga hakbang tungo sa pagnormalisa ng ugnayan sa pagitan ng Partido sa Paggawa ng Albanya at ng PKUS at iba pang mga Partidong praternal. Sa kabila ng katotohanang kamakailan lamang ay nagbibitiw ang mga pinuno ng Partido sa Paggawang ng Albanya ng mapanirang mga atake sa aming Partido at sa mamamayang Sobyet, dahil nagagabayan kami ng kataas-taasang mga interes, hindi namin binibitiwan ang pag-asa na mapapabuti ang ugnayan sa pagitan ng PKUS at Partido sa Paggawa ng Albanya. Sa katapusan ng Pebrero ng taong ito, muling nag-inisyatiba ang Komite Sentral ng PKUS at nagmungkahi sa Komite Sentral ng Partido sa Paggawa ng Albanya na magdaos ng dalawang-panig na pulong sa pagitan ng mga kinatawan ng dalawa naming Partido. Gayunman, hindi nakakuha ng angkop na tugon ang mapagkasamang hakbang namin mula sa panig ng pamunuang Albanyan. Sa tingin ng mga pinuno ng Partido sa Paggawa ng Albanya, hindi kailangang tugunan ang aming liham na naglalaman ng panukala ng Komite Sentral ng PKUS hinggil sa dalawang-panig na mga pulong. Kapagdaka, mukhang natauhan ang mga pinunong Albanyan, at nagpadala ng liham kung saan, matapos ang ilang pasubali, at mga istipulasyon, nangungusap sila tungkol sa gayong pulong. Kung magpapakita sila ng tapat na hangarin sa katunayan, handa kaming makipagpulong.

Kaugnay naman ng Yugoslavia, batay sa pagsusuri at pagtatasa sa obhetibong mga kalagayan sa ekonomya at pulitika sa bayang iyon, naninindigan kami na isa itong sosyalistang bayan, at sa aming pakikipag-ugnay sa kanya, magsisikap kaming magtatag ng mas mahigpit na pakikipag-unayan sa pagitan ng Pederatibong Republikang Bayan ng Yugoslavia at ng sosyalistang komonwelt, alinsunod sa patakarang itinataguyod ng mga Partidong praternal para sa pagsesemento ng lahat ng anti-imperyalistang mga pwersa ng daigdig. Isinasaalang-alang din namin ang malinaw na positibong mga tendensya na ipinakita kamakailan sa buhay pang-ekonomya at sosyo-pulitikal ng Yugoslavia. Samantala, batid ng PKUS ang seryosong mga di pagkakasundo na umiiral sa Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia sa ilang usapin sa ideolohiya at itinuturing na kailangan itong ipaabot sa mga kasamang Yugoslav nang diretsuhan, at punahin ang mga pananaw nila na sa tingin nito'y mali.

Sa liham nito ng Marso 9, 1963, sumasang-ayon sa amin ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina sa pagsasabing sa kasalukuyan, nahaharap ang pandaigdigang kilusang komunista sa napakahalagang panahon. Nakasalalay sa atin, sa ating mga Partido, sa kawastuan ng ating patakaran, kung patuloy tayong aabante nang sama-sama sa iisang hanay o hahayaan ang sarili nating pumalaot sa isang tunggalian na mapaminsala sa uring manggagawa, sa ating mga mamamayan at sa lahat ng anakpawis, isang tunggalian na magreresulta lamang sa mutwal na paglayo, makakapahina sa mga pwersa ng sosyalismo, at makakapagpahina sa pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista.

Mangyari pa, dahil malalaki at malalakas na Partido, makalalabas ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet at ang Partido Komunista ng Tsina sa sitwasyong ito nang mas maliliit ang nawala; pero para sa iba pang mga Partidong praternal, laluna ang mga kumikilos sa kumplikadong mga kalagayan, mahaharap sila sa malaki at higit pa rito'y di kinakailangang mga kumplikasyon, na hindi naman natin nilalayan.

Nakasalalay ang lahat kung paano tayo kikilos sa malubha at kumplikadong sitwasyon. Magpapatuloy ba tayo sa pagtatalo, magpapadala sa ating mga damdamin, at gawing mga paratang at di napapatunayang mga akusasyon at atake ang mga argumento laban sa mga Partidong praternal? O, dahil batid natin ang malaking responsibilidad natin sa kahihinatnan ng ating dakilang adhikain, ididirihe natin ang pangyayari sa ibang daluyan, at magpapakita ng sapat na lakas ng loob na pangibabawan ang lahat ng naghihiwalay sa atin ngayon, magtitigil sa di mapagkasamang pagtatalo, at magkokonsentra sa paghahanap ng mga paraan sa pagkokonsolida sa militanteng kooperasyong Sobyet-Tsino, sa pagkokonsolida ng pagkakaibigan ng lahat ng mga Partidong praternal?

Batid namin na di mahihinagap ang anumang kilusan, kabilang ang kilusang komunista, na walang kontrobersya. Gayunman, walang di pagkakasundo, walang disatispasyon sa pagkilos ng isang partikular na Partido, ang makapagbibigay-matwid sa mga pamamaraan sa pakikibaka na makapaminsala sa mga interes ng pandaigdigang kilusang komunista. Kung mas malalim at mas malawak ang ating pag-unawa sa mga layunin at mga tungkulin ng pandaigdigang uring manggagawa, mas malaki kung gayon ang ating kasigasigan sa pagsisikap na mahinahon at makabuluhang suriin ang ating mga di pagkakaunawaan, gaanuman kalubha magmistula ito sa ngayon, at iwasang makapanggulo ang mga ito sa ating positibong gawain, iwasang makapagdisorganisa ang mga ito sa rebolusyonaryong mga aktibidad ng pandaigdigang uring manggagawa.

Sama-sama tayong makibaka para sa di nagbabagong pagtalima sa Marxista-Leninistang landas sa pandaigdigang kilusang komunista, laban sa rebisyunismo at dogmatismo, para sa mas mahigpit na pagkakaisa sa mga hanay ng pandaigdigang kilusang komunista, para sa respeto sa kolektibong binalangkas na mga patakaran, at laban sa anumang paglabag o arbitraryong mga interpretasyon ng mga ito.

Hindi sumusuko ang aming Partido sa tindi ng pagtatalo, pero, dahil batid namin ang ating komun na responsibilidad ng pandaigdigang kilusang komunista, hangad nitong ihinto ang mapanganib na proseso ng pagsadlak sa isang bagong serye ng mga talakayan. Malinaw sa lahat na makahahanap kami ng marami pang sasabihin sa pagtatanggol sa Leninistang patakaran ng PKUS, sa pagtatanggol sa linyang komun ng pandaigdigang kilusang komunista, bilang tugon sa walang batayang mga atake na ginawa sa mga artikulong inilathala sa pahayagang Tsino. At kung hindi man namin ito ginagawa ngayon, ay dahil ayaw lamang naming paligayahin ang mga kaaway ng kilusang komunista. Umaasa kami na mababatid ang pinsalang nalikha ng patalas na pagtatalo, at pahahalagahan nang higit sa lahat ang kapakanan ng pagkakaisa ng sosyalistang sistema at nga pandaigdigang kilusang komunista. Sa gayon, nagmumungkahi kami ng pulong sa inyo, hindi para palalain ang salungatan kundi para matamo ang mutwal na unawaan sa mayor na mga problema na sumulpot sa pandaigdigang kilusang komunista.

Alam naming ang gayong pulong ay kinasasabikan ng lahat ng ating mga kaibigan sa lahat ng mga bayan sa daigdig, at malaki ang inaasahan nila dito. Nakasalalay sa atin, sa ating kapasyahan at rason, kung makakamit sa pulong ang resultang nakagagalak sa ating mga kaibigan at nakabalisa sa mga kaaway ng komunismo. Ito ang magiging komun na kontribusyon natin sa adhikain ng pakikibaka para sa pagpapalaya sa lahat ng aping mamamayan, para sa tagumpay ng kapayapaan at sosyalismo sa daigdig, para sa tagumpay ng dakilang rebolusyonaryong doktrina ng Marxismo-Leninismo.

Komunistang pagbati,
Komite Sentral ng
Partido Komunista ng Unyong Sobyet

* * *

BUKAS NA LIHAM NG KOMITE SENTRAL NG PARTIDO KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET

PARA SA LAHAT NG MGA ORGANISASYON NG PARTIDO
PARA SA LAHAT NG MGA KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET
(Hulyo 14, 1963)

Mahal na mga Kasama,

Itinuturing ng Komite Sentral ng PKUS na kailangang maglahad ng bukas na liham sa inyo para ilinaw ang posisyon nito hinggil sa pundamental na mga usapin sa pandaigdigang kilusang komunista kaugnay ng liham ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina ng Hunyo 14, 1963.

Alam na alam ng mamamayang Sobyet na hindi nagkukulang ang ating partido at gubyrno, sa pagkakatawan sa kapasyahan ng buong sambayanang Sobyet, para patatagin ang pakikipagkaibigang praternal sa mga mamamayan ng lahat ng sosyalistang mga bayan, sa mamamayang Tsino. Nagkakaisa tayo sa pakikibakang komun para sa tagumpay ng komunismo, pareho tayo ng layunin, ng mga simulain at mga pag-asa.

Naging mabuti ang ugnayan sa pagitan ng ating mga Partido sa maraming taon. **Pero kamakailan lamang, lumitaw ang seryosong mga di pagkakaunawaan sa pagitan ng PKT sa isang banda, at ng PKUS at iba pang mga partidong praternal, sa kabila.**⁵¹¹

Sa ngayon, papatinding nakakabahala sa Komite Sentral ng PKUS ang mga pahayag at mga aksyon ng pamunuan ng Partido Komunista ng Tsina, na nagpapahina sa di mapaghihiwalat na pagsasama ng ating mga partido at sa pakikipagkaibigan ng ating mga mamamayan.

⁵¹¹ Ang pagdidiin sa liham na ito ay sa Renmin Ribao. — *Ed.*

Sa panig nito, ginawa ng Komite Sentral ng PKUS ang lahat para mapangibabawan ang mga lumitaw na di pagkakasundo, at noong Enero ng taong ito'y nagpanukala ng paghinto sa hayag na pagtatalo sa kilusang komunista, nang sa gayon ang mga usapin ay matalakay nang mahinahon at sa mabisang paraan, at malutas sa prinsipyadong Marxista-Leninistang batayan. Mainit na sinuportahan ang panukalang ito ng PKUS ng lahat ng mga partidong prternal. Matapos nito'y nagkasundo na magdaos ng pulong sa pagitan ng mga kinatawan ng PKUS at PKT, na isinasagawa naman ngayon sa Moscow.

Umasa ang Komite Sentral ng PKUS na, gaya natin, magpapakita ang mga kasamang Tsino ng magandang kalooban at padudulasin ang tagumpay ng pulong sa kapakanan ng ating mga mamamayan, sa kapakanan ng pagpapatatag sa pagkakaisa ng kilusang komunista. **Nakapanghihinayang na nang magkasundo sa pulong ng mga kinatawan ng PKUS at PKT sa Moscow, nang hirangin ang mga delegasyon at maitakda ang petsa ng pulong, sa halip na iharap ang mga pagkakaiba para sa talakayan sa pulong na ito, di inaasahang nakita ng mga kasamang Tsino na hayagang maihaharap sa buong mundo hindi lamang ang mga lumang di pagkakasundo kundi pati mga bagong paratang laban sa PKUS at ibang mga partido komunista. Makikita ito sa publikasyon ng liham ng Hunyo 14 ng Komite Sentral ng PKT na nagbibigay ng arbitraryong interpretasyon sa Deklarasyon at Pahayag ng mga pulong sa Moscow ng mga kinatawan ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa, at binabaluktot ang batayang mga prinsipyo ng istorikong mga dokumentong ito. Naglalaman ang liham ng Komite Sentral ng PKT ng walang batayan at mapanirang mga atake sa ating Partido at sa iba pang mga Partido Komunista, sa mga desisyon ng ating Ika-20, Ika-21 at Ika-22 mga Kongreso ng PKUS at sa Programa ng PKUS.**

Gaya nang alam ninyo mula sa pahayag ng Komite Sentral ng PKUS na inilathala sa Pravda noong Hunyo 19, matapos pag-aralan ang liham ng Hunyo 14 ng Komite Sentral ng PKT, **narating ng Presidium ng Komite Sentral ng PKUS ang kongklusyon na di maipapayo ang publikasyon nito sa pahayagang Sobyet sa panahong iyon. Mangyari pa, mangangailangan ang paglalathala ng liham ng pampublikong tugon sa bahagi natin; higit pa nitong mapapalala ang kontrobersya at mapag-aalab ang mga damdamin, at sa gayo'y makapagpapalala sa ugnayan sa pagitan ng ating mga Partido.** Higit na wala sa tyempo ang paglalathala sa liham ng Komite Sentral ng PKT dahil magdaraos ng pulong sa pagitan ng mga kinatawan ng PKUS at PKT na naglalayon, sa ganang amin, na umambag sa pamamagitan ng mapagkasamang pagsusuri sa umiiral na mga di pagkakasundo, sa higit na mahusay na mutwal na unaawaan sa pagitan ng dalawa nating mga partido hinggil sa napakahalagang usapin ng pandaigdigang mga pangyayari sa kasalukuyan, at sa paglilikha ng paborableng kapaligiran para sa paghahanda at pagdaraos ng isang pulong ng mga kinatawan ng lahat ng mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa.

Kasabay nito, itinuring ng Presidium ng Komite Sentral ng PKUS na kailangang ipaunawa sa mga kasapi ng Komite Sentral ng PKUS at sa lahat ng mga kalahok sa Plenaryong Pulong nito ang liham ng Komite Sentral ng PKT, at ipabatid sa kanila ang sustansya ng mga di pagkakasundo sa pagitan ng pamunuan ng PKT at ng PKUS at ng iba pang mga partidong Marxista-Leninista.

Sa ganap na pinagkaisahang desisyon, lubusang pinagtibay ng Plenum ng Komite Sentral ang pampulitikang aktibidad ng Presidium ng Komite Sentral ng PKUS at ng Unang Kalihim ng Komite Sentral ng PKUS at ng Tagapangulo ng Konseho ng mga Ministro ng USSR, si N. S. Khrushchov, na naglalayong higit pang pagkaisahin ang mga pwersa ng pandaigdigang kilusang komunista, at lahat ng mga hakbang ng Presidium ng Komite Sentral ng PKUS sa pakikipag-ugnayan nito sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina.

Inatasan ng Plenum ng Komite Sentral ng PKUS ang Presidium ng Komite Sentral na walang paglihis na ipatupad ang linya ng Ika-20, Ika-21 at Ika-22 mga Kongreso ng ating Partido sa pulong sa mga kinatawan ng PKT, isang linyang pinagtibay sa mga pulong ng mga kinatawan ng mga Partido Komunista at kinatawan sa Deklarasyon at Pahayag, isang linya na ganap na pinatunayan ng buhay, ng kurso ng pag-unlad sa daigdig. Mariing tinanggihan ng Plenum ng Komite Sentral bilang walang batayan at mapanirang-puri ang mga atake ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina laban sa ating partido at iba pang mga partido Komunista, sa mga desisyon ng Ika-20, Ika-21, at Ika-22 mga Kongreso, sa Programa ng PKUS. Kumakatawan sa kapasyahan ng buong partido, ipinahayag nito ang kanyang kahandaan at determinasyon na tuluy-tuloy na itaguyod ang landas ng pagbubuo ng pagkakaisa ng mga partidong prternal at pangibabawan ang umiiral na mga di pagkakasundo. Ipinahayag ng Plenum na ipagpapatuloy ng ating partido ang kanyang mga pagsisikap na patatagin ang pagkakaisa batay sa mga prinsipyo ng Marxismo Leninismo at sosyalistang internasyunalismo, sa pakikipagkaibigang prternal sa pagitan ng PKUS at PKT sa kapakanan ng pakikibaka para sa ating adhikaing komun.

Sa kasamaang palad, ipinakita ng mga pangyayari kamakailan na inuunawa ng mga kasamang Tsino ang ating pagpipigil sa sarili nilang paraan. Inilalarawan nila ang ating tapat na pagsisikap na umiwas sa pagpapatalas sa kontrobersya sa kilusang komunista bilang halos pananadya na itago ang mga pananaw ng mga pinunong Tsino mula sa mga komunista at mamamayang Sobyet. Ipinagkakamaling kahinaan ang ating pagpipigil, at taliwas sa mga istandard ng mapagkaibigang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng prternal na mga bayang sosyalista, nagsimula ang mga kasamang Tsino na labag-sa-batas na ipalaganap, nang may papalaking kapusukan at pagpupumilit, sa Moscow at iba pang mga lunsod Sobyet ang liham ng ika-14 ng Hunyo ng Komite Sentral ng PKT, kung saan malaking bilang ng kopya'y inilathala sa wikang Ruso. **Hindi pa nasapatan dito, mapagpunyaging pinopopularisa at ipinalaganap sa lahat ng dako ng daigdig ng mga kasamang Tsino ang kanilang liham at iba pang mga dokumentong nakatuon laban sa ating partido, at walang pakundangang ginamit ang mga palimbagan at mga ahensyang imperyalista para sa distribusyon nito.**

Pinalala pa ang posisyon ng pangyayari na nang pinansin ng Ministri ng Usaping Panlabas ng USSR sa Embahador ng Tsina sa Unyong Sobyet ang impermisibilidad ng gayong mga aksyon, na isang tahasang paglabag sa soberanya ng ating bayan, sa halip na itigil ito ng mga kinatawan ng Tsina, ipinahayag nila sa demonstratibong paraan na itinuturing nilang karapatan nila na ipagpatuloy na ipalaganap ang liham sa USSR.

Noong Hulyo 7, nang nagsimula na ang pulong sa Moscow, nagsagawa ng raling masa sa Beijing kung saan pinapurihan bilang mga bayani ng mga opisyal ng Tsina ang mga Tsinong pinatalsik mula sa Unyong Sobyet dahil sa labag-sa-batas na pagmumudmod ng mga materyales na naglalaman ng mga atake sa ating partido at sa gubyernong Sobyet. **Sa pagtatangkang mang-upat sa hanay ng praternal na mamamayang Tsino ng mga sentimyento at mga damdaming di mapagkaibigan sa USSR**, sinikap ng mga opisyal ng Tsina, sa raling ito, na patunayan ang kanilang karapatan na labagin ang soberanya ng ating estado at ang mga istandard ng pandaigdigang pakikipag-ugnayan. Noong Hulyo 10, naglabas ng isa pang pahayag ang Komite Sentral ng PKT, kung saan ipinagmamamatiwido nito ang mga aksyong ito, at, **sa katunayan, tinatangkang angkinin sa sarili ang karapatang manghimasok sa mga usaping panloob ng Unyong Sobyet**, na mangyari pa'y hindi kailanman mapapahintulutan ng gubyernong Sobyet. Makapagpapalala lamang ng ugnayan ang gayong mga aksyon at walang magagawa kung makapinsala.

Sa mga nangungunang artikulo nito noong Hulyo 13, muling inatake ng Pahayagang Bayan ng Beijing ang ating partido at nagbigay ng isang baluktot na interpretasyon sa pangyayaring hindi inilathala ng pahayagang Sobyet ang liham ng Hunyo 14 ng Komite Sentral ng PKT.

Ang talaga namang di mapagkaibigang mga aksyong ng mga pinuno ng PKT, ang kanilang nagpupumilit na pagtatangkang palalain ang kontrobersya sa pandaigdigang kilusang komunista, ang sadyang pambabaluktot ng posisyon ng ating partido, ang misinterpretasyon sa ating mga motibo sa pansamantalang di paglathala sa liham ay nagtutulak sa aming ilathala ang liham ng Komite Sentral ng PKT ng Hunyo 14, 1963, at ilahad ang aming pagsusuri tungkol dito.

Makikita ng bawat makakabasa sa liham ng Komite Sentral ng PKT, sa likod ng magagandang salita tungkol sa pagkakaisa at kohesyon, ang di mapagkaibigan at mapanirang-puring mga atake laban sa ating partido at sa Unyong Sobyet, ang pagtatangkang paliitin ang istorikong kabuluhan ng pakikibaka ng ating mamamayan para sa tagumpay ng komunismo sa USSR, para sa tagumpay ng kapayapaan at sosyalismo sa lahat ng dako ng daigdig. Naglalaman ang dokumento ng lahat ng tipo ng paratang, tuwiran man o nakakubli, laban sa PKUS at sa Unyong Sobyet. Gumagamit ang mga may-akda nito ng mga kasinungalingan, na masagwa at mapanlait sa mga Komunista, tungkol sa “pagtataksil sa mga interest ng pandaigdigang proletaryado at lahat ng mga mamamayan ng daigdig,” “paglihis sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo,” nagpapahiwatig ng “karuwagan sa harap ng mga imperyalista,” “pag-atras sa landas ng istorikong pag-unlad,” at pati na “pang-organisasyon at moral na pagdidisarma sa proletaryado at lahat ng anakpawis” na nangangahulugang “pag-ambag sa pagpapanumbalik sa kapitalismo” sa ating bayan. Paano nilang masasabi ang mga bagay na ito tungkol sa partido ng dakilang si Lenin, tungkol sa inangbayan ng sosyalismo, tungkol sa mamamayan na una sa daigdig na makagawa ng sosyalistang rebolusyon, nagtaguyod sa dakilang mga tagumpay nito sa mababangis na pakikihamok laban sa pandaigdigang imperyalismo at panloob na kontra-rebolusyon, nagpapakita ng mga himala ng kagitingan at dedikasyon sa pagsisikap buuin ang komunismo, at tapat na gumaganap sa kanilang internasyunalistang tungkulin sa anakpawis ng daigdig?

Sa loob ng halos kalahating siglo, nakibaka ang Unyong Sobyet, sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista, para sa tagumpay ng mga ideya ng Marxismo-Leninismo, para sa kalayaan at kaligayahan ng anakpawis sa lahat ng dako ng daigdig. Mula sa pinakaunang mga araw ng estadong Sobyet, nang nakatayo sa kanyang timon ang dakilang si Lenin, hanggang sa kasalukuyan, nagbigay at patuloy na nagbibigay ang ating mamamayan ng napakalaki at di makasariling tulong sa lahat ng mga mamamayang nakikibaka para sa pagpapalaya mula sa kapangyarihan ng imperyalismo at kolonyalismo, para sa pagtatatag ng isang bagong buhay.

Wala pang ibang halimbawa sa kasaysayan ng daigdig ng isang bayang nagbibigay ng tulong sa ibang mga bayan sa gayong saklaw sa pag-unlad ng kanilang ekonomya, siyensya at teknolohiya.

Buong-buong nadama ng anakpawis ng Tsina at ng mga Komunistang Tsino ang praternal na solidaridad ng mamamayang Sobyet, ng ating partido, kapwa sa panahon ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pagpapalaya ng kanilang bayan at sa mga taon ng sosyalistang konstruksyon. Matapos na matapos ang pagbubuo ng Republikang Bayan ng Tsina, lumagda ang gubyernong Sobyet kasama ng gubyerno ng Tsinang Bayan sa isang Tratado ng Pakikipagkaibigan, Alyansa at Mutwal na Tulungan, na isang makapangyarihang sandata laban sa panghihimasok ng imperyalista, isang salik para sa pagkokonsolida sa kapayapaan sa Dulong Silangan at sa buong daigdig.

Magandang-loob na ibinahagi ng mamamayang Sobyet sa kanilang mga kapatid na Tsino ang kanilang karanasan sa sosyalistang konstruksyon, na natipon sa loob ng maraming taon, ang kanilang mga tagumpay sa mga larangan ng siyensya at teknolohiya. Nagbigay at patuloy na nagbibigay ng substansyal na tulong sa kaunlarang pang-ekonomya ng Tsinang Bayan. Nakapagtatag ang Tsinang Bayan ng 198 na pabrika, kagawaran ng pabrika at iba pang mga yunit industriyal na may modernong makinarya sa pamamagitan ng aktibong pagtulong ng Unyong Sobyet. Sa pamamagitan ng tulong ng ating bayan, sinimulan ng Tsina iyong bagong mga industriya tulad ng awtomobil, traktora, sasakyang panghimpapawid at iba pa. Nagbigay ang Unyong Sobyet sa RBT ng higit sa 21,000 lupon ng dokumentasyong syentipiko at teknikal, kabilang ang higit sa 1,400 mayor na mga proyekto. Di maiiwasang tumulong tayo sa pagpapatatag ng kapasidad sa depensa ng Tsina at sa paglikha ng modernong industriya sa depensa. Sinanay ang libu-libong mga ispesyalista at manggagawang Tsino sa matataas na paaralang Sobyet at sa ating mga industriya. Ngayon, ipinagpatuloy rin ng Unyong Sobyet ang teknikal na tulong nito sa Republikang Bayan ng Tsina sa konstruksyon ng 88 mga empresa at proyektong industriyal. **Binabanggit namin ito hindi para magyabang, kundi dahil lamang sa tinangka kamakailan ng mga pinuno ng PKT na maliitin ang kabuluhan ng tulong Sobyet, at hindi namin nakakalimutan na tumanggap rin ng kinkailangang mga produkto mula sa RBT sa bahagi nito ang Unyong Sobyet.**

Hindi pa gaanong nagtatagal nang matwid at maliwanag na nangusap ang mga pinunong Tsino hinggil sa pakikipagkaibigan ng mga mamamayan ng Tsina at Unyong Sobyet, hinggil sa pagkakaisa ng PKUS at ng PKT, at nagbigay ng mataas na pagpapahalaga sa tulong Sobyet at hinikayat ang mamamayan na matuto mula sa eksperimento ng Unyong Sobyet.

Sinabi ni Kasamang Mao Zedong noong 1957: “Sa kanilang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, taglay ng mamamayang Tsino ang simpatya at suportang prateral ng mamamayang Sobyet. Matapos ang tagumpay ng rebolusyong Tsino, nagbigay rin ng lahatang-panig at napakalaking tulong ang Unyong Sobyet sa konstruksyon ng sosyalismo sa Tsina. Hindi kailanman makakalimutan ng mamamayang Tsino ang lahat nang ito.”

Nakalulungkot mang sabihin, nagsimula nang kalimutan ito ng mga pinunong Tsino.

Nagalak, at ipinagmamalaki ng ating partido, ng lahat ng mamamayang Sobyet, ang mga tagumpay ng dakilang mamamayang Tsino sa pagbubuo ng bagong buhay. Sa kanyang talumpati sa Beijing sa ikasampung anibersaryo ng Republikang Bayan ng Tsina, sinabi ni Kasamang N. S. Khrushchov: “Pinatunayan ng magigiting at masisipag na mamamayan ng Tsina, sa ilalim ng pamumuno ng kanilang dakilang Partido Komunista, kung ano ang magagawa ng mamamayan kung mailalagay nito ang kapangyarihan sa sarili nitong mga kamay.... Inaamin ngayon ng lahat ang mga tagumpay ng mamamayang Tsino at ng Partido Komunista ng Tsina. Batid na ng mga mamamayan ng Asya at Aprika kung aling landas, sa kung anong sistema, ganap na mapapaunlad ang mapanlikhang mga pwersa ng mamamayan, nang sa gayo’y maipapakita ng isang bansa ang lapad at lalim ng makapangyarihan at mapanlikhang lakas nito.”

Ganoon ang mga bagay-bagay hanggang magsimulang lumihis ang mga pinunong Tsino mula sa pangkalahatang landas ng pandaigdigang kilusang komunista.

Noong Abril 1960, hayagang ibinunyag ng mga kasamang Tsino ang kanilang mga di pakikipagkasundo sa pandaigdigang kilusang komunista sa pamamagitan ng paglalathala sa koleksyon ng mga artikong “Mabuhay ang Leninismo!”. Nilaman ng koleksyong ito, na binubuo sa kabuuan ng binaluktot, pira-piraso at di wastong ininterpretang mga sipi mula sa kilalang mga akda ni Lenin, ang mga panukala na nakatuon, sa buod, laban sa mga pundamental ng Deklarasyon ng Pulong sa Moscow ng 1957, na nilagdaan para sa PKT ni Kasamang Mao Zedong, laban sa Leninistang patakarang mapayapang pakikipamuhay ng mga estadong may magkakaibang sistemang panlipunan, laban sa posibilidad ng pagpipigil sa digmaang pandaigdig sa kasalukuyang kapanahunan, laban sa pagkilala sa mapayapa, gayundin sa di mapayapang landas ng pag-unlad ng sosyalistang rebolusyon. Tinangka ng mga pinuno ng PKT na ipataw ang kanilang mga pananaw sa lahat ng mga partidong prateral. Noong Hunyo, 1960, sa mga sesyon sa Beijing ng Pangkalahatang Konseho ng Pandaigdigang Pederasyon ng mga Unyon ng mga Manggagawa, nang hindi alam ng pamunuan ng mga partidong prateral, nag-ayos ng isang pulong ng mga kinatawan ng ilang mga partido na noo’y nasa Beijing ang mga pinunong Tsino, at naglunsad ng hayag na pamumuna sa posisyon ng PKUS at iba pang mga partidong Marxista-Leninista at ng Deklarasyong ipinagtibay ng Pulong sa Moscow noong 1957. Gayundin, inilahad ng mga kasamang Tsino ang kanilang mga di pagkakasundo sa PKUS at iba pang mga partidong prateral mula sa bukas na entablado ng isang organisasyong di Partido.

Nakabahala ang gayong mga hakbang ng pamunuan ng PKT sa hanay ng mga partidong praternal. Dahil dito, tinangka sa Pulong ng mga Partido Komunista sa Bucharest noong 1960 na talakayin ang mga di pagkakasundo na lumitaw sa mga pinuno ng PKT. Ipinailalim ng mga kinatawan ng 50 mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ang mga pananaw at mga aksyon ng mga pinunong Tsino sa mapagkasamang pamumuna at hinikayat silang magbalik sa landas ng pagkakaisa at kooperasyon sa pandaigdigang kilusang komunista, alinsunod sa mga prinsipyo ng Deklarasyong Moscow. Sa kasamaang palad, binale-wala ng pamunuan ng PKT ang mapagkasamang tulong na ito at nagpatuloy na itaguyod ang maling landas nito at palalimin ang mga di pagkakasundo nito sa mga Partidong praternal.

Dahil sa pagnanasang maiwasan ang gayong mga pangyayari, iminungkahi ng Komite Sentral ng PKUS ang pakikipag-usap sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Nangyari ang mga ito sa Moscow noong Setyembre 1960. Pero, doon rin, imposibleng malutas ang mga di pagkakasundo dahil sa tigas-ulong di pagpayag ng delegasyon ng PKT na makinig sa pagkukuro ng isang partidong praternal. Sa pulong ng mga kinatawan ng 81 mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa noong Nobyembre 1960, hindi tinanggap ng absolutong mayorya ng mga Partidong praternal ang maling mga pananaw at mga konsepto ng pamunuan ng PKT. Tigas-ulong itinaguyod ng delegasyong Tsino sa pulong na ito ang sarili nitong partikular na mga pananaw at lumagda lamang sa Pahayag nang luminaw ang panganib ng ganap na pagkakahiwalay nito.

Lubos na ngayong malinaw na sa pagdaragdag ng kanilang mga lagda sa Pahayag ng 1960, nagmamaniobra lamang ang mga pinuno ng PKT. Matapos na matapos ang pulong, ipinagpatuloy nila ang propaganda ng kanilang patakarán, at ginamit bilang bibig ang pamunuan ng Partido ng Paggawa ng Albanya. Lingid sa ating Partido, naglunsad sila ng kampanya laban sa Komite Sentral ng PKUS at laban sa gubyernong Sobyet.

Noong Oktubre 1961, panibagong nagsikap ang Komite Sentral ng PKUS na inormalisa ang pakikipag-ugnayan sa PKT. Nakipag-usap sina Kasamang N. S. Khrushchov, F. R. Kozlov at A. I. Mikoyan kina Kasamang Zhou Enlai, Peng Chen at iba pang namumunong mga upisyal ng PKT na dumalo sa Ika-22 Kongreso ng PKUS. Detalyadong ipinaliwanag ni Kasamang N. S. Khrushchov sa delegasyong Tsino ang posisyon ng Komite Sentral ng PKUS sa mga usapin sa prinsipyo na tinalakay sa Ika-22 Kongreso at idiniin ang ating di nagbabagong paghahangad na patatagin ang pakikipagkaibigan at kooperasyon sa Partido Komunista ng Tsina.

Sa mga liham nito noong Pebrero 22 at Mayo 31, 1962, ipinaunawa ng Komite Sentral ng PKUS sa Komite Sentral ng PKT ang maaaring idulot namapapanganib na ibubunga para sa ating adhikaing komun ng pagpapahina sa pagkakaisa ng kilusang komunista. Matapos nito'y iminungkahi namin sa mga kasamang Tsino na gumawa ng mga hakbang para alisan ang mga imperyalista ng pagkakataon na gamitin para sa sarili nilang kapakanan ang mga kahirapang lumitaw sa ugnayang Sobyet-Tsino. Iminungkahi rin ng Komite Sentral ng PKUS ang higit na mabisang mga hakbangin sa gayong mga usapin tulad ng palitan ng panloob na impormasyong pampulitika, koordinasyon sa mga posisyon ng ating mga partidong praternal sa internasyunal na demokratikong mga organisasyon at sa iba pang bagay.

Gayunman, hindi tinugunan ng Beijing ang mga lihim at iba pang praktikal na hakbang na naglalayong pabutihin ang pakikipag-ugnayan sa PKT at sa RBT sa lahat ng mga larangan.

Sa taglagas sa nakaraang taon, matagal na nakipag-usap ang Presidium ng Komite Sentral ng PKUS kay Kasamang Liu Hsiao, ang embahador ng RBT noon sa USSR, bago siya lumisan mula sa Moscow. Sa proseso ng pakikipag-usap na ito, muling nag-inisyatiba ang mga kasapi ng Presidium ng Komite Sentral sa pagpapatatag ng pagkakaibigang Tsino-Sobyet. Hiniling ni Kasamang N. S. Khrushchov kay Kasamang Liu Hsiao na ipaabot kay Kasamang Mao Zedong ang ating panukala: “Isantabi lahat ng pagtatalo at di pagkakasundo, huwag tangkaing patunayan kung sino ang tama at sino ang mali, huwag bungkalin ang nakaraan, kundi manapa’y simulan ang ating pakikipag-ugnayan mula sa malinis na pahina.” Ni hindi man lamang tayo nakatanggap ng tugon sa tapat na panawagang ito.

Pinalalim ng mga pinuno ng PKT ang kanilang di pagkakasundo sa ideolohiya sa mga Partidong prternal, at sinimulang dalhin ito hanggang sa mga pakikipag-ugnayang panggubyerno. Sinimulan ng mga ahensya ng gubyernong Tsino na bawasan ang mga pakikipag-ugnayan sa ekonomya at kalakalan sa Unyong Sobyet at sa iba mga bayang sosyalista. Sa inisyatiba ng gubyernong RBT, lumiit hanggang sa sangkatlo ang bolyum ng pakikipagkalakalan ng Tsina sa Unyong Sobyet sa nakaraang tatlong taon; bumagsak sa isang-ika-apatnapung bahagi ng dating bolyum ang deliberi ng kumpletong lupon ng mga plantang industriyal. Ikinalulungkot namin ang pagsuong ng pamunuan ng RBT sa gayong patakarang. Ngayon, gaya nang lagi, nananalig kami na kailangang ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng ugnayang Sobyet-Tsino at ang pagpapalawig sa kooperasyon. Mutwal na makabubuti ito, higit sa lahat sa Tsinang Bayan, na nakatanggap ng napakalaking tulong mula sa Unyong Sobyet at ibang mga bayang sosyalista. Sa nakaraan, pinaunlad ng Unyong Sobyet ang masaklaw na pakikipag-ugnayan sa Tsina, at sa kasalukuyan rin, hangad nito ang paglawak, at hindi ang pagbawas nito. Aasahan sana na mauna ang pamunuan ng PKT sa pagsasaalang-alang sa pag-unlad ng relasyon sa ekonomya sa mga bayang sosyalista. Gayunman, kumikilos ito sa kabilang direksyon, at di inaalintana ang pinsala ng gayong mga aksyon sa ekonomya ng RBT.

Hindi ipinaunawa ng mga pinunong Tsino sa kanilang mamamayan ang katotohanan kung sino ang responsable sa pagbawas sa mga relasyong ito. Sinimulan ang malawakang propaganda na naglalayong siraan ang patakarang panlabas at panloob ng PKUS, at pinag-alab ang sentimyentong anti-Sobyet, sa hanay ng mga Komunistang Tsino at maging sa hanay ng populasyon.

Nagpaalala ang Komite Sentral ng PKUS sa mga kasamang Tsino hinggil sa maling mga aksyon na ito. Sinabi namin sa mga kasamang Tsino na hindi dapat pagsabihan ang mamamayan na purihin o isumpa ang ganito o gayong partido batay sa paglitaw ng mga pagtatalo at mga di pagkakasundo. Malinaw sa bawat Komunista na ang mga di pagkakaunawaan sa hanay ng mga Partidong prternal ay pansamantalang mga pangyayari lamang, habang hinuhubog ngayon para sa walang hanggan ang ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan ng sosyalistang mga bayan.

Gayunman, tuwi-tuwina'y di pinapansin ng mga pinunong Tsino ang mapagkasamang mga babala ng PKUS at lalo pang pinasama ang ugnayang Tsino-Sobyet.

Magmula noong papatapos ang taong 1961, hayagang ipinapataw ng mga kinatawang Tsino sa internasyunal na demokratikong mga organisasyon ang kanilang maling mga pananaw. Noong Disyembre 1961, tumutol sa pagdaraos ng Pandaigdigang Kongreso Para sa Kapayapaan at Disarmamento ang delegasyong Tsino sa Sesyon sa Stockholm ng Pandaigdigang Konseho sa Kapayapaan. Sa takbo ng taong 1962, napinsalaan ng mga mapanghating aktibidad ng mga kinatawang Tsino ang gawain ng Pandaigdigang Pederasyon ng mga Unyon ng mga Manggagawa, Pandaigdigang Kilusan sa Kapayapaan, Kilusang Apro-Asyano sa Solidaridad, Pandaigdigang Pederasyon ng Demokratikong Kabataan, Pandaigdigang Demokratikong Pederasyon ng Kababaihan, at marami pang ibang mga organisasyon. Sinalungat nila ang paglahok ng mga kinatawan ng Mga Komite sa Solidaridad Apro-Asyano ng sosyalistang mga bayang Europeo sa Ikatlong Kumperensya sa Solidaridad ng mga Mamamayang Apro-Asyano sa Moshi. Sinabihan ng pinuno ng delegasyong Tsino ang mga kinatawang Sobyet na "Walang papel ang mga Puti dito." Sa Kumperensya ng mga Peryodista sa Djakarta, itinaguyod ng mga kinatawang Tsino ang linyang nakadisensyo sa pagtatatwa ng ganap na katayuang delegado ng mga peryodistang Sobyet sa dahilang ang Unyong Sobyet ... ay hindi isang bayang Asyano.

Di kapani-paniwala at kagulat-gulat na paratangan ng mga kasamang Tsino ang napakalawak na mayorya sa Pandaigdigang Kongreso ng Kababaihan kamakailan lamang ng mapanghating mga aktibidad at pagtataguyod ng isang maling linyang pampulitika, dahil mula sa 110 mga bayan na may kinatawan, dadalawa lamang — Tsina at Albanya — ang bumoto laban sa panawagan sa kababaihan ng lahat ng kontinente. Isa ba itong kaso na wala sa hanay ang buong milyun-milyong hukbo ng kababaihang nagmamahal sa kalayaan, at dadalawa lamang ang nagmamartsa sa tyempo at nasa hanay?

Gayon, sa maikling salita, ang kasaysayan ng di pagkakasundo sa pagitan ng pamumuang Tsino at ng PKUS at iba pang mga Partidong prternal. Pinatutunayan nito na ikinokontrapwesto ng mga pinuno ng PKT ang sarili nilang ispesyal na linya sa pangkalahatang linya ng kilusang komunista, at tinatangka na ipataw dito ang kanilang sariling dikta, ang kanilang napakamaling mga pananaw hinggil sa susing mga usapin ng ating panahon.

II

Ano ang buod ng mga di pagkakasundo ng PKT, sa isang banda, at ang PKUS at pandaigdigang kilusang komunista, sa kabila? Walang dudang itatanong ito ng sinumang makababasa sa liham ng Hunyo 14 ng Komite Sentral ng PKT.

Sa unang tingin, mapag-iisip ang mambabasa ng marami sa mga panukala nito: kanino nakikipagtalo sa aktwal ang mga kasamang Tsino? May mga Komunista bang tumututol halimbawa sa sosyalistang rebolusyon, o hindi nagtuturing na tungkulin nilang labanan ang imperyalismo, o sumuporta sa kilusan sa pambansang pagpapalaya? Bakit nakapakagiit ng pamunuan ng PKUS sa paghaharap ng gayong mga proposisyon?

Maaari ring maitanong: bakit imposibleng makisang-ayon sa posisyon ng mga kasamang Tsino, na ibinalangkas sa kanilang liham, sa napakaraming mahahalagang usapin? Tingnan halimbawa ang pangunahing usaping digma at kapayapaan. Nangungusap ang Komite Sentral ng PKT hinggil sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay.

Ang esensya ng usapin ay, matapos maglunsad ng opensiba laban sa mga pananaw ng mga Partidong Marxista-Leninista sa pangunahing mga usapin ng kapanahunan, una, ibinubunton ng mga kasamang Tsino sa PKUS at ibang mga Partidong Marxista-Leninista ang mga pananaw na kailanma'y hindi nila inilahad at banyaga sa mga ito; ikalawa, tinatangka nila, sa pamamagitan ng pagtanggap sa salita sa mga pormula at mga prinsipyong halaw sa mga dokumento ng kilusang komunista, na balatkayuhan ang kanilang maling mga pananaw at maling mga posisyon. Ilalantad ang kanilang patakaran sa mga mata ng mga Komunista at mga mamamayan ng mundo na nagmamahal sa kapayapaan ng hayagang pagsalungat sa pakikibaka ng mamamayan para sa kapayapaan, laban sa mapayapang pakikipamuhay sa mga estado may ibang mga sistemang panlipunan, laban sa disarmamento, atbp., at ihihiwalay sila nito. Sa pagtindi ng pagtatalo, lalo pang masikhay nilang ginagamit ang gayong kamoplahe. Kung hindi isasaalang-alang ang gayong paraan ng mga kasamang Tsino, magmimistulang akademiko ang kontrobersya sa tagalabas, at pumapatungkol lamang sa indibidwal na mga pormulang hiwalay na hiwalay sa napakamahahalagang isyu.

Pero sa katunayan, sumesentro ang kontrobersya sa mga isyu na nakakaapekto sa pinakamahahalagang interes ng mga mamamayan.

Mga isyu ito ng digma at kapayapaan, usapin ng papel at pag-unlad ng pandaigdigang sistemang sosyalista, mga usapin ito ng pakikibaka laban sa ideolohiya at praktika ng “kulto sa personalidad”, mga usapin ito ng estratehiya at mga taktika ng pandaigdigang kilusan sa paggawa at pakikibaka sa pambansang pagpapalaya.

Ihinaharap ng buhay mismo ang mga usaping ito, ng malalimang mga pagbabago na nangyari na sa mga bayang sosyalista at sa lahat ng dako ng daigdig, ng mga pagbabago sa kakalipas na mga taon sa balanse ng lakas sa pagitan ng sosyalismo at imperyalismo, ng bagong mga posibilidad para sa ating kilusan. Kinailangang magharap, at nagharap nga, ang kilusan komunista ng katugunan sa mga usaping ito at nagbalangkas ng pangkalahatang linya na umaangkop sa mga kalagayan at mga rekisito ng kasalukuyang yugto ng kaunlarang pandaigdig.

Sa ganap na nagkakaisang opinyon ng mga Partido Komunista, napakalaking papel ang ginampanan dito ng Ika-20 Kongreso ng PKUS, na nagpasimula sa isang bagong yugto sa pag-unlad ng buong kilusang komunista. Ang pagtatasang ito ay nakarekord sa Deklarasyong 1957 at sa Pahayag ng 1960, mga dokumento ng mga partido Komunista na kolektibong binalangkas at nagguguhit sa pangkalahatang pampulitikang landas ng kilusang komunista sa kasalukuyang kapanahunan.

Pero naghaharap ngayon ang mga pinuno ng PKT, bilang kontrapabigat, ng kaibang landas; lalong na lumilihis ang kanilang mga posisyon sa pangkalahatang linya ng kilusang komunista sa batayang mga usapin.

Higit sa lahat, pumapatungkol ito sa usapin ng digma at kapayapaan.

Sa pagtatasa sa mga usapin ng digma at kapayapaan, sa kaparaanan sa solusyon ng mga ito, hindi maaari ang kawalang-linaw at mga pasubali, dahil ito'y usapin kung saan sangkot ang kahihitnan ng mga mamamayan, ang kinabukasan ng buong sangkatauhan.

Itinuturing ng Komite Sentral ng PKUS na tungkulin nitong tuwirang ipaabot sa partido at sa mamamayan na sa usapin ng digma at kapayapaan, may mga kardinal, pundamental na mga di pagkakasundo ang pamunuan ng PKT sa atin, at sa pandaigdigang kilusang komunista. Ang esensya ng mga ito'y nasa salungat na salungat na kaparaanan sa napakahalagang mga usapin gaya ng posibilidad ng pag-iwas sa pandaigdigang digmang termo-nukleyar, ng mapayapang pakikipamuhay sa mga estadong may ibang mga sistemang panlipunan, ng interkoneksyon sa pagitan ng pakikibaka para sa kapayapaan at pagpapaunlad sa pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan.

Itinakda ng partido natin, sa mga desisyon ng Ika-20 at Ika-22 na mga Kongreso nito, at ng pandaigdigang kilusang komunista sa Deklarasyon at sa Pahayag, para sa mga Komunista ang pakikibaka para kapayapaan, ang pakikibaka para iwasan ang pandaigdigang sakunang termo-nukleyar bilang napakahalaga at mahigpit na tungkulin. Makatotohanan nating tinasa ang balanse ng lakas sa daigdig at hinalaw ang kongklusyon na, bagamat hindi nagbago ang kalikasan ng imperyalismo, at hindi pa naiiwasan ang panganib ng pagsiklab ng digma, kakayanan ng mga pwera sa kapayapaan kung saan ang pangunahing balwarte ay ang makapangyarihang komunidad ng mga estadong sosyalista, sa modernong mga kalagayan, na pigilin ang isang bagong digmaang pandaigdig.

Mahinahon rin naming sinuri ang radikal at kalitatibong pagbabago sa pamamaraan ng pagkikidigma at, batay rito, ang posibleng ibubunga nito. **Binago ang dating pagkaunawa sa digma ng mga sandatang nukleyar at rocket na nalikha sa kalagitnaan ng siglong ito.** Taglay ng mga sandatang ito ang walang kapantay na mapangwasak na lakas. Sapat nang sabihin na mahihigitan ng pagsabog ng isa lamang na makapangyarihang bombang termo-nukleyar ang panabog na kakayanan ng lahat ng amunisyong ginamit sa lahat ng nagdaang mga digma, kabilang ang una at ikalawang digmaang pandaigdig. At ilang libong gayong mga bomba ang naitipon na.

May karapatan ba ang mga Komunista na huwag pansinin ang panganib na ito? Dapat ba nating ipaunawa sa mamamayan ang buong katotohanan sa mga ibubunga ng digmang termo-nukleyar? Walang kaduda-dudang nananalig kami na nararapat ito. Hindi ito “makakaparalisa” sa masa, gaya ng iginigiit ng mga kasamang Tsino. Taliwas rito, momobilisahin ng katotohanan tungkol sa modernong digma ang kapasyahan at kasigasigan ng masa para sa pakikibaka para sa kapayapaan, laban sa imperyalismo — ang bukal ng panganib sa digma.

Ang istorikong tungkulin ng mga Komunista ay organisahin at pamunuan sa pakikibaka ng mga mamamayan para pigilin ang pandaigdigang digmang termo-nukleyar.

Ganap na tunay at magagawang tungkulin ang pagpipigil sa isang bagong digmaang pandaigdig. **Narating ng Ika-20 Kongreso ng ating Partido ang kongklusyon na may lubos na kahalagahan — na sa ating kapanahunan, walang nakamamatay na katiyakan ng digma sa pagitan ng mga estado.** Hindi nakabatay lamang sa mabuting intensyon ang gayong kongklusyon; resulta ito ng isang makatotohanan at mahigpit na siyentipikong pagsusuri sa balanse ng pwersa sa uri sa pandaigdigang arena; nakabatay ito sa malawak na lakas ng pandaigdigang sosyalismo. Ang ating mga pananaw sa usaping ito ay siya ring pananaw ng buong pandaigdigang kilusang komunista. Idinidiin ng Pahayag na “maaaring maiwasan ang digmaang pandaigdig”; “lumitaw ang isang tunay na posibilidad ng pag-aalis ng digmaang pandaigdig sa buhay ng lipunan bago pa man makamit ng sosyalismo ang ganap na tagumpay sa mundo, nang nananatili pa ang kapitalismo sa isang bahagi ng daigdig.”

Taglay ng Pahayag ang lagda rin ng mga kasamang Tsino.

Ano kung gayon ang posisyon ng pamunuan ng PKT? Ano kaya ang kahulugan ng mga panukala na kanilang itinataguyod — na hindi natin mawawakasan ang digma hangga’t umiiral ang imperyalismo; na isang ilusyon ang mapayapang pakikipamuhay, at hindi ito ang pangkalahatang prinsipyo sa patakarang panlabas ng mga bayang sosyalista; na ang pakikibaka para sa kapayapaan ay nakakahadlang sa rebolusyonaryong pakikibaka?

Nangangahulugan ang mga panukalang ito na kumikilos ang mga kasamang Tsino nang salungat sa pangkalahatang patakarang ng pandaigdigang kilusang komunista sa mga usapin ng digma at kapayapaan. Hindi sila naniniwala sa posibilidad ng pagpipigil sa isang bagong digmaang pandaigdig, minamaliit nila ang mga pwersa sa kapayapaan at sosyalismo at labis na pinalalaki ang mga pwersa ng imperyalismo, at halos di nagbibigay pansin sa mobilisasyon ng masa para bakahin ang panganib sa digma.

Lumalabas na hindi naniniwala ang mga kasamang Tsino sa kakayahan ng mga mamamayan ng mga bayang sosyalista, ng pandaigdigang uring manggagawa, at ng lahat ng pwersang demokratiko at nagmamahal sa kapayapaan na biguin ang mga pakana ng mga mang-uupat ng digma at kamtin ang kapayapaan para sa atin at sa susunod pang henerasyon. Ano ang nasa likod ng maingay na rebolusyonaryong sabi-sabi ng mga kasamang Tsino? Kawalang-tiwala sa lakas ng uring manggagawa at sa rebolusyonaryong kapabilidad nito; kawalang-tiwala kapwa sa posibilidad ng mapayapang pakikipamuhay at sa tagumpay ng proletaryado sa tunggalian ng mga uri. Pinagkakaisa ng pakikibaka para pigilan ang digma ang lahat ng pwersang nagmamahal sa kapayapaan. Nagkakaiba sila sa komposisyon sa uri at sa makauring mga interes. Pero mapag-iisa sila ng pakikibaka para sa kapayapaan, para maiwasan ang digma, dahil **hindi gumuguhit ng pag-iiba sa uri ang bomba atomika — dinudurog nito ang sinumang nasa saklaw ng mapangwasak na aksyon nito.**

Mangangahulugan ang pagtaguyod sa landas na ipinapanukala ng mga kasamang Tsino ng paghihiwalay sa masa ng mga partido Komunista, na nakakuha sa simpatya ng mga mamamayan sa pamamagitan ng kanilang mapagpunyagi at magiting na pakikibaka para sa kapayapaan.

Sa isip ng malawak na masa, ngayo’y di mapaghihiwalay ang sosyalismo at kapayapaan!

Malinaw na minamaliit ng mga kasamang Tsino ang lahat ng panganib na ihinaharap ng digmang termo-nukleyar. Iginigiit nilang “tigreng papel ang bomba atomika,” “hinding-hindi ito terrible”. Ayon sa kanila, ang pinakamahalaga’y wakasan ang imperyalismo sa pinakamaagang posible, subalit tila sekundaryong usapin kung paano at sa kung anong kawalan ito makakamit. Maitatanong, sekundaryo para kanino — para sa daan-daang milyong mamamayan na mamamatay kung pakakawalan ang isang digmang termo-nukleyar? Para sa mga bayan na mabubura sa balat ng lupa sa pinakaunang mga oras ng gayong digma?

Walang sinuman, kahit pa isang malaking estado, ang may karapatang paglaruan ang kahihinatnan ng milyun-milyong mamamayan. Karapat-dapat na kondenahin ang mga ayaw magsikap na pawiin ang digmaang pandaigdig mula sa buhay ng mga mamamayan, na iwasan ang pangmasang anihilasyon at pagkawasak ng mga balor ng sibilisasyong pantao.

Maraming sinasabi ang liham ng Komite Sentral ng PKT ng Hunyo 14 tungkol sa “di maiiwasang mga sakripisyo,” sa ngalan raw ng rebolusyon. Ipinahayag rin ng ilang responsableng mga pinunong Tsino na maaaring isakripisyo ang daan-daang milyong mamamayan sa isang digma. Naririyang ang pagigiit na ito sa koleksiyong “Mabuhay ang Leninismo!” na ipinagtibay ng Komite Sentral ng PKT: “Lilikhain ng matatagumpay na mamamayan, sa napakabilis na tantos, sa ibabaw ng kaguhuan ng imperyalismo ang isang sibilisasyong sanlibong ulit na mataas kaysa sa sistemang kapitalista, at bubuuin ang isang tunay na magandang kinabukasan.”

Maitatanong sa mga kasamang Tsino: Nauunawaan ba nila kung anong klase ng “guho” ang iiwan ng isang digmang nukleyar at rocket?

Hindi maaaring tangkilikin ng Komite Sentral ng PKUS ang mga pananaw na ito ng pamunuang Tsino tungkol sa paglilikha ng “isang sibilisasyong sanlibong ulit na mataas” sa ibabaw ng mga bangkay ng daan-daang milyong mga mamamayan — at kumbinsido kami na ganap na nagkakaisang suportado kami ng buong partido at mamamayang Sobyet sa bagay na ito. **Ang gayong mga pananaw ay pundamental na taliwas sa mga ideya ng Marxismo-Leninismo.**

Maitatanong sa mga kasamang Tsino: ano ang ipinapanukala nilang paraan para sa pagwasak sa imperyalismo? Ganap naming pinapaboran ang pagwasak sa imperyalismo at kapitalismo. Hindi lamang kami nananalig sa di maiiwasang pagpanaw ng kapitalismo, kundi ginagawa pa namin ang lahat para makamit ito sa pamamagitan ng tunggalian ng mga uri, at sa pinakamaagang posible. Sino ang dapat magpapasya sa istorikong usaping ito? Una sa lahat, ang uring manggagawa, sa gabay ng taliba nito — ang Marxista-Leninistang partido — ang anakpawis ng bawat bayan.

Iba ang ipinapanukala ng mga kasamang Tsino. Tahasan nilang sinasabi: “sa kaguhuan ng nawasak na imperyalismo,” o sa madaling salita, bilang resulta ng pagpapakawala ng digma, “bubuuin ang isang magandang kinabukasan.” Kung tatanggapin natin ito, samakatuwid, wala talagang pangangailangan para sa prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay, para sa pakikibaka para patatagin ang kapayapaan. Hindi natin maaaring itaguyod ang gayong adbenturistang landas: salungat ito sa esensya ng Marxismo-Leninismo.

Batid ng lahat na sa ilalim ng kasalukuyang mga kalagayan, magiging isang digmang termo-nukleyar ang isang digmaang pandaigdig. Hindi kailanman papayag na boluntaryong lumisan sa entablado ang mga imperyalista, at kusang-loob na pumasok sa kabaong, nang hindi gumagamit sa sukdulang mga paraang nasa kanilang mga kamay.

Marahil, di ganap na nauunawaan ng mga naglalarawan sa sandatang termo-nukleyar bilang “tigreng papel” ang mapangwasak na lakas nito.

Mahinahon nating isinasaalang-alang ang bagay na ito. Tayo mismo’y lumilikha ng mga sandatang termo-nukleyar at nagmamanupaktura ng sapat na bilang nito. Lubos nating nauunawaan ang kanilang mapangwasak na lakas. At kung maglulunsad ng digma laban sa atin ang imperyalismo, hindi tayo mag-aatubiling gamitin ang napakalakas na sandatang ito laban sa agresor. Kung hindi naman tayo sasalakayin, hindi tayo ang unang gagamit nito.

Pinagsusumikapan ng mga Marxista-Leninista na matiyak ang magtatagal na kapayapaan hindi sa pamamagitan ng mga pakiusap sa imperyalismo, kundi sa pamamagitan ng pagpapakilos sa rebolusyonaryong mga partidong Marxista-Leninista, sa pamamagitan ng pagpapakilos sa uring manggagawa ng lahat ng bayan, sa pamamagitan ng pagpapakilos sa mga mamamayang nakikibaka para sa kalayaan at pambansang kasarinlan, sa pamamagitan ng pagsalig sa lakas sa ekonomya at depensa ng mga bayang sosyalista.

Maitatanong natin sa mga kasamang Tsino, na nag-aalok na magbuo ng magandang kinabukasan sa ibabaw ng kaguhuan ng lumang daigdig na nawasak ng digmang termo-nukleyar: “kinonsulta ba nila, sa usaping ito, ang uring manggagawa sa mga bayang nasa kapangyarihan ang imperyalismo? Tiyak na sasabihin sa kanila ng uring manggagawa ng mga bayang kapitalista: Hinihingi ba namin sa inyo na magpakawala ng digma at wasakin ang aming mga bayan sa proseso ng pagwasak sa mga imperyalista? Hindi nga ba’t komparatibong maliit na grupo lamang ang mga monopolista, ang mga imperyalista, samantalang ang bulto ng populasyon ng mga bayang kapitalista ay binubuo ng uring manggagawa, ng nagtatrabahong magsasaka, ng nagtatrabahong intelihensya. Hindi pinag-iiba ng bomba atomika ang mga imperyalista sa anakpawis, tumatama ito sa mga kalupaan kung saan milyung-milyong manggagawa ang mapapaslang sa bawat monopolistang mawawasak. Tatanungin ng uring manggagawa, ng anakpawis sa gayong mga “rebolusyonaryo”: Anong karapatan niyong ipagpasya para sa amin ang mga usapin kaugnay ng pinakapag-iral namin at ng aming makauring pakikitunggali — hangad din namin ang sosyalismo, pero nais naming maipagwagi ito sa pamamagitan ng tunggalian ng mga uri, hindi sa pamamagitan ng pagpapakawala ng isang pandaigdigang digmang termo-nukleyar.

Talagang kasuspe-suspetsa na ang paraan ng paghaharap ng mga kasamang Tsino sa usapin ay hindi na isang makauring kapaaraan sa pakikibaka para sa pagpawi sa kapitalismo, kundi manapa’y may ganap nang ibang mga layunin. Kung kapwa maililibing sa ilalim ng kaguhuan ng lumang daigdig ang mga mapagsamantala at mga pinagsasamantalahan, sino ang bubuo ng “magandang kinabukasan”?

Hindi maaaring hindi mapansin, kaugnay nito, na sa halip na ang makauri at internasyunalistang kaparaanang inilalahad sa islogang “Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!”, matigas na ipinapalaganap ng mga kasamang Tsino ang islogang inalisan ng lahat ng makauring kahulugan: “Nangingibabaw ang hangin mula sa silangan sa hangin mula sa kanluran.”

Sa mga usapin ng sosyalistang rebolusyon, matatag na tumatalima ang ating partido sa makauring mga posisyong Marxista-Leninista, at nananalig na sa bawat bayan, isinusulong ng uring manggagawa, ng anakpawis, ang rebolusyon nang walang panghihimasok na militar mula sa labas.

Mangyari pa’y makatwiran na kung magpapakawala ng digma ang imperyalistang hibang, wawalisin at ililibing ng mga mamamayan ang kapitalismo. Pero dapat gawin ang lahat ng mga Komunista, mga kinatawan ng mga mamamayan, mga tunay na kampion ng sosyalistang humanismo, para pigilin ang isa pang digmaang pandaigdig, kung saan daan-daang milyon ang mamamatay.

Di maaaring mabigong kilanlin ng anumang partido, na taglay sa puso ang mga interes ng mamamayan, ang responsibilidad nito sa pakikibaka na iwasan ang isa pang digmaang pandaigdig at tiyakin ang mapayapang pakikipamuhay ng mga estado na may magkakaibang sistemang panlipunan.

Bilang paglalahad sa patakaran ng ating partido, sinabi ni Kasamang N. S. Khrushchov: “Magkakaroon ng mga digmang mapagpalaya hanggat umiiral ang imperyalismo, hanggat umiiral ang kolonyalismo. Ang mga ito’y rebolusyonaryong mga digma. Hindi lamang maaari ang gayong mga digma kundi hindi pa maiiwasan, dahil hindi kusang ibinigay ng mga kolonyalista ang kasarinlan sa mga bansa. Samakatuwid, sa pamamagitan lamang ng pakikibaka, kabilang ang armadong pakikibaka, maipagwawagi ng mga mamamayan ang kalayaan at kasarinlan.” Nagbibigay ng pinakamalapad na suporta ang Unyong Sobyet sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya. Pamilyar ang lahat sa pratikal na tulong na ibinigay ng ating bayan sa mga mamamayan ng Viet-Nam, Egypt, Iraq, Algeria, Yemen, Cuba at ibang mga bayan.

Ipinahayag ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet ang Leninistang prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay bilang pangkalahatang linya ng patakarang panlabas Sobyet at walang paglihis nitong susundin ang linyang iyon. Magmula 1952, at matapos ang Ika -20 Kongreso ng PKUS sa partikular, matalas na lumaki ang epekto ng ating patakarang kapayapaan at ang impluwensya nito sa daloy ng internasyunal na pakikipag-ugnayan ng masa.

Sinasabi ng mga kasamang Tsino na sa ating pag-unawa, ang konseptong “mapayapang pakikipamuhay” ang siya nang buong paglalahad sa lahat ng mga prinsipyo ng ating pakikipag-ugnayan hindi lamang sa mga bayang imperyalista, kundi maging sa mga bayang sosyalista at mga bayang kamakailan lamang ay nakaalpas sa kapangyarihang kolonyal. Alam na alam nila na hindi totoo ito, na tayo ang unang nagproklama sa prinsipyo ng pakikipagkaibigan at mapagkasamang mutwal na tulongan bilang pinakamahalagang prinsipyo sa ugnayan sa pagitan ng mga bayan ng sosyalismo at matatag at tuluy-tuloy na tumatalima rito, na nagbibigay tayo ng lahatang panig at iba’t ibang tipo ng tulong sa lumayang mga bayan. Gayunman, sa anu’t anumang dahilan, nakikita nilang bentahe sa kanila na iprisinta ang lahat nang ito sa ganap baluktot na paraan.

Nagbunga na ang mapagpunyaging pakikibaka ng Unyong Sobyet para sa kapayapaan at internasyunal na seguridad, pangkalahatan at ganap na disarmamento, pagpawi sa mga bakas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinagkasunduang kalutasan sa lahat ng internasyunal na mga isyu. Mas matayog kaysa dati ang prestihiyo ng ating bayan sa lahat ng dako ng daigdig. Mas malakas kaysa dati ang ating internasyunal na posisyon. Utang natin ito sa matatag na paglago ng lakas sa ekonomya at militar ng Unyong Sobyet at iba pang mga bayang sosyalista, at sa kanilang mapayapang patakarang panlabas.

Ipinapahayag ng Komite Sentral ng PKUS na itinaguyod natin, ngayo’y itinataguyod, at patuloy na itataguyod ang Leninistang patakarang mapayapang pakikipamuhay ng mga estado na may magkakaibang sistemang panlipunan. Nakikita rito ng ating partido ang tungkulin nito kapwa sa mamamayang Sobyet at sa mga mamamayan ng lahat ng iba pang bayan. Nangangahulugan ang pagtiyak sa kapayapaan ng napakabisang pag-ambag sa konsolidasyon ng sistemang sosyalista, at, sa gayon, sa paglago ng impluwensya ng buong landas ng pakikibaka sa pagpapalaya, sa pandaigdigang rebolusyonaryong proseso.

Ang malalim na di pagkakasundo sa mga pananaw sa digma, kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay na tangan ng PKUS at iba pang mga partidong Marxista-Leninista, sa isang banda, at ang mga pinuno ng PKT, sa kabila, ay nakita nang may partikular na kalinawan sa krisis Caribbean noong 1962. Isang matalim na internasyunal na krisis ito: hindi pa kailanman lumapit sa bingit ng digmang termonukleyar gaya nang sa nakaraang Oktubre.

Sinasabi ng mga kasamang Tsino na sa panahon ng krisis Caribbean nagawa natin ang pagkakamaling “adventurista” sa pamamagitan ng pagsusuplay ng mga rocket sa Cuba at tapos ay “sumuko” sa imperyalismong Amerikano nang binawi natin ang mga rocket sa Cuba.⁵¹²

Ganap na sumasalungat sa mga pangyayari ang gayong paggigiit.

Ano ang aktwal na nangyari? May maaasahang impormasyon ang Komite Sentral ng PKUS at gubyernong Sobyet na maglulunsad ng armadong agresyon ang imperyalismong United States laban sa Cuba. Malinaw sa amin na para mapigilan ang agresyon at mabisang ipagtanggol ang rebolusyong Cubano, kailangan ang pinakamatatag na mga hakbangin. **Walang epekto sa mga imperyalista ang pagsumpa at mga babala — kahit na tawagin pa ang mga itong “seryosong mga babala” at ulit-ulitin ng 250 beses.**

Nagsisimula sa pangangailangang ipagtanggol ang rebolusyong Cubano, nagkasundo ang gubyernong Sobyet at ang gubyerno ng Cuba sa pag-iistasyon ng mga missile sa Cuba, dahil ito ang tanging makatotohanang paraan ng pagpigil sa imperyalistang agresyong Amerikano. Tanda ang deliberi ng mga missile sa Cuba na ang pag-atake sa kanya ay mahaharap sa matatag na paglaban, at gagamitan ng mga sandatang rocket laban sa mga tagapag-organisa ng agresyon. Nabigla ang mga imperyalistang Amerikano sa matatag na hakbang na ito sa panig ng Unyong Sobyet at Cuba — sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan, naramdaman nilang ang isang armadong atake sa Cuba ay tutugunan ng mapandurog na hambalos sa sarili nilang teritoryo.

⁵¹² Ginawa ang gayong mga paggigiit sa nangungunang artikulo sa Pahayagang Bayan ng ika-8 ng Marso, 1963, “Hinggil sa Pahayag ng Partido Komunista ng USA”. [Tala sa orihinal.]

Yayamang hindi lamang tunggalian sa pagitan ng United States at Cuba, kundi labanan sa pagitan ng dalawang mayor na kapangyarihang nukleyar, maaaring umunlad ang krisis Caribbean bilang isang krisis pandaigdig. May tunay na panganib ng pandaigdigang digmang termo-nukleyar.

Dalawa ang posibilidad sa umiiral na sitwasyon: ang humanay sa mga “taong gubat” (ang bansag sa pinaka-agresibo at pinakareaksyunaryong mga kinatawan ng imperyalismong Amerikano) at tumahak sa landas ng pagpapakawala sa pandaigdigang digmang termo-nukleyar, o, sa paggamit sa mga pagkakataong ibinubukas ng deliberi ng mga missile, gawin ang lahat ng hakbangin para makarating sa kasunduan sa mapayapang kalutasan sa krisis at mapigil ang agresyon laban sa Republikang Cubano.

Pinili namin, gaya ng alam ng lahat, ang ikalawang landas at kumbinsido kaming wasto ang aming ginawa. May tiwala kami na ito ang ganap na nagkakaisang pananaw ng aming mamamayan. Hindi miminsang ipinakita ng mamamayang Sobyet ang kakayahan nilang tumindig para sa sarili, ipagtanggol ang adhikain ng rebolusyon, ang adhikain ng sosyalismo. At walang sinumang nakakakilala kung gaanong katinding dalamhati at pagdurusa ang dulot ng digma, kung anong hirap at pasakit ang dulot nito sa mga mamamayan.

Ginawang posible na biguin ang mga pakana ng sukdulang adbenturistang mga sirkulo ng imperyalismong Amerikano, na handang umabot sa sukdulan, ng kasunduan sa pag-aalis sa mga sandatang missile bilang tugon sa komitment ng gubyernong United States na hindi nito sasalakayin ang Cuba at pipigilan nito sa gayon ang kanyang mga alyado, ng magiting na pakikibaka ng mamamayang Cubano, at ng suportang ibinigay sa kanila ng mga bansang nagmamahal sa kapayapaan. Sa gayo’y naging posible na ipagtanggol ang rebolusyonaryong Cuba at iligtas ang kapayapaan.

Itinuturing ng mga kasamang Tsino bilang “paggagayak sa imperyalismo” ang ating pahayag na nagpakita rin ang gubyernong Kennedy ng isang antas ng pagkarasonable, ng realistikong pagharap sa proseso ng krisis kaugnay ng Cuba. Sa palagay mo ba’y di kumikilala ng rason ang lahat ng mga gubyernong burges, sa lahat ng kanilang gawain?

Salamat sa matapang at malayong-tanaw na patakaran ng USSR, sa katatagan at pagpipigil ng magiting na mamamayang Cubano at ng kanilang gubyerno, pinatunayan ng mga pwersa ng sosyalismo at kapayapaan ang kanilang abilidad na sugpuin ang mga pwersa sa agresyon ng imperyalismo at ipataw ang kapayapaan sa mga tagapagtaguyod ng digma. Isa itong mayor na tagumpay para sa patakaran ng pangangatwiran, para sa mga pwersa ng kapayapaan at sosyalismo; isa itong pagkatalo para sa mga pwersa ng imperyalismo, para sa patakaran ng panunugal sa digma.

Bunga nito, namumuhay sa kapayapaan ang rebolusyonaryong Cuba at nagbubuo ng sosyalismo sa ilalim ng kanyang Nagkakaisang Partido ng Sosyalistang Rebolusyon at ng pinuno ng mamamayang Cubano, si Kasamang Fidel Castro Ruiz.

Nang marating ang kasunduan sa Presidente ng United States, at sa gayo’y nakapagsimula sa paglikida sa krisis Caribbean, naging napakaimbentibo ang mga kasamang Tsino sa pang-iinsulto at pang-aabuso sa Unyong Sobyet, at iginiit na hindi dapat paniwalaan ang salita ng mga imperyalista.

Nabubuhay tayo sa isang kapanahunan na may dalawang daigdig, dalawang sistema: sosyalismo at imperyalismo. **Katawa-tawang ipagpalagay na lahat ng mga isyu na di maiiwasang lilitaw sa ugnayan sa pagitan ng mga bayan ng dalawang sistemang ito ay malulutas lamang sa pwersa ng mga armas, at baliwalain ang mga usapan at mga kasunduan. Kung magkakagayon, hindi kailanman mawawakasan ang digma. Hindi namin tinatanggap ang gayong kaparaanan.**

Iginigiit ng mga kasamang Tsino na hindi mapapaniwalaan ang mga imperyalista sa anumang bagay, na tiyak na manlilinlang sila. Hindi ito usapin ng paniniwala, kundi ng mahinahong kalkulasyon. **Walong buwan na ang nakalipas mula nang matapos ang krisis sa Caribbean, at naging tapat sa salita nito ang gubyernong United States — walang pananalakay laban sa Cuba. Tayo ri'y gumanap sa obligasyong alisin ang mga missile mula sa Cuba.**

Pero dapat ring alalahanin na nagampanan rin natin ang isang obligasyon sa mamamayang Cubano; kung hindi tutupad sa pangako ang mga imperyalistang United States at salakayin ang Cuba, tutulong tayo sa mamamayang Cubano. **Nauunawaan ng bawat matinong tao na sakaling mangyari ang imperyalistang Amerikanong pananalakay, tutulong tayo sa mamamayang Cubano mula sa teritoryong Sobyet, gaya ng pagtulong natin sa kanila mula sa teritoryong Cubano. Totoong sa gayon, mas matagal nang kaunti ang lipad ng mga rocket, pero hindi mababawasan ang kanilang presisyon.**

Bakit kung gayon buong katigasang binabalewala ng mga kasamang Tsino ang pagtatasa ng mga pinuno mismo ng rebolusyong Cubano sa patakaran ng gubyernong Sobyet bilang isang patakaran ng praternal na solidaridad at tunay na internasyunalismo? **Ano ang hindi nagustuhan ng mga pinunong Tsino? Marahil, ang pangyayaring posible na mapigilan ang pananalakay sa Cuba at ang pagpapakawala ng digmaang pandaigdig?**

At ano naman ang linya ng kondukta ng pamunuan ng PKT sa panahon ng krisis Caribbean? *Sa kritikal na sandali, ang mga kasamang Tsino na tutol sa realistiko at matatag na paninindigan ng gubyernong Sobyet ay may sariling posisyon. Sa gabay ng ilang sariling partikular na mga konsepto, ikinonsentra nila ang banat ng kanilang puna hindi gaano sa agresibong imperyalismong US kundi higit pa sa PKUS at Unyong Sobyet.*

Naging kritiko, sa halip na lumalabang alyado at kasama, ang pamunuan ng PKT, na naggigiit na maaaring magpakawala ng digmaang pandaigdig ang imperyalismo, sa kritikal na sandaling ito. Sa mga araw na iyon, walang narinig na mga pahayag mula sa mga pinunong Tsino tungkol sa kanilang praktikal na mga aksyon sa pagtatanggol sa rebolusyong Cubano. Sa halip, malinaw na kumikilos ang mga pinunong Tsino para palalain ang kritikal nang sitwasyon sa purok ng Caribbean, at binuhusan ng gasolina ang nagbabagang uling ng tunggalian.

Buong linaw na lumitaw ang tunay na posisyon ng pamunuan ng PKT sa usapin ng digma at kapayapaan, ang labis na pagmamaliit nito — higit pa, ang sadyang pagbabale-wala nito — sa pakikibaka para sa disarmamento. Tutol ang mga kasamang Tsino sa mismong pagbubukas ng mga komunista sa usaping ito, at umabot sa puntong pag-aako sa pagtalima sa Marxismo-Leninismo at pagtatangkang patunayan sa lahat ng paraan ang “pagiging di matatamo” ng disarmamento, sa isang banda, at sa pagiging di kinakailangan nito, sa kabila. Sa pagsasalamangka ng mga sipi, tinatangka nilang patunayan na posible lamang ang pangkalahatang disarmamento kung magtatagumpay ang sosyalismo sa lahat ng dako ng daigdig.

Dapat bang umupo at maghintay na lamang ang mga Marxista sa pandaigdigang tagumpay ng sosyalismo sa panahong nasasakal na ang daigdig sa mga galamay ng karera sa pag-aarmas, sa panahong nag-iimbak ang mga imperyalista ng armas nukleyar at nagbabantang ihulog ang sangkatauhan sa malalim ng kawalan ng digmaang pandaigdig?

Hindi, dahil iyon ay magiging kriminal na pagwawalang-kibo sa harap ng naggugumiit na mga pangangailangan ng kapanahunan.

Matagal nang batid ang katotohanang ito ng lahat ng tunay ng Marxista-Leninista, na mulat sa kanilang responsibilidad sa mga mamamayan at naglulunsad sa loob ng ilang taon na — at patuloy na naglulunsad — ng matatag at mapagpunyaging pakikibaka para sa pangkalahatan at ganap na disarmamento, para sa pagbabawal sa mga sandatang nukleyar at sa pagtesting nito.

Sa pakikibaka para sa kapayapaan, sa paghaharap sa islogan ng pangkalahatang disarmamento, nagsisimula tayo mula sa pinakamahahalagang interes ng mga mamamayan, nagsasaalang-alang sa aktwal na kalagayan at hindi nagbubulag-bulagan sa mga kahirapan. Natural na gawin ng mga imperyalista ang lahat para ipagpaliban at wasakin ang pagkakasundo sa disarmamento — makikinabang sila sa ganito. Ginagamit nila ang karera sa pag-aarmas para payamanin ang sarili at panatilihin ang mga mamamayan sa mga bayang kapitalista sa katayuan ng pangamba. Pero dapat ba tayong lumangoy sa agos, dapat ba tayong magsunud-sunuran sa imperyalismo at tumangging pakilusin ang lahat ng mga pwersa para makibaka para sa kapayapaan at disarmamento?

Hindi. Mangangahulugan iyon ng pagsuko sa mga pwersa sa agresyon, sa mga militarista at mga imperyalista. Naniniwala kami na kaya ng uring manggagawa, ng anakpawis ng lahat ng mga bayan, na puwersahin ang mga gubyernong imperyalista na tanggapin ang disarmamento, na mapigil ang digma. Para dito, dapat mulat sila higit sa lahat sa kanilang lakas at magkaisa.

Dapat naririyang ang organisadong lakas ng pandaigdigang uring manggagawa kasalungat ng mga pwersa ng imperyalismo at digma. May bentahe ito sa ngayon na may masasaligang materyal na kapangyarihan at lakas sa depensa ng mga bayang sosyalista, na nakasalungat sa imperyalismo. Lipas na magpakailanman ang panahon ng ganap na pangingibabaw ng imperyalismo. Malaki na rin ang ipinagbago ng sitwasyon kumpara sa unang mga dekada matapos ang Rebolusyong Oktubre, nang nag-iisa ang ating bayan at higit na mahina kaysa ngayon. Sa panahong iyon, ibang-iba ang balanse ng lakas sa pandaigdigang arena. Iyon ang dahilan kung bakit **ang paninindigan na di maiiwasan ang digma ay pagpapakita ng tiwala sa mga pwersa ng sosyalismo, at pagsuko sa mga sentimyento ng kawalang pag-asa at depetismo.**

Walang tigil na maiuulit na di maiiwasan ang digma, at ipinalusot ang pananaw na ito bilang patunay ng “rebolusyonyong diwa”. Sa totoo, pinahihiwatig lamang ng ganitong kaparaanan ang kawalang-tiwala sa sariling lakas, at ang takot sa imperyalismo.

May mga makapangyarihang pwersa pa sa kampong imperyalista na salungat sa disarmamento. Pero para mismo mapilitang umatras ang mga pwersang ito, kaya natin kailangang pukawin ang galit ng mamamayan laban sa kanila, at pwersahin silang sumunod sa kapasyahan ng mga mamamayan.

Hangad ng mga mamamayan ang disarmamento at nananalig silang ang mga Komunista ang taliba at tagapag-organisa ng pakikibaka para makamit ito.

Hindi isang taktikal na pangangailangan ang ating pakikibaka para sa disarmamento. Tapat nating hangad ang disarmamento. At sa bagay na ito, ganap tayong nakatindig sa Marxismo-Leninismo. Noon pang papatapos ang nakaraang siglo, ipinakita ni Frederick Engels na posible ang disarmamento, at inilarawan ito bilang “garantiya sa kapayapaan”. Sa ating panahon, unang iniharap ang islogang disarmamento bilang praktikal na layunin ni V. I. Lenin, at isinumite ang unang mga panukalang Sobyet hinggil sa ganap o parsyal na disarmamento sing-aga pa ng 1922, sa Kumperensya sa Genoa. Kapanahunan ito ni Lenin, at siya mismo ang nagbalangkas sa mga panukalang disarmamento.

Isang kardinal na salik ang pakikibaka para sa disarmamento sa pag-iwas sa digma. Mabisang pakikibaka ito laban sa imperyalismo. Sa pakikibakang ito, nasa panig ng sosyalistang kampo ang absolutong mayorya ng sangkatauhan.

Ihinarap ng mga kasamang Tsino ang islogang “sibat laban sa sibat” bilang kontra-banat sa patakaran ng iba pang mga sosyalistang bayan na naglalayong pahusayin ang pandaigdigang sitwasyon at wakasan ang digmang malamig. Sa katunayan, nagbibigay laman ang islogang ito sa imperyalistang patakarang “brinkmanship” at tumutulong sa mga tagasuporta ng karera sa pag-aarmas. Para bang itinuturing ng mga pinuno ng PKT na nasa kanilang bentahe ang pagpapanatili at pagpapalala sa pandaigdigang tensyon, laluna sa ugnayan sa pagitan ng USSR at USA. Tila naniniwala sila na dapat tugunan ng Unyong Sobyet ang probokasyon ng probokasyon, magpatihulog sa mga patibong ng imperyalistang “mga taong gubat”, at dapat tanggapin ang imperyalistang hamon sa kompetisyon sa pamamagitan ng adbenturismo at pagiging agresibo, ’ibig sabihin, sa kompetisyon sa pagpapakawala ng digma, hindi sa pagtitiyak ng kapayapaan.

Ang pagtahak sa gayong landas ay pagpinsala sa kapayapaan at seguridad ng mga bansa. Hindi kailanman tatahakin ang gayong landas ng mga Komunista, na nagtatangi sa kapakanan ng mga mamamayan.

Isa sa pinakamahahalagang anyo ng pakikibaka ng mamamayan laban sa imperyalismo, laban sa bagong mga digmang ihinahanda nito, laban sa agresibong imperyalistang mga aksyon sa mga bayang kolonyal, laban sa imperyalistang mga base militar sa dayuhang teritoryo, laban sa karera sa pag-aarmas, atbp., ang pakikibaka para sa kapayapaan, para sa pagpapatupad sa prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan. Ang pakikibakang ito ay para sa kapakanan ng uring manggagawa, ng lahat ng anakpawis, at sa gayong pakahulugan ay isang tunggalian ng mga uri.

Pinakakatandaan, at nagagabayan ang ating partido at lahat ng mga partidong praternal, ng kongklusyong nahalaw sa Pahayag na dapat paunlarin ang pakikibaka laban sa panganib ng isang bagong digmaang pandaigdig nang hindi naghihintay na ibagsak ang mga bomba atomika at haydrogen. Dapat ilunsad ang pakikibaka ngayon, at dapat araw-araw na patindihin. Ang mahalaga ay agad na masugpo ang mga agresor, mapigil ang digma, at hindi ito pahintulutang sumiklab. Nangangahulugan ang pakikibaka para sa kapayapaan sa ngayon ng pagpapanatili ng kataas-taasang pagmamatyag, ng walang pagod na paglalantad sa imperyalistang patakaran, ng mahigpit na pagmamatyag sa mga maniobra at pakana ng mga mang-uupat ng digma, ng pagpupukaw sa galit ng mga mamamayan laban sa mga may patakarang digma, ng pagpapatibay sa organisasyon ng mga pwersa sa kapayapaan, ng tuluy-tuloy na pagpapatindi sa kilos masa para sa kapayapaan, at ng pagpapatatag ng kooperasyon sa lahat ng mga estado na di interesado sa bagong mga digma.

Pinahihina ng pakikibaka para sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay ang prente ng imperyalismo, ihinihiwalay ang pinakaagresibo nitong mga sirkulo mula sa mamamayan at tumutulong sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka ng uring manggagawa at ng pakikibaka sa pambansang pagpapalaya ng mga mamamayan.

Organikong nakaugnay ang pakikibaka para sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay sa rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo. “Sa mga kalagayan ng mapayapang pakikipamuhay,” ayon sa Pahayag ng 81 mga partido Komunista, “nalilikha ang paborableng mga oportunidad para sa pag-unlad ng tunggalian ng mga uri sa kapitalistang mga bayan at sa kilusan sa pambansang pagpapalaya sa mga bayang kolonyal at dependyente. Sa panig nito, isinusulong ng mga tagumpay ng rebolusyonaryong tunggalian ng mga uri at pakikibaka sa pambansang pagpapalaya ang mapayapang pakikipamuhay.”

Sa mga kalagayan ng mapayapang pakikipamuhay, nakamit ang bagong mahahalagang tagumpay sa ilang nakaraang taon sa tunggalian ng mga uri ng proletaryado at sa pakikibaka ng mga mamamayan para sa pambansang kalayaan. Matagumpay na umuunlad ang pandaigdigang rebolusyonaryong proseso.

Sa dahilang ito, **ang paghihiwalay sa pakikibaka para sa mapayapang pakikipamuhay ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan mula sa rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismo at kolonyalismo, para sa kasarinlan at sosyalismo — ang pagkontrapwesto sa mga ito, gaya ng ginagawa ng mga kasamang Tsino — ay paggawa sa prinsipyong mapayapang pakikipamuhay bilang hungkag na salita, pagpawi sa anumang tunay na kahulugan nito, pagwawalang-bahala sa katunayan sa pangangailangan para sa puspulang pakikibaka laban sa imperyalismo, para sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay. Pero tanging mga imperyalista ang makikinabang sa gayon.**

Sa liham nito ng Hunyo 14, pinaparatangan ng Komite Sentral ng PKT ang mga partido Komunista ng pagdadala ng mapayapang pakikipamuhay ng mga bayang may magkakaibang sistemang panlipunan hanggang sa ugnayan sa pagitan ng mga mapagsamantala at mga pinagsasamantalahan, sa pagitan ng mapang-api at inaaping mga uri, sa pagitan ng anakpawis at ng mga imperyalista. Napakalaking kasinungalingan at paninirang-puri ito sa mga partidong praternal, na namumuno sa proletaryado sa mga labanan sa uri nito laban sa kapital at laging sumusuporta sa rebolusyonaryong pakikibaka at sa makatarungang mga digmang mapagpalaya laban sa imperyalismo.

Napakahina ng ihinaharap na mga argumento ng mga pinuno ng PKT sa kanilang pakikibaka laban sa PKUS at iba pang mga partidong praternal na kinailangan nilang gumamit ng lahat ng tipo ng pagkukunwari. Nagsisimula sila sa pamamagitan ng pag-uukol sa atin ang mga inimbento nilang ganap na walang batayang mga panukala, at mula rito'y paratangan tayo, labanan tayo, at ilantad ang mga panukalang ito. Isa sa gayon ang kanilang katawa-tawang alegasyon na itinakwil na ng PKUS at iba pang mga partidong praternal ang rebolusyon at ihinalili rito ang mapayapang pakikipamuhay para sa tunggalian ng mga uri. Maging ang mga mag-aaral sa mga pangkat sa pampulitikang pag-aaral ay nakababatid na nakapatungkol ang mapayapang pakikipamuhay sa pakikipag-ugnayang panggubyrno sa pagitan ng mga estadong sosyalista at kapitalista. Natural na hindi madadala sa anumang paraan ang mapayapang pakikipamuhay hanggang sa ugnayan sa pagitan ng antagonistikong mga uri sa mga estadong kapitalista. Hindi rin mapapayagan na dalhin ito hanggang sa pakikibaka ng uring manggagawa laban sa burgesya para sa mga interes nito sa uri, o kaya'y sa pakikibaka ng aping mga mamamayan laban sa mga kolonyalista. Puspasang salungat ang PKUS sa mapayapang pakikipamuhay sa ideolohiya. Isang truismo ito na dapat naisaulo na ng lahat ng mga Marxista-Leninista.

III

May mga seryosong di pagkakasundo sa pagitan ng PKT at PKUS at iba pang mga Marxista-Leninistang partido sa usapin ng pagbaka sa mga ibubunga ng kulto sa personalidad ni Stalin.

Kusang ginagampanan ng mga pinuno ng PKT ang papel ng mga tagapagtanggol ng kulto ng personalidad at tagapaglako ng maling mga ideya ni Stalin. Tinatangka nilang ipataw sa ibang mga partido ang kaayusan ng bagay-bagay, ang ideolohiya at moralidad, ang mga anyo at pamamaraan sa pamumuno na lumago sa panahon ng kulto sa personalidad. Tuwiran nang sabihin na ito'y di kahili-hiling papel, at hindi makapagdudulot sa kanila ng tuwa man o karangalan. Walang sinumang magtatagumpay na kumbinsihin ang mga Marxista-Leninista, o mga progresibo sa pangkahalatan, na ipagtanggol ang kulto sa personalidad.

Pinagpapahalagahan nang husto ng mamamayang Sobyet at ng pandaigdigang kilusang komunista ang kagitingan, kapangahasan, at tunay na Leninistang katatagan sa prinsipyo na ipinakita ng ating partido at ng Komite Sentral nito na pinamumunuan ni N. S. Khrushchov sa pagpapawi sa mga ibinunga ng kulto sa personalidad.

Batid ng lahat na ginawa ito ng ating partido para maalis ang mabigat na pasaning pumigil sa makapangyarihang mga pwersa ng mamamayan at sa gayo'y pinabilis ang pag-unlad ng lipunang Sobyet. Ginawa ito ng ating partido para panatilihing busilak ang mga simulain ng sosyalismo, na ipinamana sa atin ng dakilang si Lenin at purgahin ito ng batik ng pang-aabuso sa kapangyarihang personal at pagkaarbitrario. Ginawa niya ito para pigilan ang muling pag-ulit ng kalunus-lunos na mga pangyayari na kaakibat ng kulto sa personalidad, para tulungan ang lahat ng mandirigma para sa sosyalismo at humalaw ng mga aral mula sa ating karanasan.

Wastong naunawaan at sinuportahan ng buong kilusang komunista ang pakikibaka laban sa kulto sa personalidad, na banyaga sa Marxismo-Leninismo, laban sa mapaminsalang mga ibubunga nito. **Sumang-ayon rin ang mga pinunong Tsino. Binanggit nila ang napakalaking internasyunal na kabuluhan ng Ika-20 Kongreso ng PKUS.**

Sa kanyang pambungad na talumpati sa Ikawalong Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina noong Setyembre 1956, sinabi ni Kasamang Mao Zedong:

“Kumilos ang mga kasamang Sobyet, ang mamamayang Sobyet ayon sa mga atas ni Lenin. Natamo nila ang maniningning na tagumpay sa loob ng maikling panahon. Nagbalangkas rin ang nakaraang Ika-20 Kongreso ng PKUS ng maraming wastong mga panukalang pampulitika at nagkondena ng mga kahinaan sa paggawa ng partido. Maaaring sabihin nang may matatag na pananalig na sa hinaharap, uunlad ang kanilang gawain sa pambihirang malaking saklaw.”

Sa pampulitikang ulat ng Komite Sentral ng PKT, na binigkas sa Kongreso ni Kasamang Liu Xiaoqi, higit pang pinalawig ang pagtatasang ito:

“Isang napakahalagang pangyayaring pampulitika na may pandaigdigang kabuluhan ang Ika-20 Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina na ginanap noong Pebrero ng taong ito. Hindi lamang binalangkas nito ang dakilang ikaanim na limang-taong plano at ilang pinakamahahalagang mga direktibang pampulitika na naglalayong higit pang isulong ang adhikain ng sosyalismo at nagkondena sa kulto sa personalidad, na nagdulot ng malulubhang pinsala sa partido, kundi nagharap rin ito ng mga panukala para sa higit pang pagtataguyod sa mapayapang pakikipamahay at internasyunal na kooperasyon at nagbigay ng namumukod na kontribusyon sa pagpapaluwag sa internasyunal na tensyon.”

Sinabi ni Kasamang Deng Xiaoping, sa kanyang ulat hinggil sa mga Alituntunin ng Partido sa parehong Ikawalong Kongreso ng PKT:

“Hinihingi ng Leninismo na ang mga desisyon ng partido sa lahat ng mahahalagang usapin ay pagpapasyahan ng angkop na mga kolektikbo at hindi ng indibidwal. Nakakukumbinsing ipinakita ng Ika-20 Kongreso ng PKUS ang napakalaking kahalagahan ng walang paglihis na pagtalima sa prinsipyo ng kolektikong pamumuno at ng pakikibaka laban sa kulto sa personalidad. May napakalaking impluwensya ito hindi lamang sa PKUS, kundi maging sa mga partido Komunista sa lahat ng bayan ng daigdig.”

Sa isang bantog na editorial sa Pahayagang Bayan, “Minsan Muli Hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado” (Disyembre 1956), isinulat ng mga kasamang Tsino:

“Nagpakita ng pambihirang determinasyon at kagitingan ang Ika-20 Kongreso ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet sa pagpawi sa kultong Stalin, sa paglalantad sa malulubhang pagkakamali ni Stalin at sa pagpapawi sa mga ibinunga ng mga pagkakamali ni Stalin. Sa lahat ng dako ng daigdig, sinusuportahan ng mga Marxista-Leninista at ng mga sumisimpatya sa adhikain ng komunismo ang mga pagsisikap ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet na iwasto ang mga pagkakamali at naghahangad na ganap na magtagumpay ang mga kasamang Sobyet sa kanilang mga pagsisikap.”

At gayon nga ang mga bagay-bagay.

Makikita ng sinumang walang kinikilingan na nagkukumpara ng mga pahayag na ito ng mga pinunong Tsino sa liham ng Komite Sentral ng PKT noong Hunyo 14 na umikot sila nang 180 degri sa kanilang pagtatasa sa Ika-20 Kongreso ng ating partido.

Maaari ba naman ang pag-uurong-sulong at pagbabagu-bago sa gayong mga usapin sa prinsipyo? Mangyari pa'y hindi. **Kung hindi man walang di pagkakasundo sa Komite Sentral ng PKUS sa mga usaping ito ng prinsipyo sa nakaraan, lahat ng mga pahayag na ito ay di totoo.**

Batid ng lahat na praktika ang pinakamahusay na pamantayan ng katotohanan.

At nakakukumbinsing pinatunayan ng praktika na ang pagpapatupad sa linya ng Ika-20, Ika-21 at Ika-22 mga Kongreso ng PKUS ay nagdulot ng napakagandang mga resulta sa buhay ng ating bayan. Sa sampung taon mula nang matalas na pumihit ang ating partido tungo sa restorasyon ng Leninistang mga prinsipyo at mga pamantayan sa buhay pampartido, natamo ng lipunang Sobyet ang tunay na dakilang mga resulta sa kaunlaran sa ekonomya, siyensya at kultura, sa pagtataas sa istandard ng kasaganaan, sa pagkonsolida sa potensyal nito sa depensa, sa matagumpay na pagtataguyod ng patakarang panlabas nito.

Lumipas na ang kapaligiran ng pangamba, suspisyon at kawalang-katiyakan na lumason sa buhay ng mamamayan sa panahon ng kulto sa personalidad. Walang sinumang makakatatwa na nagsimula ang mga mamamayang Sobyet na mamuhay nang mas maigi at tamasahin ang mga benepisyong sosyalismo. Tanungin mo ang manggagawa (at may milyun-milyong gayon) na lumipat sa bagong apartment, tanungin mo ang may pensyon na may magandang kalagayan sa kanyang katandaan, tanungin mo ang kolektibong magsasaka na ngayo'y nakaririwasa, tanungin mo ang libu-libong mga mamamayan na dumanas ng di makatarungang panunupil sa panahon ng kulto sa personalidad at kung kanino'y naibalik ang kalayaan at karangalan, at malalaman mo ang naging praktikal na kahulugan ng tagumpay ng Leninistang landas ng Ika-20 Kongreso ng PKUS para sa mamamayang Sobyet.

Tanungin mo ang mga taong naging biktima ang mga ama at mga ina ng panunupil sa panahon ng kulto sa personalidad kung ano ang kahulugan ng pagtatanggap sa kanilang mga ama, mga ina at mga kapatid bilang mga tapat na tao, at malaman na sila mismo'y hindi mga itinakwil ng ating lipunan, kundi mga karapat-dapat at ganap na mga anak na lalaki at babae ng inangbayang Sobyet.

Industriya, agrikultura, kultura, siyensya, sining — saan man tayo bumaling, nasasaksihan natin ang mabilis na pag-unlad. Pumapailanlang sa kalawakan ang ating mga ispeyship, na nagbibigay rin ng maningning na kumpirmasyon na ang landas patungong saan pinamumunuan ng ating partido ang mamamayang Sobyet ang wastong daan.

Mangyari pa, hindi namin iginigiit na ginawa na natin ang lahat para sa Sobyet na tao, para sa pagpapaigi ng kanyang buhay. Nauunawaan ng mamamayang Sobyet na nakasalalay ang pagtamo sa prinsipyong ito hindi lamang sa ating kagustuhan. Dapat tayong magbuo ng lipunang komunista at lumikha ng kasaganaan ng materyal na mga benepisyong. Ito ang dahilan kung bakit kumikilos nang may gayon na lamang na dedikasyon ang ating mamamayan para pabilisin ang produksyon ng mga halagang materyal at pangkultura, at palapitin ang tagumpay ng komunismo. Kita ng lahat na tumatahak tayo sa wastong landas, na malinaw nating nababanaag ang mga pag-asa ng ating pag-unlad.

Naglalatag ang Programa ng PKUS ng isang kongkretong plano sa konstruksyon ng komunismo. Titiyakin ng pagpapatupad nito ang pinakamataas na istandard sa pamumuhay para sa mamamayang Sobyet at magsisilbing simula ng ating unti-unting transisyon tungo sa nakaiinspirang komunistang prinsipyo: “Mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang mga pangangailangan.”

Kataka-taka at hindi kapani-paniwala para sa mamamayang Sobyet na tatangkain ng mga kasamang Tsino na siraan ang Programa ng PKUS, ang dakilang planong iyon ng pagbubuo ng komunistang lipunan.

Ipinapahiwatig ng mga pinuno ng PKT na, dahil nilayon ng ating partido ang mas maiging buhay para sa mamamayan, “nagiging burges” na ang lipunang Sobyet, at “nabubulok” ito. Ayon sa kanilang lohika, kung nagsusuo ang mamamayan ng tsinelas na abaka at humihigop ng malabnaw na sopas mula sa iisang mangkok — iyon ay komunismo; at kung ang isang manggagawa ay nabubuhay nang mariwasa at nais pang mamuhay nang higit na mariwasa sa hinaharap — iyon ay halos pagpapanumbalik na sa kapitalismo.

At ang pilosopiyang ito’y nais nilang iharap sa atin bilang pinakabagong rebelasyon ng Marxismo-Leninismo! Ganap nitong inilalantad ang mga may-akda ng gayong “mga teorya” bilang mga taong walang pananalig sa lakas at mga kapabilidad ng isang uring manggagawa na nakapaglagay ng kapangyarihan sa sarili nitong mga kamay, at nakalikha ng sarili nitong sosyalistang estado.

Kung babalikan natin ang kasaysayan ng ating bayan, ang Programa ng PKUS, madali nating makikita kung saan tayo nagsimula nang ilagay natin ang kapangyarihan sa sarili nating mga kamay sa pamumuno ni Lenin, at kung anong mga rurok ang narating ng mamamayang Sobyet. Natransporma ang ating bayan bilang dakilang kapangyarihang sosyalista. Sa bolyum ng produksyong industriyal, nangunguna ang Unyong Sobyet sa Europa at pangalawa sa daigdig. Di maglalao’y malalampasan nito ang United States at aabante sa unahan. Ang uring manggagawang Sobyet, ang magsasaka sa kolektibong sakahang Sobyet, ang intelihensyang Sobyet ang mga tagapaglikha ng lahat ng ating mga tagumpay.

Kumbinsido tayo na kaya hindi lamang ng mamamayang Sobyet kundi ng mga mamamayan ng iba pang mga bayang sosyalista, ang dakilang mga tagumpay sa larangan ng paggawa — ang tanging kailangan ay ang wastong patnubay sa uring manggagawa at magsasaka, at mag-isip sa makatotohanang paraan ang mga responsable sa gayong pamamatnubay at gumawa ng mga kapasyahan na nagtutuon sa lakas at mga enerhiya ng mamamayan sa wastong landas.

Sa pagtatangkang ipagmatwid ang kulto sa personalidad, labis na pinuno ng mga pinunong Tsino ang kanilang liham ng mga alegasyon hinggil sa tunggalian ng mga uri sa USSR, at sinasabing ang panukala ng Programa ng PKUS hinggil sa isang estado ng buong sambayanan at isang partido ng lahat ng mamamayan ay mali. Hiwalay na hiwalay ang mga alegasyong ito sa Marxismo.

Hindi namin pakasusuriin ang lahat ng argumento nila sa liham na ito. Sinumang makababasa sa liham ng Komite Sentral ng PKT ng Hunyo 14 a'y walang dudang makakapansin na **labis na mahina ang mga argumento nito at nagpapakita ng ganap na pagkakahiwalay sa buhay Sobyet**. Pinangangaralan tayo na umiiral pa ang antagonistikong mga uri sa lipunang Sobyet at kung gayo'y nananatili ang pangangailangan, sabi sa atin, para sa diktadura ng proletaryado. Anong mga uri? Mahihinuha mula sa liham ng PKT na sila ang “burgesa na mga labi, mga parasitiko, mga blakmarketir, mga magnanakaw, mga walang-magawa, mga hudlum at mga mangungurakot”.

Walang alinlangang may kakaibang ideya ng mga uri at tunggalian ng mga uri ang mga kasamang Tsino. Kailan pa itinuring na uri ang parasitikong mga elementong ito? At anong uri? Isang uri ng mga walang-magawa, o isang uri ng mga hudlum, isang uri ng mga mangungurakot o isang uri ng mga parasitiko? Hindi bumubuo ng isang uri ang mga kriminal sa anumang lipunan. Batid ito kahit na ng mga batang eskwela. At, mangyari pa, hindi bumubuo ang mga elementong ito ng uri sa sosyalistang lipunan. Ang mga ito'y manipestasyon ng mga labi ng kapitalismo.

Hindi kailangan ng proletaryong diktadura para bakahin ang gayong mga elemento.

Makakaangkop, at umaangkop, sa tungkuling ito ang estado ng buong sambayanan. Batid natin mula sa sarili nating karanasan na kung mas mahusay ang gawaing pang-edukasyon ng Partido, ng unyon at iba pang mga organisasyong pampubliko, kung mas malaki ang papel ng publiko, kung mas maigi ang gawain ng milisyang Sobyet, higit na mabisa ang pakikibaka laban sa krimen.

Hindi mapatutunayang mali ang katotohanang binubuo ngayon ang lipunang Sobyet ng dalawang pangunahing uri — ang mga manggagawa at mga magsasaka, gayundin ng intelihensya, at na walang anumang uri ng lipunang Sobyet na nasa posisyon para magsamantala sa iba pang mga uri. Isang makauring konsepto ang diktadura; kanino ipapataw ang diktadura ng proletaryado sa Unyong Sobyet sa panukala ng mga kasamang Tsino: sa mga magsasaka ng kolektibong sakahan o sa intelihensyang bayan? Dapat harapin ang katotohanang sa sosyalistang lipunan, substansyal na nagbago ang uri ng mga manggagawa at uri ng mga magsasaka, na tuluy-tuloy na nabubura ang mga pagkakaiba at distinksyon sa pagitan nila.

Matapos ang ganap at ultimong tagumpay ng sosyalismo, ipinapatupad ng uring manggagawa ang papel nito sa paggabay hindi sa pamamagitan ng diktadura ng proletaryado. Nananatili pa ito bilang uri na nasa unahan ng lipunan sa mga kondisyon ng ganap na konstruksyon ng komunismo. Ang nangungunang papel nito ay itinatakda ng posisyon nito sa ekonomya, ng pangyayaring ito ay tuwirang nakaugnay sa pinakamataas na anyo ng sosyalistang propiyedad, at ng pangyayaring higit itong pinatibay ng deka-dekadang tunggalian ng mga uri at rebolusyonaryong karanasan.

Tumutukoy ang mga kasamang Tsino sa mga panukala ni Marx na ang nilalaman ng panahon ng transisyon mula kapitalismo tungo sa komunismo ay maaari lamang maging diktadura ng proletaryado. Pero ang nasa isip ni Marx ay ang komunismo sa kabuuan, bilang isang integral na pormasyong sosyo-ekonomiko (kung saan unang yugto ang sosyalismo), at ang transisyon tungo rito ay imposible kung walang sosyalistang rebolusyon at diktadura ng proletaryado. May ilang mga pahayag si V. I. Lenin, na buong linaw na nagdidiin na kailangan ang diktadura ng proletaryado para mismo mapangibabawan ang paglaban ng mapagsamantalang mga uri, organisahin ang sosyalistang konstruksyon, at tiyakin ang tagumpay ng sosyalismo — ang unang yugto ng komunismo. Malinaw mula rito na ang pangangailangan para sa diktadura ng proletaryado ay naglalaho matapos ng tagumpay ng sosyalismo, kung kailan mga anakpawis lamang, mapagkaibigang mga uri na radikal na nagbago na sa kalikasan, ang nananatili at wala nang sinumang susupilin.

Kung hahalawin ang buod ng napakaraming nagpapanggap na teoretikal na pormal na pagtalakay sa mga usaping ito sa liham ng Komite Sentral ng PKT, makakatas ang sumusunod: salungat ang mga kasamang Tsino sa patakaran ng PKUS na pagpapaunlad sa sosyalistang demokrasya, na napakabisang isinulat sa mga desisyon ng Ika-20, Ika-21 at Ika-22 mga Kongreso ng Partido at Programa ng PKUS. Hindi aksidente lang na di man lamang nabanggit sa kanilang napakahabang liham ang pagpapaunlad sa demokrasya sa mga kondisyon ng sosyalismo, sa mga kondisyon ng pagbubuo ng sosyalismo.

Mahirap ganap na matanto ang motibasyon ng mga kasamang Tsino sa pagtataguyod sa kulto sa personalidad. Sa katunayan, ito ang unang pagkakataon sa kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista na nakakaharap natin ang hayag na pagpupuri sa kulto sa personalidad. Dapat pansinin na maging sa kasukdulanan ng kulto sa personalidad sa ating bayan, napwersa si Stalin mismo, kahit man lamang sa salita, na tanggihan ang teoryang petiburges na ito, at sinabing nagmula ito sa mga sosyalistang-rebolusyonaryo.

Nakakasorpresa nga ang pagtatangkang gamitin ang awtoridad ni Marx at Lenin sa pagtatanggol sa ideolohiya ng kulto sa personalidad. Totoo bang di alam ng mga kasamang Tsino ang pangyayaring sa pinakamaagang panahon ng ating partido, nagsagawa ng masiglang pakikitunggali si Lenin laban sa mga teorya ng Narodnik hinggil sa bayani at sa “mob”, na ang tunay na kolektibong mga pamamaraan ng pamumuno sa Komite Sentral ng ating partido at estadong Sobyet ay ipinatupad sa ilalim ni Lenin, na si Lenin ay isang taong pambihirang mapagkumbaba at walang habas na pumupuna sa pinakamunti mang mga manipestasyon ng pang-uuto at pagkaalipin?

Mangyari pa, kailanma’y hindi itinuring ng ating partido o ng iba pang Marxista-Leninistang mga partido ang pakikibaka laban sa kulto sa personalidad bilang negasyon sa awtoridad ng partido at mga pinuno sa guberno. Pana-panahon, sa Ika-20 at Ika-21 mga Kongreso at sa iba pang mga okasyon, idiniin ng PKUS na minamahalaga ng partido ang awtoridad ng pamunuan nito, na, habang tinatanggihan ang kulto sa personalidad at binabaka ang mga ibinunga nito, may mataas na pagtingin ang partido para sa mga pinuno na tunay na kumakatawan sa mga interes ng mamamayan at nagbubuhos ng lahat ng kanilang lakas para sa pakikibaka para sa komunismo, at dahil dito’y nagtatamasa ng karapat-dapat na prestihiyo.

Ang kasunod na mahalagang usaping may di pagkakasundo ay pumapatungkol sa mga paraan at pamamaraan sa rebolusyonaryong pakikibaka ng uring manggagawa sa mga bayang kapitalista, sa pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, at sa mga paraan ng transisyon ng buong sangkatauhan tungo sa sosyalismo.

Ganito kung paano inilalarawan ng mga kasamang Tsino ang ating di pagkakasundo sa usaping ito: isang panig — sila mismo — ang naninindigan para sa pandaigdigang rebolusyon; ang kabilang panig — ang PKUS at mga partidong Marxista-Leninista — ay nakalimot na sa rebolusyon, “takot” pa nga rito, at, sa halip na rebolusyonaryong pakikibaka, ay abala sa gayong mga bagay na “di karapat-dapat” sa isang tunay na rebolusyonaryo tulad ng kapayapaan, kaunlaran sa ekonomya ng mga bayang sosyalista at pagpapaunlad sa mga istandard sa pamumuhay ng kanilang mamamayan, ang pakikibaka para sa demokratikong mga karapatan at napakahahalagang interes ng anakpawis sa mga bayang kapitaista.

Pero sa katunayan, ang linya ng pagkakahati sa pagitan ng mga pananaw ng PKT at iyong sa pandaigdigang kilusang komunista ay nasa ganap na naiibang antas: bumabanggit ang mga pinuno ng PKT ng pandaigdigang rebolusyon kung saan ito kailangan at kung saan hindi kailangan, at nagwawasiwas ng “rebolusyonaryong” mga parirala sa bawat okasyon, madalas kahit walang okasyon, habang ang kabilang panig — ang pinupuna ng mga kasamang Tsino — ay seryosong humaharap sa usapin ng rebolusyon, at sa halip ng mapagmalaking mga parirala, mapagpunyaging kumikilos para mahanap ang pinakawastong mga landas para sa tagumpay ng sosyalismo, mga landas na naaayon sa mga kalagayan ng kapanahunan, at tapat na nakikibaka para sa pambansang kasarinlan, demokrasya at sosyalismo.

Suriin natin ang prinsipal na mga pananaw ng mga kasamang Tsino hinggil sa mga usapin ng kasalukuyang rebolusyonaryong kilusan.

Makatutulong ba sa mga bayan at mga mamamayang magtungo sa sosyalismo kung, sa ngalan ng “pandaigdigang rebolusyon,” tatalikdan nila ang pakikibaka para sa kapayapaan, ang patakarang mapayapang pakikipamuhay at mapayapang kompetisyon sa ekonomya, ang pakikibaka para sa napakahahalagang interes ng anakpawis at para sa demokratikong mga reporma sa kapitalistang mga bayan? Totoo bang sa pagtataguyod sa kapayapaan at pagpapatupad sa patakarang mapayapang pakikipamuhay, isinasaalang-alang lamang ng mga komunista ng sosyalistang mga bayan ang sarili at hindi inaalintana ang kanilang mga kapatid sa uri sa kapitalistang mga bayan?

Mauunawaan ng sinumang nag-aaral sa kahulugan ng kasalukuyang pakikibaka para sa kapayapaan at laban sa digmang termo-nukleyar na ang mga Komunistang Sobyet at ang mga partidong praternal sa iba pang sosyalistang mga bayan, sa pamamagitan ng kanilang patakarang kapayapaan, ay nagbibigay ng napakahahalagang tulong sa uring manggagawa at anakpawis ng mga bayang kapitalista sa pangkalahatan. **Hindi rin lang ito simpleng usapin ng pag-iwas sa digmang nukleyar para mailigtas mula sa pagkawasak ang uring manggagawa at ang mamamayan ng buu-buong mga bayan man, o kontinente, bagamat ito mismo’y sapat na katwiran sa aming patakarang.**

May isa pang konsiderasyon — ang patakarang ito ang pinakamahasay na paraan sa pagtulong sa pagkamit ng rebolusyonaryong kilusan sa paggawa sa batayang mga layunin nito sa uri. Hindi ba't napakalaking ambag sa pakikibaka ng uring manggagawa kung manalo mismo ang mga lupain ng sosyalismo, sa mga kalagayan ng kapayapaan, at makatamo ng pambihirang mga tagumpay sa kaunlaran sa ekonomya, makasulong mula tagumpay tungo sa tagumpay sa mga larangang siyentipiko at teknikal, tuluy-tuloy na mapaunlad ang mga kalagayan sa pamumuhay at paggawa ng mamamayan, at mapaunlad at malubos ang sosyalistang demokrasya?

Sa harap ng mga tagumpay na ito, sasabihin ng bawat manggagawa sa bawat kapitalistang bansa: “Pinatunayan ng sosyalismo sa praktika ang superyoridad nito sa kapitalismo. Isa itong sistemang dapat ipaglaban.” Nahihimok ng sosyalismo ang mga puso at mga isip ng tao, hindi lamang sa pamamagitan ng mga libro, kundi pangunahin sa pamamagitan ng mga gawa nito, sa pamamagitan ng halimbawa.

Itinuturing ng Pahayag ng 1960 bilang pangunahing naiibang katangian ng ating panahon ang pangyayaring nagiging mapagpasyang salik sa pag-unlad ng lipunang pantao ang pandaigdigang sistemang sosyalista. Nakarating ang lahat ng mga partido Komunista na may kinatawan sa pulong sa kongklusyon na ang pandaigdigang uring manggagawa at ang likha nitong pandaigdigang sistemang sosyalita ang sentral na salik ng ating kapanahunan.

Nakasalalay ang kalutasan sa lahat ng ibang mga suliranin na kaharap ng rebolusyonaryong kilusan sa napakalaking antas sa pagpapatatag sa pandaigdigang sistemang sosyalista. Ito ang dahilan kung bakit binalikat ng mga Partido Komunista at ng mga Partido ng mga Manggagawa ang obligasyon “*na walang pagod na patatagin ang dakilang sosyalistang komunidad ng mga bayan, na taun-tao’y lumalaki ang papel at impluwensya sa kabibinatnan ng mga pangyayari sa daigdig.*” At nasa pagkakamit sa napakahalagang tungkuling ito nakikita ng ating partido ang kataas-taasang internasyunalistang tungkulin nito.

Itinuro sa atin ni V. I. Lenin na “*pangunahin nating naiimpluwensyaban ang pandaigdigang rebolusyon sa pamamagitan ng ating patakarang sa ekonomya Sa larangang ito, inilulunsad ang pakikibaka sa pandaigdigang saklaw. Kapag nalutas natin ang tungkuling ito, ganap at tiyak tayong magwawagi sa pandaigdigang saklaw.*” (Mga Akda, Bolyum 32, p. 413.)

Matatag na natutunan ang bilin na iyon ng dakilang si Lenin ng mga Komunistang Sobyet; sinusunod ito ng mga Komunista sa iba pang lupain ng sosyalismo. Pero, lumilitaw na ipinagpasya ng ilang mga kasama na mali si Lenin.

Ano ito, kawalang-tiwala sa kakayahan ng sosyalistang mga bayan na magwagi sa karera sa ekonomya laban sa kapitalismo? O kaya'y aktitud ng mga tao, kaharap ng mga kahirapan sa sosyalistang konstruksyon, na di nasisiyahan at di nakikita ang posibilidad ng pangunahing pag-iimpluwensa sa pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng ating mga tagumpay sa ekonomya, sa pamamagitan ng halimbawa ng matagumpay na sosyalistang konstruksyon sa ating mga bayan? Hangad nilang makamit nang mas mabilis ang rebolusyon sa pamamagitan ng pagtahak sa landas na, sa kanilang palagay, ay mas maikli. Pero makokonsolida at mapapalawak lamang ng matagumpay na rebolusyon ang mga tagumpay nito, at mapatutunayan ang superyoridad ng sosyalismo sa kapitalismo sa pamamagitan lamang ng paggawa, sa pamamagitan lamang ng pagsisikap sa paggawa ng mga mamamayan. Totoong hindi ito madali, laluna sa kaso ng mga rebolusyong isinagawa sa mga bayang nagmamana ng di maunlad na mga ekonomya. Pero nakakukumbinsing ipinakikita ng halimbawa ng Unyong Sobyet at marami pang ibang sosyalistang mga bayan na, kahit na sa ilalim ng mga kalagayang ito, makakamit ang napakalaking pagsulong at maipapakita ang superyoridad ng sosyalismo sa kapitalismo sa daigdig, sa kondisyong may wastong pamumuno.

Dagdag pa: ano ang higit na paborable para sa rebolusyonaryong pakikibaka ng uring manggagawa sa mga bayang kapitalista — isang kapaligiran ng kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay, o isang kapaligiran ng walang pagluluwag na internasyunal na tensyon at cold war?

Walang kaduda-duda sa tugon. Batid ng lahat na sinasamantala ng mga naghahari sa mga kapangyarihan imperyalista ang kapaligirang cold war para mang-upat ng sobinismo, isterya sa digma at bangaw na anti-komunismo para maipwesto sa kapangyarihan ang pinakapusakal na mga reaksyunaryo at mga maka-pasista, mapawi ang demokrasya, paiksiin ang buhay ng mga partidong pampulitika, mga unyon at iba pang organisasyong masa ng uring manggagawa.

Ganap na pinalalakas ng pakikibaka ng mga Komunista para sa kapayapaan ang kanilang mga ugnay sa masa, ang kanilang awtoridad at impluwensya, at bunga nito, nakatutulong sa paglikha sa tinatawag na pampulitikang hukbo ng rebolusyon.

Malayo sa paghadlang at pagpapaliban sa pakikibaka para sa ultimong mga layunin ng pandaigdigang uring manggagawa, ginagawang posible ng pakikibaka para sa kapayapaan at mapayapang pakikipamuhay ng mga estadong may magkakaibang sistemang panlipunan ang pagpapaunlad nang husto ang pakikibakang ito.

Mahirap paniwalaan na hindi napapahalagahan ng mga kasamang Tsino, mga taong makaranasan na naglunsad mismo ng rebolusyon, ang pangunahing konsiderasyon, alalaumbaga’y umuunlad ang pandaigdigang rebolusyon sa pamamagitan ng pagpapatatag sa pandaigdigang sistemang sosyalista, sa pamamagitan ng rebolusyonaryong mga tunggalian ng mga uri ng mga manggagawa sa mga bayang kapitalista, sa pamamagitan ng kilusan sa pambansang pagpapalaya, pagpapalakas sa kasarinlan sa pulitika at ekonomya ng bagong napalayang mga bayang Apro-Asyano, sa pamamagitan ng pakikibaka para sa kapayapaan, laban sa digmang mapanalakay, at sa pamamagitan ng pakikibakang anti-monopolyo ng masa. Umuunlad ito sa gayon at marami pang ibang landas, na hindi dapat ikontrapwesto sa isa’t isa, manapa’y pinagkakaisa at itinutuon sa iisang layunin na ibagsak ang imperyalistang dominasyon.

Palalo at mapanlait na pinaparatangan ng mga kasamang Tsino ang mga Partido Komunista ng Pransya, Italy, USA at ibang mga bayan ng walang iba kundi oportunisto at repormismo, ng “parlamentaryong kretinismo”, at maging pagdausdos tungo sa “sosyalismong burges”. Sa anong batayan? Sa mga batayan na hindi ihinaharap ng mga partido Komunistang ito ang islogan ng kagyat na proletaryong rebolusyon, bagamat dapat ring maunawaan ng mga pinunong Tsino na hindi ito maaaring gawin sa kawalan ng rebolusyonaryong sitwasyon.

Batid ng lahat ng maalam ng Marxista-Leninista na adelantadong iharap ang islogan sa armadong pag-aalsa sa kawalan ng rebolusyonaryong sitwasyon, at dadalhin nito ang uring manggagawa sa tiyak na pagkatalo. Batid namin kung gaano kaingat at kaseryosong itinuring ni V. I. Lenin ang usaping ito, at kung paano niya hinarap nang may pampulitikang pag-intindi sa hinaharap at kaalaman ang usapin ng pagpili sa panahon para sa rebolusyonaryong pagbangon. Sa pinakabisperas ng Rebolusyong Oktubre, ipinakita ni Lenin na magiging napakaagang mag-alsa noong Oktubre 24, at huli na sa Oktubre 26 — at maaaring mawala ang lahat. Bunga nito, dapat ilunsad ang pag-agaw sa kapangyarihan sa Oktubre 25. Sino ang makapagtatakda sa antas ng tensyon ng mga kontradiksyon sa uri, sa pag-iral ng rebolusyonaryong sitwasyon, sa eksaktong sandali para sa pagkilos? Magagawa lamang ito ng uring manggagawa ng bawat bayan, ng taliba nito, ang Marxista-Leninistang partido.

Ipinapakita ng kasaysayan ng pandaigdigang kilusan sa paggawa na masamang partido ang isang partido na, habang tinatawag ang sariling partido ng mga manggagawa, kumikilos sa mga bagay-bagay pang-ekonomya lamang, hindi ineeduka ang uring manggagawa sa rebolusyonaryong diwa, hindi ihinahanda ito para sa pampulitikang pakikibaka, para sa pag-agaw sa kapangyarihan. Tiyak na dadausdos tungo sa repormismo ang gayong partido. Pero masamang partido rin ang isang partido na humaharap sa pampulitikang pakikibaka nang wala sa konteksto ng pakikibaka para sa pagpapaunlad sa posisyon sa ekonomya ng uring manggagawa, magsasaka at anakpawis sa pangkalahatan. Tiyak na mahihawalay sa masa ang gayong partido. Tanging ang wastong paggamit sa lahat ng mga anyo ng tunggalian ng mga uri sa mahusay na kombinasyon ang magkapagbibigay ng kakayahan sa isang partido na maging tunay na rebolusyonaryo at Marxista-Leninistang partido, na pinuno ng masa, isang partido na may kakayahang idirihe ang uring manggagawa sa pananalakay ng kapitalismo, sa pagkakamit ng kapangyarihan.

Ang kasalanang mortal ng maraming partido Komunista sa mauunlad na bayang kapitalista, sa palagay ng mga kasamang Tsino, ay itinuturing nilang kagyat na tungkulin ang pakikibaka para sa pang-ekonomya at panlipunang mga interes ng anakpawis, para sa demokratikong mga reporma na makakamit sa ilalim ng kapitalismo at paunlarin ang mga kalagayan ng uring manggagawa, magsasaka at saray ng petiburgesya, habang pinadudulas ang pagtatatag ng isang malapad na prenteng anti-monopolyo bilang batayan para sa higit pang pakikibaka para sa tagumpay ng sosyalistang rebolusyon — sa ibang salita, ginagawa nila ang lahat ng mga bagay na itinakda sa Pahayag Moscow ng 1960.

Sa paggigiit laban sa lahat ng mga ginagawa ngayon ng mga partido Komunista sa mauunlad na bayang kapitalista, hindi man lamang nakapagpakita ang mga kasamang Tsino ng elementaryong damdamin ng solidaridad para sa mga Komunista na nakikibaka laban sa kapital sa unang hanay ng tunggalian ng mga uri; hindi sila nagpapaaninag ng pag-unawa sa partikular na mga landas na tinatahak ng rebolusyonaryong kilusan ng uring manggagawa. Sa katunayan, itinatanggi nila, “sa ngalan ng rebolusyon,” ang pinakalandas mismo na papatungo sa rebolusyon, at nagtatangkang ipataw ang isang patakaran na maghihiwalay sa mga partido Komunista sa masa, aalisan ang uring manggagawa ng mga alyado nito sa pakikibaka laban sa monopolyong paghahari at sa kapitalismo.

Hindi kasundo ng mga kasamang Tsino ang pandaigdigang kilusang komunista sa usapin rin ng mga anyo ng transisyon ng iba’t ibang mga bayan tungo sa sosyalismo.

Alam ng lahat na nananalig ang PKUS at mga Marxista-Leninistang partido — at malinaw itong nakasaad sa mga dokumento ng kumperensyang Moscow at sa Programa ng PKUS — na kapwa posible ang mapayapa at di mapayapang transisyong tungo sa sosyalismo. Pero **buong katigasan na pinatitibayan ng mga kasamang Tsino na ang tinatanggap lamang natin, at ng iba pang prternal na mga partido, ay ang mapayapang landas.**

Muling inilahad ng Komite Sentral ng PKUS ang kanyang posisyon sa usaping ito sa kanyang liham ng Marso 30, 1963:

“Sinisikap ng uring manggagawa at ng taliba nito, ang Marxista-Leninistang mga partido, na makamit ang sosyalistang rebolusyon sa mapayapang mga paraan, nang walang digmang sibil. Naaayon ang pagkakamit sa posibilidad na ito sa mga interes ng uring manggagawa at ng buong sambayanan, sa pangkalahatang pambansang interes ng bayan. Pero kasabay nito, hindi nakasalalay lamang sa uring manggagawa ang pagpili sa landas ng pag-unald ng rebolusyon. Kung gagamit ang mapagsamantalang mga uri sa karahasan laban sa mamamayan, mapipilitan ang uring manggagawa na tahakin ang di mapayapang landas ng pag-agaw sa kapangyarihan. Nakasalalay ang lahat sa kongkretong mga kalagayan, sa hanayan ng mga pwersa sa uri sa loob ng bayan at sa pandaigdigang saklaw.

“Di na kailangang sabihin pa na, anuman ang anyo ng transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, posible lamang ito sa pamamagitan ng sosyalistang rebolusyon at proletaryong diktadura sa iba’t ibang anyo nito. Pinahahalagahan nang husto ng PKUS ang mapagsakripisyo-sa-sariling pakikibaka ng uring manggagawa, sa pamumuno ng mga Komunista, sa lahat ng kapitalistang mga bayan at itinuturing na tungkulin nitong magbigay ng lahat ng posibleng tulong at suporta.”

Pana-panaho'y ipinapaliwanag namin ang ating punto de bista, at hindi na kailangang pang idetalye ito rito.

Ano naman ang posisyon ng mga kasamang Tsino sa usaping ito? Ganap na malinaw ito sa lahat ng kanilang mga pahayag at sa liham ng Komite Sentra ng PKT ng Hunyo 14.

Itinuturing ng mga kasamang Tsino ang pagkilala sa armadong pag-aalsa, lagi't lagi, sa lahat ng lugar at sa lahat ng bagay, bilang pangunahing pamantayan ng debosyon sa rebolusyon. Kung gayo'y ikinakaila nila sa katunayan ang posibilidad ng paggamit sa mapayapang mga anyo sa pakikibaka para sa tagumpay ng sosyalistang rebolusyon, samantalang itinuturo naman sa atin ng Marxismo-Leninismo na dapat magpakadalubhasa ang mga Komunista sa lahat ng anyo ng rebolusyonaryong tunggalian ng mga uri, kapwa marahas at di marahas.

Isa pang mahalagang usapin ang relasyon sa pagitan ng pandaigdigang pakikibaka ng uring manggagawa at ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ng mamamayang Asyano, Aprikano at Latina Amerikano.

Ang pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan sa paggawa — at kabilang na rin ngayon dito ang pandaigdigang sistemang sosyalista at ang mga partido Komunista ng mga bayang kapitalista — at ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ng mga mamamayang Asyano, Aprikano at Latina Amerikano — ang mga ito ang dakilang mga pwersa ng atin kapanahunan, at isang kardinal na kondisyon para sa tagumpay laban sa imperyalismo ang wastong ugnayan sa pagitan ng mga ito.

Paano nilulutas ng mga kasamang Tsino ang usaping ito? Makikita ang kanilang solusyon sa kanilang bagong “teorya”, at, ayon dito, ang pangunahing kontradiksyon ng ating panahon ay hindi, ang sabi sa atin, sa pagitan ng sosyalismo at imperyalismo, kundi sa pagitan ng kilusan sa pambansang pagpapalaya at imperyalismo. Sa palagay ng mga kasamang Tsino, ang mapagpasyang pwersa sa pakikibaka laban sa imperyalismo ay hindi ang pandaigdigang sosyalistang sistema, at hindi ang pandaigdigang pakikibaka ng uring manggagawa subalit, muli ang sabi sa atin, ang kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Malinaw na nais ng mga kasamang Tsino na gamitin ito bilang pinakamadaling paraan sa pagtamo ng popularidad sa hanay ng mga mamamayan ng Asya, Aprika at Amerika Latina. Pero huwag paloloko ang sinuman sa gayong “teorya”. Ang tunay nitong layunin, anuman ang hangad ng mga teoretisyang Tsino, ay ihiwalay ang kilusan sa pambansang pagpapalaya sa pandaigdigang uring manggagawa at sa likha nitong pandaigdigang sistemang sosyalista. Pero makapagbibigay lamang iyon ng napakalaking panganib sa kilusan sa pambansang pagpapalaya mismo.

Totoo nga bang mananalo ang maraming mamamayang Asyano, sa kabila ng lahat ng kanilang kagitingan at pagsasakripisyo-sa-sarili, hanggang sa tagumpay kung hindi nayanig ng Rebolusyong Oktubre at, matapos nito, ng paglitaw ng pandaigdigang sistemang sosyalista, ang imperyalismo sa pinakapundasyon nito at kung hindi napahina ang kapangyarihang kolonyalista?

At ngayon din, nang nakapasok na ang pinalayang mga bansa sa isang bagong yugto sa kanilang pakikibaka at nagkokonsentra ng kanilang pagsisikap sa konsolidasyon ng kanilang mga tagumpay sa pulitika at sa kasarinlan sa ekonomya — hindi ba nila nakikita na mas magiging labis na mahirap, kundiman ganap na imposible, na matugunan ang mga tungkuling ito nang walang tulong mula sa mga bayang sosyalista?

Laging idinidiin ng mga Marxista-Leninista ang pangkasaysayang kahalagahan at dakilang kinabukasan ng kilusan sa pambansang pagpapalaya. Subalit naniniwala sila na isa sa pangunahing mga kondisyon para sa patuloy nitong pagsulong ay ang matatag na alyansa at kooperasyon sa mga bayan ng pandaigdigang sistemang sosyalista, ang pangunahing pwersa sa pakikibaka laban sa imperyalismo, at sa kilusan sa paggawa sa mga bayang kapitalista. Isinaad ang gayong aktitud sa Pahayag ng 1960. Nakabatay ito sa ideya ni Lenin sa pamumuno (hegemonya) ng uring manggagawa bilang rekisito para sa tagumpay sa pakikibakang anti-imperyalista. Kung mayroon lamang gayonghegemonya, sa huling pagsusuri, saka lamang matatamo ng kilusan ang tunay na sosyalistang katangian, na dudulo sa transisyon nito tungo sa landas ng sosyalistang rebolusyon.

Hindi kailanman pinagdudahan ninuman ang ideyang iyon ni Lenin, na pinatunayan ng karanasan ng Rebolusyong Oktubre at ng ibang mga bayan. **Pero lumilitaw na nais “iwasto” ng mga kasamang Tsino si Lenin at patunayan na hindi dapat mapunta ang hegemonya sa pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo sa uring manggagawa, kundi sa petiburgesya o sa pambansang burgesya, at pati na sa “ilang may kaisipang makabayan na mga hari, mga prinsipe at mga aristokrata”. At matapos nito’y nagsisimulang mangaral ang pamunuan ng PKT sa pandaigdigang kilusang komunista na hindi natin kailanman dapat na talikuran ang ating proletaryo at makauring kaparaanan, anuman ang mangyari!**

Ang pangako ng mga tagumpay sa kinabukasan, kapwa ng pandaigdigang uring manggagawa at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya, ay nasa kanilang matatag na alyansa at kooperasyon, sa sama-samang pakikibaka laban sa imperyalismo, na idinidikta ng kanilang mga interes na komun. Sa pakikibakang ito, natatamo ng uring manggagawa, sa pamamagitan ng di makasariling dedikasyon nito sa kapakanan ng lahat ng mga mamamayan, ang pagtanggap sa namumunong papel nito at nakukumbinsi ang mga alyado nito na masasaligang garantiya ang pamumuno nito ng tagumpay para sa sarili nito at para sa kanila.

Itinuturing ng ating Leninistang partido ang kilusan sa pambansang pagpapalaya bilang sangkap na bahagi ng pandaigdigang rebolusyonaryong proseso, bilang isang makapangyarihang pwersa nakikibaka laban sa imperyalismo. Ang dakilang islogang “Mga Manggagawa ng Lahat ng Bayan, Magkaisa!” na ibinilin sa atin ni Marx at Engels, ang mga tagapagtatag ng siyentipikong komunismo, ang naging panlabang bandila ng pandaigdigang proletaryado. Sa ilalim ng bagong mga kalagayan ng kasaysayan na nilikha ng tagumpay ng Dakilang Rebolusyong Oktubre, nagbigay ng ispesyal na diin si Vladimir Ilyich Lenin, ang nagpatuloy sa gawain nina Marx at Engels, sa di mapipigtal na ugnay sa pagitan ng sosyalistang rebolusyon at ng kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Ang islogang “Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisal!” ang siyang naging, at nananatiling pangunahing islogan ng pakikibaka para sa tagumpay ng pandaigdigang rebolusyon. Natamo nito ang higit na malawak na kahulugan sa ilalim ng bagong mga kondisyon. Batid nating pinagtibay ni Lenin ang islogang “Mga Manggagawa ng Lahat ng Bayan at mga Inaaping Mamamayan, Magkaisal!” Idinidiin ng islogang ito ang namumunong papel ng proletaryado at ang karagdagang kabuluhan ng kilusan sa pambansang pagpapalaya. Mahigpit na tumatalima ang ating partido sa Marxista-Leninistang internasyunalistang prinsipyong ito sa lahat ng mga aktibidad nito.

Maitatanong: Paano ipapaliwanag ang maling mga panukala ng pamunuan ng PKT sa mga krusyal na usapin ng ating kapanahunan? Kung hindi man ganap na hiwalay ang mga kasamang Tsino sa realidad, at humaharap sa mga usapin ng digma, kapayapaan at rebolusyon sa dogmatiko at akademikong paraan at hindi nauunawaan ang kongkretong mga kalagayan ng ating kapanahunan, o kaya’y sa likod ng kanilang pag-iingay tungkol sa “pandaigdigang rebolusyon”, may ibang mga layunin, mga layuning walang kinalaman sa rebolusyon.

Ipinakikita nitong ang patakaran ng hangad ng pamunuan ng PKT na ipataw sa pandaigdigang kilusang komunista ay mali at nakamamatay. Dahil ang ipinapanukala ng mga kasamang Tsino sa likod ng balatkayong “pangkalahatang linya” ay enumerasyon lamang ng pinakapangkalahatang mga tungkulin ng uring manggagawa, at isang enumerasyon pa ngang hindi nagsasaalang-alang sa kapanahunang kinaiiralan natin, sa tunay na interrelasyon ng mga pwersa sa uri, at sa mga pekyularidad ng kasalukuyang yugto ng kasaysayan. Hindi nakikita, o kaya’y ayaw makita ng mga kasamang Tsino, kung paanong nagbabago ang mga hanay ng ating kilusan alinsunod sa mga kondisyon ng kasalukuyang kapanahunan. Sa pagpapababa sa pangkalahatang linya tungo sa pangkalahatang mga tungkulin na pumapatungkol sa lahat ng yugto ng transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo, inaalis nila ito ng pagkakongkreto, ng pagkamalayunin, at ng bisa.

Sa pagbabalangkang ng kanilang kasalukuyang patakaran, kongkretong sinuri ng mga partidong prateral ang hanayan ng mga pwersa sa uri sa indibidwal na mga bayan at sa pandaigdigang saklaw, ang naiibang mga katangian sa pag-unlad ng dalawang sistemang magkakasalungat, at ang kasalukuyang yugto sa pag-unlad ng kilusan sa pambansang pagpapalaya.

Ang isang presisong pagsusuri sa mga pagbabago sa pandaigdigang sitwasyon ay nagbigay kakakayahan sa mga partidong prateral ng buong daigdig na magbalangkang ng isang Marxista-Leninistang depinisyong ng ating kapanahunan: “Ang ating kapanahunan, na ang pangunahing nilalaman ay ang transisyon mula kapitalismo tungo sa sosyalismo at pinasimulan ng Dakilang Sosyalistang Rebolusyong Oktubre, ay isang panahon ng tunggalian sa pagitan ng dalawang magkasalungat na sistemang panlipunan, isang panahon ng sosyalistang mga rebolusyon at mga rebolusyon sa pambansang pagpapalaya, isang panahon ng pagkasira ng imperyalismo, ng pagpawi sa sistemang kolonyal, isang panahon ng transisyon ng mas mararming mga mamamayan tungo sa sosyalistang landas, ng tagumpay ng sosyalismo at komunismo sa pandaigdigang saklaw.”

Ang depinisyong ito ng ating kapanahunan ang batayan para sa isang wastong kaparaanan sa pagbabalangkang sa estratehiya at mga taktika ng pandaigdigang kilusang komunista.

Itinakda na ng Marxista-Leninistang mga partido ang kanilang pangkalahatang linya, at ang batayang mga panukala nito ay ang sumusunod:

- Itinatakda ang kalikasan at nilalaman ng pandaigdigang rebolusyonaryong proseso sa ating panahon ng pagsasanib bilang iisang agos ng pakikibaka laban sa imperyalismo na inilulunsad ng mga mamamayang nagbubuo ng sosyalismo at komunismo, ng rebolusyonaryong kilusan ng uring manggagawa sa kapitalistang mga bayan, ng kilusan sa pambansang pagpapalaya ng aping mga mamamayan, at ng pangkalahatang demokratikong mga kilusan; ang mapagpasyang papel sa alyansa ng anti-imperyalistang rebolusyonaryong mga pwersa ay nasa pandaigdigang uring manggagawa at pangunahin nitong likha — ang pandaigdigang sosyalistang sistema, na pangunahing nag-iimpluwensya sa pag-unlad ng pandaigdigang sosyalistang rebolusyon sa pamamagitan ng lakas ng halimbawa nito, sa pamamagitan ng pag-unlad nito sa ekonomya.
- Dahil sa nangingibabaw na obhetibong mga kalagayan ng kasaysayan (ang sukdulang pagtalas ng pagkaagresibong imperyalista, paglitaw ng mga sandata na may napakalakas na mapanwasak na pwersa, atbp.), sentral sa lahat ng mga tungkuling kaharap ng mga pwersang anti-imperyalista sa kasalukuyang kapanahunan ang pakikibaka para pigilan ang digmang termo-nukleyar. Pangunahing tungkulin ng mga partido Komunista ang pagbubuo ng pagkakaisa ng lahat ng mga pwersa sa kapayapaan para ipagtanggol ang kapayapaan at iligtas ang sangkatauhan mula sa sakunang nukleyar.
- Nagagampanan ang sosyalistang rebolusyon bilang resulta ng panloob na pag-unlad ng tunggalian ng mga uri sa bawat bayan, at itinatakda ang mga anyo at mga landas nito ng kongkretong mga kalagayan ng bawat bayan. Isang batas na komun sa lahat ng bayan ay ang rebolusyonaryong pagbagsak sa kapitalistang kapangyarihan at ang pagtatatag, sa isa o iba pang anyo, ng proletaryong diktadura. Ang tungkulin ng uring manggagawa at mga partido Komunista ay ang maksimisahin ang mga posibilidad na naririyang para sa mapayapang landas ng sosyalistang rebolusyon, isang landas na di konektado sa digmang sibil, at, kasabay nito, maghanda para sa di mapayapang landas, para sa armadong pagsugpo sa paglaban ng burgesya; isang kinakailangang salik ng pakikibaka para sa sosyalismo ang pangkalahatang demokratikong pakikibaka.
- Ang layunin ng uring manggagawa at mga partido Komunista sa kilusan sa pambansang pagpapalaya ay ipatupad ang pagkumpleto sa mga tungkulin ng anti-imperyalistang demokratikong rebolusyon, paunlarin at konsolidahin ang pambansang prente batay sa alyansa sa magsasaka at sa may-isip makabayan na pambansang burgesya; ipaghanda ang mga kalagayan para sa pagbubuo ng mga estadong pambansa-demokratiko at para sa transisyon tungo sa di kapitalistang landas ng pag-unlad.

- Ang mga ugnayan ng kooperasyon at mutwal na tulongan sa pagitan ng mga bayang sosyalista, ang solidaridad at pagkakaisa sa pandaigdigang kilusang komunista at kilusang paggawa, ang tapat na pagtalima sa samasamang binalangkas na mga posisyon at pagsusuri, ang katapatan sa mga prinsipyong Leninista sa buhay pampartido at mga ugnayan sa pagitan ng mga partido — ang mga ito ang kinakailangang mga rekisito sa matagumpay na solusyon sa pangkasaysayang mga tungkulin na kinakaharap ng mga komunista.

Gayon, sa kasalukuyang kapanahunan, ang batayang mga landas sa pag-unlad ng pandaigdigang rebolusyonaryong proseso; gayon ang batayang mga panukala sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista sa kasalukuyang yugto. Ang pakikibaka para sa kapayapaan, demokrasya, pambansang kasarinlan at sosyalismo — iyan, sa maikling salita, ang sustansya ng pangkalahatang linyang ito. Ang tuluy-tuloy na pagpapatupad nito ang garantiya ng pandaigdigang kilusang komunista sa tagumpay.

Ang lahat ng susing mga prinsipyong ito ng pandaigdigang kilusang komunista sa mga kalagayan sa kasalukuyan, na kolektibong binalangkas ng praternal na mga partidong komunista at ng manggagawa at isinulat sa Deklarasyon at sa Pahayag, ay nagkahugis sa bagong Programa ng PKUS, na buong-buong nakabatay sa isang Marxista-Leninistang pagbubuod ng atin at ng internasyunal na rebolusyonaryong karanasan.

V

Ang maling mga pananaw ng mga pinuno ng PKT sa pundamental na mga usapin sa pulitika at sa teorya ng ating kapanahunan ay di maihihiwalay na nakaugnay sa kanilang praktikal na aktibidad, na nakatuon sa pagpapahina sa pagkakaisa ng pandaigdigang sosyalistang kampo at ng pandaigdigang kilusang Komunista.

Tinatanggap ng mga kasamang Tsino sa salita na ang pagkakaisa ng USSR at ang Republikang Bayan ng Tsina ang balwarte ng buong sosyalistang komunidad, pero sa gawa, pinapahina nila ang pakikipag-ugnayan sa ating Partido at sa ating bayan sa lahat ng larangan.

Madalas mangusap ang pamunuan ng PKT tungkol sa katapatan nito sa mga Komunista ng mga bayang sosyalista. Pero ang aktitud ng mga kasamang Tsino sa Komunistang ito ay nagpapatunay na di totoo ang kanilang matatayog na deklarasyon.

Ipinapakita ng mga istatistiks na binawasan ng Republikang Bayan ng Tsina ang bolyum ng pakikipagkalakalan nito sa ibang mga bayang sosyalista nang higit sa limampung porsyento. Naging napakasakit ng resulta ng patakarang ito ng mga kasamang Tsino para sa ilang sosyalistang bayan.

Tahasang salungat ang mga aksyon ng pamunuang Tsino hindi lamang sa mga prinsipyo ng mutwal na relasyon sa hanay ng mga sosyalistang bayan kundi, sa ilang kaso, sa tinatanggap na mga alituntunin at pamantayan na dapat tupdin ng lahat ng estado.

Nakalikha ng seryosong pinsala ang paglabag sa umiiral na mga kasunduan sa pambansang ekonomya ng ilang mga bayang sosyalista. At, kauna-unawang dumaranas rin ang sariling ekonomya ng Tsino ng di mumunting pinsala sa pagbabawas sa palitang pang-ekonomya.

Sa pagtatangkang ipagmatwid ang mga aksyon nito sa mata ng mamamayan, ihinarap ng pamunuan ng PKT kamakailan ang teorya ng “pagsalig sa sariling mga pwersa”. Sa pangkalahatan, para maitatag ng bawat bayan ang sosyalismo, ang pagsalig pangunahing sa mga pagsisikap ng sariling mamamayan at ang paggamit ng sarili nitong rekurso sa pinakamahusay na paraan sa paglalatatag ng materyal at teknikal na batayan ng sosyalismo. Ang pagtatatag ng sosyalismo sa bawat bayan ay pananagutan pangunahin ng mamamayan ng bayang iyon, ng uring manggagawa nito at ng Partido Komunista nito.

Napilitang itatag ng Unyong Sobyet, na siyang unang sosyalistang bayan, ang sosyalismo sa pamamagitan ng pagsalig lamang sa sarili nitong mga pwersa at paggamit sa mga rekursong panloob nito. At kahit mayroon na ngayong isang sistema ng mga sosyalistang bayan, hindi ito nangangahulugan na maaari nang nakahalukipkip na umupo ang mamamayan ng alinmang bayan at eksklusibong sumalig sa tulong ng ibang mga sosyalistang bayan. Itinuturing ng partido Komunista ng bawat sosyalistang bayan na tungkulin niyang mobilisahin ang lahat ng reserbang panloob para sa matagumpay na kaunlarang sa ekonomya. Sa tuwirang pakahulugan nito, kung gayon, walang pagtutol na maihahapag sa pahayag ng Komite Sentral ng PKT hinggil sa konstruksyon ng sosyalismo sa pamamagitan pangunahin ng sariling mga pwersa.

Gayunman, gaya ng ipinapakita ng buong teksto ng liham ng Komite Sentral ng PKT at maraming pahayag sa mga pahayagang Tsino, binibigyan ang panukalang ito sa katunayan ng interpretasyon na ganap na di katanggap-tanggap.

Pinagtatakpan ng pormulang “pagbubuo ng sosyalismo sa pamamagitan pangunahin ng sariling mga pwersa” ang konsepto ng pagbubuo ng umaasa-sa-sariling mga ekonomyang pambansa at paglilimita ng pakikipag-ugnayan pang-ekonomya sa ibang mga bayan sa pakikipagkalakalan lamang. At tinatangka ng mga kasamang Tsino na ipataw ang kaparaanang ito sa ibang mga sosyalistang bayan.

Mukhang kinailangan ng pamunuan ng PKT ang proklamasyon ng linya ng “pagsalig sa sariling mga pwersa” para pahinain ang ugnayan ng mahigpit na pakikipagkaibigan sa hanay ng mga sosyalistang bayan. Hindi na kailangang banggitin pa na ang patakarang ito ay hindi kaayon sa mga prinsipyo ng sosyalistang internasyunalismo. Walang ibang kahulugan ito kundi isang pagtatangka na pahinain ang pagkakaisa ng sosyalistang komunidad.

Kaalinsabay sa linya ng pagbabawas sa mga ugnay sa ekonomya, ipinagtibay ng pamunuan ng PKT ang ilang mga hakbang na kalkuladong magpapalala sa pakikipag-ugnayan sa Unyong Sobyet.

Pinapahina ng mga pinunong Tsino ang pagkakaisa hindi lamang ng sosyalistang kampo kundi ng buong pandaigdigang kilusang komunista, nilalapastangan ang mga prinsipyo ng proletaryong internasyunalismo at tahasang nilalabag ang tinatanggap na mga pamantayan sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga partidong praternal.

Nag-oorganisa ang pamunuan ng PKT ng, at sumusuporta sa iba't ibang humiwalay na pangkating anti-partido, na lumalaban sa mga Partido Komunista ng United States, Brazil, Italy, Belgium, Australia at India. Halimbawa, sa Belgium ay sinusupportahan ng pamunuan ng PKT ang pangkating Grippe, na itiniwalag mula sa Partido sa huling Kongreso nito. Sa United States, binibigyan ng suporta ang subersibong mga aktibidad ng kaliwang oportunistang pangkating “Hammer and Steel”, na ginawang pangunahing layunin nito ang pakikitunggali sa Partido Komunista ng United States. Sa Brazil, sinusupportahan ng mga kasamang Tsino ang paksyunal na mga pangkating itiniwalag sa Partido Komunista (gaya halimbawa ng pangkating Amazonas Grabois).

Sa Australia, tinangka ng Komite Sentral ng PKT na organisahin ang mapanghating mga aktibidad laban sa Partido Komunista at ng pamunuan nito sa tulong ng isang dating kasapin ng pamunuan, si E. Hill. Hayagang nilabanan ni Hill, na minsa’y dumalaw sa Republikang Bayan ng Tsina, ang Partido Komunista ng Australia at nagtangkang maghilera ng isang grupo ng mga taong katulad niyang mag-isip. Nang itiwag si Hill ng Partido Komunista ng Australia mula sa Komite Sentral nito, mapagyabang siyang nagtungo sa Beijing.

Sa Italy, hinihikayat ng mga kinatawang Tsino ang aktibidad ng pangkating binuo ng dating mga kagawad ng Padua Federation ng Partido Komunista, na naglabas ng mga polyeto na mapang-upat na nananawagan para sa isang “rebolusyonyong” pag-aalsa.

Higit pang nagtatangka ang mga kasama mula sa PKT na magsagawa ng subersibong mga aktibidad sa mga Partido Komunista at mga Partido ng mga Manggagawa ng mga bayang Asyano, Aprikano at Latina Amerikano.

Bilang pagpuri sa mga taksil at mga tumiwalag sa hanay ng kilusang Komunista, inilalathala ng mga pinunong Tsino sa kanilang mga pahayagan at magasin ang mapanirang mga artikulo mula sa mga publikasyon ng taksil na mga pangkat na ito na nakatuon laban sa patakaran ng PKUS, laban sa landas ng buong pandaigdigang kilusang Komunista.

Sa Ceylon, pinananatili ng mga kinatawang Tsino ang mahigpit na ugnayan sa pangkatin ni E. Samarakkody, na isang kasangkapan ng maka-Trotsky na “Ikaapat na Internasyunal”.

Tinatangka ng mga maka-Trotsky mula sa “Ikaapat na Internasyunal” na gamitin ang posisyon ng mga kasamang Tsino para sa sarili nilang mga layon; naglahad pa nga sila ng isang bukas na liham sa Komite Sentral ng PKT kung saan hayagan nilang idineklara na: “Nasa inyong panig ang Ikaapat na Internasyunal na magmula sa araw ng kanyang pagtatatag ay naglulunsad ... ng pakikibaka laban sa mga ideyang inyong tinutunggali ngayon.... Malugod na binabati ng internasyunal na kalihiman ng Ikaapat na Internasyunal ang talakayang inyong pinasimulan sa buong kilusang Komunista. Hinihimok nito na inyong paunlarin ito.”

Nagbabato ng matatalas na bira ang mga pinunong Tsino sa prternal na mga partidong Komunista at kanilang mga pinuno na ayaw lumihis sa pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang Komunista. Naglathala at nagmudmod sila sa maraming lenggwahe ng mga artikulong naninira sa aktibidad ng Partido Komunista ng United States, at ng mga Partido Komunistang Pranses, Italian at Indian. Hindi nag-alintanang magbato ng lahat ng klase ng pagmumura sa tanyag na mga lider ng prternal na mga partidong ito. “Panloloko” at “Kanang oportunisto”, “rebisyunismo” at “di pag-ayon sa mga pamantayan ng Komunistang etika”, “sosyal-demokratikong dedyenerasyon” at “karuwagan”, “iresponsibilidad” at “pangongopya”, “mapagmaliit at mapagmuhing aktitud sa mga rebolusyonaryong mamamayan ng mga bayang Asyano, Aprikano at Latina Amerikano” — sila’y lahat ng ito.

Pinararatangan ng mga pinunong Tsino ang mga partido Komunista ng United States at Kanluraning Europa ng pagiging “kaisa sa pinakaadbenturistang mga imperyalistang Amerikano”. Palaging binabansagang isang “pangkatin” ang pamunuan ng Partido Komunista ng India. Binibira ang mga pinuno ng mga partido Komunista ng Pransya, Italy, India at United States ang napakabigat na akusasyon ng “pag-aalala sa kahihinatnan ng imperyalismo at lahat ng reaksyunaryo”. **At sa kanyang liham ng Hunyo 14, nagpakababa pa ang pamunuan ng PKT hanggang sa paggigiit na maging ang PKUS “ay gumaganap sa papel ng isang kasapakat ng imperyalismo”. Halatang-halata ang kabulastugan nito kayat walang sinuman kundi ang mga maka-Trotsky ang naglakas-loob na gumawa ng gayong mapanirang akusasyon laban dakilang Partido ni Lenin.**

Kataka-taka ba kung gayon na natutuwa ang imperyalistang propaganda sa gayong mga aksyon ng mga kasamang Tsino? Hindi aksidente na ipinagsisigawan ng burges na pahayagan na may “krisis” sa pandaigdigang kilusang Komunista at hinihikayat ang mga gubyernong imperyalista na samantalain sa sarili nilang kapakinabangan ang mga di pagkakasundo na nilikha ng paninindigan ng Komite Sentral ng PKT.

Nagbitiw ang mga kinatawan ng PKT sa lupong editoryal ng World Marxist Review, ang kolektibong teoretikal at pang-impormasyong magasin ng mga partido Komunista at mga partido ng mga Manggagawa, at itinigil ang publikasyon nito sa wikang Tsino, at sa pamamagitan nito’y tinatangkang pagkaitan ang mga Komunistang Tsino ng obhetibong pagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng pandaigdigang kilusang Komunista.

Ang mapanghating mga aktibidad ng pamunuang Tsino sa mga hanay ng pandaigdigang kilusang Komunista ay nakapupukaw ng makatwirang indignasyon at oposisyon ng prternal na mga partidong Marxista-Leninista.

Isinasaad ng liham ng Komite Sentral ng PKT na sa pakikipag-ugnayan ng alinmang partido sa prternal na mga partido Komunista, “hindi mapahihintulutan na ilagay nito ang sarili sa ibabaw ng ibang prternal na partido, hindi mapahihintulutan na manghimasok ito sa panloob na mga usapin ng prternalna mga partido...” Napakahusay ng pahayag na ito. Pero **ang mga kasamang Tsino mismo ang gumagawa ng gayong di mapahihintulutang mga aksyon. Sa pamamarali ng interes ng pandaigdigang kilusang komunista, binabalewala nila ang mga pamantayan at prinsipyong inilatag sa Deklarasyon at sa Pahayag, at tinatangka nilang ilagay ang ibang mga partido sa ilalim ng kanilang impluwensya at kontrol.**

Isang mahusay na halimbawa ng ispesyal na linya ng pamunuan ng PKT sa loob ng sosyalistang kampo at sa pandaigdigang kilusang Komunista ang kanyang posisyon sa usapin ng Albanya. Gaya ng alam ng lahat, sa ikalawang hati ng 1960, hagayang naglahad ang mga pinuno ng Albanya ng kaliwang oportunistang plataporma sa mga pangunahing usapin ng ating kapanahunan, at nagsimulang magpatupad ng patakaran laban sa PKUS at ibang prternal na partido. Sinimulan ng pamunuan ng Albanya ang isang kampanyang anti-Sobyet sa kanilang bayan na humantong sa pagputol ng pakikipag-ugnayan sa pulitika, ekonomya at kultura sa **Unyong Sobyet.**

Mariing kinondena ng malawak na mayorya ng mga partidong Komunista at mga partido ng mga Manggagawa ang anti-Leninistang aktibidad ng mga pinuno ng Albanya. Ganap na iba ang posisyon ng mga pinuno ng PKT, at ginawa nila ang lahat para gamitin ang mga pinuno ng Albanya bilang kanilang tagapagsalita. Batid na ngayon na itinulak naman talaga sila ng mga kasamang Tsino sa hayag na pakikitunggali laban sa **Unyong Sobyet at ibang mga sosyalistang bayan at prternal na partido.**

Sa kanilang mga atake sa PKUS at ibang mga partidong Marxista-Leninista, naglalaan ng ispesyal na pwesto ang mga pinuno ng PKT sa usaping Yugoslav. Ipinalilitaw nila na ang mga kahirapan sa kilusang Komunista ay nilikha ng pinahusay na pakikipag-ugnayan ng **Unyong Sobyet at ibang sosyalistang bayan sa Yugoslavia.** Salungat sa mga datos, nagmamatigas sila sa paggiit na hindi sosyalistang bayan ang Yugoslavia.

Gaya ng batid ng lahat, noong 1955, nag-inisyatiba ang PKUS, kasama ang ibang prternal na partido, sa pagnormalisa ng relasyon sa Yugoslavia nang sa gayon ay wakasan ang matagal na tunggalian, kung saan ang higit na malaking bahagi ng kasalanan ay kay Stalin. Sa panahong iyon, walang duda ang mga pinuno ng PKT sa kalikasan ng sistemang sosyalista sa Yugoslavia. Isinulat noon ng *People's Daily* na “nakatamo na ang Yugoslavia ng mahahalagang tagumpay sa pagtatatag ng sosyalismo.”

Ipakikita ng obhetibong pagsusuri sa mga prosesong sosyo-ekonomiko sa Yugoslavia na magmula noon, **higit na lumakas ang sosyalismo doon.** Habang noong 1958, ang sosyalistang sektor sa industriya ay 100 porsyento, sa agrikultura ay anim na porsyento, at sa kalakalan ay 97 porsyento, sa kasalukuyan, ang sosyalistang sektor sa industriya ay 100 porsyento, sa agrikultura ay 15 porsyento, at sa kalakalan ay 100 porsyento. Sa panahon mula nang pinasimulan ang normalisasyon ng relasyon, **lumapit ang Yugoslavia sa posisyon ng Unyong Sobyet at ibang sosyalistang bayan sa mga usapin sa patakarang panlabas.**

Bakit, kung gayon, napakaradikal na nagbago ang posisyon ng mga pinunong Tsino sa usaping Yugoslav? Napakahirap maghanap ng iba pang paliwanag liban sa puntong tinatanaw nila itong isa pang magandang dahilan para siraan ang patakaran ng PKUS at ibang mga partidong Marxista-Leninista.

Batid ng mga Komunistang Sobyet na ang di pagkakasundo sa ilang pundamental na usapin sa ideolohiya ay nananatili pa sa pagitan ng PKUS at ng Liga ng mga Komunista ng Yugoslavia. Hayagan nating sinabi ito sa mga pinuno ng Yugoslavia, at patuloy nating sinasabi sa kanila. **Pero magiging mali na “ipwera” ang Yugoslavia sa sosyalismo sa mga batayang ito, na ihiwalay siya sa mga sosyalistang bayan at itulak siya sa kampo ng imperyalismo, gaya ng ginagawa ng mga pinuno ng PKT. Wala nang iba pang nanaiisin ang mga imperyalista.**

Sa ngayo’y may 14 na sosyalistang bayan sa daigdig. Kumbinsidong-kumbinsido kami na sa nalalapit na hinaharap, lalaki pa ang kanilang bilang. Lumalawak ang saklaw ng mga usaping kinakaharap ng praternal na mga partidong nasa timon ng estado, at dagdag pa, bawat praternal na partido ay kumikilos sa magkakaibang kalagayan. Hindi kataka-taka na sa mga sirkunstansyang ito, ang praternal na mga partido ay makahahapan ng iba’t ibang kaparaanan sa solusyon ng usaping ito o iyon. Paano dapat kumilos ang mga Marxista-Leninista sa gayong mga kaso? **Ang ideklara na ito o iyong sosyalistang bayan na di nila kasundo ang mga pinuno ay hindi na sosyalista? Iyon ay pagiging arbitraryo sa kasukdulan; ang gayong paraan ay di naaayon sa Marxismo-Leninismo.**

Kung susundin natin ang halimbawa ng mga pinunong Tsino, matagal na nating dapat idineklara na hindi sosyalistang bayan ang Albanya, kung tutuusin ang ating malulubhang di pagkakasundo sa mga pinuno ng Partido ng Paggawa ng Albanya. Pero ito’y magiging mali at isang suhetibong pagharap sa usapin. Sa kabila ng kanilang di pagkakasundo sa mga pinuno ng Albanya, itinuturing ng mga Komunistang Sobyet ang Albanya bilang sosyalistang bayan, at, sa kanilang bahagi’y gumagawa ng mga hakbang para maiwasan ang pagkakahiwalay ng Albanya sa sosyalistang Komonwelt.

Ikinalulungkot nating mapanood kung paanong pinapahina ng mga pinuno ng PKT ang tradisyunal na pagkakaibigang Sobyet-Tsino at pinahihina ang pagkakaisa ng mga bayang sosyalista.

Naninindigan at maninindigan ang PKUS para sa pagkakaisa at katatagan ng sosyalistang komonwelt, ng buong pandaigdigang kilusang komunista.

VI

Buurin natin:

Ganap na pinatunayan ng panahon mula nang ipagtibay ang Pahayag ng 1960 ang kawastuan ng progamang Marxista-Leninista ng pandaigdigang kilusang komunista at ng uring manggagawa. Nagbibigay ng papalaking nagrerebolusyonisang impluwensya sa mga isip ng mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig ang mga tagumpay ng Unyong Sobyet sa pagbubuo ng komunismo, at ang mga tagumpay ng sosyalistang konstruksyon sa iba pang mga bayang sosyalista. Sinindihan ng rebolusyonaryong Cuba ang tanglaw ng sosyalismo sa Kanlurang Hati ng Mundo. Nakapaghataw na ng nakadudurog na hambalos laban sa sistemang kolonyal, na ngayo'y nalalapit sa wakas nito. Patuloy na sumusulong ang pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan.

Pinatutunayan nito na wastong itinakda sa Pahayag ng 1960 ang pangkalahatang linya ng pandaigdigang kilusang komunista. Ang tungkulin ngayo'y kumilos at gumawa nang ayon sa pangkalahatang linya, paunlarin at ilapat ito kaugnay sa partikular na mga kalagayan kung saan kumikilos ang bawat isang partido Komunista. **Samakatuwid, ang anumang pagtatangka na ipataw ang isang bagong pangkalahatang linya sa pandaigdigang kilusang komunista at kilusan ng uring manggagawa, gaya ng sa liham ng Komite Sentral ng PKT ng Hunyo 14, ay mali at makapamiminsala. Ang pagtanggap sa anumang gayong “pangkalahatang linya” ay paglihis sa Pahayag ng 1960, pagtanggap sa programatikong mga panukala na salungat sa Pahayag na ito na pinagtibay ng 81 partido. Hindi tatahakin ng ating partido ang landas na ito.**

Sa buong kasaysayan nito, naglunsad ng walang tinag na pakikibaka ang ating dakilang Leninistang partido laban sa Kanan at Kaliwang oportunistang, Trotskyismo at rebisyunismo, dogmatismo at sektarismo, nasyunalismo at sobinismo sa lahat ng anyo nito kapwa sa loob ng ating bayan at sa pandaigdigang arena. **Pinanday ng ating partido ang sarili, at lumakas sa pamamagitan ng pakikibakang ito para sa kadalisan ng Marxismo-Leninismo; hindi ito natatakot sa anumang atake ng makabagong mga ispliter at mga oportunista, saanman sila magmula.**

Ipinakikita ng buhay, **matapos maging pampulitikang organisasyon ng buong sambayanan, pinatatag ng PKUS ang ugnay nito sa masa, at naging higit na malakas at higit na disiplinado kaysa dati.** Sa tagumpay ng sosyalismo, naging ideolohiya ng buong sambayanan, ng abanteng seksyon nito ang ideolohiya ng uring manggagawa — ang Marxismo-Leninismo. Ang layunin ng uring manggagawa — ang pagbubuo ng komunismo — ang naging layunin ng buong sambayanan. Mangyari pa'y ikatutuwa nga ng mga Marxista-Leninista ang paglagong ito ng impluwensya ng komunistang ideolohiya. Maaaring sabihing magmula nang mamatay si V. I. Lenin, di pa naging ganito kalakas ang ating partido, di pa nagkaroon ng ganitong kakayahang gampanan ang pinakamapangahas na mga tungkulin kaugnay sa pagbubuo ng bagong daigdig.

Ngayon, matapos ganap at tiyak na nagwagi ang sosyalismo sa ating bayan, habang itinatayo natin, bato sa bato, ang magandang gusali ng komunismo, higit na kumbinsido kaysa dati ang ating partido at ang buong sambayananang Sobyet na magtatagumpay ang dakilang mga ideya ng Marxismo-Leninismo sa lahat ng dako ng daigdig.

Ang ating kumpanyansa ay siya ring kumpanyansa ng mga mamamayan ng sosyalistang mga bayan, ng mga anakpawis ng buong daigdig. Lubos nilang pinapahalagahan ang malalaking kontribusyon ng Unyong Sobyet sa pakikibakang komun para sa kapayapaan, demokrasya, pambansang kalayaan at kasarinlan, at sosyalismo.

Laging nanindigan, at ngayo'y naninindigan, ang Partido Komunista ng Unyong Sobyet para sa mahigpit na pakikipagkaibigan sa Partido Komunista ng Tsina. May seryosong mga di pagkakasundo sa pagitan natin at ng mga pinuno ng PKT, subalit naninindigan tayo na ang ugnayan sa pagitan ng ating dalawang partido, sa pagitan ng ating dalawang mamamayan, ay dapat ibatay sa katotohanan na pareho ang ating layunin, ang pagbubuo ng isang bagong komunistang lipunan, at may iisang kaaway — imperyalismo. Sa pamamagitan ng sama-samang mga pagsisikap nito, malaki ang magagawa para sa tagumpay ng komunismo ng dalawang malalaking kapangyarihan, ang Unyong Sobyet at Republikang Bayan ng Tsina. Alam na alam ito kapwa ng ating mga kaibigan at mga kaaway.

Sa kasalukuyan, nagpupulong ang mga delegasyon ng PKUS at PKT sa Moscow.

Sa kasamaang palad, patuloy na pinalala ng mga kinatawan ng PKT ang sitwasyon sa pulong na ito. Sa kabila nito, lubos na nagpapasyensya at nagpipigil ang delegasyon ng PKUS para maging matagumpay ang mga usapan. Ipapakita ng nalalapit na hinaharap kung nakahanda ang mga kasamang Tsino na paunlarin ang ating ugnayan, batay sa kung ano ang nag-iisa kaysa sa kung ano ang nag-iiba sa atin, batay sa mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo.

Umaasa ang ating mga kaaway sa paglala ng mga di pagkakasundo sa pagitan ng PKT at PKUS. Pinag-aaralan na nila kung kaya nilang samantalahin ito. Noong isang araw lamang, hinimok ng Arawang Balitang US ang paghahamok ng Pulang Rusya sa Pulang Tsina laban sa isa't isa para gula-gulanitin ang isa't isa. Kailanman, hindi dapat kaligtaan nating mga Komunista ang buktot na mga pakanang ito ng mga imperyalista.

Laging isinasaisip ang responsibilidad nito sa pandaigdigang kilusang komunista at sa mga mamamayan ng daigdig, hinihimok ng ating partido ang mga kasamang Tsino na tahakin ang landas ng paglutas sa mga di pagkakasundo at pagpapatatag sa tunay na pagkakaisa ng ating mga partido sa mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo.

Kasama ang lahat ng mga partidong praternal, kumilos at kumikilos ang ating Leninistang partido para sa pagkakaisa ng uring manggagawa, ng lahat ng anakpawis, sa pakikibaka laban sa imperyalismo, para sa kapayapaan, demokrasya, pambansang kasarinlan at sosyalismo.

Ipinapahayag ng Komite Sentral ng PKUS sa harap ng partido at buong sambayanang Sobyet, at nang may buong pananagutan, na ginawa namin at gagawin namin ang lahat sa aming kapangyarihan na patatagin ang pagkakaisa sa Partido Komunista ng Tsina, na sementuhin ang pandaigdigang kilusang komunista sa ilalim ng bandila ni Lenin, na sementuhin ang mga bayan ng pandaigdigang sosyalistang sistema, na makapagbigay ng mabisang tulong sa lahat ng mga mamamayang nakikibaka laban sa kolonyalismo, na patatagin ang adhikain ng kapayapaan at ipagwagi ang tagumpay para sa dakilang mga ideya ng komunismo sa lahat ng dako ng daigdig.

Lahat ng mga anakpawis ng Unyong Sobyet ay higit pang malapit na mabubuklod sa palibot ng kanilang Partido Komunista at sa Leninistang Komite Sentral nito, at ibubuho ang lahat ng kanilang enerhiya sa pagkukumpleto sa dakilang programa ng pagbubuo ng komunismo.

KOMITE SENTRAL NG

PARTIDO KOMUNISTA NG UNYONG SOBYET

PAGPAPATUNAY NA MALI ANG BAGONG MGA PINUNO NG PKUS HINGGIL SA “NAGKAKAISANG PAGKILOS”

Akda ng mga Kagawarang Editoriyal ng **RENMIN RIBAO**
(PAHAYAGANG BAYAN) at **HONGQI** (PULANG BANDILA)

(Nobyembre 11, 1965)

PALIMBAGAN SA DAYUHANG MGA WIKA

BEIJING 1965

Inilimbag sa Republikang Bayan ng Tsina

DAPAT NAKABATAY SA PRINSIPYO ANG PAGKAKAISA NG PANDAIGDIGANG PROLETARYADO

Ang kasaysayan ng pandaigdigang kilusang komunista ay kasaysayan ng pakikibaka ng Marxismo laban sa oportunismo at rebisyunismo, isang kasaysayan ng pakikibaka ng mga Marxista para ipagsanggalang ang pandaigdigang pagkakaisa ng proletaryado at labanan ang mga pagtatangka ng mga oportunista at mga rebisyunista na hatiin ito.

Bilang pagtataguyod sa rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo, lagi nang matayog na ibinabandila ng Partido Komunista ng Tsina ang dakilang watawat ng pandaigdigang proletaryong pagkakaisa. Naninindigan kami na sa pakikibaka laban sa kapitalismo at imperyalismo at sa proseso ng pandaigdigang rebolusyon, magagapi lamang ng pandaigdigang proletaryado ang kaaway sa pamamagitan ng pagbubuo ng pagkakaisa ng sarili nitong mga pwersa at pakikipagkakaisa sa lahat ng pwersang mapagkakaisa.

Ihinarap ng mga tagapagtatag ng teoryang komunista, nina Marx at Engels, ang palabang islogang “Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!” Tinuruan at binigyang inspirasyon ng islogang ito ang mga manggagawa sa lahat ng dako ng daigdig at pinasigla ang nagkakaisang pakikibaka ng uring manggagawa para sa sariling pagpapalaya. Ang pandaigdigang pagkakaisa ng proletaryado na itinaguyod nina Marx at Engels ay pagkakaisa sa pakikibaka para gampanan ang dakilang istorikong misyon nito sa saklaw ng daigdig.

Bilang kasunod sa adhikain nina Marx at Engels, isinulong ni Lenin ang Marxismo sa isang bagong yugto. Ang Leninismo ang Marxismo sa kapanahunan ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Matatag na nagpunyagi si Lenin sa pandaigdigang proletaryong pagkakaisa sa batayan ng Marxismo. Sa istorikong mga kondisyon ng papasulong na pakikibaka ng aping mga bayan laban sa imperyalismo, ihinapag niya ang palabang islogang, “Mga manggagawa at aping mga bayan ng daigdig, magkaisa!” Pinasigla ng islogang ito ang nagkakaisang pakikibaka ng kilusan ng uring manggagawa ng mga bayan sa Kanluran at ang kilusan sa pambansang pagpapalaya ng aping mga bayan sa Silangan. Kumatawan ito sa higit pang malawak na pagkakaisa ng pandaigdigang mga pwersang rebolusyonaryo.

Batay sa mga pagbabago sa internasyunal na mga relasyon sa uri at sa balanse ng mga pwersa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ihinapag ni Kasamang Mao Zedong ang islogan sa pagtatatag ng internasyunal na nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US. Sa nagkakaisang prenteng ito, ang pagkakaisa ng pandaigdigang proletaryado ang bag-as, at ang pagkakaisa sa pagitan ng pandaigdigang proletaryado at ng aping mga bayan ang pundasyon. Nangangahulugan ito ng mahigpit na pakikipagkaisa sa masa ng mamamayan, na bumubuo sa higit sa 90 porsyento ng populasyon ng daigdig, ng mahigpit na pakikipagkaisa sa lahat ng pampulitikang pwersa na napapailalim sa agresyon, kontrol, panghihimasok o pambabrasong US, at ng paggamit sa lahat ng kontradisyong posible – lahat para sa layuning ihiwalay ang imperyalismong US, ang pangunahing kaaway ng mamamayan ng buong daigdig, sa pinakamaksimum, at hatawin ito ng pinakamabibigat na posibleng hambalos. Ito ang paraan sa pagpapakilos sa lahat ng positibong salik na makakaambag sa pandaigdigang rebolusyon para sa pagkakamit sa tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa bawat bayan. Isa itong estratehikong prinsipyo na may napakabigat na kahalagahan na binalangkas ni Kasamang Mao Zedong hinggil sa usapin ng pandaigdigang rebolusyon sa bagong istorikong mga kondisyon.

Sa ilalim ng pamumuno ni Kasamang Mao Zedong, lagi nang itinaguyod ng Partido Komunista ng Tsina ang pandaigdigang proletaryong pagkakaisa, ang pagkakaisa ng mga manggagawa at aping mga bayan ng daigdig, ang pagkakaisa ng lahat ng mga pwersang lumalaban sa imperyalismong US. Ipinatupad namin ang linyang ito nang walang paglihis at may malaking tagumpay.

Itinuturo sa atin ng Marxismo-Leninismo na ang pandaigdigang pagkakaisa ng proletaryado ay rebolusyonaryong pagkakaisa, pagkakaisang nakabatay sa prinsipyo. Para matamo ito, kailangan ng puspusan at lubos na pakikibaka laban sa lahat ng tipo ng mga oportunista at mga ispliter.

Itinuro sa atin ni Marx na sa pakikibaka para makamit ang pandaigdigang proletaryong pagkakaisa, dapat “walang pakikipagtawaran sa mga prinsipyo”. Nang nagpapaliwanag hinggil sa pangangailangan para sa prinsipyadong pakikibaka laban sa mga oportunistang para makamit ang tunay na pagkakaisa, sinabi ni Engels na, “Napakabuting bagay ang pagkakaisa kung talaga nang posible ito, pero may mga bagay na nangingibabaw sa pagkakaisa”, at “nagpapatuloy ang pag-unlad ng proletaryado sa lahat ng dako sa gitna ng panloob na mga pakikibaka”.⁵¹³ Sinabi rin niya na “nais paghalu-haluin ng mga taong may limitadong kaalaman ... ang lahat sa isang kakatwang nilaga, na, sa sandaling hinayaang tumining, muling isinusuka ang mga di pagkakasundo, pero sa higit na matalas na salungatan dahil sa gayon, lahat ng ito’y nasa iisang kaldero”.⁵¹⁴ Tuwirang inilathad ni Marx at Engels na “... imposible para sa atin na makipagkooperasyon sa mga taong naghahangad na pawiin ang tunggalian ng mga uring ito mula sa kilusan”.⁵¹⁵

Mariing kinondena ni Lenin ang mga rebisyunista ng Ikalawang Internasyunal dahil sa pagtataksil sa Marxismo at sa adhikaing komun ng pagbaka sa imperyalismo, sa pagpanig sa burgesya ng sarili nilang mga bayan at pagkabulok bilang mga papet ng monopolyo-kapital, bilang mga sosyal-sobinista at mga sosyal-imperyalista.

Ipinakita niya na, malayo sa pagpapahina sa pagkakaisa ng proletaryong partido, di maisasantabi ang pakikibaka laban sa oportunismo at rebisyunismo para sa pagtatamo nito. Sinabi niya,

“Kung walang pakikibaka, walang magagawang pagbubukod-bukod, at kung walang pagbubukod-bukod, walang magaganap na matagumpay na pagsulong, at wala ring *solidong* pagkakaisa. At ang mga nagsisimulang makibaka sa ngayon ay tiyak na hindi *nangwawasak* sa pagkakaisa. Wala nang pagkakaisa, nawasak na ito, nawasak mula sa dulo’t dulo ... at ang hayag at tuwirang pakikibaka ay isa sa esensyal na mga kondisyon sa pagpapanumbalik sa pagkakaisa.”⁵¹⁶

Mula mismo sa prinsipyadong paninindigan ng Marxismo-Leninismo naglunsad ng matagal na pakikibaka ang Partido Komunista ng Tsina laban sa rebisyunistang pamunuan ng PKUS na pinamumunuan ni Khrushchov upang itaguyod ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista batay sa Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo at para konsolidahin at palawakin ang nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US.

⁵¹³ “Si Engels para kay A. Bebel, ika-28 ng Oktubre, 1882”, *Piling mga Liham nina Marx at Engels*, edisyong Ingles, Foreign Languages Publishing House, Moscow, p. 427.

⁵¹⁴ “Si Engels para kay A. Bebel, ika-20 ng Hunyo, 1873”, *Piling mga Liham nina Marx at Engels*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 315.

⁵¹⁵ “Sina Marx at Engels para kina A. Bebel, W. Liebknecht, W. Bracke at Iba pa (‘Liham Sirkular’), ika-17-18 ng Setyembre, 1879”, *Piling mga Liham nina Marx at Engels*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, p. 395.

⁵¹⁶ V. I. Lenin, “Para kay A. A. Yakubova”, *Tinipong mga Akda*, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1950, Vol. XXXIV, p. 32.

Bakit nga ba namin inilathala ang dalawang artikulo hinggil sa istorikong karanasan ng diktadura ng proletaryado noong 1956? Bakit nga ba namin iginiit ang isang serye ng rebolusyonaryong mga prinsipyo at nagpaabot ng isang memorandum hinggil sa usapin ng mapayapang transisyon sa Komite Sentral ng PKUS habang binabalangkas ang Deklarasyong 1957? Bakit nga ba namin inilathala ang “Mabuhay ang Leninismo!” at dalawa pang ibang artikulo noong 1960? Bakit nga ba namin sistematikong pinuna ang rebisyunista, mapanghati at sobinistang malaking-kapangyarihang mga pananaw ni Khrushchov sa aming tugon ng Setyembre 1960 sa liham para sa impormasyon mula sa Komite Sentral ng PKUS? Bakit nga ba namin iginiit ang muling pagtitibay sa ilang rebolusyonaryong mga prinsipyo at ang pagpapalaganap sa aming memorandum hinggil sa usapin ng mapayapang transisyon sa lahat ng Partidong praternal habang binabalangkas ang Pahayag ng 1960? Bakit nga ba namin inilathala ang “Isang Panukala Kaugnay ng Pangkalahatang Linya ng Pandaigdigang Kilusang Komunista”, na nagbibigay ng komprehensibong pagpapaliwanag sa aming mga pananaw sa isang serye ng pundamental na mga suliranin ng kontemporaryong rebolusyong pandaigdig? Bakit nga ba naming inilathala ang siyam na komentaryo hinggil sa bukas na liham ng Komite Sentral ng PKUS, at hayagang itinakwil ang rebisyunismong Khrushchov? Bakit nga ba namin inilathala ang mga serye ng mga dokumento at mga artikulo na pumupuna sa tratadong Sobyet-US-British, at naglalantad sa mapagkanulong aksyon ng pangkating Khrushchov sa pakikipag-aalyansa sa imperyalismong US laban sa mamamayan ng daigdig? Bakit nga ba naming binalaan ang pangkating Khrushchov sa napakaraming mga usapan at mga palitan ng mga liham sa pagitan ng mga Partidong Tsino at Sobyet na dapat na itong huminto sa bingit ng bangin? Nilalayon ng lahat ng ito na ipagtanggol ang Marxismo-Leninismo, ang pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista batay sa Marxismo-Leninismo, at ang pagkakaisa ng lahat ng pwersang lumalaban sa imperyalismong US at mga alipures nito.

Ang mga serye mismo ng puspulang pakikibaka na inilunsad ng Partido Komunistang Tsino at iba pang mga Partidong Marxista-Leninista ang nagpabilis sa pagkabangkarote ng rebisyunismong Khrushchov at itinulak ang tagapagtatag nito sa pagkabalaho at sa dulo’y sa puntod na siya mismo ang humukay.

Isang taon na ang nakalipas mula nang bumagsak si Khrushchov at lumitaw ang bagong mga pinuno ng PKUS. Ano ang kaibahan ng bagong mga pinuno kay Khrushchov? Binago na ba nila ang rebisyunista at mapanghating linya ni Khrushchov? Ipinapakita ng lahat ng ebidensya na ipinagpapatuloy nila ang kanyang linya, pero nang may doble-karang mga taktika na higit na tuso at mapagkunwari kaysa ng kay Khrushchov.

Sa maraming mga talumpati, mga dokumento at mga artikulo, maingay na itinataguyod ng bagong mga pinuno ng PKUS ang “nagkakaisang pagkilos” sa panig ng mga Partido Komunista at mga bayang sosyalista. Walang tigil nilang ipinamamarali ang magagandang pananalita tulad ng “pagkakaisa”, “pakikibakang komun laban sa kaaway”, “pagkakaisa laban sa imperyalismo” at “sama-samang suporta para sa pakikibaka ng mamamayang Byetnames”. Pero lahat ng ito’y hindi totoo. Sumasalungat ang kanilang mga gawa sa kanilang mga salita. Sa plenaryong sesyon ng Komite Sentral ng PKUS noong Setyembre ng taong ito, hayag na binatikos ni Brezhnev, ang Unang Kalihim ng Komite Sentral ng PKUS, ang Partido Komunista ng Tsina habang nangangalandakan hinggil sa “pagkakaisa laban sa imperyalismo”. Inilantad nito ang pangit na mga katangian ng bagong mga pinuno ng PKUS bilang pangunahing mga tagapagtaguyod ng huwad na pagkakaisa at tunay na hostilidad tungo sa Tsina.

Tulad ng pagtatangkang pagbabalatkayo ng mga imperyalistang US, ang pinakamapanalakay sa lahat ng mga imperyalista, bilang mga anghel ng kapayapaan, gayundin tinatangka ng pinakamalalaking rebisyunista at ispliter na ipakita ang sarili bilang taimtim na nagmamahal sa pagkakaisa. Ang panawagan ng bagong mga pinuno ng PKUS para sa “nagkakaisang pagkilos” ay walang iba kundi panloloko.

Suriin natin ang mga kasinungalingan ng bagong mga pinuno ng PKUS hinggil sa “nagkakaisang pagkilos” at patunayang mali ang mga ito nang isa-isa. Ilantad natin ang kanilang panloloko sa pamamagitan ng pagtutukoy sa kanilang masasamang gawa kapwa sa pandaigdigang antas at sa kanilang bayan sa daloy ng nakaraang taon.

PINAPAHINA NG MGA REBISYUNISTANG MAKA-KHRUSHCHOV ANG BATAYANG KOMUN NG PAGKAKAISA

Isa sa mga argumento ng bagong mga pinuno ng PKUS para sa “nagkakaisang aksyon” ay lahat ng mga Partido Komunista ay may “ideolohiyang komun” at “programang komun”.

Totoo ngang dapat may ideolohiyang komun ang mga Partidong Komunista sa Marxismo-Leninismo at programang komun sa rebolusyonaryong mga prinsipyong sama-samang binalangkas sa Deklarasyong 1957 at Pahayag ng 1960. Pero ganap na pinagtaksilan ng mga rebisyunistang maka-Khrushchov ang ideolohiyang komun at programang komun at ganap na pinahina ang batayang komun para sa pagkakaisa sa hanay ng mga Partidong Komunista.

Tapat na humalili sa kapa ni Khrushchov ang bagong mga pinuno ng PKUS. Hindi sila naging mga Marxista-Leninista o kaya’y mga mala-Marxista-Leninista man lamang; nanatitili silang lubus-lubusang mga rebisyunistang maka-Khrushchov, itinaguyod ang rebisyunismong Khrushchov pero nang wala si Khrushchov. Noong Nobyembre 1964, harap-harapan nilang sinabi sa mga kasapi ng delegasyon ng Partido at gubyernong Tsino na wala ni bahid man ng pagkakaiba sa pagitan nila at ni Khrushchov sa usapin ng pandaigdigang kilusang komunista o sa pakikipag-ugnayan sa Tsina. Pana-panahon, kategorikal nilang sinasabi na ang pangkalahatang linya na itinaguyod ng Ika-20 at Ika-22 Kongreso ng PKUS “ang naging, nananatili at mananatiling tangi at di nagbabagong linya sa buong patakarang panloob at panlabas ng Partido Komunista at estadong Sobyet”.⁵¹⁷

Gaya ni Khrushchov, tinatangka ng bagong mga pinuno ng PKUS na itakwil at labanan lahat ng anti-imperyalistang rebolusyonaryong mga pakikibaka sa pamamagitan ng pangangaral na “sa kasalukuyan, mapayapang pakikipamuhay ... ang pinakamahahalagang kondisyon para sa pagpapanibagong panlipunan ng daigdig”,⁵¹⁸ na “mapayapang kompetisyon” sa pagitan ng dalawang sistema ang tanging pamamaraan para sa “tagumpay ng komunismo sa kapitalismo sa pandaigdigang saklaw”⁵¹⁹, at “ilang ulit na lumalaki” ang “mga tsansa” ng mapayapang transisyon.⁵²⁰

⁵¹⁷ L. I. Brezhnev, Talumpati sa Salu-salo para sa mga *Cosmonaut* na Sobyet, ika-19 ng Oktubre, 1964.

⁵¹⁸ N. V. Podgorny, “Dakilang Oktubre”, *Cuba Socialista*, Nobyembre 1964.

⁵¹⁹ *Ang Pandaigdigang Rebolusyonaryong Kilusan ng Uring Manggagawa*, pinamatnugutan ni B. N. Ponomarev (punong-editor) at iba pa, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1964. P. 214.

⁵²⁰ *Ibid.*, p. 269.

Gaya ni Khrushchov, iginigiit ng bagong mga pinuno ng PKUS na pawiin ang diktadura ng proletaryado at ang Partido ng proletaryado at itatag ang “estado ng buong sambayanan” at ang “partido ng lahat ng mamamayan”. Gayundin, sinasabi nila na “tulad ng diktadura ng proletaryado, isang yugto ang estado ng buong sambayanan na umaayon sa batas at komun sa lahat ng bayan sa pag-unlad ng sosyalistang estado”⁵²¹ at “may malaking kabuluhan na lampas-lampas sa mga hangganan ng ating bayan” ang “transpormasyon ng ating Partido bilang isang Partido ng lahat ng mamamayan”.⁵²²

Higit na pinaunlad ng bagong mga pinuno ng PKUS ang rebisyunismong Khrushchov sa pamamagitan ng hayag na pagkakalat sa kabalighuan na matatamo ang sosyalismo nang wala ang pamumuno ng proletaryado. Sinasabi nila na sa kapitalistang daigdig, “ang transisyon tungo sa sosyalistang transpormasyon sa isa o iba pang bayan ay maaaring mangyari nang walang tuwirang pamumuno ng uring manggagawa”.⁵²³ Walang kahihiyang kinakapon ang teorya sa diktadura ng proletaryado ni Lenin, pinagsasabi nila na “hindi iniugnay ni Lenin ang transisyon tungo sa di kapitalistang landas sa kinakailangang pagtatatag sa kapangyarihang pampolitika sa ilalim ng pamumuno ng proletaryong Partido, sa katunayan, sa diktadura ng proletaryado”.⁵²⁴ Alinsunod sa sinasabi nilang ito, ganap na di kinakailangan ang proletaryong rebolusyon at diktadura ng proletaryado, at maaaring isantabi ang Partido Komunista. Sa pagpapalaganap sa ultra-reaksyunaryong teoryang ito, na isang ganap na pagtataksil sa Marxismo-Leninismo, hindi lamang nagbibigay ng sandatang pang-ideolohiya ang bagong mga pinuno ng PKUS sa mga reaksyunaryo, na antagonistiko sa komunismo at sa mamamayan, kundi nagtatangka ring lituhin ang mga bansa at mga mamamayan na nasa yugto ng pambansa-demokratikong rebolusyon kaugnay ng kanilang layon sa kanilang kasalukuyang pakikibaka at para himukin silang talikdan ang kanilang tungkulin na bakahin ang imperyalismo, kolonyalismo at neo-kolonyalismo.

Ang esensya ng rebisyunistang teorya at linyang Khrushchov, na pinagpupursigihan at higit na pinapaunlad ng bagong mga pinuno ng PKUS, ay protektahan ang paghaharing imperyalista sa kapitalistang daigdig at ipanumbalik ang kapitalismo sa sosyalistang daigdig.

May pagkakaiba sa pundamental na linya sa pagitan ng mga Marxista-Leninista at mga rebisyunistang maka-Khrushchov, isang mayor na pagkakaiba sa pagitan ng kung ano ang tama at kung ano ang mali. Sa mga kalagayang ito, paano magkakaroon ng “ideolohiyang komun” at “programang komun” sa pagitan ng mga Marxista-Leninista at mga rebisyunistang maka-Khrushchov? Paano magkakaroon ng isang batayang komun para sa pagkakaisa? Sa mga kalagayang ito, ang relasyon sa pagitan ng mga rebisyunistang maka-Khrushchov at namin ay tiyak na hindi isang relasyon kung saan “ang mga nagbibigkis sa atin ay higit na malakas kaysa sa mga humahati sa atin”, gaya ng sinasabi ng bagong mga pinuno ng PKUS; sa lahat ng pundamental na isyu ng kasalukuyang kapanahunan, ang ugnayan ay ugnayan ng matalas na salungatan; may mga bagay na humahati sa amin at walang nag-iisa sa amin, may mga bagay na antagonistiko, at walang bagay na komun.

⁵²¹ A. Andreyev, “Ang Pag-unlad ng Marxista-Leninistang Doktrina Kaugnay ng Sosyalistang Estado sa Programa ng PKUS”, *Kommunist Sovjetskoi Latvii*, No. 12, 1964.

⁵²² Y. Frantzev, “Ang Papel ng Masa ng Mamamayan sa Istorikong Proseso”, *Kommunist*, No. 18, 1964.

⁵²³ *Ang Pandaigdigang Rebolusyonaryong Kilusan ng Uring Manggagawa*, pinamatnugutan ni B. N. Ponomarev (punong-editor) at iba pa, edisyong Ruso, SPPL, Moscow, 1964. P. 325.

⁵²⁴ K. Brutentz, “Ang Kontemporaryong Yugto ng Kilusan sa Pambansang Pagpapalaya” *Kommunist*, No. 17, 1964.

Dahil may gayong pagkakaiba sa pundamental na linya, para matamo ang pagkakaisa, kung hindi man natin talikdan ang Marxismo-Leninismo at sundin ang kanilang rebisyunismo, ay talikdan naman nila ang rebisyunismo at magbalik sa landas ng Marxismo-Leninismo. Ang mga ito lamang ang mapagpipiliian. Hindi mapapahintulutan at talagang maling-mali kung poposisyon tayo nang pabagu-bago o malabo sa gayong matalas na usapin.

Inaasahan ba kaming sumunod sa bagong mga pinuno ng PKUS para makamit ang pagkakaisa sa ilalim ng kanilang rebisyunistang programa? Hindi ba't mangangahulugan iyon na sasama kami sa kanilang pagtataksil sa Marxismo-Leninismo, sa pagkikitil sa mga rebolusyong bayan sa iba't ibang mga bayan at sa pagkilos bilang mga kasabwat ng mga imperyalista? Hindi na kailangang sabihin pang hindi naming ito gagawin kailanman.

Inaasahan bang magmamasid na lamang kami at ganap na manahimik nang hindi pumupuna, naglalantad at lumalaban sa bagong mga pinuno ng PKUS, habang pinagtataksilan nila lahat ng pundamental na prinsipyo ng Marxismo-Leninismo, pinagsisikapin nila ang kolaborasyong Sobyet-US para sa pagdomina sa daigdig at sinasalungat ang mga rebolusyong bayan sa iba't ibang mga bayan? Hindi ba't mangangahulugan iyon na dapat din naming talikdan ang Marxismo-Leninismo, kumilos bilang kanilang alyado sa pagsalungat sa mga rebolusyong bayan at maging kasabwat ng imperyalismo? Hindi na kailangang sabihin pang hindi rin namin ito kailanman gagawin.

Kung tunay ngang nais ng bagong mga pinuno ng PKUS ang pagkakaisa sa mga Marxista-Leninista, dapat nilang baguhin ang kanilang rebisyunistang linya at tapat na aminin ang kanilang mga pagkakamali. Dapat hayag at taimtim nilang aminin sa harap ng mga Komunista at ng mamamayan ng daigdig na mali ang kanilang rebisyunismong Khrushchov, sobinismong malaking-kapangyarihan at isplitismo, dapat hayag na aminin na mali ang rebisyunistang linya at programa na pinagpasyahan sa Ika-20 at Ika-22 na mga Kongreso ng PKUS at hayag na garantiyahan na hindi uulitin ang mga pagkakamali ng rebisyunismong Khrushchov. Posible bang gawin nila ang lahat ng ito?

Ang antagonismo sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismong Khrushchov ay isang antagonismo sa uri sa pagitan ng proletaryado at burgesya; ito ang antagonismo sa pagitan ng sosyalista at kapitalistang mga landas at sa pagitan ng linya ng paglaban sa imperyalismo at ng pagsuko rito. Isa itong di mapagkakasundong antagonismo.

Tulad ng sinabi ni Lenin, “Magandang bagay at magandang islogan ang pagkakaisa. Pero ang kailangan ng adhikain ng mga manggagawa ay ang *pagkakaisa ng mga Marxista*, hindi ang pagkakaisa sa pagitan ng mga Marxista, at mga katunggali at mga mambabaluktot ng Marxismo.”⁵²⁵

IMPOSIBLE ANG NAGKAKAISANG PAGKILOS KASAMA NG MGA TAONG PINAGBABALIGTAD ANG MGA KAAWAY AT MGA KAIBIGAN

Iginigiit ng bagong mga pinuno ng PKUS na kung mayroon mang mga di pagkakasundo sa teorya at linya, maaaring maisantabi ang mga ito at dapat magsagawa ng “nagkakaisang pagkilos” at kamtin ang “pagkakaisa laban sa kaaway” sa praktikal na pakikibaka laban sa imperyalismo.

⁵²⁵ V. I. Lenin,

Ang pinakamatalas na pagkakaiba sa teorya at linya sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismong Khrushchov ay kaugnay mismo ng usapin sa paghawak sa ating pakikipag-ugnayan sa mga kaaway at mga kaibigan, o sa ibang salita, ang usapin kung makikibaka o makikisa sa imperyalismo, at higit sa lahat, ang usapin kung makikibaka o makikiisa sa imperyalismong US. Mapagpasya ang pagkakaibang ito para sa lahat ng pinakamakahahalagang praktikal na aksyon sa pandaigdigang tunggalian ng mga uri. Paano nga ba posibleng isantabi ito pabor sa di prinsipyadong pagkakaisa na hindi nag-iiba sa pagitan ng mga kaaway at mga kaibigan?

Nailalahad ang reaksiyunaryong kalikasan ng rebisyunismong Khrushchov sa konsentradong anyo sa linyang kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig. Ganap na ipinagbaligtad ng pangkating Khrushchov ang mga kaaway at mga kaibigan; itinuring nito bilang pinakamahigpit na kaibigan ang imperyalismong US, ang pinakapusakal na kaaway ng mamamayan ng daigdig, at ang mga Marxista-Leninista ng daigdig, kabilang iyong nasa Unyong Sobyet, bilang pangunahing kaaway nito.

Sa usaping ito mismo inilantad ni Khrushchov ang sarili bilang isang taksil. Sa usaping ito inilunsad ng mga Marxista-Leninista ng buong daigdig ang pinakamatalas na pakikibaka laban sa mga rebisyunistang maka-Khrushchov. At sa usaping ito namumuhing tinanggihan ng rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig ang mga rebisyunistang maka-Khrushchov.

Paanong kumilos sa usaping ito ang bagong mga pinuno ng PKUS? Binago ba nila ang linyang kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig? Tumigil ba sila sa pagbabaligtad sa mga kaaway at mga kaibigan? Nagbago ba sila mula sa pagiging pwersang kaalyado ng imperyalismong US tungo sa pwersang salungat dito?

Ipinakikita ng mga pangyayari na hindi.

Suriin natin ang mga datos:

Una. Matapos na matapos umupo sa panunungkulan, pinapurihan ng bagong mga pinuno ng PKUS si Johnson bilang “makatwiran” at “moderato”. Patuloy nilang ipinapahayag na ang Unyong Sobyet at United States ay dalawang super-power kung kanino nakasalalay ang kapalaran ng daigdig, na “may sapat na malalapad na larangan para sa kooperasyon” sa pagitan nila, at “mayroon pang hindi pa nagagamit na mga potensyalidad”.⁵²⁶ Kahit matapos ang bangaw na ekspansyon ng imperyalismong US sa digmang mapanalakay nito sa Byetnam, patuloy pa nilang idiniin ang kanilang paghahangad para sa “pagpapaunlad at pagpapahusay sa pakikipag-ugnayan sa United States of America”. May mga pagkakataong sa tingin nila’y kailangang mangusap sila tungkol sa tendensya tungo sa “pagyeyelo” sa ugnayang Sobyet-US, pero sa likod nama’y pinatitindi nila ang kanilang lihim na diplomasya at mga pakikipagkasundo sa United States.

⁵²⁶ A. A. Gromyko, Talumpati sa Plenaryong Sesyon ng Ika-19 na Asembleyang Sentral ng United Nations, ika-7 ng Disyembre, 1964.

Ikalawa. Ang paglagda sa tratado sa parsyal na pagbabawal sa pagsubok nukleyar ng Unyong Sobyet, United States at Britain ay isang mahalagang palatandaan sa pakikipag-alyansa ni Khrushchov sa United States laban sa Tsina. Hindi lamang tinanggap ng bagong mga pinuno ng PKUS ang pamanang ito, kundi sa batayan ng tratadong ito, aktibo silang nagpapakana ng bagong mga kasunduan sa United States para sa “pagpigil sa paglagaanap ng nukleyar” at katulad na mga hakbangin sa “disarmamento” sa tangkang panatilihin ang monopolyo ng dalawang panginoong nukleyar, ang Unyong Sobyet at ang United States, laban sa Tsina at lahat ng nagsasariling bayan.

Ikatlo. Ginagamit ng imperyalismong US ang United Nations bilang kasangkapan para sa paglaban sa mga rebolusyon ng mamamayan ng daigdig. Bilang paglilingkod sa imperyalismong US, ginamit ni Khrushchov ang United Nations bilang *stock exchange* para sa dominasyon sa daigdig ng dalawang malalaking kapangyarihan, ang Unyong Sobyet at ang United States. Ipinagpatuloy ng bagong mga pinuno ng PKUS ang reaksyunaryong patakarang ito. Muli nilang ibinukas ang panukala ni Khrushchov para sa isang pamalagiang armadong pwersang UN. Bumoto sila sa United Nations para sa “tigil-putukan” at para sa pagtatamo ng “pambansang rekonsilyasyon” sa Congo (L.), at bumoto rin sila para sa “tigil-putukan” sa Republikang Dominican. Saanman bumabangon ang mamamayan sa armadong pakikibaka laban sa imperyalismong US o nagkakamit ng mga tagumpay sa gayong pakikibaka, at saanman dumaranas ng pagkatalo ang imperyalismong US at nalalagay sa gipit, mabilis na pumapasulong ang bagong mga pinuno ng PKUS para tulungan ito. Kasama ang mga imperyalistang US, ginagamit nila ang United Nations para atakihin, pahinain at hatiin ang mga pwersang lumalaban sa imperyalismo, kolonyalismo at neokolonyalismo, at iligtas, palakasin at pasaklawin ang mga posisyon ng imperyalistang US. Naglilingkod sila bilang mga pamatay-sunog ng imperyalismong US na nagtatangkang sugpuin ang mga lagablab ng rebolusyon.

Noong Abril 7 ng taong kasalukuyan, kasabay ng kanyang panukala para sa “walang kondisyong mga talakayan” hinggil sa usapin ng Byetnam, inianunsyo ni Johnson ang pakana para sa “internasyunal na kaunlaran ng Timog-silangang Asya” para pahinain ang pakikibaka laban sa imperyalismong US na inilulunsad ng mamamayan ng Byetnam at iba pang mga bayang Timog-silangang Asyano at patindihin ang impiltrasyong pang-ekonomya, at naglahad siya ng pag-asa na makikisali ang Unyong Sobyet. Itinuturing ng United States ang pagtatatag ng Asian Development Bank bilang isang pamamaraan sa pagsasakatuparan sa pakanang ito. Bilang tugon sa panawagan ni Johnson, umabot ang bagong mga pinuno ng PKUS hanggang sa pagpapadala ng delegasyon sa Bangkok noong Oktubre para makipag-usap sa mga delegasyon mula sa United States, Japan, at papet na mga pangkating tulad ng pangkating Chiang Kai-shek, Timog Korea at “Malaysia”, at para aktibong lumahok sa paghahanda para sa pagtatatag ng “Bangko sa Kaunlarang Asyano”. Gayon ang kasigasigan ng bagong mga pinuno ng PKUS para sa nagkakaisang pagkilos sa imperyalismong US.

Ikaapat. Kinuha at pinalawak ng bagong mga pinuno ng PKUS ang mga negosyo ng empresa ni Kennedy, Nehru at Khrushchov na pinaghirapang itatag ni Khrushchov. Higit pa nilang isinulong ang kanilang laban sa Tsina na pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryong Indian na nasa kontrol ng mga imperyalistang US. Sa panahon ng pagdalaw ni Shastri sa Unyong Sobyet, nagbigay sila ng ayuda sa India sa halagang US\$900 milyon sa isang bigayan, na higit pa sa lahat ng mga pautang na ipinagkaloob ni Khrushchov sa India sa loob ng siyam na taon. Pinabilis nila ang kanilang mga plano para sa ayudang militar sa India at mahigpit na nakikipagtulungan sa United States para tulungan ang paglalawak sa armas ng India, para magagamit ng mga reaksyunaryong Indian ang mga sandatang gawa sa Sobyet laban sa Tsina at iba pang karatig na bayan.

Kamakailan, sa panahon ng armadong agresyon ng India laban sa Pakistan at kaugnay rin ng usapin sa hangganang Tsino-Indian, buong kapangitang inilantad ng bagong mga pinuno ng PKUS ang kanilang suporta para sa mananalakay at ang kanilang pakikipag-alyansa sa United States at sa India laban sa Tsina. Nagsama-sama ang Unyong Sobyet at United States sa isang korong anti-Tsina kapwa sa loob at labas ng United Nations. Noong Setyembre 1965, sa mga pahayag nito hinggil sa armadong labanan sa pagitan ng India at Pakistan, inatake ng Tass ang Tsina sa pamamagitan ng pasaring, at hayag pa ngang pumanig ang *Pravda* sa India laban sa Tsina sa usapin sa hangganang Tsino-Indian. Maaalala na sa pamamagitan mismo ng isang pahayag sa Tass hinggil sa usapin sa hangganang Tsino-Indian pinasimulan ni Khrushchov ang kanyang pampublikong mga atake sa Tsina noong Setyembre 1959. Pero ang kanyang mga atake’y hindi maitatapat kung ihahambing sa gayon ng kasalukuyang mga pinuno ng PKUS. Inalis na nila maging ang maliit na dahon na ginamit ni Khrushchov para magkunwang nyutral. Hindi kataka-taka na siyang-siyang pinapupurihan ng mga imperyalistang US ang isang “bagong kapanahunan” sa kooperasyong US-Sobyet.

Nagagawang linlangin ng bagong mga pinuno ng PKUS ang mamamayan dahil paminsan-minsa’y berbal nilang inaatake ang imperyalismong US. Bakit nila kailangang gawin ito? Ang sagot ay tumutugon ito sa pangangailangan ng mga imperyalistang US gayundin ng mga rebisyunista mismo. Kailangang magmistulang nilalabanan ng mga rebisyunistang maka-Khrushchov ang United States para makapagbigay ng mabisang tulong sa imperyalismong US, malinlang ang masa at masabotahe ang rebolusyon. Kung hindi, hindi nila magagampanan ang mapanlinlang na papel na ito, at hindi ito magiging bentahe sa imperyalismong US. Mga minor na atake sa salita pero mayor na tulong sa gawa — gayon ang paraan sa paglilingkod ng bagong mga pinuno ng PKUS sa imperyalismong US.

Maitatanong, bakit kaya hindi maaari ang nagkakaisang pagkilos ng mga Marxista-Leninista at rebolusyonaryong mamamayan kasama ng bagong mga pinuno ng PKUS, ngunit maaari ang pagkakaisa sa mga personahe mula sa mataas na saray sa mga bayang nasyunalista, at ang pagsusumikap para sa nagkakaisang pagkilos kasama nila sa pakikibakang anti-imperyalista, at maaari pa ngang samantalain ang mga kontradiksyon sa hanay ng imperyalistang mga bayan sa pakikibaka laban sa United States?

Ang dahila’y sa kontemporaryong daigdig, ang oposisyon o pakikipag-alyansa sa imperyalismong US ang palatandaan sa pagpapasya kung maaari o hindi na ibilang ang isang pampulitikang pwersa sa nagkakaisang prente laban sa United States.

Sa Asya, Aprika at Amerika Latina, liban sa mga alipures ng imperyalismo, sa iba't ibang antas, hinahangad ng mga personahe mula sa nakatataas na saray na labanan ang imperyalismo, kolonyalismo at neokolonyalismo na pinamumunuan ng United States. Dapat makipagtulungan tayo sa kanila sa anti-imperyalistang pakikibaka.

Sa imperyalistang mga bayan na may matalas na kontradiksyon sa United States, sumusunod ang ilang monopolyong kapitalista sa mga imperyalistang US, pero may ilan ring naghahangad sa iba't ibang antas na labanan ang United States. Sa pakikibaka laban sa United States, maaaring may nagkakaisang pagkilos ang mamamayan ng daigdig sa huli sa ilang mga usapin at hanggang sa isang antas.

Ang pinakabuod ng usapin ay, malayung-malayo sa pagbaka sa imperyalismong US, nakikipag-alyado at nakikipagtulungan dito ang bagong mga pinuno ng PKUS para dominahin ang daigdig. Sa gayo'y inilagay nila ang sarili kasalungat sa nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US. Kung tunay nga silang nakikibaka laban sa imperyalismong US at ginagawa ito sa aktwal na gawa, nakahanda kami sa nagkakaisang pagkilos kasama nila. Pero berbal lamang at hindi totoo ang kanilang tinatawag na oposisyon sa imperyalismong US. Sabihin natin sa kanila ang katotohanan: Hangga't hindi nagbabago ang kanilang linya ng kolaborasyong Sobyet-US laban sa pandaigdigang rebolusyon, at hangga't hindi nila tinatalikdan ang kanilang pakikipag-alyansa sa imperyalismo at reaksiyon, lubos kaming tumatanggi sa anumang "nagkakaisang pagkilos" kasama nila. Lubos kaming tumatanggi na maglingkod bilang piyon sa kanilang lihim na diplomasya sa imperyalismong US o tulungan silang pagtakpan ang kanilang pagtulong sa imperyalismong US sa pagsupil sa rebolusyon ng mamamayan sa iba't ibang mga bayan.

MAY NAGKAKAISANG PAGKILOS ANG BAGONG MGA PINUNO NG PKUS KASAMA ANG UNITED STATES SA USAPIN NG BYETNAM

Walang kapagurang sinasabi ng bagong mga pinuno ng PKUS, na gaanuman kalubha ang mga pagkakaiba sa pagitan nila, dapat may "nagkakaisang pagkilos" ang mga Komunista sa usapin ng Byetnam sa mahigpit na sandaling ito sa pakikibaka ng mamamayang Byetnames laban sa United States.

Dahil winasak na ng bagong mga pinuno ng PKUS ang batayan ng pandaigdigang proletaryong pagkakaisa, at dahil ipinagbabaligtad nila ang mga kaaway at mga kaibigan at nagpupursige sa linyang kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig, posible pa ba para sa mga Partidong Marxista-Leninista ang nagkakaisang pagkilos kasama nila sa usapin ng Byetnam?

Sa panahong nagsusulong ng bangaw na agresyon ang mga imperyalistang US laban sa Byetnam, nararapat lamang na ganap na nagkakaisang manindigan ang lahat ng Partido Komunista at sosyalistang mga bayan at matatag na suportahan ang makatarungang pakikibaka ng mamamayang Byetnames para durugin ang pananalakay na ito. Ang punto ay hindi maihihiwalay ang paninindigan ng rebisyunistang pamunuan ng PKUS sa usapin ng Byetnam sa kanilang rebisyunistang programa at linya, at salungat sa prinsipyang paninindigan na hinihingi sa isang partidong Marxista-Leninista.

Nang nasa kapangyarihan si Khrushchov, hayag na pumanig ang rebisyunistang pamumuno ng PKUS sa imperyalismong US, at sinalungat at pinahina ang rebolusyonyong pakikibaka ng mamamayang Byetnames laban sa agresyong US. Sinabi nila na “anumang maliit na ‘digmang lokal’ ay makapagsisindi ng malawakang sunog ng isang digmaang pandaigdig”.⁵²⁷ Sa pamamagitan ng paggamit sa balighong argumentong ito para takutin at sindakin ang lahat ng mamamayang lumalahok sa rebolusyonyong armadong pakikibaka, hayag silang tumatanggi na suportahan at tumulong sa mamamayang Byetnames sa kanilang anti-US na pakikibaka. Nang tumalas ang mga pakikibaka ng mga mamamayang Byetnames at Laotian, ang kanilang patakaran kaugnay ng usapin ng Indo-Tsina ay patakarang “pagkalas”. Noong Hulyo 1964, ipinahiwatig nila ang hangarin ng Gubyernong Sobyet na magbitiw mula sa posisyon nito bilang isa sa dalawang Tagapangulo ng Kumperensyang Geneva. Di nagtagal matapos nito, nang pinamatnugutan ng mga imperyalistang US ang insidente sa Gulpo ng Bac Bo, umabot pa si Khrushchov hanggang sa pag-imbento ng paninira na inupat ng Tsina ang insidente.

Umunlad nang tuwirang salungat sa mga hangarin ng mga rebisyunistang maka-Khrushchov ang kalagayan sa Byetnam. Nakamit ng mamamayang Byetnames ang sunud-sunod na tagumpay sa kanilang rebolusyonyong pakikibakang anti-US, habang lalong nagigipit ang mga mananalakay na US. Napagtanto ng bagong mga pinuno ng PKUS na hindi na nababagay na kopyahin ang patakarang “pagkalas” ni Khrushchov sa kabuuan nito. Sa gayon, bumaling sila sa patakarang pagsasangkot, o kaya’y pagpapasok ng kanilang kamay.

Ang patakarang pagsasangkot at ang patakarang pagkalas sa esensya’y magkatulad. Kapwa’y mga produkto ng rebisyunismong Khrushchov at kapwa’y nakadiseno sa pagtugon sa mga pangangailangan ng imperyalismong US.

Mahigpit na kinakailangan ng mga imperyalistang US na sugpuin ang lumalagablab na mga apoy ng rebolusyon ng mamamayang Byetnames. At gayundin ng mga rebisyunistang maka-Khrushchov dahil hangad nilang ipatupad ang kanilang linyang kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig. Nang ipinapatupad ni Khrushchov ang patakarang “pagkalas”, mahigpit siyang nakikipagkoordinado kay John F. Kennedy. At ngayong ipinapatupad ng bagong mga pinuno ng PKUS ang patakarang pagsasangkot, katulad rin silang kumikilos nang may tahimik na pagsang-ayon at mahigpit na kolaborasyon kay Lyndon B. Johnson.

Suriin mula sa sumusunod na mga datos:

Noong Enero 1965, hiniling ng mga imperyalistang US sa Gubyernong Sobyet na gamitin ang impluwensya nito para ipatanggap sa Gubyerno ng Demokratikong Republika ng Byetnam ang dalawang kondisyon: (1) itigil ang pagsuporta sa Timog Byetnam, at una sa lahat, itigil ang pagsusuplay dito ng mga baril; at (2) itigil ang mga atake sa mga lunsod ng Timog Byetnam. Bilang tapat na pagsunod sa mga atas ng mga imperyalistang US, upisyal na ipinaabot ng bagong mga pinuno ng PKUS ang hibang na mga hinihinging ito sa Demokratikong Republika ng Byetnam, na naglalayong pwersahin ang mamamayang Byetnames sa walang kondisyong pagsuko.

⁵²⁷ N. S. Khrushchov, Talumpati sa isang Kumperensyang Pampahayagan sa Vienna, ika-8 ng Hulyo, 1960.

Naging abala ang bagong mga pinuno ng PKUS sa pagsasagawa ng mga ipinapaatupag ng mga mananalakay na US, na hanap nang hanap ng paraan para malusutan ang kagipitan sa Byetnam. Nang magdaan sa Beijing patungo sa Byetnam noong Pebrero 1965 si Kosygin, ang Tagapangulo ng Konseho ng mga Ministro ng USSR, at nakipagpalitan ng mga pananaw sa mga pinunong Tsino, idiniin niya ang pangangailangang tumulong sa United States na “makahanap ng paraang makakalas sa Byetnam”. Mariin itong sinalansang ng mga pinunong Tsino. Inilahad namin ang pag-asa na susuportahan ng bagong mga pinuno ng PKUS ang pakikibaka ng mamamayang Byetnames at hindi makikipagkasundo sa United States sa usapin ng Byetnam. Inilahad ni Kosygin ang pagsang-ayon sa aming mga pananaw at sinabi na “hindi sila makikipagtawaran sa iba sa usaping ito.” Gayunman, di nagtagal, tinalikdan ng bagong mga pinuno ng PKUS ang kanilang pangako.

Nais ni Johnson na isulong ang kanyang mapanlokong larong “walang kondisyong mga talakayan”. Ihinarap naman ng bagong mga pinuno ng PKUS ang ideyang “walang kondisyong mga negosasyon”. Noong Pebrero 16 sa kasalukuyang taon, sa susunod na araw matapos ang pagbabalik ni Kosygin sa Moscow, upisyal na ihinarap ng Gubyernong Sobyet sa Byetnam at Tsina ang isang panukala sa pagdaraos ng bagong kumperensyang internasyunal nang walang naunang mga kondisyon, na sa katunaya’y pagtataguyod sa “walang kondisyong mga negosasyon” hinggil sa usapin ng Byetnam. Noong Pebrero 23, nang walang pagsasaalang-alang sa paninindigan ng Gubyernong Byetnames laban sa panukalang ito, at nang hindi naghintay para sa tugon mula sa Tsina, tinalakay ng bagong mga pinuno ng PKUS ang usapin ng pagtatawag sa nabanggit na internasyunal na kumperensya sa Presidente ng Pransya sa pamamagitan ng Sobyet na Embahador sa Pransya.

Sinalubong ang panlilinlang ni Johnson sa “walang kondisyong mga talakayan” ng matatag na pagtanggap mula sa Gubyerno ng Demokratikong Republika ng Byetnam. Kapagdaka’y nagsimula ang bagong mga pinuno ng PKUS na igiit na ang mga negosasyon ay maidaraos lamang kung ititigil ng United States ang pambobomba nito sa Hilagang Byetnam. Nagsagawa sila ng masigasig na mga aktibidad sa pandaigdigang larangan para ipatupad ang proyektong ito. Sa mga komunikasyon nito sa ilang mga Partidong praternal, tuwiran nilang sinabi na pabor sila sa mga negosasyon sa United States sa kondisyong ititigil nito ang pambobomba sa Hilagang Byetnam. Sinabi rin nila na dapat maghanap ng iba’t ibang mga pamamaraan para lutasin ang usaping Byetnam sa pamamagitan ng mga negosasyon. At ganoon nga, di naglao’y ihinayag ni Johnson ang maniobra ng “pansamantalang suspensyon ng pambobomba”.

Matapos mabigo ang mga pakanang ito ng “walang kondisyong mga negosasyon” at “pagtigil sa pambobomba at pagdaraos ng mga negosasyon”, nagsimula ang bagong mga pinuno ng PKUS na makipagkolaborasyon sa mga reaksyunaryong Indian at sa pangkating Tito — na kapwa mga papet ng imperyalismong US — bilang mga tagapamagitan sa usaping Byetnam. Sa kanilang preskripsyon para sa usaping ito, binabanggit lamang ang pagtigil sa pambobomba ng US sa Hilagang Byetnam, abstraktong pinag-uusapan ang pagpapatupad sa mga kasunduang Geneva, pero hindi binabanggit na ang pinakakrusyal na punto sa pagpapatupad sa mga kasunduang ito ay ang ganap na pag-alis ng mga tropang mapanalakay ng US mula sa Byetnam. Dagdag pa, nagsasagawa ang bagong mga pinuno ng PKUS ng lihim na diplomatikong mga aktibidad. Sa buod, layon nilang tulungan ang United States na maisagawa ang “mga usapang pangkapayapaan” sa pamamagitan ng panlilinlang, “mga usapang pangkapayapaan” na magtutuluy-tuloy nang walang taning at pahihintulutan rin ang United States na manatili nang walang taning sa Timog Byetnam.

Para maglangis sa imperyalismong US, humantong ang bagong mga pinuno ng PKUS sa malupit na pagsupil sa mga demonstrasyon sa Unyong Sobyet na lumalaban sa imperyalismong US at sumusuporta sa Byetnam na inilunsad ng mga estudyante mula sa Byetnam, Tsina, at ibang mga bayang Asyano, Aprikano, at Amerika Latino.

Partikular na kapansin-pansin ang pangyayari noong nakaraang Abril, pinayagan ng bagong mga pinuno ng PKUS na lumitaw mula sa pagkawala para makipag-usap sa mga dyurnalistang Kanluranin. Sa panayam na iyon, itinaguyod niya ang “mapayapang pakikipamuhay” at inatake ang pakikibaka ng mamamayang Byetnames laban sa agresyong US, at sinasabi na “nag-uumpisa ang gulo mula sa maliliit na bagay tulad ng Byetnam at dumudulo sa malaking sakuna.”⁵²⁸ Hindi ito aksidental. Ipinakikita nito na, tulad ni Khrushchov, nangangamba ang bagong mga pinuno ng PKUS na sisirain ng tinatawag na “maliit na gulo”, iyong usaping Byetnam, ang kanilang ginigiliw na mga pangarap sa kolaborasyong Sobyet-US.

Ginagawa ng bagong mga pinuno ng PKUS ang mismong ginawa ni Khrushchov na nauna sa kanila, walang iba kundi ang paglulugar ng usaping Byetnam sa ikid ng kolaborasyong Sobyet-US. Dahil napakahigpit nilang nakikipagkooperasyon sa mga imperyalistang US sa nagkakaisang pagkilos, tiyak na hindi posible para sa mga Marxista-Leninista na sumali at magsagawa ng “nagkakaisang pagkilos” kasama nila.

Sa kaibuturan, naghuhumiyaw ang bagong mga pinuno ng PKUS para sa “nagkakaisang pagkilos” hinggil sa usaping Byetnam, pero ang islogang ito ay napakamapanlinlang at malamang na makalikha ng ilusyon na posible pang magkaroon ng “pagkakaisa laban sa imperyalismong US” kasama ang bagong mga pinuno ng PKUS na desidido sa kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig. Ginagawa nila ito para makapuslit sa prenteng anti-US at ipatupad ang kanilang patakarang pagsasangkot na naglilingkod sa imperyalismong US.

Pagmasdan ang salamangka ng “ayuda” sa Byetnam na ginagawa ng bagong mga pinuno ng PKUS at higit na maliwanag mong mauunawaan ang tunay na kalikasan ng kanilang patakarang pagsasangkot.

Tuluy-tuloy naming pinanindigan na kinakailangang tungkuling proletaryong-internasyunalista ng lahat ng bayan sa sosyalistang kampo na tulongan ang pratural na mamamayang Byetnames. Taglay ng mga mamamayang Byetnames, na nakatindig sa unahan ng pakikibaka laban sa imperyalismong US, ang lahat ng karapatan at katwiran na hingin at tanggapin ang tulong mula sa bawat sosyalistang bayan. Tinutulungan ng Tsina ang mamamayang Byetnames sa abot ng kanyang makakaya. Sinabi namin sa maraming pagkakataon na kung tunay ngang nais ng Unyong Sobyet na tumulong sa mamamayang Byetnames sa kanilang pakikibaka laban sa agresyong US, mas mainam ang mas malaki at mas praktikal na tulong. Pero ano ang ginawa ng bagong mga pinuno ng PKUS? Sa kantidad man o kalidad, malayong di naaayon sa lakas ng Unyong Sobyet ang kanilang tulong sa Byetnam. May maitim silang mga motibo sa pagbibigay ng isang kantidad ng tulong — nais nilang linlangin ang mamamayan sa loob at labas ng bayan, panatilihing nasa ilalim ng kanilang kontrol ang kalagayan sa Byetnam, makatamo ng tinig sa usaping Byetnam, at batay dito’y magbuo ng kasunduan sa imperyalismong US.

⁵²⁸ “Nagsasalita si Ginoong K.”, *Daily Express*, ika-6 ng Abril, 1965.

Nagugustuhan ng mga imperyalistang US ang salamangka ng bagong mga pinuno ng PKUS. Alam na alam nila na nasa kanilang bentahe ang pagsasangkot ng bagong mga pinuno ng PKUS sa usaping Byetnam. Malayo sa pagtutol sa “ayuda” sa Byetnam mula sa bagong mga pinuno ng PKUS, malugod nila itong tinatanggap. Inilinaw ng mga awtoridad ng US na mas gugustuhin nila ang pagsasangkot ng Sobyet sa usaping Byetnam kaysa sa di pagsasangkot ng Sobyet. Ipinakita sa isang magasin sa US na “kalaunan, maaaring makarating sa isang kaayusan kasasangkutan ng pag-iistasyon ng mga tropang Sobyet sa Hilagang Byetnam ... habang nananatili ang mga tropang Amerikano sa Timog Byetnam” at “isa sa mabalintunang mga bentahe ng higit na tuwirang pagsasangkot militar ng Sobyet ay ang pagtatatag ng tuwirang pagkikipag-ugnayang Amerikano-Sobyet sa lugar na ito”.⁵²⁹ Sa katunayan, ibinunyag sa mga Amerikano ng bagong mga pinuno ng PKUS ang mga detalye ng kanilang tinaguriang “ayuda” sa Byetnam sa iba’t ibang mga daluyan. Sa bagay na ito, may nagkakaisang pagkilos rin sila sa mga imperyalistang US.

Gayundin, ginagamit ng bagong mga pinuno ng PKUS ang kanilang “ayuda” sa Byetnam bilang pagmamamamangid sa walang pakundangang pang-aapula sa Tsina, at masigasig na ipinapalaganap ang kasinungalingan na “hinadlangan ng Tsina ang pagdaan ng Sobyet na kasangkapang militar para sa Byetnam”. Ang totoo’y lagi naming tinutupad ang mga pinagkasunduan at ginawa ang lahat para mabilis na dalhin sa Byetnam ang lahat ng kagamitang militar na nasa biyahe na ibinigay ng Unyong Sobyet nang may pagsang-ayon ang mga kasamang Byetnames. Sa pamamagitan ng mga kabulaanan at pang-aapulang ito, higit pang pinatunayan ng bagong mga pinuno ng PKUS na hindi sila titigil sa anuman para ialyado ang sarili sa United States laban sa Tsina.

Dapat tagusin ng mga Marxista-Leninista ang panlabas na anyo ng bagay-bagay para maunawaan ang kanilang esensya. Matapos maingat suriin ang mga pagkilos ng bagong mga pinuno ng PKUS sa usaping Byetnam sa nakaraang taon, mararating lamang natin ang sumusunod na kongklusyon: Sa napakainit na pananawagan para sa “nagkakaisang pagkilos” sa usaping Byetnam at sa pagtatangka sa lahat ng paraan na maidaos ang mataas na antas na kumperensya ng Unyong Sobyet, Byetnam at Tsina at isang internasyunal na pulong ng mga bayang sosyalista at mga Partidong praternal, walang ibang layuning nasa isip ng bagong mga pinuno ng PKUS liban sa panlilinlang sa daigdig, isingkaw ang mga bayang praternal sa karuwahe ng kolaborasyong Sobyet-US para sa dominasyon sa daigdig, gamitin ang usaping Byetnam bilang mahalagang pangontra sa kanilang pakikipagtawaran sa United States, at ihiwalay at atakihin ang Partido Komunistang Tsina at lahat ng iba pang mga Partidong praternal na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo.

Wala nang ililinaw pa ang mga bagay-bagay. Kung gagawa tayo ng nagkakaisang pagkilos sa usaping Byetnam kasama ang bagong mga pinuno ng PKUS na nagtataguyod sa rebisyunistang linyang Khrushchov, hindi ba’t tutulungan natin silang linlangin ang mamamayan ng daigdig? Hindi ba’t tutulungan natin silang dalhin ang usaping Byetnam sa ikid ng kolaborasyong Sobyet-US? Hindi ba’t sasali tayo sa kanila sa pagtataksil sa rebolusyonaryong adhikain ng mamamayan Byetnames? Hindi ba’t sasali tayo sa kanila sa pag-atake sa Partido Komunistang Tsino at lahat ng iba pang mga Partidong Marxista-Leninista? Hindi ba’t sasali tayo sa kanila sa pagsisilbi bilang mga kasabwat ng imperyalismong US? Mangyari pa, hindang-hindi natin gagawin ng gayon.

⁵²⁹ Zbigniew Brzezinski, “Kapayapaan, Moralidad at ang Byetnam”, *The New Leader* (Ang Bagong Pinuno), ika-12 ng Abril, 1965.

ANG TINAGURIANG “NAGKAKAISANG PAGKILOS” AY ISANG PAMAMARAAN SA PAGTATAGUYOD NG ISPLITISMO

Ang paghuhumiyaw ng bagong mga pinuno ng PKUS para sa “nagkakaisang pagkilos” ay isang pagtatangka na ikubli at ipagpatuloy ang kanilang sobinismong malaking-kapangyarihan at isplitismo sa likod ng mapagkunwaring mga salita. Sinasabi nilang sila’y “nakagawa ng ilang mayor na hakbang” para itaguyod ang pagkakaisa at pahasayin ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga Partidong praternal at ang ugnayang Sobyet-Tsino. Tunghayan natin ang mga hakbang na aktwal nilang ginawa.

Sa ilalim ng islogang “nagkakaisang pagkilos”, ipinatawag ng bagong mga pinuno ng PKUS ang pulong noong Marso sa Moscow na magpakailanma’y mananatiling napakasama. Sa katunaya’y hinati na ng rebisyunismo at isplitismong Khrushchov ang pandaigdigang kilusang komunista, at isang labis na malubhang hakbang para magdulot ng hayag na isplit ang pulong noong Marso, na ipinatawag ng bagong mga pinuno ng PKUS, anuman ang ibunga nito. Matapos ang pulong na ito, gumawa pa sila ng ilang iba pang mga hakbang sa pagpapatuloy ng mapanghating linyang ito.

Naglunsad ang bagong mga pinuno ng PKUS ng isang masidhing kampanya laban sa Partido Komunista ng Tsina sa buong Partido nila at sa hanay ng lahat ng mamamayang Sobyet. Nag-organisa ng mga pulong sa mga upisina, mga paaralan, mga pabrika at mga baryo para iparinig ang mga talumpating anti-Tsino, at walang habas na inaatake at inaapula ang Tsina. Ilan sa mga talumpating ito’y isinagawa habang naroroon ang mga kasamang Tsino. Abala sila sa pagpapadala ng mga sugo sa maraming bayan para sa tanging layunin ng pagsasagawa ng aktibidad na anti-Tsino at pagpapalaganap ng lahat ng tipo ng paninirang anti-Tsino. Sa internasyunal na mga organisasyon at internasyunal na mga aktibidad, walang anumang nakatitigil sa pagsusulong nila ng kanilang mga pakanang anti-Tsino.

Ipinagpapatuloy ng bagong mga pinuno ng PKUS ang patakarang anti-Albanya ni Khrushchov. Bagamat naharap sila sa malulubhang pagkabigo sa Japan sa kanilang kriminal na mga pagsisikap na suportahan si Yoshio Shiga at iba pang mga taksil sa Partido Komunistang Hapon kasabwat ng mga imperyalistang US at mga reaksyunaryong Hapon, nananatili silang hindi pa nagkakasundo, at nagpapatuloy sa kanilang kontra-rebolusyonaryong pananabotahe at subersyon laban sa Partido Komunistang Hapon. Ipinagpapatuloy rin nila ang kanilang mga atake sa Partido Komunistang Indonesian, Partido Komunista ng New Zealand at iba pang mga Partidong praternal na nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo, at nagsasagawa ng iba’t ibang tipo ng pananabotahe at subersyon laban sa kanila.

Habang ipinagpapatuloy ang gawi na pagpapailalim ng ibang mga Partido Komunista at mga bayang sosyalista sa presyur, pananabotahe at subersyon, gumagamit rin ang bagong mga pinuno ng PKUS ng higit na tusong mga panlalalang na panghihimok sa kanila, panunuhol sa kanila, panlilinlang sa kanila at paghahasik ng di pagkakaunawaan sa kanilang hanay. Ginawa nilang pangunahing target ng kanilang konsentradong mga atake ang Partido Komunistang Tsino na matatag na lumalaban sa rebisyunismong Khrushchov, at tinatangang ihiwalay ito.

Sa internasyunal na mga organisasyong masa, sa ilalim ng islogang “nagkakaisang pagkilos”, patuloy na iginigiit ng bagong mga pinuno ng PKUS ang kanilang kapitulasyunistang linyang di pagsalungat sa United States at di pagsuporta sa rebolusyon, at ang kanilang gawaing pang-iisplit sa pagkakaisang anti-imperyalista. Inuulit nila ang kamuhimuhing karaniwang mga salamangka sa mga pulong ng mga organisasyong internasyunal na ito, umaasa sa patalikod na manipulasyon, gayundin sa hayag na panggugulo, at gumagamit pa nga ng katawa-tawang mga taktika tulad ng pamumukpok sa mga mesa at pagpadyak ng kanilang mga paa.

Sa ngalan ng “nagkakaisang pagkilos”, bigong nagtatangka ang rebisyunistang pamunuan ng PKUS na bawiin ang posisyon nito bilang “amang partido”, nang sa gayo’y maipagpatuloy nitong maikumpas ang baton at pwersahin ang ibang mga Partido Komunista at mga bayang sosyalista na gawin ang bagay na ito ngayon at ang bagay na iyon bukas. Gayunman, sa katunayan, ang dati nitong kapangyarihan at prestihiyo ay ganap nang naglaho. Sa kasalukuyan, nabibigkis ang bagong mga pinuno ng PKUS at kanilang mga tagasunod ng makasariling interes, at bawat isa’y sinisikap matamo ang sariling mga layunin. Pabawas nang pabawas ang bisa ng baton ng bagong mga pinuno.

Ipinakita ng mga datos na kung tatanggapin ng mga Komunista ng isang partikular na bayan ang pinaghalu-halong rebisyunismo, sobinismong malaking-kapangyarihan at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS, mapipinsala at papahinain ang rebolusyonaryong adhikain ng bayan, pasasamain ang Partido Komunista nito, dadausdos at mabubulok, at mahaharap kapwa ang bayan at Partido sa mga kagipitan at nasa awa ng iba. Sa kabilang banda, nailalagay ng mga matatag na nagtatanggol at lumalaban sa gusot na ito ang sarili sa ibang-iba at higit na mainam na katayuan. Kasintotoo ito ngayon tulad ng dati.

Isa sa mga layunin ng bagong mga pinuno ng PKUS sa pagtataguyod sa “nagkakaisang pagkilos” ay maihinto ang hayag na pagtatalo. Nais nilang busalan ang mga Marxista-Leninista at pigilin ang mga ito sa paglalantad at pagpuna sa kanila, nang sa gayo’y malaya nilang maipapatupad ang rebisyunismong Khrushchov.

Paano magiging posible ang gayong bagay? Ngayo’y buhay at malinaw na ibinunyag ng kasalukuyang dakilang debate kung ano ang dekadente at papalipas na, at kung ano ang kumakatawan sa direksyon ng pag-unlad sa hinaharap at sa tagumpay sa pandaigdigang kilusang komunista. Napatunayang mali ang rebisyunismong Khrushchov hanggang sa kahuli-hulihang punto, at ginawang mabuting abono ang mapanalasang damong ito sa mga larangan ng pandaigdigang rebolusyon. Higit na lumilinaw ang katotohanan sa pamamagitan ng debate; ang higit na pagtatalo ay nagdudulot ng higit na mataas na antas ng rebolusyonaryong kamulatan at mas mataas na antas ng rebolusyonaryong kasiglahan. Tiyak na dadalhin namin ang debate hanggang sa wakas at guguhit ng malinaw na linya sa pagitan ng kung ano ang tama at ano ang mali sa mga mayor na suliranin. Kung hindi ito gagawin, magiging labis na mapaminsala sa rebolusyonaryong adhikain ng mamamayan ng daigdig at sa adhikain ng pakikibaka laban sa imperyalismo at pagtatanggol sa pandaigdigang kapayapaan.

Isa pang layunin ng bagong mga pinuno ng PKUS sa pagtataguyod sa “nagkakaisang pagkilos” ay para ihinto ang tinatawag nilang “paksyunal na mga aktibidad ng Marxista-Leninistang mga Partido. Nais nilang sakalin ang mga pwersang Marxista-Leninista na nakikibaka para muling itatag ang rebolusyonaryong proletaryong mga partido o kaya’y magtatag ng mga bago, at pigilin ang Partido Komunista ng Tsina at iba pang mga Partidong Marxista-Leninista sa pagsuporta sa bagong silang na mga rebolusyonaryong pwersang ito.

Sa maraming bayan, humiwalay na ang mga Marxista-Leninista sa mga pangkating rebisyunista at muling binuo ang mga Partido at organisasyong Marxista-Leninista o kaya’y nagtatag ng bago. Ito ang di maiiwasang bunga ng praktika ng rebisyunismo, sobinismong malaking-kapangyarihan at isplitismo ng mga pinuno ng PKUS; ito ang di maiiwasang bunga ng tunggalian sa pagitan ng mga Marxista-Leninista at mga rebisyunista sa mga bayang iyon at ng muling paggugrupo ng rebolusyonaryong mga pwersa sa ilalim ng mga kondisyon ng lumalalim na tunggalian ng mga uri kapwa sa daigdig at sa loob ng bayan.

Bilang pagyukod sa baton ng rebisyunismong Khrushchov, pinagbawalan ng namumunong mga grupo sa mga Partido Komunista ng mga bayang iyon ang kanilang mga kasapi na gawin ang pinakakinatatakutan ng mga imperyalista at mga reaksyunaryo, at pinahintulutan lamang silang gawin ang katanggap-tanggap sa mga imperyalista at mga reaksyunaryo, o kaya’y pinababayaan na lamang. Sa gayong kaso, walang ibang mapagpipilian ang mga matatatag na Marxista-Leninista sa mga Partidong iyon kundi ang humiwalay sa rebisyunistang namumunong mga pangkatin, at di maiiwasan ang pagtatatag at pagpapalago ng tunay na rebolusyonaryong mga Partido at mga organisasyong Marxista-Leninista.

Nasa panig ng rebolusyon, ng pakikibaka laban sa imperyalismo at ng pagbaka sa rebisyunismo ang lahat ng katwiran. Walang kaduda-dudang lubos na makatwirang isantabi ang nabubulok na lumang rebisyunistang mga pangkat at magtatag ng bagong rebolusyonaryong mga partido.

Matatag naming sinusuportahan lahat ng pwersa sa daigdig na nagpupunyagi sa Marxismo-Leninismo at rebolusyon. Dakilang tungkuling proletaryo-internasyunalista natin na patatagin ang ating nagkakaisang pagkilos kasama ang lahat ng pwersang Marxista-Leninista sa daigdig.

ANG TINAGURIANG “NAGKAKAISANG PAGKILOS” AY ISANG ISLOGAN PARA LINLANGIN ANG MAMAMAYANG SOBYET

Sinasabi ng bagong mga pinuno ng PKUS na may “sistemang sosyo-ekonomiko na magkakatulad na tipo” ang mga bayang sosyalista at may “layuning komun sa pagbubuo ng sosyalismo at komunismo”. Isa pa itong dahilan na kanilang tinutukoy sa kanilang paghuhumiyaw para sa “nagkakaisang pagkilos”.

Ito’y pagsasaboy ng alikabok sa mga mata ng tao. Bilang pagsunod sa mga yapak ni Khrushchov, idinudulot ng bagong mga pinuno ng PKUS ang higit pang pagkakabulok ng Unyong Sobyet tungo sa kapitalismo sa ngalan ng pagtatamo ng “komunismo”. Tulad ni Khrushchov, ginagamit nila ang islogan ng “partido ng lahat ng mamamayan” para baguhin ang proletaryong katangian ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet at gawin itong isang partido na nagsisilbi sa mga interes ng pribilehiyadong saray na burges.

Sa kanilang pagtatasa kay Stalin, nagkukunwari ang bagong mga pinuno ng PKUS na maiba nang kaunti kay Khrushchov. Pero isa lamang itong tangka na pahinahunin ang pagkamuhi ng malawak na masa ng mamamayan at mga kasapiang ng Partido sa Unyong Sobyet. Malayo sa pagpuna sa pagkakamali ni Khrushchov na lubos na pagtatakwil kay Stalin, sinundan nila siya sa paglalarawan sa panahon ng pamumuno ni Stalin bilang “panahon ng kulto sa personalidad”. Tinangkilik nila ang publikasyon ng napakaraming mga artikulo at mga akdang literaryo at iba pa na patuloy na nang-aapula sa lahat ng aspeto ng dakilang Marxista-Leninistang si Stalin, ng diktadura ng proletaryado at ng sistemang sosyalista.

Sa pagsamantala sa hawak nila sa kapangyarihang pang-estado, isinentro ng bagong mga pinuno ng PKUS ang kanilang mga pagsisikap sa pagpapahina sa baseng pang-ekonomya ng sosyalismo, sa sosyalistang pag-aari ng buong sambayanan at sosyalistang kolektibong pag-aari, at sa pagtatatag at pagpapaunlad sa bagong sistema ng pagsasamantala at paglilining at pagsusuporta sa bagong burgesya, at sa gayo’y pinabibilis ang pagpapanumbalik sa kapitalismo.

Palatandaan ang ulat sa mga suliranin sa industriya ni Kosygin, ang Tagapangulo ng Konseho ng mga Ministro ng USSR, sa katatapos na plenaryong sesyon ng Komite Sentral ng PKUS, at ang resolusyong ipinagtibay nito, ng isang malaking hakbang sa landas ng pagpapanumbalik sa kapitalismo sa ekonomyang Sobyet.

Sa pamamagitan ng resolusyon ng Partido at mga dekreto ng gubyrerno, pinagtibay ng bagong mga pinuno ng PKUS ang mga eksperimentong pinasimulan sa panahon ni Khrushchov, at bunga nito’y umatras ang sosyalistang mga empresang pag-aari ng buong sambayanan bilang mga empresang may kapitalistang kalikasan, at ipinalaganap ang mga eksperimentong ito sa lahat ng dako ng bayan. Ang susing katangian ng “bagong sistema” ng pamamahalang industriyal na ipinatupad nila ay ang pagpataw ng kapitalistang prinsipyo sa tubo, at gawing batayang motibong pwersa ng produksyon sa mga empresa sa pamamagitan ng “pagpapatampok sa mga insentibang pang-ekonomya”. Sa ngalan ng pagpapalawak sa karapatan sa pamamahala-sa-sarili ng mga empresa, ibinasura nila ang mga serye ng mahahalagang kota na dati nang itinakda ng estado para sa mga empresa alinsunod sa plano, at ihinalili ang kapitalistang malayang kompetisyon para sa sosyalistang planadong ekonomya. Ginawaran nila ng kapangyarihang mag-empleyo at magpatalsik ng mga manggagawa sa mga manedyer, itakda ang antas ng mga sahod at mga bonus at malayang magdisposisyon sa malalaking pondo, at sa gayo’y ginagawa silang mga panginoon ng mga empresa na may kakayahang brasuhin at labanan ang mga manggagawa at kamkamin ang mga bunga ng kanilang paggawa kailanman nila naisin. Sa katunayan, nangangahulugan ito ng pagpapanumbalik sa kapitalismo, ng paghalili sa sosyalistang pag-aari ng buong sambayanan ng pag-aari ng pribilehiyadong saray na burges, at pagtransporma sa mga empresyang sosyalista sa Unyong Sobyet nang pahakbang-hakbang tungo sa kapitalistang mga empresya na may ispesyal na tipo. Hinding-hindi ito isang “bagong likha”; kinopya at pinaunlad ito mula sa lumang “karanasan” ng pangkating Tito sa pagpapanumbalik sa kapitalismo sa Yugoslavia.

Elementaryong Marxismo-Leninismo na ang sistema ng pamamahala ay nasasaklaw ng larangan ng mga relasyon sa produksyon at isang ekspresyon ng sistema ng pag-aari. Sa ilalim ng pagkukunwang pagrereporma sa sistema ng pamamahala, pinahina ng bagong mga pinuno ng PKUS ang pinakapundasyon ng sistema ng pag-aari ng buong sambayanan. Ito mismo ang ginawa ng pangkating Tito ng Yugoslavia. Dahil sa may-salang budhi, naghuhumiyaw ang bagong mga pinuno ng PKUS na ang mga nangungusap tungkol sa “transpormasyong burges” ng ekonomyang Sobyet ay mga “ideolohistang burges” at “mga kaaway namin”.⁵³⁰ Ganito rin ang sinabi ng pangkating Tito. Ang gayong mga pahayag ay tulad ng karatulang, “Walang pilak na nakabaon rito”, na inilagay ng tao sa alamat tungkol sa lugar na pinagtaguan niya ng kanyang pera.

Sa kanayunan, pinabibilis rin ng bagong mga pinuno ng PKUS ang paglago ng kapitalismo, pinauunlad ang pribadong ekonomya, pinalalaki ang pribadong mga sakahan, pinararami ang bilang ng pribadong inaalagaang mga baka, pinapalawak ang malayang pamilihan at hinihikayat ang malayang kalakalan. Gumagamit sila ng samu’t saring mga hakbanging pang-ekonomya at administratibo para hikayatin at linangin ang paglago ng isang bagong ekonomyang kulak (mayamang magsasaka), sinasabotahe at nilulusaw ang lahat ng aspeto ng sosyalistang kolektibong ekonomya.

Nagdulot si Khrushchov ng nakababagabag na pinsala sa agrikulturang Sobyet. Matapos maluklok sa pwesto, ipinagyabang ng bagong mga pinuno ng PKUS na nakapagbalangkas sila ng “isang siyentipikong programa para sa kagyat at matalas na paglaki ng produksyon sa agrikultura”.⁵³¹ Pero matapos ang isang taon, nananatili pang magulo ang agrikulturang Sobyet, at nakalilikha ng di mabatang mga kahirapan sa mga buhay ng mamamayang Sobyet. Ngayo’y ibinubunton ng bagong mga pinuno ng PKUS ang lahat ng sisi sa bumagsak na si Khrushchov. Sa katunayan, ang malulubhang kaguluhang ito ay bunga mismo ng sarili nilang pinatinding paglalapat ng rebisyunismong Khrushchov.

Ipinapakita ng mga pangyayari na ang paghalili kay Khrushchov ng bagong mga pinunong ito ay naging simpleng pagbabago lamang ng mga personalidad sa rebisyunistang dinastiya — tulad ng pangangailangan ng lahat ng reaksyunaryong naghaharing uri na magpalit ng kabayo para panatilihin ang kanilang paghahari. Bagamat bumagsak na mismo si Khrushchov, ang namumunong pangkat sa PKUS ay iyong pa ring lumang barkadang Khrushchov; sa organisasyon, nananatili itong di nababago sa saligan, at maging sa ideolohiya, sa pulitika, at sa teorya, o sa larangan man ng patakaran, ang mga gayon nila’y siya pa ring lumang rebisyunistang sangkap na Khrushchov.

Gaya ng ipinakita ni Lenin, “ang oportunismo ay hindi nataon lamang na pangyayari, o kasalanan, o dulas, o pagtataksil sa bahagi ng mga indibidwal, kundi panlipunang produkto ng isang buong yugto ng kasaysayan”.⁵³² Di maiiwasang iiral ang rebisyunismong Khrushchov hangga’t ang batayang panlipunan at mga ugat sa uri na nagluwal dito ay nananatili at hanggat umiiral ang pribilehiyadong saray na burges.

⁵³⁰ A. N. Kosygin, “Hinggil sa Pagpapaunlad sa Pamamahalang Industriyal, Pageperpekto sa Pagpaplano, at Pagpapahusay sa mga Insentibong Pang-ekonomya sa Produksyong Industriyal”, *Moscow News*, Suplemento, ika-2 ng Oktubre, 1965.

⁵³¹ “Sa Paraan ni Lenin, nang may Siyentipikong Katumpakan”, editorial sa *Sovietskaya Rusya*, ika-28 ng Marso, 1965.

⁵³² V. I. Lenin, “Ang Kolaps ng Ikalawang Internasyunal”, *Tinipong mga Akda*, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XXI, p. 247.

Dahil mga kinatawag pampulitika sila ng pribilehiyadong saray na burges sa Unyong Sobyet, tulad ni Khrushchov sa nakaraan, itinataguyod ng bagong mga pinuno ng PKUS ang mga patakarang panloob at panlabas na hindi proletaryo kundi burges, hindi sosyalista kundi kapitalista. Tulad ni Khrushchov, nasa posisyon sila ng antagonismo laban sa mamamayang Sobyet, na bumubuo sa higit 90 porsiyento ng populasyong Sobyet, at nahaharap sila sa ibayong papalakas na disguston at oposisyon sa panig ng mamamayang Sobyet.

Kung maingay mang iginigiit ng bagong mga pinuno ng PKUS na may isang “sistemang sosyo-ekonomiko na magkakatulad na tipo” ang mga bayang sosyalista, ginagawa nila ito sa layuning pagtakpan ang kanilang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet, pigilan tayo na alisan sila ng maskara, at hamokin ang mamamayang Sobyet laban sa Tsina.

Sa aming pagkukuro, kapag lumilitaw na ang rebisyunistang pangkatin at nangyayari ang pagpapanag-uling kapitalista sa isang sosyalistang bayan, tungkulin ng lahat ng Marxista-Leninista sa daigdig na ilantad at labanan ang mga bagay na ito; ito ang tanging wasto at prinsipiyadong paninindigan. Ang tanging paraan para paglingkuran ang pundamental na mga interes ng dakilang mamamayang Sobyet at bigyan sila ng tunay na suporta ay puspusang ilantad ang katotohanang ipinapanumbalik ng rebisyunistang pamunuan ng PKUS ang kapitalismo sa USSR.

Kung titigil nga tayo sa paglalantad at pagbabaka sa panloob at panlabas na rebisyunistang mga patakarang ng bagong mga pinuno ng PKUS, kung tatalikdan natin ang ating prinsipiyadong paninindigan at pumasok sa “nagkakaisang pagkilos” sa kanila, angkop na angkop ito para sa kanila. Makakatulong ito sa paglililalang nila sa mamamayang Sobyet.

Makasasagka ito sa halip na makasuporta sa pakikibaka ng mamamayan para ipagtanggol ang mga bunga ng kanilang sosyalistang rebolusyon; makakasagka ito sa halip na suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Sobyet laban sa rebisyunismong Khrushchov nang wala si Khrushchov.

Madalas sabihin ni Kasamang Mao Zedong sa mga kasama mula sa mga Partidong praternal na kung kakamkamin ng mga rebisyunista ang pamunuan ng Tsina sa hinaharap, dapat ring puspusang ilantad at labanan sila ng mga Marxista-Leninista ng lahat ng bayan, at tulungan ang uring manggagawa at masa ng Tsina na bakahin ang gayong rebisyunismo. Bilang pagtataguyod sa gayong paninindigan, itinuturing namin bilang kinakailangang proletaryo-internasyunalistang tungkulin na matatag na ilantad ang rebisyunistang pamumuan ng PKUS, na gumuhit ng malinaw na linya sa pagitan natin at nila, at magpunyagi sa pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov.

MAGPUNYAGI SA PAKIKIBAKA LABAN SA REBISYUNISMONG KHRUSHCHOV

Nangyayari ang isang mabangis na tunggalian sa pagitan ng rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig sa isang banda at ng mga imperyalista sa pamumuno ng United States at alipures nila sa kabila. Sa araw-araw na paglalim ng pandaigdigang tunggalian ng mga uri, ang katangian ng kasalukuyang sitwasyon sa daigdig ay umiiral ang isang proseso ng napakalaking kaguluhan, napakalaking dibisyon at napakalaking disorganisasyon. Masiglang sumulong ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ng daigdig. Nagbibigay ng huling-hiningang walang taros na laban ang imperyalismo at iba pang dekadenteng reaksyunaryong mga pwersa. Nagaganap ang malalaking hatian at muling hanayan ng mga pwersang pampulitika sa pandaigdigang saklaw.

Nakahihigit na ang rebolusyonaryong mga pwersa ng daigdig sa reaksyunaryong mga pwersa ng imperyalismo. Ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan ng daigdig ang pangunahing agos sa kasalukuyang sitwasyon. Tiyak na magtatagumpay ang rebolusyonaryong mga pakikibaka ng mamamayan, habang hakbang-hakbang na dadausdos ang reaksyon at modernong rebisyunismo patungo sa kanilang wakas. Ito ang di maiiwasang tunguhin sa kasaysayan ng daigdig na hindi kayang baguhin ng alinmang dekadenteng reaksyunaryong pwersa. Pero hindi babagsak ang imperyalismo at reaksyon kung hindi ito ibabagsak, at hindi rin babagsak ang reaksyon kung hindi ito lalabanan. Bago maibagsak at mapawi, di nagbabagong sila'y magkokolaboreyt at, sa paggamit sa pabagu-bagong mga taktika, gagawin ang lahat ng makakaya para magpukol ng desperadong mga atake sa rebolusyonaryong mga pwersa. Sa gayon, kasabay ng paglago at paglalim ng rebolusyonaryong kilusan, may salungat na kontra-rebolusyonaryong agos. Di maiiwasang batbat ng mga kontradiksyon at salungatan ang landas ng pandaigdigang pag-unlad; tiyak na may mga liku-liko at pagkatalo. Sa lahat ng bayan, kailangang sumulong ang rebolusyonaryong mga pakikibka ng mamamayan sa anyo ng mga alon.

Habang umaabot ang pakikibaka laban sa United States sa krusyal na yugto, higit na matinding kailangan ng imperyalismong US ang mga serbisyo ng rebisyunismong Khrushchov. Samakatwid, di maiiwasang dapat tumalas ang pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov.

Sa proseso ng pagbaka sa rebisyunismong Khrushchov, tiyak na may ilang di pagkakatantay sa antas ng pag-unawa ng mamamayan sa pakikibaka. Nagiging partikular na kapuna-puna ang pangyayaring ito kapag tumatalas ang tunggalian. Kapwa natural at di maiiwasan ang gayon. Sinabi ni Lenin na nang maganap ang kagulat-gulat na biglaang pagbabago, ang mga tao na “biglang naharap sa labis na mahahalagang suliranin ay hindi magtatagal sa gayong antas. Hindi sila makapagpapatuloy nang walang pahinga, nang walang pagbabalik sa elementaryong mga usapin, nang walang bagong pagsasanay na makakatulong sa kanilang ‘tunawin’ ang mga aral na may walang katulad na yaman at gawing posible para sa walang sinlawak na masa na muling sumulong, pero ngayo’y higit na matatag, higit na mulat, higit na may tiwala at higit na matibay.”⁵³³ Umiiral ngayon ang gayon ngang sitwasyon.

Habang nagiging higit na matalas at malalim ang pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov, di maiiwasang magaganap ang isang bagong proseso ng paghahati sa rebolusyonaryong mga hanay, at di maiiwasang malalaglag ang ilang tao. Subalit kasabay nito, daan-daang milyong rebolusyonaryong mamamayan ang lalagos papasok.

⁵³³ V. I. Lenin, “Ilang mga Katangian ng Istorikong Pag-unlad ng Marxismo”, *Tinipong mga Akda*, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1963, Vol. XVII, p. 42.

Kaharap ng ganitong tipo ng masalimuot na sitwasyon, hindi dapat kailanman talikdan o kaya'y palabuin ng mga Marxista-Leninista ang mga prinsipyo, kundi manapa'y dapat may malinaw na paninindigan, itaguyod ang rebolusyonaryong mga prinsipyo at magpunyagi sa pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov. Sa ganitong paraan lamang mapapatatag at mapapalawak ang pagkakaisa ng rebolusyonaryong mga pwersa.

Sa kasalukuyan, ang tungkuling kinakaharap ng lahat ng Partidong Marxista-Leninista ay ang pagguhit ng malinaw na linya ng pagkakaiba kapwa sa pulitika at sa organisasyon sa pagitan nila at ng mga rebisyunista na naglilingkod sa imperyalismong US, at likidahin ang rebisyunismong Khrushchov upang salubungin ang taeb ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa imperyalismong US at mga alipures nito.

Sa huling pagsusuri, sa lahat ng dako ng daigdig kabilang ang Unyong Sobyet, naghahangad ng rebolusyon at nagtataguyod, o magtataguyod, ng Marxismo-Leninismo ang masa ng mamamayan, na bumubuo sa napakalawak na mayorya ng populasyon, at ang napakalawak na mayorya ng mga Komunista at mga kadre. Tuluy-tuloy silang namumulat at sumasali sa mga hanay ng pakikibaka laban sa imperyalismo at rebisyunismo. Tiyak na magiging higit na nagkakaisa ang higit sa 90 porsyento ng populasyon ng daigdig sa pakikibaka laban sa imperyalismo, reaksiyon at modernong rebisyunismo.

Kalauna'y magkakaisa ang lahat ng Partido Komunista at lahat ng sosyalistang bayan sa batayan ng Marxismo-Leninismo at proletaryong internasyunalismo at magsasagawa ng nagkakaisang pagkilos sa pakikibaka laban sa imperyalismo. Gaya ng sinabi ni Lenin sa makalumang mga rebisyunista, sa malao't madali'y magkakaisa ang proletaryado at kalauna'y magwawagi sa pandaigdigang saklaw, "lamang ay kumikilos at kikilos ito, sumusulong at susulong, laban sa inyo; at ito'y magiging tagumpay laban sa inyo".⁵³⁴

Kung hindi itigil ang bagong mga pinuno ng PKUS sa pagsasapraktika ng Khrushchovismo nang wala si Khrushchov, kung hindi aaminin at iwawasto ang kanilang mga pagkakamali at tunay na magbalik sa landas ng Marxismo-Leninismo, di kailanman maaasahang tatalikdan ng Marxista-Leninista ang pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov.

*Nang may kapangyarihan at para magligtas, di natin dapat itigil ang pagsisikap
O huminto sa kalagitnaan para makakuba ng walang saysay na mga parangal*

Binubuod ng dalawang linyang tulang ito ang isang labis na mahalagang istorikong aral. Dapat ipagpatuloy ng mga Marxista-Leninista at lahat ng iba pang rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig ang kanilang matagumpay na pagsisikap at isulong ang pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov hanggang sa wakas! Patuloy na iikot ang mundo, patuloy na susulong ang kasaysayan, gaya ng lagi, ang mamamayan ng daigdig ay magrerebolusyon, at ang mga imperyalista at kanilang mga alipures ay walang salang sasapit sa kanilang wakas.

⁵³⁴ V. I. Lenin, "Ang Imperyalismo at ang Isplit sa Sosyalismo", *Tinipong mga Akda*, edisyong Ingles, Progress Publishers, Moscow, 1964, Vol. XXIII, p. 111.

Mananatiling dakila ang istorikong mga kontribusyon ng dakilang mamamayang Sobyet magpakailanman; hindi madudungisan ang mga ito ng pagtataksil ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Di maglalao'y mapapangibabawan ng malawak na masa ng mga manggagawa, mga magsasaka, rebolusyonaryong mga intelektwal at mga Komunista ng Unyong Sobyet ang lahat ng mga hadlang sa kanilang landas at magmamartsa tungo sa komunismo.

Tiyak na makakahalaw ng mga aral ang mamamayang Sobyet, ang mamamayan ng lahat ng sosyalistang bayan at ang rebolusyonaryong mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig mula sa pagtataksil ng rebisyunistang pangkating Khrushchov. Sa pakikibaka laban sa rebisyunismong Khrushchov, lumakas at patuloy na higit pang lalakas kaysa kailanman sa nakaraan.

Laging may aktitud ng rebolusyonaryong optimismo tungo sa kinabukasan ng adhikain ng proletaryong rebolusyon ang mga Marxista-Leninista. Malalim kaming kumbinsido na ang maningning na tanglaw ng diktadura ng proletaryado, ng sosyalismo at ng Marxismo-Leninismo ay mag-iilaw sa kalupaang Sobyet. Tiyak na magwawagi ang proletaryado ng buong daigdig at tiyak na makakamit ng komunismo ang ganap at ultimong tagumpay sa mundo.